Katipunan

Volume 11
Issue 2 *Buhian*

Article 24

12-4-2023

Buong Isyu

Katipunan 11.2

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/katipunan

Recommended Citation
11.2, Katipunan (2023) "Buong Isyu," *Katipunan*: Vol. 11: Iss. 2, Article 24.
Available at: https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol11/iss2/24

This Full Issue is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archīum Ateneo. It has been accepted for inclusion in Katipunan by an authorized editor of Archīum Ateneo.

ISSN: 2507-8348
11
blg. 2
(2023)

KATIPUNAN

Buhian



ISSN: 2507-8348

Inilalabas nang dalawang beses bawat taon ang isyu ng dyornal.

Copyright © Ateneo de Manila University

Ang *Katipunan* ay isang open-access na dyornal, na inilalathala ng Ateneo de Manila University. Ang mga nilalaman nito ay hindi maaaring kopyahin o ipadala sa email o iba pang paraan sa iba't ibang website at ipaskil sa isang listserv nang wala ang isang nakasulat na permiso mula sa may-ari ng copyright. Maaaring ma-download at ma-print ang mga artikulo para lamang sa indibidwal at di-pangkomersiyong gamit. Para sa higit pang paggamit ng akdang ito, maaaring maabot ang tagapaglathala sa katipunan@ateneo.edu.

Alang-alang sa kalayaan, nananatili sa mga awtor ang copyright ng kanilang mga akda, bagamat hinihikayat silang hindi ulitin ang katulad na bersiyon sa iba pang lathalain.

Kasaysayan ng Dyornal

Unang inilabas ang dyornal noong 1971, na may pamagat na *Katipunan: Dyurnal ng Panlipunang Sining at Agham*, sa ilalim ng pamamatnugot ni Nicanor Tiongson, at mga katuwang na patnugot na Bienvenido Lumbera at Virgilio Almario. Bahagi ito ng mga publikasyon sa ilalim ng Paaralan ng Sining at mga Agham ng Pamantasang Ateneo de Manila. Nakapaglabas ang dyornal ng apat na isyu, at itinigil ang pagpapatakbo nito sa pagtatapos ng taong 1971.

Alinsunod sa tunguhing panindigan at payamanin ang araling Filipino at mga lokal na kaisipan at pag-aaral, nilalayon ng Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila na ipagpatuloy ang mga pagsisikap para sa aralin at pananaliksik na Filipino na pinasimulan ng dating dyornal, sa pamamagitan ng mga interdisiplinaryo at multidisiplinaryong dulog sa pagharap sa mga kaisipan at isyung kaugnay sa wika, panitikan, sining, at kultura.

Tuon at Saklaw

Bilang isang dyornal na dumaan sa pagkilatis ng mga kapwa dalubhasa, naglilimbag ang *Katipunan* ng pinakabagong pananaliksik na isinusulong ang paggamit ng wikang Filipino sa kritikal na pananaliksik at akademikong diskurso, at nililinang ang larang ng araling Filipino. Higit pa sa paglalapat ng pampanitikan at kritikal na teorya, tinuturol ng paninindigang interdisiplinaryo ng dyornal ang pagkaunlad ng kabang kaalaman na gumagamit sa karanasang Filipino sa pag-unawa ng mga kategorya ng global at internasyonal. Inilalabas nang dalawang beses bawat taon ang isyu ng dyornal.

Hinggil sa Proseso ng Pagpapasa at Paglalathala

Bisitahin ang https://archium.ateneo.edu/katipunan/

Katipunan 11 blg. 2

2023
ISSN: 2507-8348
https://archium.ateneo.edu/katipunan/

Tagapaglathala

Kagawaran ng Filipino
3/F Dela Costa Hall
School of Humanities
Ateneo de Manila University
Loyola Heights, Quezon City
Telepono: +632 426 6001 loc. 5320
Telefax: +632 426 6001 loc. 5321
Email: katipunan@ateneo.edu

Komiteng Patnugutan

Alvin B. Yapan (Pangkalahatang Patnugot)
Christian Jil R. Benitez (Katuwang na Patnugot)
Andrea Anne I. Trinidad (Tagapangasiwang Patnugot)
Ian Harvey A. Claros (Tagapangasiwa ng Nilalaman)

Lupong Patnugutan

Genevieve A. Clutario (Harvard University)
Martin F. Manalansan III (University of Minnesota)
Robert G. Diaz (University of Toronto)
Christine B. Balance (Cornell University)
Allan P. Isaac (Rutgers School of Arts and Sciences)
Lucy Mae S.P. Burns (University of California, Los Angeles)
Shi Yang (Peking University)
Ruth Elynia Mabanglo (Professor Emeritus, University of Hawaii at Manoa)

Mga Kawani

John Carlo S. Gloria (Patnugot ng Kopya)
Josemaria Roberto V. Reyes (Layout at Disenyo ng Pabalat)
Rosalinda M. Gatchalian (Tagapag-ugnay)
Allan A. De Vera (Tagapag-ugnay)

Tungkol sa Pabalat

May pamagat na “Ehersisyo sa Paglipad,” isa itong dibuho na may petsang Hunyo 15, 2024, na mula kay Allan Derain na nagsilbing panauhing patnugot ng kasalukuyang isyu ng dyornal.

Nilalaman

Panimula

Mga Bagong Koneksiyon sa mga Bagong Panulat, o ang Buhian ng Panitikan **1**
New Connections in New Writing or Buhian in Literature
Allan N. Derain
Panauhing Patnugot ng Isyu

Mga Artikulo

Mga Nagsisilbing Kuwentuhan **7**
Serving Stories
Ivan Emil A. Labayne

Mapa ng Los Baños Patungo Sa 'yo **19**
A Map of Los Baños to You
Vincent Imbat

Heswitik **55**
Jesuitick
Khavn

sensoradong konsumérebyu: mga sampol **87**
censored konsumérebyu: samples
Tilde Acuña

Mga Pinto **119**
Doors
Jhoanna Lynn Cruz at Emiliana Kampilan

Sonetoismo **131**
Sonetoismo
Mesándel Virtusio Arguelles

Seresa **149**
Cherry
Jerwin Bilale

Bisperas **169**
Eve
Glenn Diaz

Kuwaredora sa Balas-balas sa *Land of Beauty and Bounty* **187**
Women in Small-Scale Quarry in the Land of Beauty and Bounty
Karen Ramos-Piccio

Teorya ng mga Puno **215**
A Theory of Trees
Christian Jil R. Benitez

Talim **239**
Edge
Taks Barbin

Patse-patse **261**
Patches
Jehu Laniog

Itaas ang Kamay at Iwagayway **293**
Throw Your Hands in the Air Like You Just Don't Care
Vincent Christopher A. Santiago

Buayahon **315**
Buayahon
Hannah A. Leceña

Ademas, Ahora, Entonces:
Misrekognisyon Bilang Pigurasyon **339**
Ademas, Ahora, Entonces: *Misrecognition as Figuration*
Floraime O. Pantaleta

tanga ka na lang kung naniniwala ka pa
sa kapangyarihan ng kuwento **355**
you is trippin' if you still believe narratives are powerful
Benjo Gutierrez

Mga Pook ng Galimgim **371**
Sites of Nostalgia
Jeffrey B. Javier

Kung sa Bawat Pagtawag ay
Pagtawid sa Gubat **409**
If Every Calling is a Crossing
Alec Joshua Paradeza

Ateneo Art Awards 2023

Gawad Purita Kalaw-Ledesma sa Suring-sining
Nanalong Lahok sa Filipino

Orasyon, Bisa, at Mesiyas sa Nightclub:
Isang Traslasyon ng Relihiyosong Imahen **427**
Orasyon, Bisa, and Messiah in the Nightclub:
A Traslación of Religious Image
Noji A. Bajet

Mga Rebyu

Sa Antipolo Nangungumpisal ang mga Makata: Ang Poetika ni Abner Dormiendo sa *Sa Antipolo pa rin ang Antipolo* **453**
Poets Go to Antipolo to Confess: The Poetics of Abner Dormiendo in Sa Antipolo pa rin ang Antipolo
Richell Isaiah S. Flores

Mga Kuwento ng Dahas: Isang Rebyu sa *Armor: Stories* ni John Bengan **461**
Stories of Violence: A Review of Armor: Stories *by John Bengan*
Rey Mart A. Lapiña

Mga Bagong Koneksiyon sa mga Bagong Panulat, o ang Buhian ng Panitikan

New Connections in New Writing or Buhian in Literature

Allan N. Derain
Pamantasang Ateneo de Manila
aderain@ateneo.edu

Sa wikang Bisayâ, "palayain" ang isa sa puwedeng ibig sabihin ng "buhian." Mula sa salitang-ugat na "buhi," sari-saring inflection pa ang makabubuo ng tuwiran at di-tuwirang pag-uugnay sa konsepto ng buhay (sa pakikipag-usap kay Kelvin Requiroso, manunulat na tubong Northern Leyte, nitong Hulyo 26, 2024). Halimbawa, ang salitang "kinabuhi" ay tumutukoy sa buhay o pag-iral, at sa ganito ay tuwirang nag-uugnay sa konsepto ng buhay. Gayon din ang "kabuhian," "panginabuhi," "panginabuhian" na tumutukoy sa kabuhayan. Ang "binuhi," "buhion," "gibuhi" ay "alaga," "alagaan," at "inalagaan," kung gayon, ang pagkupkop bilang gawain ng pagbibigay-buhay.

Sa kabilang banda, naroon din ang "buhi" sa wikang Bikol, na may katulad ding pakahulugan; na ang sari-saring inflection ay nagpapamalas din ng iba't ibang pag-ugnay sa idea ng buhay (sa pakikipag-usap kay Jeremiah Cordial, manunulat na tubong Albay, nitong Hulyo 26, 2024). Ilang mga halimbawa: ang "pagkabuhi" ay "pagkabuhay" o "muling pagkabuhay" (revival); ang "kinabuhi" ay "ari" (higit na di-tuwiran ang koneksiyon subalit naroon); at ang "makabuhi" ay "pagbibigay-buhay" (life-giving). Katunayan, ayon pa rin kay Cordial, variants ang "buhi" at "buhay" sa ilang bahagi ng Bikol. Nagbabago ang tunog ng diptonggong /–ay/ at nagiging /–i/, kung kaya ang "kinabuhay" ay nagiging "kinabuhi," ang "pagkabuhay" ay nagiging "pagkabuhi," atbp.

Sa ganitong pagtatampok ng naturang salita bilang pamagat at tema, inihahayag ng kasalukuyang isyu ng *Katipunan* ang selebrasyon ng buhay sa mga panulat na binibigyang-puwang sa mga pahina nito. Ito'y sa harap

ng lalong lumilinaw na prekaridad ng buhay na ipinamumukha sa atin ng kasalukuyang realidad. Sa realidad na ito, higit na totoo ang global na pagkalipol dahil sa banta ng global warming na ngayo'y tinatawag na ngang "global boiling"; sa nagdaang pandemya dala ng Covid-19, na nagpamalay sa atin kung gaano kaposible ang mga susunod pang pandemya; at bunga ng mga ito, ang lalong nagiging pang-araw-araw na kultura ng kalamidad at sakuna sa buhay Filipino. Sa isyung ito, ang mga larawan ng ganitong prekaridad ay nahahagip sa maikling kuwentong "Seresa" ni Jerwin Bilale at "Talim" ni Taks Barbin, sa tulang "Teorya ng mga Puno" ni Christian Benitez, at sa sanaysay na "Kuwaredora sa Balas-balas sa *Land of Beauty and Bounty*" ni Karen Ramos-Piccio. Ngunit higit pa sa babala ng napipintong pagkalipol, (na sumasalungat sa diwa ng selebrasyon at dahil nga rito ay lalong nagtataguyod sa katotohanan ng selebrasyon sa bisa ng tambisang nalilikha), ang mga ambag sa isyung ito'y masasabing nakikidiwang sa diwa ng buhay (hindi sa pagkalipol at tiyak na kamatayan) dahil ang mismong akto ng pagsulat ay pagmamarka sa katotohanang narito tayo, buhay pa rin at ligtas at patuloy na nakapagsusulat sa kabila ng lahat. O kung bakit tayo nagsusulat kahit ang dapat nating iniintindi ay kung paano mabuhay sa mga susunod na araw. Dahil nga ang pagsulat ay integral na bahagi sa kung paano natin iniintindi ang mga susunod na araw.

Sa isa pang antas ng pagpapahalaga sa salita, binibigyang-tampok din ng isyung ito ang ugnay ng buhay sa paglaya. Ang "binuhian" sa wikang Bisayâ ay "malaya," ang "gibuhian" ay "pinawalan" o "pinalaya," at "pabuhian" ay "pakakawalan" (Requiroso). Samantala, sa wikang Bikol, ang mismong salitang-ugat na "buhi" ay nangangaluhugan ng "pagpapalaya buhat sa pagkabihag" (Cordial). Sa ganitong pagtatampok ng kahulugan, nais bigyang-diin ng kasalukuyang isyu ang mahigpit na pag-uugnay ng konsepto ng buhay sa akto ng pagpapalaya, paghulagpos, pagkalag, pagpapakawala, pag-alagwa. Kailangan ang laya upang maging ganap ang buhay dahil sa estado lamang ng pagiging malaya nagaganap ang paglago. Na kailangan para masabing buhay nga ang isang bagay. Sa panitikan, nagsisimula ang gayong pagpapahalaga sa pagkilala na ang panulat ay nakatali sa mga mahigpit na panuntunan at pamantayan. Ang pagpapakawala sa hulmahan ng pagsulat ay kadalasang naghahatid sa atin sa tanong sa kung anong bago sa panitikan, na sa katunayan ay pangungumusta sa kung ano nang paglagong nagaganap sa panitikan.

Sa mga manunulat na aktibo sa mga palihan at publikasyon nitong nagdaang limang taon, may dalawang pangunahing rekursong kapansin-pansin sa pag-alagwa ng panulat: ang paggalugad sa hybridity at paglusong sa interdisciplinarity (bagamat kailangan pa ang masinsinang quantitative na pananaliksik sa bagay na ito).

Ang hybridity, na nais kong ilarawan bilang "hindi tao, hindi hayop" na sagot dapat sa mga bugtong, ay ang di-mawari at di-matiyak na

kumakaway mula sa dako pa roon upang ang sasagot sa bugtong ay lumabas mula sa kaniyang nakasanayang panatag na lugar at marating ang isang bagong katotohanan.

Matatag ang tradisyonal na klasipikasyon ng mga anyo (genre) hanggang kasalukuyan. Ang mga dibisyong ito sa anyo ang nananatili pa ring namamayaning batayan ng pag-uuri at paglapit sa mga akda sa malalaking publikasyon at pambansang palihan. Panahon na para balikan at muling pag-isipan ang dibisyong ito batay sa anyo. Salamat sa postmodernismo, nakita natin kung gaano kaarbitraryo ang mga paghahati ng panulat ayon sa mga anyo, ngunit kailangan ding tandaan na ang anyo bilang hulmahan ng pag-alam ay isang hulmahang mahirap tibagin. Mahirap, kundi man halos imposible, sapagkat isa o higit pang henerasyon ng mga manunulat ang nahubog ng ganitong hulmahan sa kung paano sila nagsusulat at nag-iisip. Salamat sa mga anyong depinido, natulungan ang maraming manunulat sa pagpapadaloy ng kanilang mga idea, sapagkat ang mga anyo ay hindi lang tumutukoy sa panlabas ng akda, higit na mahalaga, tumatayo rin ito bilang moda ng diskurso, na tumutukoy naman sa daloy ng mga idea sa pagitan ng mga taong kasali sa komunikasyon. Salamat sa diskurso, nakapagtataglay ang idea ng mga katangian gaya ng bilis, gaan, bigat, kaisahan, multiplisidad, atbp. base sa platform, midyum, at abenidang tinatahak at nilalagusan nito. Subalit malaki rin ang naging kabayaran ng ganitong tulong. Sa pagpapadaloy sa pamamagitan ng anyo, at ang anyo bilang moda ng diskurso, ang anyo rin ang naging limitasyon ng mismong mga idea ng mismong panulat. Sa madaling sabi, sa maraming pagkakataon, ang anyo ang nagtatakda kung ano ang maaari at hindi maaaring sabihin ng manunulat. Kaya sa halip na mauwi lang sa pormalismo ang alintana sa anyo, o ang anyo bilang dekorasyon o dagdag enhancement sa tula, nais kong anyayahan ang bawat isa na pahalagahan ang anyo ngunit ibaling natin ang ating tanaw sa mas malayo-layong abot-tanaw ng discourse analysis. Na nagpapaliwanag kung bakit gamit ang isang uri ng pag-aanyo, ang isang paksa ay nagiging mas importante, o nagmumukhang mas importante, kaysa sa ibang mga paksa sa isang partikular na panahon. O kung bakit nang dahil sa limit ng anyo at lengguwahe, ang isang idea ay nagiging "unthinkable" sa isang partikular na panahon.

Isang paraan ng paghamon sa ganitong delimitasyon ang paggalugad sa mga posibilidad ng hybrid na panulat. Sa isyung ito, nagsisilbing demonstrasyon ng ganitong pagpoproyekto ang mga eksperimentasyon nina Tilde Acuña sa kaniyang "sensoradong konsumérebyu: mga sampol," Christian Benitez sa kaniyang "Teorya ng mga Puno," Jeffrey Javier sa kaniyang "Mga Pook ng Galimgim," Jhoanna Lynn Cruz at Emiliana Kampilan sa kanilang "Mga Pinto."

Samantala, sa interdisiplinaryong pagdulog, hindi tumitigil ang mga sangkot sa pag-aambagan ng mga kaalaman. Higit na mahalaga sa pag-abot sa komparatibong kaalaman at sintesis, nagkakaroon din ng paglusaw sa mga hanggahan sa mga larang na kasali sa pagdidiskurso. Bilang resulta ng ambagan, nakikita ng bawat isa ang kakulangan ng kanilang larang, hindi lang sa lawas ng kaalamang taglay nito, kundi sa sistema kung paanong nalilikha ang kaalaman sa loob ng kanilang bakuran. Sistema na binubuo ng kanilang dulog, balangkas, at modelo. Kung hindi sila nakihanay sa iba, malamang na hindi rin makikita ng mga practioner na ito ang mga kakulangan sa kanilang sariling sistema. Na maaari ngang magresulta sa simpleng pangongopya lang ng modelo ng iba, pero maaari din ng pagbuo ng mga bagong modelong hindi pa umiiral sa kahit aling larang.

Kung isang interdisiplinaryong asignatura ang pagsulat, maaari nating tanungin kung hanggang saan na ang narating ng ating mga diskurso bilang makata, nobelista, mandudula, essayist, at screenplay writer, at hanggang saan pa ang puwede nitong marating. Puwedeng itanong ito nang may halong inggit at selos sa ating mga kapitbahay, lalo't ang dami nang nasabi ng mga historyador, antropologo, pilosopo, kritiko, at siyentista tungkol sa mga bagong sulpot na global at panlipunang penomena, mga bagong kalakaran, sistema, mga bagong norm, na hanggang ngayon, tila nangangapa pa rin tayo sa kung paano mabibigyan ng ekspresyon at representasyon, o kung paano at saan tayo magsisimula sa ating paghahanap dahil baka ni hindi pa talaga tayo nakahahanap ng mabisang lengguwahe para maikuwento at matulaan ang mga bagay na ito at nang sa huli ay makahabol tayo sa nagaganap na usapan. Sa madaling sabi, anong kayang sasabihin ng iba na hindi pa natin kayang masabi at bakit?

Ang ganitong pagsisiyasat sa sarili ay mauuwi sa pag-imbentaryo sa mga laman ng sarili nating arsenal, artsibo, kamalig, at bokabularyo. Anong kaban ng kaalaman ang mayroon tayo sa ngayon? Kung may inaasahang sistema ng pag-alam at pagsabi ang ibang mga larang, kung sila'y may balangkas, metodo, at modelo, ano ang mayroon tayo na maaaring maging pinakamalapit na katumbas ng mga ito? Ito kaya ang ating poetika? Ang mga sinusunod nating padron, at repertoire ng mga tropo, teknik, literary devices, mito, arketipo, tema, at metapora? At paano tayong napapalaya pero sa isang banda'y nalilimitahan din ng mga ito. Sa isyung ito, nais kong bigyang-banggit ang akdang "Mapa ng Los Baños Patungo Sa 'yo" ni Vincent Imbat bilang ambag na lumulusong sa ganitong interdisiplinaryong posibilidad sa pagitan ng poetika, teknolohiya, at kartograpiya.

Gaya ng nabanggit na, panimulang rekurso lamang ang hybridity at interdisciplinarity sa pagpapakawala. Tiyak na marami pang ibang daan. Ang dalawang ito'y binabanggit dito sa konteksto ng deskripsiyon sa kasalukuyang

praktis ng mga kabataan at kontemporanyong manunulat na personal kong nakita sa mga palihan, at hindi bilang preskripsiyon sa dapat na mangyari. Sapagkat ang anumang mga hakbang na inihahatol sa layunin ng paglaya ay nagiging malabong hakbang tungo sa paglaya. Bukod dito, masasabing mahalaga ang dalawang rekursong ito bilang mga panimula sa pagkabuhi. Panimula sapagkat hindi nito hinihingi sa manunulat ang *sui generis*. Sa halip, ang hinihingi nitong bago ay mga bagong koneksiyon sa mga bagay na dati nang umiiral. Bilang panimula, hinihingi nito ang potensiyal, hindi ang impotensiyal, sapagkat ang paghingi sa impotensiyal, sa wala pa, ay maaaring magbunsod lang sa lalong wala, at kung gayon ay sa lalong pagkasiphayo. Sa pangkalahatan, masasabing ang bawat akdang ambag sa isyung ito ay mga pagtatangka, na nagtagumpay sa kani-kaniyang antas ng pag-abot sa hangad ng buhian.

Sa isa pang antas ng pagpapahalaga sa salita, ang "buhian" na kapag ginawang "buhianan" sa wikang Bisayâ ay tumutukoy sa "tamang pagkakataon ng paglaya" at "lugar kung saan puwedeng mabuhay" (Requiroso). Sa ganitong dalumat ng salita, inaasahan ng mga patnugot ng *Katipunan* na ang kasalukuyang isyu ay magsilbing buhianan (pagkakataon at tirahan) ng mga panulat na naglalayong kumawala tungo sa laya at sa kanilang paglaya ay maging mapagpalaya.

Mga Nagsisilbing Kuwentuhan

Serving Stories

Ivan Emil A. Labayne
Unibersidad ng Pilipinas Los Baños
ialabayne@up.edu.ph

Abstrak

Sumipi ang *Mga Nagsisilbing Kuwentuhan* sa apat na akda—nina Conchitina Cruz, Allan Derain, Jhumpa Lahiri, at Timothy Bewes—kung saan may bahaging tungkol sa isang tagasilbi, isang kasambahay, o isang eskribyente. Madalas nang banggitin ang ugnayan at tunggalian ng *master* at *slave* at maraming permutasyon at salin nito: naghahari at pinaghaharian, amo at alipin, taga-utos at utusan. Bahagi ng kritikal na pihit sa diskursong pangkaalaman, at politikal na praktika ang pagbibigay-pribilehiyo, kundi man pati kapangyarihan, sa mga naaapi, sa mga alipin, sa mga pinaghaharian. Tangka ang *Mga Nagsisilbing Kuwentuhan* na bigyan sila ng pansin habang pinagagana ang metodo ng pangongopya, isang pamamaraan ng paglikha na masasabi namang marhinalisado, tinutugis, o hindi hinihikayat sa larangan ng panitikan at sining. Narito, kung gayon, ang tambalan ng mga marhinalisadong tauhan na pinagalaw at pinagkabit-kabit sa tulong ng isang marhinalisadong pamamaraan—ang pangongopya.

Serving Stories *copies from four works—by Conchitina Cruz, Allan Derain, Jhumpa Lahiri, and Timothy Bewes—featuring a servant, a housekeeper, and a scrivener. The relationships and struggles between the master and slave among its many permutations—powerful and powerless, oppressor and oppressed—have been well written about and cited. A recent turn in political practice and knowledge and discursive formations aims to privilege and empower the marginalized and the oppressed.* Serving Stories *locates*

itself in this turn, spotlighting the subordinated servants and scriveners while also putting to test a similarly subordinated strategy in writing: copying. The work then fashions a creative text centering on marginalized characters and using a marginalized creative writing technique.

Mga Susing-salita

di-malikhaing pagsulat, pangongopya, kawalang-orihinalidad, mga tagasilbi sa panitikan

uncreative writing, copying, unoriginality, servants in literature

Tungkol sa May-akda

Nagtuturo si Ivan Emil A. Labayne ng mga kurso sa panitikan, teorya, at pagsulat sa UP Los Baños, habang kumukuha ng PhD sa Philippine Studies sa UP Diliman. Nakuha niya ang BA at MA sa Language and Literature sa UP Baguio, sa siyudad kung saan naging bahagi siya ng Pedantic Pedestrians (PP). Sa PP, tumulong si Ivan na isagawa ang small press expo na Better Living Through Xeroxography (BLTX) Baguio, magbook launch nang walang aklat, mag-*Kalsada sa Rengga*, at iba pang art happenings. Inilabas din nila ang *Bionotes in Negatives*, *This is a Working Zine*, *do you not think so far ahead*, at iba pang zines. Nalathala ang mga malikhain at kritikal na sulatin ni Ivan sa *Kritika Kultura*, *Asian Cha*, *Akda*, *The Cordillera Review*, *Daluyan*, *Katipunan*, *Jacket2*, *Katitikan*, *Entrada*, at iba pa. Lumabas din noong nakaraang taon ang salin niya sa Ingles ng mga tulang Ilokano at Filipino ni Rene Boy Abiva sa koleksiyong *Calosa, in saecula saecolorum*.

Hindi Bilang Pangungupal o Pangungunyapit: Pangongopya Bilang Paglikha

Iniisip kong kopyahin, iappropriate, subukan sa Pilipinong karanasan at kalagayan ang "uncreative writing" na panukala ni Kenneth Goldsmith. May pambubuliglig na sa usapin pa lang ng termino, sa usapin pa lang ng pagsasalin. "Uncreative writing" bilang… di-malikhaing pagsulat? Sapol ang pagkanegatibo ng prefix na "un," habang pinapanatili ang ginagamit nang salin sa creative writing na "malikhaing pagsulat." May bisa na ito, madaling maintindihan at madaling maiugnay sa mga umiiral na konsepto at praktika.

Ngunit paano kung may mahahawan pang landas na higit dito? Isang landas kung saan nagkakahawa-hawaan ang mga teksto at materyales—ng mga tunog at tono, ng lasa at lason, ng paninindigan at pinaniniwalaan? O sa ibang sabi: kung saan ang pagkakahawa-hawaan ng mga teksto at materyales ay mas ipinakikita nang husto, hindi isang implied given na nagkukubli "between the lines," tatalusin o matatala sa mga paghihinuha ng mga mambabasa? Paano kung sa halip na mas direktang salin, isang mapaglaro—kundi man mapanlansi—na pagpapangalan: "uncreative writing" bilang pangongopya. Hindi exactly panggagantso, hindi exactly pagnanakaw. Kailangan kong pag-ibahin ang mga ito. O subukang pag-ibahin ang mga ito, dahil malay ko, puwede rin palang gumana itong huling dalawa.

*

Ano ang sinasabi ng kasabihang iyon: kapatid ng sinungaling ang magnanakaw? Mali ang aking alaala: hindi naman pala, "kapatid ng nangongopya ang nagnanakaw." Ngunit marami akong naaalala mula pagkabata na tumutugma, nagpapahiwatig sa ikalawang kasabihan. Sa silid-aralan, bawal magkopyahan tuwing may pagsusulit. Nakabantay ang guro; nagsisilbing pananggalang sa mga "matalinaw" ang isang palad ng mga mag-aaral, ang palad ng kung anumang kamay na hindi ginagamit sa pagsusulat. Maaaring humalili ang mga folder sa gampaning ito ng mas pandak na mga palad. Pareho ang layunin, takpan ang papel ng mga nagsusulit upang hindi magkakopyahan.* Matindi ang parusang ipapataw sa plagiarism sa anumang antas ng edukasyon. Hindi ito labag sa pangongopya per se, labag ito sa pangongopya nang walang citation, nang walang pagkilala sa pinagkopyahan, sa hiniram na mga salita, sa ginamit na mga idea ng iba. Okey lang namang kumopya: basta sabihing may pagkopyang ginawa, banggitin kung sino ang pinagkopyahan, o saan nanggaling ang kinopya.

[Bilang kontrapelo: pansinin naman ang paborableng pagpapagana sa "pangongopya" sa klasrum. O ikaw Jai, bilang secretary ng klase na maganda

ang sulat, kopyahin mo sa blakbord itong nasa pahina 72-79 ng aklat. Tapos kayo class, kopyahin niyo itong sinusulat ni Jai sa pisara, bring out one whole sheet of paper. Bawal maghingian. Dapat lagi kayong may dalang papel. Iyong "sharing is caring" ay para lang sa malls, o tuwing kapaskuhan. Hindi iyon totoo sa klasrum. O 'di kaya: ang paulit-ulit na pagsusulat (pagkokopya) ng iisang pangungusap hanggang mapuno ang yellow pad, back-to-back:

> "I will always come to class in proper uniform."
> "I will always come to class in proper uniform."
> "I will always come to class in proper uniform."
> (hanggang sa mapuno ang papel)]

*

Mostly pangongopya ang ginawa ko sa akdang ipinasa—at maski rito, sa munting tala tungkol sa akda. Mula sa mga akdang may bahagi tungkol sa pangongopya, o mga tauhang nangongopya, o akto ng pangongopya. Kumopya rin ako ng tungkol sa mga tagasilbi, sa mga servant, sa mga kasambahay, at kung paano sila mistulang nagkakaroon ng kapangyarihan o ahensiya katabi ng kanilang mga "amo," ng kanilang mga pinagsisilbihan. Layunin nitong problemahin ang marginalization at subordination ng akto ng pangongopya sa pagsusulat—malikhain man o kritikal, isang pag-iibang maaari ding unti-unting magiba sa pagpapakilala, o pagpapatindi ng paggamit ng mga bagong gesture tulad ng pangongopya.

Kopya mula sa *Uncreative Writing: Managing Language in the Digital Age* ni Goldsmith, taliwas sa posibleng talamak pa ring paniniwala na sa pangongopya ay nabubura ang mamahalin, at napakahalagang adhikain ng "self-expression."

> The secret: the suppression of self-expression is impossible. Even when we do something as seemingly 'uncreative' as retyping a few pages, we express ourselves in a variety of ways. The act of choosing and reframing tells us as much about ourselves as our story about *[kung anumang 'nilalaman' ng mga pinili nating teksto at kuwentong binuo natin sa pagkakaugnay-ugnay nila]*. After a semester of forcibly suppressing a student's "creativity" by making them **plagiarize and transcribe**, she will approach me with a sad face at the end of the semester, telling me how disappointed she was because… what we had accomplished was not uncreative at all; by not being 'creative,' she produce the most creative body of work writing in her life. (akin ang dagdag at diin)

[Pag-amin, isa pang sikreto; citation na ring matatawag. Mula sa e-book ng *Uncreative Writing* ko ito sinipi. Books ang ginamit na program, hindi Preview o Adobe Reader. EPUB ang file, hindi PDF, kaya walang pahina (mayroon pero nag-iiba ito kung lalakihan o liliitan ang font ng mga salita.

Sa copyright page ng akda, nakalagay na Columbia University Press ang naglimbag ng akda noong 2011. Sa halip na icopy-paste ang mga salita ni Goldsmith, niretype ko ito].

Gusto kong maranasan kahit papaano ang naranasan ni Simon Morris, isang Britong lumilikha ng sining na nagpasyang iretype ang "original 1952 scroll edition of *On the Road,* one page a day, on a blog called 'Getting Inside Kerouac's Head.' … Morris had never read the book before and as he retyped it, he enjoyed reading the narrative unravel…. And, true to my hunch, he's had a relationship to the book far different from the one he'd have if he had merely read it: 'I have told several people in an excited manner* that 'this is the most thrilling read/ride of my life.' Not only do I type it up, word for word, each day but I then proofread each page, checking for mistakes before posting it on the blog… so each page is being re-typed and read several times'… Morris echoes Gertrude Stein, who says, 'I always say that you cannot tell what a picture really is or what an object really is until you dust it every day and you cannot tell what a book is until you type it or proof-read it." Sipi muli mula kay Goldsmith iyan. Pangongopya nang may citation, pagtatype muli ng mga tekstong naisulat na, bilang panibagong anyo kapwa ng pagbasa at pagsulat sa mga ito.

[*Mula sa "Evaluation in Poetry: Dialogue with Robert Von Hallberg," si Marjorie Perloff: ang intensidad hindi bilang "strong feeling" kundi "intensity of the poetic process, the making" (197). Isipin ang kilig na nagmumula hindi, o hindi lang sa natapos na proyekto—komiks, awit, nobela—kundi sa pinagdaanan upang matapos ang proyektong ito, ang galon ng kapeng nilaklak, pinalamig sa gilid ng lamesa; ang pakikipaghuntahan sa mga palengkero o kapwa manunulat; ang tatlong buwang "writer's block" sa beach, nakatingin sa mga batang nagtataguan sa dalampasigang walang mataguan. Sa parehong aklat, sa sanaysay na "Conceptual Writing: A Modernist Issue," may pagbanggit din si Perloff kay Goldsmith: "[he] keeps insisting one can't 'read' his work, thus throwing a challenge to the reader." Mababasa pa rin ang mga akda ni Goldsmith siyempre, sa ibang paraan na nga lang, hindi sa kumbensiyonal na pagbasa kung saan mistulang dinedecode ang teksto, hinihipo, kinakapa, ginagagap ang gusto nitong sabihin, iparating. Babasahin ito sa pamamagitan din ng mga proseso at relasyong pinamumukha nito: hindi na lang ang teksto kundi pati ang pagbuo ng mga ito, at mga relasyon nito sa iba (teksto, usapin) o sa labas nito].

Sipi sa pahabol na salita ni Adam David noong bisperas ng kapaskuhan, 2007, sa unang edisyon ng *The El Bimbo Variations*: "These are not the definitive Oulipian variations, nor are they the only ways to do them. This is just an outline to show people how I did these variations. This is just my way. It'll do us all a great deal of good if, based on these constraints, you yourself

come up with your own way of doing these things, and write a whole book **about how you do them**. After all, that's what Art's for" (David 124, akin ang diin).

[Sa unang pahina ng *Oulipo and Modern Thought* ni Dennis Duncan, binalikan ang "Quintilian's story on Plato agonizing over the first four words of *The Republic*" at ang bisa ng "ordering and meaning" (Duncan 1). Bago ang bahaging Introduction at Acknowledgements ng *Uncreative Writing* ni Goldsmith, itong sipi kay David Antin:

i had always had mixed feelings about being	considered a poet
if robert lowell is a poet,	I don't want to be a poet
if robert frost was a poet,	I don't want to be a poet
if socrates was a poet,	ill consider it

Parang magkakasakit na si Plato, kunot-noong ngumunguyngoy at pinag-iisipan nang lubos kung paano sisimulan ang *The Republic*. Walang kudlit kaya "ill consider" ko ito babasahin, ang pagiging makata ni Socrates, maestro, at pinagkakautangan ni Plato ng marami sa mahihiwaga at matatalinghaga at makakapangyarihang idea nito. Malaki-laki rin ang utang ni Adam David sa Oulipo, at may pag-acknowledge naman siya sa pagkakautang na iyon. Binigyan siya ng Oulipo kapwa ng mga limitasyon at ng kasangkapan upang maglaro, lumikha nang malaya—at ang pamamaraan ng pagbabalik ni David—hindi lang sa Oulipo kundi sa iba pang mambabasa at manlilikha—ay itong *The El Bimbo Variations*, kung saan sa paunang tala naman ay inilarawan niya ang pagkakasulat bilang nagsimula "as an exercise in dexterity, like 'Chopsticks' or pentatonic scalings, and ended in Christmas Eve as somewhat a gift of sorts, or more accurately, a *present*, in all the meaning of the word" (David i).

Ngayon: ang "constraints" bilang tuntungan ng "malayang" pagpapahayag; mga sagka bilang kondisyon ng mga anyo ng kalayaan sa paglikha ng panitikan, ng sining, ng kultura. Ilang beses ko na itong nagamit sa kung saan-saang sulatin, pati sa mga pagpapadaloy ng talakayan sa klase. Taliwas sa tinawag ni Eagleton na "liberal" na pakahulugan sa kalayaan as in "magagawa ko kahit anong gusto ko, walang makapipigil sa akin," ang kalayaan na malay sa kung anumang pumipigil rito, ano ang mga kumbensiyong pinanggagalingan nito, ano ang mga parametro o padrong sinusundan nito, na siyang gagawing basehan sa paglikha nang malaya (Eagleton 140). Kalayaang kinikilala ang "constraints" nito, siyang mga sagka na huhubog sa magiging hitsura ng malayang paglikha. Kontra rin ito sa romantisadong idea ng "originality": orihinal sa pakahulugang parang itinatakwil, o nagiging pipi sa mga pinagkakautangang tradisyon, mga naunang likha, mga naunang teksto. "Making something out of nothing," kahit na ang totoo'y maski ang "nothing" ay hindi hungkag, mayroon ding nilalaman. Ang orihinal ay making something

else out of something already there, paggawa ng iba mula sa nariyan na. Hindi paggawa ng utot mula sa hangin.

Isang tambalang diyalektikal: hindi lang "laban sa" ngunit pati rin "at":

Meron at/laban sa wala
Oo at/laban sa hindi
Pula at/laban sa puti.

Pagtutunggaliin, pagsasaluhan, pagtatalaban.

*

Naalala ko ang pambungad naming tala sa *Bionotes in Negatives,* isang proyekto ng Pedantic Pedestrians kung saan inanyayahan namin ang mga taong magsumite ng kani-kanilang bionote, gaano man kahaba o kaikli basta dapat may negatibong salita (wala, hindi, no, not, none) kada pangungusap. Binanggit doon ang ilang mga naunang pahayag, materyal, o pangyayari na nagsilbing inspirasyon ng proyekto: ang bionote ni Adam David sa isang antolohiyang inilathala ng kilalang palimbagan ("[Siya ay] **hindi** nagtapos ng Malikhaing Pagsulat…"); ang *Leisure* ni Angelo Suarez, isang "collage of excerpts from Filipino poets' bios… in which they disclose what jobs they hold for the accumulation of capital other than the writing of poetry"; at ang piyesang isinulat ni Lina Sagaral Reyes nang pumutok ang isyu ng isang manunulat na base sa Cagayan de Oro na nagpapakalat ng bionote niyang puno ng mga palsipikadong credential. Ito na ba ang pagbabalik ng panlalansi na isinantabi ko muna sa ikalawang talata?

Sa apatnapung bionote na natanggap namin, isa ito sa paborito ko: "In the smallest pocket of Philippine Literature's disavowed childhood cargo shorts, P. E. Melendez is the lint."

Sa mga nakalimutang kasuotan, may mga nagtatagong mas nakalimutan pang materyal—ang lint, ang gápas sa Bisaya, mistulang pinagsanib na hibla ng damit, dumi, o alikabok, na kaysarap tanggalin kung naglalaba nang mano-mano, o siya namang naiipon sa "bulsa" ng mga automatic na washing machine. Kaunting kembot lang, care of a wordplay, gagawin kong "linta" ang "lint," mga parasitiko, humuhuthot sa mga nariyan na, nangangain ng mga naitala na upang magtala ng mga bagong kombinasyon. Mga naisantabing pamamaraan ng paglikha dulot ng pribilehiyong ibinibigay sa "orihinalidad," ang mala-henyong paghuhukay sa sarili, at kaloob-loobang henyo ng manunulat upang makapagluwal ng bago, makapagtahi ng kaygandang obra, burdadong barong Tagalog na walang lukot, hindi pa nasusuot.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Pangongopya bilang di-malikhaing pagsulat, panggagantso sa lakas ng orihinalidad hindi upang talunin o burahin ito, kundi upang ilipat ang lakas nito sa ibang lunan: hindi na lang sa "nilalaman" ng akda kundi sa kung paano ito binuo, paano ito isinaayos, paano ito pinagtagpi-tagpi. Panlalansi rin, habang inaamin at pinangangalandakan ang panlalansi, nangongopya nang walang pagpapanggap, sabayang tumatalima tulad ng mag-aaral sa kaniyang guro na nagpapakopya ng nasa blackboard, at tumataliwas tulad nina Adam, Kenneth, Marjorie, at Simon, nag-iiba-iba upang manatiling iisa, nagkakaisa upang maging magkakaiba.

Mga Sanggunian

David, Adam. *The El Bimbo Variations.* The Youth & Beauty Brigade, 2010.

Duncan, Dennis. *The Oulipo and Modern Thought*. Oxford UP, 2019.

Eagleton, Terry. *How to Read Literature*. Yale UP, 2014.

Goldsmith, Kenneth. *Uncreative Writing: Managing Language in the Digital Age.* Columbia UP, 2011.

Perloff, Marjorie. *Poetics in a New Key: Interviews and Essays,* pinatnugutan ni David Jonathan Y. Bayot. U of Chicago P, 2014.

Mga Nagsisilbing Kuwentuhan

Nagkatitigan sila, si Chingbee at si Auntie L--, "a woman with whom I locked eyes" (Cruz 3)—ano kayang mamumuo rito? Isang panibagong romansa, isang matalinghagang samahan, isang pamilyar, ngunit hindi pa rin madalas na mapag-usapang mga relasyon sa pagsusulat, at sa lipunan, sa pagitan ng tagasilbi at pinagsisilbihan, ng manunulat at ng mambabasa?

Nagngitian sila, nagpalitan ng Taglish. Hinala ni Auntie L-- na "I must be the Filipino participant at the festival. Oo, I said. She said she had been on the lookout for me. Buti andito ka, I responded… . Ako ang yaya niya, she said, pointing to a child in the crowd, the son of the Chinese poet who was the director of the festival. Ah, sikat 'yang boss mo, I chuckled, which prompted Auntie L-- to tell me about her employer, whom she described as a kind and generous amo" (Cruz 3).

Kung gayon, para rin palang amo ni Elang, ang pinagkatiwalaan ng magkapatid na Trudes at Gilda na maiwan at magbantay sa bahay, isang gabing may dadaluhang pagtitipon ang dalawa. Kakabilin nila kay Elang na "huwag magpapapasok ng kahit sino, kahit pa kilala natin" (Derain 254). Si Gilda iyan, si Trudes naman ito: "Dahil paano na lang kung may biglang manloob dito at magnakaw ng puri mo. … Mahirap na Elang. Anong sasabihin namin sa mga kaanak mo sa Maragondon kung sakaling mapariwara ka?" (254-255).

Banter itong nagaganap rito. Olog-olog sa Hiligaynon, tudyuhan, kantiyawan, biruan sa Tagalog. Mukha namang walang eksplisitong herarkiya; nagtatawanan silang sama-sama, walang pinagtatawanan at dinudusta. "Napahagikgik ang Caviteña hindi dahil sa wala na siyang puring dapat ingatan sa gulang niyang dalawampu kundi dahil matagal nang patay ang lahat ng mga kamag-anak niya sa Maragondon, at alam niyang alam ito ng dalawang amo" (Derain 255). Walang mawawala sa biro, lahat makakasakay, hindi ito "internal" kay Trudes at Gilda lamang. Nakuha ni Elang ang biro, natawa siya, hindi siya bulag sa kaalamang gumagawang "biro" sa "biro." Kaparehong hindi siya bulag sa pagkakalalang (bilang wala lang, bilang nilalang, bilang tuso?) nila Gilda at Trudes, kaya "hindi na nagulat si Elang sa pagpapalit-anyong kaniyang nasaksihan" (Derain 255). Paalis na ang dalawa, maiiwan si Elang sa bahay, magpapatugtog ng masasaya at makatotohanang tugtugin.

Tugtugin ang ipagkakatiwala kay Elang, mga babasahin naman ang ipagkakatiwala kay Auntie L--: her amo "had a house full of books that she was welcome to read. He hosted writers from all over the world in his home, she was in charge of their meals, but. She often also got to meet them. Auntie L-- first learned about the festival when her amo was planning it, and she

told him she hoped he would invite a Filipino poet. She was unfamiliar with Filipino poets herself, but surely they were out there. He seemed to think this was a good idea, because after a few days he mentioned the name of a male Filipino poet to her as a possible guest. It would be nice if you chose a woman instead, she suggested" (Cruz 3).

At sa ganoong paraan malalaman ni Chingbee na si Auntie L-- na katitigan at kakuwentuhan niya ngayon—baka nagkabiruan din sila at nagkakantiyawan?—ang siyang dahilan para maimbita siya sa literary festival na ito sa Hong Kong. "As I laughed and listened to Auntie L--, who was quite the energetic storyteller, it became clear to me that I owed my presence in the poetry festival to her, a Filipino domestic helper, whose intervention occurred as she went about her household duties while chatting with her employer, a famous poet in Hong Kong."

*

Ang mga sunud-sunuran, ang mga utus-utusan bilang nagtataglay ng munting kapangyarihan, nakikipagtawanan sa kanilang mga amo, nakikipagbiruan, nakapagbibigay pa nga ng suhestiyon, paminsan-minsan. Kaiba sa kanila si Akaky Akakyevich, ang "humble clerk" sa *The Overcoat* ni Nikolai Gogol na paboritong kuwento ng tatay ni Gogol na tauhan sa *The Namesake* ni Jhumpa Lahiri. Natanggap ito ni Ashoke—tatay ni Gogol—mula sa kaniyang lolo pagkatapos nito sa Grade 12, at ngayo'y kipkip ang libro sa biyahe ng tren papunta sa lolo niya upang ganap na 'manahin' ang buong koleksyon nito ng mga aklat. Kinuwento ni Lahiri kung paanong ilang beses nang nabasa ni Ashoke ang *The Overcoat*: "Each time he was captivated by the absurd, tragic, yet oddly inspiring story of Akaky Akakyevich, the impoverished main character who spends his life meekly copying documents written by others and suffering the ridicule of absolutely everyone." Sa bawat "energetic storyteller" tulad ni Auntie L--, o humahagikgik na katiwala tulad ni Elang, mayroong mga mas kimi at tahimik na kawani tulad ni Akaky. Subalit tigib man sa katahimikan at kakimian, hindi hahadlang ito upang umani ng simpatya at ibang kahulugan si Akaky. Para kay Ashoke, tatay ni Gogol na tauhan sa nobela ni Jhumpa Lahiri, "just as Akaky's ghost haunted the final pages, so did it haunt a place deep in Ashoke's soul, shedding light on all that was irrational, all that was inevitable about the world."

*

Ang mga multo ng tagatala, ng tagasalin, ng taga-transcribe, ng amanuensis, ng eskribiyente, ng sekretarya, ng inuutusang magsulat. Ang 'di-nakikitang kamay na lumalalang sa mga salita upang maging narito, nababasa natin, nakakapa. O ang 'di-nakikitang kamay, kamalayan, at sensibilidad na

nakikigulo sa tagpi-tagping naratibo, nagpapakapal sa sapin-saping pasanin at pinasisinayaan ng teksto. Tungkol sa nobelang *David's Story* ni Zoë Wicomb halimbawa, si Timothy Bewes: "The novel is comprised of a number of different texts and registers, including reflections by the narrator in the impossibility of her task, and on the discrepancies between her and David's hopes for the book; fantasy sequences in which she compensates for David's refusal or inability to provide what he calls novelistic 'detail'; passages narrating David's investigations into his. Griqua past, as reported to (or imagined by) his amanuensis; and examples of David's own attempts at writing" (Bewes 124). Kasutilang nananahimik ang ibinubuyangyang, minumulto ang nananahimik na diwang 'di raw dapat mawindang. Multong nakatitig sa mata ko, ang buong-buong pulang natatanaw sa keyhole ng isang pinto sa isang bersiyon ng isang Pinoy ghost story.

*

Pula ang kalangitan nang magkatitigan si Auntie L-- at ang walang ngalang amanuensis ni David. Wala na si Chingbee, nagpa-writing workshop na siya kasama ang mga migrante sa Hong Kong, at maraming natutunan sa kanila. Si David naman, napagod na sa pagsusulat, kalmadong tinanggap ang "impossibility of writing." Malaya na ang kaniyang amanuensis na gumala, lumikha, lumalang. Matatapos na rin ang oras sa trabaho ni Akaky, isa na namang araw kung saan ang mga sinulat niya ay mas hindi kaniya kaysa kaniya, habang pinipilit niya ring pag-isipan ang posibilidad ng pag-angkin sa mga sinusulat niya na hindi kaniya.

Si Elang ay malapit nang sumunod sa kanila, may ibabahagi siyang matayog na pangarap tungkol sa pagsusulat, ang kagustuhang maging tulad "ni Don Anastacio na mula sa pagiging biyahero ng abaka ay bumaling sa pagsusulat. Mula nang makipagsulatan ito kina Kalaw, Poblete, Moxica, at iba pang mga propagandista… ay bumaling naman ang kaniyang among lalaki sa pagsulat ng komedya patungo sa pagsulat ng etnolohiya" (Derain 259).

Mangangarap si Elang at gagawin niya ito, at bakit hindi niya na rin yakagin sila Auntie L--, Akaky at ang walang-pangalang amanuensis ni David. Magsusulat sila tungkol sa buhay ng mga katulong at kasambahay sa ibang bayan—hindi na lang ng ibang nilalang tulad ng mga aswang na amo ni Elang—tungkol sa mga manunulat na nagtatalo tungkol sa panitikan at rebolusyon, tungkol sa mga sekretaryang nagtatagpi-tagpi ng mga kuwento mula sa proyekto at buhay ng kanilang mga amo.

Darating si Elang at sasalo sa umpukan nila Auntie L--, Akaky at ang amanuensis ni David. Magtatawanan sila at maghuhuntahan, aliw na aliw sa kuwento ng bawat isa tungkol sa makukulay na buhay ng kanilang mga amo:

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

ang katatapos na poetry festival, ang pagpupulong ng mga aswang, ang mga nawawalang nobela. Buhay na buhay ang umpukan hanggang gabi, hanggang sa kailangan na muli nilang magpaalam sa isa't isa upang bumalik sa kani-kanilang tahahan.

Mga Pinagkopyahan

Bewes, Timothy. *The Event of Postcolonial Shame*. Princeton UP, 2011.

Cruz, Conchitina. *The Filipino Author as Producer*. The Youth & Beauty Brigade, 2017.

Derain, Allan. "Kung Sino ang Mas Kilabot sa Aswang at Tulisan." *May Tiktik sa Bubong, May Sigbin sa Silong*, pinatnugutan ni Allan Derain, Ateneo de Manila UP, 2017, pp. 251-271.

Lahiri, Jhumpa. *The Namesake*. Houghton Mifflin, 2003.

Mapa ng Los Baños Patungo Sa 'yo

A Map of Los Baños to You

Vincent Imbat
Unibersidad ng Pilipinas Baguio
vince@vinceimbat.com

Abstrak

Ang mga akdang itinuturing na pamantayan sa kung ano ang panitikan ay madalas na may katangian ng pagiging tapos, ganap, buo, at nailimbag sa papel. Iniaalok ng hybrid na malikhaing akdang "Mapa ng Los Baños Patungo Sa 'yo" at ang kakabit nitong sanaysay ang isang alternatibong pagtingin sa kung ano ang literatura at kung paano maaaring isapraktika ang malikhaing pagsulat sa isang post-print na mundo. Nagpapaanyaya ang akdang ibalik ang pagsusulat sa mala-borador nitong katangian, isang katangiang kumikiling sa pagtanaw sa pagsusulat bilang isang dinamikong prosesong nagluluwal ng mga sulating hindi tapos at solido, bagkus ay patuloy na kumikilos, nagbabago, at umaangkop sa panahon. Upang maisagawa ang proyektong ito, iniaalok ng akda ang mabisang paggamit ng isang personal at digital na artsibong tinatawag na *Talahardin*, ang paggamit ng mga metodolohiyang nagluluwal ng mala-borador na mga sulatin tulad ng paglalakad, at ang pagkilala sa kalipunan ng mga gawa ng isa bilang isang hindi natatapos na borador.

Works considered models of what literature is are often finished, complete, and published in print. The hybrid creative work "A Map of Los Baños to You" and its accompanying essay offers an alternative view of what literature is and how creative writing can be practiced in a post-print world. The work invites a return to writing's draft-like character, a character that leans toward a view of writing as a dynamic process that births written works that are not finished and solid but instead continuously

moving, changing, and adapting with the times. To realize this project, the work suggests the effective use of a personal and digital archive called Talahardin*, the use of methods that generate draft-like works like walking, and a recognition of one's body of work as an unfinished draft.*

Mga Susing-salita

artsibo, borador, elektronikong literatura, kasaysayan ng paglalakad, panitikan ng paglalakad, paglalakad, talahardin

archive, draft, electronic literature, history of walking, literature of walking, walking, talahardin

Tungkol sa May-akda

Nagsusulat si Vincent Imbat mula sa Los Baños, Laguna. Naging fellow siya ng 20th Ateneo National Writers Workshop at naging kalahok sa Ikalawang Bienvenido Lumbera Seminar-Palihan sa Pagsasalin. Kasalukuyan siyang naglalakad sa mga kalsada at maalikabok na mga daan ng Laguna at Pangasinan, namumulot ng mga taludtod, kuwento, at katotohanan.

Mapa ng Los Baños Patungo Sa ‘yo: Ang Borador Bilang Panitikan ng Paglalakad

Ang “Mapa ng Los Baños Patungo Sa ‘yo” ay parsiyal na mapa ng bayan ng Los Baños sa probinsiya ng Laguna.[1] Nakakalat sa mapa ang pitong parisukat na tumutumbas sa isang eksaktong dako ng bayan. Natukoy ang mga dakong ito sa pamamagitan ng mga coordinate (latitud at longhitud) na nakuha gamit ang Map View plugin[2] ng Obsidian, isang open-source software[3] na ginagamit upang ingatan ang mga digital na tala. Sa loob ng mga parisukat, may mga QR code[4] na nagpapaanyaya sa mga mambabasang makipag-ugnayan sa mapa. Upang malaman ang datos na nakapaloob sa bawat QR code, kailangan mo ng smartphone na konektado sa internet, buksan ang camera ng smartphone mo, at itutok ito sa QR code.

[1] Para sa buong mapa ng Los Baños, tingnan ang Larawan 1.

[2] Plugin ang tawag sa isang piraso ng software na isinasalpak sa isa pang software, na madalas ay mas malaki kaysa sa plugin, upang magdagdag ng mga function nang hindi sinisira ang code nito.

[3] Open source ang tawag sa isang uri ng software na bagamat may copyright holder ay may lisensiyang hinahayaan ang sinumang gagamit nito na baguhin at ipamahagi ang mga nabagong bersiyon nang walang bayad. Ang terminong “open source” ay tumutukoy sa pagiging bukas ng code ng software sa publiko. Dahil dito, lahat ng nais tumulong sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng software ay maaaring makibahagi nasaan man sila sa mundo. Ang prinsipyo ng open source ang naging gabay ng mga programmer noong kasagsagan ng pag-iimbento sa pinakaunang mga software noong dekada 1950 hanggang 1960. Nabaon sa limot ang prinsipyong ito dahil sa komersiyalisasyon ng software noong dekada 1970 hanggang 1980. Ang code ng maraming computer program at mobile app na ginagamit natin sa araw-araw, kasama na ang mga social media site tulad ng Facebook, X (dating Twitter), at Instagram, ay hindi open source kaya wala tayong kapangyarihan bilang mga konsumer na makisangkot sa pagpapaunlad sa mga ito. Dahil nakatago ang mga code, maaaring maglagay ang mga developer ng mga ito ng mga function na nagkokompromiso sa privacy at kalusugan ng mga konsumer nang hindi nila nalalaman. Ang ilan sa mga function na ito ay ang ad targeting na nagtitiktik sa mga kilos ng mga konsumer habang nasa app upang mas akma ang mga ad na lalabas sa mga feed nila. Nariyan rin ang mga algorithm na naghahain ng mga popular ngunit mapanganib na mga payong pangkalusugan. Simula dekada 1990 hanggang sa kasalukuyan, nagkaroon ng kalat-kalat na pagkilos sa mundo ng teknolohiya upang muling isulong ang open source bilang sagot sa komersiyalisasyon ng software at sa mga pinsalang dulot nito. Tingnan ang naturang galaw na ito ng open source kay Maracke.

[4] Una kong natunghayan ang paggamit ng mga QR code sa malikhaing pagsulat sa akda ni DJ Ellamil na “Isang Fictokritikal na Pagsipat sa Representasyon ng Kalikasan sa Panitikan” na kaniyang iprinisenta sa 20th Ateneo National Writers Workshop noong 2023.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Nilikha ko ang "Mapa ng Los Baños Patungo Sa 'yo" upang ilarawan ang praktika at sistema ng pagsusulat na sinusubakan kong buoin. Upang maipaliwanag ko ito nang maayos, babalik ako sa pinakasimula.

*

Malalim ang kasaysayan ng paglalakad sa Pilipinas. Mahigit 67,000 taon na ang nakalilipas nang tinawid ng isang grupo ng mga hominin ang mga katubigang pumapagitan sa Sundaland at Wallacea, marahil gamit ang maliliit na bangka o balsa (Arenas et al.), upang makarating sa hilagang Luzon (Mijares et al. 123). Mula dalampasigan, naglakad silang patungo sa kaloob-looban ng isla kung saan nila nahanap ang kuwebang marahil ay naging tahanan at kalauna'y naging libingan nila. Sa kuwebang iyon na ngayo'y tinatawag na Callao, sa bayan ng Peñablanca sa lambak ng Cagayan, unang nahukay ang mga buto ng paa ng isa sa kanila noong 2007 (Mijares et al. 123–124). Noong 2019, nahukay ang mga buto ng tatlo pa sa kanila (Détroit et al. 181).

Pagkadaong ng kanilang mga balangay sa mga dalampasigan at pampang ng Pilipinas noong mga 1,500 BCE, natapos ang mahabang paglalayag sa dagat ng mga pinakaunang Austronesianong ninuno natin (Gaillard at Mallari 9). Sinimulan nilang maglakad upang galugarin ang mga parang at kagubatan sa looban. Sa paglaki at pagdami ng mga sinaunang pamayanan sa Pilipinas, kaakibat ng pamamangka sa mga ilog na humihiwa sa mga pulo ang paghawan ng mga daang malalakaran sa gitna ng masusukal na kagubatan. Ang mga hinawang landas ding ito ang nilakaran at dinaanan ng mga mananakop na Español noong ikalabing-anim na siglo: una ng mga conquistadores sa kanilang paggalugad sa mga isla sa Pilipinas, pangalawa ng mga cabeza de barangay na nangolekta ng mga tributo, at pangatlo ng mga Katolikong misyonerong nagdala ng banyagang relihiyon sa mga katutubo (Corpuz 14, 18).

Noong binuwag ng mga Español ang sinaunang estruktura ng mga pamayanan upang ipalit ang plaza complex, ang pagmamartsa ng maraming kawal bitbit ang mga bandila, selyo, armas, at iba pang simbolo ng mga dayuhang institusyon ay naging paraan ng pagpapakita at pagpapaalala sa mga katutubo ng kapangyarihan ng mga mananakop (Foreman 365). Sa kalaunan, ang mga parada at prusisyon ng mga imahen ng banyagang relihiyon ay naging patunay ng ganap na pagkasupil ng mga Pilipino.

Subalit, paglalakad din ang isang naging daan upang kumalas ang mga Pilipino mula sa pagkakalupig. Noong nabunyag ang Katipunan at nagsimula ang armadong rebolusyon laban sa mga Español, naglakad ang mga Katipunero sa mga bulaos, sa mga bundok at burol upang makarating sa ibang bayan nang hindi nakikita ng mga guwardiya sibil. May mga pagkakataon namang kampante silang mananalo kaya't nagmartsa silang magkakasama

tulad ng ginawa nilang pag-atake sa Pasig at simbahan ng Pandakan noong unang yugto ng rebolusyon (Agoncillo 180–181). Noong naghihikahos na ang pag-aalsa sa kamay ng bagong dayuhang mananakop, tumakas si Emilio Aguinaldo kasama ang kaniyang mag-anak at ilang miyembro ng kaniyang gabinete sa Calasiao, Pangasinan, lulan ng tren. Nang sinundan sila doon ng mga Americano, napilitan silang maglakad sa mga parang, lambak, burol, at ilog umaga hanggang gabi hanggang makarating sila sa Cagayan at nang maglaon sa Palanan, Isabela, kung saan nahuli ng mga Americano si Aguinaldo noong Marso 23, 1901 (Agoncillo 233–236).

Madugo at magulo ang paglilipat ng kolonya mula sa dating mananakop patungo sa bagong mananakop. Kasama sa proyekto ng pagtatago ng karahasang naging pundasyon ng kanilang imperyalismo ang paglatag at pagpapatupad ng mga Americano ng bagong mga plano para sa pagpapaganda ng mga lungsod, lalo na ng Maynila at Baguio na naging mga modelo sa disenyo ng mga lungsod sa iba't ibang probinsiya sa bansa. Ang bagong disenyo ng mga gusali, parke, at daan sa Maynila at Baguio ay nagpaanyaya sa mga lokal na maglakad at maglibot sa pinakamagagandang lugar sa lungsod, mga tanawing lumilikha ng ilusyon ng katiwasayan at harmoniya sa ilalim ng kolonyal na gobyerno ng mga Americano (Kirsch 319–320). Ang paglalakad ay naging instrumento ng pananakop sa ating mga isip at puso.

Kung sinubukang itago ng mga Americano ang karahasan ng kolonyalismo gamit ang paglalakad, ginamit naman ito ng mga Hapones upang iparada ang karahasan. Noong Abril 9, 1942, ang halos 106 kilometrong Death March ng 78,000 sundalong nagtanggol sa Bataan—karamihan ay mga Pilipino—mula Mariveles, Bataan hanggang San Fernando, Pampanga, ay nag-iwan ng napakaraming bangkay sa daan (Agoncillo 408). Sa dami ng namatay, pakiramdam ng isang nakaligtas na: "Sometimes I think we all died on the march. Sometimes I feel sure that all the things that came later were just a fevered dream, and that somewhere back on those bloodsoaked miles there is another body." ("Minsan, tingin ko namatay kaming lahat sa martsang iyon. Minsan, siguradong-sigurado ako na lahat ng bagay na dumating pagkatapos noon ay isang masamang panaginip, at sa isang dako doon sa mga milyang babad sa dugo, may isa pang bangkay." Stewart 81, akin ang salin)

Pagkatapos ng panahon ng kolonyalismo, ang paglalakad ay naging tagapaghatid ng daing ng bayan. Minsan, tulad ng nangyari sa EDSA People Power Revolution noong 1986, ang paglalakad ay tila nagdadala sa atin sa nais nating puntahan. Subalit, dumarating tayo para lang mapagtantong hindi pa pala talaga tayo nakarating. Kinailangan ulit nating maglakad sa EDSA Dos at EDSA Tres noong 2001. Minsan naman, nagtatagumpay tayo sa mas maliliit na mga lakad tulad ng nagawa ng Sumilao Farmers sa kanilang animnapung araw na lakad mula Bukidnon hanggang Maynila noong 2007—isang lakad

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

na nagpasuko sa San Miguel Corporation na nagbalik ng lupang inagaw nila mula sa mga magsasaka (Santos).

Subalit madalas, ang lakad natin ay tulad ng Lakbayan ng mga Moro't Lumad na naglalakad nang ilang kilometro taon-taon mula sa malalayong dako ng bansa patungo sa Maynila para ipanawagan ang karahasang sinasapit nila sa kamay ng estado. Paulit-ulit na naghahabulan ang ating mga paa subalit parang hindi tayo nakararating. Ganito rin ang danas ko ng paglalakad.

*

Dahil lumaki ako sa pamilya ng mga Saksi ni Jehova, bata pa lang, malaking parte na ng buhay ko ang paglalakad. Suot ang polo, slacks, at sapatos na yari sa balat, naglalakad ako noon sa mga liblib na kalsada ng bayan ng San Jacinto kasama ng tatay ko bitbit ang bag na may lamang maraming polyeto't magasing nakasalin sa wikang Pangasinan. Mahiyaing bata ako kaya madalas kumakatok lamang ako sa pinto, iniaabot ang magasin, at saka nagpapaalam na sa may-ari ng bahay. Noong lumaki ako, mas naging kampante ako sa pakikipag-usap tungkol sa pananampalataya ko kaya mas naging masaya ang mga pagbabahay-bahay ko.

Pag-akyat ko ng Baguio para mag-aral sa kolehiyo, mas lalo kong niyakap ang kinamulatan kong relihiyon at nagboluntaryo ako sa isang grupo sa loob ng kongregasyon ko roon na ang pinupuntahan ay ang mga may kapansanan sa pandinig. Natuto ako ng wikang pasenyas at sumama sa malalayong lakad sa mga burol at bundok ng Baguio at karatig na mga bayan para maghanap ng mga tuturuan. Minsan, kahit naglakad kami buong araw, wala kaming natatagpuan. Kapag nakahahanap kami kahit isang may kapansanan sa pandinig, babalikan namin siya sa susunod na mga araw o linggo, maglalakad muli papunta sa kaniya gaano man kalayo. May mga panahon noong mas maraming oras ang ginugol ko sa paglalakad papunta at pauwi mula sa bahay ng mga tinuruan ko kaysa mismong pagtuturo.

Noong umalis ako sa mga Saksi noong 2012, nawala ang lahat—ang pananampalataya ko sa relihiyon ng aking pagkabata, ang paniniwala ko sa Diyos, at ang mga kaibigan ko sa loob ng organisasyon. Paglalakad lang ang naiwan. Bagamat hindi na ako ang batang nakapolo, slacks, at sapatos na yari sa balat, naglalakad sa mga pilapil at bangketa papunta sa mga bahay na aking kakatukin, nagbabaka-sakaling pagbuksa't papasukin, naglalakad pa rin ako. Ang kaso lang, madalas naglalakad ako ngayong hindi na malinaw kung saan ako patungo.

*

Maski noong nasa Pangasinan pa lang ako, nakagawian ko nang maglakad araw-araw. Lumalabas ako sa hapon, mga alas kuwatro o alas singko, pagkatapos ng buong araw na pagtatrabaho sa harap ng kompyuter. Gustong-gusto kong maglakad dahil naigagalaw ko ang katawan ko at pinagpapawisan ako. Bilang manunulat, napansin ko ring mas madali ang dating ng mga hinagap at salita kapag nagsusunuran ang aking mga paa. May mga problema sa pagsusulat na nalutas ko lamang habang nasa gitna ng paglalakad. Kapag naglalakad ako, nararamdaman ko rin ang naramdaman noon ni Thoreau: "There at last my nerves are steadied, my senses and my mind do their office." ("Doon, humihinahon ako. Ang isip at mga sentido ko ay tahimik na umiinog." 430, akin ang salin)

Habang mas madalas akong naglalakad, mas nagiging malinaw rin sa akin na ang paglalakad ay sumasalamin din sa pag-iral ko bilang tao. Hindi ko pinili ang pag-iral ko sa mundo. Hindi ko piniling ipanganak sa Pilipinas sa panahong ito. Hindi ko pinili ang mga magulang ko. Para akong itinapon sa isang malawak at hungkag na ilang ng kung sino o kung ano. Wala akong kapalarang kailangang tuparin o kabuluhang kailangang tuklasin. May dalawa lang akong puwedeng itugon sa pagkakatapong ito: pagpapatiwakal o pakikipagkaibigan.[5]

Ganitong-ganito rin ang naramdaman ko noong umalis ako sa kinamulatan kong relihiyon, at ang paglalakad ang tumulong sa aking mapagtantong napakalaking puwang pala ang iniwan ng aking pag-alis. Parang itinapon ko ang aking sarili sa isang espiritwal na ilang. Pagkatapos ng halos sampung taong paglalagalag sa ilang na ito, natagpuan ko ang isang uri ng pag-iral sa mundo na tinulungan akong tanggaping puwede pa rin akong maging relihiyoso kahit wala akong kinaaanibang relihiyon at kahit malabo na sa akin maski ang kahulugan ng salitang "Diyos."[6] Natagpuan ko ang oasis na ito sa gitna ng ilang dahil pinili kong makipagkaibigan. Pinili kong maglakad. Pinili

[5] Galing sa pilosopong Aleman na si Martin Heidegger ang konsepto ng *Geworfenheit*. Ayon kay Richardson, ang pinakaakmang salin nito sa Ingles ay "thrownness" o "pagkakatapon" (37). Ang *Geworfenheit* ay nagdiriin sa tila pagiging arbitraryo ng lugar at panahon kung saan at kung kailan natagpuan ng sino mang umiiral ang kaniyang sarili. Hindi pinili ng isa ang pamilya, kultura, at bansang kinamulatan niya kaya para siyang "itinapon" dito. Kabalintunaan man kung iisipin, ang kawalan ng kalayaan ng isa na piliin kung saan at kailan siya iiral ang siya ring magbibigay sa kaniya ng kalayaang itakda ang kaniyang kapalaran (Dahlstrom 212–215).

[6] Ginagamit ko ang salitang relihiyon sa liberal na pang-unawa rito bilang isang panata na mamuhay ayon sa ilang prinsipyong itinalaga saan man sila galing. Madalas ginagamit ang salitang ito upang tumukoy sa isang grupo. Subalit ang orihinal na salitang Latin na *religio* ay hindi tumukoy sa grupo. Bagkus, ito'y nangahulugang pagiging maingat, matapat, o debotado ng isang indibidwal sa ano man, hindi lamang sa mga diyos (Schilbrack). Sa kasalukuyan, pinag-aaralan at kinikilingan ko ang pananaw ng teologong si Shin'ichirō Imaoka (1881–1988) na tinawag niyang *jiyū shūkyō* (自由宗教) na madalas isinasalin sa

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

kong tuklasin kung ano ang narito at tanggaping hindi magiging madali ang lahat. Sa paglalakad, naunawaan kong wala mang itinakdang kapalaran o ibinigay na kabuluhan ang sansinukob, makalilikha pa rin ako ng saysay mula sa araw-araw kong pag-iral, mula sa araw-araw kong paglalakad.

*

Bilang parte ng tuluyan kong pagkalas sa kinamulatan kong relihiyon, lumayo ako sa Pangasinan at lumipat sa Los Baños (LB) noong 2021, pagkatapos lumuwag ang mga tuntunin sa pagbibiyahe na humigpit noong nakaraang taon dahil sa pandemya. Pakiramdam ko rin noon para akong itinapon sa ilang. Bukod sa inuupahan kong apartment, mga tindahang madalas bilhan, at ilang bahay ng kaibigan, wala akong ibang alam na lugar dito. Hindi nakatulong ang sunod-sunod na community quarantine na ipinatupad ng gobyerno. Madalang kong makita ang mga kaibigan ko at limitado lang ang mga lugar na puwedeng lakaran.

Noong nabawasan ang mga community quarantine, sinimulan kong makipagkaibigan sa "ilang"[7] ng LB sa pamamagitan ng paglalakad. Nagsimula ako sa paglalakad sa loob ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (UPLB) bawat hapon. Doon, mararamdaman mo na ang tunay na katangian ng Bundok Makiling. Nagsisimula nang lumaki ang mga puno, nagiging kakaiba na ang mga huni ng mga ibon, tumatarik na ang mga daan, at lumalamig na ang hangin.


Isang araw, pagkatapos nang ilang linggong paglalakad sa loob ng campus, binuksan ko ang laptop ko at tiningnan ang LB sa Google Maps. Dito ko unang nakita nang buo ang LB. Dito ko unang napansin na ang Bundok Makiling at UPLB ay halos kalahati na ng buong bayan. Inilista ko ang mga lugar na puwede ko pang lakaran at nag-antay ng tamang tiyempo para puntahan ang mga ito isa-isa.

Ang paglalakad ko sa LB ay naging kasingkahulugan ng pagbuo ko ng bagong buhay sa isang bagong lugar. Kasabay ng pag-apak sa lupa ng kaliwa at kanan kong mga paa ang pagdating ng mga bagong tula, hinagap, at larawan na bubuo sa bago kong kuwento.

*

Ingles bilang "free religion" o "free, creative spirituality" bilang pundasyon ng muli kong pagbuo sa sarili kong konsepto ng relihiyon.

[7] Ginagamit ko ang salitang "ilang" (wilderness) upang tukuyin ang mga dakong hindi ko pa nalalakaran. Ilang din ang tawag ko sa lahat ng kaisipang hindi ko pa naiisip. Inspirado ako ng pilosopong si Henry Bugbee (1915–1999) lalo na sa libro niyang *The Inward Morning* (1999) sa paggamit ng salitang ito.



Larawan 1. Mapa ng Los Baños. Noong Mayo 2021, sinimulan ko ang mas seryosong paglalakad sa LB. Una kong dinalaw ang mga barangay malapit sa Laguna de Bay: ang Masili, Tadlac, Baybayin, Malinta, Mayondon, at Bayog.

Mahigpit ang ugnayan ng paglalakad at pagsusulat. Ang pagsusulat ay parang paglalakad ng utak sa papel habang ang paglalakad ay pagsusulat sa aspalto. Sa libro niyang *Wanderlust: A History of Walking* (2001), ipinaliwanag ni Rebecca Solnit ang malalim na ugnayan ng dalawa. Ayon kay Solnit, ang mga kalsada, daan, o ano mang artipisyal na lakaran tulad ng laberinto, balaot, o mga estasyon ng krus, ay naglalaman ng mga kuwentong maaaring maranasan at maramdaman sa katawan sa pamamagitan ng paglalakad (71–72). Tulad ng mga kuwento, ang mga daan ay hindi mauunawaan sa pamamagitan ng pagtitig lang mula sa malayo. Kailangang bumabad sa kanila nang marahan sa pamamagitan ng paglalakad upang matunghayan ang dahan-dahang pagbunyag ng mga kuwento ng mga ito. Kung ang pagsusulat ay nagpapahintulot sa mambabasa na sundan ang daloy ng isip ng may-akda, hinahayaan din tayo ng mga daan, mga rutang nakamapa, na sundan ang mga yapak ng mga unang naglakad sa mga ito (Solnit 72).

Ginamit at ginagamit ng ilang manunulat na Pilipino ang paglalakad sa kanilang pagsusulat. Halimbawa, ginagamit ng Pambansang Alagad ng Sining na si Ricky Lee ang paglalakad bilang stimulant at metodolohiya sa paghahanap ng materyal para sa kaniyang mga kuwento. Sa libro niyang *Trip to Quiapo* (2010), inihalintulad ni Lee ang pagsusulat sa paghahanap ng ruta patungo sa Quiapo, ang representasyon ng mahusay na sulatin. Para kay Lee, ang husay ng isang manunulat ay masusukat sa kahandaan niyang lumihis mula sa mga gasgas nang pamamaraan ng pagsusulat na natututuhan niya sa mga nauna sa kaniya. Ang paglihis na ito ay inihalintulad niya sa paghahanap ng bagong ruta papuntang Quiapo, isang proyektong mas madaling matatapos sa pamamagitan ng paglalakad at pagbababad sa mga kalsada ng lungsod (Lee 1–2).

Ang radikal na paglalakad na nagdadala ng mensahe ng protesta, tulad ng lakbayan, ay maituturing na isang "performance art" na pumupukaw sa damdamin ng mga nakasasaksi nito at nagiging materyal para sa pagsusulat. Sa literary folio na *Sandugo* (2016) na nilikha bilang tribute sa lakbayan ng humigit-kumulang tatlong libong mga Lumad at Moro mula sa iba't ibang panig ng bansa noong 2016, mapapansin ang matalas na pagninilay ng ilang kontribyutor sa akto ng paglalakad ng mga nagprotesta. "[Y]umuko ako at tumitig sa lupa / ngunit ang lupa ay hindi na lupa / kundi daang sementong may luha," ang sabi ni Lean Borlongan (8) sa tula niyang "Idaw."

Litaw rin ang ganitong pagninilay sa paglalakad ng lakbayan sa mga tulang "Pagpapatag ng Bundok" ni Ma. Cecilia de la Rosa at "Epiko sa Lungsod" ni Ipe Soco. Ang paglalakad ng libo-libong Lumad at Moro ay tila naging salamin din ng ilang kontribyutor sa folio na napatingin sa sarili nilang danas ng paglalakad. Sa maikling sanaysay niyang "Kailanman 'di pipiliin ang usok kaysa malinis na hangin," inilarawan ni Cathlyn Angelia Rosario ang mismong paglalakad niya papunta sa Kampuhan sa Diliman: "Kahel na ang kanluran noong tinahak ko ang maputik na daan papunta sa Kampuhan. Minasdan kong lunukin ng malambot na lupa ang sapatos kong kulay puti ngunit patuloy pa rin ako sa paglalakad, tila ako dayuhan na naninibago sa landas na nilalakaran" (99).

Mapapansin din ang ganitong pagsasalamin sa "Salakniban" ni Sheila Abarra, "Usapan sa Cellphone" ni Rizza Mae Buiza, at "Sa Malayo'y Nagmamasid, Niraramdam ang Paligid" ni Marie Noelle Lumbre.

*

Wala na sigurong mas malinaw na halimbawa ng ugnayan ng paglalakad sa pook at mga salita kundi ang songlines ng mga Australianong Aborigine. Ayon sa pag-aaral nina Norris at Harney, ang songlines ay mga mapa ng

mga tanawing nililikha gamit ang mga salita (1). Sa isang kulturang walang naisulat na wika, ang songlines na inililipat sa iba sa pamamagitan ng pagkanta at pagsasaulo ay nagsisilbing mapang naglalaman ng mahahalagang kaalaman tungkol sa kasaysayan ng mga lugar, mga sagradong dako, mga rutang pangkalakalan, at mahahalagang pangyayari sa kalikasan tulad ng eklipse o paglaki at pagkati ng tubig sa dagat (1–2).

Si Bruce Chatwin ang unang gumamit ng salitang "songlines" upang tukuyin ang tradisyong ito ng mga Australianong Aborigine. Binigyang-kulay niya ang kaugaliang ito sa kaniyang librong pinamagatan din niyang *Songlines* (1987). Sa unang kabanata ng librong iyon, sinabi ng isang kaibigan ni Chatwin na malaganap ang kaugalian ng songlines sa buong Australia at may kutob siyang sa kosmolohiya ng mga katutubo doon ang buong Australia ay sagrado (4). Ang songlines ay naglalarawan ng bisa ng pisikal na espasyo bilang nimonikong kagamitan para madaling matandaan ang mga alaala, kuwento, at kaalamang konektado sa mga partikular na dako ng lugar (Norris at Harney 11).

Sa Pilipinas, may mga katutubong kanta ring nakalapat ang mga letra sa lugar kung saan kinakanta ang mga ito. Isang halimbawa ang mga kantang *ba-liw* at *dayomti* ng mga Katutubong Ikalahan na naninirahan sa bulubundukin ng Cordillera sa Nueva Vizcaya. Walang iisang bersiyon ang ba-liw. Dahil kadalasang kinakanta ito sa mga okasyon, nagbabago ang mga letra nito depende sa mga pagdiriwang (Metcalf 13). Bagamat bukas ang kanta sa pagbabago-bago, kailangang kantahin ito nang patula na ang mga saknong ay dalawang linyang magkatunog ang huling mga pantig. Kailangan ding puno ang kanta ng mga pagtutulad at alusyon lalo na kung ginagamit ang kanta upang tawirin ang mga hindi pagkakaunawaan sa komunidad (Metcalf 13). Higit sa lahat, kailangang alam ng kumakanta ang pangalan ng lugar kung saan siya kumakanta, kasama na ang pangalan ng may-ari ng bahay o lupa pati na rin ng nayon kung saan ginaganap ang pagdiriwang. Lahat ng ito ay itinatahi ng mang-aawit sa kaniyang ba-liw (Metcalf 13–14).

Hindi tulad ng ba-liw na improbisado, ang dayomti ay may eksaktong mga letra. Isinasaulo ang mga ito ng matatandang Ikalahan, subalit isinusulat na rin ngayon upang hindi malimutan at upang maipasa sa mga mas batang miyembro ng komunidad (Metcalf 15). Dahil hindi nagbabago ang kanilang mga letra, ang dayomti ay nagsisilbing nimonikong kagamitan, tulad ng songlines ng mga Australianong Aborigine, na nagpapaalala sa mga kumakanta at nakikinig sa kanila ng kasaysayan at kaalamang bayang nakakabit sa lupang kanilang tinitirahan. Bagamat hindi nagbabago ang kanilang mga letra, malayang ginagamit ng mga Ikalahan ang mga dayomti sa iba't ibang lugar at okasyon (Metcalf 16). Napakayaman din ng dayomti sa kaalaman tungkol sa lugar kung saan ang mga ito kinakanta kaya't inihalintulad sila ni Metcalf

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

sa paglalakad. Habang pinakikinggan niya si Sario Oliano na kinakanta ang "Pangingindaykan," isa sa mga pinakakilalalang dayomti sa Imugan, Nueva Vizcaya, sinabi ni Metcalf na:

> I follow his voice as it moves through the song, pausing, quavering, quickening. It moves like a walk through the mountains; fast steps down small hillocks and slow laboured steps up steep rocks do not disturb the steadiness of his song, the easy confidence of someone so familiar with these places after a lifetime spent learning the trails.
>
> (Sinusundan ko ang boses niya na kumikilos sa kanta, tumitigil, nanginginig, bumibilis. Kumikilos itong parang isang lakad sa mga bundok. Hindi natitinag ng mabibilis na mga yapak pababa sa maliliit na mga burol o ng mabagal at hinihingal na pag-akyat sa matatarik na mga bato ang kapanatagan ng kaniyang pagkanta. Palagay ang kaniyang loob dahil kilalang-kilala na niya ang mga lugar na ito pagkatapos ng buong buhay niyang pag-aaral sa mga daan.; 5, akin ang salin)

*

Ang mga salitang dumarating sa akin habang naglalakad ay kumakabit din sa tiyak na mga dako sa mga daang nilalakaran ko. Hindi iisang beses na maaalala ko ang isang tula o linya ng mga salitang isinulat ko sa aking mobile phone, ilang linggo o ilang buwan na ang nakalipas kapag napapadaan ulit ako sa isang dako ng LB. Halimbawa, tuwing napapadaan ako sa tulay sa ibabaw ng isang sapa ng ilog Molawin na humihiwa sa Andres P. Aglibut Ave., naaalala ko nang pagkalinaw-linaw ang isang gabing napadaan ako roon at nakita ang bilog na bilog na buwan sa pagitan ng malalaking puno. Madilim na madilim ang paligid at saktong walang koryente sa loob ng campus noong gabing iyon kaya tigib ang luningning ng buwan. Hindi ko napigilang mapatula sa Pangasinan.

Kalabian ed Aglibut	**Kagabi sa Aglibut**
Alay santing mon bulan	Napakarikit mo buwan
letaw letaw ed tapew	lumilitaw sa ibabaw
na sarayan bulo-bulong	ng mga dahong ito
ya binalkot na andekereket	binalot ng itim na itim
ya bilonget	na kadiliman
leleg ya manag-agos	habang umaagos
so agko nanengneng	ang hindi ko makitang
ya danum ed dalem	tubig sa ilalim
na sayan manbokbokor	nitong nag-iisang
ya taytay.	tulay.

*

Binibigyan tayo ng paglalakad ng iba't ibang uri ng karanasan. Pinalalalim nito ang espasyo, pinahahaba ang oras, ipinaririnig ang katahimikan, ipinakikita ang mga hindi natin madalas nakikita. Tinutulungan tayo ng paglalakad na mag-isip at, higit sa lahat, magbago ng isip. Nagagawa ng paglalakad ang lahat ng ito dahil hinahayaan nito ang katawang maranasan at makita ang iba't ibang ugnayan nito sa lugar. Ang nakikita at nararanasan natin habang umaakyat sa isang matarik na burol ay iba sa nakikita at nararanasan natin habang nasa tuktok nito, habang naglalakad pababa sa ilalim ng mga puno, at habang naglalakad sa kapatagan sa paanan ng burol (Gros 15). Lahat ng ito'y maaaring maranasan sa iisang lakad.

Para sa ilang manunulat tulad ko, ang paglalakad ay namumunga ng mga sulating sumasalamin sa pabago-bagong danas at pagtanaw habang naglalakad. Sa karanasan ko, habang mas bumibilis ang pagbabagong nakikita at nararanasan ko sa paligid habang naglalakad, lalo na kapag naglalakad ako sa lungsod, mas nagiging pira-piraso ang mga hinagap at imaheng dumarating sa akin at ang mga salitang ginagamit ko upang hulihin ang mga ito. Dahil dito, ang isang porma ng pagsusulat na madalas maiugnay sa paglalakad ay ang collage. Minsan sinasadya ng manunulat na panatilihin ang pira-pirasong hugis ng kaniyang karanasan ng paglalakad sa binubuo niyang obra.

Gumamit si Jose F. Lacaba ng collage sa dalawang tula niya tungkol sa paglalakad. Ginamit niya ang collage sa "Ang Kagila-gilalas na Pakikipagsapalaran ni Juan dela Cruz," subalit mas litaw ito sa hindi gaanong kilalang tula niya sa Ingles na "The Annotated Catechism." Ayon kay Conchitina Cruz, ang paggamit ni Lacaba ng collage sa kaniyang mga tula ay paglihis sa tradisyonal na linear na paraan ng pag-aayos ng karanasan na madalas ginagamit ng mga Pilipinong nagsusulat ng tula sa Ingles at mga historyador na nagsusulat ng nasyonalistang kasaysayan (15).

Litaw rin ang paggamit ng collage sa mga tula ni Vincenz Serrano sa kaniyang mga librong *The Collapse of What Separates Us* (2010) at *When a Map is Folded Cities Come Closer, When Clothes are Unpacked Cities Fall Apart* (2016). Sa mga librong ito, pinasisidhi ng iba pang estratehiya tulad ng paghihiwa, paghihiwalay, at pagsusunuran ng mga linya gayundin ng malikhaing paggamit ng layout ng mga retrato at teksto sa pahina ang epekto ng collage. Ang mga pahina ng libro ni Serrano ay parang mga kalsada ng Maynila at ang pagbabasa sa mga libro niya ay nagiging salamin ng masalimuot na paglalakad at pagsusulat tungkol sa lungsod (Serrano 4).

Sa pagsusulat ng collage, tulad ng nararanasan ng isa habang naglalakad, mas mahalaga ang pagiging bukas ng manunulat sa materyal na iniaalok ng kaniyang kapaligiran kaysa sa pagiging maayos at lohikal ng kaniyang akda. Hindi ang manunulat kundi ang mga prosesong nangyayari sa labas

niya ang magdidikta sa pupuntahan ng kaniyang sinusulat (Cruz 118). Ang pagiging bukas sa mga stimuli na nanggagaling sa kapaligiran ay kapansin-pansin din sa tula ni Conchitina Cruz na "Pedestrian Studies" na naisama sa koleksiyon niyang *There is No Emergency* (2015). Bagamat hindi tungkol sa iisang lakad, collage ang tulang ito ng labindalawang mga lakad na ginawa ng manunulat sa iba't ibang lugar: bawat isang lakad ay tumutumbas sa isang saknong. Walo sa mga saknong na ito ay naglalahad ng mga eksperimento sa paglalakad: paggamit sa paglalakad upang isulat ang pangalan sa hangin, pagtitiklop ng mapa at paglalakad sa mga lugar na tinamaan ng tupi, pagsunod sa lakad ng ibang tao, at iba pa. Habang binabasa ko ang "Pedestrian Studies" nahuhuli ko ang aking sariling nangangarap gawin din ang mga eksperimento ni Cruz. Hindi man tahasang sinasabi ng may-akda, inaanyayahan ng tula ang mambabasa na maglakad din at ulitin ang mga lakad, bagay na nagpaalala sa akin sa mga eksperimento ng paglalakad sa metodo ng mythogeography ni Phil Smith.

*

Sa akin, ang paglalakad ay higit pa sa isang metodolohiya ng pagsusulat. Bago ko pa man matantong maaari ko itong gamitin sa mga eksperimento sa malikhaing pagsusulat, naging kanlungan ko ito mula sa mga sikolohikal at emosyonal na epekto ng pag-alis ko mula sa kinamulatang relihiyon. May epektong terapyutiko sa akin ang paglalakad kaya, tulad rin ng pagsusulat, ito'y naging isang praktikang paulit-ulit kong ginagawa. *Kailangan* ko silang gawin. Bukod dito, ang praktika ng paglalakad ay naging paraan ko rin para mas higit na makilala ang mga lugar na sinusubukan kong lipatan. Bilang taong nakaranas ng pag-alis, natural lang na maghanap ako ng mga lugar kung saan ako tatahan, kahit sandali lang. Dahil sa matalik kong relasyon sa paglalakad, noong nagsimula kong seryosohin ang paggamit nito sa aking pagsusulat, naghanap ako ng paraan kung paano ko mas mabibigyang-halaga ang proseso ng paglalakad at pagsusulat na higit pa sa ano mang produktong maaaring mailuwal nila.

Madalas ang literatura ng paglalakad sa Pilipinas at sa ibang bansa ay literaturang sumasalo sa iisang lakad o kalipunan ng ilang lakad na marahil ay hindi na mauulit at hindi na uulitin. Subalit sa karanasan ko, hindi parating nagluluwal kaagad ng tula o sanaysay ang mga lakad. Madalas ang iniluluwal kaagad nito ay mga pira-pirasong hinagap at imaheng hindi magkakaugnay. Kaya napatanong ako sa sarili ko: Ano ba ang pinakanatural na pormang sasalo sa materyal na umuusbong mula sa paulit-ulit na paglalakad?

Isa pa, halos lahat ng naisulat gamit ang paglalakad, bagamat marami rito ay nakapagpanatili sa mala-collage na danas ng paglalakad, ay tila nakarating sa nais nilang puntahan. Halos lahat ay may hitsura ng pagiging tapos at solido

kaya hindi na magbabago, mga katangiang mahalaga sa tradisyon ng New Criticism. Subalit, tulad ng maraming naratibo ng paglalakad sa karanasan ng Pilipino, hindi lahat ng paglalakad ay natatapos. May mga lakad na uulit-ulitin at malamang sa malamang ay hindi na makararating. Paano natin isusulat ang ganitong mga lakad?

Sa tingin ko, may potensiyal ang borador at ang artsibong kalipunan ng mga ito na maging porma ng literaturang mabisang sasalo sa pira-pirasong materyal na lumalabas mula sa paglalakad. Bago ko ito higit pang ipaliwanag, ipakikilala ko muna ang sistema ng pagsusulat na sinusubukan kong buoin na siya ring konteksto ng "Mapa ng Los Baños Patungo Sa 'yo."

*

Sinimulan ko ang seryosong pagsusulat sa aking talaarawan noong 2018. Nagsimula ako sa simpleng proseso ng five-minute journal method sa umaga: maglista ng tatlong bagay na ipinagpapasalamat mo, tatlong bagay na gagawin mo ngayong araw, at isang maikling apirmasyon. Nang maglaon, nakulangan na ako sa lilimang minuto lang kaya dinugtungan ko ang nakagawian nang malayang pagsusulat sa isa hanggang tatlong pahina ng kuwaderno. Araw-araw ko na itong ginagawa simula noon.

Kasabay nito, sinimulan ko ring pag-isipan kung paano ioorganisa ang napakarami kong tala sa aking smartphone at kompyuter. Naglalakad na ako dati pa at matagal ko nang napansing mabilis ang pagdating ng mga salita kapag naglalakad ako. Mahirap sa akin ang gumamit ng kuwaderno at bolpen habang naglalakad o nakabisikleta lalo na at hapon hanggang gabi ako madalas lumalabas. Kaya itinatala ko ang ano mang dumating sa akin habang naglalakad sa isang digital note-taking app sa smartphone ko. Marami akong sinubukang app, pero pinakanagustuhan ko ang Obsidian[8] dahil sa kalayaang ibinigay nito sa akin sa pag-oorganisa sa mga sulatin ko.

Tinatawag ko ang kalipunan ng aking mga naisulat na iniingatan ko sa Obsidian na "Talahardin." Salin ko ito sa "digital garden" na madalas gamitin ng mga gumagamit din ng ganitong sistema ng pagsusulat sa cyberspace (Appleton). Tulad ng mga "digital gardener," gumagamit ako ng mga salitang botaniko upang iorganisa ang aking mga tala.

May dalawang prinsipyong nagbibigay-estruktura sa aking mga tala. Una, ang Talahardin ay may iba't ibang espesye ng mga tala. Upang maunawaan ito, kailangan kong banggitin na ang digital gardening ay inspirado rin ng sistema

[8] Open source software din ang Obsidian kaya libre itong mada-download sa https://obsidian.md.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

ng pagsusulat na inimbento ng Alemang sosyolohistang si Niklas Luhmann: ang *zettelkasten* (o "kahon ng maliliit na papel") (Ahrens 24). Popular ang zettelkasten sa mga mananaliksik, pero sinubukan kong bumuo ng pasadyang sistema na akma para sa malikhaing pagsulat. Para magawa ito, nagtalaga ako ng iba't ibang espesye o kategorya ng mga tala na may katumbas na mga tag sa loob ng Talahardin. Maaari itong dumami kalaunan lalo na kapag may mga mamumuong hybrid na mga sulatin na hindi maikakahon sa alin man sa kategoryang ito, pero sa kasalukuyan, ito ang mga espesye sa Talahardin ko:

- thoughts (mga naisip)
- vignettes (mga binyeta)
- poems (mga tula)
- essays (mga sanaysay)
- quotes (mga sipi)
- translations (mga salin)


Ang mga tala ay nasa iisang folder sa Obsidian. Dahil hindi pinaghihiwa-hiwalay ang mga ito, mas lumalaki ang tsansa na umusbong ang bagong mga ugnayan sa paggitan ng bawat isa, mga ugnayang hindi madaling mabatid kung hiwa-hiwalay ang mga tala. Mahalaga sa mga mananaliksik na makita ang mga ugnayang ito, pero mahalaga rin ang kasanayang ito sa malikhaing pagsusulat. Sabi ni Lee: "Ang trabaho ng writer ay magkabit-kabit ng mga elemento. Iyon ang nakikita niya na hindi nakikita ng ibang tao. Pinaglalayo niya ang dapat na magkakabit, at pinagkakabit niya ang dapat na magkahiwalay" (27).

Sa halip na gumamit ng mga subfolder, gumagamit ako ng mga tag upang ipakita ang pagkakaiba-iba ng mga tala batay sa kani-kanilang espesye. Intensiyonal ang desisyong ito dahil ang mga pira-pirasong borador at tala sa loob ng Talahardin ay maaaring magluwal ng mga sulating hybrid na hindi maikakahon sa iisang kategorya. Halimbawa, ang isang prose poem ay may katangian ng tula at sanaysay. Kung gagamit ako ng mga folder, saan ko ito ilalagay: sa folder ng tula o sa folder ng sanaysay? Puwede akong gumawa ng panibagong folder na "prose poem," pero mahirap gamitin ang ganitong solusyon sa mga akdang mas masalimuot at eksperimental na pinaghahalo ang iba't ibang genre. Para sa akin, praktikal ang paggamit ng mga tag dahil sa halip na ikahon ang mga sulatin sa iisang solidong kategorya, kumakabit lamang sila sa mga ito. Walang hanggahan ang dami ng tag na maaaring ikabit sa isang sulatin.

Nilulutas din ng mga tag ang isyu ng pabago-bagong estado ng isang sulatin. Siguradong magbabago ang borador. Halimbawa, kung ang isang prose poem ay naging tula na lamang, puwedeng alisin ang tag na "essays" dito. Kung magkaroon naman ito ng panibagong pormang hindi pa maaaring bigyan ng pangalan ngayon, puwedeng magdagdag ng bagong tag sa borador. Ang mga tag ay parang mga identidad na puwedeng kumapit o kumalas sa isang borador

sa pagdaan ng panahon. Sa pamamagitan ng mga tag, malayang magbabago ang identidad ng pira-pirasong mga tala na iniluluwal ng paglalakad.

Ang pag-uugnay sa iba't ibang uri ng tala sa loob ng Talahardin ay madali lamang nagagawa sa pamamagitan ng bidirectional linking at embed functions ng Obsidian.[9] Sa pamamagitan ng mga ito, maaaring pagsama-samahin sa iisang akda ang iba't ibang uri ng espesye ng sulatin na nagpapadali sa proseso ng paglikha ng panibagong mga espesye. Tulad ng isang tunay na hardin, ang mga tala sa Talahardin ay nagkakaroon ng ng simbiotikong ugnayan sa isa't isa. Halimbawa, pinag-aaralan ko ngayon ang ugnayan ng tula at pilosopiya gamit ang isang hindi masyadong kilalang uri ng pamimilosopiya na tinatawag na "lyric philosophy" o "lyrical philosophy" (Epstein 210–211). Dahil puno ang Talahardin ko ng mga sarili kong tula at mga tala galing sa mga pilosopikal na librong binabasa ko, madali kong nakikita ang potensiyal ng pagsasama ng dalawang uri ng pagsusulat sa iisang akda.



Larawan 2. Ugnayan ng Mga Tala sa Talahardin. Gamit ang bidirectional links, maaari kong pag-ugnayin ang isang binyeta (*Sampaloc Lake*) at tula (*Sikmura*) sa isang bagong tala. Puwede ko ring i-embed mismo ang isang tala sa loob ng bagong tala. Sa ganitong paraan, madaling napag-uugnay ng Talahardin ang iba't ibang genre ng literatura upang makabuo ng mga bagong akda.

[9] Bidirectional linking ang tawag sa function ng Obsidian kung saan ang dalawang tala ay pinag-uugnay gamit ang hyperlink na nasa bawat isang tala. Sa pamamagitan ng bidirectional linking, madaling magpabalik-balik sa pagitan ng dalawang magkaugnay na mga tala. Samantala, ang embed function ng Obsidian ay nagpapahintulot sa gumagamit nito na maglagay ng sipi mula sa isang tala patungo sa isa pang tala nang hindi gumagamit ng copy-paste.

Pangalawa, inuuri ko rin ang aking mga tala batay sa kasalukuyang kalagayan ng kanilang pagsulong. Dahil nasa iisang hardin ang mga espesyeng ito, itinuturing ko ang mga naisulat ko bilang mga halamang dahan-dahang tutubo kapag madalas binabalikan. Seeds (o binhi) ang tawag ko sa ano mang mga salitang dumarating sa akin, madalas habang naglalakad. Hinuhuli ko ang mga ito sa iisang tala na pinamamagatan ko ng petsa sa araw na iyon (halimbawa, "2023-09-09 seeds"). Hangga't maaari, hindi ko binabago ang mga ito. Isinusulat ko ang mga seed ayon sa kung paano ito dumarating sa 'kin at iniingatang manatiling ganito. Nakuha ko ang idea ng pagpapanatali sa purong kalagayan ng mga hinagap kay Henry Bugbee. Sa kaniyang talaarawan, sinabi niya:

> Get it down. Get down so far as possible the minute inflections of day to day thought. Get down the key ideas as they occur. Don't worry about what it will add up to. Don't worry about whether it will come to something finished. Don't give it up when faced with the evidence of miscarried thought. Write on, not over again. Let it flow. … Give it a chance. … Let one perception move instantly on another. Where they come from is to be trusted.
>
> (Isulat mo. Isulat mo hangga't maaari maski ang maliliit na pagbabago-bago ng isip sa araw-araw. Isulat mo ang mga pangunahing idea habang dumarating sila. Huwag kang mag-alala kung may patutunguhan sila. Huwag kang mag-alala kung makabubuo ba sila ng isang bagay na tapos na. Huwag mo silang itapon kahit maging malinaw na nagkamali ka. Magsulat ka lang. Hayaan mo silang dumaloy.… Bigyan mo sila ng pagkakataon. … Hayaan mong ang isang pang-unawa ay kagyat na tumuloy sa susunod. Kung saan man sila nanggaling ay mapagkakatiwalaan.; 34, akin ang salin)

Para kay Bugbee, walang pagkakaiba ang pamimilosopiya sa pagtula. Ang pagsusulat ng kaisipan ay katulad din ng pagsusulat ng mga taludtod. Kailangang hayaan ng manunulat ang sariling mabilis na tumalon mula sa isang hinagap patungo sa susunod. Hindi niya mahuhulaan ang susunod na pagdating ng kabatiran dahil may sarili itong buhay. Ang maaari lamang niyang gawin ay saluhin ito at hayaan itong tumubong mag-isa. Kaya mahalaga kay Bugbee na handa ang manunulat na saluhin ang kabatiran ano mang oras ito dumating at hayaan itong idikta ang sarili nitong kapalaran. Ipinahihiwatig ni Bugbee na ang pagsusulat na ginagawa natin sa pribadong espasyo ng ating mga talaarawan ay higit na mas mahalaga kaysa sa pagsusulat ng mga akdang handa nang ilathala.

Dahil kay Bugbee, nagsimula akong mag-ingat ng aking mga hinagap habang naglalakad. Nilagyan ko ang mga ito ng sariling tag (#seeds) sa aking Talahardin upang makita ang kanilang pagkakaiba sa ibang mga tala. Sa *Trip to Quiapo* (2010), ginamit din ni Lee ang "binhi" bilang metapora ng pre-writing:

> Pero tingnan mo itong parang pagpapatubo ng isang punong-kahoy. Step by step.
>
> Seed muna. Pagkatapos ay ang trunk, saka ang mga dahon at ang mga sanga. Saka ang prutas…
>
> Sa ‘yo manggagaling ang seed. Hindi ibibigay sa ‘yo. Ikaw ang mag-aaral kung paano ito didiligin, patutubuin, palalaguin (24).

Sa kalaunan, ang mga binhi (#seeds) ay magiging mga punla (#seedlings) na itatanim sa Talahardin at babalikan, babaguhin, at iwawasto nang makailang ulit. Minsan, sapat na ang minsang pagbabalik. Pero madalas, kailangan ang ilang beses na pagrerebisa hanggang marating ng tala ang mas hinog nitong anyo: ang mga parating berde (#evergreens).

Ang pagbabalik sa mga sulating naipunla ay katumbas ng pagbabalik sa mga daang nalakaran. Sa mga Australianong Aborigine, mahalaga ang muling paglalakad sa mga daan upang manatili sa alaala ang mga katutubong kaalamang nakadikit sa bawat dako ng tanawin. Subalit, hindi lahat ng pag-uulit ay nakatutulong sa pag-alala. Noong 1885, ang Alemang sikolohistang si Hermann Ebbinghaus ay nagsulat tungkol sa obserbasyong tinawag niyang “spacing effect,” kung saan mas naaalala natin ang mga bagay kapag naglalagay tayo ng puwang sa paulit-ulit na pagbabalik sa mga ito. Kalaunan, ang teknik na ito ay tinawag na “spaced repetition” at ginamit upang pahusayin ang pagtuturo sa mga bata gamit ang mga flashcard (Naqib et al.).

Sa Talahardin, pagkatapos kong maipunla ang mga tala, hindi ko masyadong iniisip kung kailan ko ulit ito babalikan. Hinahayaan kong dumaan ang panahon. Hinahayaan kong kusang-loob kong maalala ang mga tala depende sa kung ano ang pinakamahalagang proyekto sa araw-araw. Madalas, ang pinakamahahalagang tala ay paulit-ulit na lumilitaw sa araw-araw kong paglalakad, pagdidilig, at pagbubungkal sa Talahardin.

*

Kapag narating na ng isang piraso ng sulatin ang kategoryang “evergreens,” nangangahulugan itong hindi na ito gaanong magbabago sa hinaharap. May katangian na ito ng pagiging tapos (bagamat hindi talaga natatapos) at maaari nang isama sa mga proyektong ilalathala. Sa paglalakad ko sa LB, ganito ko ginagamit ang Talahardin:

1. Naglalakad akong mag-isa upang marinig ko nang mabuti ang aking sarili. Ibinubukas ko ang aking sarili sa ano mang maaaring dumating.

2. Itinatala ko kaagad ang ano mang mga salitang dumarating ayon sa kung paano sila dumating. Hangga’t maaari, hindi ko ito binabago.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

3. Kinaumagahan o sa mga susunod na araw, binabalikan ko ang tala ng mga binhi (#seeds) at ginagamit ko ito bilang panimula ng malayang pagsusulat sa talaarawan.

4. Gamit ang naisulat sa talaarawan ngayong araw o noong nakaraang araw, naghahanap ako ng ano mang maaaring ipunla (#seedlings) sa Talahardin.


5. Pagkatapos maitanim sa Talahardin, kinalilimutan ko muna ang mga punla. Binabalikan ko lamang ang mga ito kapag maalala ko. Minsan, naglalaan talaga ako ng ilang minuto para balikan ang ano mang naipunla. Ang pagpili ng talang babalikan ay nakadepende sa kung anong mga proyekto o paksa ang nakasasabik na balikan sa araw na iyon.

6. Habang binabalikan at nirerebisa ang punla, hinahanapan ko ito ng ugnayan sa ibang mga tala. Ginagamit ko ang bidirectional links upang likhain ang mga ugnayang ito.

7. Binabalikan ko ang mga punla nang paulit-ulit hanggang huminog ang mga ito (#evergreens).

8. Kapag kailangan kong magsulat, tinatanong ko muna ang aking sarili: "Anong mga bagay ang naisip at naisulat ko na?" tapos tumitingin muna ako sa loob ng Talahardin upang tingnan kung may mga tala bang maaari kong gamitin bilang panimula ng proyekto.

Ang proseso ring ito ang ginamit ko sa pagsusulat ng sanaysay na ito.



draft

Properties

title	Draft
date	09/16/2023
aliases	thoughts/draft ×
draft	◯
tags	thoughts × seedlings ×

+ Add property

Draft is a category of a wide variety of materials that are unified by not being printed or published. A select number of drafts are kept in archives. However, the bulk of materials considered drafts are never archived. The majority have been forgotten or purposefully destroyed. In the electronic age, drafts also include even the tiny revisions we make in electronic files that may or may not have been tracked. This category also includes thoughts and experiences that were never written down.

Draft can also be treated as a quality of a work of art (i.e., draft-like). Certain techniques in writing, such as streams of consciousness that happen during walking (see walk poem), can be considered draft-like.


References

Scandura, Jani. "The Matter of Drafts." *Oxford Research Encyclopedia of Literature*, edited by Paula Rabinowitz, Oxford University Press, 2020. *DOI.org (Crossref)*, https://doi.org/10.1093/acrefore/9780190201098.013.205

> A draft may refer to written materials that never attain printed form
>
> and extraneous materials that may or may not find their way into archives.
>
> might include the evanescent, that which was never written down and had only ever existed as a dream or disjointed fragment of thought.
>
> the William Jamesian "streams of consciousness" that Virginia Woolf and James Joyce

Larawan 3. Isang Tala sa Talahardin**.** Lahat ng mga tala sa Talahardin ay may mga metadata sa simula na nagbibigay ng karagdagang suson ng kahulugan sa mga tala. Bukod sa pamagat, laman ng metadata ang petsa kung kailan nilikha ang tala, alias (o mga dati o ibang pangalan ng tala), draft status (kapag may check ang checkbox na ito, hindi ilalathala ang tala sa website), at tags. Ang tala sa itaas ay galing sa pagbabasa ng isang encyclopedia entry, kaya may sipi rin ng buong sanggunian sa ibaba ng tala.

Noong tumimo sa akin ang mahigpit na ugnayan ng tiyak na dako sa isang espasyo at ng mga salitang dumarating sa akin sa paglalakad, nagdagdag ako ng isang uri ng metadata[10] sa aking mga tala. Kapag binabalikan ko ang mga binhing isinulat ko sa nakaraang araw, inaalala ko kung saan eksakto sa mga rutang dinaanan ko dumating ang mga iyon. Hinahanap ko sa Google Maps o sa Map View plugin ng Obsidian mismo ang eksaktong lokasyon at kinukuha ang mga coordinate nito na ikinakabit ko sa metadata ng tala.



Larawan 4. Map View sa Obsidian. Gamit ang Map View plugin sa Obsidian, maaari kong kunin ang eksaktong coordinates ng isang dako sa mapa at ilagay ito sa metadata ng isang tala (location). Kapag pinindot ang parisukat sa mapa sa kanan, lalabas ang tala sa kaliwa.

Sa pamamagitan ng sistemang ito ng pag-oorganisa sa mga sulatin, maraming paraan upang maalala ang mga salitang nakakabit sa partikular na mga dako ng LB na nalakaran ko na. Tuwing binabalikan ko ang mga tala, naaalala ko kung saan sila eksakto sa mapa. Tuwing tumitingin ako sa mapa sa Obsidian naaalala ko ang laman ng mga tala, at kapag naglalakad akong muli sa mga ruta ko, naaalala ko rin ang mga salitang dumating sa akin doon.

Kung naisasaulo ng mga Australianong Aborigine ang mga kuwento ng tanawin sa pamamagitan ng pauli-ulit na paglalakad sa mga ito, ang mga bagong kuwento rin ng pakikipagkaibigan natin sa lugar, lalo na ngayong

[10] Sa computer science, ang metadata ay datos na nagbibigay-kahulughan sa ibang datos. Sa Obsidian, inilalagay ang metadata sa simula ng bawat tala na nakapaloob sa dalawang linya ng tatlong gitling (---). Sa aking Talahardin, nilalagyan ko ang aking mga tala ng mga metadata tulad ng pamagat, petsa, at mga tag (halimbawa: seeds, seedlings, at evergreens). Tingnan ang Larawan 3 para sa format ng metadata sa Talahardin.

dahan-dahan na nating nalilimutan ang halaga nito, ay mangyayari lamang sa pamamagitan ng pag-iingat sa mga kuwentong dumarating sa atin sa daan at pagbabalik nang paulit-ulit sa mga dakong atin nang nalakaran kung hindi man sa pamamagitan ng ating mga paa, ay sa pamamagitan ng ating mga mata. Ang tawag dito ng mga sikolohista ay "spaced repetition." Ang tawag ko rito ay pag-ibig.

*

Ang Talahardin ay binubuo ng halos puro borador. Mas marami sa mga tala ko ang may tag na #seeds (binhi) at #seedlings (punla). Sumasang-ayon ako sa depinisyon ni Scandura ng borador na higit na mas malawak kaysa sa depinisyon ng ibang mananaliksik tulad ni de Biasi (1). Ayon kay Scandura, ang borador o draft ay anumang artepakto ng manunulat na hindi naimprenta o nailimbag (1). Ibig sabihin, bukod sa mga naunang kopya ng manuskrito, borador na rin ang mga maiikling tala o planong konektado sa libro, naisulat man ang mga ito sa papel o sa kompyuter. Habang mas umuunlad ang teknolohiyang ginagamit natin sa pagsusulat, mas lumalawak din ang saklaw ng salitang borador (Scandura 4). Maski nga ang mga naisip o naranasan lamang ng isang manunulat ngunit hindi naisulat ay masasabing kabilang na rin sa kategoryang ito (Scandura 5).

Ang pinakanamumukod-tangi sa lahat ng katangian ng borador ay ang pagiging hindi tapos nito. Maski ilang libong taon ang lumipas, basta naiingatan ito, buhay ang borador dahil sa pagiging hindi nito tapos. Ang katangiang ito ng borador ay humahamon sa nangingibabaw na mga pananaw tungkol sa kung ano ang literatura. Ang tanong na iniaalok ng borador sa atin bilang mga manunulat ay ito: hindi ba't lahat ng sulatin ay hindi naman talaga natatapos?

Ang matinding pagnanasa na tingnan ang isang proyekto sa pagsulat bilang isang solidong bagay na tapos na at hindi na kailan man maaaring baguhin ay isang modernong pagkiling na lumitaw lamang sa Kanluran noong ika-20 siglo dahil sa New Criticism (Scandura 42). Bago nito, batid ng karamihan sa mga manunulat sa Kanluran na hindi kailan man natatapos ang isang sulatin (Scandura 41). Modernong idea ang fair copy, o ang kopya ng teksto pagkatapos ng mga pagrerebisa rito, na nagnanasa ng kawakasan, at kung gayo'y pagiging permanente, ng isang sulatin (Werner 63). Sa kabilang banda, ang borador ay sumasalamin sa pinaniniwalaan kong totoong kalikasan ng ano mang uri ng sining: ang pagiging hindi tapos, parating kumikilos, at parating nagbabago (Werner 61). Ang isang piraso ng sulatin ay isang buhay na organismong lumalaki, lumalawak, at umaangkop sa mga pagbabago sa kapaligiran nito. Hindi ito isang fossil.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Nakakabit din ang pagnanais na matapos ang isang obra sa modernong mga hangaring inspirado ng propesyonalisasyon at komersiyalisasyon ng pagsusulat. Ang akdang tapos ay maaaring ipublish. Ang naipublish ay maaaring bumenta o tumulong sa pag-angat ng katayuan ng manunulat sa trabaho, sa mga katulad niyang manunulat, o sa kaniyang mambabasa, bagay na magreresulta rin sa mas marami pang benta (Cruz 150). Kapag mas mabilis ang pag-unlad ng isang sulatin mula borador patungong fair copy, mas mabilis ding makakamit ng manunulat ang mga benepisyong dala ng produksiyon ng literatura. Samakatwid, ang paglikha ng literaturang tapos at kompleto ay pumapabor sa fair copy at lumalayo sa borador at sa mga mala-borador na sulatin.

Ang ilang oral na panitikan, tulad ng ba-liw ng mga Ikalahan, na umiiral na bago pa man dumating ang mga mananakop ay mas malapit ang katangian sa borador kaysa sa modernong fair copy. Walang iisa at pinal na bersiyon ang marami sa oral na panitikan ng Pilipinas; nagbabago ang mga ito depende sa hinihingi ng panahon at bukas sa impluwensiya ng nagbabagong lipunan (Metcalf 12–14). Ang pagsasapinal ng oral na panitikan ay nakabatay sa mga prosesong nangyayari sa lipunang ginagalawan nito sa kasalukuyan, pero walang katiyakang hindi na ito magbabago sa mga susunod na panahon (Metcalf 17).

May ganitong katangian din ang dagli. Ayon kay Tolentino, ang dagli na naging popular noong unang dekada ng ika-20 siglo ay nagsimula bilang romantikong alay sa mga paraluman (Weder-weder Lang! 21). Bagamat tila naglaho ang una nitong porma dahil sa pagdating ng mga Americano, sa katunayan, "[a]ng dagli naging tabloid naging boxed stories sa front pages o human interest at feature story sa pahayagan at column, headline na balita sa telebisyon naging kalakaran ng paggawa ng anumang infrastruktura sa bansa" (22). Kalaunan, nagpalit ito ng pangalan, naging "anekdota, slice-of-life, day-in-life" at sa kasalukuyan ay patuloy na nabubuhay sa mga tweet, comment, at post sa social media (Tolentino, Maiklingmaikling Kwentong 117).

Minsan, ang mga borador ay ipinapublish din at naisasama pa nga sa kanon ng literatura. Kompara sa libro niyang Walden, naniniwala ang ilan na ang talaarawan ni Thoreau, na kaniyang ginamit para sa kaniyang mga lektura—na pinagmulan ng mga nailimbag niyang libro at sanaysay—ang tunay niyang magnum opus (Wulf). Sa Pilipinas, inilimbag ang *Makamisa*, ang tinaguriang ikatlong nobela ni Rizal kahit na hindi ito natapos. Bukod sa mga borador na nailathala at tinatanggap na parte ng panitikan, mayroon ding mga ilang porma ng pagsusulat na mala-borador ang katangian. Ayon kay Scandura, ang "streams of consciousness" sa prosa nina William James, Virginia Woolf, at James Joyce ay mala-borador. Binanggit din niya ang mga

tula ni Frank O'Hara sa libro nitong *Lunch Poems* na pawang pinagtagpi-tagping hinagap habang naglalakad (5).

*

Dahil ang laman nito ay halos pawang mga borador, ang Talahardin ay maituturing na ring isang artsibo—isang personal na artsibo. Bilang isang artsibo, hinihiram nito ang mga katangian ng mga laman nitong borador: pira-piraso, parsiyal, at hindi rin tapos (Scandura 12). Sa Talahardin, maski ang mga sulating may tag na #evergreens ay maaari pa ring magbago. Ang tag na ito ay tumutukoy lamang sa kahinugan ng isang sulatin at hindi sa pagiging tapos nito. Sa katunayan, ibinabalik ko minsan ang isang talang may tag na #evergreens sa tag na #seedlings kung may dumarating na bagong hinagap na humihingi ng karagdagang pagbabago. Ang layunin ng pagbabalik sa mga naipunlang sulatin ay hindi upang tapusin kundi upang panatilihin ang mga ito na parating akma, buhay, at kapaki-pakinabang sa aking pagsusulat.

Madali ang pagsasaborador ng mga sulatin kapag nasa anyong digital. Habang mas nagiging mura at demokratiko ang mga teknolohiyang ginagamit sa pag-iisip at pagsusulat, mas nagiging madali ang paggamit ng borador. At dahil mas madaling gumamit ng borador, mas madaling nakikita ng manunulat ang kalipunan ng kaniyang mga sulatin bilang isang artsibo. Sa kasaysayan, ang papel na borador ay naging posible lamang pagkatapos maimbento ang pag-iimprenta (Stallybrass 5). At noong naging murang-mura ang presyo ng papel at ipinakilala ang makinilya, bumilis nang bumilis ang produksiyon ng literatura dahil mas naging mura at madali ang pagsubok sa iba't ibang pamamaraan ng pagsusulat at pagbabagong-isip (Scandura 27). Sa kasalukuyan, dahan-dahan nang nawawala ang papel sa panganorin. Mas madali nang magparami ng borador gamit ang kompyuter at hindi kailangan parating iimprenta ang mga borador sa papel. Ibig sabihin, dahil sa mura at demokratikong teknolohiya, mas nagiging madaling tingnan ang praktika ng malikhaing pagsulat bilang isang dinamikong proseso na kumikiling sa pagiging hindi tapos ng mga sulatin.

Pagbabago ang prinsipyong iniinugan ng Talahardin. Ang mga borador at ang mismong code ng mga app na ginagamit ko para itayo ang Talahardin ay maaaring baguhin ano mang oras (Gitelman 69–70). Dahil open source ang Obsidian at Quartz, kailangan ko lamang matutuhan ang programming at madali ko nang mababago ang code ng mga ito. Samakatwid, ang teknolohiya sa likod ng Talahardin na naglalaman ng mga borador ay pawang mga borador din.

*

Ang pagiging pira-piraso, mala-borador, at paggamit ng open source na teknolohiya ay nakatutulong din sa pagsulong sa isa pang mahalagang katangian ng Talahardin: ang pagiging bukas nito sa publiko. Kung ang nailimbag na akda ay borador pa rin dahil maaari pa rin itong magkaroon ng panibagong mga edisyon, ano ang pagkakaiba nito sa ibang borador? Ang pagiging limbag nito (Taha 159).

Bagamat halos pawang mga borador ang laman ng Talahardin, nagpasya akong ibahagi ito sa publiko gamit ang aking website.[11] Ginawa ko ito dahil naniniwala ako sa mga benepisyong maidudulot ng pagsusulat sa harap ng iba maski hindi pa tapos ang isinusulat. Malaki ang naitulong sa akin ng pagbabasa ng mga talaarawan ng mga manunulat upang maintindihan ang ugnayan ng kasanayan ng pagsusulat at ang produkto nito. Sa pananaw ko, kailangan ng mga manunulat—lalo na kapag nagsisimula pa lang sila—na maintindihan na sa pagsusulat, mas mahalaga ang proseso kaysa sa produkto.

Isa pa, kailangan ng mga manunulat ng mga modelong tutularan at sa pamamagitan ng paglilimbag ng mga gawang hindi pa tapos, natutulungan ng mga batikang manunulat ang mga baguhan na makita ang proseso ng paglikha. Nauunawaan nilang ang proseso ng pagsusulat ay gumugugol ng mahabang panahon at ito'y isang kasanayang dahan-dahang nalilinang. Ginagawa na ito ng maraming mananaliksik sa ibang larangan,[12] kaya naisip ko, bakit hindi puwedeng gawin sa malikhaing pagsulat? Sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga iniwang borador at mala-borador na sulatin ng mga paborito nating manunulat, hindi lang lumalalim ang pag-unawa natin sa mga naiwan nilang akda kundi nakikita rin natin ang proseso at, higit sa lahat, ang buhay na pinagdaanan bago nailuwal ang mga akdang kinagigiliwan natin.

Dahil inilalathala nito ang mga sulating hindi tapos habang patuloy silang nagbabago at umuunlad, pinalalabo ng Talahardin ang hanggahan ng borador at nailathalang literatura. At dahil dito, pinupukaw tayo ng Talahardin na tanungin ang ating mga sarili kung dapat bang ituring na tapos, solido, buo, at nakalimbag ang ano mang sulating nararapat isama sa kategorya ng panitikan.

*

[11] Ang website kong vinceimbat.com ay ang Talahardin mismo na naisapubliko lamang. Hindi ito isang blog. Sa halip, puno ito ng mga hindi tapos na mga sulatin. Gumagamit ako ng isang open source software na tinatawag na Quartz na nilikha at patuloy na pinananatili ni Jacky Zhao at ng masiglang komunidad ng mga user nito. Upang malaman kung paano ito gamitin, pumunta sa quartz.jzhao.xyz. Puwede rin namang gamitin ang Quartz sa loob ng Obsidian mismo.

[12] Halimbawa, tingnan ang website ni Andy Matuschak, isang kilalang mananaliksik sa larangan ng "tools for thought": notes.andymatuschak.org.

Sa karanasan ko, na karanasan din ng ibang gumagamit sa paglalakad bilang metodolohiya ng pagsusulat, ang akto ng paglalakad ay madalas nanganganak ng mga uri ng sulating pira-piraso, hindi magkakaugnay, at hindi tapos. Sa madaling sabi, ang paglalakad ay nagbubunga ng mga borador. At bakit hindi? Ang paglalakad, tulad ng borador, ay parating bumibiyahe, parating nasa gitna, parating nasa isang liminal na estado. Tama lang na magluwal ito ng mga kaisipang sumasalamin din sa mga katangian nito bilang metodolohiya.

Hinihingi ng metodolohiya ng paglalakad ang seryosong pag-aaral sa borador at artsibo tulad ng Talahardin bilang mabisang porma ng panitikan na sasalo sa mga materyal na iniluluwal nito. Dahil mahabang proseso ang pagsusulat, mahalaga ang ginagampanan ng borador sa pagsulong nito. Gamit ang borador, nabubuksan at mas naiintindihan ang naisapinal na bersiyon ng sulatin. Tulad ng ipinaliwanag ko sa itaas, ang pagiging pinal ng isang akda ay isang ilusyon: ang nailathalang sulatin ay maaari pa ring ituring na borador para sa panibagong edisyon nito (Taha 159). Ang ginagawa ng isang sistema ng pagsusulat tulad ng Talahardin ay nagtatayo ng estruktura gamit ang post-print na mga teknolohiya upang maisapraktika ang mala-borador na katangian ng lahat ng uri ng pagsusulat. Sa tingin ko, ang pinagsamang praktika ng paglalakad at pagsusulat ay mas madaling matutulungan ng isang poetikang tumitingin sa kalipunan ng mga akda ng isa bilang isang artsibong umiinog sa mga prinsipyo ng pagkakapira-piraso, pagbabago, at hindi pagiging tapos.

*

Sa kasalukuyan, personal na sistema ko lang ang Talahardin at sa sanaysay na ito ko unang idinetalye ito. Pero habang ginagamit ko ang Talahardin at isinasapubliko ang mga borador ko, naiisip ko rin kung paano ito maaaring gamitin ng iba. Maaaring hiramin ng ibang manunulat na nais mag-eksperimento sa paglalakad, borador, at artsibo ng sistema ng Talahardin. Pero may nagbabasa ba talaga ng borador o mga akdang "work in progress"?

Meron. May ilang manunulat na siniserialize ang mga libro nila sa kanilang website sa halip na ilathala ito nang minsanan. Ang ibang mambabasa ay nagbabayad para lang mabasa ang susunod na kabanata ng mga librong ito at magbabayad ulit kapag inilathala na ang pinal na bersiyon ng libro.[13] Ang ibang manunulat naman ay nagsusulat ng online na talaarawan tungkol sa proseso ng kanilang pagsusulat. Paywalled o may bayad ang mga content na ito at handang magbayad ang ilang mambabasa para lang makita ang "behind the scenes" na proseso ng paborito nilang mga manunulat. Marami sa mga handang tumangkilik sa mga borador at mala-borador na mga akdang ito ay

[13] Para sa isang halimbawa kung paano iserialize ang isang libro, pumunta sa https://ffeathers. wordpress.com/2017/07/29/publishing-a-book-online-in-serial-form/.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

mga manunulat ding nais matuto sa proseso ng tinitingala nilang awtor.[14] Sa Pilipinas, ginagawa ito ni Edgar Calabia Samar. Nasubukan kong maging miyembro ng Patreon page niya kung saan siya nagpapublish ng mga "works in progress" o serialized na mga akdang hindi pa tapos.[15] Bagamat mas hugis pinal ang ibinabahagi nila kaysa sa mga sulating makikita sa Talahardin, patunay ang ginagawa ng mga manunulat na ito na may mga mambabasang interesado sa borador at sa mga mala-borador na akda. Subalit, bilang isang anyo ng elektronikong literatura, paano lulugar ang Talahardin sa isang cyberspace na may mga platform nang pinupuntahan ng maraming mambabasa tulad ng blog, social media, at Wattpad?

Sa mga Pilipinong nagbabasa na, hindi maaaring ikailang lumalaki ang ginagampanan ng elektronikong literatura sa pagdaan ng panahon. Mas maraming panahon ang ginugugol nating mga Pilipino online at sa mga gadget natin kaysa sa totoong buhay (Dela Peña). Kung nagbabasa man tayo, madalas sa mga gadget natin. May mga Pilipinong mahilig ding magbasa sa kanilang mga e-reader tulad ng Kindle o Kobo.[16] Bagamat ang sales ng nailimbag na mga libro sa buong mundo (Curcic) ay nagpapahiwatig na malayo pa tayo sa prediksiyon ni Robert Coover noong 1992 na *Katapusan ng mga Libro* (*The End of Books*), dumarami nang dumarami ang nagbabasa sa kanilang mga gadget maski sa Pilipinas kaya't kailangan nating seryosong pag-isipan ang implikasyon nito sa susunod na henerasyon ng mga mambabasa at ang mga uri ng elektronikong literatura na huhubugin natin bilang mga manunulat para sa kanila.

Mahalaga rin ang ginagampanan ng elektronikong literatura para sa mga lugar at mga grupong hindi naaabot o nagkukulang sa mga libro. Nagulat ako nang malaman sa pamangkin kong nag-aaral sa isang pampublikong elementarya sa Baguio na hindi na raw sila gumagamit ng libro. Puro modyul na ipinadadala ng kanilang mga guro online ang binabasa nila ngayon. Malamang epekto ito ng pandemya na nagbukas sa kamalayan ng marami sa atin sa potensiyal ng elektronikong media. Sa Pangasinan naman, halos walang mabasang literatura sa wikang Pangasinan kaya walang malinaw na modelo ng palabaybayan ang wika sa kasalukuyan. Dahil dito, hindi komportable ang marami sa aming mga Pangasinense na magsulat sa sarili naming wika. Sa pamamagitan ng mga influencer na biglang sumisikat sa Facebook dahil sa kanilang mga post o vlog sa wikang Pangasinan, nagkakaroon na ng kumpiyansa ang maraming follower ng mga influencer na ito na magkomento

[14] Para sa isang halimbawa, tingnan ang membership website ni Craig Mod sa https://craigmod .com/membership/.

[15] Tingnan ang Patreon page ni Samar sa https://www.patreon.com/ecsamar.

[16] Habang isinusulat ko ito, may mahigit pitong libong miyembro ang Facebook group na Kindle E-reader Philippines.


gamit ang sarili nilang wika, na siya namang nagpapalabas sa nakatagong ortograpiya ng wikang Pangasinan. Kung mahalaga ang ginagampanan ng elektronikong literatura sa pagpapayabong ng pagbabasa at pagsusulat ng mga Pilipino hindi lamang sa Ingles at Filipino kundi pati sa mga wikang rehiyonal, paano natin mas mapagyayaman pa ang mga uri ng elektronikong literatura na mayroon tayo?

*

Ang pinakaunang mga webpage noong dekada 1990 ay mala-hardin: ang isang pahina ay konektado sa iba pa. Ang "hypertext garden" na tawag sa mga webpage na ito ay parang mga laberinto na bagamat may iisang pasukan (ang home page) ay napakarami namang lagusan kaya hindi ito magagalugad gamit lang ang iisang daan. Tulad ng laberinto, ang hypertext garden ay nag-uudyok sa mambabasa na maglakad sa iba't ibang lagusan, pumili ng sarili niyang daan, maghanap ng panibagong mga ruta, at magbabad sa hardin ng mga salita. Upang hindi siya mawala, nagbigay ang mga unang developer ng hypertext garden ng kaunting gabay gamit ang isa o dalawang talata na may mga "hyperlink," mga salitang kulay asul at kapag pinindot ay ililipat ka sa ibang webpage (Appleton). Ayon kay Mark Bernstein, "Unplanned hypertext sprawl is wilderness: complex and interesting, but uninviting. Interesting things await us in the thickets, but we may be reluctant to plough through the brush, subject to thorns and mosquitoes." ("Ang walang planong paglalakad sa hypertext ay paglalakad sa ilang: masalimuot at kawili-wili, pero hindi kaakit-akit. May mga nag-aantay na sorpresa sa may dawagan, pero nag-aatubili tayong hawanin ang daang puno ng mga tinik at lamok." akin ang salin). Ito ang hitsura ng internet noong nagsisimula pa lang ito: hindi linear, sa halip ay pira-piraso, collage, parang mga daang nilalakaran.

Nagbago ang tanawing ito ng internet noong ipinakilala ang Moveable Type noong 2001, isang content management system (CMS) na lubhang pinadali ang paglikha at pagpapanatili ng mga web diary. May mga nagbabahagi na ng kanilang mga web diary bago pa dumating ang Moveable Type, subalit napakahirap gumawa at magpanatili nito kaya hindi ito sumikat. Noong 1999, dalawang taon bago dumating ang Moveable Type, dalawampu't tatlong web diary lamang ang naiulat sa buong mundo. Dumami ito hanggang 1,285 noong 2000 at naging mga web blog na ang tawag sa kanila dahil nagsisimula nang lumayo ang mga ito mula sa personal na mga paksang tipikal sa diary (Hoy).

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University



Larawan 5. Hypertext Garden. Home page ng isang hypertext garden tungkol sa hypertext garden na nilikha ni Mark Bernstein noong 1998.

Dahil sa Moveable Type, mas dumami pa ang mga web blog sa internet at dahan-dahan nilang pinalitan ang mga hypertext garden. Sa halip na sanga-sangang daan, laberinto, o hardin, ang internet ay nagsimulang maging ilog na umaagos sa iisang linear na daluyan. Ang mga webpage ay unti-unting nagbago. Ang mga home page na parang talaan ng mga nilalaman ay napalitan ng listahan ng mga webpage na naorganisa hindi ayon sa ugnayan ng mga ito sa ibang webpage kundi ayon sa petsa kung kailan ito nilikha (Hoy). Ang mga webpage ay tinawag nang mga post, isang pangalang nagdiriin sa pagiging bago nito, at ang pinakabagong post ay inilalagay sa itaas ng listahan kung saan madali itong makita, samantalang ang mga lumang post ay ibinabaon sa ilalim. Ang internet ay pumasok na sa "Chronological Sort Era" at iniluwal ang blog na siya namang pinanggalingan ng konsepto ng feed ng mga social media platform (Hoy). Sa blog at feed ng social media, ang pagiging bago ng content ang binibigyan ng importansiya. Gaano man kahusay at kahalaga ang isang sulatin, maibabaon ito sa limot kung hindi ito bago. Ang ilog ay nagsimula nang rumagasa.

Mahalaga ang ginagampanan ng mga blog at social media platform, kasama na rin ng Wattpad na parang social media platform ng mga mahilig magbasa, sa pag-unlad ng elektronikong literatura hindi lang sa Pilipinas kundi sa buong mundo. Subalit may mga limitasyon ang kasalukuyang naghaharing sistema ng pag-ooranisa ng mga isinusulat at binabasa natin online na

maaaring punan ng pagbabalik sa substansiya ng orihinal na mga hypertext garden. Sa sanaysay niyang "The Garden and the Stream: A Technopastoral," tinawag ni Mike Caufield ang blog at feed na "stream." Ayon kay Caufield, ang stream ay magaling sa pag-uugnay ng iba't ibang tao. Mahalaga ang stream dahil tulad ng mga sinaunang ruta ng mga bangka, ikinokonekta nito ang iba't ibang grupo ng mga netizen kaya nagkakaroon ng "conversational web" ang internet. Subalit, dahil dumadaloy lang ang stream mula sa iisang tao o iisang grupo ng tao, malaki ang potensiyal na mahumaling ang mga nasa stream sa iisang boses o iisang opinyon. Ayon kay Caufield, bagamat pinagdurugtong ng stream ang mga tao, ang pagbababad dito ay maaaring magpalalim sa mga hidwaan at pagkakahati sa lipunang puno ng mga taong magkakaiba ang paniniwala. May mahalagang ginagampanan ang stream. Pero kailangan ng mga alternatibong sistema ng pagsusulat at pagbabasa na magpupuno sa mga pagkukulang nito at magbabalanse sa nakapipinsala nitong epekto (Caufield).

Sa tingin ko, may mahalagang tungkuling gagampanan ang pag-usbong at pagbabalik ng mga mala-hypertext garden na teknolohiya tulad ng Obsidian at Quartz na tinutuntungan ng Talahardin sa pagpapayabong ng alternatibong mga paraan ng pagbabasa sa internet. Sa mundo na halos lahat tayo ay mga content creator na, mahalagang isyu ngayon ang quality control. Kailangan nating tawirin ang pagkahumaling natin sa kung ano ang "bago" upang makarating tayo sa kung ano ang "totoo." Ang Talahardin ay hindi lamang isang kagamitang naglalathala ng mga sulatin; isa rin itong kagamitang tumutulong sa manunulat na tumahimik, mag-isip nang malalim, tumingin sa pagkakaugnay-ugnay ng mga naisulat na niya at ang ugnayan ng mga ito sa mga isinulat ng iba. Isa pa, bilang isang platform na nagsasarili, diskonektado ito sa mga problemang nakabitin sa mga social media company na may malalaking motibong komersiyal: hindi nito ipinagbibili ang privacy natin sa mga advertiser, hindi tayo nito tinitiktikan, at higit sa lahat, mananatili ito kahit wala na ang mga social media platform na kinahuhumalingan natin ngayon, bagay na nangyari sa ilang social media platform noon tulad ng Friendster at MySpace.

Oo, tulad ng ninuno nitong hypertext garden, sa umpisa ay mahirap maakit sa masukal na mga daan ng Talahardin. Subalit wala naman talagang madali sa pagsusulat. Naghahanap at sumusubok tayo ng bagong mga pamamaraan hindi para maging madali ang lahat kundi para mapalalim pa lalo itong maiksing pag-iral nating lahat sa mahabang paglalakad na ito ng buhay.

Naiinspire ako sa mga katulad kong manunulat na prodyuser din ng kanilang mga akda—mga manunulat na nagseself-publish at nagbebenta ng sarili nilang mga zine at aklat. Sa isang post-print na mundo na mas marami na ang mga webpage kaysa sa pahinang papel, siguro ang manunulat ng hinaharap ay matututo na rin ng programming, kakawala mula sa makipot na

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

mga estruktura ng malalaking social media platform, at lilikha ng sarili niyang platform kung saan siya ang magsusulat at magpapamahagi sa sarili niyang mga akda online. Ito ang nakikita kong maaaring patunguhan ng Talahardin. Pero ang pangitaing ito ay borador din.

Mga Sanggunian

Agoncillo, Teodoro. *History of the Filipino People*. 8th ed., C & E Publishing, Inc., 2012.

Ahrens, Sönke. *How to Take Smart Notes: One Simple Technique to Boost Writing, Learning and Thinking – for Students, Academics and Nonfiction Book Writers*. CreateSpace Independent Publishing Platform, 2017.

Appleton, Maggie. "A Brief History & Ethos of the Digital Garden." *Maggie Appleton*, https://maggieappleton.com.

Arenas, Miguel, et al. "The Early Peopling of the Philippines Based on mtDNA." *Scientific Reports*, tomo. 10, blg. 1, 2020, https://doi.org/10.1038/s41598-020-61793-7.

Biasi, Pierre-Marc De at Ingrid Wassenaar. "What Is a Literary Draft? Toward a Functional Typology of Genetic Documentation." *Yale French Studies*, blg. 89, 1996, pp. 26–58, https://doi.org/10.2307/2930337.

Bugbee, Henry. *The Inward Morning: A Philosophical Exploration in Journal Form*. The U of Georgia P, 1999.

Caufield, Mike. "The Garden and the Stream: A Technopastoral." *Hapgood*, 17 Okt. 2015, https://hapgood.us/2015/10/17/the-garden-and-the-stream-a-technopastoral/.

Coover, Robert. "The End of Books." *The New York Times*, 21 Hun. 1992, https://archive .nytimes.com/www.nytimes.com/books/98/09/27/specials/coover-end.html?pagewanted =all.

Corpuz, Arturo G. *The Colonial Iron Horse: Railroads and Regional Development in the Philippines (1875–1935)*. U of the Philippines P, 1999.

Cruz, Conchitina. *Authoring Autonomy: The Politics of Art for Art's Sake in Filipino Poetry in English*. 2016. University at Albany, State University of New York, https://www .proquest .com/openview/a9ed1f639df33d0d2c175f668dcffd37/1?pq-origsite=gscholar&cbl=18750.

Curcic, Dimitrije. "Global Book Sales Statistics." *Wordsrated*, 26 Enero 2023, https://wordsrated .com/global-book-sales-statistics/.

Dahlstrom, Daniel O. "Thrownness (*Geworfenheit*)." *The Heidegger Dictionary*. A&C Black, 2013, pp. 212–215.

Dela Peña, Kurt. "PH Social Media Craze: 77% of Filipinos More Engaging Online than in Real Life." *INQUIRER.Net*, 2 Peb. 2023, https://newsinfo.inquirer.net/1724608/.

Détroit, Florent, et al. "A New Species of Homo from the Late Pleistocene of the Philippines." *Nature*, tomo. 568, blg. 7751, Abril 2019, pp. 181–186, https://doi.org/10.1038/s41586-019-1067-9.

Epstein, Mikhail. "Lyrical Philosophy, or How to Sing with Mind." *Common Knowledge*, tomo. 20, blg. 2, 2014, pp. 204–213, https://doi.org/10.1215/0961754X-2422899.

Foreman, John. *The Philippine Islands: A Political, Geographical, Ethnographical, Social and Commercial History of the Philippine Archipelago Embracing the Whole Period of Spanish Rule With an Account of the Succeeding American Insular Government*. ikatlong ed., Project Gutenberg, 2007.

Gaillard, Jean-Christophe, and Joel P. Mallari. "The Peopling of the Philippines: A Cartographic Synthesis." *Hukay: Journal of the University of the Philippines Archaeological Studies Program*, tomo. 6, 2004, pp. 1–27. https://shs.hal.science/halshs-00119458/.

Gros, Frédéric. *A Philosophy of Walking*. Verso, 2014.

Hoy, Amy. "How the Blog Broke the Web." *Stacking the Bricks*, https://stackingthebricks.com/how-blogs-broke-the-web/.

Kirsch, Scott. "Aesthetic Regime Change: The Burnham Plans and US Landscape Imperialism in the Philippines." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, tomo. 65, blg. 3, 2017, pp. 315–356, https://doi.org/10.1353/phs.2017.0021.

Lee, Ricky. *Trip to Quiapo: Scriptwriting Manual*. Anvil Publishing, 2010.

Lisa, Gitelman. *Paper Knowledge: Towards a Media History of Documents*. Duke UP, 2014.

Maracke, Catharina. "Free and Open Source Software and FRAND-Based Patent Licenses." *The Journal of World Intellectual Property*, tomo 22, blg. 3–4, 2019, pp. 78–102, https://doi .org/10.1111/jwip.12114.

Metcalf, Kate Johnson. *Erode You Mountains: Singing Citizenships in the Ikalahan Ancestral Domain*. 2014. U of London, https://www.academia.edu/15228821/.

Mijares, Armand Salvador, et al. "New Evidence for a 67,000-Year-Old Human Presence at Callao Cave, Luzon, Philippines." *Journal of Human Evolution*, tomo 59, blg. 1, Hul. 2010, pp. 123–132. https://doi.org/10.1016/j.jhevol.2010.04.008.

Naqib, Faisal, et al. "Molecular Determinants of the Spacing Effect." *Neural Plasticity*, tomo 2012, Mar. 2012, pp. 1–8, https://doi.org/10.1155/2012/581291.

Norris, Ray P. at Bill Yidumduma Harney. "Songlines and Navigation in Wardaman and Other Australian Aboriginal Cultures." *Journal of Astronomical History and Heritage*, tomo 17, blg. 2, 2014, pp. 1–15, https://doi.org/10.48550/arXiv.1404.2361.

Richardson, William J. *Heidegger: Through Phenomenology to Thought*. Martinus Nijhoff Publishers, 1963.

Sandugo: Kampuhan sa Diliman 2016 Literary Folio. Kusog sa Katawhang Lumad sa Mindanao (KALUMARAN) / Save Our Schools Network - UP Diliman / Saura Bangsamoro / Sandugo Alliance / Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND-UP Diliman) / Kataga, 2016.

Santos, Ana P. "The Sumilao Farmers, a Decade after They Marched for Their Rights." *Rappler*, 15 Okt. 2017, https://www.rappler.com/moveph/.

Scandura, Jani. "The Matter of Drafts." *Oxford Research Encyclopedia of Literature*, pinatnugutan ni Paula Rabinowitz, Oxford UP, 2020, https://doi.org/10.1093/acrefore/9780190201098 .013.205.

Serrano, Vincenz. *Eskinita and Other Poems and Form, Historiography, and Nation in Nick Joaquin's Almanac for Manileños*. 2011. U of Manchester, https://pure.manchester .ac.uk/ws/portalfiles/portal/54511903/FULL_TEXT.PDF.

---. *The Collapse of What Separates Us*. High Chair, 2010.

---. *When a Map Is Folded Cities Come Closer,When Clothes Are Unpacked Cities Fall Apart*. High Chair, 2016.

Schilbrack, Kevin. "The Concept of Religion." *The Stanford Encyclopedia of Philosophy*, pinatnugutan ni Edward N. Zalta, Summer 2022, Metaphysics Research Lab, Stanford U, 2022. *Stanford Encyclopedia of Philosophy*, https://plato.stanford.edu/archives/sum2022/ entries/concept-religion/.

Smith, Phil. *Mythogeography: A Guide to Walking Sideways - Compiled from the Diaries, Manifestos, Notes, Prospectuses, Records and Everyday Utopias of the Pedestrian Resistance*. First Edition, Triarchy P, 2010.

Solnit, Rebecca. *Wanderlust: A History of Walking*. Penguin Books, 2001.

Stallybrass, Peter. "Printing and the Manuscript Revolution." *Explorations in Communication and History*, pinatnugutan ni Barbie Zelizer, Routledge, 2008, pp. 111–118.

Taha, Ibrahim. "Literary Draft: The Semiotic Power of the Lie." *Semiotica*, tomo 2004, blg. 152-1–4, Nob. 2004, pp. 159–177, https://doi.org/10.1515/semi.2004.2004.152-1-4.159.

Thoreau, Henry David. *The Journal of Henry David Thoreau, 1837–1861*, pinatnugutan ni Damion Searls, Ilustradong ed., NYRB Classics, 2009.


Tolentino, Rolando B. "@RTDAGLI: Maiklingmaikling Kwentong SMS at Tweets." *Unitas*, tomo. 90, blg. 1, 2018, pp. 114–124, https://unitasust.net/wp-content/uploads/2018/07/ UNITAS-90-1-Rolando-Tolentino-RTDAGLI.pdf.

---. "Weder-weder Lang! Ang Materialidad ng Panahon at Espasyo ng Dagli." *Ang Dagling Tagalog (1903–1936)*, pinatnugutan nina Rolando B. Tolentino at Aristotle J. Atienza, Ateneo de Manila UP, 2007, pp. 21–29.

Werner, Marta L. "'Reportless Places': Facing the Modern Manuscript." *Textual Cultures*, tomo 6, blg. 2, 2011, pp. 60–83, https://doi.org/10.2979/textcult.6.2.60.

Wulf, Andrea. "'Walden' Wasn't Thoreau's Masterpiece." *The Atlantic*, 6 Oct. 2017. *The Atlantic*, https://www.theatlantic.com/magazine/archive/2017/11/what-thoreau-saw/540615/.

Mapa ng Los Baños Patungo Sa ‘yo[17]



[17] Nilikha ang mapang ito gamit ang OpenStreetMap ayon sa kanilang copyright notice na mababasa sa https://www.openstreetmap.org/copyright. Ang datos sa mapa ay ginamit ayon sa Open Database License na mababasa sa https://opendatacommons.org/licenses/odbl/1-0.

Heswitik

Jesuitick

Khavn
Pamantasang Ateneo de Manila
khavndelacruz@gmail.com

Abstrak

Mula sa "Poetika": Sa totoo lang, hindi ko na maalala ang mga obrang ito. Parang isinulat ng ibang tao. Past life, wika nga. Bagamat parang sa panaginip, may ilang bahagi akong bahagyang naaalala. Ngunit sa pangkalahatan, buradong pisara. Maihahalintulad din ito sa gabing lasing na lasing ka at wala kang maalala kinabukasan maliban sa ilang piraso ng sandali at best.

Isa sa mga paborito kong dasal—na nilapatan ko rin ng musika—ay ang Dasal ng Katahimikan ni San Francisco ng Assisi. "Daanan ako ng pag-ibig mo."

Totoo na isa sa mga nuno ng akda (tula/kwento/kunganoman) kong "Ako" (dalawampu't dalawang pahina) ay ang tula ni [Alejandro G.] Abadilla na "Ako Ang Daigdig."

Nilapatan ko ng musika ang tulang "Ako ang Daigdig" ni Abadilla para sa banda kong The Brockas. Binigkas ko ang "Ako ang Daigdig" sa pelikula kong "Ruined Heart" / "Pusong Wazak." Ginamit ko ang tula ni Abadilla na "Dilim, Mutyang Dilim" bilang intertitulo sa maigsing pelikula kong "Book of Storms and Darkness" / "Aklat ng Bagyo at Dilim."

Bagamat may mga ganito kaming "kolaborasyon" ni Abadilla sa musika at pelikula, mas tinuturing/malay kong idolo/impluwensiya sa panulaang Filipino sina Jose F. Lacaba, Emmanuel Lacaba, Rolando S. Tinio.

From the "Poetics": In truth, I could no longer remember these works. Like written by a different person. Past life, as they say. Although as in a dream, there are parts I barely remember. But as a whole, a cleared slate. Like those nights you were so drunk and you could not remember the next day except for a few shards of a second at best.

One of my favorite prayers—that I composed music for—is the Prayer of Silence of Saint Francis of Assisi. "Let your love flow through me."

It is true that one of my fathers in writing (poem/story/whateveritis) "Ako" (twenty two pages) is [Alejandro G.] Abadilla's poem "Ako ang Daigdig."

I composed music for Abadilla's poem "Ako ang Daigdig" for my band The Brockas. I recited the poem "Ako ang Daigdig" for my film "Ruined Heart"/ "Pusong Wazak." I used Abadilla's poem "Dilim, Mutyang Dilim" as an intertitle for the short film "Book of Storms and Darkness" / "Aklat ng Bagyo at Dilim."

Although Abadilla and I have these collaborations in music and film, I consider/am aware that my idol/influence in Filipino poetry are Jose F. Lacaba, Emmanuel Lacaba, Rolando S. Tinio.

Mga Susing-salita

wazak, nosebleed, pomo, basbas, alejandro g. abadilla, atenistanga, pedophilia

wazak, nosebleed, pomo, basbas, alejandro g. abadilla, atenistanga, pedophilia

Tungkol sa May-akda

Ama ng kilusang Philippine No Wave, nakagawa na si Khavn ng 300+ pelikula kabilang na ang *Balangiga: Howling Wilderness* (Pinakamahusay na Pelikula sa Urian at Famas); 15 libro ng tula, maikling kuwento, at pag-aaral ng pelikula; 40 album, kabilang na ang album ng spoken poetry na *Dilang-Putol* at mga palabas ng The Brockas, Fando & Lis, at Khavn & The Kontra-Kino Orchestra. Nakatanggap na rin siya ng Palanca para sa kaniyang maikling kuwentong "Ang Pamilyang Kumakain Ng Lupa," at koleksiyon ng tula na "Larombata." Nagsilbing hurado na rin siya sa Berlinale, Clermont-Ferrand, CPH:DOX, Jeonju, BiFan, Jihlava, New Horizons, Dok Leipzig; at nakapaglunsad ng eksibit sa Venice, Rotterdam, Oberhausen, Venice Architecture Biennale, MoMA, MAXXI, Guggenheim, Tate, National Museum of Singapore, Museo Reina Sofia. Nakapagturo na siya sa Jihlava Academy, Bela Tarr's Film Factory, Goethe Institut, Danish Film Institute; at naging kurador para sa Viennale, Edinburgh IFF, Sharjah Biennial. Naging kapwa patnugot siya ng *Under The Storm*, isang antolohiya ng kontemporanyong pagtulang Filipino, nakapaglathala ng mga komiks, zine, at iba pang panitikang alternatibo.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Poetika

Magsulat gamit ang iba't bahagi ng lamanloob. Huwag magpauto sa utak. Magpalunod sa puso. Himasin ang ari hanggang sumabog. Itala ang lahat bago sakupin ng paglimot.

Mga nakalimutang salita. Manunulat bilang sinaniban, nagpagahasa sa multong mas malibog pa kay Kristo at lahat ng santo.

Sa totoo lang, hindi ko na maalala ang mga obrang ito. Parang sinulat ng ibang tao. Past life, 'ika nga. Bagamat parang sa panaginip, may ilang bahagi akong bahagyang naaalala. Ngunit sa pangkalahatan, buradong pisara. Maihahalintulad din ito sa gabing lasing na lasing ka at wala kang maalala kinabukasan maliban sa ilang piraso ng sandali at best.

Isa sa mga paborito kong dasal —na nilapatan ko rin ng musika— ay ang Dasal ng Katahimikan ni San Francisco ng Assisi. "Daanan ako ng pag-ibig mo."

Totoo na isa sa mga nuno ng akda (tula/kwento/kunganoman) kong "Ako" (dalawampu't dalawang pahina) ay ang tula ni Abadillang "Ako Ang Daigdig."

Nilapatan ko ng musika ang tulang "ako ang daigdig" ni Abadilla para sa banda kong The Brockas. Binigkas ko ang "ako ang daigdig" sa pelikula kong "Ruined Heart" / "Pusong Wazak." Ginamit ko ang tula ni Abadilla na "Dilim, Mutyang Dilim" bilang intertitulo sa maigsing pelikula kong "Book of Storms and Darkness" / "Aklat ng Bagyo at Dilim."

Bagamat may mga ganito kaming "kolaborasyon" ni Abadilla sa musika at pelikula, mas tinuturing/malay kong idolo/impluwensiya sa panulaang Pilipino sina Jose F. Lacaba, Emmanuel Lacaba, Rolando S. Tinio. Interesante na sa antolohiyang "Walong Dekada ng Makabagong Tulang Pilipino' ni Virgilio S. Almario, isa sa mga pinakatumimo sa akin ay ang tulang "ako" ni Virgilio V. Vitug na "Ako, Si Virgilio V. Vitug."

Ngayong nabanggit si Abadilla, may pagnanasa akong maglunoy sa mga aklat niya. Sa kasamaang-palad, wala na sa sirkulasyon ang mga ito at kailangan ko pang magtungo sa Rizal Library para masakatuparan ang balak na ito.

Ginaganahan din akong magsulat ng bagong tula (bagamat lagi't lagi kong sinusumpa na hindi na ako susulat ng tula dahil sa dami ko nang tulang nasulat) na pinamagatang "Hindi Ako si Khavn."

Ano nga ba ang tulang lirikal? Madamdaming paghahayag na hindi nakasalalay sa naratibo at may malakas na hawig sa musika sa pagkahumaling nito sa himig at indayog ng mga salita.

Sa pagsulat / paglikha, inilalabas ko lang ang saloobin ko sa blangkong pahina sa abot ng aking makakaya, nang walang malay sa anyo nito, maliban na lang kung may sadyang sukat at tugma akong sinusundan gaya ng sa sestina, soneto, atbp.

Sabi nga nila, kung ano ang kinain, yaon ang itatae. Dahil marahil sa milyong tulang liriko na nabasa ko kaya hindi maiiwasang may pagkaganito ang mga naisusulat ko.

Kabilang din ako sa kampong nanampalataya sa kapangyarihan ng musika (na pinakaesensiya ng tulang liriko) bilang wikang nakahihigit sa ibang mga sining at uri nito.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Ako

ako ang dakilang taga-empake ng masisikip na damit.

ako ang aspalto sa mukha ng libro.

ako ang dugong.

ako ang palakang humahabi ng banig na gawa sa sitsaron.

ako ang sitsaro at ang ekis na noo.

ako ang nunal na tumutubo kahit saan.

ako ang bulbol na ligaw.

ako ang balakid sa lahat ng hadlang.

ako ang kukong matalim na kumakamot sa pisngi ng dilim.

ako ang kutong mailap.

ako ang pusang hindi namamatay.

ako ang pusang hindi mailigaw-ligaw.

ako ang pusang mas matalino sa karaniwang tao.

ako ang hindi nagbabayad ng renta.

ako ang pumuputol ng kuryente.

ako ang pumuputol ng ari ng batang makulit.

ako ang pumuputol ng titi ng mamang manyakis.

ako ang bumbay na walang pera.

ako ang intsik na hindi nagmamay-ari ng hardware.

ako ang behong nagbabasa ng encyclopedia para makatulog.

ako ang heleng inaawit ng nanay na bungal.

ako ang tinanggal ng suso ng nanay na may kanser.

ako ang kanser na pumatay sa mahal mo sa buhay.

ako ang pusong hindi marunong umibig.

ako ang pusong hindi tumitibok.

ako ang kalansay na mahusay magsayaw.

ako ang reklamador na gustong maging amerkano.

ako ang indian na walang pana.

ako ang koboy na walang baril.

ako ang baril na walang bala.

ako ang kawawang anak ng bayan.

ako ang ginahasa ng sampung martilyo.

ako ang suspek sa lahat ng krimen sa baranggay patola.

ako ang baklang walang aids.

ako ang aids na madamot.

ako ang mapang-imbot mong kapitbahay na galit sa rakenrol.

ako ang hindi nananampalataya sa simbahan ng ampalaya.

ako ang litsugas na hindi hinugasan.

ako ang gatas na namuo sa hairlip.

ako ang perang takot sa utang.

ako ang makapili na hindi namimili.

ako ang bahag na buntot sa asong pulgasin.

ako ang pulgas na matakaw.

ako ang bampira na tulog pag gabi.

ako ang batugan na pangulo.

ako ang hamak na patolang umusbong nang paurong.

ako ang patalim na nagsasalita.

kaya kong kumain ng apoy sa puwet.

kaya kong dumila ng suwelas ng pilantod.

kaya kong humukay ng naaagnas na bangkay ng patse-patseng tuta.

kaya kong maghintay hanggang alas-kwatro.

kaya kong uminom ng puting lason.

kaya kong humithit nang hindi bumubuga.

kaya kong lumamon ng leon.

kaya kong magsunog ng kilay at barung-barong.

kaya kong bumalik sa panahon ng hapon.

kaya kong maglakad sa apoy nang hindi nababubog.

kaya kong pumatay ng gutom.

kaya kong mamatay sa gutom.

kaya kong manampalataya sa birhen ng negrong titi.

kaya kong magpalamig ng ulo hanggang magyelo.

kaya kong maghalukay ng nawawalang bagay at tao sa gumuhong simbahan.

kaya kong mag-ugnay ng dalawang tuldok na duling.

kaya kong magkunwang tupa sa harap ng lobo.

kaya kong umastang mahirap sa harap ng kayamanan.

kaya kong lumipad hanggang ikapitong palapag.

kaya kong maglakad hanggang ikapitong bundok.

kaya kong mag-igib ng tubig sa kanal.

kaya kong magnakaw ng gatas sa pabrika ng mais.

kaya kong magmano sa lahat ng manong sa sabungan.

kaya kong magsipilyo nang pabaligtad.

kaya kong mamboso nang patiwarik.

kaya kong magtangkang patayin ang pangulo at papa.

kaya kong matakot sa dilim.

kaya kong magalit sa basag na pader.

kaya kong mapikon nang hindi tumitingin.

kaya kong magsuklay ng kalbo.

kaya kong maglampaso ng buong pamantasan.

kaya kong sumayaw nang paatras.

kaya kong mangagat nang hindi nagdurugo.

kaya kong bumuntis ng limang patis.

kaya kong umawit nang wala sa tono at tiyempo.

kaya kong mag-ihaw ng liempo.

kaya kong manghuli ng pulis na kurakot.

kaya kong manggahasa ng pulitikong pulpol.

kaya kong pumitik ng bulag.

kaya kong kumain ng bulaga.

kaya kong mangamoy isdang malansa.

kaya kong maghubad ng longganisa.

kaya kong bumigkas ng sanlibong salita sa loob ng isang minuto.

kaya kong matulog nang nakatayo.

kaya kong magbayad nang walang resibo.

kaya kong kumaripas nang takbo sa tunog ng kalembang.

kaya kong makipagkarerahan sa ambulansiya.

kaya kong umupo sa manok.

kaya kong magtago sa loob ng puwet na matambok.

kaya kong ngumasab ng susong malusog.

kaya kong manggamot ng albularyo.

kaya kong ngumata ng dahon ng bayabas.

kaya kong magpatuli sa bulag na martilyo at labaha.

meron akong sasabihin sa iyo.

meron akong nakalimutang gawin kaninang paggising ko.

meron akong palakang nagsasalita.

meron akong kurikong sa kilikili.

meron akong kiliti sa ilong.

meron akong suspetsa kung ano talaga ang nangyari sa kabilang silid.

meron akong pinaghihinalaang kuto.

meron akong sama ng loob na hindi kayang pawiin ng bagyo.

meron akong lihim sa loob ng bote ng gin.

meron akong sinaksak sa tagiliran.

meron akong ulong pinugutan.

meron akong puzzle na hindi mabuo-buo.

meron akong anak sa labas ng inidoro.

meron akong baboy na hindi tinatablan ng maso at kutsilyo.

meron akong matador na gawa sa alkohol.

meron akong tuba na hindi tumutunog pag hinihipan.

meron akong sagot sa lahat ng tanong.

meron akong boksingero sa loob ng garapon.

meron akong katamarang pinaglihi sa liha.

meron akong paggapang na mapaniil.

meron akong nilokong namatay pagkatapos.

meron akong iipitin na mamimilipit sa sakit.

meron akong nalunok na ipis.

meron akong nakagat na ipin.

meron akong kinalilituhang hindi ko talaga maintindihan.

meron akong papeles na nawawala.

meron akong bangungot na bumabagabag pa rin sa akin hanggang ngayon.

meron akong lason sa aking bulsa.

meron akong bulag na malupit pumitik.

meron akong orasan na sinira ng buhangin.

meron akong bayan na walang bayag.

meron akong mahal na malakas umiyak.

meron akong pigsa sa puso.

meron akong hinanakit sa mga sakitin.

meron akong babaerong nagtatago sa loob ng batingaw sa simbahan.

meron akong buhok sa niyog na malauhog.

meron akong plastik na bumara sa lalaugan.

naniniwala ako sa mga moriones na inukit ng matatandang kamay.

naniniwala ako sa sintu-sinto na may sandosenang sintas.

naniniwala ako sa pinigtas na bayag ng kabayo.

naniniwala ako sa numerong mas mailap pa sa pi at lotto.

naniniwala ako sa kimo na pumapatay ng mayayaman.

naniniwala ako sa ospital ng mga bangkay.

naniniwala ako sa gobyernong nagsashabu.

naniniwala ako sa isnatser ng telepono at hikaw na tubog sa ginto.

naniniwala ako sa pekeng pananampalataya ng lorong itim.

naniniwala ako sa palos na pulos kalyo ang palad at talampakan.

naniniwala ako sa mga babasaging pangako.

naniniwala ako sa tarantadong hindi tinatablan ng bus at bangin.

naniniwala ako sa mga pulis na may tato sa noo.

naniniwala ako sa diyos ngayon at magpakailanmang demonyo.

naniniwala ako sa gotong nahulog sa imburnal at hinugasan ng sabong panlaba.

naniniwala ako sa radyong ayaw tumigil maski walang kuryente.

naniniwala ako sa mga laruang ninakaw mula sa ibang bata.

naniniwala ako sa basag na buto ng orasan.

naniniwala ako sa abong pinahid sa pukeng mabantot.

naniniwala ako sa buhanging berde.

naniniwala ako sa matinis na boses ng santo nino?

naniniwala ako sa pagbibilang ng kasalanan at sama ng loob.

naniniwala ako sa matematika ng paghihiganti.

naniniwala ako sa agham ng paghuhubad.

naniniwala ako sa kulay itim.

naniniwala ako sa krimen na walang kriminal.

naniniwala ako sa mga tanong na walang sagot.

naniniwala ako sa mga paslit na nawawala araw-araw.

naniniwala ako sa mga ulam na binubulok para luminamnam.

naniniwala ako sa pelukang pampaganda.

naniniwala ako sa mga sakit na nakakahawa at nakakaawa.

naniniwala ako sa pagbabagong makaluma.

naniniwala ako sa walang hanggang sinuka at tinae.

naniniwala ako sa lubid na walang kinikilalang leeg.

naniniwala ako sa mga blangkong bala at mga baradong baril.

naniniwala ako sa tiwaling katiwala.

naniniwala ako sa lahat ng kabastusan sa loob ng tabernakulo.

naniniwala ako sa mga buhok na tumutubo sa kahit saan.

naniniwala ako sa damong nakapupurol ng dunong.

naniniwala ako sa lahat ng biktima ng marahas na rehas.

naniniwala ako sa awit ng piping adarna.

naniniwala ako sa multong pababa ng hagdan.

naniniwala ako sa tsinelas na ninakaw ng duwende.

naniniwala ako sa ikalimang alamang.

naniniwala ako sa pulang kamatis at luntiang kamatis.

naniniwala ako sa letratong hindi tinatablan ng kapangitan.

naniniwala ako sa makulit na gatas na panis sa pisngi.

naniniwala ako sa tambol na hindi ka tatantanan.

naniniwala akong nagtatapos ang lahat ng agam-agam.

naaalala ko nang itinulak kita sa lockers dahil nakakatawa ka at hindi sila natatawa sa akin.

naaalala ko nang nagpalaglag ka sa looban, alanganing lugar, higit tatlong buwan na rin ang sanggol.

naaalala ko nang magpakamatay ka dahil bakla ka, nadulas kunwari sa banyo, nabagok

ang ulo, uminom pala ng lason, hindi baygon, iba, pangmayaman.

naaalala ko nang ginamit mo ang bulsa ko para magbigti ka sa harap ng taumbayan, sa

gitna ng plasa, para pagpistahan ka ng mga butiki at buwitre.

naaalala ko ang hindi mo maalala.

naaalala ko ang ayaw mong alalahanin.

naaalala ko ang anino ng suspek sa panggagahasa ng siyam na taong gulang

balediktoryan dapat ng batch niya.

naaalala ko ang dyipning sumalpok sa pader at sa buong braso mo, natanim nang di oras,

may punong tumubo, himala ng modernong panahon.

naaalala ko ang mga inilibing mo nang buhay sa bakuran ng palaisdaan.

naaalala ko noong hindi ka pa malala.

naaalala ko noong mapagpanggap at mapag-imbot ka sa kapwa mo sakdalista.

naaalala ko ang pulang pangako sa likod ng buwan.

naaalala ko ang suot mong maskara na kumamot sa mukha mong puro pekas.

naaalala ko ang usapan natin sa katedral, tumutugtog ang organ na gawa sa kawayan,

may buntis na nakaluhod, tatlong aleng gumagapang patungo kay kristo.

naaalala ko ang lamig sa iyong mga katinig.

naaalala ko ang haplos mo sa pawis kong perlas sa kanluran.

naaalala ko ang liwanag sa labas ng motel.

naaalala ko ang kepyas na amoy-labanos.

naaalala ko ang pizza na amoy-tamod.

naaalala ko ang lihim na daan patungong paaralan.

naaalala ko ang mga asong bungal.

naaalala ko ang koleksiyon ng mga buntot ng pusa na nakasabit sa sampayan kasama ng mga medyas at kumot.

naaalala ko ang karsunsilyong dinuguan.

naaalala ko ang buhos ng ulan sa basang semento.

naaalala ko ang tambutsong ipinasok sa bunganga ng baklang nangangarap maging

tilapya.

naaalala ko ang stapler na naiwan sa palaruan.

naaalala ko ang tingin mong mapanlinlang.

naaalala ko ang palo ng kombo na wala sa tiyempo para sakto pa rin.

naaalala ko ang alkansiya na gawa sa kahoy na hugis libro.

naaalala ko ang lahat ng kasalanan ko sa iyo.

naaalala ko ang krus na dinadaganan ng mga makasalanan.

naaalala ko ang makating balbas sa basang kuko.

naaalala ko ang hindi dapat binabalikan.

naaalala ko ang hinaharap na pangarap ng lahat ng batang lansangan.

nakalimutan kong pumikit.

nakalimutan kong gumising.

nakalimutan ko ang oras ng kulang-kulang na buhangin.

nakalimutan kong magnakaw ng mumurahing ulam.

nakalimutan kong pindutin ang numero ng palapag.

nakalimutan kong makinig.

nakalimutan kong manginig.

nakalimutan kong magdala ng ekstrang damit.

nakalimutan ko ang klima pag ganitong buwan.

nakalimutan kong magbasa ng nawawalang kabanata.

nakalimutan ko ang respeto na nakaukit sa noo.

nakalimutan ko ang gutom na ayaw umuwi.

nakalimutan ko ang multong nagsisigarilyo.

nakalimutan ko ang kabaliwan ng baliw na tao.

nakalimutan ko ang lumpo sa loob ng balon.

nakalimutan kong bumili ng toothpaste.

nakalimutan kong magbayad sa patnugot.

nakalimutan kong ihalo ang betsin sa nlilusaw na plastik.

nakalimutan kong huminga nang wala sa lugar.

nakalimutan kong kumain ng isang takal na kanin.

nakalimutan kong burahin ang simangot.

nakalimutan kong ipasa ang buraot.

nakalimutan kong ilipat sa kabilang pahina.

nakalimutan kong mangutang sa katulong.

nakalimutan kong sagasaan ang batang lasing.

nakalimutan ko ang tren na paparating.

nakalimutan kong magbilang hanggang sampu.

nakalimutan ko ang una kong karanasan.

nakalimutan ko ang alat ng dagat.

nakalimutan ko ang paglangoy sa baha kasama ng mga ipis.

nakalimutan kong mag-inat.

nakalimutan ko ang iskor.

nakalimutan ko ang tunay mong pangalan.

nakalimutan ko ang paleta sa pagitan ng mga libro.

nakalimutan ko ang sumpa ng mga mangyan.

nakalimutan ko ang kulam ng mga subanon.

nakalimutan ko ang likaw ng bituka ng manok.

nakalimutan ko ang takdang oras ng paglapag ng eroplano.

nakalimutan ko ang gusto mong kulay para sa sisiw.

nakalimutan ko na kawawa ang lahat dito sa inyo.

nakalimutan ko ang bigat ng magagaan mong salita at kamay.

nakalimutan ko ang pabuya ng pinakamaraming luyang nanguya.

kinakagat ko ang utong mo.

kinakagat ko ang labi mo.

kinakagat ko ang matigas na taeng lumalabas sa puwet mo.

kinakagat ko ang mga pangarap na lumalabas sa tenga ng mga batang kalye.

kinakagat ko ang ilong ng mga pangit na babaeng tumutula.

kinakagat ko ang pasensiyang kapos.

kinakagat ko ang aluminyong diwa sa loob ng kinakalyong hintuturo.

kinakagat ko ang budhi ng kanal.

kinakagat ko ang groto na lasang goto.

kinakagat ko ang mga iyaking siwang.

kinakagat ko ang lahat ng hindi nagbabayad ng utang.

kinakagat ko ang mga hindi marunong magsoli ng libro.

kinakagat ko ang mga poste ng ilaw na mukhang dalagang bukid.

kinakagat ko ang malansang wika ng isda.

kinakagat ko ang salbabidang maalat.

kinakagat ko ang paulit-ulit na palabas.

kinakagat ko ang sinehang puno ng laway at daga.

kinakagat ko ang sementeryong napag-iwanan ng mga kaluluwa.

kinakagat ko ang santo ng kilikili.

kinakagat ko ang timbangan na mas mabigat ba sa tinitimbang.

kinakagat ko ang inggit at imbot.

kinakagat ko ang maramot na kurimaw na lasang pandan.

kinakagat ko ang matigas na karne ng pagbabalik-loob.

kinakagat ko ang pananampalataya ng pata tim.

kinakagat ko ang mga bubwit na hanep sumayaw.

kinakagat ko ang mata sa singsing na pangkasal.

kinakagat ko ang diyamanteng nawawala.

kinakagat ko ang lahat ng nawawala.

kinakagat ko ang mga mensaherong nasa pagitan ng linya at pahina.

kinakagat ko ang masibang taludtod.

kinakagat ko ang susing isinilid sa sobreng punit.

kinakagat ko ang mainit na pandesal na gawa sa papel.

kinakagat ko ang medyas na isinawsaw sa kapeng malabnaw.

kinakagat ko ang saksakan na 110 ang boltahe.

kinakagat ko ang ambon na ayaw tumila at lumakas.

kinakagat ko ang mga ulap na hinihigaan ng agila.

kinakagat ko ang lapis na bawal tasahan.

kinakagat ko ang sarili kong labi.

kinakagat ko ang bangungot na bukambibig ng mga tagak.

kinakagat ko ang uwak na mahilig magsuot ng amerkana.

kinakagat ko ang bahag na buntot.

kinakagat ko ang sumbrerong may buntot.

kinakagat ko ang mga papel na pumaslang ng mga rebeldeng humahagok.

kinakagat ko ang senado, konggreso, istasyon ng radyo at telebisyon, paaralan, city hall,

bir, malakanyang.

kinakagat ko ang ipis na imortal.

kinakagat ko ang matalas mong ngipin.

kinakagat ko ang pustisong tinubuan ng tao.

pinaghihinalaan ko ang katulong na maagang umalis.

pinaghihinalaan ko ang asawang abala sa meryenda at papeles.

pinaghihinalaan ko ang batang naglalaro sa loob ng bahay.

pinaghihinalaan ko ang babaeng palabasa.

pinaghihinalaan ko ang kargador na komang.

pinaghihinalaan ko ang mainit na panahon.

pinaghihinalaan ko ang sahig na nagbitak-bitak.

pinaghihinalaan ko ang palakol na nakabaon sa tuod.

pinaghihinalaan ko ang pawis na ayaw lumabas.

pinaghihinalaan ko ang kamang malambot.

pinaghihinalaan ko ang sirang telepono.

pinaghihinalaan ko ang mikrobyong hindi napupuksa.

pinaghihinalaan ko ang guwardiyang laging tulog.

pinaghihinalaan ko ang nawawalang pahina.

pinaghihinalaan ko ang pekeng pirma.

pinaghihinalaan ko ang matamlay na imbestigador.

pinaghihinalaan ko ang inspektor na laging may sakit.

pinaghihinalaan ko ang lamat sa bintana.

pinaghihinalaan ko ang kamerang hindi gumagana.

pinaghihinalaan ko ang pintong madaling buksan.

pinaghihinalaan ko ang pulis na takot sa asawa.

pinaghihinalaan ko ang tulak na bungal.

pinaghihinalaan ko ang adik na umaamin.

pinaghihinalaan ko ang mahirap na mayabang.

pinaghihinalaan ko ang naiingayan sa bulong.

pinaghihinalaan ko ang makalansing na bulsa.

pinaghihinalaan ko ang pasmadong palad.

pinaghihinalaan ko ang mga kaibigan ng tagak.

pinaghihinalaan ko ang mga heswita at dominikano.

pinaghihinalaan ko ang pulis at bilanggo.

pinaghihinalaan ko ang perang nakatago sa pagitan ng dalawang libro.

pinaghihinalaan ko ang kalmot ng pusa sa likod ng tao.

pinaghihinalaan ko ang tinik na nabikig sa lalamunan.

pinaghihinalaan ko ang mga awit ng manobo.

pinaghihinalaan ko ang batutang puro dugo.

pinaghihinalaan ko ang galis na galing sa walis.

pinaghihinalaan ko ang kuto na walang dugo.

pinaghihinalaan ko ang mahinang pulso.

pinaghihinalaan ko ang klima na pabagu-bago.

pinaghihinalaan ko ang mga kuwentong kapos.

pinaghihinalaan ko ang tinta na hindi nauubos.

inaawit ko ang piping martsa para sa ikaliligtas ng bayan ng salbabida.

inaawit ko ang tunog ng tsupon sa hangin na amoy-mansanas na bulok.

inaawit ko ang mga puting pader na nakapaligid sa ating pagsasama.

inaawit ko ang pilikmata na mas mahaba ba sa bulbol.

inaawit ko ang mga sakristan na pinugutan ng paring sinapian ng arkanghel.

inaawit ko ang mga baling buto ng bulalo.

inaawit ko ang lagaring bungi.

inaawit ko ang inaantok na kama.

inaawit ko ang mga nakalimutang nota sa gitna ng konsiyerto.

inaawit ko ang nilamutak na ensaymada at bangkay ng batang sampagita.

inaawit ko ang torotot na nagmula sa pelikula.

inaawit ko ang walang katapusang paglalakbay ng langay-langayan.

inaawit ko ang tandang pananong na walang pinagtandaan.

inaawit ko ang silbatong nabilakuan.

inaawit ko si tolongges, johnny tango, at darakula.

inaawit ko ang mahiwang nunal ni enteng dapa-ilong.

inaawit ko ang simbahang nasusunog tuwing linggo.

inaawit ko ang panis na gatas at laway ng sariwang sanggol.

inaawit ko ang bantulot na talulot.

inaawit ko ang lantang talong sa bakurang naninimdim.

inaawit ko ang tralala ng troll sa stroller.

inaawit ko ang heswitang nakikipagtalo sa mga puno.

inaawit ko si hesus aritmetika at ang pormula na pinatunayan ang sarili nitong pag-iral.

inaawit ko ang baluti na hindi tinatablan ng alpombrang bala.

inaawit ko ang ulan ng repolyo.

inaawit ko ang inaamag na basyo ng bala.

inaawit ko ang pag-ibig na tinubuan ng tinik.

inaawit ko ang napakaraming kadahilanan ng hayok sa epektos.

inaawit ko ang laging huli sa usapan.

inaawit ko ang saklay ng sakla.

inaawit ko ang rebentador na sumabog sa bunganga.

inaawit ko na balang araw, lalapag ang ibang planeta sa palaisdaan.

inaawit ko ang pinakamatamis na pekeng asukal.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

inaawit ko ang kurtinang hindi naisasara.

inaawit ko ang burloloy na nakasabit sa tenga ng lolang maharot.

inaawit ko ang plumakdang dibdib ng isdang tabang.

inaawit ko ang sinturong nagpasabog sa puwet ng paslit.

inaawit ko ang kumakandirit na trumpo sa pagitan ng tabinging kawayan.

inaawit ko ang gulong na bumutas sa kalsada.

inaawit ko ang kasalukuyan na paulit-ulit lang.

inaawit ko ang laway na bumubula sa labing inasido.

inaawit ko ang pagsuko ng mga pugita.

inaawit ko ang mali-maling pag-akusa ng pisara.

inaawit ko ang ngalay na bintanang nabasag nang kusa.

inaawit ko ang wakas.

nananampalataya ako sa lasing na bagong gising.

nananampalataya ako sa gobyerno ng kinakalawang na pako.

nananampalataya ako sa asong kumakahol nang paatras.

nananampalataya ako sa akin.

nananampalataya ako sa sariling di-kilala at di-mapakilala.

nananampalataya ako sa mesang puro mumo.

nananampalataya ako sa hipag na laging hapo.

nananampalataya ako sa halaga ng galunggong.

nananampalataya ako sa kudlit na tinamaan ng kidlat.

nananampalataya ako sa payasong kaya kang patawanin.

nananampalataya ako sa nakikita mo.

nananampalataya ako sa hindi mo nakikita.

nananampalataya ako sa aklat na walang pilas na pahina.

nananampalataya ako sa makina na umuubo ng tuberkolosis.

nananampalataya ako sa lamok na sumisipsip ng latak na dugo.

nananampalataya ako sa kanilang lahat.

nananampalataya ako sa diyos na kamot nang kamot sa siko.

nananampalataya ako sa simbahan ng naaagnas na palaka.

nananampalataya ako sa likod ng marupok na gulugod.

nananampalataya ako sa lahat ng nababasa mo.

nananampalataya ako sa lahat ng naririnig mo.

nananampalataya ako sa lahat ng nararamdaman mo.

nananampalataya ako sa lahat.

nananampalataya ako sa wala na nagkukubli sa ilalim ng meron.

nananampalataya ako sa merong naliligo sa sariling regla.

nananampalataya ako sa kulay pula na nagkukunwang malansa.

nananampalataya ako sa kulay berde na mali-mali ang baybay.

nananampalataya ako sa babaylan na hindi rin naniniwala.

nananampalataya ako sa aswang na tatlo ang dila.

nananampalataya ako sa mapanghing ulan.

nananampalataya ako sa hindi mo kayang paniwalaan.

nananampalataya ako sa nakaraan ng ayaw lumisan.

nananampalataya ako sa hinaharap na laging nakatalikod.

nananampalataya ako sa kasalukuyang sumasalakay lang pag tulog.

nananampalataya ako sa utot na mabango pala.

nananampalataya ako sa tae sa loob ng kaluluwa.

nananampalataya ako sa panaginip na paulit-ulit.

nananampalataya ako sa bangungot na hindi ka kayang paslangin.

nananampalataya ako sa singsing na kalawangin.

nananampalataya ako sa bungo na barag ang sentido.

nananampalataya ako sa tulang nagpapanggap maging tuluyan.

nananampalataya ako sa nobelang sobrang dami ng salita.

nananampalataya ako sa salawikaing nakalimutan na.

nananampalataya ako sa bugtong na walang sagot.

nananampalataya ako sa kwentong kinatha ng baliw.

nananampalataya ako sa pulis na pinanganak sa tambutso.

nananampalataya ako sa pulitikong pinagnanasahan ng puta.

nananampalataya ako sa mamamatay-taong hindi kumakain ng tao.

nananampalataya ako sa salita.

nananampalataya ako sa pantig na hindi mabilang.

nananampalataya ako sa gurong walang pamasahe.

nananampalataya ako sa masahistang basang-basa sa langis.

nananampalataya ako sa musikerong pumipiyok.

nananampalataya ako sa langit na hindi amoy-lupa.

Hayok na Balaraw

paulit-ulit na lang. akala niya, nakaalpas siya. pero andito pa rin siya. sa loob ng silid. kapiling niya. siya pa rin. nagpalit lang ng itsura. nagbago lang ng pangalan. pero siyang-siya pa rin. wala siyang kawala. pumalo na ang mga taon. dumami na ang kanyang uban. hindi na siya kasinghayok gaya noon. nagsusulputan na ang mga karamdaman sa mga di-inaasahang lugar. akala niya noong una, nagkamali lang siya ng dinig. dahil boses niya ang narinig niya. pero matagal na siyang wala. pero narinig niya uli ang mga pantig na sa kanya lang maaaring magmula. araw-araw. hanggang sa masanay na siya. hanggang sa isang di-namamalayang araw, natanggap niya na nang buung-buo na ganoon talaga ang boses niya. hindi alingawngaw, hindi pag-uulit, hindi lang pareho, kundi ganoon talaga. ganoon talaga. kailangan lang tanggapin. ang kanyang paglisan. siya nga ba ang umalis? sino ang iniwan? hindi niya na maalala. siya nga pala ang hari ng paglimot. ang hari ng mga makakalimutin. sinabi niya nga ba iyon? ginawa niya nga ba iyon? paano niya magagawa iyon? marahil lasing. marahil bagong gising. magbiro ka na sa lasing, huwag lang sa bagong gising. subalit hindi naman siya nakakaunawa ng biro. hindi uso sa pinanggalingan niyang planeta ang pagbibiro. kaya pagtuntong niya sa daigdig na ito, nagtataka siya sa mga asal ng tao. they don't mean what they say. wa na ko sey. hinagis niya ang bote. tumama sa ceiling fan. basag sa sahig. tumilapon ang bubog. nahiwa ako. ayoko ng ganito. ayoko ng dugo. hindi niya mapaliwanag pero nasasarapan siya sa pagpisil ng mga daliri niya sa kanyang leeg. may pumapalahaw na sanggol. sino yon? kaninong anak? hindi niya maaninaw nang mabuti. malabo na ang kanyang mata. nasaan ang salamin ko? basag tulad ng bote. hinayupak na bubog. nakakasilaw na dilim. ayaw na ayaw niyang naglalaro ako ng salita. palibhasa hindi ito nalalayo sa biro. biro ng dila. bunga ng malikot na pag-iisip. tumatanda na talaga ako. ang sakit ng likod ko. inaantok pa rin ako. maski buong gabi at buong araw matulog. gutom na hindi mapawi. tinatawag na yata talaga ako ng kabilang buhay. hindi ko siya marinig. marami siyang sinasabi. mga imahen ng balaraw at palakol at kutsilyo at balisong at iba't iba pang patalim sa ere sa pagitan namin. gusto akong tadtarin, saksakin, tusukin. tinutugis ako habang lumalabas ako ng pinto na ayaw magsara. sira ang kandado. hayaan mo na. lumabas na ako. hindi ako lumilingon. baka maiyak lang ako. baka kung ano pa ang isipin niya. napakamot ako ng ulo. napakamot ako ng bayag. nautot ako. nasa kama uli ako. bukas ang bentilador. bukas din ang aircon pero hindi pa rin malamig. tag- araw araw-araw. walang kawala. tahimik. himbing. humihilik siya. parang anghel. parang walang pangil. aswang tayong lahat na nagkukubli sa loob ng starlet na maningning. naghihintay ng tamang pagkakataon para sumakmal. bawal umatras. kamatayan lang ang tunay na kalayaan. walang solian. no return, no exchange. walang pitong araw na pwedeng magbalik ng nabiling

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

gamit. gamitan. gamit na gamit. walang gamit. itapon sa basurahan. mga pilas na pahina. namamagang sentido. may mga lumalabas na kuto mula sa loob ng ulo. huwag hayaang matuyo ang luha, ang luhang malala pa sa superglue, hindi na mabubuksan ang talukap ng mga mata, hindi mo na ako makikita, gusto pa kitang makita, ayaw tumigil ng sanggol sa pag-iyak, wala na siyang boses, tili ng aswang, tahimik na pagluha, mga munting patak ng pagsuko, pagkatalo, dahan-dahang natutuyo ang luha, superglue, mga matang nakapinid, magpakailanman.

Post-pekpek Syndrome

araw-araw na lang kaming nag-aaway. walang-katapusang bangayan, siraan ng puri, pahiyaan ng pagkatao, yurakan ng kaluluwa. masasakit na salita na mas matalim pa sa bagong hasang kutsilyo. mga bubog ang tumatalsik na laway. maski umilag ka, wala kang kawala. habang nasa loob kayo ng iisang lungga. mga daga na nginangata ang isa't isa. inaamag ang mga nagkalat na keso sa paligid. habang sinusulat ko ito, namamaga ang balikat ko. hindi kayang iligtas ng masahista. masahistang hindi marunong magmasahe pero mahusay magpaligaya. all the way, happy ending. huwag lang kakalimutang magbayad ng tip na mas malaki pa sa opisyal na bayad ng masahe. ginagambala ako ng nakausling buhok sa kilay ko. hindi naman ako kinikiliti o pinupuwing. the fact lang na umiiral siya ay sapat na para maghuramentado ang aking sentido at humarurot sa banyo kung saan naroroon ang salamin at pagtulungang bunutin ng kanang hintuturo at hinlalaki ko ang buhok sa kilay ko na mas mahaba sa kasamahan nito. black sheep na naiiba sa mga black sheep. umayos ka nga. karate sa balikat. ayaw akong tantanan ng ulan. nagbabaha sa silid. nalulunod ang mga sanggol. pasensiya na. patawarin mo na ako. nagngangangawa ang mga pader na bitak-bitak. naghihintay na lang ng mahal na araw bago gumuho. nakakailang pasko na ang punong hindi tumutubo. basahin ang nakaukit na mapa sa leeg at noo. kilala kita. kilala nga ba? mga maskarang nagtatago sa balatkayo. hindi namumukhaan ang sarili sa kapal ng kolorete. kumbanchero pandanggo. araw-araw marumi ang talampakan ko, pinutikan ng lintik, pinapasok ng alikabok ang kwarto maski sarado ang mga bintana at pinto. nangangalay na ang braso. hindi na sanay sa ganito. matanda na, ika nga. hindi na ako aabot sa kaarawan ko. pagbigyan niyo na ako. paunlakan ang huling hiling na ayaw magpahuli. baras na madulas, hindi kayang buhatin ang sariling bigat, kailangang gumising nang maaga, kailangang basahin ito, kailangang ganyan ganito, mga nadapang peluka sa lansangang madilim, hindi nililisan ng bagyo, mga paralitikong mas matalino pa sa pinaghalong matsing at kuneho, karera ng mga puntod patungo sa mahiwagang bundok, gubat ng birheng tamod, alkansiya para sa lahat ng nagugutom na haydrosepalus, butasin ang niyog na naglalaman ng kukoteng liligtas sa makasalanang sanlibutan, ang krus na ginawang shuriken ng yakuzang nagtatago sa iskwater, alam mo namang ayoko ng ganito, talo na ako, hindi pa nagsisimula ang laban, panalo ka na, masaya ka na, ano ang punto ng puntos, nangingilo ang ipin sa harap sa baba, walang magawa kundi hintaying maglaho ang sakit, napakasarap ng pares na bawal, siling dumidikit sa almuranas, almusal ng talongganisa at itlogaritmo, kinukupal ng daigdig, kumakain ng burnik sa mga alanganing oras ng pagkagutom, gutom na gutom ang kahon sa nilalaman, pumapatak ng lamanlupa, isa dalawa tatlo, kinuha ng tiktik ang pusod na himbing sa garapon, basagin nang walang nakapapansin, taas-baba, sahod ng mensaherong

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

kambing, nakakalimutang mga bagay sa konteksto ng pang-araw-araw na pagpataw ng patani at kalabasa, susmarya, ipasok mo nga ang kwitis sa puke ng isang yon, mag-ingat sa mga kuto na sumiksik sa tenga ng mais, humihikab sa kalagayan ng kapitbahay na maski magtatambling-tambling, hindi pa rin hindi mahihilo, apoy sa loob ng mata, binubulong ang masaklap na katotohanan sa tenga ng kaaway, balang araw malalaman din nilang isang baliw na palaruan lang ang lahat ng ito, umaagos ang gasolina mula apari aparatus patungong hologram, mga haring walang bayag, post- pekpek syndrome, nilamon ang sariling anak, hindi ito dahil sa pagkagiliw kundi dahil sa gutom na walang kapawian, kailangan lang sakyan hanggang mabunggo o masiraan ng makina, mabutasan ng gulong, tumirik nang kusa.

Korido sa Pastol ng Lobo

Ngayong umaga, hapon. Lahat ng plano kagabi, tumilapon. Oo, masakit pa rin ang likod ko, ang batok. Oo, hindi ka pa rin daw natutulog. Mahalaga ang pagtulog, di ba alam mo rin 'yun? Nilalagyan ko ng mga bantas ang mga pangungusap ko para sa iyo. Para hindi masyadong nakakalito. Para mas lalo mong maintindihan. Hindi ko kailanman sinasabing bobo ka. Alam mong alam kong matalino ka pa sa anim na matsing ng Hindustani. Hay, sinta. Paano sabihin ang mahal kita nang paiba-iba, nang laging bago, nang kasinsariwa ng talulot ng bulaklak na hindi naman natin tanto ang pangalan? Nasa malayo ka, ubod nang layo, oo. Pero pansamantala lang. Gaya ng bagyong itong humuhuni ng peligro, kumikitil ng kuryente, pumuputol ng ating pusod, sinasampal sa maninipis nating pisngi ang simpleng katotohanang wala ka rito, wala ako riyan, hindi tayo magkapiling. Pero ngayon lang. Pansamantala. Anim na araw na lang, magugunaw na ang daigdig na alam natin. Magtatanim tayo ng bagong uniberso, gamit ang mga munti nating kamay. Didiligan, aalagaan sa tuwina. Hanggang sa mamukadkad ng apat pa kamong uniberso: si Isa, si Dalawa, si Tatlo, si Apat. At isang lobo na bibigkas: "Buhatin ang bato mula sa iyong puso, at ipasan sa akin."

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Pitong Oras

Ano nga ba ang pwedeng maganap sa loob ng pitong oras? Pitong salita. Bumabagsak na ang mata ko sa sahig. Napupuno ako ng maliliit na bagay. Ng mga daliri mong naupod para lang ako maabot. Tandang pananong ang nasa dulo ng lahat ng tanong. Kung sakaling makalimutang nagtatanong nga pala sa haba ng gabi. Magliliwanag din ang dilim, na magiging kulimlim, na tuluyang papalitan ng nakabubulag na liwanag. Huwag kang titingin. Nakapikit na ako ngayon habang nagtitipa. Kaya't pasensiya na kung parang bulag ang kausap mo. Itigil muna natin ito. Mas gusto kong sulatan ang iyong katawan. Mas gusto kong basahin ang iyong labi. Mas gusto kong buklatin ang iyong buhok. Hindi ko alam kung paano ito tatapusin. Dahil hindi naman ito katapusan. Ni hindi pamamaalam. Gaano magkaiba ang pahina at kalsada? Maaari bang mamatay pag nalunod ang mga salita? Nilalamukos ko ang mukha ko. Huling gabing hindi kita kapiling sa pagpikit, pagtulog, pananaginip, paghilik, pagsalita nang tulog, paggising. Ang kamang ito sa silid ng mga ulap: tara, aking mahal. Marami akong ikukuwento sa iyo bawat gabi ng walang hanggan.

Noong Unang Panahon

May isang lalakeng napamahal sa isang babae na kamukha niya, sa puso, sa isip, sa gawa. Buti na lang hindi sila magkamukha. Samantala, may isang babaeng kamukha ng kanyang ina na napaibig sa lalakeng kamukha ng kanyang ama. At nagkita silang dalawa: ang lalakeng mahal ang kanyang sarili at ang babaeng mahal ang kanyang ama. Pagkatapos…

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Dalawang Pikit

Umaga. Bawal mawalan ng pag-asa. Mataas ngayon ang araw. Mainit. Nagsusumikap ang aircon, gaya ng pagsusumikap ng internet. Kinukuba ng mabibigat na multo.

Hinahanap kita sa bawat paggising. Hindi totoo na bawat sulat ng pag-ibig ay romantiko. Hindi tunay na bawat kataga ng mangingibig ay pumupukaw ng puso. Hindi lahat ng palaso ay tumatama sa bituin. Pumipikit ang mata ko. Gusto pang matulog ng katawan ko. Hindi, oo. Urong, sulong. Bakit nalilito ka pa rin hanggang ngayon? Dalawang gabi. Hindi matapus-tapos ang pagbibilang ng bato noong isang araw. May nakita akong dalawang munting bato sa bag ko. Itinabi ko mula sa kung saan para kay erpat. Kaso nawala na sa isip ko. Ngayon ko na lang naalala, habang kinakapa ang gamot. Bato bilang gamot. Gamot bilang bato. Buhay sa loob ng kamay. Para kang taga-ibang planeta, ibang daigdig. Gising ka na kaya? Himbing? Maaari nga bang mabulag nang ganun- ganon lang? May umiiyak na babae sa harap ko. Pinapagalitan ng kanyang ina. Gusto niyang magpaliwanag subalit madilim, nakapiring ang mga taynga. May humampas na gitara sa upuan. Mag-amang gitarista. Parehong malabo ang mata. Parehong malaki ang mata. Isang dagat ng mga mata. Isang dagat ng mga nalulunod na mata. Walo at kalahati. Fellini. Walo at kalahating taon din kaming nagsama ni Ana. Walo at kalahating taon ang pagitan natin. Isinilang ka habang natataranta ako sa elementarya, binubuni, inaan-an, nahiwa ang kilay, nagkapoknat. Pinakamababang grado, delubyo sa mata ng estudyanteng naninibago sa mga bagong kaklase, namimiss ang gurong maganda. Lumuluha pa rin ang dalaga sa harap ko. Binigkas niya ang salitang "party" parang kasalanang mortal. Nanlalaki lalo ang malaki nang mata ng ina. Hinihintay kong lumamig ang omelet sa mesa ko. Bondat pa ako sa inalmusal na kikiam. Napapaligiran ako ng maliliit na daigdig, kasinliit ng mga batong dinala ko pa mula sa ibang uniberso para lang makalimutan at maalala kapag hindi na kailangan. Namatay ang ina ng isang kaibigan, rebelde ng bayan, dobleng stroke at higit pa. Minithi niya ring minsan na magpakamatay. Nanlilimos lang daw ng pansin. Ay, pansin! Napakailap mo minsan, parang tapang usa. Namimiss ko ang guro ko. Namimiss ko ang kaibigang wala rito. Namimiss ko ang ama ko. Sana nga, isauli ka na lang ng Diyos at gawing isa sa aking mga tadyang para hindi ka na kailanman mawalay pa. Subalit ayoko ng tadyang. Bagamat alam kong mahalaga ito. Bagamat paborito ko itong ulam. Ayoko ng tadyang. Gusto ko ng buong katawan, buong puso, buong utak, buong kaluluwa, dalawampu't isang gramo, sana narito ka na.

sensoradong konsumérebyu: mga sampol

censored konsumérebyu: samples

Tilde Acuña
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
arbeen.acuna@up.edu.ph

Abstrak

Bahagi ang akdang "sensoradong konsumérebyu: mga sampol" ng mas masaklaw na proyektong may tentatibong pamagat na *konsumérebyu*. Nagsimula ito noong niligalig ang bansa ng sabayang bigwas ng pandemya at pasismo. Bahagi ng proyekto ang mga set na siya namang binubuo ng lima o higit pang mga screenshot na may itinatakdang "constraint" o kaya'y tema. Sa set na ito, ang mga rebyung "hidden" (hindi lang nakatago kundi itinago ng app) ang palilitawin. Muling nagkaespasyo ang mga rebyung iwinala o itinago (sadya man ng tao o awtomatisado ng programa) sa konstruksiyon ng manuskrito ng "sensoradong konsumérebyu: mga sampol," kung saan sila makapagpaparamdam. Tinalakay sa talang "Impertinensiya at Kawalang-bisa" na ang orkestradong digital na pagmumultong ito ng mga iwinalang piraso ng rebyu ay halimbawa ng tinatayang "halaga" ng mga anyong mala-pampanitikan sa lipunan at rekognisyong mala-pampanitikan "lang" naman ang mga ito, kung kaya't kalabisan ang atake rito sa pamamagitan ng sensura. Higit 20 na rebyu ang tampok sa akdang set.

The work (or "set") "censored konsumérebyu: samples" is part of an extensive (and perhaps yet-to-be realized) project tentatively titled konsumérebyu, *which began at a time when the tandem of state*

fascism and the pandemic makes daily living more uncertain and the rising death toll less unstable. With a designated "constraint" or theme, each set (some in circulation, some remain drafts) usually comprises five or more screenshots of reviews "published" via shopping apps. Resurfaced, the selection included in this particular set showcases "hidden" (not by accident, but by intent of the app, its moderators, or their algorithms) reviews. These write-ups that should have been out of sight have been re-claiming their rightful space, from the process of constructing this manuscript to its resulting publication. The note "Impertinence and Futility'" discusses, among others, how such an orchestrated digital haunting serves as evidence of the supposed relevance of forms that are "semi-literary" and as acknowledgment that these are mere works of "semi-literature." In other words, the apps' act of censorship (usually reserved for texts deemed by authorities threatening enough to be purged) committed against the samples herein is nothing short of an overkill. This set features (or recovers) more than 20 hidden reviews.

Mga Susing-salita

dagli, eksperimental, hybrid, screenshot, kosumerismo, nakapaloob na kritika, repleksibidad

dagli, experimental, hybrid, screenshot, consumerism, immanent critique, reflexivity

Tungkol sa May-Akda

Nagtuturo si Tilde (Arbeen) Acuña sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Awtor ng piksiyong *Oroboro at Iba Pang Abiso* (UP Press, 2020), kasabwat sa produksiyon ng ilang aklat, amateur snapbuilder ng mga model kit, at tsundokusha. Pana-panahon ding gumagawa ng mga zine.

Impertinensiya at Kawalang-bisa ng/sa "sensoradong *konsumérebyu*: mga sampol"

Introduksiyon: Kaligiran

Pumirmi ang anyong "mala-pampanitikan" na *konsumérebyu* noong ilabas ito nang may subtitulong *kuda reklamo tsundoku* noong 2022 bilang zine na bahagi ng pagkalap-pondo ng Rural Women Advocates (RUWA) para sa AMIHAN National Federation of Peasant Women. Tila wala pang kumpiyansa ang unang tawag ditong "mga lazadagli sa shopee" na naging "mga lazadagling shopeelifted"—na may ilang set na nailathala sa ilang publikasyong kultural, pampanitikan, at akademiko. Isa ang konsumérebyung Taglish sa maraming anyong (mala-)pampanitikang nagpapatuloy o kahit papaano nama'y nagtangka man lamang kumawing sa "dagli."

Para sa kritikong pampanitikan at historyador na si Teodoro Agoncillo, hakbang lang ang dagli tungo sa "taal na maikling kuwento" (Tolentino 29-30). Ilehitimo raw na anyong pansining. Kung higit pang isusuma ang pagsusuma ni Tolentino hinggil sa katangian ng dagli: fiksiyonalisado ito ngunit nakabatay sa napapanahong mga isyu, sa realidad na domestiko at politikal, kadalasa'y editoryalisado, eseyistiko, partisano, moderno, at anonimo ang awtor o may sagisag-panulat dahil nais ikubli ng mangingibig ang sarili ngunit nais ipahayag ang pagsinta sa paraluman (domestiko) o kaya'y nais iwasan ng kritiko ang bigwas ng batas kontra-subersiyon (politikal) (41).

Halos minana ng konsumérebyu ang naturang mga katangian. Kung maipapalagay na inanak ng dagli ang text (SMS) na inspirasyonal o joke na politikal, mga polyeto, iba pang maiikling sulatin (Tolentino 43), at mga potensiyal na katumbas sa Ingles—vignette, sketch, flash / sudden / short short / micro-fiction, ano pa ang konsumérebyu, na Pilipinisadong kombinasyon ng mga salitang hinalaw sa wikang Español at Ingles? Tulad ng "salvage" na mas "summary execution" kaysa "salvation" sa ating wika, nagkaroon ng natatanging kahulugan sa wikang Filipino ang "konsumi," na mas pandiwa sa "pagkonsumo" sa Español. Iba na ito sa kasalukuyang gamit, pero maitutulay pa rin sa orihen: kinokonsumo ng pagod at galit, bagot at yamot, ang taong konsumido. Kapag hinati ang Ingles na "re-view" sa unlapi nito at salitang-ugat, mangangahulugan itong muling pagsipat upang magtasa ng bagay na dati nang nasipat. Burado na ang katangiang ito sa "rebyu" dahil hindi naman yata ginagamit ang "byu" bilang Tagalisasyon ng "view." Nagsama ang dalawang sinasapol na kahulugan sa "konsumé", dahil kung maisantabi ang diakritikong acute sa é, "consume" ito na may "k" imbes na "c"; sa kalituhan

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

o komplasyong "kon-shum" ba o "kon-su-meh" ang bigkas, ang dinamikong sagot ay "both."

Simple lang ang pamantayan ng kung ano ang lalamanin ng konsumérebyu sa pangkalahatan: ebalwasyon sa binili ng konsumidong konsumer na may eskalasyon sa pagtatasa sa krisis ng lipunang nakapaloob sa moda ng produksiyong nagluwal sa nirerebyung produkto. Mukhang walang direktang kinalaman ang satsat sa aytem na binili, pero magagawan ng paraan sa asosasyon ng mga salita, afinidad ng mga kaugnay na usapin sa komoditi, o anumang gawa-gawang relasyon nitong maikakawing sa wika, kultura, at lipunang Filipino. Mga set ng screenshot ang isinasailalim sa kurasyon at binibigyang-titulo at katwiran upang maging isang nagsasariling "akda," na karaniwang ipinakikilala ng tala o pasakalyeng naglalahad ng kaligiran, kasaysayan, progreso o kawalan nito, ng proyekto. Laging nagtatakda ng tema upang makonsidera ang ingklusyon o eksklusyon ng entring nakasilid sa birtuwal na folder. Sinisikap na huwag isamang muli sa isang set ang naisama na dati. Kadalasan, batay lang sa klase o tipo ng aytem ang kategorisasyon o distribusyon sa mga set: model kit, damit, pagkain, libro. Minsan, mas espesipiko, tulad ng akdang ipakikilala sa ibaba: mga rebyung "hidden"—hindi inosenteng nakatago, kundi malisyosong itinago. Intensiyonal na iwinala. Kaya kailangang ilabas.

Intermisyon: Metodo at Rebyu

Di-malay (unconscious) ang paghalaw sa *Mythologies* (1957) at *The Eiffel Tower* (1979) ni Roland Barthes at "A Sporting Life" sa *Interventions* (1997) ni Edel Garcellano, pero may realisasyon habang ibinabalangkas ang introduktoryong sanaysay na ito. Matagal na panahon na nang huling mabasa ang nabanggit na mga akda, pero parang may alingawngaw sa aking proyekto ang semiotikong pagsipat ni Barthes sa kulturang popular at ang diskursibong pamamahayag sa mga kolum ni Garcellano na pantabloid hinggil sa isports—kapwa mga eskalasyong marahil ay nagbigay rin sa akin sa sandaling ito ng kumpiyansa. Maaari palang subukin ang ganoong tipo ng pagsusulat: tungkol sa mga kinokonsumo ng madlang malabong magkainteres sa multisilabikong mga salita at komplikadong pagdadalumat. Walang delusyong magkaantas ang pangangahas ng aking proyekto at ng kina Barthes at Garcellano. Pagkabagot at mekanismo sa pakikipagbuno (coping) sa pandemya at pasismo naman talaga ang puno't dulo ng konsumerismo at ng (napilitang) repleksiyon hinggil dito, imbes na problematisasyon sa produksiyon ng tekstong pampanitikan. Dahil narito na, at may relatibong karanasan sa praktika (kumbaga, may "CV" na rin ang proyekto na ipagmamalaki mamaya), wala naman sigurong

mawawala kung paninindigan ang maaksayang ehersisyong ito sa kritikal at malikhaing pagsulat.

Mas malay marahil ang tangkang "détournement" at utilisasyon ng mga diskarteng "konseptuwal," "eksperimental," at mga ehersisyong pampanitikang mas nagpapahalaga sa proseso kaysa produkto. Heto ang mga hakbang tungong aktuwalisasyon ng kabuoang proyekto: 1) bumili ng aytem sa shopping app; 2) maghintay nang ilang araw at ischedule ang pagsulat ng rebyu; 3) magbasa-basa ng balita bilang buwelo (hakbang na maaaring laktawan); 4) magbigay ng rating at espontanyong magtasa ng aytem at ng mga isyung panlipunan; 5) magscreenshot at ilagak ang mga naipong image file sa Gdrive; 6) kung may panawagan sa mga lahok na bukas sa ganitong mga paglalaro, bumuo ng set; 7) gumawa ng tala o pasakalyeng magpapakilala sa proyekto at sa nabuong set at ipasa ito sa mga editor; 8) ulitin ang lahat ng hakbang hanggang makabuo ng substansiyal na kantidad ng mga konsumérebyu, at; 9) timbangin ang pangangailangan sa konstruksiyon ng mas ekstensibong mga tomo. Hindi pa maipirmi kung sapat na bang pahayag (statement) ang nagkalat na mga set o dapat pang kolektahin ang mga naipundar na screenshot sa (mga) asemblaheng "depinitibo" at/o anotado.

Sadyang di-orihinal ("unoriginal"; cf Perloff 2010) at di-malikhain ("uncreative"; cf Goldsmith 2011) ang mga rebyu. Madalas, ang unang borador na rin ang pinal, lalo at isang beses lang maaaring mag-edit sa app. Dahil limitado ang espasyo at dami ng karakter na kasya sa kahong panrebyu sa app (noon) at screenshot na kasya kada pahina ng manuskrito, mahirap ding sumulat ng komprehensibong pambansang sitwasyon ng Pilipinas o primer sa partikular na mga isyung panlipunan. Maaari naman, at potensiyal itong eksperimento sa patuloy pang progreso ng kabuoang proyekto. Walang dudang sanaysay (essay) ang mga halimbawang ipinamalas nina Barthes at Garcellano. Sa bargas na mga salita, kung bago ang mga iyon sa panahon nila, gago lang ang aking mga "exhibition."Tila installation (art o un-art?) ang mga ito sa mga publikasyong tumatanggap sa mga isinusumiteng set—mga set na sabayang disrupsiyon sa mga estabilisado nang mga anyong pampanitikan / pansining, at indikasyon din sa ingklusibidad ng naturang mga publikasyong bukas sa kakatwang mga praktikang pampanitikan.

***

Sa kaso ng mga app na unang "tumanggap" (auto-accept) sa mga piyesa para sa "publikasyon," lumantad ang kontradiktoryong paghikayat na magrate at magpaabot ng feedback nang ikubli at sa kalauna'y iwala ang mga rebyu na matapos isolicit ay hinusgahang "inappropriate" at/o "irrelevant." Kahit sa ikasusulong ng konsumerismong dapat ay nagpapahalaga sa konsumerista, hindi katanggap-tanggap ang kuda ng tagapamili kung wala na itong

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

kinalaman sa taas o baba ng kalidad ng serbisyo, lalo na kung tungkol na ito sa kontekstong kinapapalooban ng serbisyo o produktong tinatasa nang hiwalay sa sirkumstansiyang nagbibigay-posibilidad sa pagbebenta ng mga ito. Kalakal ang atensiyon, at ang mga kakatwang rebyung tungkol sa isyung panlipunan ay baka maging kakompetensiya pa ng pinakamahalagang usapin sa lahat kung susundin ang lohika ng negosyo: dapat bang bilhin ang aytem, o hindi? Kung wala na ngang tulong sa pagproseso ng naturang tanong, nakapanlilito pa ng ibang tagapamili, mainam na tanggalin na lamang—manwal man o awtomatiko.

Ang aking lohika naman bilang tagapamili: kung binayaran natin ang aytem, may karapatan tayong sabihin ang anuman tungkol dito sa espasyong tayo naman kung tutuosin ang pumopondo. Dagdag pa, bakit tayo puwersadong tumugon sa tanong na "Dapat bang bilhin ang aytem, o hindi?" gayong pagkakataon ang bawat rebyu para magreklamo sa kawalan o anumang nais nating isagawa kahit pa wala ito sa kanilang "programa"? Ano ang mapapala natin sa libreng pagtulong sa pagpapahusay ng serbisyo nila via feedback, kung puwede namang ibaling ang budol sa mas makabuluhang adbokasiya ng produksiyong mala-pampanitikan? Hindi tayo consultant na nasa kanilang empleo. Maaaring kumalas sa maka-Althusser na interpelasyon ng shopping app, para marahil bumaling sa ibang interpelasyon: tulad ng panawagan sa lahok para sa mga journal tulad nito—na karaniwang may mas malinaw na pamantayan kung anong tanggap at hindi, kung anong mareremedyuhan pa at talagang hindi na.

***

Hindi karaniwan ang paglalapat (layout) ng mga set sa mga sa pahina ng publikasyon. Mahihirapan ang nakaautopilot na layout artist at/o tagadisenyo ng libro. Hindi buong pahinang komiks ang bawat set, hindi rin tuluyang prosa. Alanganin. Teksto ang pasakalye o tala na kayang kilalanin ng pinakapayak na tagaproseso ng teksto. Sa madaling sabi, makacopy-paste sa Notepad, at kung gayon, madaling hubarin ang mga katangian ng font upang mabihisan batay sa template ng aklat na kapapalooban. Image file ang mismong mga entri—mga screenshot—na maaaring nasa hiwalay na file attachment o nakapaloob na mismo sa Word file na kinalalagyan ng tala. Hindi makacopy-paste sa Notepad at hindi madaling mapapasunod sa template ang image file dahil ang tipo at kulay ng font sa screenshot, iyon na iyon. Kailangan ng transkripsiyon kung nais pasunurin sa template at gawing istandardisado sa mga "normal" na akdang kabilang sa publikasyon. Walang editor na muling nagpamakinilya (retype) ng mga set na tinanggap nilang isama. Napanatili kung gayon hindi lang ang anyong hybrid ng mga akdang set, kundi maging ang mga impormasyong paratekstuwal tulad ng pangalan ng aytem, ng oras at petsa ng submisyon ng rebyu sa app, at iba pang datos

na mahahagip ng screenshot. Madalas, pati pagkakamaling tipograpikal, hinahayaang manatili upang maipamalas ang dating na wala (gaanong) filter, at upang magmateryalisa ang espontanyong rehistro at estilo ng prosa.

Intertekstuwal sa nilalaman, at imahentekstuwal sa anyo; "imagextext" (Mitchell 2012), na nagpapakita ng relasyonal na dinamismo ng imahen at teksto. Maibubukod sa mismong termino ni Mitchell ang "image" at ang "text". Tinangka kong pagsamahin (sublasyon) ang dalawa nang ipanukala ang neolohismong "ilustraxon," tipograpikong paglalaro sa salita na nagsasanib sa "ilustracion" (na may implikasyong tekstuwal at edukado) at "ilustrasyon" (na may implikasyong biswal at suplementaryo sa mga hindi nakababasa at nakasusulat) (nasa Acuña 2018). Kung wala ang diakritikong marka sa unang *e* ng "konsumerebyu", at ginawang abuhin (gray) ang "konsume" at itim ang "rebyu", dalawa ang posibleng pagbasa: consume-rebyu (pagkonsumo at pagrebyu) na tambalang Ingles at Pilipinisadong "rebyu," o ang natalakay nang konsumidong rebyu. Tulad ng rekonsilyasyon ng "ilustracion" at "ilustrasyon," kapwa sapol ng (at integrado sa) interpretasyong "consume" at "konsumé" ang diwa ng proyekto, pero piniling ipirmi sa afekto, na bagahe ng huli: sa pagkayamot at pagkabagot sa "kaayusang panlipunan"—na maayos sa malayo, pero malayo sa maayos. Eskapismo sa krisis ang shopping spree at komprontasyon naman sa mga suliraning panlipunan ang mga rebyu.

Kung tatahiin ang sanaysay nina Benjamin (1969) at Mitchell (2005) hinggil sa sining, mahihinuhang salik ang teknolohiya sa pag-alpas o progreso tungong reproduksiyong "biocybernetiko" mula "mekanikal," at tungong reproduksiyong "mekanikal" mula manwal. Siyempre, hindi ganap na naglalaho ang mga mas "low-tech" na "moda" ng reproduksiyon. Ngayon, sa pagpapalaganap ng islogan, maaaring gamiting panulat ang spraypaint at manwal na kopyahin ang mga panawagan mula isang pader tungong isa pa (manwal); maaaring magsulat ng mga artikulo at paramihin ito sa imprenta (mekanikal); at maaaring magtipa ng tiklado at magcopy-paste nito sa iba't ibang plataporma online (biocybernetiko). Mas lumalaganap sa huling nabanggit ang proyekto, maging mismong mga set. Imaheng digital na ang ipinadadala sa mga gumagawa ng libro at mga file (softcopy) na ang dinadala sa mga serbisyong print. Kung ikakawing sa mga sulatin ni Mitchell (1994; 2005; 2012; 2015), esensiyal ang "bio" sa "biocybernetic" dahil may pahiwatig na nagkakaroon ng sariling buhay ang mga obhetong digitalisado (2015, 141). Tulad ng clone sa mga naratibong SF (science fiction), nagkakaroon ang mga kopya ng sariling kamalayan, realidad, at ahensiya. Sa kaso ng "hidden" na mga rebyu, iwinala sila o tinanggalan ng buhay—pero ngayon ang panahon ng (kung hindi man resureksiyon) pag-alala sa kanilang naging pag-okupa ng espasyo sa shopping app. Naroon pa rin naman sila, tago lang at limitado ang bisibilidad. Bulto sa mga pira-pirasong rebyu na binuo bilang set ay nasa kani-

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

kaniya pang inokupang munting lugar sa app at kita ng sinumang tumitingin sa produktong ginagawan ng rebyu.

Sa puntong ito, imperatibo munang magkatalogo o maglista ng mga nailathala nang set at pasadang ilahad ang nilalaman at katangian ng mga ito sa ngalan ng posteridad: kapwa ambag sa espesipikong mga kampanya ang dalawa sa mga set: mga libro ang lunsaran ng ebalwasyon sa *konsumérebyu: kuda reklamo tsundoku* (2022) at kababaihang mga magsasaka ang benepisyaryo nito; samantalang hindi maikakaila ang produktong tampok sa pamagat ng set na "Damnit: Mga Dagling Rebyu 2020," na bahagi ng *Community Quaranzine* (2021), na sabayang kawanggawa at komemorasyon sa unang taon ng lockdown dahil sa militaristikong tugon ng pamahalaan sa pandemya. May agam-agam sa kontradiktoryong mga set na ito, na nagpapakita ng kalabisan sa panahon ng kakapusan, kaya malay na pasya ring mga libro at mga damit ang itinampok, na hindi masyadong "luho," lalo kung ikokompara sa binhi (o mikrobyo?) ng proyekto: mga model kit ng Bandai.

***

Saglit munang digresyong may kinalaman pa rin naman sa proseso at sa proyekto: hirap akong magsulat nang lumaganap sa daigdig ang coronavirus. Koinsidental na saklaw ang panahong ito noong opisyal nang mailathala ang *Oroboro at Iba Pang Abiso* (2020), una kong aklat ng piksiyon, kung saan maaaninag na ang trajektoring tinatahak noon ng kasalukuyang proyekto. Post-oroboro, dalawa pa lang yata ang borador ng maikling kuwento (na relatibong medyo kumbensiyonal ang estruktura) na aking nabuo. Mas pinagkaabalahan kong maglibang at makabuo ng anumang walang kinalaman sa panitikan. Mga model kit ng gundam ang napagdiskitahan ko. Parang pagbabalik-loob lang ito dahil kinagiliwan ko sila noong aking kabataan. Tema ang digmaan sa diegesis ng mga mobile suit at ng *Gundam*, popular na prangkisang mecha ng mga Hapon. Kaya hindi mahirap gumawa ng konsumérebyu na anti-imperyalista at na kritikal sa mga giyera ng agresyon. Mekanismo ang "build" sa mga model kit upang kayanin at kumprontahin ang mga hamon ng pandemya at pasismo. Hindi pagtakas kundi pagharap sa realidad ang dala ng mga merch na mecha. May resonansiya sa mikrokosmo ng konstruksiyon ng mga mobile suit (o sige, tawagin na nating "robot") sa personal o domestikong espasyo ang makrokosmo ng politiko-ekonomikong produksiyon ng armas.

***

Sadyang iniwan ang petsa sa mga screenshot, dahil may hiling din ang akda sa mambabasa. Bahala na ang mambabasa kung ibibigay ang kahingian: na subuking iugnay ang mga reklamador na rebyu sa mga balitang laganap sa

nakatalang petsa. Puwede ring hindi. IYKYK na lang, 'ika nga. May niche nga lang na mambabasa ang mga tulad ng "Rebyu ng 'Anti-IATField at iba pang dagling rebyu'," ang unang set na ipinasa para sa konsiderasyon ng at ganap namang inilathala sa *Likhaan: Dx Machina 1: Philippine Literature in the Time of Covid 19* (2020) ng UP Institute of Creative Writing; kaya anotado ito at may metakomentaryo bilang pagpapakilala sa proyektong "lazadagli" pa noon ang tawag. Sinundan ang nabanggit kaninang "Damnit" ng dalawa pang set na nagtatampok ng mga mobile suit. Nasa *Points of Contact: Literary Anthology* (2021) ang "Mao Zeong at iba pang dagling rebyu," na di-sadyang naiwasto sa inisyal na pakikipag-ugnayan sa akin ng mga editor ng Philippine Collegian. Dahil hindi pamilyar ang reperensiya sa kulturang ipinapalagay na "popular," inakalang kulang ng letra ang "Zeong," na pumapatungkol sa "ace" mobile suit ng Zeon. Sa "Dekodigong 1/100: Mga Master, mga grado, mga dagling rebyu" naman, tampok ang mga model kit na 1/100 ang scale; kalalathala lang nito sa antolohiyang *Anti-Katha: Agos sa Experimental na Kuwento sa Pilipinas* (2023).

Tulad ng "sensoradong *konsumérebyu*: mga sampol," tulak din ng sensura ang muling pagtatampok sa mga libro sa "Mula Tore patungong Shopee: Ilang libro at dagling rebyung panlipunan" sa seksiyong pampanitikan ng *PINGKIAN: Journal for Emancipatory and Anti-Imperialist Education* 7:1 (2022) ng CONTEND-UP, na may kampanyang kontra-sensurang *Aswang sa Aklatan* #HandsOffOurLibraries, na pumapatungkol sa mga librong binabansagang "subersibo," kung kaya ipinagbabawal at tinatanggal sa mga aklatan upang mapigilan ang paglaganap ng mga ideang "terorista." Sa ipipresentang set, hindi na direktang represyon ng pamahalaan ang tampok kundi ang tila arbitraryong sensurang internal sa shopping app. Malamang na kumpas pa rin ito ng kung anong awtoridad, na inaayudahan ng intelihensiya, artipisyal man o mala-militar. O, kombinasyon ng dalawa.

Presentasyon: Salvaged Set

Tuluyang nagbago ang konotasyon ng "salvage" sa karanasang Filipino at sabay na itinatanghal ang dalawang kahulugan ng tampok na set. Matapos magpakitang-gilas kahit papaano ng proyekto upang patunayang may sapat nang praktika sa pag-akda ng mala-panitikang anyo dahil sa pagkilala ng iba't ibang publikasyong nagbigay-espasyo o kumunsinti sa bisyon ng proyekto, may bahagyang distinksiyong iba sa nakaraang mga set ang kasalukuyang mga sampol. Sensura ang sanhi ng ibang klaseng pagkamalikhain—hindi sa pampanitikang teknik kundi sa "sirkumbensiyon." Ang mga unang "hidden" na rebyu ay kauna-unahang dulot ng mga ekspletibo, o mga mura at iba pang katagang "bastos" ("inappropriate"), o kaya'y mga kuda na walang kinalaman

sa aytem (“irrelevant”). Upang maiwasang maflag o matag, resolusyon sa sariling tokenistikong banggitin ang produkto sa mismong rebyu, na itutuloy sa mga digresyong tumatalakay sa sosyo-ekonomikong mga isyu, na sadyang minamali ang baybay ng “pu+ang1na” o “ta3”, gamit ang espesyal na mga karakter.

Sa kabila ng nailahad na diskarte, may mga notipikasyon pa rin ng omisyon sa mga rebyu at ng posibleng pagbawi sa gantimpalang “coins” na maliit pa sa barya at hindi man lang umaabot sa piso! Walang problema sa huli, dahil nakasanayan ko nang dumiretso sa rebyu imbes na mag-upload pa ng mga larawan o bidyo upang magarantiyahan ang pakonsuwelong coins. Wala na talaga akong tinatarget na makuhang insentibong kadalasa’y wala o hindi pa katumbas ng 50 sentimo. Ang una ang problema. Paligsahan ang pakiramdam ng pagkakonsumi, panghihinayang, at nosyon ng kumpiyansa sa proyekto. Kung may mga empleado mang naatasang mamulis o may mga propesyonal na umakda ng programa o aplikasyong madetect ang “bawal” na mga salita, ibig lang sabihin nito, apektado *sila*. Palagay ko nga, walang naaabot ang orihinal na pook na pinaglathalaan ng mga rebyu, o kung mayroon ay negligible, pero pinaglalaanan pa rin *nila* ng panahon upang barahan ang akses o burahin. Hindi tipo ng aytem, kundi sensura ang tema ng set na ito. Sinubukan mang palitan ng karakter ang mga palayaw at apelyido ni “vbm,” ng “mga narcos,” ni “5ara,” ng “mga du30” at iba pang “kaluluwan6 halan6,” natunugan pa rin. Guwardiyado ng mga empleado o programa, o programadong empleado o empleadong programa. Walang magpapadaig. Gagamitin ko pa rin ang “serbisyo” ng app, at maglilingkod ito sa aking luho, sa proyektong mala-pampanitikan, sa kritikang panlipunan, at sa iba pang pretensiyon.

Rekomendasyon: Konsiderasyon

Sa kabila ng mga sirkumbensiyong nabanggit, may mga sensurang hindi ko pa rin mawari ang dahilan. Kaya rin may mga isinama rito na hindi (pa) ikinukubli ng app, upang itampok ang mga sinubukang estratehiyang potensiyal na makapagpaunlad ng pakikidigmang gerilya sa larangan ng Shopee: imbes na baybayin ang mararahas na pang-uri, buoin ang mga mapanlusob na pandiwa o palitan lang ng numero ang letra ng tanyag na mga pangngalan, pasaring na lang ang mga deskripsiyon, akto, at tao gamit ang unang letra ng salitang nasa alinmang wika. Halimbawa, “p word” para sa “panget,” “k word” para sa “pagpatay” (kill) o “m word” para sa “marcos,” atbp. Sa ngayon, abangan kung ito na ang pinakaabanteng praktika ng anti-konsumeristang konsumeristang opensiba!

Muli, wala akong idea kung may markado bang mga salita lang na kapag lumabas sa rebyu ay itututing na itong "inappropriate" o "irrelevant," at awtomatiko na itong itatago? O, manwal: mapapansin ba ito ng rumorondang (malamang, kontraktuwalisadong) mga moderator ng mismong shopping app, o ang seller ba ang magsusumbong sa mga awtoridad? Kung ang (re-) produktibong sining nga ng pagsasalin mula isang wika tungong isa pa ay pawang "ehersisyo sa pag-aaksaya" (Santos 329), ano pa ang pagsasalin ng iniisip at dinadama tungong salita, na "mailalathala" sa seksiyong panrebyu ng tindahang digital na walang natatanging "reach," lalo kung ikokompara sa saklaw ng mga influencer at pinamumugaran nilang platapormang social midyang instrumental sa makinarya ng distorsiyon ng impormasyon at pabrikasyon ng katotohanan ng mga nasa kapangyarihan? Mahirap lubos maisip na impertinente na nga at walang matinding bisa ang espasyong pinili, nais lang ng taga-rebyu na magbuntong-hininga at magwala nang walang aktuwal na nasasaktan, tatapyasan pa ang kalayaan sa pamamahayag sa produktong bayad naman na? Walang pagpapahalaga ang kapitalistang moda ng produksiyon maging sa konsumer na kunwaring ikinakampiyon nito.

***

Nakatutulong din naman sa persepsiyon sa buhay ang mga tulad ni Marcos Jr. Bukod sa pampalubag-loob sa mga panahong parang wala nang tamang nangyayari sa pang-araw-araw ay masasabi pa rin natin sa sarili: mabuti na lang hindi tayo *siya*. Mailalapat din ito sa konsumerismo: mabuti nang gundam o libro lang ang luhong galing sa pinaghirapan nating trabaho sa gitna ng ekonomikong krisis kaysa magkaroon ng bilyones na confidential at intelligence funds na bunga ng korupsiyon at utang na loob sa mga among imperyalista at mga kapwa komprador na kadalasa'y panginoong maylupa rin. Buwelo ang depensibong pambungad na pangangatwiran sa konsumerismo bago iulat ang kasalukuyang estado ng proyekto ngayong (noong) 29 Setyembre 2023 (nang idraft ang manuskrito): may 216 na screenshot ang folder; may mga dobleng kopya dahil muling dinodokumento kapag ganap nang nilimitahan ang bisibilidad ng rebyu (aka "hidden"); tantiyang dalawang ulit ang bilang ng aytem na nasa folder dahil may mga screenshot na higit sa isa ang nahagip na aytem; may 70 ang pinagsamang bilang ng aytem na hindi pa dumarating o hindi pa narerebyu. Pustahan, lalampas sa 500 ang kantidad ng aking naakumulang konsumérebyu sa katapusan ng taong 2023.

Nagsimula ang koleksiyon—ng gundam at ng libro—bilang pagsalba ng bait sa tila koordinadong panliligalig ng pandemya at pasismo, pero mukhang hinahamon ang aking sanidad ng paglobo ng bilang ng mga aytem na bunga ng konsumerismo. Maipagmamalaki ba ito o ikahihiya? Mas mahalaga ang praktikal na tanong kaysa sa damdamin: anong pamamahala o estratehiya sa kurasyon ang episyente? Ang kasalukuyang set ay rekord ng pagsalba sa

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

mga konsumérebyung muntikan nang ibaon sa obskuridad ng sensura. Kaso, may peligro talagang metaporikong alikabukin at tuluyang mawala na sa hinagap ng susunod na henerasyon ang mga proyekto kong tulad nito—at ng karamihan sa atin. Wala namang sining na tunay na "timeless" at "unibersal."

Ang produksiyon ng mga piyesang humahamon sa mga kumbensiyon ay pagtanggap na pansamantala ang mga konstruksiyong inobatibo. Kung maaaring hindi mailathala ang mga kimerang tekstong ito sa publikasyong malawak ang distribusyon, ano pa ang tsansa sa kanonisasyon? Maging mga klasiko o kanonikal nga, hindi permanente. Pragmatiko ang solusyon sa personal kong mga proyekto: kung matagal nang tinatanggihan ng patnugutan ang akdang may tendensiyang eksperimental at may surplas akong aktuwal na mga coin, ako nang bahala sa reproduksiyon at limitadong sirkulasyon nito. Aminin nang malamang sa malamang ay mababagot ang mayorya ng madlang mambabasa sa mga "konseptuwal pa-art," kundi man isasantabi at ipagkikibit-balikat na lamang. May espesipikong panahon at pook ang ginagawa ko—at nating lahat. Delusyonal at banidoso ang layuning maging "imortal" ang awtor at kaniyang akda. Kung "nobelistiko" ang dagli at "walang pretensyon na ito ay kawalan-hanggan" (Tolentino 62), baka hindi lang pretensiyoso kundi tensiyonado ang konsumérebyu at walang nobelistiko rito. Insurhensiya ito sa mga espasyong pampanitikan at pangkomersiyo. Impiltrasyon ito. Kapag tinangkang puksain, implisitong apektado ang estrukturang maglalaan ng enerhiyang manupil; kapag hinayaan lang, okupado pa rin nito—at hindi isinusuko—ang espasyo sa loob ng hegemonikong estruktura. Alinman sa dalawa, makokonsiderang tagumpay, gaano man kalimitado at kapansamantala.

Aminado akong pribilehiyadong posisyon ang pagkatha nang walang pagkonsidera sa dami ng magkakainteres na mambabasa. Hindi ko kasi pangunahing hanapbuhay ang produksiyon ng mga akdang pampanitikan. Wala yatang full-time na manunulat sa ikalimang daigdig. Pero, kung hindi ako, sino ang gagawa nito? Sana, may mga makakabasa. Pero bakit nila pipiliin iyon kaysa manood ng Netflix o mag-scroll sa TikTok? At, kung hindi ngayon, kailan? Sang-ayon sa sinumang magsasabing "mahalaga ang (mala-)panitikan," pero hindi rin maitatangging totoo ang palagay na "(mala-)panitikan lang iyan" kung kaya huwag seryosohin. May rekonsilyasyon ba ang dalawang posisyong ito? Subukan nating palitan ang ilang mga susing-salita: oo, represyon ang sensura. Pero, sensura lang iyan.

***

Mas sinalungguhitan ng kasalukuyang set ang impertinensiya at kawalang-bisa ng sensura, kahit tanggap na ng proyektong ito, na hindi malawak ang demograpikong maaabot nito, at kung gayo'y hindi makakaambag (gaano) sa pagpapalakas at pagmomobilisa ng kritikal na bultong makauugong

at masasagap man lang ng radar ng mga nasa kapangyarihan. Ano pa ang makayayanig sa pundasyon ng kanilang mga imperyo? Tanggapin man itong set sa publikasyon o hindi, interesanteng nagmateryalisa na kahit bilang manuskrito lang ang set na biktima ng omisyon—na tunay namang "karapatan" ng may-ari ng app, lalo kung makaaapekto ito sa suwabeng operasyon ng negosyo. Maliban sa iwas-sensura ang mga bukod-tanging screenshot na walang "This review is hidden by Shopee admin," sampol at rekord ito ng estratehikong sirkumbensiyong kontra-sensura. Minaximisa rin ang ekstensiyon ng word-limit (o kawalan nito?) sa mas bagong mga entri—na kilometriko ang haba kompara sa mga mas luma. Sa pag-angkop ng ahensiya ng mga rebyu sa karahasang estruktural ng app, hinahamon at tinutugunan din ito—na para bang natututo ang magkatunggali sa isa't isa. Default na mananaig *sila* sa teritoryo nila. Sa mga pagbabago sa batas, opisyal mang nakasaad sa mga tuntunin o hindi, nagluluwag at naghihigpit ang app. Sa lumalawak o kumikitid na mga siwang sumisingit ang mga reklamong wala na sanang makababasa matapos supilin, pero narito ngayon at hindi magpapadaig.

Mga Sanggunian

Acuña, Arbeen. "Ilustraxon: Semyotika sa Pahina at sa Piraso ng Komix (monograph)." *Kritika Kultura*, blg. 30/31, 2018. pp. 497-525. https://ajol.ateneo.edu/kk/articles/82/986.

Acuña, Tilde. "Damnit: Mga Dagling Rebyu." *Community Quaranzine*, 2021. https://x.com/ quaranzineph.

---. "Dekodigong 1/100: Mga Master, mga grado, mga dagling rebyu." *Anti-Katha: Agos sa Experimental na Kuwento sa Pilipinas*. U of the Philippines P, 2023, pp. 154-165.

---. *konsumérebyu: kuda reklamo tsundoku*. 2022.

---. "Mao Zeong at iba pang dagling rebyu." *Points of Contact*. Philippine Collegian, 2021, pp. 92-96 https://issuu.com/philippinecollegian/docs/philippine_collegian_-_points_of_contact.

---. "Mula Tore patungong Shopee: Ilang libro at dagling rebyung panlipunan." *Pingkian*, tomo 7, blg. 1, 2022, pp. 76-85 https://pingkianjournal.wordpress.com/wp-content/uploads/2022/06/2022-vol-7-no-1.pdf.

---. "Rebyu ng Anti-IATField at iba pang dagling rebyu." *Dx Machina 1: Literature in the Time of COVID-19*, tomo 14, bg. 2, 2020, pp. 106-21. https://journals.upd.edu.ph/index.php/lik/article/view/8620.

Barthes, Roland. *Mythologies*. Isinalin ni Annette Lavers. Farrar, Straus & Giroux, 1972.

---. *The Eiffel Tower and other Mythologies*. Isinalin ni Richard Howard. Hill and Wang, 1979.

Benjamin, Walter. *Illuminations*. Isinalin ni Harry Zohn. Schocken Books, 1969.

Garcellano, Edel. *Interventions*. Kalikasan Press, 1998.

Goldsmith, Kenneth. *Uncreative Writing: Managing Language in the Digital Age*. Columbia UP, 2010.

Mitchell, WJT. *Image Science: Iconology, Visual Culture and Media Aesthetics*. U of Chicago P, 2015.

Mitchell, WJT. "Image X Text." *The Future of Text and Image: Collected Essays on Literary and Visual*, pinatnugutan nina Lauren Walsh and Ofra Amihay. Cambridge Scholars, 2012.

---. *Picture Theory: Essays on Verbal and Visual Representation*. U of Chicago P, 1994.


---. *What Do Pictures Want? : The Lives and Loves of Images*. U of Chicago P, 2005.

Perloff, Marjorie. *Unoriginal Genius: Poetry by Other Means in the New Century*. U of Chicago P, 2010.


Santos, Benilda. "Pagsasalin bilang Eksperimento sa Pag-aaksaya." *Salin-Suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pag-aaral ng Pagsasalin sa Filipinas*, pinatnugutan ni Galileo S. Zafra. UP Sentro ng Wikang Filipino, 2009, pp. 329-338.

Tolentino, Rolando. "Weder-weder lang! Ang Materyalidad ng Panahon at Espasyo ng Dagli." *Ang Dagling Tagalog: 1903-1936*, pinatnugutan nina Rolando Tolentino at Aristotle Atienza. Ateneo de Manila UP, 2007, pp. 21-68.


sensoradong *konsumérebyu*: mga sampol






Order Ratings
Shop Rating
Buyer Rating
This review is hidden by Shopee admin.
t*****k
Ganda, secure ang box, hindi tulad ni Bong Go, insecure pumatol ba naman sa student? Parang dekalidad na gundam na pumapatol sa Leo, porque grunt suite, minamaltrato makapagpakitang-gilas lang & makapagpabida. Dahil sa kit na to mas naunawaan ko struggle ng mga Leong mass-produced. Balang araw...
Bandai - HGAC 1/144 - Leo Gun···
19-07-2020 09:20
Seller Response:
Hahhaha! Thank you sir. Enjoy your kit!



Order Ratings
Shop Rating
Buyer Rating
Boondocks Brewing Company
Boondocks Brewing Co VARIETY 4...
16-12-2020 11:25
Buyer Response:
1star sa shopee 5star sa buyer! 31 Dec deadline ng pag-rate tas biglang ...anyway happy new year baka next year na matry ang beer, tagay maliban sa mga beerdugo na nangmasaker sa luzvimin sa huling dalawang linggo, atm may hostage silang remains ng magsasaka, at idk ano pang barbarismo ginagawa nila atm. Ibang goosebumps dulot ng fireworx dahil sa unabated killings sa buong bayan, w impunity! Marapat na kamtin ang hustisya sa 2021! Wag madaya mga pasistang talo sa kaboondockan (kungsan? nagbrew? ang seller? pero walang redtagging dito), tas sa sibilyan gaganti! Wag ding duwag midya na para bang extension lang ng ptv4! Anumang tayog ng pangarap natin anumang sarap ng pagtanaw sa kinabukasan sa bawat tagay, mananatili sa alapaap kundi magwawalas ang paghahasik ng lagim ng mga imperyalista & mga tuta nito. Dare to



Order Ratings
Shop Rating
Buyer Rating
This review is hidden by Shopee admin.
t*****k
Nasalo talaga niya yung araw iba naalala ko music-related tho, mga gusto ng Kolateral II for woke points, aim maging cool kahit ang paghuhugutan ay mga bangkay parang mga gago tuwang tuwa naman iba sa plagpul atbpng cringe in form&content. Kinig kayo andrew e o bagong lipunan, ewan kundi kayo maagit
Suncatcher (Paperback) by Jos···
18-05-2022 07:24
t*****k
Tsismis ay (razon™) daw si bbm pa-Oz (buti nirally!) oha yan impunity ng carbon emisionz (tas aaral anak nya thru taxes & ill-gotten wealth), nag ambag na nga sa ongoing catastrophe para ika nating lahat, for sure aatak pa via afpnp & vigilantes to stifle dissent. Pasistang rehimen, buwagen!
Ro-Busters: The Disaster Squad···



Rate Product
Submit
Submit a review & get up to 0.4 coins! T&Cs apply.
The Witcher Boxed Set: 4 Books Set and T···
Variation: The Complete set
Repeated text/symbols don't meet our criteria. Please share more details of your experience with the item.
12-06-2022
4/5
Video
Suitability: damaged box, pero ok naman books. sulit na rin esp bcos vouchers, unlike ngayon mas limitado combo.
Tagal ko inantay restock pero mas matagal hinintay ng agrarian reform beneficiaries maimplement ang CARP. Tapos nang magbungkalan sa Asyenda Tinang, Tarlac, hinostage for ransom sila kasama ng advocates? Mass arrest, mga 90 katao w mga 3.3M php bail, thx sa bayarang pnp & coop ng villanueva dynasty.
Good quality
Accommodating seller
Wel



Order Ratings
Shop Rating
Buyer Rating
This review is hidden by Shopee admin.
t*****k
Nagsisibangon na mga demonyo saanman ano pero wala as usual rektang kunek tong "rebyu" sa libro basta't andami, lalo mga tagapagmana lang ng generational wealth, mga ika nga'y nepo baby, tas makaasta kala mo pasan nila mundo at aping api sila ng mga "inggit" na nagpoint out ng pribilehiyo nilang nagpa-easymode sa buhay nilang ikeclaim na lang imbis ihustle
PRELOVED | DARK DEMON RISI···
24-11-2022 06:12
Review/Reply Update
Your review has been hidden due to irrelevant or inappropriate content. Note: Shopee may remove the coins awarded for this review.
12/06/2022 04:49
t*****k
06-12-2022 04:49
luma pero mas bata pa ke enrile at imelda at mas me silbi, esp sa mga tangka matuto ng espanyol. idk if mas matanda ito ke sandro pero still, mas worth every peso. yung mga marcos, sayang buhayin sayang din ikulong o the other k word. english. tagal nang anlala ng dev't aggression, dapat labanan ofc
Eduardo Galeano. Las Venas Ab···



My Rating
New
To Rate 1
My Reviews
Buyer Rating
30-05-2023 14:05
RIP bookdepository pero thx sa fullybookd nakumpleto pa rin ang children of time trilogy, main theme nito ig ay sentience? Sumn na idk if meron ang mga pasista? Kaso iaabsolve naman natin sila kung iaassume na wala silang ahensya sa pinaggagagawa nila diba? Karamihan nepochildren not of time but of the old rotten-to-the-core comprador landlord class. Si mark, hindi na tahimik. Vocal sa maharlika scam na vinouch as urgent ni bongbong na bff daw ni sara. Sa tatlong yan pa lang, mga anak ng, e. Dapat dyan for the longest time (vol1) ay ma-ruin (vol2) at maging memory (vol3) na lang na di dapat tularan. Never again never forget dapat, at wakasan na mga nepo damulags na yan, si arroyo pa pala, anak ng tatay nya. Mga dinastiya talagang maaasahang alyado ng imperyalismo. Mag-aangilan lang saglet pero pag nasabihan ng amo, magbabati-bati para makapandambong at makapanlapa ng mas mahihina sa kanila. May araw din kayo. Pag nagka sentience lahat ng inagrabyado nyo, lintik lang walang ganti. Sanibpwersa lahat vs tiranong iilan.
Children of Memory: Children of···
Order Updates
Read All (1)
Review/Reply Update
Your review has been hidden due to irrelevant or inappropriate content.
Note: Shopee may remove the coins awarded for this review.
05/30/2023 14:13


Order Ratings
Shop Rating
Buyer Rating
This review is hidden by Shopee admin.
t*****k
Perstaym mag shopeelive tas nakadiskwento simpresyo lang ng dalwang shipping solid to tho mas matindi at satisfying ang bangin sa ilalim ng ating mga paa, pero malakas na debut na tong kapangyarihan ACAB kung ACAB anlala talaga ng mga pulis palamunin na habang nasa serbisyo (ng mga komprador landlord at kasapakat HINDI ng taumbayan), hanggang magretiro lalo mga opisyal gagi wala ambag sa pensyon pero tiba tiba tas hindi lang NEEDS nila funded ng taumbayan pati bisyo droga lahat at ilan pang pamilya nila naipakita ito nang matingkad ni vivo sa KAPANGYARIHAN at sa BANGIN, mga halang talaga kaluluwa anupa mga amo nila na minsan napagagalaw na rin nila Sina bun/gbon/g at sar/a nga di madisiplina mga yan kasi kudeta abuten, mga kawatan e, pero may kapangyarihang makahihigit sa mga yan pag napuno ang taumbayan may mga pugot na gugulong sa kalsada bungong mababasag dugong dadanak at walang hihingi ng patawad kung iyon ang hustisya, katarungang pundasyon ng kapayapaan lalo para sa mga inagrabyadong mga biktima lalo yung walang kalabanlabang pinagmamasaker
31-08-2023 16:08
ANG KAPANGYARIHANG HIGIT SA ATIN...



Order Ratings
Shop Rating
Buyer Rating
This review is hidden by Shopee admin.
t******k
Ganda tho last na to sa 3 mga omnibus kasi Yung (SPOILER ALERT) panginoo ng mga buhok at mga kampon nito irl binabantaan na ang awtor creepy baka me nakatingin sa yo habang binabasa mo ito tho mas life and death situation ang "confidential" funds ni sira du30 kasi naman surveillance funds lang yun prolly! Sana hindi pati sh0pee rebyus minamanmanan nila ilang rebyu ko na ang tinago ng sh0pee admin kahit Wala f0ul words labo anw ingat sa mga mata sa dilim o sa liwanag ng araw dahil praning ang mga magnanakaw bawal ireklamo ang pandarambong mangungulimbat lang Sila sa maharlika ayaw pa ng mamamayan? Paano naman yung mga komprador landlord na inaapi at hinihiya lalo ber months na hi Jose marichan, ayan union buster yan anak ng azucarera kaya me karera sa musika dami time nepo baby kasi tulad ng karamihan sa executive at legislative mga matapobre dami mata bantay lookout sa mga abala sa opresyon nila at represyon sa mga kritikal na pumapalag at kumukundena
05-09-2023 23:53
Seller Response:
Hello Bookworm! Thank you for rating our store. We're glad to hear you are happy with your order. Stay safe and keep reading :)
PTSD Radio, Vol. 3 (Paperback) by Mas...



Order Ratings
Shop Rating
Buyer Rating
This review is hidden by Shopee admin.
t******k
Ikanga'y "steal" kahit malabo o rather hindi na itutuloy itong The Familiar. Interesante mga gimmick (not derogatory) ni danielewski, typographical experimentation and so on, inobasyon at distorsyong pampanitikan na kaigaigaya kontra sa pambabaluktot ng deped sa kasaysayan. May memo ba namang baguhin ang "diktaduryang Marcos" sa mga textbook tungong "diktadurya" na lang? Hawak na nga nila mga impormal na daluyan ng impormasyon naratibo kasaysayan mula YouTube Facebook atbpng plataporma online, tas tatapyasin pa nila ang dakilang ngalan ng angkan nilang sinonimo na sa Hitler diktador pasista? Sa lansangan na lang ba maririnig ang katotohanan o hindi na rin dahil itinutumba ang sinumang may puna, kundi sisisantehin, gagawing infierno ang buhay, o ikakarakter assassination via redtagging. Familiar talaga si vvm, anak sya ng tatay nya pero dahil sa alleged inbreeding nagdeteriorate na talaga at lumala, mas walandangal at tamad sa pangangatuwiran man lang kahit baluktot, kineg kineg konte ke arroyo at among imperyalista sabay utos. Pamilyar talaga at alam natin ang mangyayari. Mauulit ang kasaysayan pero wag na sana ulitin ang pagkakamali ng mga liberal na noynoy at mama niya na hindi di pa tuluyang dinurog ang mga estruktura ng pasismo, paano kasi mga antikomunista ring takot mawalang ng ektaektaryang lupain at limpaklimpak na yamang dinambong sa sambayanan.
09-09-2023 23:28
The Familiar (Complete Volume) by Mar...


This review is hidden by Shopee admin.
t*****k
Ofc di ko pa nabasa so tasahin ko lahat ng mob psycho tankobolume by its pabalat eto pakilala sa bida naten bowlcut alam na nating me scammer syang master at me prinsipyo syang di nya gagamitin sa masama powers nya buti pa to e no samantala mga naghaharing uri wala na ginawa kundi manlamang magicking resulta ng eleksyon itelekinisis ang bayan sa dis mis impormasyon and so on sana di ako maubusan ng daldal at mapansin agad kung me inotokorek na di naman dapat inotokorek sana naootokorek budget delibs e no hindi yung walang katapusang pandarambong tas dapat mo igalang kase bise/presidente hindi lang dapat 100 ang dumalo sa mob lalo psycho ang rehimen at hindi iyon xcuse kung may krisis sa mental health tulad ng prekursor nyang kanor dapat bumaba sa pwesto kaysa maging panggulo
18-09-2023 14:37
Mob Psycho 100 #1 by One - Trade Pap...
This review is hidden by Shopee admin.
t*****k
Tama ba Lolo ni mar Roxas kolaboreytor di ko malala pero sa ikatlong republika postdigmaan WW2 mas konsern pa ng mga Kano na irehabilitate ang mga kolaboreytor ng mga hapon kesa bigyang pagkilala ang mga bumuo ng alyansa maging sa mga komuni5ta aka osmeña sa pamamagitan ng pag appoint sa latter as pangulo fitting din tuloy na asa pipti si Sergio dahil pula niredtag sya kaya imbis na Siya edi si Roxas etc na lang na biglang kinalimutan ang atrasong pagtataksil sa bayan owell ang mga "papet" lang naman sa pH history mga nakipagtulungan sa mga hapon e mas malala nga yung mga mukang tagapagligtas pero mga hudas na pakawala ng u s kolonyalismo at kasama dyan nga dilawang inyong nagbebenta ng laban na coincidentally kulay associated w the Aquinos at ..kulaey netong pabalat
18-09-2023 14:37
Mob Psycho 100 #2 by One - Trade Pap...


Order Ratings
Shop Rating
Buyer Rating
This review is hidden by Shopee admin.
t*****k
Ganda cover galamay pa moar parang galamay ng estado bakit lagi sila nasa kampus premises musta naman chancy at u p president anyayare tas pabida pa sa bar exam laking abala man sa constituents makapagpabida lang anw ganda ng subtitle may paanatomy e yung mga cephalopod tho me utak mga octopus squid anuman e etong mga galamay ng estado di na kelangan mag isip e basta papatay maaabot quota pag nagkamali lipat lang maiiba lang destino basta mapalakhan ng budget kaya walang ingat ang layunin lang may mapagbuhatan ng kamay mapadamang superyor sila at kaya nila ipagtanggol mga among komprador landlord nasa posisyon man o wala andaya e tas hirap pa rin tanggaping wala ambag sa pensyon sabay magrarali vs reform sa pensyon nila kundi ba naman mga palamunin e kasayangan talaga ng resources buti ba anumang creature sa dagat may ginagampanang tungkulin sa kalikasan etong mga pulis wala e nagpapalaki lang ng mga tyan tas nampopowertrip tas kinokontrol pati criminal underworld sa deepsea dun tayo magtuos o yun try nyo kontrolin yari kayo ke cthulu
18-09-2023 14:45
Kraken - An Anatomy Science Fiction Pa...


This review is hidden by Shopee admin.
t*****k
Eto naman steal talaga pero hindi sa taumbayan magka tema pa ang mga pabalat parang mag asawa o magkapatid o magkamag anak na hindi mutually exclusive para sa mga angkan ng mga komprador at panginoong maylupa. Sakto pamilya running theme netong espesipikong books ni schweblin, maikli, creepy, tulad ng insesto sa royal pamilya at posibleng sa mga narcos, kasi bat ganon ichura nila, parang produkto ng inbreeding si sandro anak ba ni liza o ni imelda o ...ni imee tho most def si Jr ang ama, mga mandaragit mga to e, si imee pinaka on brand tuka nya yung baba nya, hindi talaga lahat nabibili ng pera tignan na lang mga chura netong mga kurakot, anumang botox pabango paganda, umaalingasaw pa rin mga ugaling hindi lang personal na katangian aka nature kundi nurture din dahil pinalaki sa impunidad, parang mga ardiente at fierro na syang tema ng sunod na rebyu! Naks episodiko abangan.
25-09-2023 03:52
Samantha Schweblin Bundle - Fever Dre...
t*****k
Edit
Conjugal ang tema ng rebyu sa madaling araw na ito. Bale "kinumpleto" neto ang naskor kong red commissar further adventures ni svejk. Kapwa satirikong banat o hirit sa mga patriot na medyo simpleton basta sunod sa utos para sa ikararangal ng bansa na minsan okey naman pero may pagkakataong maging delikado lalo kapag fascish (medyo, or worse, f word) ang pamunuan tulad ngayon, may makita lang na red sa pamagat ng binabasa, redtag agad, npa agad, dampot agad. Recently, may trike driver sa negros na sinalvage ika nga kasi pasahero nya ang target idesap ng state forces, at syempre ang matapang na "pananabotahe" ni jhed at jonila sa preskon ng ntf elcac, na actually, mas prinsipyadong speaking truth to power kesa sa mga humohold the line pero roll on deodorant naman ng rehimen ni jr. Good soldier ressa, reward mo abswelto. Pero ang mga niredtag, tutugisin kasi ipinapalagay na mapanira ng bansa, gayong yung iba, naghahanapbuhay lang tulad ng trike driver at ang iba nangangahas na maglingkod sa mga inetsapwera ng makakomprador na burukrasyang sunudsunuran


This review is hidden by Shopee admin.
t*****k
Saitama ito hindi saimali nye nye ok sabi ng kalbo na hindi tarantado at may pagka narci tulad ni tobats rosa dela asan na pala yun umiiyak pa rin si diokno panot lang hindi kalbo pinagreresign ni babala e no anw, baka bored si one punch man baka naman gusto mo ifistbump mga kaDDS same kayo sign shake hands watevs pero dilawan suot sentrist ka ba Saitama o nantotroll lang o wala kampake most prolly latter. Ok.
27-09-2023 18:39
Saitama ok | Thrift Apparel T-Shirt
This review is hidden by Shopee admin.
t*****k
Parang bastos ata tribong ito a. Hide nyo nga shopee o baka rebyu ko ihide nyo kapag may binabanggit na amo nyong mas bastos pa sa tribong ito isipin nyo si babala na asawa ni babalu si babala na kapatid ni bvm, nakirali kuno sa mga magsasaka e mga magsasaka nga dinarambong at dinadagas ng angkan nya kinakarat nila nang walang consent aka r word ang sambayanan sino ngayon bastos shirt na to o sagrada familia?
27-09-2023 18:39
Tribe Karat | Thrift Apparel T-Shirt
This review is hidden by Shopee admin.
t*****k
Hoy mga ardiente may araw din kayo humanda kayo sa ligaw na bulaklak magpapaligaw sa mayor pero ililigaw ang angkan nyo ipang maisagawa ang paghihiganti babawi para sa mama at papa na nabiktima kasi nakipagkaibigan si lily sa cutie but fatty later hunky anak ng r wordist na kahit mang r word atlis hindi nanggugoodjob aka salvage sa wikang pinoy. Abangan. Di ko pa kasi tapos. Pero humanda kayo mga ardiente.
27-09-2023 18:39
Wild Flower | Thrift Apparel Pocket Tee



t*****k
Ayan ok naman to gusto ko pa mamilosopo kaso kakapusin na ko sa oras 2359 na edit ko nalang maya. *click edit* At ayun nga, hindi ako umabot hahabulin ko pa sana rebyuhin mga binili ko sa savage mind e kaso di ko na pede irate. Buzzer beater na lumampas sa buzzer. Anw. Isabay ko na lang rebyu sa kompedio ng mga imposibleng bagay dahil tila kontradiktoryo at impossible rin itong philosophers tarot, materyalista sabay tumatadhana na hindi a la tadhanang tomo ng kasaysayang inawtor ng mga m word via ghost writers na mga PhD history profs sa univ. Unimaginable sa atin ang bilyon kaya temporal natin itong isinalin sa salin bonanzang konsumérebyu on tithwal malikmata alingasaw.
Order Details
Savage Mind Bookshop
Visit Sho
Malikmata: Mga Kuwento ng Kababalagha
₱
Mga Himutok Sa Palikuran
₱
Ang Kompedio ng mga Imposibleng Baga
₱


Kung piso ang segundo, magkaka 3600php ka in an hour, 86400 in a day, halos 2.6M in a month (walang wala hindi aabot sa 125M in 11 days ni s word), 31.5M in a year (parang mga bumoto kuno lang sa b-s tandem kaso di ka sure bcos ambilis bigla ng kunek sa PH INTERNET SA PH MABILIS sa transmission ng results), 315M in a decade, 1.57B in 50 years, 3.15B in a century hence, di pa aabot sa 4.5B ni jr na approx 142 yrs mo pa makukiha kung magkakapiso ka kada segundo since birth e kaso pinanganak ang bawat pinoy na may utang negative imbis na back to zero bank acct mo luge ka pag nareincarnate kang pinoy yung kapalaran mo hindi makikita ng tarot gaano man ito kapilosopo o malabo future mo tulad ng vision ni dornkirk ng zaiback empire may anino ng dragon na hadlang sa tinatanaw mo kaso antagonista ang zaibach sa escaflowne parang char sa gundam pula din mobile suite o guymelef ni dilandau pero wala tayo sa prangkisang bandai inokupa at winarcrimes nga tayo ng mga hapon, ang punto lang may tigre at fiona na humahadlang sa atng vision dapat silang puksain at ilaglag o hilahin mula sa toreng sauron. Andami nang references basta imperatibong pabagsakin sila kahit di natin maimagine what comes after kahit kandidato ang mga larawan ng paniningil for inclusion sa kompedio ng mga imposibleng bagay. Huwag hayaang mga imperyalista at mga tuta nitong komprador at landlord ang magdikta sa atin kung anong posible. Angkinin natin ang sa atin. Bawiin ang hindi sa kanila at sa katunayay dinambong nila sa atin. Pwersahan gamit ang sistema ng pagbubuwis na ginagarantiyahan ng pasismo kaya magdadalawang isip ang sinumang kokontra. Kailangan din natin ng pwersa. Force equals mass times acceleration tama ba?

28-09-2023 23:59



The Philosopher's Tarot (Cards) by Sere...


Order Ratings
Shop Rating
Buyer Rating
t*****k
Edit
Ganda nung spare parts me doppelganger mga diktador watif ganon din sina b at s ano mga tatay nilang si fm at rdd ayan a baka isensura pa o k word ba ang bawal anw seleksyon ito ng shorts tas solid naman bakal pa nga e diba tas sf watif may estruktura ng disinformation na on all fronts may makinarya mula troll komenters hanggang network ng influencer meron nasa payroll ng rehimen tas 8k pero post tas teka meron pala talaga di na kelangan iimagine hirap ngayon e lahat ng naiisip mong madness nauna na nila maisip tho sana mangyari soon yung sa spare parts wink wink oy wag nyo isensura to effort maghide ng message na as if nababasa naman ng marami e sold out na to as soon as mapost itong rebyu
28-09-2023 23:59
Metal Hurlant - Selected Works (Paperb...


t*****k

★★★★★

Ayan ok naman to better dog than any dog kaso kakapusin na ko sa oras 2359 na edit ko nalang maya. *click* edit. At ayun nga, hindi ako umabot hahabulin ko pa sana rebyuhin mga binili ko sa savage mind e kaso di ko na pede irate. Buzzer beater na lumampas sa buzzer. Anw. Isabay ko na lang rebyu sa malikmata Czech stories in Filipino at alingasaw eka kurniawan in Filipino dito tutal in translation din tong tithwal. Ang eskalasyong balak ko ay at least hindi ang mga ito, hindi salin mula sa kaban ng mamamayan aka public funds tungong bulsa ng mayayamann aka private interests ng komprador at landlord class na burukrata kapitalista at kumakahol na asong u word (sensura pa moar) ng imperyalismo. Well, salin ang tithwal mula urdu tungong ingles na syang accessible sa atin, while ang malikmata at alingasaw respectively Czech at bahasa Indonesia to Filipino na syang accessible din sa atin. Bale yung least prominent language isinasalin sa hegemonic o dominant para maakses ng mas nakararami. Yung confidential at intelligence funds o cif, iba. Mula dinambong at pwersahang kinuha sa nakararami tungong bulsa ng mga crony. Sana maisalin sa mga tinig na sabay sabay na maniningil ang sama ng loob natin. Lalo at kahit nagkakapiso tayo sa bawat segundo, hindi tayo magkaka 4.5B PHP. Unless, mababuhay ka approx 140 years. Kaso mababa minimum wage at wala ata ako kakilala na piso kada segundo ang rate, at hindi tayo singgarapal ni enrile para hindi lang pinansya kundi pati panahon ata kayang dambungin. Naikwento kahit as backdrop o napasilip rather sa atin ng tithwal ang galawan ng mga pwersa sa kashmir conflict, ng malikmata ang disposisyong czech tulad ng Kafkaesque na mga robotix w alienation thx sa oppressive structures, at desensitasyon ng mga Indonesian matapos ang m word sa mga kommie noong 60s tho may frustrations pa rin aka himutok nga, naisalin sa wikang nauunawaan natin sana magagap natin ang kailangan gawin sa panahong 296-3-0 ang payag-tutol-kebs sa 4.5b php plunder ni jr, binigyan pa ba natin ng tsansa gayong cif iyan sa surveillance at paghahasik ng lagim nya yan gagamitin para hatiin tayo tulad ng ginawa nila noong eleksyon. Sana hindi lang stories ang maisalin. Rage in translation sa lansangan atbpng larangan!

28-09-2023 23:59

The Dog of Tithwal: Stories (Paperback)...

Mga Pinto
Doors

Jhoanna Lynn Cruz at Emiliana Kampilan
University of the Philippines Mindanao
jcdaliling@up.edu.ph

Abstrak

Ang talang ito ay naglalayong talakayin ang konteksto at proseso ng proyektong "Doors," isang hybrid nonfiction na humahamon sa tradisyonal na estruktura ng naratibo. Ang proyekto ay isang non-linear at nagbabagong-anyong sanaysay na maaaring basahin sa anumang pagkakasunod-sunod sa gawang-sining na origami. Ang kolaborasyon sa proyektong ito ng may-akda at ng komikerang si Emiliana Kampilan ang kumakatawan sa pagnanasang lesbiana na maaari lamang mailahad sa pagsusulat na radikal, ayon sa teorya ni Nicole Brossard. Bagamat limitado ang pisikal na kopya ng zine, ang bersiyon sa video na may voiceover, pati na rin ang mga retrato ng bawat tupi, ay nagpapalawak ng saklaw nito. Sumasalamin ang proyekto sa paglalakbay ng may-akda sa pagtanggap sa sarili bilang manunulat na lesbiana at pagtatangkang sumulat nang labag sa mga kumbensiyon ng sanaysay bilang pagtanggi na rin sa dating pag-iisip ukol sa kasarian at uri.

This prefatory note aims to discuss the context and process of the project "Doors," a hybrid nonfiction text that challenges the traditional structure of narrative. The project is a non-linear and shape-shifting essay that can be read in any order in an origami zine. The collaboration in this project between the author and komiks artist Emiliana Kampilan embodies lesbian desire that can only be expressed through radical writing, according to the theory of Nicole Brossard. Even though the physical copies of the

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

zine are limited, the video version with a voiceover, as well as the pictures of each fold, expands its reach. The project mirrors the author's journey toward accepting herself as a lesbian writer and attempting to write outside of the conventions of the essay to subvert her old thinking about gender and genre.

Mga Susing-salita

lesbiana, sanaysay, hybrid, origami, queer

lesbian, essay, hybrid, origami, queer

Tungkol sa May-akda

Si Jhoanna Lynn B. Cruz ay professor ng Malikhaing Pagsulat sa University of the Philippines Mindanao. Siya ay may Creative Practice PhD mula sa RMIT University, Australia. Ang kaniyang memoir, *Abi Nako, Or So I Thought* (2020) na inilathala ng University of the Philippines Press ang unang lesbian memoir sa Pilipinas. Isa sa mga antoholiyang pinatgunutan niya ay ang *Tingle Anthology of Pinay Lesbian Writing* (Anvil, 2021).

Emiliana Kampilan ang sagisag-panulat ng gumawa ng unang komiks ukol sa kasaysayan ng Pilipinas, ang *Dead Balagtas Tomo 1: Mga Sayaw ng Dagat at Lupa* (Adarna House, 2017), na nanalo ng Philippine National Book Award for Best Graphic Literature and Best Book Design.

Pagniniig na Lesbiana: Ang "Doors" Bilang Sanaysay na Hybrid

Ang proyektong ito ay nagsimula bilang isang eksperimento batay sa aking konsepto ng isang non-linear, shape-shifting na sanaysay, na maaaring basahin sa anumang pagkakasunod-sunod, at hindi nakatali sa kronolohikal na panahon. Sa hybrid na tekstong ito, na tinatawag kong "Doors," inilalapat ko ang quantum theory ng panahon at kung paanong ang nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap ay sabay-sabay na nangyayari. Una kong planong sumulat ng mga bersiyon ng paghihiwalay na katulad ng idea ng "Cat in a Box" ni Schrödinger. Sa eksperimentong ito, inilagay ang isang pusa sa isang saradong kahon na may radioactive na sangkap at iba pang bagay, at ang kabalighuan ay "hanggang hindi binubuksan ang kahon, ang kalagayan ng pusa ay lubos na hindi alam, kaya't ang pusa ay itinuturing na parehong buhay at patay hanggang sa ito'y maobserbahan" (Kramer, talata 4, sariling salin).

Ninais kong gumawa ng isang tekstong may mga pinto na maaaring buksan para mabasa ang nakasulat na tekstong maaaring basahin sa anumang pagkakasunod-sunod nang hindi naaapektuhan ang kuwento. Humingi ako ng tulong sa lesbianang comic book artist na si Emiliana Kampilan na sumulat ng *Dead Balagtas Tomo 1: Mga Sayaw ng Dagat at Lupa* at pinaglaruan niya ang aking iniisip na disenyo at lumikha ng interactive na origami na nagbibigay-daan sa teksto na magsimula at bumalik sa simula nang hindi kailangang basahin sa partikular na pagkakasunod-sunod. Ito ang "genre-resistant" na sanaysay na aking iniisip para sa aking sarili bilang isang lesbianang manunulat—protean—nag-iibang anyo depende sa kasanayan ng manunulat, tulad ng isang lastikong nagiging bituin, X, Y, o L, W, M, o dobleng bituin sa mga kamay. Dito, ang gawang-sining o artifact ang nagpadaloy sa aking proseso ng pagsusulat. Ninais kong tapatan ang interactive na espasyong binuo ni Kampilan.

Sa aking creative practice research sa doktorado, ipinakita ko kung paano ako nakilahok sa pagiging invisible bilang isang manunulat na Pilipinang lesbiana dahil sa paraan ng aking pagsusulat ng karamihan sa aking mga kuwento. Halimbawa, sa pagsunod sa mga kumbensiyong naratibo tulad ng Freytag's Triangle, na inilarawan ng mga kritikong feministang Pranses tulad nina Hélène Cixous at Luce Irigaray bilang halintulad sa karanasang seksuwal ng kalalakihan. Sa gayon, ako ay "passing" bilang isang heteroseksuwal na babaeng manunulat. At ang tekstuwal na pagpasa ay umaayon sa aking pisikal na pagpasa dahil sa aking "feminine" na pagpapahayag ng pagiging babae.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Bagamat totoong hindi dapat ibatay ang pagkakakilanlang seksuwal sa nakikitang mga palamuti lamang, naniniwala ako na bilang isang manunulat na lesbiana, dapat kong hamunin ang sariling lumikha ng isang "oppositional lesbian cultural presence in the world," ayon sa kritikong si Tamsin Wilton noong 1995. Binabanggit ko ang taon ng paglalathala ng aklat ni Wilton dahil ang aking unang kuwentong lesbiana, "Christmas Lights," ay nailathala noong 1996. Mula noon, nagawa ko bang magtakda ng sariling presensiya bilang isang oposisyon sa pagsusulat ng mga babaeng heteroseksuwal, halimbawa? Maaari kong husgahan ang aking sarili ngunit ang katotohanan ay bagamat sumulat ako tungkol sa mga karanasan ng mga lesbiana bilang isang anyo ng representasyon, hindi nakita ang aking pagiging lesbiana sa paraan ng aking pagsusulat ng naratibo, sa kathang-isip man o hindi.[1] Kaya bahagi ng hamon ng aking disertasyon ay bigyang-pansin ang pagpapalawak ng aking sariling pagsusulat sa labas ng mga limitasyon ng uri na ipinataw sa akin ng aking Master of Fine Arts in Creative Writing mula sa De La Salle University-Manila, pati na rin ng sistema ng panitikang Filipino sa pamamagitan ng mga palihan, upang higit pang mabatid ang aking pagkatao bilang isang lesbiana.

Hinamon ko ang aking sariling sumulat ng akda sa paraang nagpapalawak sa saklaw ng mga kasanayan ko, at sa aking boses sa "creative nonfiction" na umiral sa aking sanaysay na "Sapay Koma," na nanalo ng Palanca award. Ito rin ang sanaysay na nagsilbing tanda ng pagbabalik ko sa pagsusulat pagkatapos ng anim na taong pahinga.[2] Upang gawin ito, kinailangan kong talikuran ang uri ng panitikang magiliw na tinatawag na "creative nonfiction," na ako rin mismo ang tumangkilik at nagpatuloy sa aking pagtuturo.[3] Kinailangan kong bumalik sa batayang uri nito—ang sanaysay. Sa pagbabalik ko sa sanaysay bilang uri ng panitikan, binalikan ko rin si Montaigne at ang kaniyang akda na *Essais* na nagmula sa salitang Pranses na *essayer*, na nangangahulugang subukin o sukatin (katulad sa mga damit). Sa diwang ito, inanyayahan ako ng sanaysay na sumubok ng mga bagay na hindi ko pa nagawa, bilang isang pagtatangka.

Gayunpaman, dapat tandaan na sa isang natatanging antolohiyang ukol sa kasaysayan ng personal na sanaysay, pinaigting ni Philip Lopate ang konsepto na sinimulan ni Montaigne na "the hallmark of the personal

[1] Mababasa ang mga detalye ng talakayang ito sa papel ko na "Passing and the In/Visibility of the Philippine Lesbian Writer," *Likhaan*: *The Journal of Contemporary Philippine Literature*, tomo 14, blg 1, 2020, pp. 288-305.

[2] Tumigil ako sa pagsusulat noong ikinasal ako sa lalaki, na sa isip ko ay hadlang sa musa kong lesbiana, tulad ng sinabi ni Virginia Woolf sa isang sulat, "Women alone stir my imagination."

[3] Sinabi ni Lee Gutkind, na itinuturing na "godfather of creative nonfiction" sa America, na ang CNF ay "true stories well-told," na limitado sa anyong narratibo, i.e., paggamit ng mga teknik ng maikling kuwento sa sanaysay.

essay is its intimacy [...] Through sharing thoughts, memories, desires, complaints, and whimsies, the personal essayist sets up a relationship with the reader, a dialogue—a friendship" (xxiii). Samakatwid, ang personal na sanaysay ay tulad ng isang tapat na usapan, sa boses na maaaring paniwalaang nagpapahayag ng katotohanan. Sa pamamagitan ng usapang ito, ang manunulat ay may pagkakataong hubugin ang sarili— "enactment of the creation of the self" (xxxxiv), na nagbibigay-diin sa proseso ng pagninilay at pagsisiwalat ng kaniyang sarili. Hindi ito ang ibig kong sabihin sa pagbalik-tanaw ko sa mga sanaysay ni Montaigne.

Sa paunang salita ni Marcia Aldrich sa antolohiyang *Waveform. Twenty-First Century Essays by Women*, idiniin niya ang kaibahan ng kasalukuyang sanaysay na isinusulat ng kababaihan sa pamantayang itinakda ni Lopate noong 1994: "The new hallmark of the essay is its versatility and range" (ix), hindi ang pagpapalagayang-loob ng manunulat at mambabasa. Ito ay malawak, hindi lang pag-uusap. Maaaring gumagamit ito ng personal na karanasan, pero sinusuri din ang mga pag-aakala patungkol dito. Sa kamay ng manunulat na kababaihan, "The essay is now a shape-shifting thing. It can do many turns, take on any subject, and assume any structure demanded by the writer's aims and the requirements of the materials she wields" (x). Ito ay nagpapahiwatig na ang sanaysay bilang isang uri ay buhay at maaaring maging anuman ang hinaraya ng manunulat. Ang ideang may kakayahang magbago ng anyo ang sanaysay ay hindi lang nakikita sa pagsusulat ng lesbiana; ipinakikita ng antolohiyang *Waveform* na maaaring makita ito sa mga gawa ng babaeng manunulat. Idinagdag ni Aldrich, "The essay is today a site of invention and innovation" (x), na nagtatampok ng mga eksperimento sa anyo na walang mga limitasyon ng uri, lumalampas pa sa salita patungo sa mga pormang grapiko at video. Naniniwala akong ang aking mga pagsisikap na mag-imbento at magpabago sa anyo ng sanaysay ay nababahiran ng aking pagkatao bilang lesbiana o subjectivity, partikular dahil sa aking hangaring usisain ang sanaysay bilang isang manunulat na lesbiana.

Ang salitang Filipino para sa "essay" ay sanaysay, na isang salitang portmanteau ni Alejandro Abadilla noong 1938 mula sa "pagsasalaysay ng isang sanay," na nangangahulugang "the narrative of one accustomed to writing" o nakasulat na karanasan ng isang sanay sa pagsasalaysay: "the written experience of one accustomed to narrating" (Cruz-Lucero 216). Bagamat pinili ni Cruz-Lucero ang kahulugan ng salitang sanay bilang "being accustomed to," sa palagay ko, ugat ng salitang sanaysay ang "pagsasanay" dahil sa pagsasanay lamang makakasanayan ang isang bagay, na mas nauugnay sa Pranses na etimolohiya ng salitang "essay." Noong 1950, inuri ni Abadilla ang sanaysay sa Pilipinas sa: "critical, satirical, political, social, historical, philosophical, didactic, spiritual, biographical, inspirational, reminiscent,

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

literary, and humorous" (216). Ang mga uri na ito ay patuloy na may kahalagahan sa mga manunulat ng sanaysay sa Pilipinas ngayon, at maaari ding gamitin sa paraang magkahalo o "mixed mode" (216). Sa panganib ng labis na pahayag, ang "Doors" ay *hindi* isa sa mga uring ito. At nakasalalay ang pagtatangkang hybrid na ito sa isang teoretikal na pagtanaw sa uri.

Ang salaysay ng origami zine na ito ay may kinalaman sa araw na iniwan ako ng babaeng dating kinakasama ko, at ang dalawang posibleng tugon na maaaring ibinigay ko (oo o hindi). Ngunit hindi sinasabi ng piyesa kung saang direksiyon talaga tumungo ang kuwento. Maituturing itong "micro memoir." Sa aktuwal na pangyayari, iniwan niya ako at hindi ko siya pinigilan. Hinayaan ko ito dahil talagang nais ko namang tapusin ang relasyon namin. Sa aking teksto, ipinakita ko ang ibang posibleng tugon sa "alok" na maghiwalay kami, tulad ng sa "Cat in a Box" ni Schrödinger. Sa ibang realidad, may isang bersiyon kung saan ako'y tumanggi na maghiwalay. Dala ng "Doors" ang kaganapang iyon. Sa disenyo ni Kampilan, ang origami ay maaaring tupiin sa anumang opsiyon at tumutuping pabalik sa sarili nito, kaya hindi ito nagbibigay ng tiyak na pagtatapos. Ang kuwento ay bumabalik sa unang pinto, at sa katunayan ay maaaring magbukas sa anumang pinto o anumang posibilidad, at bumabalik sa isang loop na lumalabag sa linear na panahon. Nang isulat ko ang piyesang ito, nilayon kong biguin ang panahon, ngunit ang kolaborasyon ng dalawang lesbianang manlilikha ang lubos na kumakatawan sa konsepto. Ang pagnanasa ng babae para sa kapwa babae ay nasa pagtupi-tupi ng piyesa sa kamay at sa pakikilahok ng mambabasa sa pagbukas at paglatag ng kuwento. Hinayaan ko ang likhang-sining na ilahad ang kuwento at nilabanan ko ang sariling hangarin na ayusin ang pagkakakuwento ng batayang karanasan. Sa mas mahabang borador nito, kinailangan kong tanggalin ang mga pangungusap kung saan sinubukan kong ayusin ang naratibo at bigyan ito ng tiyak na kahulugan. Hinamon ko ang aking kasanayan sa pagsusulat ng sanaysay at lumaban sa aking sariling pangangailangan para sa linear na pagkakaugnay at pagtatapos. Hinayaan ko ang mismong bagay na maging kung ano ito.

Gumawa si Kampilan ng dalawang kopya ng "Doors," tig-isa lang kami. Umasa akong mas maraming pisikal na kopya ang mabubuo at maipamamahagi, sa diwa ng paggawa ng mga zine, ngunit mananatili itong isang gawang-sining o artifact, na patuloy na nagbubukas at walang tiyak na pagtatapos. Ito ay handog sa isa't isa na lumampas at sumira sa aking mga inaasahan sa sarili bilang isang manunulat at sa kapwa manlilikha. Gayunpaman, sa bersiyong video ng pagtupi-tupi ng origami ni Kampilan na may boses kong binabasa ang teksto, nilikha namin ang isang bagong posibilidad para maabot ang madla ng proyektong ito. Inilalakip ko rin ang mga larawan ng bawat tupi upang mas malinaw na maipakita ang mga detalye.

Ang hybrid na tekstong ito na may graphic at genre in(ter)ventions ay sinadyang tumutol sa pag-uuri sa panitikan sa aking pagsisikap na baguhin ang mundo bilang isang manunulat na lesbiana upang tugunan ang hamon ng lesbianang manunulat-kritikong si Nicole Brossard ng Quebec. Para kay Brossard, tanging ang radikal na pagsusulat ang makapaglalantad sa mga lesbiana sa loob ng sistema na hangad tayong burahin. Hindi sapat na ilantad ang ating mga karanasan sa pamamagitan ng pagsusulat dahil ang wika ay naglilingkod sa patriyarka at iba pang gahum. "*To write in lesbian*… involves putting words on pages that evoke the voice and corporeal presence of a woman…whose passions carry her toward another woman and other women" (Forsyth 46). Kaya ang panulat ng lesbiana ay dapat na kumakatawan sa pagnanasang ito, hindi lamang sa wika, kundi sa mas radikal na mga paraan.[4] Ito ay isang paraan ng ugnayan ng babae sa babae, hindi lang sa salita kundi sa katawan.

Sa isang panayam, ipinaliwanag ng manunulat na queer na si Kazim Ali kung bakit siya hindi interesado sa kuwento: "because you have to have an "I", a coalesced personal self, in order to have story happen to that entity" at para sa kaniya, ang lirikong sanaysay ang paraan kung paano maitatampok ang kuwento ng mala-pagbuo ng pagkakakilanlang queer (Hennessy at Ali 29). Bagamat hindi naman ito nasa anyo ng tula, ipinakikita ng aking hybrid na sanaysay na "Doors" ang posibleng paraan kung paano nagtatangka ang aking pagkalesbiana na mabuong muli matapos ang karahasan ng biglaang hiwalayan sa matagal na relasyon. Habang nagbubukas at muli itong tinutupi, muli ko ring dinaranas ang aking sariling pagkawasak patungo sa pagbubuo, bagamat hindi patungo sa katapusan ng kuwento, kundi sa mga pintong bumubukas.

Pahabol

Sa hiling ng mga patnugot, gumawa ako ng isa pang piyesa, na kolaborasyon din, pero hindi talaga hybrid. Nagsimula ito bilang proyektong ekprastiko batay sa digital painting ng isang lesbianang pintor, si Rebie Picazo Ramoso. Hinikayat niya ang ilang mga kaibigang babaeng manunulat na sumulat ng mga piyesa batay sa kaniyang mga larawan ng babae. Tinawag niyang "peripheral (e) motions" ang exhibit, na unang ginanap noong 4 Disyembre 2022 hanggang 2 Enero 2023 sa vMeme Contemporary Art Gallery sa Pasig City. Binasa ng ilang manunulat at ng batikang artista sa teatro na si Missy Maramara ang mga piyesa, at inilagay ang mga ito sa music app na Spotify. Sa eksibit, maaaring

[4] Tinalakay ko ang batayang teorya sa mga pakikialam na linguistic at non-linguistic bilang lesbiana sa "Lesbian-Essaying Through Textual In(ter)ventions in Memoir." *AKDA: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance*, tomo 1, blg. 3, 2022, pp. 25-33.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

pakinggan ang mga pagbasa gamit ang headset habang tinitingnan ang mga larawan. Sa gayon, pati ang tumatanaw ay nakapaloob nang husto sa espasyong ekprastiko. Gumawa rin si Ramoso ng ilang pirasong chapbook na naglalaman ng mga piyesa at mga larawan. Pinili ko ang painting na "Closer" na nagpaalala sa akin ng isa kong dating karelasyon, at sumulat ako ng prosang tula (o lirikong sanaysay, tulad ng mungkahi ni Kazim Ali) tungkol sa pagtatalik ng mga lesbiana. Pagniniig na literal, hindi metonimya o metapora.

Bagamat tradisyonal na kolaborasyong pansining ang ekphrasis, alinsunod sa lohika ng proyekto namin ni Kampilan, ang kapwa-paglikha namin ay maituturing na pagniniig na lesbiana. At dahil origami zine ang batayang proyekto, hinamon ko ang sarili kong gumawa ng zine sa sarili kong mga kamay, kahit simple lang, para masigurado rin na magagawa kong muli ito. Sumunod ako sa gabay sa YouTube kung paano gumawa ng zine na may walong pahina sa isang papel, inilatag ko ang mga linya sa mga pahina, at inilagay ko rin ang larawan sa loob nito, na makikita lang kung bubuksan at ilalatag ang papel. Bagamat nasa pormang polyeto ang mga pahina nito, maaari itong tupiin sa ilang ibang paraan para sirain ang linear na pagkakasunod-sunod ng naratibo. Ang gawang-sining na ito na ginawa ng aking mga kamay ay tunay na likhang lesbiana, na siyang konsepto ng isang chapbook ng sulatin at mga larawang lesbiana sa Pilipinas, ang *What These Hands Can Do. A Lesbian and Literary Art Folio* na inilimbag noong 2008 ng Lunduyan ng Sining, Inc. Sa introduksiyon, sinabi nilang ang mga kamay ng isang lesbiana ay armas ng pag-ibig at sarap; tinutulungan tayo nitong makaramdam, lumikha, mangwasak (*What These Hands* vi). Ayoko naman silang gamitin para mangwasak; mga kamay ko ang ginamit ko sa paggawa ko ng zine na ito: tinupi, ginupit, dinikit ang mga bahagi; ang sarap na nadama sa kamay dulot ng proseso ay hindi ko nadama sa pagtipa sa kompyuter, o sa pagdrag ng cursor habang nilalatag ang teksto sa pahina.

Sa pagsalin ng piyesa sa Filipino mula sa Ingles, lumabas ang problema ukol sa kung paanong ipakikita na ang naratibo ay lesbiana kung ang mga panghalip ay gender-neutral. Kung ang "siya" ay maaaring babae o lalaki, sapat na bang masabing lesbiana ang "Hindi ko siya mapasok"? Literal na "I couldn't enter her" bilang salin ng "Impenetrable." Para sa akin, klaro na ito ay "lesbian coded." Pero alam ko na ang tiyak na paraan para mabasa na lesbiana ang sanaysay ay kung alam ng mambabasa na ang manunulat ay lesbiana. "Ako" ang babae na nagmamahal ng kapwa babae, hindi "siya." Sinubukan kong balikan ang salin at hayagang banggitin na babae ang katalik ng "ako," pero hindi ito naging kanais-nais para sa akin.

Sa kabilang banda, pinaiigting lang ng problemang ito sa pagsasalin ang kahalagahan ng proposisyon ko na ang tekstong lesbiana ay dapat na *kuma-katawan* sa pagnanasang lesbiana, na dapat makita hindi lang sa kung ano

ang nakasulat kundi sa kung paano ito nakasulat. Kung kinakailangan itong gawin sa pagtupi at pagladlad ng papel, siya nawa. Gagamitin ng lesbiana ang kaniyang mga kamay kung kinakailangan.

Mga Sanggunian

Aldrich, Marcia, patnugot. *Waveform. Twenty-First Century Essays by Women.* U of Georgia P, 2016.

Hennesy, Christopher at Kazim Ali. "An Interview with Kazim Ali." *The American Poetry Review*, tomo 42, blg. 5, 2013, pp. 28-32. *JSTOR*, https://www.jstor.org/stable/24592237.

Cruz-Lucero, Rosario, et al. "Essay." *Encyclopedia of Philippine Art*, pinatnugutan nina Nicanor Tiongson et al., ikalawang edisyon, tomo 11, Cultural Center of the Philippines, 2017.

Forsyth, Louise. "To Write: In the Feminine is Heavy With Consequences." *Nicole Brossard: Essays on Her Works*, pinatnugutan ni Louise Forsyth. Guernica Editions, 2005, pp. 34-51.

Kramer, Melody. "The Physics Behind Schrodinger's Cat Paradox." *National Geographic*, 14 Agosto 2013, https://news.nationalgeographic.com/news/2013/08/130812-physics-schrodinger-erwin-google-doodle-cat-paradox-science/.

Lopate, Philip, patnugot. *The Art of the Personal Essay: an Anthology from the Classical Era to the Present*. Doubleday, 1994.

What These Hands Can Do. A Lesbian Literary and Art Folio. Lunduyan ng Sining, 2008.

Wilton, Tamsin. *Lesbian Studies: Setting an Agenda.* Routledge, 1995.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Doors

That day, she opened the door and said,

"I break up with you."

But why?

"I just want you to be happy."

No, you can't do that. I won't allow it.

If that's what you want, all right.

Remember how happy we were when we were happy?

Happy is as happy gets.

Close the door.

The cat might get in!

Mga Pinto

Sa araw na iyon, binuksan niya ang pinto at sinabing,

"Hihiwalayan na kita."

Pero bakit?

"Gusto lang kitang lumigaya."

Hindi, hindi mo magagawa iyan. Hindi ako papayag.

Kung iyan ang gusto mo, sige.

Naaalala mo ba kung gaano tayo kaligaya noong masaya tayo?

Masaya lang kung may saya.

Isara mo ang pinto.

Papasok ang pusa!

Little Deaths

(after the painting "Closer" by Rebie Ramoso)

In the painting the woman lies face down on the bed, smiling, her eyes half-open, or half-closed, depending on how you see it. Her left hand lies limp on the bed, wrinkled, suggesting age that the rest of her arm and back do not. Her other hand is tucked out of sight. She is wearing a white eyelet chemise, reminding me of an old movie about Sabel being too young, too young for what this woman knows. Sunlight streams into the room.

In another room with windows boarded shut it was always night, the only way she could come was lying prone, facing away from me, eyes closed. She complained when I did or said anything as she was reaching for her joy. Sometimes she would send me away. Too distracting. What, I didn't even have to be there? But the French do call orgasm *la petite mort,* and isn't it true that we all die alone? So, I let her little-die alone for years. Impenetrable. With the landscape of her heaving back, I became most familiar.

In yet another room, I loved another who opened to me, who asked me for more. She wanted to take me, be taken, face-to-face, to look at me, and I, her in our ecstasy. Even though we loved in the dark at that time.

The woman in the painting is alone. The artist signs on a glimpse of her thigh, just below the *callado* hem riding up. I imagine her smiling about what she sees, beyond the frame. It will always be their secret.

A little death, shared, is a room filled with light.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Mumunting Kamatayan

(batay sa painting na "Closer" ni Rebie Ramoso)
Salin mula sa Ingles

Sa larawan, nakadapa ang babae sa kama, nakangiti, bahagyang pikit o mulat, depende sa pagtingin mo. Ang kaliwang kamay niya ay nakalapag sa kama, kulubot, nagpapahiwatig ng katandaan, di tulad ng braso at likod niya. Ang isang kamay ay nakaipit sa kung saan. Nakasuot siya ng puting kamison, nagpapaalala sa akin ng lumang pelikula tungkol kay Sabel na bata pa, lubhang bata pa para sa mga alam ng babaeng ito. Ang sikat ng araw ay pumapasok sa kuwarto.

Sa ibang silid kung saan ang mga bintana ay nakapinid na mistulang laging gabi, ang tanging paraan para makarating siya sa sukdulan ay nakadapa, nakabaling palayo sa akin, nakapikit. Umaalma siya kung may ginawa ako o sinabi habang inaabot niya ang rurok. Pero ang tawag ng mga Pranses sa orgasmo ay "la petite mort," at hindi ba't ang lahat ay namamatay mag-isa? Kaya hinayaan ko siyang munting-mamatay nang mag-isa nang ilang taon. Hindi ko siya mapasok. Lubos kong nakilala ang indayog ng kanyang likod.

Sa isa pang silid, may minahal akong bumukas para sa akin, humiling ng higit pa. Gusto niya akong sakupin, magpasakop, harap-harapan, tingnan ako at makita ko, sa aming ligaya. Kahit na kailangan naming mahalin ang isa't isa sa dilim noon.

Ang babae sa larawan ay mag-isa. Pumirma ang pintor sa hita niya, sa baba ng laylayang callado na nakalilis. Sa haraya ko, nakangiti siya dahil sa nakita niya sa labas ng kuwadro. Ito ay mananatiling kanilang lihim.

Ang munting kamatayan na pinagsaluhan ay isang silid na tigib ng liwanag.

Sonetoismo

Sonetoismo

Mesándel Virtusio Arguelles
Pamantasang De La Salle Manila
mesandel.arguelles@gmail.com

Abstrak

Ang *Sonetoismo* ay isang buong sonetong sunuran. *Constraint-based* ang proyekto at nakatali sa aking praktika ng konseptuwal na pagsulat at apropriyasyon. Naglalaman ng mga sonetong isinulat kada araw (mala-talaarawan), ngunit may puwang para sa inasahang minsanang pagpalya at sinikap tugunan ito sa pagsulat ng higit pa sa isang soneto sa ibang araw. Sapagkat arawang soneto—ito ay pagdama, pagmarka, pag-alaala, pagninilay, selebrasyon, at pagpupugay sa araw-araw—sa karaniwan at natatanging mga bagay, tao, at pangyayari kapwa sa mga karaniwan at natatanging araw, gamit hanggang maaari ang pinakakaraniwan at pinakapayak na paraan ng pagtula mula wika at mga kasangkapang estetiko, retoriko, at apropriyatibo. Pangunahing inspirasyon at konseptuwal na nililingon ng buong proyekto ang seryeng *Today* ng biswal na manlilikhang Hapones na si On Kawara. Isinusulong sa *Sonetoismo* ang pormal na imbestigasyon at interogasyon ng anyo sa pamamagitan ng lingguwistikong inobasyon at pagpapakita o pagpapamalay ng proseso ng pagbubuo-pagbabaklas ng mga soneto. Binibigyang-diin ang tula bilang proseso at ang anyo hindi lang bilang hubog kundi, ang mas mahalaga, bilang puwersa, dahil sa pagkasangkapan sa anyo ng sunuran.

Sonetoismo *is a constraint-based, full-length sonnet sequence tied to my practice of conceptual writing and appropriation. Written diaristically, however, it leaves room for occasional failure and attempts to address this*

by writing more than one sonnet at a later date. The daily sonnets are an attempt at perceiving, marking, remembering, reflecting, celebrating, and paying tribute to the everyday—to ordinary and extraordinary things, people, and events both on ordinary and extraordinary days, using as much as possible the most ordinary and simplest way of writing poetry from language and aesthetic, rhetorical, and appropriative devices. The entire project takes its prime inspiration and conceptual basis from the Today *series by the Japanese visual artist On Kawara*. Sonetoismo *advances a formal investigation and interrogation of form through linguistic innovation and displays awareness of the process of constructing and disassembling the sonnets. The emphasis is placed on poetry as a process and on form not only as configuration but, more importantly, as force, through the employment of the sequence.*

Mga Susing-salita

soneto, sonetong sunuran, constraint-based, konseptuwal na pagsulat, apropriyasyon, anyo

sonnet, sonnet sequence, constraint-based, conceptual writing, appropriation, form

Tungkol sa May-akda

Si Mesándel Virtusio Arguelles ay may MFA degree sa Creative Writing at PhD degree sa Literature mula sa De La Salle University Manila, kung saan nagtuturo din siya ng mga kurso sa panitikan at malikhaing pagsulat. Isa siyang patnugot, tagapagsalin, at may-akda ng mahigit sa 20 libro ng tula, kritikal na sanaysay, at isang nobela. Pinakabago niyang libro ang *Ang Aming Lungkot ay Amin* (Librong LIRA, 2023).

Ilang Talâ sa Sonetoismo

"Not the stuff of sonnets," ang epigrape ng buong proyekto. Bahagi ito ng sipi mula sa kritisismo ng *Time* magazine sa kantang "Bohemian Rhapsody" ng bandang Queen na inilabas noong Oktubre 31, 1975. Sa una, hindi pumatok sa mga kritiko ang pamosong awit ng Queen. Sabi ng *Time*: "Unfortunately, Queen's lyrics are not the stuff of sonnets." Una kong naengkuwentro ang siping ito sa komersiyal na pelikulang *Bohemian Rhapsody* (2018) na tungkol sa buhay ng bokalista ng Queen na si Freddie Mercury. Sabihin pa, ang tumawag ng pansin ko sa sipi ay ang paghahambing ng awit ng Queen sa soneto. Maliwanag na para sa *Time*, may mataas na antas ng kasiningan ang soneto na hindi naaabot ng mga linya ng kanta ng Queen kaya ganoon na lang ang kanilang paglait dito.

Madaling maunawaan ang ganitong mataas na pagkilala ng *Time* sa soneto. Una, napakahaba na ng kasaysayan at tradisyon ng Kanluranin na klasikong anyong ito, na nagmula sa ika-13 siglo sa Italya at ang ibig sabihi'y "munting awit." Ikalawa, maraming makata ang sumulat ng soneto na higit na nagpatampok dito: Petrarch, Shakespeare, Dante, Donne, at Milton hanggang kina Rilke, Bishop, Paterson, Laynie Browne, at iba pa. Kumbaga, subok na ang soneto. Sa wika nga ni Robert Sheppard: "The sonnet is a consecrated form, perhaps the epitome of lyric poetry itself…" (47). O kaya, sa pananalita ni Romulo P. Baquiran Jr.: "…maaaring magdalawang-isip ang sinumang makatang magtatangka sa anyong ito kapag isinaalang-alang ang tradisyon ng estetika ng soneto dahil talagang mahirap gawin" (12).

Itong binabanggit ni Baquiran na tradisyon ng estetika ng soneto na talagang mahirap gawin ang maliwanag na nasa isip ng mga kritiko ng *Time* sa tinutukoy nilang "stuff of sonnets." Sa usapin ng anyo, kabilang dito ang mga kilala nang elementong bumubuo sa tradisyonal na soneto, Petrarchan o Shakespearean man. Ang mga sangkap kung bakit soneto ang soneto. Nang hiramin ko ang kapiraso ng sipi mula sa *Time*—"not the stuff of sonnets"—at ilipat/ilapat sa aking proyekto bilang epigrape, wala na ito sa orihinal na konteksto at nagsisilbi na sa pangunahin bilang etiketa ng mga akdang nilalaman ng aking proyekto. Isang pag-aangkin na hindi nga ang mga akdang ito ang "laman" ng soneto. Isang negasyon. Gayunman, anumang negasyon ng isang bagay ay antimanong tumatawag o nagbibigay-atensiyon din sa mismong bagay na sinasalungat. Kinukuwestiyon ang anyo.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

2

Itinuturing ko ang sarili bilang pormalista. Matalik at malalim ang interes ko sa porma o anyo. Kakambal ng interes na ito ang palagiang interogasyon at/o eksperimentasyon lalo na sa mga establisado o kodipikado nang anyo. Naniniwala ako na ang lahat ng sining ay anyo at ang pagsulat—kung hindi man ang lahat ng sining—ay laging paghanap ng pinakaangkop na anyo ng pagpapahayag. Hindi lang di-mapaghihiwalay ang anyo at nilalaman kundi ang anyo ay nilalaman din gaya ng tinukoy na noon pa ni Cleanth Brooks at binigyang-diin ng kritikong Susan Wolfson (168).

Nagsimula akong magsulat ng soneto sa aking unang libro noong 2002, ang *Menos Kuwarto.* Mayroon ditong tatlong soneto, dalawang tradisyonal at isang malayang taludturan. Kapwa naiiralan ng imahen at mga elemento ng dagat kaugnay ng idea ng pagdaan ng panahon at pagbabago ang nasa malayang anyo, ang "Ang Agwela," at ang isa sa dalawang tradisyonal, ang "Metanoia." Nilagyan ko ng munting baryasyon ang "Metanoia" sa pamamagitan ng pagbalik sa padron ng tugmaan sa huling dalawang linya sa tugmaan sa una at ikaapat na linya (tugmaang AA) sa halip na magkaroon ng bagong tugmaan (GG) upang ipahiwatig ang siklikal na daloy ng kalikasan (dagat) at mga pangyayari sa panahon at maging ang panahon mismo, na maaaring isiping hindi ito linyar kundi siklikal.

Sa ikalawa, ang "Ang Agwela," ganap itong nasa malayang taludturan at sinimulan ko nang maging masikap sa ekonomiya ng salita. Mayroon itong 14 na linya, may tesis sa unang bahagi at pihit sa huling bahagi, sa ikawalo o ikasiyam na linya. Ipagpapatuloy ko ang pagsulat ng sonetong may malayang taludturan—ganap ko nang iiwan ang tradisyonal na anyo—sa aking ikalawang aklat, ang *Ilahás*. May limang sonetong kabilang dito, ang "Orasyon," "Intra Muros," "Fiat Lux," "Cul-de-sac," at ang tulang-pamagat, ang "Ilahás." Sa bawat isa'y sinusubukan kong pag-eksperimentuhan, gaano man kaliit na pagbabago, ang estruktura ng tula bukod sa paggamit ng malayang taludturan, pangunahin sa paglatag at pagputol ng linya, *run-on line/s*, *enjambment*, at iba pang poetiko at/o retorikong kasangkapan tulad ng parikala at balintuna, repetisyon at baryasyon, at tunog at musika.

Ganap kong gagalugarin at kakasangkapanin ang metapoetikong katangian ng kontemporanyong pagtula sa mga soneto sa ikatlo kong aklat, ang *Hindi man lang nakita* (2006). Ito rin ang aking unang sonetong sunuran. Dahil isang buong lirikong sunuran na ars poetika mismo ang aklat, ang mga soneto ay tumatalakay sa sining ng pagtula at mga kaugnay na sining. Tinutukoy nito ang sarili kaugnay ng iba't ibang usapin at danas sa daigdig, at ang buhay kaugnay ng paglikha, pagkonsumo, at pagpapahalaga sa tula. Binubuo ang sunuran ng

19 na soneto at kolektibong tinawag kong "Sueño Sonetos." Naglalaman ng 50 tulang nahahati sa limang seksiyon ang *Hindi man lang nakita* at estratehikong nakaposisyon-nakakalat dito ang 19 na soneto, itinuturing kong mga susón ng estrukturang taglay ng buong koleksiyon. Tingnan ang ilustrasyon ng posisyon ng mga soneto sa sunuran:

1 soneto	11 soneto	21	31	41
2 soneto	12	22 soneto	32	42 soneto
3	13	23	33	43
4 soneto	14	24	34 soneto	44
5 soneto	15	25 soneto	35 soneto	45 soneto
6 soneto	16 soneto	26 soneto	36	46 soneto
7	17	27 soneto	37	47
8	18	28	38	48 soneto
9	19	29	39 soneto	49
10	29	30	40 soneto	50

Pagkaraan ng sunurang ito, ipagpapatuloy ko ang paggalugad sa anyo ng soneto sa mga sumunod kong aklat: "Lobo," "Dahilan," at "Ang Kanyang Buhay na Ipinangako," sa *Parang* (2008); "Durungawan," mula sa "Tanawin," at "Alipato," sa *Guwang* (2013); "Fallo!," "Ang Aking Hininga Bawat Araw," at "Saglit," sa *Walang Halong Biro* (2018); "Sien 5," "Sada 7," "Jenine/Alberta Muñoz 2," at Jenine/Alberta Muñoz 3," sa *Mujeres Publicas* (2019). Maituturing na paglulundo ng aking ugnayan sa soneto ang proyektong *Sonetoismo* nitong 2022 habang sakop pa rin ang mundo ng pandemyang COVID-19 bagamat pumasok na sa tinatawag na bagong normal.

3

Maituturing na isang hulapi ang –ismo na ikinakabit sa hulihan ng isang salita upang bumuo ng salitang nagpapahayag ng isang partikular na praktika, sistema, paniniwala, o pilosopiya. Halimbawa nito ang mga ideolohiyang politikal at kilusang pansining. May mga pagkakataong nabubuo ang anumang salitang may –ismo sang-ayon sa magkakaibang mithi o proyekto ng mga indibidwal o grupo. Si Virgilio S. Almario, halimbawa, ay binuo ang terminong "Balagtasismo" upang tukuyin ang "puwersang mas maagang nabuo at nakapangibabaw…nakaugnay sa tradisyonal na anyo't institusyon…" (11) kaugnay ng kaniyang tesis tungkol sa dalawang kilusan, Balagtasismo at Modernismo, na nagpasulong sa pagtulang Filipino nitong ika-20 siglo. Sa

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

America, ang makatang si Frank O'Hara naman ay naglabas ng manipesto noong 1959 na tinawag niyang "Personism." Pero higit sa manipesto, mas maitututing itong pangutyang-manipesto. Nitong nakaraang ilang taon, si Romulo P. Baquiran Jr. ay binuo ang terminong "Ultra-Retorikismo" upang tukuyin ang para sa kaniya'y namamayaning tendensiya sa pagtula ng ilang kabataang makata noong bungad ng dekada 2000 na gumagamit ng "sensibilidad na nagtatanghal sa pantastiko at enigmatiko" (79). Si Vim Nadera naman ay nagpahayag ng "Kuwanismo" na aniya'y kaniyang manipesto, poetika, at politika (64).

Hindi kilusan ang *Sonetoismo*; hindi rin ito katulad ng "Ultra-Retorikismo" ni Baquiran bagamat nanghihiram ito ng diwa sa "Personism" ni O'Hara at malaki ang pagkiling sa pananaw ni Nadera na ang kaniyang "Kuwanismo" ay "pagtutol sa anumang anyo ng istandardisasyon at institusyonalisasyon" (64) dahil sinusubukan kong baklasin ang soneto. Isinusulong ko ang idea ng pagbabaklas na ito sa interogasyon ng anyo sa pamamagitan mismo ng pagpapakita o pagpapamalay ng proseso ng pagbubuo-pagbabaklas ng mga soneto. Sa ganito, binibigyang-diin ang soneto o ang sonetong sunuran bilang proseso at ang anyo hindi lang bilang hubog kundi, ang mas mahalaga, bilang puwersa, dahil sa pagkasangkapan sa anyo ng sunuran.

Sa isang banda, ipinagpapatuloy ng *Sonetoismo* ang proyektong sinimulan ko sa "Sueño Sonetos" sa *Hindi man lang nakita* (tahasang tumatawag ng atensiyon dito ang koleksiyon dahil ang huling tula ay may pamagat ding "Sueño Soneto"), pangunahin sa katangiang metapoetiko, at sa kabilang banda, ay tinatangka ring higitan pa ito. Hinihigitan dahil, una, isang buong proyektong sunuran ito kompara sa 19-sonetong sunuran ng "Sueño Sonetos" at ikalawa, *constraint-based* ang proyekto at nakatali sa aking praktika ng konseptuwal na pagsulat at apropriyasyon. Bukod dito, naglalaman ito ng mga sonetong sinulat kada araw (mala-talaarawan), ngunit may puwang para sa pagpalya (sapagkat inasahan ito) at sinikap kong tugunan ito sa pagsulat ng higit pa sa isang soneto sa ibang mga araw.

Sapagkat arawang soneto ito—pagdama, pagmarka, pag-alaala, pagninilay, at selebrasyon/pagpupugay ito, sa pangunahin, sa araw-araw—sa karaniwan at natatanging mga bagay, tao, at pangyayari kapwa sa mga karaniwan at natatanging araw, gamit hanggang maaari ang pinakakaraniwan at pinakapayak na paraan ng pagtula mula wika at mga kasangkapang estetiko at retoriko. Pangunahing inspirasyon at konseptuwal na nililingon ng buong proyekto ang seryeng *Today* ng manlilikhang Hapones na si On Kawara bagamat siyempre ay malayong-malayo at lubhang maliit itong aking sonetong sunuran kung ihahambing sa kaniyang dakilang obra. Ganito ang pambungad na paglalarawan ng Guggenheim sa kaniyang serye:

> On January 4, 1966, On Kawara began his *Today* series, or Date Paintings. He worked on the series for nearly five decades. A Date Painting is a monochromatic canvas of red, blue, or gray with the date on which it was made inscribed in white. Date Paintings range in size from 8 x 10 inches to 61 x 89 inches. (guggenheim.org)

Ginawa niya ang seryeng ito hanggang sa mga huling taon ng kaniyang buhay—umaabot sa halos 3,000 obra!—at sa pangunahin ay nagmumungkahi na magkakaiba ang pagdanas ng bawat tao sa oras.



Larawan 1. *Date Paintings*, On Kawara

4

Sa panahon ng pandemya at ng mga kaugnay nitong nagdaang lockdown, hanggang sa kasalukuyang namumuhay tayo sa bagong normal habang hindi pa rin tapos ang pandemya, paano ba natin indibidwal at kolektibong dinaranas ang mga oras? Paano tayo tumutugon sa mga oras? Kung isang manlilikha o manunulat, paano nga ba tumugon, kung makatutugon, sa harap ng malaki at di-nawawalang banta ng panganib? Maaari bang mataimtim na pagnilayan ang isang araw o ang mga araw? O pakinggan kaya ang isang buong araw kasabay ng matamang pakikinig sa sariling isipan at damdamin upang kung hindi man maiwaksi ay malabanan ang mga agam-agam?

Ano ang isang araw? "To narrate oneself into a catastrophe with unknowable global consequences seems trivial, or vain, or both. What does it matter where one was or what one did or how one reacted or felt or what one thought, if thinking occurred at all, during or afterwards?" (225). Ito ang unang talata sa "What Is A Day?" ni Ann Lauterbach, na unang bahagi ng kaniyang sanaysay na "9/11" at ayon sa kaniya ay isinulat niya upang *tangkaing hulihin* ang kagyat at lubha sa kaniyang karanasan sa mga pangyayari noong Setyembre 11. Gusto ko ang tangkaing hulihin. Nananatiling isasaakto ang nais gawin. Sa huli, hindi (ganap na) makatitiyak kung mayroon ngang nahuli

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

bagamat higit namang nasa pagtatangka ang diin at ang birtud, marahil. Tangkaing hulihin kahit ang isang araw. May mga linyang ganito si Philip Larkin sa maikli niyang tulang "Days": "What are days for? / Days are where we live" (98).

Ang *Sonetoismo* ay pagtatangka kong hulihin kahit ang kapiraso ng isang araw.

Mga Sanggunian

Almario, Virgilio S. *Balagtasismo Versus Modernismo*. Ateneo de Manila UP, 1984.

Baquiran, Romulo Jr. *Hiwatig: Pagsipat sa mga Tekstong Poetiko at Popular*. U of Santo Tomas Publishing, 2014.

Lauterbach, Ann. *The Night Sky: Writings on the Poetics of Experience*. Viking, 2005.

Larkin, Philip. *Collected Poems*, pinatnugutan ni Anthony Thwaite, Farrar, Straus and Giroux, 1983.

Mendoza, Amado Anthony III. "Victor Carmelo Emmanuel Nadera: Panayam Tungkol sa Eksperimental na Panitikan." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 2016, pp. 61-66.

Sheppard, Robert. *The Meaning of Form in Contemporary Innovative Poetry*. Palgrave MacMillan, 2016.

Wolfson, Susan J. *Formal Charges*. U of Stanford P, 1997.

mula sa *Sonetoismo*

…not the stuff of sonnets.
—*Time*

SONETOISMO

Nasa ikalabinlimang linya
ang kabuuan ng sonetong
gaya lang ng isang hininga
sa ambulansiya sa makitid
na kalsada, at kung sakali,
nakahanda kang magbigay-
daan, maaaring dugtungan.
Madurugtungan ng daan-
daan pa ang ikalabinlima,
makikita mo, pero huwag
magtaka kung matuklasan
na walang ikalabintatlong
linya sa bawat labing-apat.
Ito mismo ang sonetoismo.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

SONETOISMO

Nagsusulat ako ng isang linya,
dalawa, tatlo, apat hanggang
makarating sa ikalabing-apat
(o higit pa o hindi man husto).
Hindi lubhang mahalaga kung
ano ang mga linyang nailatag.
Pero inilalatag ko ang mga ito
nang buong ingat, sa kabila
ng tila paghahabol-oras, tulad
ng pagsasampay ng nilabhan
habang nariyan pa ang araw.
Upang sakali mang bumuhos
ang saganang ulan pagkaraan,
lastag na ang sampayang linya
at wala nang dinadalang bigat.

KAWARA

Itatala ko ang araw
na ito sa anyong ito
sa pinakakaraniwan
at pinakakongreto:
ang ito na itong-ito.
Walang labis, hindi
nagkukulang, kahit
walang sumasapat
kaya kailangan lagi
ang magwasak. On
Kawara, nasa saglit
ang sining, tuwina.
Itinatala ko ngayon
ito: Abril 21, 2022.

KAPIRASO

Kapiraso lang itong tula,
katorseng linya at iilang
salita tungkol sa maaari
o maaaring wala. Aariin
ng awtor matapos isulat
subalit hindi maaangkin
dahil para ito sa iba. Oo,
liban kung sa iyo, hindi.
Walang may-ari ng tula,
hindi ang awtor at hindi
ang mambabasa. Tulad
ng buwan, nariyan lang.
Kapiraso sa kalawakan
—suntok sa kapitalismo.

KAPIRASO

Sa kaliitan ng tula, sana'y mutya
itong pambihira, na magbibigay
ng kapangyarihan at kakaibang
lakas para pigilan ang masasama.
Sa kaliitan ng tula, sana'y bato
ito ng tirador na pangpuntirya
sa noo ng kalabang dambuhala.
Sa kaliitan ng tula, makapuwing
sana ito sa pasista at diktador.
Sa kaliitan ng tula ay naisilid ito
minsan sa lampara bilang lihim
na liham-paalam sa estranghera.
Ang aking tula ay munting hiling
na nahuhulog sa balong malalim.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

NAKAW NA SONETO

Ninakaw ko lang ito.
Hindi ko maitatago,
gayunman, sapagkat
hindi ninyo makikita.
Walang silbi ang tula
pero lalo kung wala
ito, hindi ba? Heto,
ninakaw ko sa kapwa
mga magnanakaw:
isang hangal, isang
hermetiko. Ako rin
sila noon at ngayon.
Nahuhuli ang tula
sa sariling salita.

SANDATA

Sandata rin ang tula sabi nila.
Nakapananakit nga ang salita.
Ngunit wala pa akong nabatid
na nanaksak o namaril gamit
ang salita. Hindi nakamamatay
ang salita liban kung bumukad
sa bibig ng pasista't diktador.
Kung sandata ang tula, anong
uri ng sandata? Ito ba'y tirador
ng mga paslit—mapababagsak
kaya ang ibong humuhugong?
Ito ba'y sumpit na nakalalason
ang bala? O luntiang granada
na sasambulat paglaya sa palad?

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

BATAS MILITAR

Hindi pa ako isinisilang
nang ipataw ang batas militar
at musmos pa nang ibagsak
ng taumbayan ang rehimen.
Sa lalawigan, humuhugong
ang mga helikopter sa ibabaw
ng matataas na punong niyog
na tumatakip sa aming piraso
ng langit. Tinutugis namin
ang hugong habang asinta
ng tirador ang mga kaaway
na tumatakas sa aming isip
kasabay ng pagbabalikwas
ng isang pulutong ng palapa.

CARTIER-BRESSON

Ang una mong 10,000 imahen
ang iyong mga pinakapangit
na mga imahen, sabi ni Cartier-
Bresson—siyang dalubhasa sa tinatawag
niyang "mapagpasyang sandali."
Kung ilalapat sa aking pagtula,
nakasulat ako ng higit sanlibo
sa loob ng 20 taon. Siguradong
hindi ako aabot sa 10,000 bago
ako mamatay at kung tumpak
si Cartier-Bresson, gusto ko ang ideya
na nagsusulat ako buong buhay
ng mga pinakapangit kong tula.
Talagang mailap ang kariktan.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

CCTV

Minomonitor ang mga salitang ito
24/7. Nakasubaybay ang mga mata
sa pahina. Binabantayan bawat
pagkilos, itinatala ang araw-araw.
Hinihintay wari ang pagdating ng
sandaling mayroong mangyayaring
sakuna, krimen, isang pagtatagpo
ng dalawang estrangherong ligaw
o mga mukha lang na nawawala
pero hindi naman talaga sapagkat
kahina-hinala ang kanilang usapan.
Subalit wala namang mahahanap
sa akdang ito. Hindi nila malalaman
kung kailan ito ganap sasambulat.

Seresa

Cherry

Jerwin Bilale
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
bilalejerwin@gmail.com

Abstrak

Umiinog ang sanaysay na *Seresa* mula sa personal na karanasan tungo sa kolektibo't sala-salabat na danas ng pagiging isang kontraktuwal na manggagawa sa industriya ng Call Center sa Pilipinas. Layong pagnilayan sa akda ang nakapanlulumong realidad ng kawalang katiyakan at mga kagyat na pamamaalam (hal., mababang sahod, kawalan ng regularisasyon, kakulangan ng oportunidad, atrasadong kompetisyon, atbp.) na siyang nag-uugnay o hindi kaya'y nagiging dahilan pa ng pagkakawatak-watak ng mga mamamayang biktima lamang ng isang sistemang kontra-manggagawa. Sa ganitong paraan, naitutuon ang naratibo hindi na lamang sa sariling sitwasyon kundi sa mas malawak, masalimuot na konteksto ng prekaridad na kinahaharap ng mga manggagawang Pilipino sa kasalukuyang panahon.

Cherry *weaves the intricacies and precarities behind the personal experience of the narrator, a contractual worker, who relates to the collective, narrative fabric of Call Center work in the Philippines. The essay centers the desolating aspects of such reality; below-minimum wages, lack of job stability, limited opportunities, toxic working environment, and unfair policies, etc. These burdening threads rest heavily on the direct victims of such system that exploits them; inevitably fragmenting their supposed connectedness in the struggle against the collective experience of the modern-day Filipino workers.*

Mga Susing-salita

personal na sanaysay, kuwentong manggagawa, call center,

personal essay, workers' narratives, call center

Tungkol sa May-akda

Si Jerwin Bilale ay tubong Lemery, Batangas. Halos dalawang dekadang tumira sa Tondo, Maynila bago mapadpad sa Fairview, Quezon City. Nagwagi sa ilang mga paligsahang pampanitikan at pinalad na mapabilang sa iba't ibang pambansang palihan. Nailathala na rin ang kaniyang mga katha sa iba't ibang lokal na publikasyon. Nagtapos siya ng kolehiyo sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman bilang *summa cum laude* sa kursong BA Malikhaing Pagsulat sa Filipino (2023) at kasalukuyang nagpapatuloy ng pag-aaral sa kursong Masterado (Panitikan ng Pilipinas) sa kaparehong unibersidad. Nagtuturo siya ng Filipino sa hayskul. Nagsusulat-sulat; nagbabakasakali, na maisalba ang sarili o ang iba kaya.

Sa Pagbubukas ng Sarili: Ilang mga Tala Hinggil sa Akdang "Seresa"

Hindi ganoon kadaling ipaliwanag ang pinanggagalingan ng isang personal na sanaysay, sapagkat may mga bagay na hindi (pa rin) kayang harapin ng mismong may-akda na ipinauubaya na lamang sa masalimuot na proseso ng pagsusulat: pagbabalik-tanaw sa nakaraang yugto ng buhay at ang pagtimbang kung karapat-dapat ba itong balikan, maisatitik, mabasa ng nakararami, sapagkat kung isa lamang itong pagdila sa sariling sugat ay huwag na lamang. Totoo ang sinabi ni Rene Villanueva, "Madaling ipaliwanag ang udyok pampanitikan," (ix). Ngunit kay hirap ibukas ng udyok pampersonal dahil sa mga maaaring maging implikasyon nito sa kasalukuyang realidad sa takot na mahusgahan, sa mga maaaring misinterpretasyon at higit, sa hindi naaalis na pangamba ng mananaysay sa kabuluhan ng kaniyang akda, ng kaniyang partikular na karanasang hindi naman makapagpapakita ng pangkalahatang larawan ng isang isinasalaysay na bahagi ng buhay (dahil isang imposibilidad na masabi ang lahat), na mabalikan sa pinakadetalyado't kongkretong naratibo ang malayong nakalipas ng naudlot na sarili.

Kung gayon, ang malay na pagdedesiyon sa pagsulat ng kathang personal ay isang hamon hindi lamang para sa mismong manunulat, kundi isa ring pagsugal, o pananalig sa mga potensiyal/pinatutungkulang mambabasa. Sa bawat salitang ibinubukas, mayroon ding mga salitang itinatago, malay man ang may-akda o hindi. Ngunit sa kabila ng mga limitasyong ito, o mismo, dahil sa mga limitasyong ito, nakapaloob ang esensiyal na bighaning taglay ng personal na sanaysay. Lagi't laging nariyan ang hamon ng pag-amin, ng mga pagtatangkang maibahagi ang parte ng sariling hindi basta-basta maipakita o maibunyag man lang maski sa pinakamalapit na kaibigan o minamahal. Sapagkat ang pagsulat ng personal na sanaysay ay isa ring pagbubukas ng mukhang itinatago sa madla (o sa sarili?), isang akto ng paghuhubad na hindi na lamang (dapat humihinto) para sa sariling kapakanan ng pagpapagaan ng bagahe, bagkus ay malay sa mga iniimplika nitong tunggalian, inuungkat na katotohanang makapagsisiwalat sa mas malawak na naratibong sumasaklaw na rin sa buhay ng iba, at may pinapanigang/kinokontrang posisyon, sang-ayon sa kaniyang mga pinaniniwalaan, pinanghahawakang bersiyon ng totoo, kabutihan, at kagandahan. Wika nga ni Conchitina Cruz, "The personal is not exempt from relations of power, and to write without an awareness of class, gender, or race or without sensitivity to geographic and linguistic hierarchies risks turning one's essay into a realm that mindlessly replicates prevailing inequities in the world at large," (22). At narito ang pagtatangka na bigyang-katwiran ang isang personal na akda na mula sa isang ligalig na panahon sa/ng kaniyang buhay.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Ang naturang katha ay kabilang sa mga tinitipon at pinaplanong kalipunan ng personal na sanaysay patungkol sa danas ng may-akda at sa mga danas ng taong kaniyang nakasalamuha sa pamamasukan sa iba't ibang kontraktuwal (hal., call center, fast food crew, pag-aapply sa mga pabrika, food stall crew, at iba pa) na trabaho noong siya'y tumigil sa pag-aaral bunga ng mga eksternal at internal na sirkumstansiya ng buhay. Para sa akdang "Seresa", ang tuon ay ang panahon ng simula ng pagtatrabaho sa isang lokal na call center sa isang insurance agency sa Binondo, Maynila. Lumiligid ang kabuoan ng personal na sanaysay sa tatlong indibidwal na nakadaupang-palad at nakasama sa sakop ng maikling panahon na siya'y nagtrabaho bilang isang call center agent. May pagnanais ang akda na ibukas hindi lamang ang sariling danas bagkus pati ang naratibo ng mga manggagawang Filipino sa kasalukuyang panahon, na sa kasamaang palad ay biktima pa rin ng hindi patas na sistema't kay ilap na oportunidad.

Maaaring itanong kung bakit hindi na lamang ito ikuwento o ipaskil sa birtuwal na espasyo upang makakalap ng kinakailangang atensiyon, na karaniwan na lamang sa kasalukuyan. Bakit pinili pa rin ang estilo ng malikhain, personal na pagsasalaysay/pagsasanaysay kaysa pawang pag-uulat kung ang nais naman pala ay pagmumulat sa kalagayan ng mga manggagawang Filipino. Una, dahil may pangangailangang maipahayag ito sa mas angkop na paraan, na para sa manunulat ay sa pamamagitan lamang ng personal na sanaysay, ng panitikan. Ikalawa, sapagkat nangangailangan ito ng sinserong atensiyong kagyat na naglalaho sa internet sa loob lamang ng pitik ng sandali. Kinakailangan ang mapagliming pagbabasa at pagdalumat na magbubunsod ng inaaasahang malalim na pagninilay mula sa mga pinatutungkulang mambabasang Filipino. Wala nang iba pang paraan para maipahayag ito kundi sa anyo ng personal na sanaysay. Binibigyang-puwang ng porma at anyo sa personal na sanaysay ang mga katahimikan at panandaliang espasyo na ipinagkakait ng plataporma ng social media kung saan isang scroll down lamang ay maglalaho nang parang bula ang binasang paskil, kasama ng iba't ibang sagabal sa masinsing paglilimi, kapalit ng mga distraksiyong birtuwal (hal., mga sari-saring patalastas na nakadepende sa algoritmo ng iyong account).

Isa pang dahilan kung bakit isinulat ito ay ang pakiramdam ng pangangailangan na bigyang-boses ang mga ordinaryong taong may kani-kaniya ngunit iisang kinalalagyang sitwasyong ekonomiko, politikal, at ideolohiko. Isa rin itong paraan ng pakikipag-usap (sa mga hinaharayang mambabasang Filipino), ng pakikipagkapwang posibleng mangyari (sa loob ng teksto) sa pagitan ng mambabasa at manunulat na pinagtatagpo sa/ng personal na sanaysay na siyang obligasyon ng huli, at siya ring pagmumulan ng tunay na kaganapan ng "sarili" (Einstein n.d.). Ang mga karakter na

itinampok ay hindi lamang nilikha ng imahinasyon kundi mula sa mga totoong buhay. Sila'y may mga mukha, pangarap at aspirasyong dapat ding bigyang-espasyo sa ating mga panulat, hindi para sa sariling interes kundi upang ipakita ang realidad ng mga kalagayang pinagdadaanan ng mga kontraktuwal na manggagawa ng ating bansa. Silang lagi't lagi nating nakasasalubong sa kalsada, nakasasabay sa pagsakay ng dyip, nakakangitian sa iba't ibang pila ng ating burukratikong buhay, may halaga ang kanilang danas. Bahagi tayo ng kolektibong karanasang ito, sa ayaw man natin o hindi, sapagkat tayo'y namumuhay sa iisang konteksto, bagamat iba't ibang espasyo't sitwasyon: karanasang Filipino. Magkakasalabat ang ating mga buhay at pinag-uugnay-ugnay tayo ng mga karanasang ito sa pang-araw-araw nating pakikipagbuno sa buhay, sa lipunang hindi kailanman naging patas sa mga mamamayan nitong nasa laylayan. Kung kaya may pangangailangan na maibukas ito't mabigyan ng puwang sa anyo ng sanaysay. Isang malaking kapabayaan, lalo na, sa kahit sinong manunulat/mananaysay (na mapalad na magkaroon ng espasyo, mabasa ng karamihan, at mailimbag nang walang iniisip na kompromiso, gastos, atbp.) ang isipin na ang personal ay isang ahistorikal na espasyo kung saan maaaring itanggi at isawalang-bahala na lamang ang mga estruktura ng kapangyarihan (Cruz 22).

Malaki ang impluwensiya sa sanaysay ng akdang *Lansangan: Mga Kuwentong Kalsada* ni Pia Constantino, maging sa akdang *Jandayan Islan: Symphony of Dry Winds in a Time Without Rain* ni Eli Guieb III. May pagkakatulad ang konteksto ng akda ni Constantino at ng naisulat na sanaysay: pagbibigay-espasyo sa mga ordinaryo, sa mga nasa laylayan ng lipunan, ang pagsentro hindi sa "ako" ng may-akda kundi sa mga "ako" ng mga indibidwal na kaniyang nakadaupang palad. Mayroon ding pagpapakita ng naratibo ng kapital at kung paano nito naaapektuhan ang mga ugnayan at relasyon ng mga manggagawang Filipino sa kasalukuyan, kung saan imbes na maging magkaramay ay nagkakaroon din ng tunggalian sa pagitan ng mga manggagawa, na sa katotohanan ay pareho lamang biktima ng mapang-abusong sistema. Ang pagkakaiba nga lamang ay ang pagiging taga-loob din ng may-akda sa komunidad na kaniyang pinapaksa (nakasama, nakilala niya sa trabaho ang mga itinampok na personalidad) kompara kay Constantino, na isang banda'y taga-labas (mananaliksik, dokumentarista). Nakikita rin ito ng mananaysay bilang isa ring pangangailangan na dapat tugunan ng isang manunulat ng personal na sanaysay sa kontemporanyong panahon, bilang pagpapatuloy sa kategorya ng mga naratibong isinisiwalat ni Constantino.

Ikalawa, kahit pa hindi pormal na nakapanayam ang mga itinampok na personalidad para sa isang pananaliksik o akda, may pagtatangka rin ang katha na makapagmapa ng komunidad (hal., komunidad ng mga manggagawa sa industriya ng Business Process Outsourcing o BPO) kagaya ng naisakatuparan

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

ni Eli Guieb III sa *Jandayan Island*. Ngunit dito, hindi naratibo ng isla kundi naratibo ng lungsod ang nais bigyang-hugis, bigyang-mukha, at ng mga mamamayan nitong alipin sa kaniyang ipinangangakong (huwad na) paraiso: pag-unlad, pagyaman, kaginhawahan. Malaki rin ang pagkakautang ng malikhaing estilo ng akda sa paraan ng naratibo ni Guieb III, isang naratibong nakatuon sa aktibong paggunita, ang hindi paglimot at pagbabahagi sa kapirasong yugto ng pag-iral at ang pagsusumikap na maisalaysay nang pinakamalapit na interpretasyon ng katotohanan, ang danas ng mga nakasama, nakilala sa trabaho, gayundin ang danas ng sariling buhay.

Malay ang mananaysay na hindi niya kayang magunita sa eksaktong detalye ang lahat-lahat, at may mga bagay na hindi na niya malalaman. Kagaya halimbawa, kung kumusta na kaya sina Kuya Ken at Varth, kung totoo nga bang nakaririwasa si Varth sang-ayon sa kaniyang laging ikinukuwento, kung namumuhay ba sila nang maayos ngayong panahong kay hirap mabuhay. Hindi niya alam at hindi niya malalaman sapagkat sila'y mga totoong tao at hindi lamang mga karakter na magagawan ng masayang katapusan sa isang kuwento. "Hindi laging mapagkakatiwalaan ang memorya. Hindi laging tapat at totoo ang alaala. Ang gunita'y maaaring kinatha lamang ng isipang estranghero't ligaw sa binabalikang nakaraan" (Villanueva xi). Ngunit hindi naman ang mga ito ang kabuluhang nais patunguhan ng akda: ang pagiging eksakto, ang pagkakaroon ng kongklusyon o ng isang masayang katapusan kaya. Ang mismong proseso ng pagsusulat ng sanaysay, hindi ang pagbibigay ng pinal na kongklusyon, ang tunay na esensiya nito. Ang pagtatangkang maibukas ang sarili, gayundin ang pagtatangkang maibukas ang iba, sa pamamagitan ng sarili sa mga kapwa mambabasa (sa kabila ng mga kahinaan at kakulangan) ay makasasapat na (Einstein n.d.). Sana.

Naghahalo ang piksiyon at di-piksiyon sa isang personal na sanaysay. At katulad ng iba pang personal na sanaysay, hindi makatatakas dito ang akdang "Seresa." May talabang nagaganap upang maitawid ang nais na ipaabot na mensahe sa pinakamalapit na interpretasyon ng katotohanan. Higit, upang makarating ito sa pinatutunguhang mambabasa. Iyon ang pinakamahalaga sa lahat. Hindi ang katotohanan o kapinuhan ng detalye, hindi ang pagiging piksiyonal ng akda. Paliwanag pa ni Arundhati Roy:

> I have never felt that my fiction and nonfiction were warring factions battling for suzerainty. They aren't the same certainly, but trying to pin down the difference between them is actually harder than I imagined. Fact and fiction are not converse. One is not necessarily truer than the other, more factual than the other, or more real than the other.
>
> Or even, in my case, more widely read than the other. All I can say is that I feel the difference in my body when I'm writing. (Roy)

May personal ding pagkiling ang mananaysay sa wikang Filipino sapagkat nang isinusulat niya ang sanaysay, mga masang mambabasa ang unang pumasok sa kaniyang isip. Isinulat ito hindi para romantisahin ang isang kritikal na bahagi ng kaniyang buhay kundi upang magbukas pa ng mga naratibong hindi na lamang limitado sa sariling danas kundi nakapaloob sa mas malawak at malaking naratibo ng mga manggagawang Filipino. Naniniwala din siyang sa pagpili sa wikang Filipino'y mas magiging bukas ang akda sa iba pang komunidad ng mambabasa labas sa mga tagasubaybay at mambabasa sa loob ng akademya, kagaya halimbawa ng mga mismong mga kontraktuwal na manggagawang pinatutungkulan sa akda, na bukod sa pagiging sentral na inspirasyon ng akda'y sila ring nais ireperesenta ng sanaysay.

Ang akdang ito'y isa ring paraan ng paggunita at pasasalamat sa mga taong hindi inaaasahang makararamay sa isang panahong kay hirap balikan nang hindi nakararamdam ng bigat sa dibdib. Sa totoo lang, hindi pa rin gaanong tiyak sa mananaysay ang maidudulot nitong kabuluhan sa mga mambabasang Filipino, sapagkat ano nga naman ang mapatutunayan ng iisang karanasan na malabong hindi magkaroon ng mga dagdag/pagkakamali dahil sa limitasyon ng memorya. Kay hirap din kasing sabihing kapupulutan ng aral o kahulugan ang sariling karanasan nang hindi masasabihang nagbubuhat ng bangko. Hindi rin iyon ang nais niyang isakatuparan: bagkus ay pakikipag-usap, pagdamay. Sa huli, ang personal na karanasan lamang din ang panggagalingan ng mga "maaaring" maging kabuluhan ng akda, mga posibilidad na ayaw niyang kipkipin na lamang sa kaniyang sarili nang mag-isa, kaya heto't sumusubok na makipag-usap. Dagdag pa ni Fanny Garcia, "…ang aking personal na karanasan—na sa pangkalahatan ay karanasan ng maraming iba pa—na sa pakikibahagi natin sa mga karanasan ng iba (sila man ay mga totoong tao, o sila man ay mga tauhang nilikha lang ng mga manunulat, gayunman, ang mga pinagbatayan ay mga totoong tao pa rin), ako, tayo ay may natututuhan" (xiv). At sana, kahit paano, sa pagtatangkang ito'y may naisakatuparan ang akda kahit ilan lamang sa mga bagay na iginiit ni Conchitina Cruz, patungkol sa mga katangiang taglay ng isang personal na sanaysay na umiigpaw sa "personal" nitong kapakanan:

> If the essay veers toward the private, it does not lapse into the self-indulgent or inconsequential but instead lays bare a privacy that is alert to or steeped in the social. If it is explicitly personal, its author does not regard this partial point of view as a catchall excuse for blind spots but a challenge to engage in self-reflexivity. If the essayist attempts detachment and recusal of the self, it is not to partake of the pretense of neutrality and objectivity, but to honor the subject matter, whose visibility in all its complexity is already striking sans comment. If the essay exudes an attitude of unwavering certainty or if it dares to speak for another, a community, a public, or society at large, it does so with a keen awareness of the risks and responsibilities that come with assuming this stance

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

> and provokes its readers to participate actively in meaning-making, to craft their own responses, and to act accordingly. (Cruz 46-47)

Sa huli, batid ng mananaysay/manunulat na nasa mambabasa pa rin ang pasya sa magiging kabuluhan ng kathang ito.

Mga Sanggunian

Constantino, Piya. "LANSANGAN: Mga Kwentong Kalsada." ingay biswal, 2 Setyembre 2010, http://ingaybiswal.blogspot.com/2010/09/lansangan-mga-kwentong-kalsada.html.

Cruz, Conchitina. *Partial Views: On The Essay as a Genre in Philippine Literary Production,* DLSU Publishing House, 2021.

Einstein, Sarah. " "The Self-ish Genre": Questions of Authorial Selfhood and Ethics in First Person Creative Nonfiction." *Assay Journal*, tomo 3, blg. 1, Setyembre-Nobyembre 2016, https://www.assayjournal.com/sarah-einstein-the-self-ish-genre-questions-of-authorial-selfhood-and-ethics-in-8203first-person-creative-nonfiction-31.html.

Garcia, Fanny. "Mula sa Awtor." *Family Album: Mga Piling Personal na Sanaysay/Salaysay*, U of Santo Tomas Publishing House, 2005, pp. vii-viii.

Guieb III, Eulalio. "Jandayan Island: Symphony of Dry Winds in a Time without Rain." *Kritika Kultura,* tomo 0, blg. 26, 2016, pp. 772-790, https://ajol.ateneo.edu/kk/articles/ 77/850/read.

Roy, Arundhati. "Literature provides shelter: That's why we need it." *The Guardian*, 13 Mayo 2019, https://www.theguardian.com/commentisfree/2019/may/13/arundhati-roy-literature-shelter-pen-america.

Villanueva, Rene. "Sa Babasa: Ilang Paliwanag." *Personal: Mga Sanaysay sa Lupalop ng Gunita*, ikalawang edisyon, Anvil Publishing, 2004, pp. ix-xii.

Seresa

Life is like a train that keeps on moving forward…

Abbas Kiarostami
"Taste of Cherry"

Krinnngggg, Krinnngggg, kr-

*Hello Sir/Ma'am, Good morning. This is Kael, from B***S*** Philippines, your partner in health! We're just conpirming lang po if nareceive niyo na ang inyong fremium package?*

Taong 2017. Buwan ng Pebrero. Unang danas sa pagkakaroon ng trabaho. Ligalig ang panahong iyon. Tiyak na'ng pagtigil sa kolehiyo at kasalukuyan kong isinasalba ang isang naghihingalong relasyon. Hindi ko rin masabing pinalad nang sa ikalawa o ikatlong ulit na paghahanap, natanggap [naman] ako. Isang maliit at pribadong kompanyang malapit lamang sa simbahan ng Binondo. Call Center. Lokal. Nakabase lamang sa komisyon ang sahod. Ibig sabihi'y nakasalalay sa dami ng taong makukumbinsi mong kumuha ng credit card sa inilalakong bangko ang perang maiuuwi mo kada ikalawang Biyernes ng linggo. Tatlong pahinang eksamen at panayam sa mismong boss ang proseso. "Why didn't you finish your course? Sayang naman," nang-uuyam na tanong niya sa akin habang binabasa ang ipinasa kong resumé. Nu'ng una'y hindi na ako umaasang makakapasok, ngunit nang tinanong niya kung kaya ko raw bang mag-umpisa na ngayong linggo, hindi na ako nakahindi.

Kasubuan na. Kating-kati na rin ang amain kong palayasin ako sa bahay kapag hindi ako nakaabot sa ultimatum na ipinataw niya't wala pa rin akong hanapbuhay. Sa mas malinaw na pakahulugan: kung hindi ako mapapakanibangan, etsa-puwera na ako sa pamilya ni Mama. At pakiramdam ko, matagal na rin itong gustong mangyari ng asawa niya na simula't sapul ay hindi naman talaga "anak" ang turing sa 'kin. Di ko naman siya/sila masisisi. Kakabalik ko lang mula sa ilang buwan ding paglalayas at pakikipagmatigasan, na wala ring pinatunguhan. Kung bakit, hindi na makatutulong pang ipaliwanag dito. Kinain ko'ng lahat ng aking mga sinabi. Lalo lamang akong napanghinaan ng loob sa sariling kakayahan. At ang katumbas noon sa aking amain ay isang absolutong bagay: na wala akong maipapagmamalaki sa kaniya, at siya, higit sa lahat, ang lumabas na panalo. Alam ko rin namang sa isang banda, kasalanan ko rin: ang mga pag-iwan ng kaibigang nangakong

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

aagapay, ang mga pagkamuhi't pagdistansya. Mabuti na ring malinaw: hindi ito pangungumpisal.

Sa sakop ng halos tatlong buwan, walong oras 'kong ginugol ang aking maghapon sa pagkumbinsi sa mga taong sa numero lang ng telepeno ko nakilala. Sa kanilang mga magaspang, kung minsa'y putol-putol, at kapag sinusuwerte'y malambing na boses ng pagpapasalamat nag-uumpisa at natatapos ang aming mga nakakurdong araw: hilera ng mga taong maghapong nakayuko, pasalit-salit ang magkabilang kamay sa pagsusulat, pagtawag sa dalawandaang numerong nakalista sa sampung pahinang listahan, at ang ritwal na pagdikit-hiwalay ng malamig na handset sa tainga, pigil na mga buntong-hininga, sa pag-asang maka-quota ngayong araw.

(02) 132-4675, ~~(032) 987-6543, (082) 345-6789, (02) 313-565,~~ (02) 125-7883, (032) ~~461-3312, (02) 1~~

Hindi naman sa lahat ng panahon na iyon ay masasabing nailustay ko lamang sa paulit-ulit na siklo ng pagtatrabaho. Sa tatlong buwang iyon, mayroon akong nakilalang mga kapwa trabahador. Kapwa nangangapa, nagbabaka-sakali sa mga numero't de-numerong paghahanapbuhay. Nagkapalagayan kami ng loob, marahil dahil sa iisang pangangailangan: pagkita ng pera para mabuhay. Paminsan-minsan, nagugunita ko ang mga hikahos at paos na araw na iyon kasama sila, kaming mga kontraktuwal na manggagawang araw-araw nakikipagbuno para lamang mairaos ang pag-iral.

Pinakaayoko sa lahat ang pamamalaam.

*Hello Sir/Ma'am, Good day! This is Alexandra, from B***S*** Philippines, thank you once again for choosing us to be your partner in health! We would like to ask for some important personal details regarding on the processing of your premium insurance package. Thank you very much!*

Dalawa lang ang nakapalagayan ko ng loob sa opisina: si Varth at Kuya Ken. Ang huli'y may higit isang taon nang nagtatrabaho't hindi na bago sa BPO industry at ang una'y kasabay kong natanggap. Di biro ang maging isang call center agent. Kahit na sabihin mo pang lokal lang naman ang account. Minsan nga raw, sabi ni Sir Anghel na aming TL (team leader), mas malala pa'ng kapwa Pilipino kaysa sa dayuhang kustomer. Ilang beses ko na rin itong napatunayan. Malabo sa isang araw na walang Ingleserong kustomer na

Pilipino ang mas gustong kausapin ang aming TL, lalo na't kapag hindi nito gusto ang tono o ang pagsasalita ng ilan naming katrabaho.

Sa lahat ng mga taong nakilala ko, isa ang karakter ni Kuya Ken sa hindi ko makakalimutan: butuhang mukha, mahahabang mga kamay at higit sa lahat, ang kaniyang artipisyal na kaliwang mata. Dahil nga regular na, magkaiba kami ng account. Naroon siya sa silver samantalang kami naman ni Varth ay sa bronze. Kung kami'y pag-alam lamang sa kung ano'ng ATM at kung wala pa ay pag-aalok nito sa kustomer ang trabaho buong magdamag, ang mga kagaya ni Kuya Ken naman ang bahala sa pagbebenta ng insurance sa mga ito. Parehong komisyon lang din ang sahod ngunit di-hamak na mas malaki ang sa kanila kumpara sa amin. Ang siste, (na hindi ko rin maintindihan nu'ng una) laging ang bungad sa opening spiel ay kung natanggap na ang package mula sa aming kompanya, na siyempre'y hindi naman totoo. Kapag kumagat ang kausap, doon na mangyayari ang pag-aalok ng credit card, at ng discount para makuha ang nasabing insurance "package." Kapag napapayag na ang customer, ililista silang lahat at ipapasa naman sa silver account upang doon na magproseso ng mga transaksiyon.

~~(075) 543-2109,~~ (075) 256-7787, (082) 653-1222, (02) 975-0001, ~~(071) 665-3244, (045) 155- (075) 16~~

Minamani lamang ni Kuya Ken ang trabaho na parang pampalipas oras lang. Iyon lagi ang impresyon sa kaniya ng mga baguhang kagaya ko, pangiti-ngiti niyang tugon sa'kin isang beses na nagsabay kaming kumain sa karinderya. Imbes kasi na boses lalake, kaya niyang magbago ng boses: sa isang mayuming boses na babaeng ni hindi mo maiisip na sa kaniya nagmumula, biro niyo pa'y Ken siya tuwing umaga, Alexandra naman tuwing gabi. Minsan nga, noong tumawag ang kasintahan ni Varth, si Kuya Ken ang sumagot. Tawanan kami. Ni hindi maniwala sa paliwanag ni Varth ang kasintahan niya. Bukod doon, halos araw-araw ay naglilingkod sa kanilang simbahan si Kuya Ken bilang isang pianista pagkatapos na pagkatapos ng aming shift. May mga gabing literal na tumatakbo siya't hindi na gumagamit ng elevator palabas sa opisina pagkatapos na pagkatapos niyang mag-biometrics dahil nasa apatnapu't limang minuto na lamang ang simula ng tugtog niya. Dagdag kita rin daw kasi iyon.

"Kulang na kulang para sa isang binata ang sinasahod natin, paano pa kaya sa kagaya kong me asawa?" sabi niya sa amin noong bertdey niya at nagkayayaang uminom sa kanila. Bago pala siya mapasok sa ganitong linya ng trabaho, kung anu-anong raket ang pinasok niya. Kagaya ng pagiging clown para sa mga bertdeyan, drayber ng truck ng basura, at pagiging maskot pa nga.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Walang nakakatakas sa mga pang-aasar at tuksuhan sa opisina. Ang pasimuno, walang iba kundi ang TL ng silver account, si Sir Pat. At ang lagi niyang pinupuruhan, walang iba kundi si Kuya Ken. Pangisi-ngisi na lang kami sa tuwing halimbawa, inaasar niya sa isang bagong ahente si Kuya Ken o di kaya'y tawagin niya ito sa alyas na "mata" sa halip na sa kaniyang pangalan. Minsan ay napag-usapan namin iyon habang lunch break.

"Sabihin mo lang Kuya, gusto mo resbakan naten?" walang ekspresyon ang mukha ni Varth pero hindi siya nagbibiro. Ilang mura rin ang pinakawalan ni Kuya Ken para maibsan ang inis at galit. Makalipas ang ilang sandali, kumalma na siya. Kinuwento niya sa amin kung paanong dati'y natanggal siya sa trabaho dahil hinabol niya ang isang katrabaho na katulad ng aming bisor habang hawak ang kutsilyo. Kapwa kami nagtawanan at napailing habang naglalakad pabalik sa opisina.

Sa tuwing wala siyang raket at sabay-sabay naming binabagtas ang mataong daan pauwi, inililibre niya kami ng tuhog-tuhog lalo na kapag ka may komisyon siya. Kapalit noon ay magpapasama siya sa amin sa mga "burautan" o iyong mga taong nagtitinda ng mga second hand na gamit kagaya ng mga lumang telepono, bala ng gameboy, laruan, atbp. Hilig niyang mangolekta ng mga orihinal na laruang nakukuha niya sa murang presyo sa kadahilanang hindi na ito buo. Noong araw na iyon, nakabili siya ng isang laruang superhero na kapwa walang mga paa. Tuwang-tuwa siya dahil orig daw iyon. Walang paglagyan ang kaniyang mga ngiti habang kami'y naglalakad. Ganoon lamang kapayak ang kaniyang kaligayahan.

Ang natatandaan ko noong huling inuman namin, umiiyak siya. Tanging kanang mata lamang ang namumula. Impit ang kaniyang mga buntong-hininga. Sa artipisyal na mata niya ako tumitig habang inaalo namin siya ni Varth. Paano'y nakunan pala ang kaniyang asawa. Ang dapat sanang panganay niya. Hindi niya mapatawad ang sarili. Hindi ko alam kung paano maiibsan ang kirot na humahalukay sa kanyang dibdib. Maski ako, sa kaibuturan na bahagi ng aking sarili'y naghihinakit. Kung bakit sa dinami-daming tao sa mundo ay ang panganay pa ni Kuya Ken. Kahit pa sabihin ng mga siyentista na hindi pa ito ganap na masasabing "buhay." Kahit pa sabihin ng iba na hindi kailanman napatingnan sa espesyalista ang kaniyang asawa habang nagbubuntis gawa ng kakulangan sa pinansyal na kapasidad, kayhirap pa ring intindihin ng mga ganitong sirkumstansya sa buhay. Pagkatapos noo'y hindi ko na siya nakita pang muli. Nag-AWOL siya sa trabaho.

Pinakaayoko sa lahat ang pamamaalam.

*Good afternoon po, this is Bart, from B***S*** Philippines, itatanong ko lang po*

kung natanggap niyo na 'yung special package delivery namin?

Mabilis kaming nagkapalagayan ng loob ni Varth. Siguro, dahil hindi nagkakalayo ang aming edad. Dalawampung anyos lang ako noon at dalawampu't tatlo naman siya. Parehas ding loko-loko at may kapilyuhan. Trip na trip niya ang bagong pasok na HR. Ang siraulo, laging binabati ng good morning si Ma'am. Ayun, winarningan siya. Ulitin niya pa raw ulit at memo na'ng babati sa kaniya kinabukasan. Umurong ang bayag ni loko. Ibang paraan naman ang ginawa ko. Habang break, tiniyempuhan kong mag-isa't nagyoyosi si Ma'am. Lilang-lila ang lipstick niya. Inusisa ko ang kurso niya. Napag-alaman kong fresh graduate ng kursong psychology, nagpabibo naman ako't tinanong kung kilala niya si Freud pero hindi na raw niya matandaan. Kung kilala ko raw ba si Nicholas Sparks. Umiling ako. Paborito raw niya kasi iyon. Pagkatapos noon, hindi na ko nagtangka at mahirap na. Nang usisain ako ni Varth, sinabi ko na lang na hindi rin ako type ni Ma'am. Tawang-tawa ang tukmol. Ang ending, kapwa na naming tinigilan ang aming kalokohan.

Isang beses, queueing at hindi na kami mapanisan ng laway ni makaihi, bigla niyang isiningit sa cubicle ko ang isang papel na may numero ng kustomer. Tinawagan ko. Bago pa ako makapag-spiel, "Ayo a aman? E ba inabe o na, aha aho eyhehem? Ahulit-hulit ayo!!!" Pinulikat ang bagang ko sa pagpipigil ng tawa.

Magkasundo kami sa trabaho. Nagbibigayan kami ng customer. Kapag nakaabot na sa quota ang isa, tutulungan naman kung sino'ng kulang pa. Di kagaya ng iba naming kasamahan na kahit nailista mo na'y makikipag-away pa na siya raw ang naunang kinausap. Kapag ganu'n, ibinibigay na lang namin. Minsan ay umabot pa ngang nakipag-away ang isa naming kasamahan dahil aksidenteng natawagan at nailista ni Varth ang isang kustomer na hindi man lang sinabing may nauna nang kumausap dito. Ibinigay na lang ni Varth kahit pa ang kapalit noon ay dagdag na oras sa trabaho.

"Piece of shit," bulong niya sa akin. Ayaw namin ng gulo, higit sa lahat ay pagtatalo. Nang mawala si Kuya Ken, kami na lamang lagi ni Varth ang magkasama. Ngunit kumpara kay Kuya Ken, misteryo sa akin ang katauhan ni Varth. Sa mga personal na bagay ay bihira siyang magsabi. Madalas ay sigarilyo lamang ang tinatanghalian niya, kapag pinilit mo namang ilibre ay hindi talaga nagpapatinag.

(02)674-7743, (083) 878-2108, ~~(032) 781-0996, (045), 349-9815, (075) 631-5528, (02) 563-(02) 143~~

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Minsan, habang naglalakad pauwi, nag-iba ang ihip ng hangin. Ibinunyag niyang hindi pala talaga siya taga-Maynila. Tubong Isabela pala siya. Naglayas lamang (hindi niya sinabi ang dahilan) at nakikitira sa kaniyang kasintahan. Ibang-iba raw ang buhay niya roon na hindi raw sa pagmamayabang (iyon ang lagi niyang litanya sa tuwing may sasabihin siyang mahalagang bagay) ay talagang maginhawa. Galing pala siya sa isang mayamang pamilya at sinusubukan lamang mabuhay nang mag-isa. Diniretsa niya ako habang kami'y nag-uusap sa gilid ng simbahan ng Iglesia ni Cristo. Kung bakit daw ako nagtitiyaga roon. Hindi raw ako bagay sa ganoon na lamang na trabaho dahil higit pa raw ang kakayahan ko kumpara sa mga tao roon. Hindi ako makasagot. Palibhasa'y hindi rin ako sanay sa mga ganoong papuri. At higit sa lahat, hindi ko hawak ang aking buhay nang mga panahong iyon. Maski ang aking mga desisyon. Kung ganoon lamang ito kadaling ipaliwanag. Di sana'y hindi kami kinubkob ng patlang na katahimikan ng gabing iyon habang hinihithit niya ang nalalabing bahagi ng tabinging stick ng Marlboro.

Wala pang dalawang buwa'y mailipat ako sa silver account. Pormal na nagpaalam si Varth. Sinubukan siyang pag-aplayin ng kaniyang girlfriend sa isang kilalang BPO company sa Cubao, mas malaki ang sahod, pero di siya natanggap. Mainit na rin ang mata sa kaniya ng mga magulang ng babae kaya no choice siya. Nami-miss na rin daw niya'ng nanay niya. Iniwan niya sa 'kin ang isang itim na mamahaling t-shirt at tinapik ako sa balikat sabay sabing: "Kung gusto mong dumalaw, magsabi ka lang ha? Ako'ng bahala sa 'yo du'n."

Tinapik ko rin siya pabalik.

Ilang araw pagkatapos noon, hihiwalayan ako ng aking karelasyon. Linggo na lang din ang bibilangin bago ako mag-AWOL. Tatawag ang isang malapit na kaibigang pinalayas ng kaniyang ama dahil nahuli siyang naninigarilyo. Hindi ako makakatiis na hindi tumulong. Magpapang-abot na naman kami ng aking amain, dahilan upang ako'y maglayas sa ikalawang pagkakataon. Di magtatagal, mababalitaan ko na lang kay Sir Anghel, ang aming TL sa bronze account, na isa palang scam ang kompanya, sa isang mahabang post sa Facebook, ibinunyag niya ang mga ilegal na aktibidad ng kompanya para makabawas ng tax, ang paraan ng pagkuha ng kustomer at ang di-makatarungang pagtanggal sa kaniya. Dagdag niya pa, sa tatlong taon niya sa trabaho'y wala siyang nakuhang 13th month, di rin binayaran ang kaniyang SSS, PhilHealth at Pag-IBIG. Higit dalawang buwan na rin siyang walang trabaho. "Kht aq nlng pre, wg lng kau mdmay," ito ang huling mensahe sa 'kin ni TL Anghel.

Pinakaayoko sa lahat ang pamamaalam.



~~(02) 168-7755, (082) 133-4441, (02) 462-0877~~, (082) 711-8700, ~~(045) 61~~

May hindi ako malilimutang araw. Pangalawang buwan sa trabaho. Sahod namin. Nagkayayaang kumain pagkatapos ng shift. Napamura kami sa nipis ng tig-iisang daang papel na naka-stapler sa aming payslip. Hanggang sa loob ng elevator, nakayuko pa rin ang lahat. Bibili daw muna kami ng bonet at manghoholdap sa Recto, sagot ni Kuya Ken nang ayain kaming makipag-inuman ng ilang kasamahan na hataw sa komisyon. Tawanan. Asaran. Pagkalabas ng opisina, parang nangangapa kaming tatlo sa kung sino'ng unang magsasabi na pass na lang muna. Inakbayan kami ni Kuya Ken, "Tara lakarin na lang natin."

Kantiyawan, kuwentuhan kami habang nilalakad ang Binondo patungong Divisoria, hanggang sa kanto ng Moriones, Tondo. Halos isang oras na lakaran. Mabilis na 'yun. Iyakan kapag Biyernes, parang fiesta ng Nazareno ang dami ng tao sa Divisoria. Dikitan talaga kung dikitan. Kung hihintayin mong humupa ang mga tao, hindi ka talaga makakalagpas sa daanan. Alas singko pasado ng hapon, dumog na ang mga tao. Uwian kasi ng iba't ibang manggagawa, na siyang pagsisimula naman ng trabaho ng iba (drayber, sidewalk vendor, teacher, guwardiya, call center, fast food crew, bagger, kargador, sidecar boy, at iba pa). Lahat makakasalubong, makakadikitan mo ng braso sa Divisoria. Kulang na lang ang rebulto ng poon, para ka na ring nag-traslacion.

Dinala kami ni Kuya Ken sa isang restawran, Best Friends ang pangalan. Nagpaalam si Varth para magyosi, at umorder naman kami ng pagkain. Tatlong magkakaparehong order ng pares, na may kasamang red iced tea. Hinintay

namin si Varth na makabalik, at bago namin simulang kumain, nagtawag si Kuya Ken ng isang crew para piktyuran kami. Biglang buwelo si Kuya Ken, sagot na niya raw ang iced tea. Bertdey pala niya. Ang ending, kami ni Varth ang nagbayad sa order niya. Hindi kami pumayag kahit anong pilit niya. Pramis niya, sa susunod daw, siya naman ang taya. Pati 'yung crew na nagpiktyur, nakikanta ng hapibertdey. Tawanan kami.

~~045) 666-742 (045) 652-8986 (032) 954-2332, (032) 888-0076, (05) 154-8851, (05) 231-6433, (0~~

Isang partisyon lamang ng ikapitong palapag na gusali ang aming opisina. Di ko na tanda kung ilang opisina ang naghahati-hati sa palapag na kinabibilangan namin. Pero isa doon ang isang Travel Agency na madalas puntahan ng aking mga katrabaho dahil mayroon itong munting tindahan ng mga kutkutin at kape. Isang araw, bumili ako ng kape sa isang empleyado at umupo sa upuang katabi ng tubigan.

"Di ka nagsisigarilyo?"

Tumingala ako at nabanaag ang isang matandang maputla ang mukha, bilugan ang itim na matang tumiterno sa kaniyang nag-uubang buhok, nakangiti habang iniaabot sa akin ang pulang stick na panghalo sa kape.

"Libre lang 'yan,"

Dagdag niya nang makita ang pag-aalinlangan sa 'king mukha.

Umiling ako at ngumiti. Hinalo ang kape. Sa ibang paraan ko ho gustong mamatay. Gusto ko sanang isagot.

"Bago ka, 'no?"


Di ako umiimik.

"'Ku, wala namang nagtatagal diyan."

Pabulong niyang wika, sabay tawa, mahinang-mahina. Umalis na rin ako agad dahil malapit nang matapos ang coffee break. Nagpaalam ako nang maayos. Itinanong niya ang aking pangalan. At itinanong ko rin ang kaniya bilang paggalang.

"Cherry na lang, Nanay Cherry."

Ngumiti siya kasabay nang pagsilay ng mga gatla sa kanyang maputlang mukha.



Mula noon, madalas na akong magkape at makipaghuntahan kay Nanay Cherry imbes na gugulin ang labinlimang minuto sa pagbabasa ng dala-dala kong libro (mga kuwento ni Carson McCullers), na kadalasan ay para din lubayan ako ng mga makukulit na katrabahong nag-aayang maglakwatsa pagkatapos ng shift o habang break/lunch time. Mayroon ding nag-aalok ng kung ano-anong paninda gaya ng damit at pagkain, puwedeng hulugan ang bayad. Kaso'y wala rin naman akong mailabas. Nariyan din ang walang kamatayang siraan, tsismisan sa buhay ng mga kaopisina na siyang halos kumakain sa kabuoan ng tatlumpung minutong break. Hindi rin naman ako nagyoyosi, kaya sinasabi ko na lang ke Varth na puntahan niya na lang ako ke Nanay Cherry pag papasok na siya, at sabay kaming magta-time-in.

Napag-alaman ko sa mga patsi-patsing kuwento ng mga kasamahan sa trabaho na isang Koreano ang amo ni Nanay Cherry. Istrikto't palamura. Mahilig sa mga pusa, na siyang sumagot kung bakit madalas ko siyang makitang may dalang kulungan para sa alagang hayop. Paborito niya ang polong kalimbahin na halata sa araw-araw niyang pananamit. Sa edad niya,

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

dapat ay nagpapahinga na lamang siya, sabi ko, isang hapon. Ngunit nginitian lamang ako ni nanay.

"Mas bibilis ang buhay ko kung ganun,"

Saglit na katahimikan. Siguro, sa isip-isip ko, marami siyang pansariling dahilan na hindi ko sinasadyang maungkat. Madamdamin si Nanay. Iniba ko ang usapan.

"Ano ba'ng peborit mong prutas, 'Nay?"

Lingid sa kaniya, iyon na ang huling linggo ko sa trabaho.

"Indian mango lang,"

Tila may kung anong bumabagabag sa kaniyang malay at mas maputla siya noong araw na iyon. Kahit ang kaniyang pilit na pagngiti ay walang kulay. Inusisa ko siya tungkol dito. Nawawala pala ang kaniyang singsing. Hindi basta ordinaryong singsing kundi mood ring. Isang singsing na nagbabago ng kulay depende sa nararamdaman ng nakasuot nito. Hindi niya na kailangan ng singsing na iyon nu'ng araw na iyon. Bakas na bakas sa kanyang maputla at magatlang mukha ang kalungkutan.

"Hamo, 'Nay, bibili kita niyan kahit ilan pa, pagyaman ko. Sa ngayon, iyong mangga na lang muna. Hehe."

Nginitian ulit ako ni nanay at nagpasalamat. Nagpaalam ako sa kaniya. Nangako akong babalik sa susunod na linggo. Nagmano't bago tuluyang umalis ay winika ko sa kaniya:

"Nay, alam mo ba kung ano sa Filipino 'yang pangalan mo?"

"Ano?"

"Seresa, 'Nay."

"Seresa, Seresa…"

Ulit niya sa sarili habang mayuming nakangiti.

Nabigo akong makabalik agad. Inabot ng halos ilang buwan. Hindi na rin kasi ako umuuwi/makauwi noon sa amin at kasalukuyang nakikitulog sa mga nalalabing kaibigan. Nakakahiya man, ngunit kailangang makiusap. Kung minamalas, literal na pinapalipas ko ang magdamag sa kung saan ako abutin ng antok. Ipapaubaya ko na lang iyon sa inyong imahinasyon. Basta kahit paano, masaya. Tiyempo kasing nakarami ako ng benta ng mga librong mas marami

pa kumpara sa mga damit na dala ko sa paglalayas. Sakto sa pamasahe't pambili ng mangga ni Nanay Cherry. Sa kabutihang palad, namumukhaan pa rin ako ng guwardiya kaya nakapasok ako sa building. Dala-dala ko na ang supot ng manggang ipinangako kay nanay. Ngunit mga di-pamilyar na mukha na ang bumungad sa akin sa kaniyang opisina sa 'king pagbabalik.

"Nasa'n na ho, si Nanay Cherry?"

Tinitigan ako ng tatlong babaeng nakapang-opisinang damit.

"Ay, Kuya, wala na ho si Nanay,"

"Ha? Nasan na po siya?"

"Wala na po."

Hindi mairehistro sa utak ko ang sinasabi ng babae sa front desk, iniangat ko ang isang plastik ng mangga at sinabing ibigay na lamang sa kaniya at sabihing galing sa akin. Kaytagal nilang nagtinginan, nangangapa sa sasabihin. Tumayo ang isang babae't tiningnan ako nang direkta sa mata. Kaylalim ng kanyang titig. At nu'ng puntong iyon, batid ko na. Wala akong naiusal kahit na anong salita. Bagamat iniwan ko pa rin ang mangga, sa pag-asang makarating pa rin kay Nanay, kung nasa'n man siya naroroon.

Pinakaayoko sa lahat ang pamamaalam.

"Putang-ina kayo na naman? Ang kukulit niyo sabi nang wala kong interes jan, last we—

"Aay suri po, wala pa po kasi sela mamatser, tawag na lang po kayo maya gabi-i."

"A hulit hulit yo a, awag ayo ang awag abi a ala ho ey he em,"

"Totoo ba 'yan te? Baka niloloko mo lang ako ha, hihi. Sige, paano ba makuha yan?"

"Momi huri ap! weyt po atawag poko si momi"

Teeet, Teeet, teet...

Bisperas

Eve

Glenn Diaz
Pamantasang Ateneo de Manila
gdiaz@ateneo.edu

Abstrak

Tangkang ilatag sa talang ito ang konteksto at proseso sa likod ng pagsusulat ng maikling kuwentong "Bisperas." Sa akda, naging lunsaran ng sari-sari at maligoy na pagninilay ang bisperas ng inagurasyon ni Bongbong Marcos bilang pangulo. Binigyang-diin din sa tala ang ilang pormal na katangian ng kuwento, gaya ng tuloy-tuloy na pagsalaysay, paggamit sa mga estratehiya at aparato ng kuwento at sanaysay, at *self-reflexive* na pag-usisa sa nosyon ng naratibo. Tampok sa mga ito ang pagkilala sa mas mahabang kasaysayan ng panunumbalik ng mga Marcos at sa pangkalahatan ay tangkang lumikha ng espasyo para maghain ng malikhaing tugon sa panlipunang krisis. Bilang paggiit sa bisa ng panulat sa ganang ito, ipinanunukala na maaaring ituring na pagpapatuloy ng mahabang tradisyong anti-Marcos sa panitikang Filipino ang mga akdang tungkol sa ikalawang rehimeng Marcos katulad ng kuwento.

This note seeks to outline the context and process behind the writing of the short story "Bisperas" *(Eve). In the work, the eve of the presidential inauguration of Bongbong Marcos becomes an opportunity for meandering meditations on a range of subjects. The note also foregrounds the work's formal characteristics, from the unbroken narration to the use of strategies and tools of both fiction and non-fiction, and the self-reflexive inquiry into the nature of narrative itself. Foremost here is the recognition of the long history within which the return of the Marcoses can be situated and the*

attempt to carve a space where a creative response to the social crisis can be offered. Asserting the role of writing in this light, the note proposes that works that engage the second Marcos regime can be seen as part of the long anti-Marcos tradition in Philippine literature.

Mga Susing-salita

piksiyon, poetics, malikhaing pagsulat, Batas Militar, naratibo

fiction, poetics, creative writing, Martial Law, narrative

Tungkol sa May-akda

Si Glenn Diaz ay may-akda ng mga nobelang *The Quiet Ones* (2017) at *Yñiga* (2022) at *When the World Ended, I Was Thinking about the Forest* (2022), na inilathala ng Paper Trail Projects. Siya ay nagtapos ng PhD sa Creative Writing mula sa University of Adelaide at kasalukuyang nagtuturo sa Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Pagninilay sa Gunaw sa "Bisperas"

Sinimulan kong isulat ang "Bisperas" sa bisperas ng inagurasyon ni Bongbong Marcos. Mistulang bangungot na unti-unting nagkatotoo ang pagbabalik ng mga Marcos sa poder at hanggang hindi pa tanghaling tapat ng Hunyo 30 ay baka maaari pang magising. Walang silbi ang di-natinag na agwat ni Bongbong sa mga katunggali sa mga survey para maging katanggap-tanggap ang resulta. Panibagong antas ng pagkadayukdok sa kasaysayang batbat ng pagkadayukdok. At kung mapapako sa bisperas ang panahon, mananatili rin ang mundong hindi (pa) Marcos (muli) ang pangulo. Tulad ng maraming manunulat, nais kong ipinakula, kung gayon, ang kuwento bilang pagharaya ng binagong realidad, bilang rebisyon, bilang lunsaran ng hinuha, bilang hiling, bilang argumento. Maaaring sa isang banda'y karuwagan o pag-iwas sa katotohanan, ngunit maaari din itong tingnan bilang pagtanggi sa katiyakan ng gunaw at pagpapadaloy ng mga posibilidad sa kabila nito.[1]

Pagkabalisa, kung gayon, ang konteksto't proseso ng akda. Pagkabalisa't pagkataranta. Na sa kuwento ay nakasandig sa at mamamalas bilang paglalaro sa laksa-laksang mga idea, sa pagsusulat bilang may materyal na diin at lapit, habang pinaglilimian din ang limitasyon ng mga ito. Umiinog ang kuwento sa di-pinangalanang tagapagsalaysay—isang manunulat na may mga biyograpikal na pagkakahawig sa akin—na naisipang magpamasahe sa gabi bago ang inagurasyon, na nakalahad sa pagbubukas ng akda: "Bisperas ng inagurasyon ng halimaw, at naisip magpamasahe. Isang oras. Swedish. Sa suking lugar sa may Matalino." Matapos ito, naisipan niyang magkape bago gumawa ng iba pang bagay. Banayad at payapa ang gabi; pagtakas dapat sa nakaambang bangungot ang pakay ng mga dibersiyon pero pasulpot-sulpot sa pagitan ng patalon-talon na pagbaybay ng mga pangyayari ang malikot na paggalugad sa iba't ibang paksa, personal at teoretikal. Personal: masasayang alaala ng kalye kung nasaan siya mula noong "bisperas" ng pagtanda, ng kinalakhang lugar na "mahinahon… kahit mahirap," ng mga taong nakasama sa paglipas ng mga taon; at teoretikal: hinggil sa uri at antas ng karahasan sa lipunan na nagluluwal ng rebolusyon, sa puno't dulo ng pagnanasa ng tao, sa krisis at mga kontradiksiyon ng neoliberalismo na kinasangkapan ng mga Marcos, at "pasasaan ba't sasambulat din ang kontradiksiyong ito, at baka unang hakbang itong bisperas ng gunaw."

[1] Inihain ni Christian Benitez ang "apokalipsis" bilang "pangyayari ng posibilidad," kung kailan "nagiging maaari ang lahat" dahil ang nagtatapos sa nosyon ng gunaw o katapusan ay ang "katiyakang teleolohiya" (1).

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Gusto ko mang isipin na sadyang kaakibat ng politikal na proyekto ng kuwento ang mga pormal na desisyon ukol dito, may mga galaw sa akda na nasumpungan lamang sa proseso ng pagsusulat, na kung gayon ay pinaghalong malay at hindi. Gayunpaman, may ibinubunyag ang ilang katangian ng kuwento na maaaring pansinin, partikular sa tambisan at tunggalian ng politika at estetika sa konteksto ng kalunos-lunos na politikal na sitwasyon, na minsa'y may anyo at pakiramdam ng katapusan.

Kung tutuosin, permutasyon din ng nakasanayang pagsalikop at talaban ng personal at politikal ang batayang pamamaraan ng "Bisperas" bilang kuwento. Tagpuan ng dalawang larang na ito ang pangunahing tauhan, na ang mismong pag-iral bilang kinathang kamalayan ay hindi lang produkto ng mga gawi, desisyon, at pangyayari ngunit pinupuspos din ng mga alaala, pagnanasa, at kuro-kurong politikal. Tampok sa pagiging tao sa akdang ito, kung gayon, ang negosasyon at kalauna'y pagsasanib ng pribado at panlabas, indibidwal at kolektibo, pang-araw-araw at makasaysayan, na pawang pinaiigting ng mga partikular na tagpo sa kasaysayan gaya ng pagkapanalo ni Bongbong. Sa ganitong pagdalumat ng tao nagmumula ang ilang pormal na katangian ng akda. Isang ragasa ng tuloy-tuloy na teksto ang buong kuwento, halimbawa: mistulang walang patid, maligoy at eratiko, minsan *associative* pero madalas arbitraryo, nag-aalangan sa at itinatatwa ang mga pagitan at hanggahan—ng subject at object, ng iniisip at sinasabi, ng sarili at labas sa sarili—pati na rin ang mga kumbensiyong susi sa pagiging "makatotohanan" ng kuwento, gaya ng hiwalay na talata para sa diyalogo o hindi kaya'y *thick description*:

> Bumuhos ang malakas na ulan ilang araw matapos mahalal ang halimaw. Naalala ninyo? Nalinis ang mga pader. Napilas ang mga ngiting aso sa mukha ng mga kandidato. Pero walang dalang ginaw o ginhawa ang buhos. Hapong-hapo ang maalinsangang lungsod. Hapong-hapo ang lahat. Mala-impiyerno ang kondukta ng eleksiyon, ang lumipas na linggo, at buwan. Dekada. Dantaon. Eleksiyong batbat ng pandaraya. Pandemyang maaaring maalimpungatan. Gobyernong mahilig pumatay. Yaman na kailanma'y hindi aabot sa marami. Giyera. Sakit. Pananakop. Init. Ang ulan ay ganti o parusa o pahinga o bendisyon. Hilamos sa dulo ng marahas na araw. Pamatay-sunog. Paglilinis sa kakataying hayop. Kasabay ng ulan at kapaguran noon ay marami pang umaasang may milagro. *Naunang pumasok ang mga boto mula sa balwarte ng halimaw. Hintayin ang bilang ng watchdog*. Alingasngas at bulong-bulungan pa lang ang mga dayaan na kumpirmado na ngayon. Pero ibang klase ang bugso at bilis ng mga sumunod na nangyari. Gabi pa lang ng eleksiyon, may resulta na agad. At tambak. Golpe de gulat. Nag-agaw ang gulat at pighati.

Walang masusumpungang hinahon sa paglalahad sa mga nangyari't mangyayari; may paggiit na konektado ang lahat sa iba't ibang paraan, hayag man o hindi, makrokosmo at mikrokosmo, *longue durée* at pang-araw-araw na kasaysayan. Ramdam ito sa bali-baliko at salawahang nosyon ng panahon;

minsa'y lulundag sa hinaharap o bigla-biglang aatras nang walang pasabi. Pasok sa *empty, homogenous time* (262) ni Walter Benjamin ang sabay-sabay na pag-usad ng maraming bagay, habang ang panahon sa mismong kuwento ay parehong nagmamadali (dahil walang pahingang dala ng *paragraph* o *section breaks*) at nagmamabagal (dahil mistula ring "real time" ang paglipas ng mga bagay). At dahil partikular na panahon din ang saligan at *impetus* ng mismong kuwento, nangungusap din ang panahong ito sa panahon ng mambabasa (na tiyak na lipas na ang "totoong" bisperas), na lilikha rin ng panibagong relasyong nakatali sa oras.

Mababanaag din ang pagsasalikop at talaban ng personal at politikal sa retorika't dulog ng kuwento. Lantad ang pagsisiyasat at pagninilay sa mga kaisipan, taliwas sa kahingiang aninagin o tuntunin ang mga ideang nakakubli't nagkalat sa internal o *diegetic* na mundo ng kuwento. Kaalinsabay at bahagi ng mga "nangyayari" sa kuwento ang diskurso at konteksto, na isinasabong din sa regular na banghay. Binabasag nito ang hati sa pagitan ng teorya at naratibo, o isinusulong ang nosyon ng fiction bilang walang pagtangging lunsaran ng mga kaisipan, ideolohiya, politika—kaiba marahil sa namamayaning tradisyon, lalo na sa Ingles, kung saan tanda ng kasiningan ang anumang padaplis, pahilig, o pagiging matimpi. Isa pang kagyat na implikasyon nito ay sa genre. Dahil sa mga sandali ng ganitong tahasang pagninilay sa mga bagay—dagdag pa ang tauhan na nakahalaw sa may-akda—may dating na mala-sanaysay o *essayistic* ang kuwento. Ipinararating ng ganitong katangian ang, una, mistulang hindi sapat, o hindi "fictive" na mediation sa pinanggalingang realidad, politikal man o personal. May sarili mang aparato ang sanaysay, hindi lamang sa naratibo, na pangunahing preokupasyon at kahingian ng fiction, nakabatay ang mediation na inilalapat nito.

Kung gayon, may pag-usisa sa nosyon ng naratibo sa "Bisperas." Sa isang banda, may pagtimbang sa kakayahan nitong ilahad ang kaligiran ng tinaguriang gunaw, tampok ang lahat ng marubdob na taya—emosyonal, ideolohikal—na nagpaparupok sa kapasidad ng naratibo na magbigay-kaluhugan o katuturan. Sa kabilang banda, kung maniniwala kay Fredric Jameson na naapuhap lamang ang kasaysayan sa tekstuwal na pagsasanaratibo nito (35), tampok ang proseso ng mediation sa kung papaano pag-ugnayin ang pagsusuri sa mga pormal na katangian ng isang akda at pagtuon sa mga kontekstong iniinugan nito (39). Kung gayon, maaaring tingnan bilang manipestasyon ang di-mawaring anyo ng balintuna ng pagkakapanalo ni Bongbong, halos apat na dekada matapos ang pagpapatalsik sa kaniyang ama at pamilya. Ang kahungkagan ang mismong kahulugan. Maaari din itong ituring bilang pagsalungat—pag-alagwa o kombulsiyon—sa pirmi umanong

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

pasulong na takbo ng kasaysayan.[2] Mistulang nadidiskaril din, sa danas ng pagbabasa, ang malinaw na hanggahan ng pagiging representasyonal at di-representasyonal ng akda. Malinaw ang mga pinatutungkulan (referent), ngunit may paglalaro sa katiyakan at kabuluhan ng representasyon. Kung gayon, ang pagbuwal ng naratibo sa kuwento ay sintomas ng nabanggit na pagkabalisa't pagkataranta, kahit na kung tutuosin ang akda ay tangka ring bigyang-ayos ang kalituhang ito gamit ang naratibo.

Produktibo, sa tingin ko, ang mga tensiyon at hilahang ito—ng anyo at nilalaman, taktika at danas, genre at politika, pagninilay at pagsubaybay. Sa espasyong ito hinahawan at isinisilang ang mga posibilidad upang harapin, pag-isipan, at tugunan ang krisis na kung tutuosin ay madaling makaparalisa, na maaaring maging katapusan ng pagkilos. Tulad ng nabanggit sa akda, isa sa mga madalas na banggiting panata sa mga mobilisasyon matapos manalo ni Marcos ay ang pagpapatuloy ng laban. Ganito rin ang paalala sa dulo ng "Bisperas," na "hindi pa huli." Dahil sinasabing nagluwal ang karahasan ng Batas Militar ng partikular na sosyo-politikal na tradisyon sa panitikang Pilipino, kung tutuosin ay pagpapatuloy ang akdang ito—na tungkol sa ikalawang rehimeng Marcos—ng mapanghamong pagsipat sa ugat ng malaon nang mga krisis ng lipunan. Nabanggit ni Alice Guillermo sa espesyal na isyu ng *Philippine Studies* noong 1985 na nangalap ng mga akdang pampanitikan mula 1972 ang "malinaw na kapansin-pansin at papausbong na direksiyon" tungo sa historikal at sosyo-politikal na kamalayan sa pagsusulat, panitikan ng protesta na ang lakas ay nakasalalay sa talas ng persepsiyon at suri at pag-igpaw sa personal (270, 275). Hindi nagtapos ang tradisyon at udyok na ito.[3] Tampok sa halos apat na dekada matapos ang pahayag ni Guillermo ang malawakang pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal at pahigpit nang pahigpit na pagkakatali ng bansa sa globalisadong kaayusan. Palaki nang palaki ang agwat sa pagitan ng mga lokal na oligarkiya at mayorya ng mamamayan. Ginawang normal ang *austerity* sa mga batayang serbisyo habang nagpapakasasa sa insentibo ang mga mamumuhunan at malalaking kapitalista. Padausdos lalo ang agrikultura at lokal na industriya habang walang patid ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Mabilis na naglalaho ang mga demokratikong espasyo at patuloy ang pang-aakit ng awtoritaryanismo. Naging ground zero pa ang bansa sa disimpormasyon man o pinsala ng climate change. Imposibleng hindi mabahiran ang manunulat ng alinman sa mga ito, ang dagat ng mga krisis

[2] Ginamit ng naunang rehimeng Marcos ang ganitong pagsasanaratibo ng kasaysayan ng Pilipinas, na dumulo raw sa Bagong Lipunan. Tingnan kay Ileto (101–103).

[3] Dagdag marahil, at pagbasag din, sa mga "yugto" na inihain ni Gerald Burns para paglimian ang mga akdang kabilang sa "Martial Law fiction" depende sa layo sa mismong kasagsagan ng Batas Militar.

na nag-uugnay sa una at ikalawang Marcos, ang nagpapatunay na ang gunaw marahil ay palagian. Gayon din ang paglaban.

Mga Sanggunian

Benitez, Christian. "Tungo sa Posibilidad ng Apokalipsis: Pelikula at Kritisismo, Palabas at Paloob." *Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino*, tomo 1, blg. 2, 2017, pp. 1-21.

Benjamin, Walter. "Theses on the Philosophy of History." *Illuminations: Essays and Reflections,* pinatnugutan ni Hannah Arendt, isinalin ni Harry Zohn, Schocken Books, 1968, pp. 253-264.

Burns, Gerald. "Philippine Martial Law Fiction: Phases in the Early Evolution of the Genre." *Journal of English Studies*, tomo 2, blg. 1, 1994, pp. 74-83.

Guillermo, Alice. "The Temper of the Times: An Introduction." *Philippine Studies*, tomo 33, blg. 2, 1985, pp. 269-275.

Ileto, Reynaldo. "Outlines of a Nonlinear Emplotment of Philippine History." *The Politics of Culture in the Shadow of Capital*, pinatnugutan nina Lisa Lowe at David Lloyd, Duke UP, 2005.

Jameson, Fredric. *The Political Unconscious: Narrative as a Socially Symbolic Act*. Cornell UP, 1981.

Bisperas

Bisperas ng inagurasyon ng halimaw, at naisip magpamasahe. Isang oras. Swedish. Sa suking lugar sa may Matalino. Pansamantalamg natigilan nang tinanong kung isang oras lang ba, baka nga mas masaya kung dalawa. Matagal na ring hindi nakakapagpamasahe, at kailangan ng lugod sa buhay. Kinapa ang buhok na basa pa sa mabilisang ligo. Mabuti na lang at hindi nanaig ang kalabisan dahil mabigat pala ang kamay ng masahista. Kahit na sanay naman sa, at ang laging hinihiling ay, hard na masahe. OK lang sir? paulit-ulit niyang tanong habang dinudurog ang kalamnan sa hita at balikat at likod. OK lang sir? Oo naman ako nang oo kahit ang sakit-sakit na dahil ayokong makaabala (ito rin ang problema sa mga barbero—pirming walang imik habang minamasaker ang buhok). Nang tumagal ay nagkaroon ng isa pang ibig sabihin ang OK lang sir? Noong huling punta roon ay 'nangalabit' ang masahista. Na hindi naman ikinagulat dahil maraming pagdantay sa partikular na bahagi ng katawan na mistulang hindi na aksidente. Ilang minuto rin niyang minasahe ang dibdib, na hindi rin pangkaraniwan. Nagmuwestra siya ng dalawa nang dumilat ako. Dalawang libo. Humindi ako syempre. Isa? Hindi pa rin. Sa susunod na lang, kuya, sabi ko. At ito na nga ang susunod. Nakakagulat lang dahil walang ganitong kalakaran sa lugar na ito dati, na halos isang dekada na sigurong pinupuntahan. Nagbago ba ng management o sadyang humirap ang buhay, at di na sapat ang kinikita sa regular na masahe at tip. OK lang sir? Oo pa rin ako nang oo. Pati sa tanong na OK lang apakan kayo sa likod sir? ay oo ang sagot. Ang saklap sigurong mamatay habang minamasahe, pero parang hindi na rin masama. Hanggang kinabukasan, o sa araw ng inagurasyon, ay ramdam sa katawan ang mga ginawa ng masahista. Halos hindi makayuko o maiangat ang mga kamay. May narinig dati na pag masakit ang masahe ay hindi na mainam sa katawan, na taliwas sa paniwala na ang panandaliang sakit ay nakagagaling. Matapos ang masahe ay mabagal na naglakad papunta sa malapit na kapihan para magbasa. Ibang-iba na ang Matalino—epekto ng pandemya at normal na pananalasa ng panahon. Takeout na lang sa Kowloon, giniba na ang Kyusinero, nadagdagan ang mga kainan at kapihan pero nabawasan ang dagsa ng mga tao. Madalas isipin na isa sa mga pinakamasayang tagpo sa buhay ang kasagsagan ng pagtambay sa Matalino sa simula ng 2010s. Kasisimula lang sa MA at pagtatrabaho bilang freelance writer. Nagsisimulang matutong magsulat, kung natututuhan nga iyon. Maraming taon bago maglabas ng unang libro. Bago magkaroon ng kahit papaano ay maayos at regular na mga proyekto. Nasa bisperas ng lahat. Walang malinaw na tunguhin. At hindi kailangan. Pero kung tutuosin, may nagbago nga ba? Nagbabasa, nagsusulat, namumuhay sa karahasan at kapitalismo. Nagpapamasahe. Nagkakape. Umiinom. Maraming nagbago at walang nagbago. Binuklat sa kapihan ang kasalukuyang binabasa, isang crime novel na mala-noir. Pranses. Tungkol sa

tangkang pagdukot sa ambasador ng America sa Paris noong 1970s pagkatapos kumalma umano ng mga bagay matapos ang aligagang dekada. Batbat ng kasaysayan ang mga miyembro ng grupong nandukot—isang inulila ng Spanish Civil War, komunistang beterano ng May '68, at iba pa. Masaya ang nobela. Mabilis ang imbay. Maiikli ang mga pangungusap. Maaksiyon. Kaswal ang karahasan, pananakit, pagmumura, at dahil sila ang mga bida ay waring katanggap-tanggap. Ito marahil ang hindi ko kayang gawin sa sariling panulat dahil malayo sa danas (at sadyang makipot, tamad ang imahinasyon). Mahinahon ang kinalakhang paligid kahit mahirap. Minsan magiliw. Liban sa paminsan-minsang away, tahimik kahit malayo sa marangya ang komunidad. Pero kung tutuosin kasama sa mga inuusisa sa crime fiction o noir ang iba-ibang nosyon ng karahasan, na hindi ito limitado sa mga hayag o pisikal, at may partikular na koneksiyon sa uri, na hindi simpleng nawawala ang dahas sa pagyaman, at krimen mismo ang bulabog sa mistulang banayad na takbo ng mga bagay. First time n'yo rito sir? tanong ng masahista, habang banayad akong sinasabunutan habang nakahimlay ang ulo sa kanyang kandungan. Umiling ako. Ngumiti sa likod ng nalamukos na face mask. Dati pa, sabi ko. Ang sarap masabunutan. O kalungin. Bulungan. Arugain. Kausapin. Tutukan. Naghanda nang humindi pag dumating ang bulong (kahit tinangka ring alalahanin kung magkano ang pera sa wallet). Sa isip, hindi lang masahista ang nakararamdam ng pagmahal ng mga bilihin. Isang linggong grocery na siguro ang dalawang libo, at madaling gawan ng paraan ang kamunduhan pagbalik sa condo. Malapit na ako sa kalahati ng libro. Handa na ang grupong isagawa ang pagdukot. Sinimulan itong basahin dahil pinag-iisipan ang lipunan at rebolusyon, o ang ideya ng rebolusyon sa pang-araw-araw, sa kasaysayan, kung bakit o papaano ito sumusulpot, at kung paanong ang karahasan tulad ng nakaambang inagurasyon ay hindi (pa?) nagluluwal ng rebolusyon. Bumuhos ang malakas na ulan ilang araw matapos mahalal ang halimaw. Naalala ninyo? Nalinis ang mga pader. Napilas ang mga ngiting aso sa mukha ng mga kandidato. Pero walang dalang ginaw o ginhawa ang buhos. Hapong-hapo ang maalinsangang lungsod. Hapong-hapo ang lahat. Mala-impiyerno ang kondukta ng eleksiyon, ang lumipas na linggo, at buwan. Dekada. Dantaon. Eleksiyong batbat ng pandaraya. Pandemyang maaaring maalimpungatan. Gobyernong mahilig pumatay. Yaman na kailanma'y hindi aabot sa marami. Giyera. Sakit. Pananakop. Init. Ang ulan ay ganti o parusa o pahinga o bendisyon. Hilamos sa dulo ng marahas na araw. Pamatay-sunog. Paglilinis sa kakataying hayop. Kasabay ng ulan at kapaguran noon ay marami pang umaasang may milagro. *Naunang pumasok ang mga boto mula sa balwarte ng halimaw. Hintayin ang bilang ng watchdog*. Alingasngas at bulong-bulungan pa lang ang mga dayaan na kumpirmado na ngayon. Pero ibang klase ang bugso at bilis ng mga sumunod na nangyari. Gabi pa lang ng eleksiyon, may resulta na agad. At tambak. Golpe de gulat. Nag-agaw ang gulat at pighati. Sa mobilisasyong idinaos malapit sa bilangan ng mga boto sa PICC, matatag at

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

determinado ang mga nagsalita: tuloy ang laban. Sintatag ng init na halinhinan sa malakas na ulan. Sa pagtatapos ng programa ay kinanta ang Bayan Ko. Ang taas ng pitch, sabi ko sa kasama, parang ayaw magpasabay. Sa tren papunta sa pinagdausan ng rally, sinimulang ikwento ang bugso ng interes sa mga libro ukol sa Batas Militar nang nilapitan ng gwardya at itinuro ang nasa hawak na paskin. *Avoid talking* kasama ng iba pang tagubilin. Nagitla pa rin. Hindi sinasadyang pahiwatig. Kinagabihan ay thanksgiving party ng tinalo ng halimaw. Tanaw ko mula sa bintana ng kwarto ang mahabang pila ng mga tao't sasakyan papasok sa venue. Dinig ang hiyawan at tugtog. Ano ba ang ibig sabihin ng pagiging 'pulitikal'? Madalas itong inisip sa kasagsagan ng kampanya. Manghang-mangha sa mga malakihang rally ng kandidatong ito, pero naitanong din sa sarili kung bakit kaya walang ganitong tugon halimbawa sa halos gabi-gabing pagpatay sa mga adik umano, o sa pagpasa ng marahas na batas hinggil sa terorismo umano, o pag-aresto't pagpatay sa mga kalaban ng estado umano. Tanging eleksiyon lang ba ang larang ng 'pulitikal' para sa marami (kahit na kung tutuosin ano pa bang mas pulitikal sa pamumuhay sa araw-araw na dahas)? O sadyang kailangan ng isang tao na kakatawan sa mga kinimkim na aspirasyon o pangarap na alternatibo? Hindi ko alam ang sagot (malamang), pero nahahagip ito ng interes ukol sa nosyon ng empathy sa konteksto ng pagkukwento. Na hindi simpleng birtud ang empathy sa humanistikong tradisyon at sa halip ay umiinog at tumatagos sa maraming bagay, lalo na sa panahon ng marupok na daloy ng impormasyon at sistemang pinipilit tayong hatiin at pag-awayin. Kaparis ba nito ng nosyon ng 'kapwa'—may diin sa pagsaalalang-alang sa kapakanan ng iba na bahagi ng komunidad pero nakasalalay dapat sa pagkakapantay. Dagok dito kung gayon ang estratehiya ng pasismo na walang habas na puntiryahin ang ideya ng kapwa hanggang maging kaaway, salaula, kasuklam-suklam, walang halaga, at kung gayon ay dapat mawala. Kinagabihan ng eleksiyon, sa paglabas ng unang mga resulta, naiusal ni Mama: Naku, ano nang mangyayari sa Pilipinas? Dalamhating puspos sa salimuot ng pagkabansa at hinaharap, na marahil ay pawang hinihingi ng isang proseso gaya ng eleksiyon. Ang panaginip na higit sa sarili at higit sa ngayon kahit na isang boto at ilang oras ang tanging ambag ng bawat isa. Bansa bilang haraya, sabi nga ng sikat na historyador. Hindi babad sa social media si Mama, at baka lipas na o inosente ang ganitong kaisipan. Napakahaba ng gabing iyon. Dilat na gabi. Gabi ng himasmas. Habang inaapakan ng masahista ang likod, sumagi sa isip ang posibilidad ng kamatayan. Bahagyang pabiro pero paano nga? Na may isang partikular na delikadong pulgada ng balat na kunektado sa partikular na marupok na buto na tanging proteksiyon ng partikular na litid na kapag nakanti ay tiyak na ikamamatay. Hindi ko alam kung dahil sa edad o dahil mamamatay-tao ang gobyerno o dahil sa pagkawasak ng natural na mundo pero kamakailan ay pirming nakatanghod ang kamatayan. Kaswal na nakatambay. Kulang na lang ay patuluyin, tulad sa payo ni Joan Didion na dapat tinatanguan ang mga

dating ikaw dahil kung hindi ay baka maningil sa dis-oras ng gabi. Ang unang hakbang ng masahista ay sa babang bahagi ng likod, na nagsimula na ring sumakit kamakailan. Paakyat ang hakbang. Ramdam ang bigat. Mabagal pero parang gustong ibaon ang katawan sa kutson. Habang pataas nang pataas, papalapit sa batok, ay pasikip nang pasikip ang dibdib. Heto na. Heto na sa delikadong dangkal ng balat. Malapit sa puso. Nagtagal ang mga hakbang sa bandang iyon. Paulit-ulit. Parang martsa. Kaliwa, kanan, kaliwa. May kumawalang impit na ungol. Hirap huminga. Sumagi sa isip na baka dapat ay itigil na ito. Ang pag-apak. Ang masahe. Ang gabi. Pero sa isang iglap ay nawala ang diin. Nakahingang muli. Sir, tanong ng masahista, nagdyi-gym po ba kayo? Pinigilang tumawa. Hindi po kuya. Sa taba kong ito, dagdag sa isip. Ang tigas kasi eh, paliwanag niya. Gusto ko sanang magbiro tungkol sa pagpasan sa daigdig o pagiging Aquarius pero nagsimula muli ang pagpisil-paghagod ng mga kamay, at muli'y parang inginungodngod ang katawan sa kutson. Hirap magsalita dahil sa kirot. Sa kapihan, nagbabalak nang umuwi nang tumunog ang isang app sa telepono. Up for? mensahe ng isang profile na halos walang laman. Anything. You? tugon ko, na kadalasang tugon, parang paghagis ng malaking lambat sa laot ng mga posibilidad. Batay sa karanasan ang blangkong profile ay maaaring sobrang OK o sobrang hindi. Isa ang kawalang katiyakan sa mga unang ginupo ng teknolohiya. Kailangan hayag lahat, tanaw lahat, malinaw lahat. Edad, tangkad, bigat, hilatsa ng pagmumukha, Zodiac sign, ginagawa sa buhay, mga gustong gawin sa kama, mga ayaw, kung nanunuod ba ng Drag Race. Isa sa mga unang naka-sex, tumawag lang sa bahay dis-oras ng gabi, nakuha raw ang number kung saan, at kinabukasan ay nasa kwarto na. Isa siguro sa pinakagwapong nakasama, simple ang mga hilig, magiliw (nagulat na lang kami ilang araw matapos iyon at magkaklase pala kami sa Math 1—dancer na siya sa isang cruise ship ngayon). Gagawin ko ba talaga ito? Masakit ang katawan sa masahe (at nangingintab, madulas) at malamang ay limitado ang magiging galaw, pero paano tatanggi sa pangako ng lugod? Fun, sagot ng profile, simpleng euphemism, gusto pa ring itago ang talagang ibig sabihin kahit 2022 na, sa huling araw pa ng Pride month. Palitan ng lokasyon, na isang pindot na lang din ang kailangan para gawin ngayon, at lubhang eksakto. Salamat sa mga satellite sa himpapawid na pawang gamit din ng mga korporasyon, gobyerno, at iba pa para tayo'y bantayan, bentahan, dahasin. Malapit lang ang kausap. Mga sampung minutong lakad. Sa bandang likod ng eat-all-you-can na restawran sa Kalayaan kung saan nag-birthday minsan. Madalas ay mas gustong sa sariling poder ginagawa ang mga bagay na ito—euphemism muli—pero narito na. At nakakatamad na rin na maglinis para gawing presentable ang unit kahit papaano. Kaunting salansan ng mga kalat. Tapon sa basurahan ng mga lukot na papel, tissue, plastic. Kaunting walis. Sipa patabi sa mga nasa sahig: yoga mat, sapatos, libro. Mas ligtas sa unit pero tulad ng nasabi tungkol sa kamatayan ano nga ba ang ibig sabihin ng kaligtasan ngayon. Baka matawa pa kapag nakitang may hawak na kutsilyo ang

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

kausap. Matawa at pumikit, dumipa, sabihin sa kanya, Game, ano pang hinihintay mo? Minsan dumudungaw ako sa bintana sa hatinggabi, tanaw ang kahabaan ng Katipunan, at halos maaninaw ang sarili higit sampung taon na ang nakakaraan, 'walang place' kaya mabagal na ginagalugad ang mga sulok-sulok kasama ang kasintahan noon, naghahanap ng saanmang liblib para sa panandaliang saya, madilim na pasilyong walang guwardya, paligid ng sirang ATM, bakanteng parking lot. Parang *Giovanni's Room* pero walang kwarto, tanging hikahos at pagnanasa (at QC sa halip na Paris). Kagabi habang nakadungaw sa parehong bintana ay may malakas na dagundong at kislap ng dambuhalang liwanag sa di-kalayuan. Kumurap ang ilaw at bentilador sa unit kaya naisip na baka kable o transformer ng koryente. Pero mukhang walang nataranta sa gusali at sa mga dumadaang sasakyan. Lagi ba itong nangyayari? O guniguni ko lang ang lahat. Kung humalik ang naka-sex na kaklaseng naging dancer sa cruise ship ay mistulang pinagkainang plato na may tirang sauce ang bibig ko. Labas ang dila. Higit sa halik. Mula baba at halos umabot sa ilong. Ibang klaseng gutom. Game, sagot ko sa kausap na profile, punta ako in 30 minutes. Para saktong hatinggabi. Kalahating araw bago ang inagurasyon sa tanghali. Marami pang pwedeng mangyari. Sa kalagitnaan ng masahe, may kaluskos sa malapit, sinundan ng boses ng matandang lalaki, walang tangkang bumulong. Ha, maghubad? (Yes, sir.) Naka-brief lang ako. Impit na hagikhikan. Hindi nabawasan ang diin ng masahista sa kanang bisig. Parang dinudurog. OK lang sir? OK lang. Lagi akong OK. Sobrang stable mo, 'no? tanong ng dating thesis adviser minsan. Tanong o akusasyon. Nasa Angeles kami, at tungkol sa depressive episodes ang usapan. Kulang sa salimuot ang utak ko para maging depressed, pabiro kong sagot. Ilang taon matapos iyon, nasa ER ako ng isang malaking ospital dahil sa di-matukoy na bigat sa dibdib. Bigat na nilukuban ng hindik (dahil madali lang sabihing handa nang mamatay kung malayo sa tagpong iyon). Doon ko nalaman na maraming maaaring salarin kada reklamo sa katawan: bigat sa dibdib? Maaaring puso pero pwede ring sikmura, kalamnan, baga. Maaari ding sikolohikal. Sunod-sunod ang dating ng mga ambulansya sa paligid. Kasagsagan ng surge sa mga kaso. Hirap pa rin akong iugnay ang pisikal na dagundong sa dibdib at bugso ng mga iniisip kahit kinumpirma ng makina na walang problema sa puso at malamang ay pagkaaligaga ang sanhi ng pisikal na bigat. Walang katapusang hiwaga ng katawan. Kemikal ang pakiramdam. May materyalidad ang panaginip. Lahat ng solido ay nagiging hangin. Napipilitan ang tao na harapin ang kanyang tunay na kalagayan sa buhay at ang kanyang relasyon sa kanyang kapwa. Sa kasamaang palad dumulo ang nobelang Pranses sa waring pagkundena sa rebolusyon. Pareho lang daw ang rebolusyonaryong karahasan at terorismo. Pinatay ang mga bida, at kung gayon ay mga bitbit na kasaysayan. Pinatay ang abusadong pulis na nanguna sa pagtugis. Pati ang dinukot na ambassador at ilang 'inosenteng' pulis. Ang tanging nakaligtas, ni hindi nagalusan, ay ang sistemang nagluwal sa lahat. Hindi ba nihilista ang punto-de-bista ng ganitong

genre? Parang basa ng sikat na historyador sa pagtatapos ng ikalawang nobela ni Rizal. Kung sa unang libro ay inilagay sa kasaysayan ang Pilipinas bilang komunidad, sa kasunod ay pinagnilayan ang pagguho nito gamit ang pagsabog na baka napulot daw ni Rizal sa mga anarkista sa Europa. Dagundong at liwanag bilang katapusan. Bilang hudyat sa pag-aalsa. Malagim ang dulog ng ganitong nihilismo. Walang katubusan ang lipunan. Walang pag-asa ang mga institusyon. Lansagin lahat. Sa hirap arukin kaya hindi marahil nagtagumpay. Damay ang mismong nosyon ng eksistensyal na kahulugan. At kung walang kahulugan ang lahat, ang panitikan ba ay pagtatampisaw lang sa lusak ng kawalang katuturan? Pero hindi ba may halaga kung bakit isang oras lang akong nagpamasahe at hindi dalawa, kung bakit nagsisinungaling sa masahista at sinasabing OK lang pasakitan, kung bakit marahas ang napipintong pag-upo ng halimaw, na sinusubukan ngayong pigilan. Sa huling pinanood sa Netflix, may isang hacker na nameke ng libo-libong tax refund form at nakapagnakaw ng higit kalahating milyong dolyar sa gobyernong US. Inilarawan ng hacker ang kanyang operasyon bilang pagmaniobra o pagtakas mula sa isang 'sistema' na waring kulungan o tanikala. Ang sistemang hindi pinangalanan ay kapitalismo syempre, na buong lakas na ipinagtatanggol ng mga korporasyon, gobyerno, at iba pa. Pero ang unang proteksiyon marahil ay itong hindi pagpapangalan, hiding in plain sight kumbaga, tulad ng pabirong kwento ng taong sumama sa search team na naghahanap sa kanya. Nakalaya mula kulungan ang hacker dahil napatunuyang ilegal ang isang device na ginamit para matunton ang eksakto niyang tirahan sa pamamagitan ng—ano pa—mga satellite sa himpapawid. Kumulog bigla. Tumingala kahit nasa lilim. Handa ba kong maulanan para sa katawan. Para sa haplos at diin at aruga. Para sa titi at labi at dibdib at balakang. Para sa sabunot at pagtutok. Sinilip ko kung naisilid ko ba ang payong noong magpalit ng bag at naaninag ang matingkad na kulay asul sa tambak ng wallet, tissue, salamin, inhaler, earphones, alcohol, at isa pang libro. Noong kabataan niya, kwento ng masahista, madalas silang mangahoy sa kanila sa Agusan. May malaking logging company sa kanilang bayan at tuwing hapon ay kasama niya ang mga kaklase para mangolekta ng maliliit na troso na isinasakay nila sa karitong hila-hila ng kalabaw. Nang banggitin niya ang pangalan ng bayan, pinigilan kong sabihin na apo ng dating manager ng kompanya ang isang kaibigan. Maganda siguro doon, sabi ko. Hindi, mahirap ang buhay, sabi niya. Iniangat niya ang paa ko, itiniklop, at idiniin papunta sa dibdib ko. Kahit nakapikit, ramdam ko ang paglalapit ng aming mga mukha. Naalala na matapos ng dagundong at kislap saka naisip na magpamasahe. Hudyat ba iyon? Dambuhalang pahiwatig mula sa kosmos? May naramdamang pagkahilo. Ilang oras na lang ang inagurasyon. Ayan na ang hindik. Totoo nga at hindi bangungot. Totoo nga at walang maaasahang manunubos. Parang tumigil sa eleksiyon ang pulitika ng oposisyon. Huling pagtitipon na ang thanksgiving party kahit sa social media ay tuloy ang simbuyo ng galit at pagkadismaya. At parang may pang-iismid pa sa mga

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

patuloy na tumutungo at nag-iingay sa kalye. Malaking babala sana sa mga kampon ng halimaw kung nagpatuloy ang mga dambuhalang rally. Pulitika na nasa kalye. Bahagyang tumila ang ulan, at nagpasya nang magsimulang maglakad papunta sa bahay ng kikitain. Basa ang madulas na kalsada. Kumikintab tuwing may kotseng dumaraan. Ramdam ang talsik ng putik sa sakong. Kailangan magmabagal. Karamihan ng mga lugar sa daan ay sarado ngunit nakailaw. Maaliwalas ang hangin. Sana mas malayo pa ang nasumupungang kapiling para mas mahaba pa ang kailangang lakarin. May nabasa sa Twitter na bahagi ng pangungulila sa mga taon na ginugol sa kolehiyo ay pangungulila sa lugar na malayang maglakad kahit saan, sa halip na mag-kotse. Mas sa US siguro ang konteksto pero parang tama rin para sa UP. Walang katapusang paglalakad. FC papuntang Vinzons. Vinzons papuntang Shopping. Shopping papuntang Sarah's. Sa piling ng mga puno at komunidad. Tumunog ang phone. San ka na? tanong ng blangkong profile, na agad-agad kong binlock. May sandaling pagsisisi, pero wala akong pasensya sa kawalan ng pasensya. Sino ba siya? Hindi kita nanay, naisip ko. Darating ako kung kailan ako darating. Gunaw na. Anong silbi ng pagmamadali? Kinapa ang buhok na tuluyan nang natuyo at ginulo ng pagsabunot ng masahista. Tuloy pa rin sa paglalakad. Kanan sa Kalayaan. Ang ruta mga sampung taon na ang nakararaan ay sa kabilang direksiyon, para ihatid ang madalas na kasama na nakatira sa may bandang Makatarungan. Kaliwa sa Kalayaan, kanan sa Mayaman tapos babagtasin pa-Maginhawa hanggang sa sa kanila. Doon maghihintay ng taxi pauwi. Walang humpay na kwentuhan. Madalas maisip na ang ibig sabihin ng pag-ibig ay kausap. Problema ko halimbawa sa mga nakaka-sex ay kinakausap ko sila, minsan habang nagtatanggal ng mga damit o sa pagitan ng halinghing, sa gitna ng pagniniig ng mga bahagi ng katawan, kamay sa batok, binti sa balikat, mukha sa dibdib. Saan ka lumaki? Ilan kayong magkakapatid? Masaya ka ba sa trabaho? Masaya ka ba? Tingin mo ba billionaires should exist? Madalas suklian ng ngisi. O pipikit. Tatahimik. Para kang bata, nasabihan minsan. Anong ibig mong sabihin? tanong ko. Napalitan ng ngiti ang kunot ng lugod sa mukha. Hanggang nauwi sa kwentuhan at kape. Maulan din noon. Nagtuturo ang lalaki ng Math sa isang high school sa Marikina, sabi niya. Na sinundan ng karaniwang biruan tungkol sa Math. English major ako, sabi ko. Naikwento na uno ako sa Math 1—kung saan kaklase ko iyong dancer na sa cruise ship ngayon—dahil sa sobrang takot sa Math ay kinarir ang subject. Dumarating 15 minuto bago magsimula ang klase. Sa harap nakaupo. Antas ng pokus na binagbag ng mga taon, ng social media, ng walang humpay na latag ng mga salita, larawan, tao, aspirasyon, delusyon, balita, impormasyon, disimpormasyon. Sa tanong kung masaya ba siya nagitla at natigilan ang Math teacher. Maayos at masaya raw ang lahat hanggang nalaman na may sakit ang nanay. Parkinsons. Walang lunas. Lumalala habang tumatagal. Milyon ang aabutin ng operasyon para lang mapabagal ang isang bagay na tiyak. Iniisip raw niya minsan kung paanong nakatapak na ang

tao sa buwan, may kakayahang magpatianod ng mga higanteng estruktura sa kalawakan, pero may mga sakit na tinitiis ng laksa-laksang tao araw-araw, kalbaryong dapat na lang tanggapin. Kumunot ang kanyang noo, parang kanina pero ang kanina ay dahil sa sarap, hindi pagkabalisa o lungkot tungkol sa sibilisasyon. Lumakas ang ulan at sumilong ako sandali sa saradong botika. Tulog ang nakaupong guwardya. Matapos magkwento ang Math teacher, hindi ko alam ang gagawin sa tagal ng katahimikan kaya nagsimulang magpulot ng mga kalat at itapon sa basurahan, ang pinagbalatan ng dalanghita sa paanan ng kama, mga lata ng beer, umaapaw na ash tray, pagkatapos ay isinalansan ang mga tsinelas namin sa shoe rack malapit sa pinto. Napansing may ilang mga plato at tasa sa lababo at sinimulang hugasan. Paglingon ko sa likod ay may bitbit na siyang walis mula sa kung saan. Hindi niya ako pinigilan. Walang imik kaming naglinis ng bahay niya, at pagkatapos ay nagpaalam na ako, masakit ang puson, bitin at malungkot at gutom, amoy dishwashing liquid ang kamay. Balak ko lang sanang daanan at silipin kung saan nakatira ang dapat na katagpo pero may poster ng halimaw sa pulang gate kung saan papasok papunta sa kanila. Kasama ng halimaw sa poster ang kasalukuyang mayor ng lungsod, kumakaway, parehong nakapula. Humimpil ako sa tapat, pinakikiramdaman kung ano ang dapat gawin, nang may narinig na dagundong. May kumislap sa malapit. Tumingala at hinanap sa mga kawad ng koryente ang pinanggalingan. Sa isang iglap ay biglang nasa labas na ako ng gate na binubuksan mula sa loob. Sa isip ay may alaala ng tunog ng pagkatok sa gate at sariling boses na tumawag ng Tao po pero hindi maalala kung sino ang gumawa mismo. Wala raw siyang narinig na dagundong, sabi ng katagpo, noong tinanong ko. Baka kalabog ng dibdib? Sabay tawa. Kinakabahan ka ba? Gago, sabi ko. Nasa ikalawang palapag ang kwarto niya. Luma at gawa sa kahoy ang apartment. Klase ng tirahan na nasa isip sa mga kwentong lungsod ni Tony Perez. Post-war 'ata ang tawag, na kawangis ng kahabaan ng mga bahay sa tapat ng sariling bahay sa Maynila na housing para sa mga empleyado ng isang ahensya ng gobyerno sa malapit. Ilang taon ka na ba? Saan ka nanggaling? Bakit mo ko binlock? Akala ko tuloy talk shit ka. Gusto kong bumalik sa kutson sa masahihan kung saan pinupog ng masakit na paglamas. Gustong magsinungaling sa bawat tanong kung OK lang sa akin ang diin. Bakit may poster ni Marcos sa gate niyo? tanong ko sa kanya. Magkatabi na kami sa kama. Naghihintay kung sinong unang kikilos, sinong mas gutom, mas nagmamadali, mas malungkot. Labing-isang oras bago inagurasyon. May dagundong na naman. Pabulong na pagsabog. At ngayon ay nagtagal ang liwanag, parang may nakalutang na spotlight sa labas ng bintana. Nasanay na akong ako lang ang nakakapansin kaya hindi na rin binanggit. Criminology kasi course ko, sabi niya, na parang sapat na iyong paliwanag. Na sapat na nga, kung tutuosin. Rumagasa sa isip ang mga pagsalungat, mga sumbat, sisi, panlalait. Kayo ang may kasalanan. Hindi kasi bumoto nang maayos. Nang tama. Pero isa pang umalagwa sa isip ang udyok na manahimik. Game, ano pang hinihintay mo? Hindi malinaw kung naisip ko ito o naibulalas.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

O kung para kanino ito. O kung tungkol saan. Patugtog tayo, sabi ko. Para may diegetic na musika sa tagpong ito, sabay sa huni ng mga kuliglig at mahihinang dagundong sa labas. Ha? tanong niya. Bumuhos ulit ang ulan. Ulan na may bitbit na malamig na hangin at ginhawa. Anong ibig sabihin ng pagtuon sa sarili habang nasa bingit ng gunaw? Pero hindi ba tayo malaon nang namumuhay sa pirming gunaw? Itinuturo ng tradisyon ng mga inaapi na ang estado ng eksepsiyon, kung saan tayo nabubuhay, ay ang normal na kalagayan. Walang lunas. Lumalala habang tumatagal. Sa kabilang kwarto ay may nanunuod ng Great British Bake Off. Naisip ko na naman kung anong uri ng kabihasnan o kasaysayan ang magbubunga ng libo-libong uri ng tinapay, o ng kulturang umiinog sa tinapay. Agrikultura, klima, teknolohiya gaya ng hurno, mga gamit panluto, imperyalismo? Anong kaibahan ng pagmamasahe sa masa ng tubig at harina at pagmamasahe sa hinuhugasang bigas? (O tao?) May dumantay na kamay sa dibdib ko habang iniisip kung anong mga tinapay ang kinain ng mga Pranses na tauhan sa nobelang binabasa, o ng mga Pranses na nag-alsa sa May '68, o ng mga Pranses na nag-angkat ng mga aliping Aprikano habang pinaghahatian ang Africa, na tinawag ng isang halimaw ng hari na magnificent African cake? Halimaw. Halimaw. Pwedeng mag-shower? tanong sa kausap. Mabilis lang. Tuwing bagong ligo pakiramdam ko, karapat-dapat akong mahalin. Huwag na, sabi niya, habang pababa ang kamay, saka pare-pareho naman ang mga pulitiko, ang tagal na ng mga kalaban nila sa pwesto, bakit hindi bigyang-pagkakataon ang iba. Give chance to others ba. Huminga nang malalim para apulahin ang ragasa sa isip. Nagitla sa katuwiran ng katwiran. Tumagilid para halikan ang kasiping. Mistulang ahistorikal ang sinabi—may dambuhalang krimen sa bayan ang pamilya ng halimaw, waring paghiga sa sangkalan para hintayin ang kutsilyo ang paghalal sa kanya—pero nakaugat din sa kutob hinggil sa batayang krisis ng pulitikal na sistema. Kutob na sadyang may mali sa kalakaran, na laging isang panig lang ang nasa kapangyarihan. At ito ang lunas. Pag-iisip, samakatuwid, na hinog na hinog sa panlalansi ng sinungaling at kriminal. Pero hinog din dapat sa mga radikal na alternatibo, naisip ko. At paano tayo nakulong sa dalawang panig? Paano kumawala? Sandaling dumilat at sabi sa orasan sa estante ay alas onse y media. Umaga? Kumawala sa halik. Tama ba yan? tanong ko. Hindi malinaw kung naisip o naibulalas. Dumausdos pababa sa leeg ang halik. Ang liwanag sa bintana ay mistulang tanghaling tapat na kinumutan ng ulan. Ulang pumipilas sa mga mukha. Saan napunta ang bisperas? Pero nang tingnan muli ay bumalik bigla ang kumot ng dilim, at sa orasan ay pasado alas dose muli. Ngayon lang napansin na tumigil ang katagpo. Masama ang tingin. Kung di mo trip, sabihin mo lang. Napansing parang pawang nakayuko ang hilera ng mga halaman sa bandang bintana. Baka hindi naaarawan. O maaari ding labis. Baka kabilang ang lalaki sa mga nahilig sa paghahalaman noong unang yugto ng lockdown. Kasabay ng balitang nangagsibalikan ang mga hayop sa mga dating tahanang biglang nilubayan ng mga turistang nakulong sa kani-kanilang bahay, lungsod,

bansa. Kabalintunaan ng sibilisasyon—putulin ang mga punong nakahambalang sa daan, patagin ang mga bundok, pamurihan ang semento't bakal, tapos pagkaguluhan ang mga inilalakong overpriced na monstera. Iniwan sa kama ng kasama; dinig ang yabag sa pasilyo at ilang saglit pa ang pagbukas ng gripo sa banyo sa di-kalayuan. Dinampot ko ang tote bag sa sahig—masakit yumuko, masakit din iangat ang kamay. Iika-ika na bumaba ng hagdan, habang sinusubukang mag-book ng Grab. Pagpihit ng tarangkahan, nagulat na may nagbukas ng gate mula sa labas. Lalaki. Nasa mga trenta siguro. Kalmadong naninigarilyo, gusto kong humingi ng paumanhin sa pambubulabog ng kanyang pag-iisa. Pero umumbok ang kanyang pisngi, bahagyang tango, isang matipid na ngiti. Paanyaya? Pwede maki-bum? tanong ko, kahit matagal nang hindi naninigarilyo. Kinapa sa bag ang inhaler. Inisip dati na hindi na kargo ng henerasyon ko bilang manunulat ang Martial Law. Sapat na akala ko ang mga naratibong nailuwal at nailuluwal ng mga nakaranas ng diktadurya—*Dekada '70*, *Days of Disquiet, Nights of Rage*, *Batas Militar* na dokyu, *Himala*, mga nobela sa Ingles. Pirming tungkol sa mga krisis ng globalisadong lipunan sa pagbubukas ng ika-21 siglo ang isinusulat. Marahil dahil sa panahong ito nagkaisip at namulat. Halimbawa, ang malaking agwat sa pagitan ng (1) mga masigasig na balita ukol sa GDP na sintayog ng mga gusali sa Ayala at (2) paglalakad na parang zombie sa kahabaan ng Ayala matapos ang shift sa call center, gutom at pagod at puyat, sasabak sa traffic sa EDSA na tanda rin daw ng pag-unlad ng ekonomiya. Gustong isipin na ang kalakaran na ito ang sa wakas ay ibinabasura ng marami. Gusto kong isipin na ang boto sa halimaw ay boto laban sa ganitong uri ng pag-unlad, na sa kasamaang palad ay hindi matamang naikabit sa kapitalismo, na tunguhin ng lahat ng rehimen, at sa halip ay matagumpay na naikabit sa mga dilawan (pero ang ibig sabihin ay pasasaan ba't sasambulat din ang kontradiksiyong ito, at baka unang hakbang itong bisperas ng gunaw.) Martial Law rin marahil ang nagluwal ng mala-magkaibang panig: repormismo at awtoritaryanismo, kahit na sa dulo ay (sa tingin ko) parehong ikinukubli ang sadyang karahasan ng kapitalismo bilang sistema, bilang kaisipan. Na katanggap-tanggap na mayaman ang Pilipinas at mahirap ang maraming Pilipino. Na ang mga magsasaka't mangingisda na nagpapakain sa bayan ay hikahos at nagugutom, na parang kabuteng nagsusulputan ang mga dambuhalang Skyway kahit kakarampot ang may sariling kotse, na ang mga condo sa mga kaibuturan ng lungsod habang nasa kung saang lupalop ang mga pampublikong pabahay. Ikaw ba 'yung nanunuod ng Bake Off? tanong ko sa naninigarilyong lalaki. May dumaan na motor at naaninag nang bahagya ang mukha. Balbas-sarado, puyat sa mata. Tinapos niya ang buga bago sumagot. Oo. Tapos hithit ulit. Para 'tong isang eksena sa *Sila Sila*. Napanood mo ba 'yon? tanong ko. Umiling siya. Sumandig sa gate, nakatingin sa malayo. Napakamot ako sa bumbunan. Bakit ba sa tingin ko na lahat ay tungkol sa pagnanasa, sa katawan, sa pagniniig. Nameste pa tuloy ng walang muwang. Magaspang sa balat ang twalya na

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

iprinusisyon ng masahista sa buong katawan. Tapos na, naisip ko. Tapos na. Tapos na. Dagundong ng ubo mula sa kabilang panig ng kurtina. Tapos na sir, bulong ng masahista. Kumulog. Tumingala ang nagpaalam na balbas-saradong lalaki. Tahimik muli. Bisperas ng gunaw, at hindi pa huli.

Kuwaredora sa Balas-balas sa *Land of Beauty and Bounty*

Women in Small-Scale Quarry in the Land of Beauty and Bounty

Karen Ramos-Piccio
Central Mindanao University
f.karen.ramos@cmu.edu.ph

Abstrak

Inilatag ang mga pagmumuni-muni, obserbasyon at pagsisiyasat sa mga tinig ng kababaihan sa kuwarehan sa isang siyudad na industriyalisado, ang Iligan City, lugar sa Lanao de Norte na tinaguriang *Land of Beauty and Bounty*. Inilagay sa sentro hindi lamang ang pagsusumikap, tagumpay, kundi maging ang paghihirap, mga suliraning kinakaharap, at mga pangarap ng mga kababaihang tinaguriang kuwaredora. Sampung kababaihan sa kuwarehan ang naging kalahok sa pamamagitan ng metodong referral na siyang angkop dahil magkakilala ang lahat sa Ilaya. Natagpuang mapagkukunan ng mayamang kuwentong bahagi ng kasaysayan ng lipunang Iliganon, Lanaon, Pilipino, at kababaihan ang Ilaya bilang kuwarehan at lipunan. Sa pamamagitan ng pakikipagkuwentuhan, obserbasyon, pakikipamuhay, at pakikisalamuha ay nailuwal ang sanaysay na ito. Hiningi ang pahintulot mula sa mga kalahok upang makuha ang iba't ibang naratibong suporta ng mga inilatag sa sanaysay.

The Land of Beauty and Bounty, also known as Lanao de Norte, is home to an industrialized city called Iligan, where an effort to lay down the reflections, observations, and studies of women's voices in the quarry was made in this paper. This aims to place the struggles, issues, and aspirations

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

of women known as "kuwaredoras" at the center of the exploration, along with hard labor and success. Through the referral method, which was appropriate given that everyone in Ilaya knows one another, ten women in the quarrying site became participants. Exchanging stories or informal conversation, observation, socializing and field research were used. The participants' consent was secured to obtain the narratives supporting this essay's explorations. Ilaya is a source of rich accounts that are part of the history of Iliganon, Lanaon, Filipino, and women as kuwarehan and society.

Mga Susing-salita

kuwari, kuwarehan, kuwaredora (kababaihan sa kuwarehan), Iligan City, Lanao del Norte, Land of Beauty and Bounty, balas-balas

quarry, quarrying site, kuwaredora (women in quarry), Iligan City, Lanao del Norte, Land of Beauty and Bounty, small-scale quarry

Tungkol sa May-akda

Tubong Mindanaw, mula sa Iligan City si Karen Ramos-Piccio. Manunulat ng fiksiyon, pananaliksik, at iba pang 'di niya matawag. Patuloy na tinutuklas ang mga posibilidad. Gradweyt ng Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (MSU-IIT) at De La Salle University Manila at kasalukuyang Assistant Professor sa Central Mindanao University. Naging fellow ng 21st Iligan National Writers Workshop, Ugnayan sa Sining, Juliana Arejola-Fajardo Workshop sa Pagsurat-Bikol, at 19th Ateneo National Writers Workshop. Naging fellow artist ng Sanaysining Saliksik: Research into Production ng UPLB at NCCA. Naging panelista sa unang Bukidnon Writer's Camp. Mababasa siya sa mga lathalaing *Malay*, *Langkit*, *Bulawan Literary Journal*, *Agwat-Hilom2*, at *To Voice My Own* ng INWW at NCCA. Mahilig siya sa pusa.

Bakit Babae? Bakit Kuwari?

Huwag itong ikabigla. Naitalang pinakamarami ang nakarehistrong kuwari sa Iligan City. Batay sa Directory of Producing Mines and Quarries, umabot ito sa apatnapu't apat, mula sa kabuoang bilang na pitumpu't tatlong kuwari na nakarehistro noong 2015 sa Lanao del Norte. Sa bilang na apatnapu't apat, tatlumpu't walo rito at pinakamarami ang buhangin at grabas, apat ang limestone, at dalawa ang *boulder*. Isa sa mga humahawak ng permiso para sa gawain ay ang Lambaguhon Barinaut Multi-Purpose Cooperative na noong 2017 ay pinamunuan ni Nadia Morales, para sa buhangin at grabas na ginagawa sa 1.25 na ektarya. Matatagpuan sa gilid ng ilog ng Mandulog ang mga kuwarehan sa Lambaguhon.



Larawan 1. Mapa ng Purok Adelfa "Ilaya," Lambaguhon, San Roque, Iligan City sa Lanao del Norte mula sa Google Maps, 2024.

Sinusugan ng mga pagbabagong nagaganap sa kalakaran ng *small-scale* na pagkukuwari kamakailan sa lugar ng Adelfa, Ilaya, sa siyudad ng Iligan, ang interes kong isulat ang mga kuwento ng kababaihan sa gawain, partikular na ang kanilang mga ginagampanang papel bilang bahagi ng produksiyon lalo pa't umabot ng 52 porsiyento ang kanilang bilang sa kooperatiba.

Lumaki ako sa lugar na ito bago lumipat ng tirahan nang maghayskul. Hanggang isang *field study* ang ginawa at bumalik ako sa Ilaya. Nakita kong naroroon pa rin ang dating mga mukhang naghahakot ng kahon para sa hindi pa naprosesong buhangin at grabas (*mixed sand*), sumisisid sa ilog, sumasakay ng balsa, at mga babaeng kilala sa trabahong ito. Mula sa isang field study, sa tulong ni Dr Rowell D. Madula, pinaghusay ito sa pagsalang sa worksyap na inilunsad ng ika-19 Ateneo National Writer's Workshop noong

2022. Nakatulong nang malaki ang mga nakuhang kritisismo mula kina Dr Allan Derain, Prof Christian Jil R. Benitez, Dr Alvin B. Yapan, Dr Jun Cruz Reyes, Dr Luna Sicat-Cleto, Prof Martin V. Villanueva, Mabi David, iba pang panelista, at *fellow writers*. Malaki rin ang naging tulong ng Sanaysining ng Artist Inc. sa pagbuo at pagpapahusay ng panayam sa mga kuwaredora na bahagi rin ng papel na ito.

Hinahawakan ng kababaihan ang mga trabahong hindi sila kumikita ng pera tulad ng pagtatrabaho sa bahay, pangangalaga at pagpapalaki ng bata, at pag-aasikaso sa iba pang mga miyembro ng pamilya. Maliban sa mga nabanggit na tungkuling ginagampanan nila sa tahanan, nararapat ding alamin ang direkta nilang pakikisangkot sa mga aktibidad na nakadaragdag sa kabuoang kita ng pamilya. Ang pagsasaalang-alang sa kanilang mga buhay at karanasan sa partisipasyon nila sa mga gawaing pangkabuhayan tulad ng pagkukuwari ay maaaring magbigay-daan sa pagpapahusay sa mga patakaran para sa pagbubukas ng mas magagandang oportunidad para sa kanila sa gawaing ito.

Sa sanaysay na ito, mababasa ang mga pagmumuni-muni, paglalarawan sa lugar, pagsisiyasat na tinangkang masuportahan ng iba't ibang perspektiba. Kompleks ang lipunan ng kuwarehan at espasyo ng kababaihan sa Ilaya, kaya patuloy sa kasalukuyan ang mga pagbabago at mga suliraning kinahaharap ng kanilang kabuhayan. Sa kabila nito, patuloy silang nakikipaglaban sa mga baha ng kanilang buhay—nakikibuno, nagkakaisa, at nagpapatuloy. Kaya marapat na tingnan ang mga sitwasyon at kuwento ng mga tao partikular na ng kababaihan sapagkat mas marami ang bilang ng aktibong babaeng nakikilahok sa gawain. Maliban sa paglalarawan sa kuwarehang kanilang ginagalawan, dokumentasyon din ito ng transpormasyong nagaganap sa papel na kanilang ginagampanan.

Samakatwid, nilayon ng sanaysay na itong mabigyan ang pamahalaan, ang publiko, at sektor ng industriya ng isang paglalarawan sa papel na ginagampanan ng kababaihan sa small-scale na pagkukuwari at sa bundak nang sa gayon ay makabuo ng mga patakaran, polisiya, o tulong para sa mas ikabubuti ng bawat isa. Nawa ay magbubukas din ito ng isang diskusyon sa iba't ibang dahilan ng kanilang pagpasok sa gawain at ang iba't ibang tungkuling ginagampanan nila maliban sa pagiging kuwaredora gaya ng pagiging ina, asawa, at babae.

Sa isang bansang patriyarkal tulad ng Pilipinas, ito ay isang selebrasyon sa makikitang pagbabago sa mga kalakaran ng mga gawaing karaniwang pinatatakbo ng kalalakihan—tulad ng kuwari. Sa Lambaguhon, ang gawaing ito ay pinatatakbo o pinamunuan ng mga babae.

Ekstraksiyon ng Naratibo

Malinaw pa rin sa akin ang larawan ng Adelfa bilang isang payak na komunidad sa Lambaguhon, sa lungsod ng Iligan. Mas kilala sa tawag na Ilaya ang lugar. Kasinlinaw ang larawang ito ng dumadaloy noong ilog ng Mandulog kung saan ako unang natutong lumangoy. Malaking pakinabang ang naidudulot ng ilog ng Mandulog sa Ilaya. Nakaliligo at nakapaglalaba ang mga tao rito. Gayundin, malaking pakinabang ang ilog para sa iba't ibang pananim na ibinebenta at pinagkukunan ng pagkain ng mga nakatira sa lugar. Bukod dito, batid sa lugar ang kasiglahan ng mga tao dulot nang maliliit na gawain tulad ng pagkuha ng mga buhangin at grabas mula sa ilog gamit ang mga balsa, pansandok, at mga kahon. Sa ngayon, marami sa mga taga-Ilaya ang kumikita sa mga naeekstrak nilang buhangin at grabas sa ilog ng Mandulog, na tulad ng ibang komunidad, umaasa sa kung ano ang available at marami sa kanilang lugar upang mabuhay.

Sa loob ng mahigit na dalawang taong obserbasyon, pakikipagkuwentuhan, at pakikipamuhay ko sa Ilaya, hindi kasali ang mahigit labintatlong taong paninirahan sa lugar mula 1999 hanggang 2011, nabuo itong sanaysay. Kinalap ang iba't ibang kuwento ng mga kuwaredora o mga babae sa kuwarehan bilang asawa, ina, at puwersa sa industriya ng kuwari. Hiningi ang pahintulot sa mga punong barangay, presidente ng purok, presidente ng asosasyon, at mga kuwaredora upang makalap ang kanilang mga kuwento. Kusa ang pagkukuwento sa loob ng mahigit na dalawang oras kada isa sa kanila. Ipinaintindi sa kanila ang kahalagahan ng kanilang mga naratibo. Binigyang-diin ang pagpapaunawa sa kanilang karapatan bilang kalahok. Maliban sa kababaihan sa kuwarehan, nagbigay din ng kanilang partisipasyon ang kalalakihang bahagi ng kuwarehan.

Makailang beses ang biyaheng ginawa noong 2016–2018 upang ipaalam at ipakita sa komunidad ang interes at pagpapahalaga sa Ilaya bilang lugar ng pagsisiyasat. Noong una, dahil bata pa siguro ako noong huli akong makita ng mga taga-Ilaya, may kaunting pag-aatubili sila sa pagsagot sa mga tanong tulad ng, "Unsa inyong mga naagiang problema sa kuwari te?" (Ano po ba ang nararamdaman ninyong problema sa kuwari?). Kalaunan, matapos ang pabalik-balik na pagbisita sa lugar, naikukuwento na nila ang kanilang mga danas. Ipinagpapasalamat ko rin ang pagtitiwalang nakuha mula sa mga taga-loob na silang naging gabay ko sa pasikot-sikot sa lugar.

Nang maramdaman kong nakapagbabahagi na sila ng kanilang kuwento sa akin, isa-isa kong pinuntahan ang mga kuwaredora sa kanilang mga bahay upang sila ay makakuwentuhan. Tiniyak kong ito ay naaayon sa mga oras na sila ay bakante. Kaya naman, kada alas-sais ng gabi ko sila dinadalaw. Dala ang materyales tulad ng papel, ballpen, at selpon. Hiningi ko ang pahintulot

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

sa kanila sa mga pagkuha ng larawan at pagrekord ng kuwentuhan gamit ang selpon.

Naranasan at naorbserbahan ko ang sistema at kalakaran mula sa bundakan o depositohan ng mga naekstrak na buhangin, grabas, at mga bato hanggang sa mismong ilog kung saan isinasagawa ang pagsisid, sa pagbiyahe o *trucking*, at ang paniningil. May pagkakataong sa pagpunta ko sa lugar ay nataong may kasiyahan, selebrasyon o pagtitipon, kaya nasasali ako sa mga salusalo at sa mga kuwentuhan. Nakatulong nang malaki ang pakikisalamuha at pakikipagkapwa lalo na sa panahong natatagpuan ko ang mga kuwaredor sa pagpupulong na inilalantad ang kani-kanilang mga suliranin.

Mula sa labas, maaaring negatibo agad ang estereotipo tungkol sa kuwari. Maaaring kapag naririnig ang salita, iniuugnay agad ito sa mga negatibong epekto ng gawain tulad ng baha, at masyadong paglapad ng ilog o pampang. Marami sa mga taga-labas, na walang alam tungkol sa kalakaran sa kuwarehan, ang nagnanais na baguhin ang sistema. Ang mga desisyon at aksiyon ng mga taga-labas ay makaaapekto sa galaw ng mga taga-loob. Sa ganitong dahilan din, maaaring hindi mapakikinggan ang mga tinig ng mga nasa loob kung mas malakas ang boses ng mga taga-labas. Una, ang mga kuwaredor/kuwaredora ay nakapagkukuwari lamang sa kanilang lugar—direkta silang maaapektuhan. Pangalawa, apektado ang kanilang hanapbuhay—kadalasan sa ganitong sitwasyon, ang maliliit na gawain sa kuwarehan ang pinakamaaapektuhan tulad ng pagkawala ng kuwari sa Ilaya, napilitan ang balas-balas na magpabundak (bagong hugis ng balas-balas subalit parehong materyales ang ibinebenta at ginagamit) kaya nakapagpapatuloy sila subalit umaangkat sila sa mas malalaking opereytor tulad ng *crusher*. Gayunpaman, dahil tinitingnang isa sa mga pangunahing dahilan ng mga sakuna ang kuwari, hindi nakaliligtas lalo na ang mga balas-balas, na silang nakikitang nakapuwesto sa mga bakanteng bahagi sa may gilid ng ilog kaya kung titingnan ay mas marami sila (palapad ang puwesto ng mga balas-balas sa gilid ng ilog Mandulog, samantalang nakapirmi sa isang lugar lamang ang crusher at ang ibang malalaking opereytor ay palipat-lipat ng puwesto), sa mga isyung pangkalikasan at pangkaligtasan. Samakatwid, sa pananaliksik nina Bracamonte, Ponce, at Viloria et al. (143), ikinokonsidera ng mga tao sa siyudad na isa sa mga nagpapalala sa pagbaha ang pagkukuwari dulot ng pagkukubkob sa ilog. Itinala nilang 90 hanggang 100 porsiyento ang nasalantang pananim o kabuhayan sa mga lugar malapit sa ilog ng Mandulog dahil sa bagyong Sendong noong 2011. Mula rito, hakot-hakot ng mga kuwaredora, bilang sila ang namumuno sa kuwarehan, ang responsabilidad sa tahanan, samahan ng mga kuwaredor, at kalikasan.

Kagamitang Pambalas-balas

Bata pa lang, alam kong maraming talon ang siyudad ng Iligan. Sa katunayan, tinatawag itong City of Waterfalls. Matatagpuan ang dalawampu't tatlong talon sa iba't ibang bahagi ng siyudad. Gayunpaman, tanging ang mga talong Maria Cristina, Tinago, at Dodiongan lang ang aking napuntahang talon sa siyudad. Kung hindi pa ako nakapagtrabaho, malamang hindi ko rin napuntahan ang Tinago na itinuturing na isa sa pinakamahirap puntahan. Tunay na isa sa mga nagpapasigla sa turismo at ekonomiya ng Iligan ang mga likas na yamang-tubig sa siyudad, gaya ng ilog ng Mandulog.

Sa Ilaya, dulo ng San Roque kung saan dumadaloy ang ilog ng Mandulog, mano-mano ang mga gawain sa balas-balas. Nangangahulugang buhangin ang salitang "balas." Ito ay salitang Cebuano na kapag inulit-ulit ay naglalarawan sa gawain sa kuwari na kumikita nang maliit. Hindi katulad nang malalaking kuwarehan na gumagamit nang mabibigat at malalaking makina (hal., crusher) upang maihiwalay ang pinong buhangin at mga batong maaari ding ibenta depende sa laki at klase, mga tao ang gumagawa ng trabaho sa balas-balas. Gayundin, ang mga kagamitang ginagamit sa balas-balas ay pinasasadya tulad ng pala, balsa, kahon, iskrin, at pansandok. Gagastos ng isang libo at walong daan hanggang dalawang libong piso sa paggawa ng iskrin. Kabilya at bakal ang ginagamit upang ifabricate ang iskrin. Karamihan sa mga iskrin na ginagamit sa kuwarehan ay naghihiwalay ng tatlong klaseng produkto (bato, buhangin o pinong buhangin). Unang maihihiwalay ang malalaking batong 1.5 o mas malalaki pang hindi kasya sa butas ng iskrin at masasala gamit ang mga kabilyang inilalagay sa itaas. Mahuhulog naman ang ¾ na hindi kakasya sa pangalawang iskrin pero kasya sa kabilyang inilagay sa itaas na bahagi. Maiiwan ang pinong buhangin sa pinakailalim na kakasya sa ikalawang iskrin. Ginagamit ang malalaking pala upang mapabilis at mas marami ang masandok na buhangin at grabas. Gumagastos din sila upang ipagawa ang pala, subalit maaari din itong bilhin.

Upang maekstrak at maibiyahe ang mga sinisid na buhangin at grabas sa ilog, gumagamit sila ng balsa. Dito isinasakay ng mga tagasisid ang kanilang makukuha sa ilalim ng ilog. Malalayong bundok ang binibilhan ng "lunas" para maipagawa nila ang balsa. Hindi ordinaryong kawayan ang ginagamit sa balsa. Umaangkat sila sa mga bukid para sa "lunas." Ang tinutukoy nilang mga bukid ay ang Dawag at Tangke na mga bundok na nakadungaw sa Ilaya. Sinabi ni Reymar, isang kuwaredor, na umaabot ng tatlong libong piso ang pagpapagawa ng balsa. Madaling malata at mabiyak ang kawayan, at mabigat hatakin kagaya ng "buntong" kaya hindi nila ito ginagamit. Lunas ang ipinagagawa nilang balsa dahil mas magaan ito at lutang na lutang. Ginagawa

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

ang balsa sa gilid lamang ng ilog. Minsan ay hinihila at pinalulutang ito sa tubig upang malaman kung pantay o balanse ang mga nakahilerang lunas, na nagpapalutang sa balsa. Maliban dito, pinaniniwalaan din ng mga kuwaredor na hindi lulubog ang kanilang balsa kapag pinaduduguan. Bago ito sakyan o lagyan ng mga kahon, pinaduduguan ito ng hayop. Kadalasang ginagamit nila ang pato bilang "lihi" dahil palutang-lutang ito sa tubig, tulad ng balsa sa ilog. Sa pagpapagawa ng bawat kahon, gumagastos nang mahigit dalawandaang piso. Isinasakay ang mga nakahilerang kahong kahoy sa balsa. Sa kahon inilalagay ang mga nasisid na buhangin at grabas para mas madaling mabilang. Nakadepende ang bayad sa tagasisid sa kung ilang kahon ang kaya nilang mapuno. Sinasakyan at ipinupuwesto ng mga kuwaredor ang balsa sa bahagi ng ilog kung saan sila sisisid. Itinatali sa kableng ibinabaon sa ilog ang balsa upang hindi ito maanod. Kadalasang laman ng isang balsa ang dalawampu't apat hanggang tatlumpung kahon.

Walang *crane* sa balas-balas. Pansadok ang ginagamit ng mga sisisid sa ilog. Upang bumaon talaga sa ilalim ng tubig, kailangang mabigat ito. May kapal na 3 mm ang pansandok. Sinasadya ang matalim nitong nguso nang makubkob ang buhangin at grabas. Tatabingi ito kung manipis dahil hindi nito kakayanin ang bigat ng iaahong buhangin at grabas. Maaaring tubo o kahoy ang hawakan nito. Pinagagamit sa mga baguhang kuwaredor ang pansandok na may bigat na walong kilo lamang kapag walang laman. Sampu hanggang labing-anim na kilo naman ang bigat ng pansandok na karaniwang ginagamit ng mga kuwaredor kapag walang laman. Minsan ay nilalagyan ng lubid ang pansandok upang mas mabilis na mahatak paitaas ang buhangin at grabas. Sinabi ni Reymar na ginagawa ito upang hindi mawalan ng hangin ang tagasisid.

Hindi pantay ang lalim ng sinisisid na bahagi ng ilog. Kadalasan itong may tatlo o isang dipa o mas mababaw pa. Maaari lamang silang sumisid sa bahagi ng ilog kung saan sila pinahihintulutan. Makukuha nila ang pahintulot at desisyon mula sa asosasyon o sa may-ari ng lupa. May kani-kaniyang lugar ang bawat kuwaredor o grupo ng kuwaredor. Upang mas madali ang trabaho ng mga tagasisid, hindi naman sila palipat-lipat ng puwesto sa pagkuha ng buhangin at grabas. Binabalik-balikan nila ang pinagkukunan. Dapat suweto sila sa gawain. Malakas at may alam dapat. Ayon sa mga kuwaredora, matigas ang ilalim ng ilog sa unang araw, subalit lalambot ito sa pangalawa at sa mga susunod na araw, dahil maaabunuhan ng maaanod na buhangin ang malilikhang butas mula sa pagsandok ng tagasisid, mas magiging madali sa mga tagasisid ang trabaho.

Mula sa Ilog ng Mandulog ang Pagsisid at Pagbiyahe

Noong 2016, ang pinakamaliit na kinikita ng tagasisid ay apat na raan hanggang anim na raang piso sa bawat araw. Pagkapuno ng mga kahon sa balsa, hahatakin at idadaong nila ito sa gilid ng ilog gamit ang lubid. Hahakutin nila ang mga kahon at ibubuhos ang buhangin at grabas para maiskrin o mahakot. Ililista kung ilang bilang ng kahon ang naibubuhos nila. Kasabay nito, binabantayan ng *financier* ang trabaho upang maiwasan ang mga problema. Tinatawag na *iskriner* ang tagahiwalay ng bato at buhangin. Gumagamit sila ng pala at iskrin sa pagtatrabaho. Tinatapos ng isang iskriner ang isang bundok na mixed sand o hindi pa naprosesong buhangin at grabas. Binabayaran ang iskriner ng piso at singkuwenta sentimo sa bawat kahong maiiskrin noong 2016. Matapos ang trabaho ng iskriner, ang *loader* ang papala ng buhangin o grabas sa sasakyan ng parokyano. Binabayaran ng pitumpung piso ang kada *load* ng buhangin. Habang isandaan ang ibinabayad kapag ¾, at dalawandaang piso sa pagkarga ng 1.5 sa isang *minidump*. Ang laman ng isang minidump ay tatlong kubiko. Kapag walang sasakyan ang parokyano, aarkila sila o babayaran nila ang mga kuwaredor para sa trucking na idinaragdag sa presyo ng buhangin, depende sa layo. Magbabayad ng apat na raan at limampung piso sa bawat biyahe mula sa Ilaya papuntang siyudad. Nagpapatawad din sila minsan at nakukuha ang biyahe ng apat na raang piso. May mga pagkakataong magdadala ng sariling sasakyan ang parokyano para sa transportasyon. Kung mula sa kanilang puwesto papunta sa lungsod, mga nasa lima hanggang anim na kilometro lang ang layo. Ang mga tagasisid, iskriner, loader o trabahante sa balas-balas ay binabayaran pagdating ng hapon, pagkatapos ng gawain bago ang uwian.

Walang katiyakan sa balas-balas. "Minsan meron, minsan wala," ito ang sabi ni Rita (isang kuwaredora), subalit kailangang may makain at maiuwi sila sa bahay. Lalo pa't uuwi pa sa bundok ang karamihan sa kanilang mga tagasisid at loader. Dito pumapasok ang *canvasser* na siyang hahanap ng paraan upang maibenta ang kanilang buhangin at grabas. Kukunin sa kinikita ang sahod ng mga trabahante. Ipinaiikot din ang matitirang pera upang makapagpakuwari ulit.

Iba-iba ang laki at klase ng ibinebentang bato at buhangin sa balas-balas. Iba-iba rin ang kanilang presyo. Malinis ang *washed sand* na mabibili lang sa mga crusher. Wala ito sa balas-balas. Kapag may mga parokyano na nangangailangan ng washed sand, bumibili sa crusher ang mga nagbabalas-balas dahil naiskrin na buhangin o inaayag lang ang buhanging ibinebenta nila. Pero sinabi ni Reymar na kung galing sa gitna ng ilog ang buhangin at malinis naman ito, kung may maghahanap ng washed sand, ito ang kanilang ibinibigay. Sinasabi nilang washed sand ito dahil malinis. Mahal ang washed

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

sand dahil pangcrusher ang presyo nito. Ang washed sand, kung *pickup* lang ay ipinapantay sa crusher ang presyo. Noong 2016, hindi kasama ang trucking, nagkakahalaga ng anim na raan at limampung piso kada kubiko, ang washed sand, anim na raan naman ang *screened sand*. Pero kung ibibiyahe sa parokyano, may karagdagang bayad ito. Halimbawa, kung sa Lugait o sa Initao (mga lugar na nasa labas ng Iligan), may dagdag-bayad na kada kilometro ang trucking. Kung nasa loob lang ng lungsod, ang trucking ay apat na raan hanggang apat na raan at limampung piso, para sa unang limang kilometro. May dalawang klase ng ¾ ang ibinebenta: biyak at hindi biyak. Mas mahal ang biyak na nagkakahalaga ng walong daan at limampung piso kada kubiko kompara sa pitong daan at limampung piso na hindi biyak. Gayon nga lang, nabibili ang biyak na ¾ sa crusher kaya doon umaangkat ang mga nagbabalas-balas. Nagbebenta rin ng 1.5 ang ang Ilaya sa halagang limandaang piso. Makaaangkat din sa kanila ng 2-4 boulders (malalaking bato) sa halagang apat na raang piso. Kung hindi mahanap sa kanila ang kailangan ng parokyano, bumibili sila sa mga crusher. Ang mga binibili ng mga taga-Ilaya mula sa crusher ay mga batong tulad ng 3/8 na kasinlaki ng butil ng mais (pebbles), G1 o mga biyak na ¾, washed sand (kung wala sila), at kung may bibili ng 6-8 pulgada o hindi kaya ay 6-8 na boulders na kasinlaki na ng ulo na karaniwang ginagamit panriprap.

Balas-balas sa Ilaya sa Iba't ibang Paningin

Batay sa Directory of Producing Mines and Quarries sa Rehiyon 10 noong 2015, nakarehistro ang pagkuha ng buhangin at grabas sa Purok Adelfa "Ilaya" sa Lambaguhon hanggang ika-11 ng Pebrero 2016. Nagkaroon ulit ng permiso ang kuwari noon lamang ika-17 ng Abril 2018 at nagtapos sa ika-18 ng Abril 2019. Ibig sabihin, nagkaroon ng dalawang taong wala silang permiso para sa kuwari. Sa pagnanais na makapagpatuloy, umaangkat ang mga financier mula sa mas malalaking opereytor tulad ng Digkila-an na ang gawain ay sa ilog pa rin ng Mandulog subalit ang operasyon ay sa mga lugar na malalapit sa bundok. Dahil dito, patuloy ang pagbibiyahe ng mga buhangin at grabas na siyang ibinebenta ng mga may permiso para sa Commercial Sand and Gravel (CSAG). Nakarehistro bilang CSAG ang gawain sa balas-balas. Ang lugar ng gawain ay hindi umaabot ng limang ektarya at kumukuha ng permiso taon-taon.

Dala ng kawalan ng permiso, mula 2016–2018, nabuo ang Hinaplanon-San Roque Bundak Association. Dulot ng mga pagbabago sa kuwari ang pagkakaroon ng isa pang gawain sa balas-balas na tinatawag nilang bundak. Sa gawaing ito, nagpapabuhos na lang ang mga balas-balas. Binubuo ang

asosasyon ng mga dating humahawak ng gawain sa balas-balas sa mga lugar ng Lambaguhon at Hinaplanon, na karatig na lugar lamang. Nagkaroon din ng mga pagbabago sa gawain ng mga kuwaredor. Wala nang trabaho ang tagasisid sapagkat gumagamit ng *heavy equipment* ang malalaking opereytor. Nang makuha ng mga taga-Ilaya ang permisong makapagkuwari noong 2019, nahati ang balas-balas sa dalawa: kuwari at bundak. Patuloy sa kasalukuyan ang mga pagbabago at pagharap ng mga tao sa mga suliraning may kinalaman sa kanilang kabuhayan. Sa kabila nito, patuloy silang nakikipaglaban sa mga baha ng kanilang buhay—nakikibuno, nagkakaisa, at nagpapatuloy. Kaya marapat na tingnan ang mga sitwasyon at kuwento ng mga tao partikular na ng kababaihan sapagkat mas marami ang bilang ng aktibong babae na nakikilahok sa gawaing ito sa Ilaya.

Napakahalaga ng pakikisangkot ng kababaihan pati na sa aktibong pagbabahagi, paghahanap, at pagpapaliwanag ng mga idea upang mapayaman ang kaalaman sa mga proseso ng buhay na pinagdadaanan ng kapwa babae. Isang hamon ang pagbubuo sa kasaysayan ng kababaihan sa Pilipinas. Hindi malinaw ang antas-antas na pag-unlad ng karanasan ng kababaihan kaugnay ng pagbubuo ng lipunan at kalinangang Filipino sa kabuoan, kung ang mga aklat na isinulat ng mga historyador ang pagbabatayan. Isa sa mga ibinigay na dahilan ni Camagay, sa pagsipi ni Santiago, kung bakit mahirap matunghayan ang kasaysayan ng kababaihan sa Pilipinas sa mga aklat pangkasaysayan ay maaaring ipinalagay ng mga historyador na ang danas ng kalalakihan sa mga yugto ng kasaysayan ay maaaring parehong danas din ng kababaihan (Santiago 17).[1] Sa parehong pananaw nina Santiago at Camagay, mahalaga at mas lalong malaki ang pangangailangang mag-ambag ang mismong kababaihan ng kaalaman sa pagbabalangkas nila ng pag-unlad ng kanilang kasaysayan sa lipunang Filipino. Dahil maliban sa hindi makatwiran ang pagpapalagay sa pagkakapare-pareho ng danas ng kababaihan at kalalakihan, hindi rin tama na hayaang ipaubaya sa kalalakihan ang pagsusulat ng kasaysayan lalo pa't ang pinapaksa ay tungkol sa kababaihan.

Pinipigilan ng panghuhusga sa kababaihan ang kanilang partisipasyon sa gawaing tulad ng sa small-scale na pagkukuwari o balas-balas sa Ilaya. Nagdudulot ng iba't ibang epekto sa tungkulin ng kababaihan bilang asawa at ina ng tahanan ang unti-unting pagkakaroon ng espasyo ng kababaihan sa "mundo ng mga lalaki," tulad ng pagtatrabaho nila sa minahan at kuwarehan, subalit higit sa lahat, sa kanilang tungkulin bilang kababaihan sa lipunan. Binanggit ni Bañega na may pag-aalala sa pagpasok ng mga babae sa kuwarehan, na kakikitaan ng panghuhusga (8). Maaaring tinitingnan ang

[1] Binanggit ni Santiago si Dr Maria Luisa Camagay na nagsabing karamihan sa mga historyador na sumulat ng mga aklat ay lalaki at tumitingin sa kasaysayan sa kanilang pananaw.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

kababaihan bilang mas mahinang uri sa ganitong lakas-paggawa. Unti-unti na itong nababago sa ngayon dahil kakikitaan ng ebolusyon ang paghahanap ng espasyo ng kababaihan sa trabahong ito tulad ng nangyayari sa lugar ng Ilaya sa ilog ng Mandulog. Karamihan sa kanila ang humahawak ng mas mataas na posisyon sa gawain sa kuwarehan. Nagtatrabaho para sa kanila ang tagasisid, iskriner, loader, at drayber na karamihan ay mga lalaki.

Sa isang pag-aaral naman ni Pineda-Ofreneo, inilahad at sinuri niya ang makukulay na mga kuwentong buhay ng sampung kababaihang mananahi, magbuburda, at manggagantsilyo sa industriya ng damit sa lalawigan ng Bulacan. Ginamit ng kababaihan ang kanilang tinig na dati-rati ay hindi naririnig.[2] Kadalasang nangyayari na ang mga iniisip ng kababaihan, idea, at kaalaman ay isinasantabi, hindi tinitingnan, at inaalis. Dapat may aktibong pagbabahagi, paghahanap, at pagpapaliwanag ng mga idea ang kababaihan. Sa pamamagitan ng paglalatag ng mga sitwasyon sa kuwarehan bilang lugar na kanilang ginagalawan at paglalarawan sa kanilang mga danas gamit ang kanilang mga kuwento, mapayayaman ang kaalaman sa mga proseso ng buhay na pinagdadaanan ng kapwa kababaihang nasa lakas-paggawa.

Sa kasalukuyan, hindi na lamang nakikipagbuno ang kababaihan laban sa karahasan kundi nagpapakita na rin sila ng mahalagang papel na ginagampanan sa pagbuo at transpormasyon ng lipunan. Tulad ng sinabi nina Marx at Lenin, naging matindi ang panawagan ng kababaihan para sa pagkakaroon ng pantay na pagtingin at pagtrato sa kanila ng kalalakihan sa lipunan, politika, edukasyon, at sa trabaho (59). Hindi na rin lamang sila makikita sa kanilang mga tahanan sa ngayon, "na pinasususo ang kanilang mga anak, o nakatungko habang nagtitisod ng kuto o nakikipagtsismisan sa sari-sari store". Makikita sa ngayon ay ang kababaihang ginagawa ang gawain ng kalalakihan. Maging sa mahihirap, mabibigat, at delikadong trabaho ay makikita ang pakikilahok nila tulad ng kuwari sa Ilaya.

Tumatawag ng pansin ang kababaihan sa mga industriyang kadalasang may mabibigat na gawain tulad ng small-scale na pagkukuwari. Upang malaman ang mga dahilan ng kababaihan sa pagpasok sa trabaho, nais kong matukoy ang kanilang pinanggagalingan sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan. Nakipagkuwentuhan ako sa kanila. Inalam pati ang kanilang mga suliranin. Gayundin, upang mabatid kung bakit patuloy ang kanilang partisipasyon sa gawain sa kabila ng mga hamon, nagkaroon ng obserbasyon sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

[2] Ayon kay Pineda-Ofreneo, inaasahan sa kababaihan na kayanin ang mga pangangailangan sa parehong daigdig: ang pagtatrabaho upang kumita ng pera, at ang pagtatrabaho upang buhayin ang pamilya, na may minimum na suportang panlipunan at suporta ng kalalakihan (11).

Mga Kuwaredora sa Balas-balas at Kanilang Danas

Sa ulat ng World Bank Policy noong 2001, may pagtaas sa partisipasyon ng kababaihan sa lakas-paggawa para sa huling bahagi ng ika-20 siglo. Sa pagkukuwari, mataas ang bilang ng nagtatrabahong kababaihan (Lahiri-Dutt 19).[3] Karamihan sa gawaing ito ang kanilang pagtatrabahong kasama ang kanilang bana o ibang mga lalaki. Kadalasang isinasama nila ang kanilang anak at nagtutulungan sa pagtatrabaho, na humigit-kumulang ay kumikilos bilang isang yunit. Ibig sabihin, pinagsasabay ng mga babae ang pag-aaruga ng bata, pagsuporta sa bana, at pagnanais na kumita para sa pamilya.

Kaya masasabing mahalagang ekonomikong mga aktor ang mga babae at nakapag-aambag sila sa kabuhayan ng kanilang pamilya. Nagbibigay ng kapangyarihan sa kanila ang pantay na mga karapatan sa trabaho at mga benepisyo mula sa mga gawaing tulad ng sa balas-balas. Kung gayon, hindi dapat tingnan bilang kaagad na negatibo ang trabaho rito. Bagkus, kailangang matingnan ang mga dahilan, kalagayan, at mga ugnayang nabubuo sa naturang gawain. Maaari ding masuri mula sa pananaw ng lumalahok dito, ang naidudulot ng gawaing ito sa kanila. Naniniwala akong may matinding pangangailangang matingnan ang mga pagsusumikap sa balas-balas, lalo na sa parte ng kababaihang nakikilahok sa gawaing ito.

Iba-iba man ang kanilang pagsisimula sa balas-balas, pare-parehong nahahati ang kanilang responsabilidad bilang ina, asawa, at kuwaredora sa isang lipunan. Mula sa tangkang pag-alam sa mga dahilan ng kanilang pagpasok sa industriya ng kuwari ay isinagawa ang pakikipagkuwentuhan sa kanila:

> **Karen:** Paano kayo nagsimula sa kuwari?
>
> **Janet:** Nakuha ko ito mula sa aking mga magulang. Ito ang negosyong matagal na nilang ginagawa na ngayon ay ginagawa rin ng kanilang mga anak. Nakapagtapos ako ng kolehiyo subalit pinili ko ang pagnenegosyo sa kuwari.
>
> **Bebe:** Ako naman ay bunga ang kagustuhan kong magkuwari dahil sa aking bana. Hindi siya nagbibigay ng kaniyang suweldo. Pinasok niya ang lahat ng klase ng bisyo pati na pambababae. Minsan ikinumpara ko ang buhay ko sa buhay ng ibang babae. Nakikita kong maganda ang relasyon nila sa kanilang bana. Isinasama ng iba ang kanilang asawa kapag kumukuha ng suweldo. Noong panahong sa wakas ay isinama niya na akong kubrahin ang sahod niya, nasabi ko talaga na "ngayong

[3] Inilalagay sila sa ilalim o laylayan ng ekonomiya nito sa usapin ng sahod, uri, at seguridad sa gawain.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

pinapunta mo na ako para kunin ang suweldo mo, wala pala akong makukuha kasi ibinenta mo na ang isang taon".

Rita: Malapit talaga sa akin ang mga gawain sa konstruksiyon. Nagtrabaho sa isang kompanya bilang opereytor sa *crusher* ang aking bana. Konektado pa rin ang kaniyang trabaho sa balas-balas. Sa pito naming anak, lima ang babae at dalawa ang lalaki. Apat sa aking mga anak ay nagtatrabaho sa kuwarehan pati na ang kanilang mga asawa. Matagal na ako sa pagkukuwari dahil aktibo ako nang 32 taon na. Simula noong matuto ay namorsyento na ako. Bibili ako tapos ibibenta ang buhangin at grabas. Bale, porsyento lang 'yong sa akin.

Joy: Nagsimula akong magpakuwari noong 1993. May asawa na ako at anak noon nang magsimula ako sa gawaing ito. Sa simula, naghanap ako ng mga taong sinabihan kong magpapakuwari ako para kikita kami. Nagsimula lang ako sa tatlong tao. Namulat ako sa kuwari dahil malapit lang kami sa ilog.

Kris: Natutuhan ko ang pagnenegosyo sa balas-balas mula pamilya ng aking bana dahil ito ang negosyo nila noon pa man. Noong una, pag-iskrin lang at pag-*loader* ang ginagawa ng aking bana na sa kalaunan ay napansin naming magandang pasukin. Doon kami nagsimulang mag-*finance* dahil nakita namin ito sa kaniyang mga tiyahin, tiyuhin, at mga magulang mismo.

Nice: Natuto ako sa aking bana. Nagkaroon ako ng idea sa kaniya kung paano magkuwari. Natutuhan naman niya ito sa kaniyang ama na si Aurelio Ermac na isa sa mga pinakaunang nagnegosyo ng buhangin at grabas sa Ilaya. Humingi kami ng idea sa kaniyang ama at tinuruan niya kami.

Jennifer: Nalaman ko ang tungkol sa kuwari mula sa biyanan ko (Rita). Pinili ko ito bilang hanapbuhay dahil ito rin ang hanapbuhay nila. Napakahalaga ng kuwari sa akin dahil dito kami kumukuha ng pambili ng pagkain. Ang pagsisikap na ito ay para sa aking pamilya.

Merry: Nagpapakuwari ako dahil ito na kasi ang talamak dito kahit noon pa. Nasundan ko lang ito dahil nakalakihan ko na.

Mary Jane: Nakapasok kami sa kuwari dahil sa aming dating tagapangulo na si Lucia (naging chairman ng barangay). Noong nagpatayo ng kooperatiba, ipinaalam niya na maaari kaming sumali bilang mga miyembro.

Virginia: Nakapasok ako sa trabahong ito dahil wala naman kasing ibang trabaho rito na makabubuhay sa akin at hindi na rin ako sumubok pang maghanap ng ibang trabaho.

Karen: Paano kayo nakapagkuwari sa lugar?

Nice: Nagsimula kami sa maliit na puhunan. Wala kaming problema sa pagsisimula sapagkat lupain ng mga Ermac ang lugar ng kuwari. Maaari kaming pumasok sa lugar. Pinili namin ang balas-balas bilang hanapbuhay sapagkat ito ang pabor at hindi ito nalalayo sa negosyo ng aking mga magulang sa Tambo. Nagbebenta ng iba't ibang klase ng bubong ang aking mga magulang. Bale, pinagsama ang mga idea dahil sa konstruksiyon ng bahay parehong kailangan ang buhangin, grabas, at bubong. Para sa aming pamilya ang pagsusumikap namin sa gawaing ito. Sa unang biyahe ko ng buhangin at grabas, nakatulong ang dati kong trabaho sa gobyerno at ang aking nanay na kagawad ng Brgy. Hinaplanon (lugar malapit sa San Roque).

Karen: Ano po 'yong mga nakukuha ninyo sa gawaing ito?

Rita: Nararamdaman ko ang pagrespeto ng mga tao sa akin sa pagnenegosyo ko sa gawaing ito. Nakukuha ko ang respeto mula sa aking mga parokyano, mga trabahante, kapamilya, at kahit sino. Parating maayos ang pakikitungo sa akin ng aking mga parokyano at nakikita ito ng iba. Alam kong natatanggap ko ang ganito dahil maayos din ang aking pakikitungo sa kanila. Lalo na kapag nagsu-*supply* ako sa mga konstruksiyon, hindi nila ako pinababayaan dahil naaawa din sila sa akin. Isa sa pinakamalaking natulungan ng aking balas-balas ay ang pagpapatayo ng Robinson's Iligan. Kapag nakikita ko na nakatayo na at natapos na ang mga konstruksiyon, napupuno ng kasiyahan ang aking dibdib. Nakararamdam ako ng pagmamalaki na ako ang nag-*supply* ng buhangin at grabas sa kanila. Ayaw kong magmayabang sa mga ito. Bagkus, ginagawa ko itong inspirasyon para pagbutihin ang aking ginagawa.

Bebe: Naghanap ako ng paraang makapag-*supply* sa *hollow block*s. May mga buhangin na hindi naibibenta tapos isinu-s*upply* ko sa mga gumagawa ng *hollow block*s. Doon ako nagsimula. Walang pumupuwersa o pumilit sa akin na pasukin ang gawaing ito dahil ito ay sarili kong pagsusumikap. Ginagawa ko ito upang mapag-aral ang aking mga anak. Sa ngayon, nag-iisa akong nagsu-*supply*.

Karen: Ano po ba ang trabaho ninyo sa balas-balas?

Mary Jane: DR checker ang trabaho ko. Pinili ko itong pagkakitaan kasi madali at kung kaawaan ng Diyos, marami-rami naman ang benta. Kasali rin ako sa mga *board* doon. Nang ibahagi ni Lucia (kapitana ng barangay ng mga panahong iyon) na lilikha ng koop at maaaring sumali ang lahat ng taong kabilang sa gawaing balas-balas, hindi ako nag-atubiling sumali. Ginawa ito para marehistro at maging legal ang aming gawain.

Virginia: Matagal na ako sa kuwarehan simula noong 2000, noong nagsimula ang koop. Pinapaaral ko ngayon ang dalawa kong anak. Ang ginagawa kong trabaho sa kuwari ay bilang *financier*.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Joy: Naging *dicer* ako. Una kami ni Rita, Bebe na nag-*dice*. Ang asawa naming tatlo ay magkakapatid at mahirap ang naging buhay namin kaya naghanap kami ng paraan. Dinaan ko sa diskarte ang lahat. Subalit mahirap din ang mag-*dicer* dahil kapag may *deliver*, hindi lang naman ikaw ang *dicer* kaya minsan mas marami pa nga kami kaysa sa buhangin at grabas. Ang nangyayari ay nag-aagawan kami sa mga parokyano kaya umabot sa punto na nahinto ako at nanatili sa bahay.

Karen: Gaano po ba kalaki ang kaibahan ng kuwari noon at ngayon?

Joy: Dako. Marami na talagang problema sa ngayon kasi hinahanap na nila ang DR (Delivery Receipt). Noon, walang nagpi-*finance* na matatawag dahil amin-amin lang 'yon. Hindi iyon matatawag na *financier.* Noon lang 2014 nagsimula ang pagkakaroon ng *financier*. Noon kasing panahon ni Mayor Lawrence, pabaya lang at wala kaming problema sa DR. Puwede lang na makalusot na wala nang ano mang problema sa pagbibiyahe ng buhangin at grabas sa mga bumibili. Sa ngayon, patay na kami dahil may City Environment Management Office (CEMO) at mga pinagagawa.

Bunsod ng pangangailangan at kahirapan ang pangunahing dahilan ng kababaihan upang pasukin ang balas-balas. Sina Rita, Joy, at Bebe ay mga asawa ng tatlong magkakapatid sa Ilaya. Si Rita ay natuto sa kaniyang banang nagtatrabaho sa crusher. Si Bebe ay nagdesisyong pasukin ang balas-balas dahil hindi sapat ang kinikita ng kaniyang bana. Mas pinili naman ito ni Joy dahil mas kumikita siya kung ikokompara niya sa pagbebenta niya ng mga ulam. Sina Rita, Bebe, at Joy ay nagsimula bilang mga *dicer* (naghahanap ng mga parokyano) sa crusher. Sa parehong koneksiyong makikita kina Rita, Bebe, at Joy, ang kanilang mga anak, manugang, kasamahan bilang kasunod na henerasyon ay gumagalaw bilang babaeng namumuno sa balas-balas. Sina Janet (anak ni Rita), Kris (manugang ni Bebe), Jennifer (manugang ni Rita) ay pare-parehong natuto sa kanilang mga magulang o biyenan sa gawain. May katulad din ni Virginia na walang ibang mapapasukang trabaho kaya itinulak ng matinding kahirapan at napasok sa balas-balas. Sina Mary Jane at Merry (kapatid ng mga bana nina Rita, Bebe at Joy) ay matagal na sa lugar at namulat sa gawaing kuwari mula sa crusher at sa balas-balas. May iba namang katulad ni Nice na konektado sa hanapbuhay ng pamilya at nakapasok sa gawain dahil sa pagiging matagal na sa lugar.

Maliban sa baha, nahihinto rin ang gawain sa kuwari kapag hindi napoproseso ang permiso. Nahihinto man sila sa gawain, lumikha sila ng ibang paraan. Isang halimbawa ang pagkabuo ng asosasyon sa bundak bilang bagong hugis ng kanilang balas-balas. Minsan baha, kadalasan tao ang kalaban nila sa kuwari.

> Noong hindi na aktibo ang koop, nawala rin pansamantala ang kuwari. Hinahanapan na kami ng DR o delivery receipt sa pagbebenta namin ng buhangin at grabas. Ito ang tinitingnan ng CEMO na nagpapatunay na legal ang gawain. Sinabihan kami na sumobra na ang pagkuwari namin sa lugar. Matindi ang pagbabantay nila sa amin. Hindi lang basta-basta ang pag-ekstrak namin ng mga buhangin at grabas. May ibinigay lang sa amin kung ilang kubiko lang ba ang pwede naming makuha pagkatapos ay magre-*renew* na naman kami. Hindi kami basta-basta lang nagkukuwari sa ilog (Cortes, Jocelyn).


Gumagalaw ang kababaihan sa balas-balas bilang mga pinuno. Sa Ilaya, sila ang namamahala sa gawaing ito. Karamihan sa mga babae sa kuwarehan ay tumatayong financier. May mga babae ring nag-iiskrin tulad ng mga asawa ng mga iskriner na nagiging katuwang nila sa trabaho. Gayunpaman, mas marami sa mga babae sa kuwarehan ang humahawak ng kanilang balas-balas.

Nagmumula sa financier ang puhunan sa pagkukuwari. Tungkulin ng financier na magbigay ng suportang pinansiyal sa lahat ng transaksiyon sa balas-balas. Siya ang bibili ng mga kagamitan at magbabayad sa lahat ng taong magtatrabaho—tagasisid, iskriner, at loader hanggang sa drayber. Sa madaling sabi, siya ang may-ari ng balas-balas. Hindi pare-pareho ang laki ng puhunang ginagamit ng mga financier sa kanilang pagsisimula. Gaano man daw kaliit ang puhunan, sinabi nilang ang mahalaga ay maibabalik at mapapaikot-ikot nila ito. Responsabilidad din nila ang maningil sa mga nangutang.

Binubuo ang balas-balas ng iba't ibang aktor. Gumaganap ng mahahalagang tungkulin ang bawat isa at sila ang nagpapatakbo ng gawaing ito. Hindi tatayo ang balas-balas kung kulang sila sapagkat tao at hindi makina ang nagtatrabaho sa gawaing ito. Hindi gaya ng malalaking crusher. Binubuo ang balas-balas ng financier, *trader* (bundak), canvasser, drayber, loader, iskriner at tagasisid. Araw-araw silang nagkikita.

Nang mawalan sila ng permisong magkuwari, hindi na rin nakapagfinance ang nagbabalas-balas. Gayunpaman, dahil sa bundak ay nagkaroon sila ng *trader's permit*. Sa pamamagitan nito, nakapagpapabundak o nakapagpapabuhos sila ng buhangin at grabas mula sa malalaking kuwarehan. Isa rin sa mga ginagawa ng trader ay ang pagbili sa mga crusher ng washed sand at G1 upang ibenta nang diretso sa mga parokyano. Tulad ng financier, ang trader din ang naniningil sa mga parokyanong umutang.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University



Larawan 2. Gawain at tungkulin sa Bundak (kaliwa) at Small-scale na Quarry (kanan) sa Ilaya, mula sa pakikipagkuwentuhan sa mga kuwaredora, 2017.

May iba't ibang trabaho sa balas-balas. May nagtatrabaho bilang tagasisid, iskriner, at loader na nakapapasok sa gawain sa pamamagitan ng paglapit sa mga financier, sa tulong ng mga kakilala. Karamihan sa kanila ay magsasaka o mananggutay (magtutuba), na nagmula pa sa mga bundok tulad ng Dawag, Tangke, Bunbunon, at Digkilaan na malapit sa Ilaya. Silang mga dahil sa kasalatan at tagal ng ani ng pananim ay naghanap ng mas mabuting mapagkakakitaan. Nang nahinto nang dalawang taon ang kuwari, nawala ang ibang mga trabahante dahil kakaunti na lang ang nakapagtrabaho. Sa panahong iyon, mayroon ngang trabahante subalit hindi naman nakapagkukuwari. Noong dumating ang bundak, tanging iskriner at loader lang ang natira. Hindi na rin nakapagpabundak ang ilang financier dahil sa mahal na presyong ipinataw ng malalaking opereytor. Ang ibang financier ay nagbabuy-and-sell dahil hindi sila kumikita sa bundak. Dahil dito, karamihan sa mga trabahante ay nawala at naghanap ng ibang trabaho tulad ng konstruksiyon. Hindi naman nakapagbabuy-and-sell ang ibang financier dahil wala silang sariling sasakyan.

Nakatutulong kapag may sariling sasakyan sa balas-balas. Ang drayber ang kasa-kasama ng financier sa paningingil sa mga utang, at sa mga biyahe o transportasyon. Noong 2016, pinakamaliit na kinikita ng drayber ay limampung piso kada biyahe kung sa loob lang ng siyudad habang may dagdag na pitumpung piso kung sa malalayong lugar ang biyahe. Depende sa usapan, maaaring magdala ng sariling sasakyan at drayber ang parokyano. Binabayaran ang mga trabahante kada hapon. Ang sahod ng mga nagtatrabahong drayber, iskriner, loader, at tagasisid sa balas-balas ay hindi nauutang.

Hindi Lamang Maganda ni Malakas

Maituturing si Rita bilang pangunahing pigura ng kababaihan sa balas-balas sa Ilaya, at maging sa Iligan. Naging ambisyon ni Rita ang matutong kumita sa kuwari. Ninais niyang magkaroon ng sariling kuwarehan, kahit mano-mano lang, kaya sinubukang pasukin ang balas-balas.

Sa Lambaguhon nagkakilala si Rita at ang kaniyang bana dahil magkapitbahay sila. Sa pitong anak ni Rita, apat ang natuto sa kaniya. Dalawang anak niyang babae ang nagpifinance tulad niya, habang ang dalawang lalaki ay drayber/financier sa gawain. Drayber/opereytor sa isang kompanya ng crusher ang kaniyang banang si Dany at dito siya natuto. Nang matuto siya sa gawain, bumibili siya ng buhangin at ibinebenta ito. Namorsiyento siya.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Nagsimula sa hirap si Rita, tulad ng iba. Sa matinding pangangailangan, ikinuwento ni Rita ang lakas-loob niyang pag-utang sa mga crusher. Ipinangako niya sa mga inutangan na magbabayad siya. Hindi siya pumalya. Ito ang mga ginawa ni Rita sa kaniyang pagsisimula:

1. Naghanap siya ng mga parokyano na nangangailangan ng buhangin o grabas para sa konstruksiyon.
2. Pagkatapos ay lumapit siya sa mga crusher upang umutang. (Umasa lamang siya na mababayaran ng mga parokyano para makabayad din sa utang.)
3. Inipon niya ang kahit gaano kaliit na kitang napupunta sa kaniyang kamay.
4. Pinaikot niya ang pera para makabili ng buhangin o grabas.
5. Pag-uulit sa 1-4.

Noong nahinto ang kuwari dahil hindi sila nakapagrenew ng permiso para sa gawain, maraming kuwaredor ang nawalan ng trabaho, subalit nagpatuloy si Rita. Hindi siya huminto. Hanggang sa pinayagan sila na magpabundak o magpabuhos ng mixed sand sa mas malalaking *permittee holder* ng kuwari, nagpatuloy lang siya. Pagsasaka ang hanapbuhay ng mga magulang ni Rita at sinabi niyang dahil sa hirap ng buhay kaya nagkainteres siya sa kuwari. Hindi malayong sabihin na malaki ang naidulot ng kaniyang danas:

> Ngayon, dumidiskarte ako para kumita. Ang klase ng hirap na pinagdaanan ko noon ay hindi katulad ng hirap na pinagdadanan ng aking mga anak ngayon. Ang aking mga magulang ay nagsaka lang talaga. Sa aking mga anak na babae, hindi ko ninanais na maranasan nila ang hirap na aking naranasan. Gusto ko na nakikita nila ang pagsusumikap ko at nang sa gayon ay gayahin nila ito (Cortes, R.).

Dahil sa balas-balas, napag-aral ni Rita ang mga anak, nakapagpatayo ng bahay, nakabili ng mga lupain at tatlong minidump na ginagamit ng kaniyang mga anak sa balas-balas. Malaking pagbabago ang idinulot ng balas-balas sa kanilang buhay. Noong wala pa ito, naranasan ng kaniyang mga anak ang kumain nang isang beses sa isang araw o kumain lamang ng saging nang ilang araw. Matindi raw ang kanilang paghihikahos kapag nawawalan ng trabaho ang kaniyang bana sa crusher. Sinabi ng isa sa mga anak ni Rita na si Janet, “pamati namo sauna nga naay pista kung maka-abre mig tinapa unya isubak dayun sa odong, usahay bihon” (pakiramdam naming may piyesta na noon kapag nagbubukas na kami ng sardinas tapos isasahog sa odong, minsan sa bihon) (Cortes, Janet).

Walong taon nang ingat-yaman si Rita sa kooperatiba. Ipinagkatiwala sa kaniya ang paghawak ng pera ng kooperatiba. Isa sa mga pinakamalaking kontribusyon niya sa kooperatiba ay ang hayaang magkuwari sa sariling lupa

ang mga miyembrong walang sariling puwesto o lugar para magkuwari bilang tulong.

Maaaring sabihing kusgan si Rita. Ang "kusgan" ay salitang Cebuano na nangangahulugang malakas. Masisilip ang larawan ng isang kuwaredora sa balas-balas mula sa mga kuwento nilang kaugnay ng mga taong kanilang nakasasalamuha, tulad ni Rita. Ang mga relasyon nila sa pamilya, trabahante, kooperatiba, at parokyano ang nagpapatingkad ng larawang ito.

> Isa sa pinakamalaking natulungan ng aking balas-balas ay ang pagpapatayo ng Robinson's Iligan. Kapag nakikita ko na nakatayo na at natapos na ang mga konstruksiyon, napupuno ng kasiyahan ang aking dibdib. Nakararamdam ako nang pagmamalaki na ako ang nag-*supply* ng buhangin at grabas sa kanila. Ayaw kong magmayabang sa mga ito bagkus, ginagawa ko itong inspirasyon para pagbutihin pa ang aking ginagawa (Cortes, R.).

Maaaring kusgan siya sa pagbabahagi ng kaniyang lupa upang magamit ng mga kasamahang salat sa rekurso, na nagpapakita ng larawan ng isang kuwaredorang handang tumulong sa mga nangangailangan.

> Ako ang may-ari sa erya ng aming koop o ng lupa kung saan nagkukuwari ang mga miyembro. Tapos ang ilog, pinagagamit ko sa lahat. Nagbigay ako ng liham pahintulot para magamit namin ito sa kabuhayan. Ginawa ko ito para magsilbing tulong sa mga taong nangangailangan ng hanapbuhay. Hindi ko ibinigay ang lupa sa koop, ang akin lang ay pahintulot na gamitin ng samahan ang aking erya, bilang mapagkukunan ng kabuhayan ng mga tao (Cortes, R.).

Maaaring kusgan siya sa patuloy na pagbalas-balas sa kabila ng mga suliranin. Sa kaso ng mga kuwaredora, ilang beses na silang pahinto-hinto—pansamatala at pangmatagalan. Pinahihinto sila ng baha, ng malalaking opereytor, ng ibang tao. Sa kabila nito, nagpatuloy sila.

> Pero ako, nanatili ako. Siguro ginabayan ako ng Panginoon sa aking mga ginagawa sa kuwari. Nararamdaman kong nariyan lang ang Diyos sa lahat ng pagsisikap kong masuportahan ang aking pamilya. Ipinagmamalaki kong dahil sa tulong ng Diyos, sa pamamagitan ng pagkukuwari ay napag-aral ko ang aking mga anak. Nakapagpatapos ako dahil sa gawaing ito, sa kabila ng hirap na naranasan ko sa paghahanapbuhay. Minsan masama ang panahon pero nanatili akong matatag upang magpatuloy (Cortes, R.).

Maaaring kusgan talaga siya. Maraming beses na rin siyang dinaya. Ito lang ang sinabi niya:

> Ang Diyos na lang ang Siyang bahala sa kaniya, tutal, kontraktor naman siya. Nasanay din naman ako sa mahirap na buhay kaya bahala na. Pagkatapos noon

> ay nasundan ng isa pa. Ganito ang gawain namin, minsan nakakakain, minsan naman hindi. Kontraktor iyon siya sa Bukidnon. Isang matalik na kaibigan ang nagrekomenda sa kontraktor na iyon. Hindi naman ako nabayaran sa proyekto niyang mga tore (Cortes, R.).

Maaaring ang kusgang imahen niya sa balas-balas ang naging modelo ng kaniyang mga anak upang pasukin din ang gawain. Ilan sa kaniyang mga anak ang sumunod sa kaniyang mga yapak.

> Apat sa aking mga anak ay nasa balas-balas, pati na ang kanilang mga asawa. Ang mga anak kong nasa *finance,* sina Reymar, si Janet, si Tonton, at si Dennis. Paunti-unti rin silang namumuhunan, nagkukuwari na rin sila, namamahala. Ako ang gumagabay sa kanila. Itinuturo ko sa kanila ang pamamaraan sa paghahanapbuhay, at kung paano ko pakitunguhan ang mga trabahante at parokyano. Siyempre, kung ano ang dapat gawin sa gawaing ito (Cortes, R.).

Naranasan ko mismong sumama kay Rita sa isa sa mga naging biyahe niya sa paniningil ng utang. Hindi pala talaga madali ang kanilang mga biyahe. Sumakay kami ng minidump para maningil, subalit dinaanan din namin ang isang parokyano dahil may dinala kaming buhangin. Bago namin siningil ang nangutang, maaga itong tumawag kay Rita. Itinawag nitong may ibibigay na maliit na pera bilang bayad. Kung gaano kaliit ay hindi alam ni Rita. Nang makarating sa lokasyon, natagpuan kong isa itong proyekto ng pabahay. Ang buhangin at grabas ni Rita ay ginagamit para sa konstruksiyong pabahay. Inabutan si Rita ng pitong libong piso sa araw na iyon.

> Dalawang klase lang ang parokyano sa balas-balas: nakagagalak at nakalulungkot. Kasi may mga parokyano akong mga kontraktor, kung nadedehado sila sa kanilang proyekto, isa ako sa hindi nila binabayaran. Hindi nila ako nababayaran, at marami silang palusot (Cortes, R.).

Iba't ibang suliranin ang binubuno ng mga kuwaredora sa balas-balas. Matindi ang panghihigpit ng gobyerno sa kanila. Mahigpit din ang kompetisyon sa pagkuha ng mga parokyano dahil sa pagbabago ng kalakaran sa bundak. Balas-balas laban sa malalaking opereytor. Nang napalitan ang mayor ng siyudad ay napalitan din ang nararamdamang hirap sa balas-balas, ng takot at pangamba. Lalo na noong sinimulan ang pagkonstrak ng riprap sa ilog. Sabi ng mga kuwaredora, kapag matapos daw ito, matatapos din sila. Hindi na sila makadadaong sa gilid ng ilog. Ang riprap ay mula ibaba haggang sa itaas ng bundok. Hindi nila matukoy kung saang bahagi sila pupuwesto kapag matapos na ito.

Sa kabila ng mga suliranin, patuloy ang paglago ng mga gawain sa kuwari. Ang nagpapalago sa mga gawain ng pagkukuwari tulad ng balas-balas ay ang

pagtaas ng populasyon at pagtaas ng kanilang pangangailangan sa mga gamit para sa konstruksiyon tulad ng grabas at buhangin, at kasabay nito ay ang pagtaas nang matinding pangangailangang kumita nang marami kaya marami ang lumalahok sa gawain ito. Kaya isa mga pangunahing dahilan kung bakit napapasok ang kababaihan sa ganitong lakas-paggawa ay upang mabuhay, dahil dito, nagiging mahirap para sa kanila ang lisanin ang gawain.[4] Ipinakita ng sitwasyon ng kababaihan sa balas-balas ang mapait na larawan ng kahirapang nagpapatuloy sa pamilya at lumalawak sa komunidad, sa pagdami ng pamilyang pumapasok sa gawaing ito. Tulad ng magbabayaw na sina Rita, Bebe, at Joy, at pagpapatuloy ng kanilang sinimulang balas-balas sa pamamagitan ng kanilang mga anak at asawa ng kanilang mga anak na nasa gawain ding ito.

May ibang tulad ni Mary Jane, isa ring kuwaredora, na itinuturo sa kaniyang mga anak na sina Joshua at Jerry ang pagbabalas-balas. Nagtatrabaho sila sa kuwarehan kapag wala silang pasok. Ikinuwento ni Mary Jane na hindi niya pinipilit na magtrabaho ang kaniyang mga anak kundi pinaiintindi niya sa mga ito ang kahalagahan ng pagsusumikap para makaahon sila sa buhay. Parati niyang pinaalalahanan ang kaniyang mga anak na mabuti ang kumita ng pera sa pagnenegosyo, subalit mas mabuti ang makatapos ang mga ito ng kanilang pag-aaral. Tulad ng sinabi ni Virginia, itinuturo niyang kahirapan ang nagtulak sa kaniya upang pasukin ang balas-balas. May mga kuwaredorang inaaming napipilitan sila sapagkat walang ibang trabahong maaari nilang mapasukan. Maliban kina Nice, Kris, at Janet (na pawang ikalawang henerasyon ng mga babae sa kuwarehan kung maituturing dahil mga anak sila o manugang ng mga naunang kuwaredora tulad nina Rita at Bebe), karamihan sa mga kuwaredora ay hindi nakapag-aral. Minsan, kasama ng kaniyang bana, nagbabantay ang kaniyang dalawang anak sa mga trabaho ng kaniyang mga trabahante sa ilog. Malapit lamang sila sa ilog kaya madali nila itong napupuntahan.

Patuloy ang Baha sa Balas-balas

Noong buwan ng Setyembre taong 2018, nagkaroon ng pagpupulong ang mga permittee holder o malalaking crusher. Ang mga crusher na ito ang pinagkukunan ng mixed sand ng mga nagbabalas-balas para sa bundak. Nakukuha ng mga nagbabalas-balas sa mga crusher na ito ng pito hanggang walong libong piso ang mixed sand subalit laking gulat nila nang biglang lumobo ang halaga nito. Unang naranasan ni Janet (anak ni Rita) ang hagupit ng pagbabagong ito nang ibalik sa kaniya ang perang nagkakahalagang

[4] Direktang iniuugnay ang kahirapan ng kababaihan sa kanilang hindi pantay na sitwasyon sa pagtatrabaho, ang pagtrato sa kanila ng mga sistema ng kagalingang panlipunan, at estado at kapangyarihan nila sa pamilya (Gbadebo, et al. 13).

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

dalawang load ng mixed sand kada load. Sa araw na iyon, naipasang magiging sampung libo at apat na raang piso na ang presyo ng mixed sand sa mga crusher na ito. Nabigla si Janet dahil ilang araw na niyang naibigay ang kaniyang bayad at kung bakit hindi ito ikinonsidera. Hindi rin ipinaalam sa kanila ang nangyaring pagpupulong. Biglaan ang pagpapataw ng mga crusher ng ganoong kalaking tubo sa presyo.

Sa pag-oobserba ko sa mga panahong tumaas ang halaga ng mixed sand, marami sa mga financier ang hindi nakapagpabundak. Si Janet na naging determinado sa pagbili ng mixed sand kahit pa labis itong nagmahal, kinaya lang nila ang dalawang beses na bundak at hindi niya nabawi ang kaniyang puhunan. Dahil dito, nagkaisa ang mga nagbabalas-balas. Walang nagpabundak sa kanila. Dalawang buwan silang hindi umangkat sa malalaking opereytor. Umabot sa puntong binabaan ng mga crusher ang halaga ng mixed sand mula sa crusher. Bumaba sa sampu hanggang sa naging siyam na libo ang halaga ng mixed sand. Mas bumaba pa ito kalaunan hanggang sa naging walong libo na lang. Mula rito, makikitang dahil sa pagkakaisa ng mga kuwaredora, nasolusyonan ang kanilang problema. Naging porma ng protesta o pagtutol ang aksiyon nila tulad ng hindi pag-angkat sa malalaking opereytor ng kuwari sa Mandulog.

Masasabing hindi na mapagkakasya ang pamilyang Filipino sa ibinigay na padron, na bana ang siyang magtatrabaho at bubuhay sa pamilya. Na hindi magtatrabaho ang asawa, at mananatili lamang siya sa bahay. Dumarami na sa ngayon ang tahanang binubuhay ng kababaihan at dumarami na rin ang kababaihan sa lakas-paggawa. At sa pakikilahok ng kababaihan sa lakas-paggawa, hindi bumibitiw sa kanila ang tungkulin sa pamilya kaya may mga suliranin ang kababaihan sa balas-balas na naiuugnay sa kanilang pamilya. Ilan sa mga kuwaredora, nang magsimula sa balas-balas ay itinulak ng kahirapan. Nahanap nilang paraan ang balas-balas upang buhayin ang pamilya dahil hindi sapat ang kinikita ng bana upang masustentuhan ang kanilang pangangailangan. Karamihan sa mga bana ng mga kuwaredora, tulad ng suliranin ni Bebe, ay may kani-kanilang buhay dahil ang kanilang trabaho ay labas sa kuwarehan. Mula rito, may iba sa kanilang nalulong sa bisyo tulad ng pag-inom na naging sanhi ng away. May mga parokyano namang hindi nagbabayad o matagal kung magbayad sa kanilang utang. Subalit nariyan din ang mga pinaaaral nilang anak kaya sinusubukan at hindi sinusukuan ang problema sa tahanan at sa balas-balas.

Sa ugnayang pangkomunidad ng kababaihan, kung saan nabubuo ang pagtutulungan at pakikilahok nila sa mga gawaing labas sa kanilang trabaho, nalilikha ang network. Nariyan ang mga kuwaredorang gumagawa ng pangalan sa kuwarehan. Lumilikha sila ng bagong henerasyon ng mga kuwaredora sa pamamagitan ng kanilang mga anak, manugang, at iba pang

kakilala sa komunidad na nakapasok na rin sa kalakaran. Sa pamamagitan din nito, naipakikilala sa pareho o sa iba pang parokyano ang mga bagong pasok na kuwaredora. Sa pagpapagamit nila ng mga rekurso na wala ang iba, tulad ni Rita, nababahaginan ang ibang babae ng tulong. Nagkakaroon ng pagtingin na maaaring maasahan nila ang bawat isa dahil sa nabuong ugnayan sa loob at labas ng kanilang samahan. Panghuli, hindi marapat tingnang pare-pareho o may unibersal na imahen ang mga babae dahil walang isang larawan maibibigay sa lahat. Ang mga babae ay hindi lamang maganda. Malalakas din ang kababaihan. Kusgan.

Hindi lamang sina Rita, Janet, at Mary Jane ang mga babaeng lumalahok sa mga gawaing nangangailangan ng lakas, hindi lang ng katawan kundi ng loob. Marami pang kuwento ang maaaring makuha mula sa mga kuwaredora at sa iba pang sektor ng paggawa. May mga boses na hindi naririnig na kailangang bigyang-pansin. Hindi rin basta-basta matatapos ang suliraning kahaharapin ng mga aktor sa balas-balas o ng mga financier o ng mga babae. Hangga't mayroon pang mga taong naninirahan sa Lambaguhon na aktibo sa balas-balas, patuloy silang makikipagbuno sa mga baha ng kanilang gawain sa Land of Beauty and Bounty. Hindi na nagpapahuli ang mga kuwaredora (babae sa trabahong kuwari) sa pagpapakita ng kanilang mga kakayahan sa pagtatagumpay sa negosyo sa balas-balas sa Lambaguhon dahil sa kanilang mga kusog. Ang mga imaheng kusgan (malakas) ng mga babae ay imahen din ng kanilang pagtatagumpay, hindi lamang sa kanilang gawain kundi maging sa kanilang buhay.

Matapos ang matinding ulan, pagbaha, at pananalanta ng bagyong Sendong noong 2011 na sumira sa kabahayan at kumitil ng maraming buhay, inulan din ng pagkondena ang mga kuwarehan sa Iligan. Hindi na naging madali ang kalakaran matapos ang mga paghihigpit sa pagkuha ng permiso para sa gawain. Hindi na naging sapat sa mga kuwaredora ang pamunuan ang pagtanim ng mga kahoy na malapit sa ilog, para mas gumaan ang hirap sa gawain kung may mas malalaking operasyon sa bundok ng mga *large-scale* na kuwari, kinakailangang maging matalino at mapagmatyag. Isa sa mga nakikitang dahilan ng matinding pagbaha ay ang balas-balas nila. Itinuro ding dahilan ang kakulangan ng estruktural na mitigasyon o hakbang upang maiwasan ang mga sakunang dulot ng baha tulad ng mga pagsasaayos ng mga kanal at iba pang daanan ng tubig, at riprap sa siyudad.[5] Bilang sagot sa mga ganitong problema sa lugar malapit sa Mandulog, kasama ang iba pang lugar malapit sa ilog, gumawa

[5] Sinabi nina Nimfa L. Bracamonte, et al. na nalalapit sa panganib ang buhay at kabuhayan ng mamamayang nakatira malapit o sa gilid ng ilog Mandulog, kasama na ang mga taga-Ilaya. Lantad sa mga panganib at kapahamakan ang mga naninirahan sa Ilaya tulad ng baha at pagguho ng lupa (142-143).

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

ng plano ang San Roque (barangay kung saan napabibilang ang Ilaya) para sa pagbuo ng pamayanang mas ligtas sa panganib sa komunidad, na may habang apat na taon (2017–2020). Naging bahagi ito ng estruktura ng pamahalaang lokal para sa plano at badyet, pati na rin sa *Medium-Term Development Plan* ng siyudad ng Iligan. Sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga lugar malapit sa Mandulog kasama ang lokal na pamahalaan, naisakatuparan ang kanilang mga proyekto.[6] Mula rito, karamihan sa mga taga-Ilaya ay inirelocate sa Sta. Elena. Kabilang ang iba pang apektadong mamamayang nasalanta ng bagyong Sendong noong 2011, iginawad sa kanila ang mga ipinatayong bahay noong 2012. Subalit sa kasalukuyan, walang kahit isang taga-Ilaya, ayon sa mga kuwaredora, ang naiwan sa ibinigay na relokasyon para sa kanila. Ang sinabi nilang dahilan ay ang kakulangan sa oportunidad ng trabaho at kabuhayan sa Sta. Elena. Binalikan ng mga kuwaredora ang Ilaya at habang tinatapos na ang riprap sa lugar, patuloy sila sa balas-balas. Sa kabila ng pagbibigay ng pamahalaan ng libreng pabahay at mas ligtas na komunidad sa mga kuwaredora, bilang biktima ng bagyong Sendong, pinili nilang balikan ang lugar ng kanilang balas-balas. Dala-dala ng mga aksiyong ito ang mga kaalaman tulad ng panganib, suliranin, at pagkondena sa gawain nilang balas-balas. Subalit sa ganitong sitwasyon, tulad ng binanggit ni Turgo, na nagdidikta sa kapalaran ng mga taong nabubuhay sa isang lugar ang kanilang heograpikal na kalagayan (225), nakaugat hindi lamang ang gawain kundi maging ang buhay ng mga kuwaredora at kanilang pangarap para sa pamilya sa balas-balas.

Mga Panayam

Agbay, Virginina. Personal na panayam. 2 Hulyo 2018 at 21 Agosto 2018.

Capangpangan, Lucia. Personal na panayam. 3 Hulyo 2018 at 25 Agosto 2018.

Colungan, Jennifer. Personal na panayam. 2 Hulyo 2018 at 21 Agosto 2018.

Cortes, Janet. Personal na panayam. 2 Hulyo 2018 at 24 Agosto 2018.

Cortes, Jocelyn, Personal na Panayam. 1 Hulyo 2018 at 22 Agosto 2018.

Cortes, Loreta. Personal na panayam. 20 Agosto 2017, 2 Hulyo 2018 at 23 Agosto 2018.

[6] Noong 2021, ayon kina Tejero, Helen, et al., tinatayang 70 porsiyento ng plano ang naisakatuparan na. Tinukoy nilang 70 porsiyento ng mga apektadong tahanan ang inilipat na sa mga mas ligtas na lugar tulad ng Bayanihan Village sa Sta. Elena, Fil-luc Village ng Buruun at National Housing Authority sa Dalipuga (17).

Cortes, Mary Cris. Personal na panayam. 2 Hulyo 2018 at 23 Agosto 2018.

Cortes, Teresita. Personal na panayam. 2 Hulyo 2018.

Dayday, Mary Jane. Personal na panayam. 2 Hulyo 2018 at 21 Agosto 2018.

Eyao, Marilyn. Personal na panayam. 2 Hulyo 2018 at 23 Agosto 2018.

Laglag, Reymar. Personal na panayam. 24 Setyembre 2016, 20 Agosto 2017 at 25 Agosto 2018.

Morales, Nadia Fe. Personal na panayam. 1 Hulyo 2018 at 23 Agosto 2018

Mga Sanggunian

Bañega, Reiza Ayla Murro. *Women in Small-scale Mining: type and management of occupational health hazards.* 2007. De La Salle U, Tesis Masterado.

Bracamonte, Nimfa L., et al. "Disaster Vulnerability of Upland and Lowland Riverine Communities in Iligan City, Philippines." *IAMURE International Journal of Ecology and Conservation*, tomo 13, blg. 1, 2015, pp.135-151.

Directory of Producing Mines and Quarries in Region 10. Department of Environment and Natural Resources, Mines and Geosciences Bureau, 2015, https://tinyurl.com/ymmdk8cj.

Gbadebo, A.M, et al. "Participatory Roles of Women in Quarrying Activities in Abeokuta Metropolis." *Global Journal of Human Social Science,* tomo 12, blg. 13, 2012, pp.13-26.

Lenin, Vladimir I. "Speech at the First All-Russian Congress of Working Women." *The Emancipation of Women*, pinatnugutan ni Clara Zetkin. International Publishers, 1984, p 59-61.

Mapa ng Purok Adelfa "Ilaya", Lambaguhon, San Roque, Iligan City sa Lanao del Norte. *Google Maps*, 2024, maps.google.com.

Pineda-Ofreneo, Rosalinda. *Tinig at Kapangyarihan: Mga Kuwentong Buhay ng Kababaihang Manggagawa sa Bahay*. U of the Philippines P, 1999.

---. *Women and Work*. U of the Philippines Open U, 2005.

Santiago, Lilia Q. "Ang Pagkahubog ng Pagkababae sa Kasaysayan at Kalinangang Filipino." *Sa Ngalan ng Ina: Sandaang Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas*. U of the Philippines P, 1997, pp. 18-42.

Tejero, Helen, Mancia, et al. "Empowering Three High-Risk Communities of Iligan City, Philippines in the Creation of Barangay Disaster Risk-Sensitive Shelter Plans." *IMCC Journal of Science*, tomo 1, blg. 1, 2021, pp. 1-19.

Turgo, Nelson. "Amoy isda": The Middle-Class Life of Market Fishmongers. *AghamTao*, tomo 25, blg. 2, 2017, pp. 201-230.

Teorya ng mga Puno

A Theory of Trees

Christian Jil R. Benitez
Ateneo de Manila University
Chulalongkorn University
cbenitez@ateneo.edu

Abstrak

Inaari ng "Teorya ng mga Puno" ang proposisyong inihahain ng makatang Americano na si Joyce Kilmer sa kaniyang kilalang tulang "Trees": "Poems are made by fools like me / But only God can make a tree." Sa gayon, ang mahabang tulang ito ay pagtatangka ng isang makata na makalikha ng isang puno, sa pamamagitan na rin ng panunuliranin at pagsasakasangkapan sa wika, at ng malay na pag-iwas sa tukso ng mga pastoral na baling. Sa huli, tinatangka ng tula ang pagpapalabas ng isang arboreal na materyalidad, na umaasang makabubulabog sa kung papaano karaniwang isinasapraktika ang wikang Filipino sa lawas ng poetikong Filipino sa kasalukuyan.

"Teorya ng mga Puno" *("A Theory of Trees") takes on the proposition by the American poet Joyce Kilmer in his famous poem "Trees": "Poems are made by fools like me / But only God can make a tree." As such, this long poem is an attempt of a poet to make such a tree, through interrogating and harnessing language, and consciously eliding the temptations of pastoral turns. Ultimately, the poem strives to perform a certain arboreal materiality, one that hopefully interrupts how the Filipino language is typically practiced in the current Philippine poetic landscape.*

Mga Susing-salita

tulang wika, palabas, materyalidad ng tula, puno, Joyce Kilmer

language poetry, performance, materiality of poetry, trees, Joyce Kilmer

Tungkol sa May-Akda

Si Christian Jil Benitez ay nagtuturo sa Kagawaran ng Filipino, Pamantasang Ateneo de Manila, kung saan niya nakamit ang kaniyang AB-MA sa panitikan. Kasalukuyan niyang kinukuha ang kaniyang PhD sa panitikang pahambing sa Chulalongkorn University, Thailand. Isang premyadong makata at mananaysay, nailathala na ang kaniyang mga sulating kritikal at malikhain sa iba't ibang dyornal sa loob at labas ng bansa. Ang kaniyang unang aklat na *Isang Dalumat ng Panahon*, na inilimbag ng ADMU Press, ay ginawaran bilang pinakamahusay na aklat sa kritisismong pampanitikan at araling kultural sa ika-41 Philippine National Book Awards.

Ang "Trees" ng makatang Americano na si Joyce Kilmer ang naaalala kong unang tula na namemorya ko nang buo. Nasa Ikalawang Baitang ako noon: iniabot sa amin ang kopya ng tula sa ginupit na sangkapat na bond paper, sinabing ito ang dapat naming isaulo para mag-isang bigkasin sa harap ng klase bilang proyekto sa markahan noon. "Language" ang pangalan ng asignatura, kaya ipinagpapalagay na higit pa sa pag-unawa sa kung anong ibig sabihin ng tula—ang tuon naman sa asignaturang "Reading"—mas may kinalaman ang proyekto sa lakas, linaw, at katumpakan ng pagbigkas sa mga salita. Kung kaya rin sa gayong paraan ko naaalalang tiningnan at minemorya ang tula noon—bilang serye ng mga salita, na hindi naging mahirap lalo pa't mayroon itong tugma at sukat.

Tulad na rin ng sinasabi ng palasak nitong pamagat, ang tula ay tungkol sa mga puno—ang kagandahan ng mga ito, na ayon na rin sa anak ng makata na si Kenton Kilmer ay maaaring maging anumang uri ng puno (89). Sapagkat higit sa anupaman, kumakatawan ang puno sa tula sa kabuoan ng kalikasan, partikular na kung paano itong huli ay isang puwersa, isang entidad, na hindi lubusang mahuhuli o matatapatan ng pantaong pagtatangka sa sining ng pagtula. At mula na rin sa pangwakas na taludtod ng tula—"But only God can make a tree"—karaniwang binabasa ang pagtatangi sa kagandahan ng mga puno bilang isang tahasang pagpupugay sa Diyos, sampu na rin sa kakayanan ng "mga likha Niya para ganap na mapaglaho ang ating mga sariling munting pagtatangka sa paglikha bilang tao" (works of God [to] completely overshadow our own feeble attempts at creation [as humans]) (Garlitz 299; sariling salin; Brooks at Warren 391). Sa ganitong paraan, sinasabing pinakatagumpay sa tula ni Kilmer ang "muling pagtuklas sa kapayakan" (rediscover[y of] simplicity), na nakapagbibisa ng isang "di-karaniwang nagmumultong kalaliman" (an unusual, haunting poignancy) (Tietjens 140, sariling salin). Subalit, alinsabay sa ganitong tuwirang pagbasa sa tula, mayroon ding ilang nakakikita dito ng higit pang salimuot, tulad na lamang ng pagtataya ng kritikong si Guy Davenport: ayon sa kaniya, maaaring binabasa ni Kilmer ang mga puno alinsunod sa idealismo ng kaniyang panahon, mula kung saan nabuo, kasama ng iba pang kilusan, ang mariing pagtutol sa pagtatrabaho ng mga bata sa mga tambakan ng basura (179). Kung gayon, maaaring mapahalagahan din ang tula bilang isang pangangarap para sa kabataang nasa gayong sitwasyon na makarating sa mas maalwang kalagayan.

Anupaman ang ariing paraan ng pagbasa sa tula ni Kilmer, ang hindi maitatanggi sa huli ay kung gaano katindi ang naging dating nito, sampu na rin ng lawak ng naabot nito. Sa pagpapahalaga na rin dito ni Davenport, "naging isa ito sa mga pinakakilalang tula sa Ingles, pinakamahalaga para sa mga guro sa paaralan, at ang isang tulang alam marahil ng halos lahat" (became one of the most famous poems in English, the staple of school teachers and the one

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

poem known by practically everybody) (178, sariling salin). Gayon nga ang naging bisa ng tulang ito na bukod pa sa ilang pampanitikang panggagagad at pakikitagpong ginawa para dito (tingnan bilang halimbawa kay Nash; Merton; at Vinciguerra), nangyari ding makatawid ito sa iba't iba pang materyal na anyo, halimbawa bilang "nailapat sa musika at naiukit sa bato, naibigkas sa mga tanghalan ng opera at bodabil, nabasa sa mga seremonya tuwing Abril sa Arbor Day sa Amerika" (set to music and set in stone, declaimed in opera houses and vaudeville theaters, intoned at ceremonies each April on Arbor Day [in America]) (Hampson, sariling salin). Sa Pilipinas, minsan ding mababasa ang tula sa kahabaan ng SLEX sa Laguna at Kenon Road patungong Baguio, sa sunod-sunod na mga karatulang kinasusulatan ng mga kopla ng tula. At bagaman sa kaso ng SLEX, naalis din ang mga karatulang ito kinalaunan, hindi malilimutan ang minsang pagkatirik doon ng tula ni Kilmer, lalo pa't parikalang dulot ang nasabing pagkakaalis ng higit na pagpuputol ng mga puno sa tabi ng kalsada upang palaparin ito (Angeles).

Mula sa pagkilalang ito sa naging kahalagahan ng tula, mauunawaan lamang kung paanong ito rin ang minsang napiling ipabigkas sa aming mga mag-aaral sa bayan ng San Mateo. Subalit ang pag-abot at pag-ikot ng tula ni Kilmer sa labas ng lugar na pinagmulang ito, higit pa sa pagiging patunay na maituturing nga itong panitikang pandaigdigan, ay pagkakataon din upang maunawaan ito sa iba pang paraan, mula sa iba pang pananaw. Halimbawa: Lumaki ako sa panahon kung kailan bagamat sementado na ang pangunahing kalsadang bumabagtas sa bayan ng San Mateo, sa lalawigan ng Rizal, sa kahabaan nito ay nakatayo pa rin ang nagsisilakihang puno ng akasya kung saan kami sumisilong tuwing naghihintay ng masasakyan palabas ng bayan. Kung kaya kaiba sa tula ni Kilmer, sa halip ng matamis na kalatagang lunti ("earth's sweet flowing breast"), ang haraya ko ng puno ay gayong nakatayo sa piraso ng lupang iniwang bukas sa gitna ng sementadong bangketa; sa halip ng pugad ng mga ibon sa malago nitong kadahunan ("a nest of robins in her hair"), ang banta ng maaaring pagkahulog ng mga higad anumang sandali, lalo na sa tag-araw. Walang niyebeng maiipon sa paanan ng mga akasyang ito, subalit may dahon ang mga ito na nagsisitiklop tuwing magdarapithapon. Sa madaling sabi, hindi nagtutugma ang mga punong kinalakihan ko sa mga punong inilalarawan ni Kilmer sa kaniyang tula, at sa gayon din, hindi ko rin masasabing katulad na dakilang kagandahan ng mga puno ni Kilmer ang halina ng mga akasyang kinalakihan ko: sapagkat sa naging araw-araw kong pagsilong sa mga ito noon, ibang uri din naman ng kagandahan ang naranasan ko—iyong kagandahang higit ko lamang matatanto sa kalaunang pagkawala rin nito.

Sapagkat kinalaunan nga, magkakaroon ng higit na bigat ang tula ni Kilmer kaugnay sa mga punong iyon ng pagkabata ko, nang napagpasyahan

ng bayan ng San Mateo na kakailanganin pa ng higit na malapad na kalsada. Sinasabing kinakailangan iyon dahil kahit anong bayan naman daw ay nangangarap maging isang lungsod. Kung kaya kinakailangan pa ng malalapad na kalsada para sa mas marami pang sasakyang papasok at lalabas sa bayan hanggang maging isa na nga itong lungsod. Malalapad pang kalsada para sa mas maalwan pa raw na klase ng pamumuhay sa lahat ng mamamayan doon. Kung kaya isa-isang pinutol ang mga puno sa tabi ng kalsada. At isang hapon, nadatnan na lamang naming lumiwanag na nga ang kalsada, sapagkat wala na ang mga dahong minsang nagbibigay-lilim dito. (Doon ko natutuhang kalsada man pala ay nakakalbo rin.) Makalipas pa ang ilang taon, matapos maitayo ang ilan pang supermarket at isang malaking shopping mall sa aming lugar (Benitez, "Of plants"), matapos magawa ang bahagi ng kalyeng C-6 na inaasahang magdurugtong sa SLEX at NLEX para daw higit na maibsan ang lumalalang trapiko sa Maynila, halos panaginip na lamang tuwing maiisip ko ang dating mapunong kalsadang kinalakihan ko. Maging ang mga natirang tuod, na sa kanilang pagkausli ay patunay pa sanang minsan, may nagsisilakihang akasya sa kahabaang iyon, hindi nagtagal ay inalis din para patagin ang lupa ng semento.

Hindi kakaiba ang nangyaring iyon sa aming bayan. Kung tutuosin, gayon din ang nangyari, at nangyayari pa rin, at mangyayari pang muli, hindi lamang sa bayan ng San Mateo kung hindi maging sa mga karatig nitong bayan, pati na sa iba pang mga bayan sa buong bansa. Nakatali sa pinakakasaysayan ng Pilipinas ang ganitong pagpuputol ng mga puno, mula pa sa pananakop ng mga Español hanggang sa pananakop ng mga Americano, at maging sa kasalukuyan, lalo pa't sa ilalim ng maigting na paghahari ng kapitalismo at neoliberalismo (Bankoff; Diaz). Kung kaya ang tula ni Kilmer, para sa aking nagmumula sa partikular na bahaging ito ng mundo, ay isang tula tungkol sa pagkawala: ang inilalarawang mga puno sa tula, na naunawaan ko noon sa pamamagitan ng mga punong araw-araw kong sinilungan sa San Mateo, ay mga paalala sa tuluyang pagkawala na nga nitong huli. At tulad na rin ng idiniriin sa pagtatapos ng tula, tila Diyos na rin lamang ang makapupuno sa gayong pagkawala: tila Diyos na nga lamang ang makalilikhang muli sa mga punong nawala sa aming bayan at sa marami pang iba sapagkat tila kakailanganin nga ang sampu ng Kaniyang kabanalan para mangyaring maipaunawa at maidiin sa nakararami ang kahalagahan ng mga puno para sa lahat. O, kung may nakauunawa man sa naturang kahalagahan, aabutin pa ba namin ang panahon kung kailan magsisipaglaki ang mga itinanim na kahalili tulad ng naglalakihang punong minsang nakatayo sa mga lugar na iyon? Sapagkat sa huli, ang lupang kinatubuan ng mga punong iyon ay mga bayan kung saan sa kasalukuyan, tila walang mahihitang pagnanasa na mapalitan ang mga punong dating pinutol alang-alang sa sinasabing pag-unlad, sa kabila ng

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

realidad ng higit pang lumalalang krisis pangklimang nararanasan na nating lahat ngayon.

Subalit mahalagang maalala na ayon din sa tula ni Kilmer, sa ating mga hangal ("fools") din maaaring magmula ang tula—isang bagay na, sa katotohanan, hindi rin naman talaga magiging sapat bilang tugon sa realidad ng mga pagkawala sa ating panahon. Gayunpaman, bilang isa rin ngang materya sa sarili nito, taglay ng tula ang pagkakataong makapagdulot ng iba't ibang bisa sa mismong mundong ginagalawan natin lahat, kasama ang iba pang mga bagay na wari ay walang malay o sariling ahensiya. Sapagkat tulad kung papaanong ang mga makata ay maaaring maitulak ng mga bagay upang kumilos at sumulat ng tula (Benitez, *Dalumat* 91-99), maaari ding maitulak ng tula ang tao at marahil iba pang bagay upang gayon ding kumilos sa abot ng kani-kanilang materyalidad, kung para man lamang makapagdulot ng kinakailangang kaibhan. Kung gayon, kung hindi man kagaya sa kakayahan ng Diyos na sinasabi ni Kilmer ay ang tanging makalilikha ng kaygagandang puno, sa kakayahang taglay naman nating mga hamak na tao na makalikha ng tula ay maaari pa rin tayong makapagdulot ng bisa, sana, kahit papaano, sa mundo.

Ang "Teorya ng mga Puno" ay isa ngayong tulang tangkang tumugon sa akda ni Kilmer, partikular na sa tensiyong inihahain ng huli nitong kopla: "Poems are made by fools like me / But only God can make a tree." Kung ang banal lamang ang sinasabing makalilikha ng isang bagay ng kagandahan tulad ng puno, at ang tula ay likha ng mga hangal na tulad ko, isang makata, ano ang kahihinatnan ng maitituring na kabaliwang pagtatangka na kaparaanin ang tula upang maipangyari ang paglikha ng isang puno, bagamat sa materyalidad ng mga salita? Sa ganitong tangka, kasabay na nasusuri din ang mga karaniwang pagpapalagay hinggil sa mismong tula, tulad na lamang ng pagiging pawang representasyon nito ng mga bagay sa mundo (tulad ng salitang *arbor* para sa materyal na puno, na halimbawa ni Ferdinand de Saussure (65) sa kaniyang pagpapaliwanag ng relasyon sa pagitan ng sagisag at isinasagisag), sa halip na bilang isang bagay sa sarili nito na may angkin ding materyalidad na katulad na nakikitagpo sa iba pa. Sapagkat kung tutuosin, materyal nga ang tula, hindi lamang batay sa pagiging lantay nitong produkto na lagi lamang suheto sa mga paraan ng pantaong merkado; kung hindi alinsunod na rin sa naidudulot nitong bisa na, halimbawa, makapagparating sa isang salukoy ng materyalidad ng ibang bagay na maaaring wala naman talaga doon (Benitez, "Vernacular"). Kung kaya sa tulang ito, nililikha ngang teorya ang mga puno: wala sa mga pahinang ito, subalit alinsabay ring ipinaparito, ipinaaaninaw sampu na rin ng pagpapagana sa mga salita.

Unang naisulat ang "Teorya" sa wikang Ingles, bilang ang sentral na tula sa koleksiyong *A Theory of Trees* na binuo bilang bahagi ng kahingian para sa aking antas menor sa malikhaing pagsulat. Ilan pa sa mga nailathala nang tula mula

sa naturang koleksiyon ang "from *Rhetoric*," na inilabas bilang isang chapbook ng kolektibong Transit; at ang naisalin nang "Sanaysay sa Pagkahimpil, bilang Kalbaryo" ("Essay on Stillness, as Calvary") sa dyornal na *TLDTD*. Orihinal kong isinulat ang koleksiyon sa wikang Ingles sapagkat sa mga panahong iyon, ninais kong subukan ang sarili kong panulat: nakapagkamit na ako noon ng mga gantimpala at napasok sa ilang palihang pambansa para sa aking pagtula sa Filipino, subalit ayaw ko, o ayaw ko pang, maikahon. Ninais ko ring tumugon sa karaniwang pormula ng pagtula sa Ingles ng mga Atenista: Paano kung hindi susundan ang tipikal na pagkokopla, paglalagay ng mga imahen, at pagtitirintas sa mga ito ng kabatiran? Paano kung sa halip na buntong-hininga mula sa gayong kabatiran, ang halos pagkasakal na sa kasukalan ng mga salita? At sa halip na malalambing na baling ng liriko, ang tunog na halos ng pagteteorya? Sa gayon, ang koleksiyon ay isang pagtatangkang pagsisiyasat tungkol sa tula, sa pamamagitan din ng tula, partikular na alinsunod sa namamayaning paraan ng pagsulat nito sa pamantasan noon, kung hindi man sa bansa—isang napakalaking hamon, kung tutuosin, para sa isang mag-aaral sa edad ko noon. Totoo ang sinasabi ni Kilmer: may kahangalan nga sa paglikha ng tula.

Isinasalin ko ngayon ang nasabing koleksiyon sa Filipino, na kung tutuosin ay taliwas sa kasalukuyang namamayaning direksiyon ng pagsasalin ng mga akdang Filipino tungong Ingles, sapagkat sa pagitan ng unang pagkakasulat ng mga tula at kasalukuyan, napagtanto kong ang mga naunang katanungan ko hinggil sa pagtula sa Ingles sa konteksto ng pamantasan ay maaari ding maisaalang-alang sa kaso ng kontemporanyong pagtula sa Filipino. Subalit mas kritikal pa rito, ang ganitong pagsasalin ay isa ring paraan ng pagtugon sa kahingian ng kasalukuyang panahon para sa higit na pagbanat pa sa haraya ng kung ano ang maaaring malikha ng panulat sa wikang Filipino. Kung nagawa ng mga Americanong makatang wika, halimbawa, na mapaglaruan upang masiyasat ang pinakakalikasan ng wika, bakit naman hindi ito magagawa, o gagawin, ng isang makatang Filipino? Ganito ang tinangka ng mga makatang tulad nina Alejandro Abadilla, Cirilo Bautista, at Marlon Hacla, bilang ilan lamang sa mga halimbawa, na sinikap problematisahin ang tula sa loob din mismo ng kanilang mga tula. At sa kaso ng aking sariling pagtatangka, ang malay na idinaragdag sa ganitong tradisyon ay ang pagsasangkot sa diskurso ng di-taong kalikasan, na kalimitang itinuturing bilang pawang imahen sa tula, sa halip na aktuwal na puwersang nakapagdudulot din sa paglikha ng tula. Kung kaya, muli: kung nagawa ng mga makatang ito, bakit naman hindi ng isang makatang mula bayan ng San Mateo? Marahil kahangalan, kung hindi man kahambugan, subalit bakit nga naman hindi? Paano kung mapangahasan pa niyang makalikha ng isang buong puno mula sa mga salita, mula sa wala? Bakit hindi. Ang gayong pagkatha.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Mga Sanggunian

Angeles, Manny. "Let's keep Kilmer in mind." *Daily Tribune*, 7 Hunyo 2023, https://archives.tribune.net.ph/2023/06/07/lets-keep-kilmer-in-mind/.

Bankoff, Greg. "One island too many: Reappraising the extent of deforestation in the Philippines prior to 1946." *Journal of Historical Geography*, tomo 33, blg. 2, Abril 2007, pp. 314-34, doi:10.1016/j.jhg.2006.06.021.

Benitez, Christian Jil R. *from* Rhetoric. transit, 2016.

---. *Isang Dalumat ng Panahon*. Ateneo de Manila UP, 2022.

---. "Of Plants and Ghosts." *Manoa*, tomo 35, blg. 2, 2023, pp. 52-57, doi: 10.1353/man.2023.a917291.

---. "Sanaysay sa Pagkahimpil, Bilang Kalbaryo." *TLDTD*, blg. 6, 2023, https://tldtd.org/tg/poet/christian-jil-benitez/.

---. "Vernacular Virtual: Toward a Philippine New Materialist Poetics." *eTropic*, tomo 21, blg. 2, Oktubre 2022, pp. 95-119, doi:10.25120/etropic.21.2.2022.3903.

Brooks, Cleanth, Jr., at Robert Penn Warren. "Trees." *Understanding Poetry: An Anthology for College Students*, Henry Holt and Co., 1938, pp. 387-391.

Davenport, Guy. "Trees." *The Geography of the Imagination*, Northpoint P, 1981, pp. 177-179.

Diaz, Glenn. *When the World Ended I Was Thinking about the Forest*. Paper Trails Project, 2022.

Garlitz, Barbara. "Uprooting 'Trees.'" *College English*, tomo 23, blg. 4, Enero 1962, pp. 299-301, https://doi.org/10.2307/373072.

Hampson, Rick. "Shift in education priorities could topple poem 'Trees.'" *USA Today*, 6 May 2013, https://www.usatoday.com/story/news/nation/2013/05/06/shift-in-classroom-priorities-could-topple-poem-trees/2139739/.

Kilmer, Joyce. "Trees." *Trees and Other Poems*, Doubleday Doran and Co., 1914, p. 18.

Kilmer, Kenton. *Memories of My Father, Joyce Kilmer*. Joyce Kilmer Centennial Commission, 1993.

Merton, Thomas. "Chee$e." *The Collected Poems of Thomas Merton*, New Directions, 1977, pp. 799-800.

Nash, Ogden. "Song of the Open Road." *Argosy*, tomo 12, blg. 8, Hulyo 1951, p. 63.

de Saussure, Ferdinand. *Course in General Linguistics*. Salin ni Wade Baskin, pinatnugutan nina Perry Melsel at Haun Saussy, Columbia UP, 2011.

Tietjens, Eunice. "*Trees and Other Poems* by Joyce Kilmer." *Poetry*, Disyembre 1914, pp. 140–141.

Vinciguerra, Thomas. "A Tree Grows, and Grows." *The New York Times*, 16 Agosto 2013, https://www.nytimes.com/2013/08/18/books/review/a-tree-grows-and-grows.html.

Teorya ng mga Puno

I think that I shall never see
A poem as lovely as a tree.
Joyce Kilmer

Minsan, may mga katawan, at kinalaunan, natutunan nilang lumakad. Na may mga katawan, at na sila'y kinalaunang natutong lumakad, nangangahulugan lamang itong minsan, mayroong *layo*—at ang minsang ito, samakatwid, ay nangangahulugan ding *panahon*. Sa gayon, minsan, may mga katawan, katawang kinalaunang natutong lumakad, at minsang may layo, minsang may panahon. Na may mga katawang natutunang lumalakad, may layo, at may panahon, minsan kung gayon naroon ang isang *lawas* kung saan nangyari ang lahat ng ito. At sapagkat ang mga katawan ay lumalakad, minsang natutunang lumakad, sa lawas na ito, sapagkat sa layo, sapagkat sa panahon, ang lawas ay kinailangang kinalaunang magbago. Minsan, kung gayon: may mga katawan, mga katawang kinalaunang natutunang lumakad, at sapagkat may layo at panahon, at sapagkat kinakailangang magbago ang lawas na pinangyayarihan ng lahat ng ito, maaaring maimungkahi samakatwid ang isang kadawagan. Maimungkahi ang pagkakataon ng, sabihin, *pagsibol*—sapagkat minsang may layo at panahon, mayroon din lamang pagsibol. Minsan, kung gayon, may mga katawang natutunang lumakad, at sapagkat may layo at panahon, sapagkat may layo nga at panahon, dumarating ang pagsibol, lumalapit sa kanila ang pagsibol. Minsan, kung gayon, nalalapit na ang pagsibol. At sapagkat nalalapit lamang ang pagsibol, sapagkat lalapit at lalapit lamang ang tagsibol, mayroon din lamang iba pang mga bagay sa daigdig na ito liban sa mga nagsisilakad na katawang ito. Sabihin, minsan, narito ang isang *dahon*. Sabihin, isang *buko*. Sabihin, at sabihin pa, habang ang mga katawa'y natututong lumakad, at lumakad pa nang lumakad, at ang tagsibol palapit pa nang palapit, sa ngalan ng layo't panahon, maaari—*dapat*—sabihin kung gayon: *Naroon ang mga puno.* Minsan, kung gayon, may mga katawang natutunang lumakad, at pagkaraa'y mayroon ding mga puno. Minsan, kung gayon: naroon ang mga katawan, at naroon din ang mga puno.

Minsan, mga katawan, natutuhang lumakad, kadawagan, at pagkaraan, mga puno. At sa bawat punong ito, samantalang dumaraan ang liwanag at hangin sa mga dahon ng mga ito, sa bawat lumalagaslas na dahong ito, habang nakatahan ang mga puno wari batong wari isang buong mundo sa sarili ng mga ito…—sa bawat punong ito, walang anumang salitang maririnig dito. Sapagkat hindi nagsasalita ang mga puno, hindi nakapagsasalita, at hindi rin magsasalita ang mga ito. Subalit sa kabila nito, nagpupumilit at nagpupumilit pa rin ang mga katawan na unawain ang mga puno. Kung kaya ito, ang pinakakatahimikang ito ng mga puno, katahimikang di-nakabibingi sapagkat walang mapaghahambingang tunog—ang katahimikang ito, tulad ng lahat ng katahimikan ng mga bagay sa mundo, nakatadhana lamang maging, kinalaunan, kuro. At kung gayon: ang mga puno; at kung gayon, ang haka ng mga ito.

O ano ang ibig sabihin ng mga puno?

Minsan, may isang puno, at sa harap nito, isang katawang hindi kumikilos. Subalit higit na hindi kumikilos ang punong ito, nakatayo sa harap ng katawang iyon, ang punong may mga pilipit na ugat na marahang umaabot sa katawang iyon. Ang mga sanga nitong humahaba at kumakapal, umaabot ding marahan, umaabot ding marahan, ang mga dahon nitong lumalagaslas, lumaladlad, lumaladlad hanggang magbago, hanggang mahulog, mahulog ding marahan, marahan. Minsan nga'y may isang panahong wala pang mga salita, pawang ang puno at ang katawang iyon sa harap ng isa't isa; minsan nga'y kinalaunan pa lamang darating ang mga salita. Kung kaya sa ngayon: ang puno, sa pinakasarili nito, umaabot lamang, pa rin, hanggang sa, ngayon. Marahan, marahan. Kinalaunan, ito ang naging parabula hinggil sa dila. At kinalaunan pa, ang katawan din ay nakaunawa, gaanuman kapilipit ang pinaniniwalaang pagkaunawa.

Minsan, may isang puno, at naroon din ang isang katawang lumalakad patungo dito. Sa tagpong ito, mga pagkilos: hindi lamang ang paglakad ng katawang iyon patungo sa puno, subalit ang paglapit din ng puno sa katawang iyon. Hindi dahil natutunan ng puno na bunutin sa wakas ang sarili nitong mga ugat, ihugis at ikilos ang mga ito bilang sariling mga paa—sa tagpong ito, ang puno ay isang puno, katulad ng anupamang puno, at hindi isang talinghaga, kung kaya paanong mabubunot nito ang sariling mga ugat? Mananatili lamang ito sa malaon-laon na ring pagkakahimpil nito, subalit sa ngayon, gayon din nga kumikilos ang puno: inaari ang sarili nitong panahon.

At sa panahon, minsan ngang ang isang puno at isang katawan ay nagkatagpo. Nagkasaling. At ang balakbak at ang balat, sa pagitang pinakamunti, sa isa't isa'y humuhuni: sa pagitan ng mga ito, sa kabila ng di-pagtanggi ng mga ito sa isa't isa, ano pa ri't gayong may layo sa pagitan ng puno at ng katawang ito. Gayon nga ang suliranin hinggil sa hindi pagdapo-dapo: layo'y parating may kalahati, na parating may kalahati, na parating may kalahati…—sapagkat hindi ba't parati din lamang igigiit ng mga kalahati ang kanilang mga sarili, tulad kung paanong maaari din lamang igiit ng puno at katawan ang kanilang mga sarili: na sa kabila nga ng mga pagitang ito, ang matikas na tuod na ito ay payayapos nang payayapos nang mahigpit sa paris ng bisig na ito. Kung gayon, nagkatagpo. Ito ay hindi lamang tungkol sa hindi maaaring pagsaling kailanman, kung hindi tungkol din sa paggigiit sa kabilang dako.

Minsan, ang puno at ang katawan ay nagkatagpo, nagkasaling, nanatili ngang gayon: balat at balakbak, ang pansamantalang pananahan doon. Isang parabula hinggil sa pagsuko.

Minsan, may isang puno, at minsan din, doon, isang katawan; samantala, sa ibang dako, may isa ring puno, at isa ring katawan. Nangangahulugan ito kung gayon ng isa pang paglakad, isa pang lawas, isa pang paris ng mga bisig na mahigpit na yayapos sa isa pang matikas na tuod. At sa paglawak pa ng lawas, matatanaw rin sa dako pa roon: isa pang puno, at isa ring katawan, isa pang puno, isa pang katawan, puno, at katawan… Sa paglalahad ng pag-uulit sa panahon, parati'y isa ring panibagong pagyakap, na paggugumiit nga sa kabila ng kailanma'y hindi pagdapo. Teorya samakatwid hinggil sa mga puno: na sa bawat puno ay isa pang puno, na isa pang puno, na isa pang puno, na…—saan pa, sabihin, ang pag-iisa ngayon?

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Minsan, may isang kagubatan, at pagkaraa'y isang hukbo. Sa pagitan ng mga ito, mga lawas, at kung saanpaman sa mga ito, kilos. Kinalaunan, pagtatagpo at pagsaling, mga pagtatagpo at mga pagsaling, hanggang saanpaman dito'y tanging pagtatagpo, tanging pagsaling. Hindi mabibilang na mga bisig na mahigpit na yumayapos sa matitikas na tuod, ang katahimikan pumupuno sa hangin samantalang ang balat at balakbak ay hindi rin ganap na nagdirikit. Gayunpaman, ang hindi rin mabibilang na mga paggigiit, at hindi mabibilang na mga pagsuko, ang karamihan ng lahat ng mga ito: higit kaysa mumunting layong hindi maabot-abot, mga pagitan kung saan maririnig ang balat at balakbak na sa isa't isa umuugong, ay mga paggigiit nito. Sa pagitan kung gayon nitong hindi pabibilang ng mga yakap at naroong katahimikan sa pagitan, ang karamihan ng pagtatangkang pagsaling ay maaari lamang magpatotoo. Sa karamihan nito, ang pagdapo'y yari ngang totoo.

Minsan, may mga puno, at nakatayo ang mga ito nang matayog. Nakatayong may mga tuod na matikas, mga sangang nakaturo pataas, sa kabila ng paghila pabalik ng lupa. At sakali mang mahulog ang isa sa mga dahon, at isa pa, at isa pa, maaari lamang tumubo ang mga ito. Muli. Hindi tulad kung gayon ng mga katawang lumalakad at mahabaging nagsasakit, ang mga puno ay maaari lamang gayong umabot, at umabot pa, sa kabila ng daigdig. Dahil din sa daigdig. At gayon nga ang paggigiit ng mga katawang tuod na ito, uring pinangalanang *puno*.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Minsan, may mga puno, at sakaling mahabag ang mga ito, maaaring magsahungkag ang isa sa mga ito. At sakaling higit pang mahahabag, isang hukab kung saan makapapasok ang isang katawan, makauupo sa loob, makapagkikipkip sa dibdib ng mga tuhod. Sa loob ng puno, walang pintig na maririnig, pawang tunog ng hanging idiniriin ang sarili nito sa balakbak sa labas, ang mga dahong nalalagas, nahuhulog, nahuhulog! Maaari mang bagyo, maaari mang ambon, subalit sa tagpong ito, ang puno ay nananatiling tuod. May kung anong matututuhan, dapat, ang katawan mula rito.

Minsan, may isang kagubatan, at ito nga ay buhay. Ibig sabihin: may kakayanang sumibol, magbunga pa ng mga dahon. At humahangos mula sa daigdig, ang bawat damong yumuyuko kung tutuosi'y isang gubat sa sarili nito, na sa sarili nito'y may panibagong dahon ding sumisibol nang yuko. Panibagong gubat, kung gayon, at sa loob nito, panibago pang gubat: isang kagubatan samakatwid ng mga gubat. Parating sumisibol, parati lamang sisibol ang isang gubat. Kung gayon: minsan, may isang kagubatan, at sa lawas nito, lahat ng nagmamanmang bato, marahang kumikilos sa balat ng lupa sa kani-kanilang panahon. Ang mga ugat na pilipit at palalim, umaabot din sa panahon. At ang mga puno, ang kanilang mga katawang tuod, na bawat sanga'y kamay na umaabot pataas tungong saan, tuktok ay hinabing kadahunan palalagos sa liwanag. Dito, walang kaimikan ang naghihintay para sa katawang tatapak sa mga dahon, handang patunugin ang kanilang *langutngot langutngot langutngot*. Sinong makapagsasabing hindi marunong umawit ang mga puno.

Minsan, may mga puno, at sila'y pawang nakatayo: parabula ng pagkabuo.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Minsan, may mga puno, at ang mga ito nga ay buo. Masasabing tanging kakulangan ng mga ito ay bibig: ang mga puno ay walang bibig. Subalit sa halip na mga dila at ngipin, ang mayroon ang mga ito ay mga sanga at dahon; sa halip ng mga labi, mga ugat na pilipit. At dahil dito, ang mga puno ay hindi nagugutom: nangungulila man, ang mga sanga ay hindi basta babaling tungong saan. Hindi nagugutom ang mga puno, ang katawan ng mga ito ay hindi namamasa ang sarili sa pananabik para kung ano at saan. At hindi rin nauuhaw, ang mga puno ay hindi nauuhaw: ang mga puno ay hindi nauuhaw sa paraang hindi nila hinahanap ang tubig, iniyuyuko ang kanilang mga sarili sa kadawagan para lumuhod at magdasal sa langit na ula'y dumating. Kilala ng mga puno ang uhaw na sarili, kilala nga itong lubos, kilala itong lubos sapat para makilala rin ng mga ito ang kahulugan ng paghihintay doon. Sa gayon, nakatayo ang mga puno sa paghihintay, sa gutom at uhaw na kinikimkim. Nakatayo ang mga punong naghihintay, nagkikimkim, kung nangangahulugan lamang itong nauunawaan ng mga ito na ang liwanag at ulan ay darating din. Hindi kinakailangan ng mga puno na bumuntonghininga para lamang gutom at uhaw ay maiparinig; pinalalagaslas lamang ng mga ito ang sariling mga dahon sa halip. Subalit hindi ito tunog ng gutom at uhaw na hinihiling na marinig, kung hindi hinahong awit, nang marahan, nang mahinhin.

Minsan, may mga puno, at ang tunog ng mga dahong lumalagaslas sa isa't isa. Wala ni salita sa pagitan ng mga luntian, subalit kung paanong ang tunog ay isang tunog lamang bilang isang tunog at hindi isang salita, para sa mga punong ito, maaari ding isa itong salita, maaari lamang isa itong salita. Kung kaya, maaari lamang: sabihing naglilitanya ang mga puno. Sabihing tinatanong ang sarili ng mga ito: *Litanyang para kanino, na mauunawaan kaya, na mauunawaan nino?* Sabihing naghihintay ang mga punong ito para sa isang katawang magdiriin ng tainga sa balakbak ng kanilang tuod, maulinigang naroon ang litanyang hindi mahuhulo. Subalit ang mga katawan, ni sa hinagap, ito rin ang kanilang hindi mahuhulo.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Minsan, may mga puno, at bilang ang mga puno ay pawang mga puno, kung paanong ang mga puno nga ay mga puno, na ang mga puno ay pawang mga punong katawan din sa sarili ng mga ito. Bilang mga katawan, bawat bahagi ng mga ito'y isang pangalan, at bawat pangala'y isang pahiwatig: *ugat* para sa pagpilipit sa panahon, bawat pagbaliko sa lupa'y isang bulabog; *puno* para sa kapag naputol, bilog ng mga bilog ng panahon; *sanga* para sa kapag nasugatan, ang pagbalong ng dagtang marahang-marahan; *dahon* para sa humuhuli't nagpapalagos ng liwanag, hanggang sa pagbabagong-kulay, hanggang sa pagkahulog. Bawat bahagi'y buhay, sa kabila ng katotohanan ng hindi paggalaw ng mga ito, bawat bahagi malalagas, para lamang muling sumibol, para lamang malagas muli, para lamang muling sumibol,…

Ang kaliwanagan, bilang iginigiit, ay kapag, maaari, ang bawat puno, narinig, sa pinakaibig sabihin, sa mga dahon nito, lumalagaslas, ay, pawang, sa wakas, ito, *ito*

Minsan, may mga puno; maaaring ipagpalagay ang katotohanan nito. Subalit: minsan ngang may mga puno, tulad kung paanong minsang bago pa man ang minsang ito, mayroon na ring mga puno, tulad kung paano ang mga puno—walang salita at walang kilos. Hindi naman tuwiran itong matatawag na pagpapala, sapagkat ito ay pawang pagpapakapuno ng mga puno. Isang katotohanan hinggil sa mga puno: hindi nagsasalita, hindi makapagsasalita, at hindi rin dapat magsalita ang mga ito, ngunit pawang nagiging, at magiging, kailanpamang panahon. Isa pang maaaring katotohanan hinggil sa mga puno: ang mga puno ay pawang mga puno, kung paanong ang mga puno ay puno at hindi kailanman *puno.* Puno, *puno*. Walang karunungang mapupulot dito, pawang mga puno at kanilang mga katawan, bilang sa pinakasarili ng mga ito—ugat, tuod, balakbak, sanga, dahon. Sakali mang may kung anumang kapupulutan dito—*sandali*—hanapin na lamang ito sa iba, wala nito dito, wala ito dito, wala ito

Ang tula'y likha lamang ng mga hangal na tulad ko /tanging kabanalan makalilikha sa isang puno subalit minsan, at hanggang ngayon, ibinabangga pa rin ng mga katawan ang kanilang sarili sa mga puno, ibinabangga pa rin ng mga katawan ang kanilang sarili sa mga puno,

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Minsan, may mga puno—saanpama'y maaari lamang itong maging totoo. Samantala, *dito*: minsan, masasabing may mga puno; muli, ito ay totoo. Samakatwid, ito: ang isang teorya ng mga puno ay pawang teorya ng mga puno, kung paanong ang isang teorya ng mga puno ay isa ngang teorya ng mga puno at hindi isang *teorya ng mga puno*. Teorya lamang ito ng mga puno: walang mga ugat dito, walang mga tuod, sanga, balakbak, dahon, subalit pawang teorya ng mga ito—teorya ng mga ugat, teorya ng mga tuod, mga sanga, balakbak, dahon, at hindi mga *ugat,* mga *tuod, sanga, balakbak, dahon*. Samakatwid, ang mga ito: isang teorya ng mga puno, isa pang teorya ng mga puno bilang kilos, isa muling teorya ng mga puno bilang awit, isa pang teorya ng mga puno bilang parabula, atbp. Hindi nangangahulugan, gayunpaman, na ang lahat ng ito ay pawang *malikmata*: ang lahat naman, sa huli, *ay* malikmata. Kung tutuosin, wala naman talagang mga puno, kahit pa sa pinakasimula: sa pagitan ng mga pahinang ito, wala ni kaputol na ugat, wala ni dahong tuyo ang nahulog.

At kapag wala ni nahulog, sino ang makaririnig sa pagkahulog

At ni minsan, wala ni isang puno, at kung gayon, pawang teorya ng mga puno: ano ang tulang ito, samakatwid, kung hindi rin yaring totoo.

Talim

Edge

Taks Barbin
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
eabarbin@up.edu.ph

Abstrak

Sa kuwentong itong nasa sipat ng isang beterinaryo, isinasalaysay ang pagbabago ng tauhang si Into mula sa pagiging mapayapang indibidwal tungo sa isang taong handang pumatay. Nakalunan sa isla ng Talim sa Rizal ang nasabing kuwento, at iinog sa asong si Puti na tanging kasama ni Into. Sa kuwento, ipinababatid din ang mga pagbabagong hatid ng industriyalisasyon at pangangamkam ng lupa, hindi lang sa tauhan, kundi pati sa kalikasang ginagalawan. Ito ang naging mitsa sa pagsasakatuparan ng paghahanap ng hustisyang hindi maibigay ng mga awtoridad sa kuwento.

Written from the perspective of a veterinary student apprenticing in the barrio, the story illustrates the character change of Into from being a peaceful individual into someone ready to kill. The narrative is set on the island of Talim in Rizal Province, and revolves around the dog called Puti, Into's only companion. The story also reveals the changes brought about by industrialization and land grabbing, not only to the characters but also to the environment. These changes are what would incite the search for justice that cannot be served by the authorities in the story.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Mga Susing-salita

panitikan ng laylayan, panggigipit para sa kaunlaran, kalikasan, Isla Talim, Lawa ng Laguna

marginal literature, development aggression, environment, Talim Island, Laguna Lake

Tungkol sa May-akda

Si Taks Barbin ay isang manunulat, perkusyonista, nag-aasam na anarkista, at boluntaryo para sa mga organisasyong panlipunan at pangkalikasan. Nagtapos siya sa kursong Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, at kasalukuyang kumukuha ng masteral sa Araling Asyano na may tuon sa rehiyon ng Timog Silangang Asya. Patuloy siyang tumutugtog bilang kasapi ng UP Kontemporaryong Gamelan Pilipino (Kontra-GaPi), at nagboboluntaryo para sa 350 Pilipinas. Siya ang nagtatag ng Safehouse Infoshop na nagpapalaganap ng mga lathalaing anarkista, at Teach Me Tagalog na isang pribadong sentro para sa pagtuturo ng wikang Filipino. Paboritong kulay niya ang luntian, ube, at itim. Masuwerteng numero niya ang 4.

Ang Talim ng Talábang Panitikan at Iba pang Disiplina

Tinitingnan madalas bilang magkakahiwalay na kalinangan ang panitikan, agham, at agham panlipunan. Gayunpaman, may mga naratibo o sitwasyon kung saan hinihingi ang pagtatalaban ng tatlo upang mas madaling suriin at ipabatid sa mga taong nasa labas ng nasabing mga disiplina. Ang kuwento ng Talim ay isa sa mga pagkakataong hinihingi ang kalakasan ng mga kalinangang ito. Kung iisipin, sa tunay na mundong pinaghalawan ng kuwento, hindi rin magkakahiwalay na umiiral ang mga konsepto at pangyayaring pinagtutuonan ng atensiyon ng mga ito. Sa maikling talang ito, susubukang isaad ang hamon ng pagsasaliw ng talab ng mga kalinangan para makabuo ng isang akdang malikhain ngunit may talas ng katotohanang umiiral sa tunay na buhay.

Ang Talim sa Likod ng Konteksto

Kailan lang ay naging matunog sa balita ang isla ng Talim matapos ang isang aksidente sa lawa ng Laguna kung saan lumubog ang bangkang sinasakyan ng mga pasahero. Halos tatlumpung katao ang namatay dahil sa pagpapabaya ng kapitan at mga opisyal ng Philippine Coast Guard na nakadestino sa lawa (Ong at Tupas). Marahil, kung hindi pa nangyari ang aksidente ay hindi sasagi sa hinagap ng marami na may isla sa gitna ng lawa ng Laguna na para marating ay kailangang buwis-buhay na bangkain. Lingid din sa marami na kahit napakalapit ng isla sa Maynila ay kulang pa rin ito sa maaasahang pampublikong serbisyo gaya ng tubig, elektrisidad, at internet.

Sa kuwentong ito, makikita ang pagkakaiba ng sentro sa laylayan at kung paanong ang sinasabing pag-unlad ng sentro ay nakaaapekto sa buhay ng mga nasa laylayan. Maganda rin ang naging talakayan sa Ugnayang Pang-Aghamtao Conference noong 2022 sa keynote lecture ni Eli Guieb III. Idinetalye niya rito ang kahalagahang makita ang relasyon ng madalas nating ipinagpapalagay na “maliit” at “makitid” na Lokal sa “malawak” at “ekspansibong” Global. Aniya, nagtatalaban ang dalawang ito at hindi maaaring umiral ang isa nang wala ang isa. Sa ibang salita, ang global ay makikita pa rin sa lokal at ang lokal ay nagpapakita pa rin ng sarili nito sa global. Una, sa paraan ng paghigop ng sentro o mga lungsod sa Maynila ng mga yamang likas at yamang paggawa mula sa mga lalawigan. Sistema itong matagal nang naisapanitikan sa mga akdang gaya ng “Lugmok na ang Nayon” ni Edgardo M. Reyes. Sa kuwentong ito, ipinakita ni Reyes kung paanong ang kabuhayan ng pamilyang nasa nayon ay halos naubos dahil sa pagpapaaral ng kanilang anak sa unibersidad sa lungsod. Hindi natapos doon ang pag-ubos ng biyaya mula sa nayon dahil

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

nagkaroon pa ng piging para ipagdiwang ang pagtatapos ng anak. Hanggang sa pagbalik ng anak sa lungsod ay pinagbitbit pa ito ng sangkaterbang pabaon. Sa kabila ito ng pagiging lugmok na nga ng nayon.

Marami sa mga nasa laylayan ng Maynila ay kinakailangan pang lumuwas araw-araw para mag-aral at magkaroon ng mas maayos na trabaho. Nananatili din kasing mas mataas ang sahod mula sa mga trabahong nasa lungsod kompara sa trabahong nasa probinsiya. Pagkakaroon ng *provincial rate* kung tawagin ang iskemang ito na maaaring wala sa kaisipan ng mga taga-lungsod.

Isa pang kinahihinatnan ng mga mula sa laylayan ang pag-aabroad. Ito ay habang pinipili naman ng dayuhan na manatili sa mga lugar gaya ng sa atin. Mga naratibo itong makikita sa larangan ng *area studies*, partikular sa *migration studies,* at pahahapyawan naman sa kuwento sa ibaba. Sinasabing my talaban ang dalawang lunan ng "makitid" at "maliit" na *lokal* at ang "ekspansibong" *global*, sa terminolohiya ni Guieb (2002). Kahit sa daigdig na mukhang magulo at bitak-bitak, mahalagang itanong kung paanong ang pagpagaspas ng paruparo sa Brazil ay maaaring makapagsimula ng buhawi sa Texas (Cudworth at Hobden 399-416).

Sa pagpapaunlad at paghahain ng kumbinyenteng buhay sa mga nasa lungsod, nasasaid din ang yamang buhay sa mga laylayan. Samakatwid, may ekolohikal na kabayaraan din ang pag-inog ng mga lungsod. Kaya naman isa sa mga naging tunguhin ng kuwentong "Talim" ang pagpapaalala ng ekolohikal na danyos ng kalunsuran sa kanayunan.

Plano itong gawin sa pamamagitan ng pagtatampok sa agham-buhay ng isla. Hindi lang nakatuon ang kuwento sa domestikong mga hayop gaya ng tauhang asong si Puti, kundi sa mga saribuhay na matagal nang naubos sa isla. Itinuturo ng ilang Non-governmental Organization (NGO) bilang sanhi nito ang mga pabrika sa paligid ng lawa, at ang pagtatayo ng dam na pumipigil sa pagpasok ng tubig galing sa Ilog Pasig. Proyekto itong itinayo para sa kapakanan ng mga taga-lungsod na madalas daw bahain. Natapos ang proyektong ito nang hindi sinasangguni o isinasaalang-alang man lang ang kapakanan ng kalakhan ng mga maaapektuhang mamamayan sa paligid at gitna ng Lawa ng Laguna.

Tinatangkang pagtalabin sa akdang ito ang kalakasan ng mga disiplina ng panitikan, agham, at maging antropolohiya na maituturing na parehong siyensiya at agham panlipunan, upang mapabatid sa mambabasa ang kinahaharap na sitwasyon ng mga tao at ekolohiya sa nasabing lugar.

Nakitang magiging epektibo ang naratibo kung ikukuwento ito mula sa boses ng isang taong agham, isang magiging beterinaryong napunta lamang sa

isla upang tapusin ang mga kahingian para sa kaniyang kurso. Dahil din nasa sipat ng isang beterinaryo ang kuwento, kinailangang sumangguni at magbasa pa ng mga akdang may kaparehong estilo ng pagkukuwento tungkol sa lipunan sa tulong ng mga hayop. Halimbawa rito ang mga akda nina Dominador Mirasol na "Mga Aso sa Lagarian" (1963) at James Herriot na *All Creatures Great and Small* (1972). Isama pa ang kuwentong "Happy Birthday Ferdy" ni Raymund Armeña (2013).

Esensiyal sa kuwento ang sitwasyong ito ng nagkukuwentong tauhan dahil ipinakikita nito ang isang sistema kung saan ang mga tao ay tumutulong sa isang pamayanang salat para lamang matapos ang kailangan niyang gawin para sa kaniyang magiging propesyon. Gayunpaman, hindi binabalak ng kuwento na lahatin ang mga nagserbisyo sa mga nayon. Subalit hindi rin maitatanggi ang pagiging talamak ng ganitong kaisipan na ipinakita ng beterinaryo sa kuwento na nais lang din palang magsilbi sa ibang bansa.

Sa usapin ng anyo, may pagkahard-boiled and estilo ng panulat. Isa itong sangay ng kuwentong krimen o *crime fiction* kung saan sinusundan kung paanong ang (mga) tauhan ay dahan-dahang itinutulak na gumawa ng aksiyong labag sa namamayaning batas. Ikinokompara ang tauhan sa mga kuwentong hard-boiled sa tubig na unti-unting kumukulo. Sa ganitong kuwento, alam na ng mambabasa na may magaganap na krimen. Ang inilalahad na lang ay ang sikolohiya sa likod ng paggawa ng krimeng ito.

Interesante ang ganitong mga kuwento dahil ang nakikitang solusyon ng tauhan sa problemang kinakaharap ay wala sa pag-asa sa mga institusyon ng pamahalaan. Sa kuwento, tila walang pakialam ang mga awtoridad na dapat ay nangangalaga sa ekolohiya at buhay ng mga tao sa isla. Bagkus, tila nakikinabang pa ang mga awtoridad sa kuwento sa namamayaning kawalang pagkakapantay-pantay.

Ang ganitong reaksiyon sa kawalang hustisya ay tila napapanahon dahil madalas na nakikinabang din nga ang mga awtoridad sa umiinog na kawalang pagkakapantay-pantay sa tunay na buhay. Dahilan para sarilinin ng mga naaagrabyado ang paghahanap ng hustisya sa pamamagitan ng mga institusyong labas sa gobyerno gaya ng mga NGO at supra-nasyonal na mga korte (halimbawa sa isyu ng walang habas na patayan sa konteksto ng giyera laban sa droga ng administrasyong Duterte), at kung walang koneksiyon sa mga ito ang naaagrabyadong indibidwal, isasagawa niya ito sa pamamagitan ng pagdungis sa sariling mga kamay.

Maraming sosyolohikal na akda na ang tumatalakay sa inhustisya. Gayunpaman, nasa kamay ng panitikan ang pagsasapopular ng ganitong mga isyu sa lipunan sa paraang sabay na may lalim at nakahihimok sa mambabasa

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

na simulan ang pagbabasa. Mapanghamon ang pagbabalanse ng empirikal na karanasan at malikhaing pagsusulat. Idagdag pa rito ang pagdaragdag ng elemento ng agham na parehong maaaring makaengganyo at makadagdag sa dunong ng mambabasa. Subalit nakikita ng may-akdang esensiyal ang talabang ito ng mga disiplina dahil hindi naman umiinog sa magkakahiwalay na planeta ang mga ito. Iisang daigdig ang nais pagsilbihan ng mga kalinangang nabanggit.

Hindi naman kailangang sarilinin ng manunulat ang bigat ng responsabilidad na ito. Ang pagsulat, bagamat isinasagawa ng indibidwal sa isang kuwarto, ay hindi kailangang magmula lang sa isang tao. Sa susunod na bahagi, ipaliliwanag pa ito kaugnay ng kahalagahan ng mga palihan at pagpapabasa ng akda sa mga manunulat, at maging sa ordinaryong mga mamamayan.

Kung Paano Pinatatalas ang Talim

Naging inspirasyon sa pagkakatha ng unang borador ng akdang ito ang mga mala-panitikang antropolohikal/ekolohikal na akda gaya ng mga isinulat ni Guieb na impormal na naging gabay ng may-akda sa larangan ng panitikan at pananaliksik. Partikular dito ang artikulong "Tribuhada" at ang ilang hindi pa inilathalang mga arawang tala na binasa ng awtor habang nasa *field work* para sa isang proyekto.

Ilang taon matapos ilahok ng manunulat sa kaniyang di-gradwadong tesis na ginabayan ni Galileo Zafra, isinumite ang manuskritong ito sa ikalabinsiyam na Ateneo National Writers Workshop na ginanap *online* dahil sa pandemya, sa pamumuno ni Allan Derain. Suwerte itong napili kaya tuluyan pang naliha sa ilalim ng gabay ng mga kapita-pitagang mga guro sa panitikan at kapwa manunulat na kasabay na naging fellow sa nasabing palihan. Nagpalakas sa loob ng manunulat ang parehong mga puna at papuri sa akda na ibinigay ng mahuhusay na manunulat gaya nina Ramon Guillermo, Luna Sicat-Cleto, Edgar Samar, at iba pa. Malaki rin ang naitulong ni Vincci Santiago ng UP Department of Linguistics sa pagliliha pa ng kuwentong ito.

Naging hamon ang akdang ito sa awtor dahil labas pa sa panitikan ang mga disiplinang nais itampok sa akdang ito. Ngunit dahil nga sa nasabing palihan, at sa pagpasok na rin ng awtor sa mga gawain at organisasyong may kaugnayan sa pananaliksik, mga organisasyon para sa *social* at *environmental justice* gaya ng Transnational Institute for Grassroots Research and Action (TIGRA), Kontra-GaPi, at 350 Pilipinas, tumalim pa ang kaniyang mga isinusulat na akda.

Ang hamon para sumulat ng mga akdang nakalapat sa lupa ay ipinaaabot ng awtor sa mga kapwa niya manunulat. Ito ay hamon hindi lang para paghusayin ang indibidwal na panulat kundi para na rin sa pagpapatalas ng kalinangan ng panitikan sa kabuoan. Partikular ang hamong ito sa mga manunulat ng panitikan dahil sila ang kadalasang naghahain ng mga komplikadong konsepto at mabibigat na tema sa mas nakararaming bilang ng tao, sa paraang may lugod. Kaya naman, kahingian sa bawat manunulat na parehong maging malay sa malalaking katotohan (na maaaring magmula sa mga disiplina) habang nakalapat ang mga paa sa lupa (na ang maaaring ibig sabihin ay pagkakaroon ng kakayahang umintindi at magpaintindi ng mga makabuluhang naratibo mula sa lipunan). Sa susunod na bahagi ay susubukan pang linawin ang hamong ito na nabanggit.

Sa mga Nag-aasam Maging Basyador ng Panitikan

Ang panitikan nga ba ay salamin ng realidad? Ayon sa isang naging guro sa unibersidad, hindi sapat ang pakahulugang ito dahil hindi tulad sa pananalamin, ang mga malikhaing akda ay hindi puwedeng maging kamukhang-kamukha ng pinaghalawan. May sariling preperensiya ang manunulat sa kung aling mga naratibo, isyu, elemento, o detalye ang palilitawin. Sa ganitong paraan nga raw nagiging maliit na diyos ang mga manunulat ng akdang kanilang isinusulat.

Sa palagay ko naman, nagiging mas makapangyarihan ang manunulat kung kaya niyang itampok ang iba't ibang disiplina sa pagbuo ng panitikan. Hindi lang niya napatatalas ang sariling isip at mga argumento. Bagkus naitataas din niya ang antas ng kaniyang panulat na ihahain sa mambabasa, na sa huli ay nag-aangat din sa antas ng kamalayan nila. Hindi lang kasi para magpasaya o magbigay ng libangan ang silbi ng panulat. Mas nagiging matingkad ito at nagkakaroon ng kabuluhan kung naiuugnay ng mambabasa ang kuwento sa sariling danas. Ang sabi nga ni Galileo Zafra sa kaniyang seminal na akdang "Ang Mambabasa Bilang Manlilikha ng Teksto", laging may talabang nabubuo sa tuwing nagbabasa ng panitikan dahil may sariling danas ang mambabasa na naitatapat niya sa naratibong nababasa (373).

Para sa manunulat ng kuwentong ito, mas matimbang ang mga panitikang may bitbit na katotohanan—katotohanan na nararanasan ng mas marami. Para din sa manunulat, mas nagiging matibay ang isinusulat na akda kung sinusuportahan ito ng mga katotohanang kinukumpirma ng mga pag-aaral, sa larangan man ito ng agham o agham panlipunan. Bagamat kadalasang nakatuon ang mga larangang ito sa malalaking katotohanan, tao pa rin ang pinaglulunsaran ng mga kalinangang ito. Banggitin na rin natin na may mga

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

disiplina nang tumatawid sa mistulang hatian ng dalawang kalinangang nabanggit, gaya na lamang ng estadistika, antropolohiya, at arkeolohiya.

Kung maisasakatuparan natin ang pagtatampok ng mga disiplinang ito sa panitikan, masasabing isang hakbang ito sa pagiging mas holistiko nito. Natural lang ang pagsasaliw ng mga disiplinang ito sa pag-aaral ng pantaong kondisyon dahil ang tao ay laging higit pa sa depinisyong magkakahiwalay na ibinibigay ng mga disiplinang nabanggit. Ang tao ay hindi lang lupon ng mga dugo't laman. Ang tao ay hindi lang rin kung ano ang idikta ng lipunan. Ang tao ay parehong ganito at higit pa. Maaari nating tingnan ang panitikan bilang may ganitong intrinsikong hamon ng pagtatampok ng iba't ibang kalinangan dahil isa sa mga tunguhin ng pagsulat ay pagpapakilala ng mga naratibong buo at hindi lang basta nakalutang nang hiwalay sa maraming aspekto ng buhay. Sa ganitong paaran, maaari tayong maging mga basyador ng panitikan—mga muling nagpapatalas sa talim ng panulat para magamit ng marami sa kani-kanilang mga buhay.

Mga Sanggunian

Armeña, Raymund Christopher. "Happy Birthday, Ferdy." *Penzette III: Dyornal ng mga Lagalag*, Sulat Kamay Writers Guild, 2013, pp. 61-69.

Cruz, James Patrick. "PH Coast Guard probes sinking in Rizal." *Rappler,* 28 Hulyo 2023, https://www.rappler.com/philippines/luzon/philippine-coast-guard-investigation-boat-sinking-binangonan-rizal/.

Cudworth, Erika, at Stephen Hobden. "Anarchy and Anarchism: Towards a Theory of Complex International Systems." *Millennium: Journal of International Studies*, tomo 39, blg. 2, 2010, pp. 399-416, https://doi.org/10.1177/0305829810384677.

Guieb, Eualalio III. "Little data, big ideas/Shallow facts, deep insights: Small coastal and island communities as little places for huge realities of the global." Susing-panayam sa *Ika-44 na Kumperensiya ng Ugnayang Pang-Aghamtao*, 26 Oktubre 2022, Marinduque State College, Boac, Marinduque.

---. "Tribuhada." *Daluyan*, tomo 20, 2014, pp. 41-46.

Herriot, James. *All Creatures Great and Small*. St. Martin's P, 1972.

Mirasol, Dominador B. "Mga Aso sa Lagarian." *Mga Agos sa Disyerto*. Solar Publishing, 1993, pp. 67-78

Ong, Ghio, at Emmanuel Tupas. "Laguna Lake Tragedy: Who's Really to Blame?" *Philippine Star*, 30 Hulyo 2023. www.philstar.com/headlines/2023/07/30/2284906/laguna-lake-tragedy-whos-really-blame.

Reyes, Edgardo M. "Lugmok na ang Nayon." *Mga Agos sa Disyerto*. Solar Publishing, 1993, pp. 173-179.

Zafra, Galileo S. "Ang Mambabasa Bilang Tagapaglikha ng Teksto." *Linangan*, pinatnugutan nina Apolonio Chua et al., UP-Diliman OVCRD, OVCAA, at DFPP, 1999. pp. 373-382.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Talim

Kinabahan ako nung una kong malaman na may mga pirata pa ring nangha-hijack ng mga bangka sa daraanan naming tubig. Hindi ko iyon lubos maisip dahil natatanaw ko pa ang mga nagsisiksikang gusali ng Makati at Taguig sa unang mga sandali ng biyahe. Mahigit isang oras din sa lawa ang gugugulin namin bago ko marating ang isla ng Talim, ang isla kung saan ako nadestino para magbakuna ng mga aso bilang requirement sa kurso ko. May mga umiikot namang Coast Guard pero sadyang malaki pa rin ang lawa para masinop nila ito. Naglalakihan din ang mga bundok sa Rizal at Laguna na tila nakabantay sa lahat ng nasa lawa. Dito raw madalas na nagmumula ang mga pirata. Mula sa mga bundok na ito, tanaw ang buong isla ng Talim. Payapa ang lawa sa unang bahagi ng paglalaot, walang gaanong hangin na nagpapaalon sa makutim na tubig. Sa kanluran ng isla raw kasi kami dumaan dahil may idinaang mga bagahe sa pantalan sa bahaging kanluran ng isla, kuwento ni Kuya Into na crew ng bangkang sinakyan ko. Nahaharangan ng pahabang hugis ng isla ang hanging Amihan galing sa hilagang-silangan.

Kumalma lang din ako nung malaman kong sa bangka ng barangay kapitan pala ako nakasakay. Mas mainam na rin ito para mas ligtas. Kasama pa namin ang ilang barangay tanod. Sa bangkang iyon ko na rin nga nakilala si Kuya Into, ang makakasama ko sa loob ng isang linggo habang nililibot ang mga sityo at isla malapit sa Barangay Tuna.

Masayahing tao itong si Kuya Into, napansin ko. Palangiti siya. Mukhang matapang pero nagmumukhang maamo kapag ngumingiti. Tahimik kung minsan. Mahilig magpatugtog gamit ang cellphone na nabili niya raw sa bayan ng Pililla. Kalahati yata nung biyahe namin ay nagpapatugtog siya ng mga lumang Amerikanong kanta, ‘yung tipong naririnig sa mga radyo tuwing Linggo. Kinabitan niya ito ng wire para maikonekta sa isang malaki-laking speaker. Pwede pala iyon, isip ko. Aba, aba. ‘Yung kuryente na kailangan para gumana ang speaker, sa cellphone na rin nanggagaling. Sa mga diskarteng iyon ni Kuya Into ako unang namangha sa kanya. Ang talas kasi ng isip. Wala nga naman kasing linya ng kuryente sa malaking bahagi ng isla. ‘Yung nadadaanan lang ng kalsada ang mayroon. Madalas pang mawalan ng ilaw dahil lang sa kaunting hangin o pagbaha. May ilang bahay lang daw na may solar power kung saan sila nakiki-charge ng mga cellphone, ilaw at maliliit na TV.

Nahinto lang ang pagpapatugtog noong lumagpas na kami sa ibabang bahagi ng isla at umikot paakyat sa gawing silangan ng isla. Malakas na kasi ang hangin. Dumami na rin ang mga water lily na lumulutang sa lawa. Hindi naman tumataas ang alon pero tila pinipigilan kami ng Amihan na umusad, dahilan para iprimera ang makina ng bangka. Pero mukhang ‘di ‘yon ang

kinababahala ng mga kasama kong barangay tanod sa pamumuno ni Kuya Into. Dito raw kasi sa silangang bahagi ng isla na nakaharap sa Jala-Jala madalas mamataan ang mga piratang lawa.

Pagdaong ng bangka sa kongkretong pantalan, saka pa lang tuluyang nangibabaw ang kapanatagan sa loob ko. Sa maliit na pantalan, sinalubong si Kuya Into ng isang puting aso. Malaki ito kompara sa mga aso sa lungsod, maskulado kung oobserbahan. Kumakawag ang buntot nito habang papalapit sa bangka. Umalulong ang aso sa pagbaba namin. Tila inaanunsiyo sa buong baryo ang pagdating ng amo niyang si Kuya Into.

Si Kuya Into na rin ang nagbaba ng mga gamit ko. Hinatid niya ako sa isang kubong gawa sa kawayan na pagmamay-ari ni Kap. May kalayuan ang kubo sa barangay. Kailangang maglakad pataas nang kaunti. Dito ako nilagay dahil bumabaha raw ngayon malapit sa lawa. Amihan na nga kasi at ang silangang parteng iyon ng isla ang madalas bahain.

Nag-ikot ako kinagabihan. Pumunta ako sa bahay nina Kap pero ‘di rin nagtagal dahil abala sila sa panonood ng telebisyon. Napadpad ako sa bahay ni Kuya Into. Naabutan ko siyang nagkakayas ng kapirasong kawayan gamit ang isang napakatalas na patalim. Ipinaliwanag niyang gumagawa siya ng *kubing*, isang musikal na instrumentong inilalapit sa bibig at kinakalabit. Ipinarinig sa ‘kin ni Kuya Into ang tunog na ikinamangha ko. Kabuhayan pala ng marami doon sa isla ang paggawa nito, ibinibenta sa Quiapo sa mga mamimili at turistang ang akala ay sa Mindanao iyon ginawa. Paalis na sana ako nang itinarak ni Kuya Into ang gamit na patalim sa mesang nasa labas, saka naglabas ng gitara at bawas na Emperador. Nagsimula ang inuman namin.

Kasama rin niya ang asong si Puti na tahimik na nagbantay sa amin habang umiinom, nagkakantahan, at nagkukwentuhan kami ni Kuya Into. Malinis ang aso. Mukhang walang gaanong *external* o *internal parasites*. Malinis pati ang mga ngipin at buo ang mga *canine*. Kita ang mga kalamnan ng aso. Bihira akong makakita ng mga ganitong aso sa siyudad, kung saan ang mga aso ay kundi pinataba ng mga amo ay pinapayat at ginalisan naman ng kalsada. Kung maglakad si Puti, tila siya ang nag-aalaga sa lahat. Tila binabantayan ang buong lugar, mga tao at hayop na nandito.

Mas mabilis pang nagpalagayan ang loob namin ni Kuya Into dahil sa inumang iyon. Ang ganda kasi ng boses ni Kuya Into, lalo nung tinugtog niya ‘yung *Delilah*. Namangha rin ako sa paraan niya ng pagkukuwento na parang nagyayabang sa kung gaano kaganda ang isla. Parang gusto kong puntahan agad ‘yung mga lugar na ikinuwento niya. Hindi syempre mawawala sa kuwento ang mga bahagi ng lawa na “ayos pa ring liguan.” Parang gusto kong tikman ang bawat isda na sabi niya ay madalas niyang mahuli noon. Ikinuwento

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

rin niya ‘yung tungkol sa mga kawayanan sa mataas na bahagi ng isla, ‘yung hirap ng buhay dahil sa madalas na kawalan ng kuryente at tubig. Nandyan din ‘yung tungkol sa mga bawal na paraan ng pangingisda, o bawal na lugar para mangisda ayon sa BFAR. Pati na rin ‘yung mga dayuhang namumuhunan dito sa isla. At ‘yung mga piratang nanghaharang ng mga bangka sa tuwing nagbibigay ng cash assistance ‘yung gobyerno sa mga tao. Akalain mong nakuha pa nilang agawan ng pera ‘yung mga mahihirap dito!

Ilang beses na lumapit ‘yung asong si Puti kay Kuya Into habang nagkukwentuhan kami. Inaaabutan siya ng pagkain ni Kuya Into kung minsan. Minsan naman (kapag nakakarami na ng hingi si Puti), inuutusan niya itong kumalma at umupo na siyang sinusunod naman ng aso. Parang na-train ng handler. Maya-maya ay maglalakad ito palayo, mag-iikot, at babalik na lamang pagkalipas ng ilang sandali.

“Ilang na taon na pala itong si Puti, Kuya Into?” tanong ko nung minsang sa akin naman lumapit si Puti.

“Maglilima na iyan,” sagot ni Kuya Into.

“Malapit nang mag-adult. Lalaki, ‘no? At may kalakihan.”

“Oo. Siga nga iyan rito, a. Kapag umaakyat kami sa kawayanan sa bunrok, iniihian ba naman lahat ng raraanan namen. ‘Di makapalag ‘yung ibang aso sa kanya. Gawa ng malaki. Busog parati sa akin iyan. Alam niyan pag may dala akong pagkaen.”

“Oo, mas marami kasi ang olfactory receptors ng aso, kaya mas marami silang naaamoy.”

“Totoo bang nakakaamoy ang mga aso ng lungkot?”

“Posible. Ayon kasi sa mga pag-aaral, naglalabas tayo ng iba’t ibang kemikal sa katawan depende sa emosyon. At naaamoy nila ‘yon.”

“Kaya pala,” mahinang sabi niya.

“Maganda ang lahi ni Puti,” nabulalas ko.

“Oo, kung hindi nga lang namatay ‘yung tatay niyan, alaga ni Kap, mas matapang pa iyon.”

“O, e nasan na?” usisa ko.

“Wala na, ‘di na nakita.”

"Saan nawala?"

"Sa lupain ni Emmanuel," mahinang sagot nito.

Umabot na nga 'yung kwentuhan namin kay Emmanuel. (Hindi pa itutuloy ni Kuya Into 'yung kuwento kung 'di ko siya tinanong nang tinanong.) Isa siyang Pranses na dating sundalo para sa "peace situation" sa Mindanao. Mga dalawampung taon na raw na nandito.

Naisip ko, paanong nagkaroon ng pag-aari dito sa Pilipinas itong dayuhan na ito? Ang gawain daw pala nitong si Emmanuel ay bumili ng mga lupa para tayuan ng resort at mga baklad, o para ibenta sa mga ibang dayuhan. Pero bago niya magawa iyon ay kailangan niya munang makipagrelasyon sa Pinay. Sa mga ito ipinapangalan ang mga nabibiling ari-arian. Kapag kumita na, saka kukunin ang kita at iiwanan ang "asawa." Kaya naman nakailang palit na rin ng "asawa" itong si Emmanuel. Gayunpaman, nagpatali na raw si Emmanuel sa bago nitong kinakasama. Dahilan para magkaroon na si Emmanuel ng legal na pag-aaring nakapangalan sa kanya, kahati ang asawa.

Hati daw ang mga damdamin ng mga tao kay Emmanuel. Gusto siya ng iba dahil marami siyang pinapatrabaho sa mga tao. Kumikita ang mga ito sa kanya. Legal din naman daw ang pagmamay-ari niya ng mga resthouse at baklad kaya wala itong nilalabag na batas.

Ayaw naman sa kanya ng iba dahil bastos daw si Emmanuel. Marami rin daw reklamo ito sa mga tao. Lagi niyang inirereklamo sa tribunal ng barangay ang mga nagsisigá sa bundok dahil nauusukan raw ang lugar niya, ang mga mangingisda na dumadaan sa "kanyang" tubig kung saan nakatirik ang mga baklad niya, pati ang mga aso ng mga tao na pagala-gala sa "kanyang" lupa. Sinasabi niyang lahat daw ng lokal sa isla ay ilegal ang mga ginagawa. Lahat daw sila, kung hindi nangunguryente ng isda ay nagpapastol ng mga mababahong kalabaw at kambing, o kaya'y nagtatayo ng baklad nang walang permit sa munisipyo. Ang isa pang ayaw ng mga tao kay Emmanuel ay 'yung pabirong akma nito ng paghipo sa mga batang babae sa baryo. Kinaaayawan ito ng iba habang 'yung iba (lalaki man o babae) ay nakikitawa na lang rin sa "biro" niyang ito. Madalas, ito 'yung mga binibigyan niya ng trabaho.

Hinila ko na ang takbo ng usapan namin ni Kuya Into nang mapansin kong nagiging maselan na ito. Nahalata ko ito sa lumalim na boses ni Kuya Into. Tinanong ko na lang siya tungkol sa hanapbuhay niya.

"Bale, may bahay at lupa ka rin pala sa taas?"

"Oo, meron, pero kubo lang. Mga isang oras na lakar, mararating mo na 'yung aking kawayanan." Naiba nang bahagya ang malungkot na tono ng

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

boses ni Kuya Into, “marami akong tanim roon na gulay kahit ‘di kagandahan ang lupa!”

“Ah, nagpapalaot ka tapos nagtatanim ka rin?” sunod kong tanong.

“Oo. Ganyan talaga ang mga tao rito. May panahon kasi na malakas ang hangin dahil sa Amihan, kaya nasisira ‘yung mga baklar. Kapag ganitong panahon, mas marami ang nagtatanim. Minsan naman bantay ako sa mga baklar ng mga taga-barangay.”

Napunta ang usapan sa mga ibinibidang tanim ni Kuya Into. Nangibabaw na ang masayang tono ng boses niya kasabay ng pamumula ng mukha. Masayang natapos ang inuman namin ni Kuya Into.

Kinabukasan, simula na ang trabaho kong magbakuna ng mga aso. Sa barangay muna ang pwesto ko ngayong araw. Sa susunod na araw pa ako pupunta sa mga sityo kaya nagpunta muna si Kuya Into sa taniman niya sa bundok. Samantala, mag-isang nagpunta sa barangay hall si Puti. Parang alam na niya na dapat siyang magpabakuna. Isa tuloy siya sa mga unang nabakunahan.

‘Di gaanong naging mahirap ang trabaho kong iyon dahil dinadala lang ng mga taga-baryo ‘yung mga aso nila sa health center. “Mas mahihirapan ka niyan kapag sa sityo ka na magbabakuna.” Sabi sa akin ni Ate Badet, ang asawa ni Kap na madalas kong kasama sa compound ni Kap. Ang mga isla ng Malaki, Pihan, at Bonga ang tinutukoy niya.

“Oo nga po, magbabangka pa kami para makapunta sa mga sityo.”

“‘Di lang ‘yon,” pahabol ni Ate Badet habang nag-uurong, “‘di pa sanay sa mga doktor na tagalabas ‘yung mga tagaroon sa mga sityo.”

“A, sige ho. Ipapakausap ko na lang kay Kuya Into.”

“Oo, tama, kasama mo naman si Into.”

“Ang sipag din po nitong si Kuya Into, ano? Nagpapalaot na, marunong pang magtanim, tapos barangay tanod pa.”

“Oo, masipag talaga iyan. Banggaling pang manghuli ng maski ano sa lawa. Iyan nga ang laging may pinakamalaking huli rito sa barangay. Kawil lang ang gamit niyan!”

“Talaga ho? Totoo pala ang mga kuwento niya sa akin.”

"Oo, mahusay talaga iyan. Ewan ko ba kung ano pang hinahanap nung rati niyang asawa at iniwan pa siya."

"Ho, iniwan siya ng asawa?" usisa ko.

"Oo, alam mo iyan si Into," humina ang boses niya sa pagkukuwento, "Isa yan sa mga una naming nakilala pagrating namin rito. Lumipat kami rito ng asawa ko, nung nagbibiyahe pa lang kami ng mga isda. Siya naman, rito na lumaki at nakapag-asawa. Sa totoo lang, 'di ko rin alam kung ba't pa siya iniwan. Masipag naman 'yang si Into, may hitsura naman. Mas maalwang buhay siguro ang hanap nung babae. Pero hanggang ngayon, marami pa ring mga nagkakagusto riyan kay Into. Siya lang talaga yata ang ayaw mag-asawa ulit. Nasaktan yata. Ang bali-balita, nakakilala 'yung asawa niya ng *foreigner* sa bayan at roon na sumama."

"Ganu'n po pala. Tapos siya ang naiwan dito." Iyon lang ang nasabi ko sa tindi ng narinig ko.

"Joy Amihanan ang pangalan ng asawa," banggit ni Ate Badet kahit 'di ko tinatanong. "Kaya nga iyan si Into, hinahayaan ko na lang na makinood rito sa bahay ng mga teleserye tuwing gab-i. Mukhang doon sa mga palabas na lang niya natatagpuan 'yung kilig na hinahanap niya." Nangingiting pagtatapos ni Ate Badet. Mukhang natutuwa rin siya at kahit papaano'y nalilibang si Kuya Into.

Kinabukasan ko na ulit nakita si Kuya Into. Masayahin gaya nung una ko siyang nakilala. Palangiti na akala ko'y walang pinoproblema. Matagal kaming namangka papunta sa isang sityo na pinuntahan namin. Pero wala siya o akong binanggit tungkol sa nakaraan niya. Halatang natutuwa siya habang itinuturo sa akin ang mga lugar na masarap liguan sa dinadaanan namin. Itinuturo niya rin kung saan nahuhuli dati ang ilang partikular na isda, gaya ng dalag, hito, at martiniko.

"Ang kaso, nangamatay na 'yung karamihan ng mga isda sapol nung matayo 'yung *hydraulic*."

'Yung *flood control system* sa Napindan sa Taguig ang tinutukoy niya. Dahil doon, 'di na nakakapasok ang tubig alat mula sa Maynila na dumadaan sa Pasig. Hindi na din nakakalabas 'yung maruming tubig galing sa mga pabrika at bakladan sa lawa.

"Nabawasan naman raw ang baha roon sa Taguig, Pasig, at sa mga siyudad sa Maynila. Ang kaso, ngay-on, bangus at tilapya na laang ang kilala ng mga bata rito. Wala na 'yung mga rating isda," dagdag ni Kuya Into. "Ang rating sa 'kin e, 'yung mga taga-Maynila lang ang may karapatang umunlar."

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Ang resulta, ang naihanda lang ni Kuya Into para sa tanghalian ay isang maliit na isdang ayungin at isang bangus na kasinglaki ng braso ko. Doon kami kumain sa kubo sa gitna ng lawa. Nakatikin ang kubo sa matatabang kawayan. Galing din ang kawayan sa isla. Ginagamit ito sa maraming bagay gaya sa bahay, pantikin sa mga balsa at bangka, at ginagawa ring instrumentong kubing na ibinebenta sa Quiapo. Nauso daw ang hanapbuhay na ito simula nga nang maging kaunti ang klase ng isdang makikita sa lawa.

Sa pagbiyahe namin, nakalimutan kong maging malungkot para kay Kuya Into. Napansin ko na malapít din siya kahit sa mga taga-sityo na siyang dahilan kung bakit hindi ako nahirapan sa trabaho ko. Kapag nakikita kasi ng mga lokal na kasama ko si Kuya Into ay wala nang naging problema sa pagkausap na bakunahan ang mga aso nila.

Nung nagbabangka na kami pauwi, naitanong ko kung nasaan ang asong si Puti. Si Puti pala ang nagbabantay sa taniman niya kung minsan. May mga bata raw kasi na nangunguha ng mga tanim niya. Naisip ko, hindi lang pala umaasa si Puti ng pagkain kay Kuya Into. Nagtatrabaho rin pala ito para sa kanya. Marahil kay Puti rin niya nakukuha ang lambing na nawala sa kanya. Ang kasiguruhan na may isang nilalang na hindi siya iiwanan para sumama sa iba.

Nung mga sumunod na araw ay si Kuya Into pa rin ang kasama ko. Siya rin ang madalas kumukuha ng isda sa mga baklad at ang nag-aabot ng gulay na iniluluto ni Ate Badet para kainin namin. Minsan ay sumasabay na rin si Kuya Into sa pagkain, sa paanyaya ni Ate Badet. Naging gawi na rin namin ang panonood ng teleserye pagkatapos ng hapunan. Iyon ‘yung mga oras na nakabukas ang generator nina Kap. Masayang tagpo iyon, hindi lang kasi si Kuya Into ang nakikinood kina Ate Badet kundi pati ‘yung ilang mga kabataan ng baryo na nahuhumaling din sa mga teleserye. Sabay-sabay pa sila kung kantahin ang mga *jingle* sa mga patalastas sa TV.

Marami rin akong nakilalang ibang mangingisda at tanod dahil kay Kuya Into. Minsan ay umiinom kami sa bahay. Ako ang nagsisimulang magpainom ng Emperador, na walang palya namang dinadagdagan ng mga kainuman ko. Nakailang ulit pa rin akong sinamahan ni Kuya Into sa pagbabakuna ko sa mga sityo.

Sa isang pagkakataon sa isla, may isang aso na hindi ko lang binakunahan ng *anti-rabies*. Nagbigay ako ng first aid sa isang asong nakakain daw ng tsokolate. Napansin daw nung amo ang bahid ng tsokolate sa mukha nito nang manggaling ito sa teritoryo ni Emmanuel. “Nagsimula na naman siya,” ang tanging nasabi ni Kuya Into, “hayaan niyo’t sasabihin ko kay Kap. Mabuti nga at alam ng may-ari ng aso na nakamamatay para sa mga aso ang tsokolate. Agad kong pinainom ng agua oxigenada ang aso gamit ang isang malaking

syringe na tinanggalan ko ng karayom. Agad na naduwal-duwal ang aso at nagsimulang isuka ang bula-bula, at pagkatapos ay ang maitim na tsokolate.

Nung namamangka kami pauwi sa barangay mula sa mga sityo, tinanong ko kung bakit hinahayaan lang ng mga tao na paglaruan ni Emmanuel ang mga aso nila. Wala rin naman daw kasi silang magawa, sagot ni Kuya Into. May padulas din daw kasi si Emmanuel sa munisipyo. Madalas niyang idahilan na may trauma siya sa giyera kaya alerto kapag may "intruder" sa lugar niya. Madalas ding nakatambay ang mga Coast Guard sa mga resort ni Emmanuel, para doon mag-inuman at manood ng telebisyon. Kahit si Kap, ang pagsabihan lang at pakiusap ang kayang gawin sa kanya. Legal nga naman kasi ang mga ginagawa ni Emmanuel. Iyon ang sinisigurado niya. "Kakarmahin rin 'yan," ang sabi niya nang nakalabas ang mga pangil. Mas pampalubag-loob iyon ni Kuya Into sa sarili kaysa pangungumbinsi sa akin.

Nabago ang usapan namin nang mapadaan kami sa isang buhanginan o *sandbar*.

"Hindi ka pa nakakapalangoy rito, hane?" tila paanyayang tanong ni Kuya Into.

"Hindi pa nga. Wala sa *itinerary* ko, e. Saka, 'di ba bawal?"

"Sus! Bukas, wala ka nang gagawin? Ipapasyal kita bukas. Ligo tayo rito sa buhanginan. Malinis-linis ang tubig rito at walang masyadong Lily."

Ilang sandali akong nag-isip. "Huwag na, baka naaabala na kita sa mga gawain mo. Saka, baka kailangan ka doon sa taniman mo."

"Sus, pwede nga nating pagsabayin ang pagligo at panghuhuli. Iniiwanan ko lang naman 'yung kawil, pagbalik natin, may isda na iyon. Hindi na natin kailangang rumaan sa mga baklar ko."

"Talaga? E, pano 'yung taniman mo?"

"Si Puti na ang bahala roon."

"Sige na nga, basta huwag tayong magpagabi, ha? Kailangan ko pa ring mag-impake ng mga gagamitin kinabukasan."

Hindi na ako nakatanggi kay Kuya Into. Para kasing mas sabik pa siya kaysa sa akin. Abot-tenga ang ngiti ni Kuya Into nang makumbinsi niya ako.

Kinabukasan, maaga kaming nagpalaot ni Kuya Into. Una kaming tumigil sa isang malalim na parte ng lawa sa tabi ng isang batuhan. Doon niya itinali sa mga bato ang *nylon*. Ang kabilang dulo, may kawil o kalawit na nakasabit.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Nilagyan niya ito ng maliit ng isda bilang pain. Pitong kawil ang iniwan niyang nakalubog sa lawa. Iniwan namin ang mga ito at dumiretso sa buhanginan para lumangoy. Nagpalipat-lipat kami sa mga batuhan at buhanginan.

Sa pagitan ng pag-iiwan ng kawil, naitanong ni Kuya Into kung bakit ko piniling madestino sa Talim. "Ito kasi ang pinakamalapit na lokasyon sa Maynila na pwede kong puntahan," walang atubili kong sagot. "Naengganyo rin ako dahil nabanggit ang lugar na 'to sa subject namin tungkol kay Rizal. Ilang beses kasi niyang nabanggit ang lugar na 'to sa mga nobela niya." Mukhang nagkainteres si Kuya Into sa sinasabi ko dahil nagtanong siya, "Talaga? Ano namang sabi niya tungkol dito?" Sinubok kong alalahanin. "Ahh! Ang naaalala ko, dito naghiwalay si Ibarra at 'yung rebeldeng si Elias nung tumatakas sila sa mga awtoridad. Ang galing nga ng eksenang 'yun! Nung malapit na silang mahuli, tinakpan ni Elias si Ibarra ng mga bayong at pinaanod sa direksiyon ng Talim ang bangka. Sabay tumalon si Elias para siya ang habulin ng mga gwardya sibil!"

"Banggaling! 'Sabagay, maganda talagang takasán itong Talim at madaling pumunta sa mga bunrok ng Rizal galing rito." Saglit siyang tumigil. "Akalain mong naisulat pa pala ang lugar na ito sa kasaysayan, hane? Sana nga lang 'di makalimutan ng mga namumuno sa Maynila hareng islang hare," dagdag ni Kuya Into. Pagkatapos ay binago niya ang usapan. "Kumain na kaya tayo't baka gutom ka na."

Pagkakain namin sa ibináong dináing na isda mula sa baryo ay umidlip kami sa bangka. Madali akong nahimbing dahil sa pagod sa paglangoy. Pagkagising ko ay nabalikan na namin ang mga kawil na iniwan. Lima sa pitong kawil ang may huli. Ang mga iyon ang inihaw namin kinahapunan. Hindi namin mauubos ang lahat ng iyon kaya iniuwi namin sa barangay ang iba para ilako sa mga bahay sa murang halaga.

Mabagal na lumipas ang araw na iyon. Napakarami naming nagawa sa loob lang ng isang araw. Noon ko tuluyang naranasan ang katiwasayan na handog ng pamumuhay sa isla. "Bakit pala dito mo na piniling manirahan?" tanong ko naman kay Kuya Into. "Ayaw ko na kasing iwan ang lugar na ito. Rito kilala na ako ng mga tao. Mahirap ang palipat-lipat. At saka ayaw kong iwan si Puti. Paniyak malulungkot iyon!"

"Balita ko, iniwan ka ng asawa mo. Nalungkot ka rin ba?" Napatingin sa 'kin si Kuya Into sa sinabi. Akala ko'y magiging seryoso na ang usapan namin. Pero ngumiti lang siya at sinabing, "Aba, aba. May lahi ka rin palang Marites, ha." Natawa lang tuloy kami.

Akala ko talaga, magiging mas malapit na kami ni Kuya Into sa pagtatanong kong ‘yon. Hindi naman sa pambababa sa kanya, pero para siyang asong maamo sa simula pero kapag masyado ka nang lumapit ay naglalabas ng pangil. Siguro dahil na rin ‘yun sa katotohanang iiwan ko rin naman ang isla.

Nagpasalamat ako kay Kuya Into sa pagdala niya sa akin sa mga lugar ng isla. Wala kaming binantayang oras kundi ang paglubog ng araw. Hindi na rin pinabayaran ni Kuya Into ang gasolina ng bangka niya, na madalas ako ang nagbabayad kapag bumibiyahe kami. Ayaw niyang tanggapin kahit anong pilit ko. Nginingitian lang ako ni Kuya Into.

Nanood kami ng teleserye sa huling pagkakataon. Malungkot ang katapusan ng episodyong iyon. Ayaw kasing pansinin ng bidang lalaki ang paghingi ng tawad ng bidang babae sa ginawa nitong pag-iwan sa kanya nang walang pasabi. Kaya malungkot din kaming mga nanood. Umaasang sa susunod na yugto ay magkakaroon ng kapatawaran at matutuloy ang pagmamahalan. Sa takbo ng istorya, alam kong ganoon nga ang mangyayari. Pero tinablan pa rin ako, hindi sa palabas, kundi sa tunay na lungkot na naramdaman ko sa mga kasamang nanood.

Bago tuluyang makaalis ay tinawag ko si Kuya Into. Nakalusong na siya sa tubig papunta sana sa bangka niya.

“Salamat ulit, Kuya Into, ha.” Pasigaw kong sabi kahit ‘di naman siya gaanong nakakalayo.

“Oo, walang problema, basta sa susunod, magdadala tayo ng toma.”

“Haha! Oo ba. Bukas pala, ha, samahan mo ulit ako sa sityo.”

“Sige, sige, bukas.”

“Sige… Saan ka pala pupunta? ‘Di ba dito ang bahay mo?” nakaturo ako sa baryo.

“Roon sa taas, sa taniman. Baka nagugutom na ‘yung si Puti ko, e.”

“A, oo nga pala. Sige!”

“Okey, bukas.”

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Noon ko lang naalala ulit si Puti. Pinanood ko si Kuya Into habang papalayo. Sakay ng bangkang de-motor, pabalik sa matalik niyang kaibigan at katuwang sa trabaho at buhay.

Sa kung anong dahilan ay nagising ako nang maaga. Sa kabila iyon ng págod ko nung naunang araw. Naihanda ko agad ang gamit ko na dadalhin sa pupuntahang sityo. Nag-almusal ako at naghintay kay Kuya Into na makakasama ko, marahil, sa huling pagkakataon.

Naghintay ako pero alas-otso na ay wala pa siya. Dumating ang alas-nuwebe at alas-diyes pero hindi siya dumating. Hindi rin alam nina Ate Badet ang dahilan. Hindi pangkaraniwan na mahulí si Kuya Into.

Ilang sandali pa ay nagpatawag na si Ate Badet ng ibang bangkero. Para maituloy ko ang huling trabaho sa linggong iyon.

Mabilis na natapos ang araw. Pero hindi panatag ang loob ko. Meron kaya akong nasabing masama kay Kuya Into? Wala naman siyang sinabing may lakad siya ngayon.

Kinabukasan ay umalis na ako sa Barangay Tuna. Iniisip ko kung kailan kaya ako ulit madedestino sa mga patse-patseng paraiso nito. Nagpaalam ako sa lahat ng kakilala. Maliban sa kanya, kay Kuya Into. 'Di pa rin siya nagpakita. Nangibabaw ang lungkot sa akin dahil parang may bahagi ng sarili ko na naiwan sa islang iyon.

Isang buwan ang lumipas. Nagsadya ako sa health office ng Cardona para kunin ang sertipikasyon ng misyon ko sa Tuna. Ilang linggo na lang rin 'yon bago ako magtapos sa kurso ko. Nag-a-apply na rin ako noon ng trabaho sa Singapore. Didiretso na sana ako sa Tuna para mag-abot ng balita nang marinig ko ang ud-uran ng mga kawani, na inusisa ko naman. Umatake na naman daw ang mga piratang lawa! Pero hindi na sila sa gitna ng lawa umatake. Isang resort na pagmamay-ari ng isang dayuhan ang pinasok ng mga ito. Sa Tuna! Si Emmanuel! Lupa ni Emmanuel ang sinasabing pinasok ng mga bandido. Higit sampung lalaki, sakay ng dalawang mabibilis na bangka ang sumugod. May kargadang malalakas na baril. Walang nagawa ang gwardiya ng resthouse na naabutan daw na nanonood ng teleserye. Iniwan ang gwardya na nakagapos. Ang asawa ni Emmanuel ay himalang nakatakas at nakatakbo sa baryo. Doon na siya nakapagsumbong sa Coast Guard na nanonod din ng parehong teleserye.

Si Emmanuel, maswerteng wala sa bahay nang mga panahong iyon. Nasa *mainland* daw pero hindi alam ng asawa kung nasaan mismo. Nakuha ng nasabing mga bandido ang mga nakatagong kayamanan ni Emmanuel.

Pero hindi ang istoryang iyon ang tumawag sa interes ko. Ayon daw sa testimonya ng asawa ni Emmanuel, isang lalaki raw ang dumating pagkaalis ng mga bandido, habang nakagapos pa sila. Nakatakip ang mukha at armado ng patalim. Isinabit daw ng lalaki ang gwardiya nang patiwarik sa puno. Narinig ng asawa na sinisigawan ng lalaki ang gwardya, bago nito saksakin ang gwardya at iniwan para mamatay. Ang asawa naman, hinayaan lang na nakagapos sa puno. Pagkatapos ay isa-isang sinilaban ang mga kubol sa nasabing lugar. Walang iniwang nakatayo.

Nang matapos ang lahat ay pinawalan ng lalaki ang babae. Pinatakbo ito at binantaang papatayin din kapag nalamang sumasama pa rin ito kay Emmanuel. Binantaan din daw ito na kahit makipaghiwalay siya kay Emmanuel, dapat ay hindi ito maging legal. Mananatili ang babae na dala ang apelyido ni Emmanuel. Tumakbo nga ang babae habang ang lalaki ay namangka papunta sa direksiyon na nilautan ng mga bandido. Saka na lang nalaman ng barangay ang nangyaring pag-atake.

Mabilis na nagkaroon ng imbestigasyon. Nanggagalaiti raw kasi si Emmanuel habang nagsusumbong sa munisipyo. Galit ito na tila inuutusan ang bawat kawani na bilisan ang trabaho sa pag-iimbestiga. Hindi naman daw niya mapabilis ang trabaho dahil naubusan nga siya ng kwartang pampadulas sana sa mga kawani

Sa imbestigasyon ay lumitaw ang pangalan ni Kuya Into. Siya raw ang lalaking nakatakip ang mukha na huling dumating at nagsunog sa buong lugar. Nabosesan daw siya ng babae at nakilala ang dala nitong bangka. Isa pa, nangyari ang krimen nung araw na hindi nagpakita si Kuya Into, nung huling araw na dapat ay magkikita kami.

Matapos marinig ang kuwento, pinuntahan ko ang bahay at ang taniman ni Kuya Into. Nagpasama ako kay Ate Badet. Dala ko sana ang balitang malapit na akong mag-ibayong dagat. Yayayain ko sanang makipag-inuman si Kuya Into, saka ko sasabihing nakasabay ko sa pag-a-apply ng Visa ang isang dating taga-isla din ng Talim, may kargang anak na mestiso, isang inang magtratrabaho sa Singapore bilang kasambahay para masustentuhan ang kinabukasan ng anak na iniwan na din ng banyagang magulang, isang nagngangalang Joy Amihanan.

Sa taniman ni Kuya Into, walang palatandaan na may tumira roon mula nang mangyari ang insidente. Ang tanging kakaiba sa mga nakita ko ay ang isang umpok ng lupa na wala roon dati. Hinukay namin. Doon, nakalibing ang isang aso na may tama ng mga bala sa dalawang paa at isa sa ulo.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Patse-patse

Patches

Jehu Laniog
Ateneo de Manila University
jlaniog@ateneo.edu

Abstrak

Ang kuwentong ito ay lumalawak na gunitang nagsisilbing pinto ng awtor sa isang bahagi ng kaniyang nakaraan. Sa paggalugad sa nagdaan, tinatangka ng kuwentong maghabi ng naratibo mula sa pira-pirasong alaala. Ginamit ang salitang "lumalawak" dahil hindi matatapos ang kuwento, patuloy itong hahaba sa bawat pagtatangka ng pagsusulat. Ang balangkas ng kuwento ay sumusunod sa sinabi ni Craik at Jacoby (2023) na ang pagbubuo ng alaala ay nakadepende sa kalagayan ng isip ng nagbabalik-tanaw.

May mga bahagi ng kuwentong isinulat ng awtor noong nasa ibang bansa pa siya at may ilang bahagi na naisulat ilang linggo matapos siyang makauwi sa Pilipinas. Ang kuwentong ito ay tangka ng awtor na harapin ang sala-salabid na emosyon, ang hanapin ang sagot sa mga tanong na mahirap sagutin habang malayo sa sariling bansa at mga mahal sa buhay.

This story is an ever-expanding memory that serves as a doorway to the author's past. In this exploration of the past, the story attempts to weave narratives from patches of memories. The use of "ever-expanding" reflects the story's continual growth with each rewriting. The story's framework aligns with Craik and Jacoby's (2023) description of how memory construction depends on the person's mental disposition.

Parts of the story were written when the author was living abroad and there are parts written a few weeks after the author returned to the Philippines. This story is the author's attempt to confront entangled emotions, to find an answer to questions that are hard to answer in the absence of home and being away from loved ones.

Mga Susing-salita

alaala, paggunita, dekolonyalidad, karanasan, tunggalian, engkuwentro

memory, reminiscence, decoloniality, experience, conflict, encounter

Tungkol sa May-akda

Si Jehu Laniog ay lecturer sa Departamento ng Sosyolohiya at Antropolohiya ng Pamantasang Ateneo de Manila. Siya ay nagtapos ng BA Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman at MS Anthropology sa Purdue University.

Tala sa Pag-aakda

Ang akdang ipinasa sa *Buhian* ay isang pagtatangkang hanapin muli ang sariling boses. Sa nagdaang dalawang taon, kinikilala ko ang pangangailangang hanapin muli ang panulat. May krisis sa proseso ng pag-aakda,[1] may alinlangan ako sa ambag ng bawat linya sa putol-putol na naratibo ng karanasan. Ang paggunita para sa akda ay dumaraan sa malikhaing proseso ng pagbibigay muli ng kahulugan sa alaala. Dahil sa punto-de-bista ng taong nagbabalik-tanaw, may kalakip itong tanong sa sarili: totoo ba o hindi ang aalala? Ayon kay Craik at Jacoby, ang pag-alala sa isang pangyayari ay nakaangkla sa pinagtutuonan ng atensiyon (111). Kailangang maglaro ang mga imahen ng pangyayari sa bahagi ng utak na nagpoproseso ng emosyon. Kaya may mga salik ng isang pangyayari na malabo o hindi tumpak ang marka sa alaala dahil hindi nito kiniliti ang stimuli ng utak. Makikita ito sa mga tagpo ng buhay na nagdala ng ligaya, lumbay, at kung ano-ano pang emosyong nag-iiwan ng tatak sa isip.[2]

Ang mamuhay sa ibang bansa ay ang mabuhay sa panibagong mundo at ang pagbabalik sa sariling bayan ay ang pagdadala ng mas hasa (o mas mapurol?) na pananaw. Dito nanggagaling ang takot na baka hindi mahanap ng mambabasa kung saan ako nanggagaling, may alinlangan na ang paglagi sa ibang bansa nang dalawang taon ay nag-iwan sa akin ng mga pilat na lumalabas sa pagsasalita, paggalaw, at pagbubuo ng naratibo ng kasalukuyan. Sa takot ding ito ako kumukuha ng lakas ng loob na makapagbahagi ng bago sa posibleng mga mambabasa. Sa bansa natin, iilan lang ang nabibigyan ng pagkakataong tumira at mag-aral sa ibang bansa. Kung titingnan ang socio-economic status/class ng aking pamilya, nakipaglaro sa akin ang pagkakataon at umayon sa akin ang laro.

Sa ngayon, wala ako sa disposisyon para magsulat ng isang kuwentong sumusunod sa tipikal na simula, gitna, at wakas. Sa pagitan ng mga tunggalian sa sarili na hinarap at hinaharap, ano ang nasa gitna ng mga ito? Nahihirapan akong magsulat ng isang kuwentong may inaasahang simula at hindi inaasahang pagtatapos. May ilang tanong din ako sa halaga ng pagsusulat na patuloy na nagtutunggali sa isip ko: Bakit ako magsusulat sa isang bansang nagugutom?

[1] Nabigyan ng laman ang pakiramdam ng "krisis" sa mga diskusyon sa ilang gradwadong klase sa antropolohiya tungkol sa krisis ng disiplina at ang pabalik-balik na diskurso sa kahalagahan at karahasang dala ng antropolohiya sa mga komunidad. Sa kasaysayan ng sangkatauhan, hindi na mabilang ang tala tungkol sa paggamit ng kultura sa mapanakit at marahas na konteksto. Hindi ko na palalawigin ang diskusyon tungkol dito.

[2] Sa kabilang banda, madalang tayong makaalala ng mga karaniwang gawain sa isang karaniwang araw. Sino ang nakakaalala sa mga panahon ng pagkabagot at dead scrolling sa social media?

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Bakit ako magsusulat kung wala namang oras para sa sarili ang karaniwang manggagawa? Bakit ako magsusulat kung hindi naman masusuklian ang oras na ibubuhos ko sa panulat? Bakit ako magsusulat kung hindi naman pinahahalagahan ng karaniwang tao ang mga manunulat?[3]

Kahit wala ako sa disposisyon, gusto ko pa ring ipagpatuloy ang pagsusulat dahil mabigat ang bahagi nito sa pagproseso ng mga bagay-bagay tungkol sa sarili at sa lipunan kung saan ako kabilang.[4] Ang pagsulat ay para muna sa manunulat bago ito maangkin ng mambabasa. Ang halaga ng panulat ay lumalabas nang kusa, hindi ito dapat inuunahan.

Isa rin namang kalakasan ang pagkawala sa porma kahit walang malinaw na daloy, kalakasan din naman ang lakas ng loob na bumali sa mga batas ng pagsusulat. Kung sabihin ng kritiko na hindi ito isang kuwento, baka nga hindi ito isang kuwento mula sa punto-de-bista ng bihasa sa kuwento. Pero para sa akin, ito ay kuwento. Kuwento ko at maaaring kuwento rin ng iba. Ang mahalaga ay nakapagsulat at nakapagbukas ng posibilidad na makapagbahagi sa iba. Ang pagkilala sa posibilidad ng pagkakaiba ng mga paraan sa pagharap sa pagsusulat ng kuwento ay maaaring maging pundasyon ng mas malayang panulat.

Pagkatapos ng dalawang taon sa Sertipiko ng Malikhaing Pagsulat sa Filipino, minumulto ako palagi ng alinlangan na kapag nabasa ng mga guro ko ang akdang isinulat ko, baka makita nilang hindi ako natutong magsulat dahil hindi ko sinundan ang inilatag na mga bahagi ng isang akda. Sino nga naman ang matutuwa sa isang mag-aaral na nagmamatigas na tama ang kaniyang ginagawa kahit hindi naman ito sumusunod sa anyo? Palagi akong balisa sa mga balangkas na dapat sundin, kahit alam kong makatutulong sa akin ang mga ito ay mas gusto kong ilayo ang sarili sa mga batas ng anyo, ng nilalaman, at pagsunod sa dapat at hindi dapat.[5] Para sa isang pasaway na katulad ko, ang akdang ito ay ang aking paraan ng pagkukuwento. Hihingi na lang ako ng pasensiya sa mga mambabasang sasakit ang ulo dahil hindi ito sumusunod sa anyo ng kuwentong inaasahan nila.

Ngayon-ngayon ko lang nakita ang halaga ng pagpatay sa mga anino ng mga alinlangan. Ang mahalaga para sa akin ngayon ay ang makapagsulat nang makapagsulat nang makapagsulat nang hindi iniisip kung ano ang magiging

[3] Karugdong nito, may magulang ba na nangarap na maging isang manunulat ang kanilang anak?

[4] Bakit kaya kinabibilangan, ano? Ang pag-iral ko ba bilang isang mamayan ng Pilipinas ay bahagi lang ng populasyong binibilang kada limang taon?

[5] Ang sabi nga ni Ursula K. Le Guin sa kaniyang nobelang *The Dispossessed*: "To make a thief, make an owner; to create crime, create laws."

tugon sa isusulat ko. Kailangan kong panghawakan ang kalayaang mayroon ako sa sarili kong espasyo, kahit mas madaling ibenta ang sarili sa iba. Mas gugustuhin ko pang matanggap ang aking akda dahil nakita ng kritiko ang halaga ng akdang isinulat ko kaysa matanggap ako dahil inilapit ko ang sarili sa kanila.

Kung hindi malathala ang akda ay walang sama ng loob. Dahil natutuhan kong pangalagaan ang paraan ng paglikha kaysa ang pahalagahan ang inaasahan sa akin. Kung hindi mahahanap ng tao ang dignidad sa kalooban, paano niya pangangalagaan ang dignidad ng iba? Paano makikita ng isang manunulat ang kaniyang boses kung hindi niya pahahalagahan ang sariling proseso ng pag-akda?

Ang akin ngayon, mahahanap ng mga isinusulat ko ang espasyong magpapahalaga sa mga ito. Ang hindi pagkatanggap ay nangangahulugan lang na hindi ito tumutugma sa pakahulugan ng nagbasa sa akda at hindi nagtutugma ang proseso ko ng pagsusulat (at ang pakahulugan ko sa pagsusulat) sa proseso ng kritiko. Kung hindi pasok, huwag ipagpilitan. Ang mahalaga para sa akin ngayon, katulad ng nabanggit ko na, ay ang makapagsulat nang makapagsulat. Hindi na ako makikipaglaro sa apoy, ako ang magiging apoy.

Ang akda ay patagong tangka ng dekolonyalidad ng panulat.[6] Sumusunod ito sa isang payo ng isang kaibigan, na ang dekolonyalidad ay magsisimula lang sa pagkilala sa mga porma ng pagkaapi. Para kay Mignolo at Walsh, kailangang sipatin kung paano kumakapit ang "colonial matrix of power" sa pang-araw-araw na karanasan ng isang postkolonyal na komunidad at indibidwal (49; 76; 108; 114). Ang CMP ay mabibigyang-anyo sa mga porma ng kaapihang[7] dulot ng mga pamana ng kolonyalismo.[8] Hindi nito nilalayong bumalik sa isang prekolonyal na nakaraan, gusto nitong tugunan at bigyang-kahulugan

[6] Tinatangka ng decoloniality na humiwalay sa maka-Kanlurang kaisipan sa pamamagitan ng pagbibigay-tuon sa mga katutubong pakahulugan sa buhay at mundo, na posibleng mabuhay sa labas ng mga estruktura ng kaapihan kung bibigyang-halaga ang paniniwala ng mga komunidad na nabuhay at nabubuhay sa labas ng mga estrukturang ito.

[7] Para kay Tuhiwai Smith (2021), ang kaapihan sa pagsusulat at ang pananahimik ng mga mag-aaral na nasa labas (o ang Other) ng Kanluran ay nanggagaling sa kolonyal na pakahulugan sa pagkatao nila dahil nailatag na ng kolonyalismo ang mga batas ng pagpapahalaga sa pagkatao at pagkakakilalanlan. Sa mas naunang pangungusap, binanggit ni Tuhiwai Smith na ang kakayahang magsulat ay pamantayan ng mas mataas na antas ng sibilisasyon.

[8] Ang banggit ni Resil Mojares (2002) sa paghahambing ng pagbubuo ng bansa bilang naratibo, "The narratives enable us to make sense of our collective passage in time, and pampers us with a sense of progressing, a moving forward in time. Yet, it is also a form that carries with it a particular tyranny, its mystifications and exclusions, predisposing us to determinate ways of framing our subject, of breaking up experience into semantic units

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

ang mga posibilidad na makawala o *delinking* sa pagkaapi (115). Binibigyang-diin ng dekolonyalidad ang karanasan ng mga komunidad na bumubuo ng mga panloob na sistemang babangga sa mga sistemang nasa labas.[9]

Ang pagkilala sa mga anyo ng kaapihan ang tumutulak sa pagkabuo ng akda. Tinatangka ng akda na bumalikwas sa hayag na balangkas at daloy ng isang "magandang kuwento." Para sa akin, ang pagsusulat ay ang paghahanap ng sariling boses at ang pagpapakita ng manunulat ng kaniyang sarili sa kaniyang mga isinusulat. Ang pagsusulat ng akdang ito ay ang paraan ko ng pagkukuwento, at ang pagkukuwentong ito ay repleksiyon ng pagtatangkang buoin ang sarili. Humaharap ako sa mga personal na tanong tungkol sa posisyon at lokasyon, kung saang siwang puwede/dapat pumasok, at ang tuloy-tuloy na pakikipagbuno sa alip-ip. Sa paggalugad sa sarili, lumalabas ang binabanggit ni Audre Lorde na paghahayag sa santinakpan ng pag-iral sa pagtatagpo ng personal at ng politikal, na ang personal ay politikal (17-20).

Ang isa sa nakikita kong kakulangan ng mga nakaraang pagtatangka ko sa pagsusulat ay ang hindi pagpapakita ng pagkatao sa akda. Dahil madalas, hindi nakikita ng mambabasa na humihinga rin ang manunulat, nahihirapang sumakay ng jeep, nakararamdam ng pagkaapi sa sistema, at minsan ay nagpapaalipin sa pera. Sinusubok itong tugunan ng akda sa pamamagitan ng mga patikim ng buhay na nagdurugtong ng karanasan at ng malikhaing pagsulat. Kaya puwede ring matawag na isang autoethnography ang akda, kung hindi magiging mahigpit sa porma at paraan ng pagsusulat ng ilan sa mga tala ng gunita na kabilang sa kuwento.[10] Naniniwala akong hindi kailangang maging makapal na paglalarawan para umabot sa mambabasa ang damdamin.

---

so we can read the past in ways that make intelligible who we are and why we are where we are."

[9] Ang isa sa naging halimbawa ni Mignolo at Walsh (2018) ay ang mga Zapatista ng Chiapas, Mexico na patuloy na gumagawa ng paraan para panatilihin ang kalayaan ng kanilang komunidad. Sa sariling pananaliksik, bumubuo rin ng panloob na sistema ang mga magsasaka sa Camarines Sur para tumugon sa mga pagbabagong dulot ng komersiyalisasyon ng agrikultura. Hindi man buong pagbalikwas sa sistema ang pagharap nila sa mga suliranin, may retaso ng dekolonyalidad na lumalabas sa aksiyon na nanggagaling sa komunidad. Para kay Mignolo at Walsh, ang pag-iral ng mga ito ay dapat na ituring na panalo ng pagbabago.

[10] Sa klasikong antropolohiya, inaasahan ang *anthropologist* na masinop na ilarawan ang mga salik ng kulturang sinisiyasat. Isa sa karaniwang ginagamit na metodo ng pagsulat ang *thick description* ni Clifford Geertz (1973) na naglalayong maipakita ang kabuoan ng isang kultura sa pamamagitan ng pakikipamuhay sa kulturang labas sa anthropologist. Pero para sa isang anthropologist na hindi puti, o nanggaling sa Kanluran, paano ba dapat hawakan ang ganitong metodo kung sa kasaysayan ng larangan, napakaraming tala na nagsasabing ginagamit ang kaalaman sa antropolohiya para mapalalim ang kaapihan? Kung ang layunin ng panibagong yugto-hubog ng antropolohiya ay decolonization at decoloniality, paano ba dapat ang pagsusulat nang hindi inilalagay sa mas malalim na kaapihan/panganib ang komunidad? Paano

Ang pag-iiwan ng mga siwang sa naratibo ang magbubukas sa mga posibilidad ng mga maaari at pagpayag na ang mambabasa ay may pagmamay-ari din sa akda.

Nakalimutan ko na nga siguro kung paano ang magsulat ng kuwento o baka hindi ko naman talaga nahanap ang pagkukuwento noon at nagtatangka lang akong magkuwento ulit dahil nakalimutan ko na ang pakiramdam ng pagkabigo. Dalawang taon kong iniwan ang malikhaing pagsulat dahil kailangan kong bigyang-tuon ang teknikal na pagsusulat para sa Masteral. Pero sa huli ay nahuhuli ko pa rin ang sarili kong nagsusulat sa malikhaing paraan gamit ang banyagang wika. Hindi naman pala dapat paghiwalayin ang dalawa, dahil isang *mental category* lang ang hati sa teknikal at malikhain.[11] Hindi magkakaroon ng buhay ang isang pananaliksik kung hindi lalakipan ng haraya lalo sa isang larangan katulad ng antropolohiya. Ang buhay ng sangkatauhan ay hindi mabibigyan ng kahulugan kung hindi sa paulit-ulit na pag-aakda at pagpapakita ng walang hanggang kanto ng realidad.[12]

Habang nasa ibang bansa, tinatanong ko palagi ang sarili kung bakit napakaraming manunulat sa America. Bakit sa Pilipinas, parang ang liit-liit ng sirkulo ng mga manunulat? Bakit kahit maraming manunulat ay parang kakaunti ang nailimbag na aklat? Nakaiinggit isiping ang sikip ng oportunidad para maging manunulat sa bansa natin. Sa isang local bookstore sa ibang bansa, may nakikita akong librong naisalin sa Ingles dahil binigyan ng pondo ng kanilang gobyerno. Napakalawak din ng mga akdang labas sa malikhaing akda, ang karamihan ay nakatanggap ng funding mula sa pinanggalingan nilang unibersidad/institusyon. Lagpas isang dekada na ang nakakaraan, umangkat[13] ang Pilipinas ng US$61.493 milyon o humigit kumulang P3.5 bilyong halaga

masisigurado ng isang anthropologist na hindi gagamitin ng iba ang kultural na kaalaman laban sa komunindad?

[11] Hango ang *mental category* sa sanaysay ni Anibal Quijano (2000) na *Coloniality of Power, Eurocentrism, and Latin America* kung saan tinalakay niya ang kolonyal na ugat ng herarkiya ng lahi o race. Ginamit ang salitang *mental category* dahil gawa-gawa lang ng mananakop ang hatian ng lahi. Binanggit din ni Quijano na ipinataw sa mga taong nasa labas ng Europa ang herarkiyang ito para gawing lehitimo ang gahum ng Kanluran. Kalaunan, naging mabisang sandata ito sa pagkontrol ng populasyon. Sa konteksto ng Pilipinas, alam naman natin kung ano ang pinsalang dala ng salitang "indio" sa pagbibigay-kahulugan ng ating mga ninuno sa kanilang sarili. Ang banggit nga ni Filomeno V. Aguilar Jr. (1998), nakikipagbuno ang ating mga ninuno na binibiktima ng kolonyalismo sa dalawang panig ng kapangyarihan: ang ipinapataw na pagkatao at ang katutubong pagkatao.

[12] Ang walang hanggang kanto ng realidad ay bersiyon ko ng Pluriverse ni Arturo Escobar (2018). Sa pakahulugan ni Escobar, ang Pluriverse ay ang pagkilala na ang mundo natin ay mundo ng maraming mundo.

[13] Pati sa libro, import dependent ang Pilipinas. Katulad ng mga magsasaka, binabansot ng gobyerno ang mga manunulat.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

ng libro noong 2012 at nakapag-export naman tayo ng US$2.881 milyon o humigit kumulang P162 milyon halaga ng libro sa kaparehas na taon.[14]

Dito sa atin, umuusbong pa lang ang pagsasalin, at paisa-isa pa lang na nakikilala ang mga tagasalin natin sa ibang bansa. Nakikilala pa lang ang mga manunulat natin sa Pilipinas sa ibang bansa dahil naghahanap na ng panibagong *literary boom* ang mga international publisher at isa ang Pilipinas sa bagong hotspot ng panitikan ng mundo.

Kung mas magiging malawak lang ang pagsasalin, kung magbubukas lang ang pinto ng oportunidad para sa mga tagasalin ang bansang ito, mas marami ang mahihimok na tahakin ito bilang trabaho. Pero katulad ng manunulat, hindi naman kumikita nang malaki ang tagasalin. Raket lang ang pagsusulat para sa marami, dagdag income lang ang makapagluwal ng akda. Ang sabi pa nga ng isang kilalang manunulat, walang pera sa panulat.

Ito siguro ang isang bahagi ng problema, hindi mahalaga ang pagsusulat at ang pagbabasa para sa mga nasa kapangyarihan.[15] Ang sabi pa nga ng iba'y walang reading culture sa Pilipinas (na alam naman natin na hindi totoo dahil aktibong-aktibo ang mga book fair nitong nagdaan na mga taon). Ang tanong ay kung ano ba ang binabasa ng marami sa mga mambabasa sa Pilipinas at ano ang dahilan nila kung bakit hindi sila makabisita sa mga akdang Filipino. Siguro ay nakikita nila ang maliit na bahagi ng kanilang sarili sa akdang naisulat ng mga international na manunulat at nahihirapan silang makita ang sarili sa mga akda ng kapwa Pilipino. Kung magkakaroon lang ng halaga ang mga akdang isinusulat sa buhay ng karaniwang tao, mas mahihimok silang magbasa katulad ng pagsubaybay nila sa paborito nilang noontime show. Kung hindi ilalapit ng sistema ang kaniyang sarili, siguro ay dapat na iba ang pagharap ng nagsusulat sa posibleng magbabasa?

Binabalik-balikan ko ang mga alaala dahil nakapag-iwan ako ng ilang bahagi ng sarili sa ibang bansa. Ganoon din ang ibang bansa sa akin ngayong nasa Pilipinas na ako. Ang pagsusulat ng akda ay pagtulay sa magkabilang lubid ng kapangyarihan, na humubog sa akin sa nagdaang dalawang taon. Para sa isang makakalimuting katulad ko, ang pagsusulat ng karanasan ay paraan para makaalala. Naniniwala akong bago mabigyan ng halaga ng mambabasa ang isang akda, kailangang mabigyan muna ng halaga ng manunulat ang kaniyang mga isinusulat. Nabibigyan ko ng halaga ang mga isinulat ko sa kuwento dahil ito ay naglalaman ng kuwento ng sarili, ng komunidad, ng bansa. Kung

[14] Mula sa State of the Book Industry Address ni Chair Flor Marie Sta. Romana-Cruz. Nakalathala sa website ng NBDB ang transcript.

[15] Bakit mo nga naman palalakasin ang maaaring makapagpapaningas sa kinatatakutang apoy?

dumating ang panahong hindi ko na nakikita ang sarili sa mga isinusulat ko, iyon na ang hudyat na kailangan ko nang talikuran ang pagsusulat dahil hindi na ito tumutugon sa pangunahin nitong saysay: ang magpalalim ng pagkatao at pagiging tao para sa sarili at sa iba.

Ngayon, sa pagtatapos nitong maikling tala sa pag-aakda, ayaw ko nang tawagin ang sarili ko na isang manunulat. Dahil may mabigat na responsabilidad ang pagiging manunulat sa kaniyang panahon. Hindi ito sugal, o paraan para itaas ang sarili, o lokohin ang sarili sa pagbuo ng isang pagkatao/tauhan. Ang manunulat ay nagsasalita tungkol sa kaniyang panahon, nagpapakita ng mga aspekto ng kaniyang mundo na tumutulay sa kasalukuyan at tatawid sa hinaharap. Itinatala ng manunulat ang nakaraan, ang kasalukuyan, at ang hinaharap. Pinagtatagpo niya ang bawat yugto sa bawat oras. Napakabigat na responsabilidad, at alam kong wala sa mga balikat ko ang tapang para igawad ito sa sarili. Hindi ko masabi na isa akong manunulat pero nangangarap ako na balang-araw ay makikita ako ng mambabasa bilang isa sa kanila.

Ang lahat ng nakasulat sa akdang ipinasa ko sa *Buhian* ay may halaga at may bigat sa buhay ko noon at ngayon. Ang mga ito'y bahagi ng pagbubuo ko ng sarili at marami sa mga hinuha ko sa akda ay patuloy ko pa ring pinag-iisipan hanggang ngayon. Marami sa mga tanong ang walang sagot, at alam kong hindi naman ito kailangang sagutin pero patuloy ko pa ring hahanapin ang sagot sa mahaba't matagal na panggagalugad.

Kung magiging tapat ako sa akda, hindi na malinaw sa akin kung ano ang fiction sa hindi fiction. Dahil sa usapin ng alaala at nakaraan, palagi itong isang *reconstruction* o pagpapanibagong-tatag. Ang sabi nga ni Resil Mojares, "Anything processed by memory is fiction… the past is mediated by the subjectivity of the narrator and shaped in narrative constructs, stories designed to yield meaning through a particular way of ordering events in time and space (290)." Ang paggunita ay karaniwang nangyayari sa panahon ng wakeful rest o pagninilay, ito ay umaambag sa konsepto at pagpapakahulugan kung ano nga ba ang sarili (Craik at Jacoby 170). Mula sa mga pagninilay na ito, ano ang dapat kong ilagay sa kuwento? May negosasyon sa sarili kung paano ko isusulat at titipunin ang mga bahagi ng kuwento. Dahil sa huli, gusto kong maging tapat sa panulat. Kahit may pagtatago ng sarili, mayroon din namang ipinakikita.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Mga Sanggunian

Aguilar, Filomeno Jr. *Clash of Spirits: The History of Power and Sugar Planter Hegemony on a Visayan Island*. U of Hawai'i P, 1998.

Craik, Fergus at Larry Jacoby. *Memory*. MIT P, 2023.

Escobar, Arturo. *Designs for the Pluriverse: Radical Interdependence, Autonomy, and the Making of Worlds*. Duke UP, 2017.

Geertz, Clifford. *The Interpretation of Cultures*. MIT P, 1973.

Lorde, Audre. *The Master's Tools Will Never Dismantle the Master's House*. Penguin Random House, 2018.

Mignolo, Walter at Catherine Walsh. *On Decoloniality: Concepts, Analytics, Praxis*. Duke UP, 2018.

Mojares, Resil. "Time, Memory, and the Birth of the Nation." *Waiting for Mariang Makiling: Essays in Philippine Cultural History*. Ateneo de Manila UP, 2002, pp. 270-296.

Quijano, Anibal. "Coloniality of Power, Eurocentrism, and Latin America." *Nepantala: Views from South,* tomo 1, blg. 3, 2000, pp. 533-580.

Tuhiwai Smith, Linda. *Decolonizing Methodologies*. Ikatlong edisyon, Zed Books, 2021.

Patse-patse

> If you don't mind going to places without a map,
> follow me.
>
> Ruth Behar
> "The Vulnerable Observer"

"Patingin nga ng likod mo," ang utos sa akin ni Nanay. Itinaas ko ang butas-butas kong sando at iniharap sa kaniya ang likod ko. "Kunin mo nga yung salicylic acid sa drawer, lumalabas na naman itong patse-patse mo sa likod." Pinatakan ni Nanay ang bulak ng kaunting salicylic acid at dinampi-dampi niya ito mga patse ng puti sa likod ko. "Paalala mo palagi sa akin na lagyan ka sa likod mo para mawala," ang banggit sa akin ni Nanay.

♛♛♛

Mabigat ang dala kong maleta, ilang libro ang maingat kong inilagay sa kahon para isama sa akin papuntang America. Ang nasa isip ko, baka wala akong mahanap na kopya ng mga libro na puwede kong gamitin. May ilang nobela at koleksiyon ng kuwento rin akong dala, mga akdang malapit sa akin at nag-ambag nang malaki sa pagmamahal ko sa pagsusulat at panitikan.

Nang banggitin ng isang guro sa isang short course ang Von's Book Shop, ipinagako ko sa sarili na iyon ang una kong pupuntahan pagkatapos ng quarantine. Tuwing Biyernes, kung tapos na sa pagbibigay-grado sa mga readings response ng mga estudyante, sumasaglit ako sa Von's para magtingin-tingin sa una't ilalim na palapag. Nasa unang palapag ang mga bagong libro at nasa ilalim na palapag naman ang mga second hand. Kalahati ang tapyas sa presyo ng mga second hand na libro, mabigat pa rin kung ikokompara sa presyo ng second hand na libro sa Pilipinas.

Minsan, binabanggit ko sa mga kaibigan na hindi na ako bibili ng libro dahil mabigat sa bulsa at hindi naman ako nakapaglalaan ng oras para magbasa. Nang marinig ito ni Seohyung, binanggit niya sa akin ang sinabi ng nanay niya na manunulat sa Korea: Huwag kang magtitipid kung libro ang bibilhin mo.

Napakaraming pamagat ang makikita sa Von's, ang karamihan ay hindi ko kilala ang nagsulat. Minsan, kapag tinitingnan ko ang detalye ng libro sa copyright page, napapansin kong sinuportahan ng isang state dito sa America ang pagsasalin ng akda. Kung tama ang intindi ko, pinagbobotohan ng isang council kung anong akda ang mabibigyan ng pondo para maisalin at

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

mailimbag. Nararamdaman ko ang inggit dahil napakaraming magagandang akda ang hindi pa naisasalin o hindi pa nabibigyan ng pagkakataong mailimbag sa bansa natin. Noong isang buwan nga, tuwang-tuwa ako nang malamang nanalo ng literary grant ang salin ng nobela ni Edel Garcellano na "Maikling Imbestigasyon ng Isang Mahabang Pangungulila."

Nang makalabas ako ng quarantine at makabili ng ilang libro sa Von's, plastic cover ang una kong hinanap. Kapag bumibili ako sa mga booksale sa UP noon, pag-uwing-pag-uwi sa bahay ay babalutan ko agad ng plastic cover ang libro para hindi magasgasan at maiwasan ang gusot sa pabalat. Wala akong nahanap na plastic cover sa mga office supply sa loob ng Purdue, hindi raw sila nagbebenta noon. Siguro'y hindi uso ang pagbabalot sa libro, siguro pagkatapos basahin ay hindi na babalikan, o dahil madali namang palitan ay okay lang na masira. Ilang click lang naman sa internet, at ilang araw na paghihintay ay darating na ang libro sa harap ng pintuan.

Nakatingin ako minsan sa salamin, nagbabago na ba ang hugis ng mukha ko? Paano ko isasakamay ang paghubog ng mukha sa likod ng salamin?

♛♛♛

Malapit na raw dumating ang unang araw ng niyebe.
Kaninang umaga, bumubuga ako ng hamog.
Noong isang linggo, binisita ulit ako ng pangungulila.

♛♛♛

Lumalabas ako para magmuni-muni. Nakakapagod ang dumaan na linggo. Pagkakataon ang bawat araw na iharap ang sarili sa salamin at tanungin na may galang sa sarili: "Para saan ang lahat?"

Kung magsusulat ay magsulat nang buo. Mas mabuti na ipaglaban ang mahigpit na pinaniniwalaan kaysa tumiklop dahil nag-iisa.

♛♛♛

May mga pagkakataon na hindi ko alam kung ano ang sasabihin, kung paano magsisimula ng kuwentuhan. Ang lumalabas lang ay maliliit na tanong na hindi nanganganak ng malaking sagot.

Sino nga naman ako sa harap ng mga taong may narating na sa buhay? Palagi akong nakararamdaman ng kakulangan sa sarili at kahit anong gawin ko ay hindi nagiging sapat ang mga ginagawa ko sa kasalukuyan para matapang kong iharap ang sarili sa iba.

♛♛♛

Hindi ko makalilimutan ang unang sakay ko ng eroplano, 2017 iyon at papunta kami ng Cotabato. Malakas ang ulan katulad nitong mga nagdaang araw, buti na lang at nagpakita ang araw kaninang umaga. Nang makita ko ang pabatid ng Facebook memories, eksaktong apat na taon na ang nakaraan nang mangyari ang unang sakay ko ng eroplano. July 26 at sasakay na naman ako pero ngayon ay palabas naman ng bansa. Mapaglaro talaga ang pagkakataon.

♛♛♛

Alam ko ito noong bago umalis at binati ulit ako nito sa pagbalik: ang marami sa atin ay isinasaloob na ang kaibigan ng kaaway ko ay kaaway ko na rin.

♛♛♛

"Lakasan mo ang boses mo," ang sabi ng isang panelist. Sa pagitan ng pagdadala ng gustong sabihin sa ibang panelist at sa biglang utos, nilakasan ko ang boses ko. Namumula ang suot nilang mga maskarang nakasimangot. "Nag-apply ka ba sa ibang unibersidad?"

Naalala ko ang sinabi ng isang kaibigan, isang selosong institusyon ito. Hindi naman ako sinungaling at iniiwasan ko ang magsinungaling. Noong maliit pa ako, ilang beses na akong napahamak ng ibinabalikong dila, at alam ko na walang dala na buti ang hindi pagtatapat.

"Mayroon na po akong offer sa kabilang unibersidad. Pero nakikipag-usap pa rin po ako sa kanila para sa mas maayos na suweldo."

"Ah ganoon ba," ang sabi ng isang panelist, "bakit mo naisipan na dito mag-apply at ano ang gusto mong ituro?"

"Ang gusto ko po ay umambag sa Araling Pambansa dahil mula sa karanasan, alam kong may maibabahagi ako sa pag-aaral ng rehiyon."

♛♛♛

Pagsusulat din naman ang pagbibigay-tuon sa buhay labas sa panulat.

♛♛♛

Ilang buwan pagkatapos kong ipadala ang mga kahingian ng job opening ng isang NGO sa San Francisco, tinanggap ko nang isang pagkatalo ang hindi nila pagtugon. Tinanggap ko na hindi para sa akin ang trabaho at may naghihintay na para sa akin.

♛♛♛

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

May mga araw na katulad nito: gusto ko lang humiga sa kama at manood ng kung ano-anong video sa newsfeed ng social media. Kung kailan ako nakikipagbuno sa lungkot, bigla namang tatawag si Nanay sa akin.

"Kumusta ka na d'yan, bakit hindi ka tumatawag?" ang sabi sa akin ni Nanay. "Namimiss ka na nila Moomoo. Wala na daw bumibili ng wet food."

♛♛♛

May naligaw na pusa sa amin, matabang siamese. Palagi siyang nagtatago sa mga sulok sa labas ng bahay. Tahimik lang siyang nanonood sa pag-alis namin at nakabantay naman sa aming pagbalik. Kumakain lang siya nang patago sa gabi, kapag wala nang hininga ng tao sa paligid.

"Kumakain na si Ribbit, pumapasok na nga ng bahay," ang sabi sa akin ni Nanay. "Naglalambing nga minsan sa kapatid mo, umuupo pa sa binti."

Ilang araw lang nang mabanggit ito sa akin, ibinalita naman sa akin ni Bunso na namatay na ang pusa. Nang mapansin nilang nananamlay ang pusa, dinala agad nila ito sa vet. Ilang oras lang ang dumaan, sa kalagitnaan ng gabi, nagtext ang clinic at sinabi na inatake daw sa puso ang pusa.

Bago ako lumipad papuntang America, ilang beses ko ring pinapakiramdaman ang pusang iyon. Nararamdaman ko palagi ang lungkot sa puso ni Ribbit. Katulad ng tao, may pakiramdam din ang mga hayop.

Ang malungkot sa pangyayari, kung kailan nagkaroon ng lakas na magbigay ng tiwala ang pusa ay siyang pagsuko ng kaniyang puso na matagal nakipaglaban sa lumbay at pangungulila.

♛♛♛

Pagkatapos magbayad, pinagmasdan kong ilagay ng kahera sa itim na plastic bag ang pinamili kong libro. "Are these everything for you?" ang tanong sa akin ng kahera. "Yes, I got what I need," ang sagot ko sa kaniya. "Alright, have good day," ang banggit niya pagkakuha ko sa hawakan ng plastic. "You too," ang papatalikod ko namang sabi. Paglabas na paglabas ko sa entrada ng Von's, umingay ang paligid: mga nag-uusap habang naglalakad, mahinang tunog ng makina ng mga kotseng nakatigil sa intersection, at ang kaniya-kaniyang musika ng mga bar sa State Street. Kinuha ko ang cellphone sa bulsa at binuksan ang CityBus app para tingnan kung may parating ba na 1B bus sa Fowler Ave.

Pinaunlakan ko ang sumagi sa isip habang tumitingin-tingin ng libro sa Von's kanina: kailangan ko na munang iwanan ang pagsusulat at pagbabasa ng

malikhaing akda. May hinihinging anyo ng panulat ang Masteral na malayo sa estilong tinatangka kong angkinin sa nagdaan na kalahating dekada. Ang bulong ko sa sarili pagdating sa bus stop: isasantabi ko muna ang nabuong sarili at papaunlakan ang naghihintay na posibilidad sa pinto.

♛♛♛

Nagkaroon kami ng tour kanina sa campus, pangalawang araw ito na nagkasama-sama kami ng mga ka-batch ko sa Anthro. Pagkatapos puntahan ang mga pangunahing building sa loob ng campus, dumaan naman kami sa iba't ibang mga cultural center. Tumigil kami sa Asian American and Asian Resource and Cultural Center para mananghalian. Ang banggit ng tour guide, pagkatapos naming kumain ay papasok kami sa AAARCC para tingnan ang mga pasilidad nito. Nakalagay sa isang picnic table ang mga kahon ng pagkain, ang request sa menu ng Literato ay Italian Pot Roast. Kinuha ko ang kahon na may pangalan ko at umupo sa table. Pagkabukas ng packed lunch, nakita ko ang potato salad. Nagpalitan kami ng email ni Talin, ang Academic Program Manager ng Anthropology Department, kung pasta salad ba o potato salad ang gusto kong kainin at kung okay lang ba sa akin na may pork ang pinili kong potato salad. Bago sa pandinig ko ang potato salad, lalo na ang Italian Pot Roast. Wala masyadong lasa ang inorder kong pagkain, ang sabi ng mga kaibigan ay bland talaga ang mga pagkain sa Midwest.

Nakakapagod ang maghanap ng salita sa wika ng iba at natutunan kong mahalaga ang paglalaan ng espasyo para sa sarili. Pagkauwi, tumigil ang paggamit ng wikang Ingles. Nabigyan ako ng saglit para huminga. Pagdating sa bahay, naalala kong binanggit ni Ahmed, isa sa dalawang housemate ko, na puwede kong gamitin ang Netflix account niya sa TV. Tinapos ko ang pelikulang *Birdshot* at ang *Babae at ang Baril* habang pasaglit-saglit na binabantayan ang mga damit sa washing machine. Kahit saglit, nakabalik ako ng Pilipinas mula sa mga eksena sa dalawang pelikula.

Habang umiikot ang heat pump dryer, pumunta ako sa malapit para kunin ang bisikletang binibenta Craigslist. Ang sabi kasi ng adviser ko, mas mabuti kung may sarili akong bisikleta para sa mga errand ko sa West Lafayette.

Sakay-sakay ng bagong bili na Schwinn, dumaan ako sa Happy Hollow Park pauwi ng 2237 Huron Rd.

♛♛♛

"Huwag ka nang umalis," ang mahinhing sabi sa akin ni Lola. "Dito ka na nga lang."

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Kapag malay ka sa paglalaro ng oras, ang hirap mangako ng pananatili kung paglisan lang ang puwedeng gawin para makapaghanap ng mabuting buhay. “Babalik naman ako dito palagi,” ang sagot ko kay Lola. “Hindi ko naman kayo iiwan.”

♛♛♛

Natutulog ako kasama ng mga librong ginagamit ko sa Masteral. Kapag nagninilay sa pagtatagpo ng mga idea at pagkakahon sa gustong sabihin ng mga awtor, kailangang balikan ang ilang highlight at mga ginuhitang linya.

October break, wala si Lauren sa bahay dahil umuwi siya ng Boston para makasama ang kaniyang pamilya at mabisita ang kaniyang boyfriend. Dalawa lang kami ni Mara sa apartment.

Nakikipagtuos ako sa mga tanong na ibinigay sa akin ng Committee para sa Qualifying Exam. Sumaglit sa isip ko ang *Things Fall Away* ni Neferti Tadiar, at ang posisyon ng Pilipinas sa mundo bilang isang bansang dumanas ng *multiple colonialism*.

Nang makita ang kopya ng libro sa kama, napansin kong may punit ang kanang-itaas na bahagi ng libro. Nilitratuhan ko ang kalagayan ng libro at ipinadala kay Lauren sa viber. “Looks like Mara messed with my book early this morning,” ang laman ng message ko.

“Oh, I am so sorry. Can you send the title of the book and I’ll order it online?” ang sagot ni Lauren sa message ko, “She did that to some of my books too.”

♛♛♛

Napapanaginipan ko minsan ang West Lafayette. Naaalala ko ang makupad na paglubog ng araw tuwing Fall dahil malayo ang Midwest sa Equator. Natatandaan ko pa ang pagkamangha nang mapansing alas-otso na ng gabi at may tumatagos pang sinag sa bintana.

♛♛♛

Hila-hila ko ang dalawang maleta papunta sa First Street Towers, walang signal ang dala kong cellphone. Ang inaasahan ko lang ay ang mahinang wi-fi sa mga bukas na network para lumabas ang lokasyon ng pupuntahan ko. Kumuha ako ng litrato at ipadala sa Messenger ng pamilya, “Nakarating na ako,” ang sabi ko.

♛♛♛

Ang pinakamahirap sigurong bahagi ng pagsusulat ay ang paghahanap ng lakas ng loob para mag-isip ng unang pangungusap. Ang payo ng mga batikang manunulat, kailangang mahuli ang imahinasyon ng mambabasa sa mga unang salita pa lang ng isang kuwento, dito magiging invested ang mambabasa. Katulad ng unang pangungusap sa nobelang *One Hundred Years of Solitude* ni Gabriel Garcia Marquez:

"Maraming taon ang nagdaan, habang kaharap ang mga daliring naghihintay ng hudyat na pitikin ang gatilyo, inalala ni Kolonel Aureliano Buendia ang isang hapon nang dalhin siya ng kaniyang Ama para makakita ng yelo."

♛♛♛

Hindi lang panitikan ang libro sa mundo. Pero nasa panitikan ang mundo.

♛♛♛

"Anong kurso ang gusto mong kunin sa college?" ang tanong ko sa mga pinsan ko. Kung hindi engineer, doktor ang isasagot nila. Noong nasa Kinder, gusto kong magdoktor katulad ng mga kaklase ko dahil gusto kong makatulong sa ibang tao. Sa isang banda, gusto ko ring tulungan sila Nanay at Lola na palaging inaatake ng asthma noon. Nang tumuntong na ako sa grade school, gusto ko nang magsundalo. Hanggang sa nawala na sa isip ko ang pangarap na propesyon.

Noong papalapit na akong magtapos sa elementarya, ang isasagot ko sa tanong na "Anong kurso ang gusto mong kunin sa college?" ay palaging "Hindi ko alam." Nang tumuntong ako sa pangalawang taon ng hayskul, doon ako nagdesisyon na gusto kong maging manunulat. Iyon ang pinanghawakan ko hanggang sa makapagtapos ng hayskul.

Minsan kong tinanong si Tatay kung ano ang gusto nilang kunin kong kurso sa kolehiyo, ang payo niya akin noon: kung saan ako magiging masaya ay doon ako pumunta. Ang dagdag pa niya, hindi raw niya nasunod ang gusto niyang kurso noon sa PUP.

Hindi katulad ng mga kaibigan noong highschool, hindi malinaw sa akin kung anong daan ang tatahakin ko. Marami sa kanila, gustong mag-accountancy, engineering, doktor, at kung anu-ano pang sikat na kurso. Ang dala-dala ko lang noon ay ang payo sa akin Tatay: kung saan ka magiging masaya.

Ngayon na natapos ko na ang Masters ko, binabalikan ko ang payo at suportang natanggap ko mula kay Nanay at Tatay. Nakatatak sa akin ang hirap

na pinagdaanan ng pamilya namin para lang makapagtapos ako sa pag-aaral. Natatandaan kong ipinalagay ni Tatay sa loob ng sapatos ko ang pambayad ng tuition loan ko sa UP. Natatandaan kong palagi akong pinapabaunan ni Nanay para makatipid. Natatandaan ko ang pagtitipid ko para makasaglit sa computer shop para makagawa ng assignment dahil wala kaming computer at internet sa bahay.

Kung minsan, pinapayuhan ako ni Nanay na huwag ipakita sa ibang tao na nahihirapan kami sa buhay dahil nakakahiya raw. Kaya siguro natuto akong magtago ng mga kuwento na araw-araw kong dala-dala pero hindi ko nababanggit.

Kapag tinatanong ako kung nakaipon ako sa nagdaang dalawang taon ko sa America (akala siguro ng marami'y limpak-limpak ang pera sa ibang bansa), ang tapat kong sagot ay inililipat ko sa Pilipinas ang kalakhan ng natatanggap kong salary pandagdag sa panggastos ng pamilya at sa pag-aaral ng mga kapatid at pinsan.

Nasa posisyon ako ngayon kung saan gusto kong maibsan ang bigat sa pag-aaral ng dalawang kapatid at ng ilang pinsan para kahit papaano, mas madali para sa kanila ang humarap sa araw-araw. Kaya patago akong naluluha nang makita kong magtatapos na ng hayskul ang bunso kong kapatid at papasok pa sa UP. Maganda rin ang academic standing ng pangalawa kong kapatid na sa UP rin nag-aaral.

Ngayon nga na nagbubukas na ang susunod na kabanata ko, binabalikan ko ang sinabi sa akin ni Tatay: kung saan ako magiging masaya, doon ako pumunta. Liban pa dito, ipinapasatadhana ko na ang mga bagay. Kung saan ako loobin na dalhin, doon ako pupunta.

♛♛♛

Pinapagalitan ako palagi ni Lola Nita kapag nahuhuli niyang kinukutkot ko ang sugat na karaniwan kong nakukuha sa pagkadapa. Kukuha siya ng kapsul ng Amoxicillin at ibubudbod ang laman nito sa sugat ko. Pagkatapos ay hahayaan niya akong tumakbo ulit.

♛♛♛

Ano ba ang dapat nating pag-usapan?

♛♛♛

Papalapag na ang eroplano sa NAIA nang magsalita ang isang babae sa likod ng inuupuan ko. "During the Marcos dictatorship, it was really the golden years

of the Philippines. I was a young person back then and I can still remember how disciplined Filipinos are. Now, anarchy!"

"Manang, please mention the corrupted billions! Mention the Swiss bank, the extravagant parties, the shoes, and the famines that struck a lot of families from Batanes to Jolo!" ang napalakas kong sabi. Tumahimik ang matandang nasa likod ko, inilapit ng katabi kong Americano ang kaniyang ulo sa akin. "I believe you; I've read about the corruption of the Marcoses. It'll be stupid to elect another Marcos in power."

♛♛♛

"Sandali lang, nagbanyo lang sila saglit," ang sabi sa akin. Tumango-tango ako't hindi alam ang gagawin. Kasintamlay ng kulay abong mesa ang reaksiyon ng kanilang mga mukha. Pagkabalik ng mga nagbanyo, bumusangot ang kanilang mga mukha. Lumabas ang kanilang mga maskara, palaki nang palaki nang palaki ang nakakatakot nilang mga mukha. Namumula sa galit ang kanilang mga pisngi at lumalalim ang kunot sa noo. "Bakit ka nag-apply dito sa amin?" ang tanong ng isa. Naramdaman ko ulit ang pamamanhid ng katawan na huli kong naramdaman nang tawagin bigla para magrecite sa Kas 1. "Sa tingin ko po kasi, malaki ang maiaambag ko sa departamento bilang isang iskolar ng probinsya. Noong nag-aaral pa po kasi ako, marami sa mga saliksik na nailalabas ng mga estudyante sa departamento ay nakasentro sa Maynila."

♛♛♛

Ano ang aktibismo kung hindi nakagagawa ng pagbabago sa lipunan? Ano ang aktibismo kung hindi tumutugon sa pangangailangan ng karaniwang tao?

♛♛♛

Nalaman ko lang nang tumira ako sa ibang bansa na mahalaga ang pagiging komportable kasama ang sarili. Palaging abala ang lahat at maaga kong natutunan na kailangang sigurado palagi sa mga gagawin sa araw-araw dahil hindi maghihintay ang makinarya sa nagpapahingang katawan.

♛♛♛

Habang naghahanap ng employment opportunities online, may isang NGO sa San Francisco ang pumukaw sa interes ko. Nagtatagpo ang social science at community engagement sa mga ginagawa nila. Tumutugon ito sa krisis ng dala-dala ko tungkol sa larangan ng antropolohiya at sa krisis ng mga posibleng puntahan. Ang sabi ko sa mga kaibigan, isang dream come true kung matanggap ako sa trabahong ito.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

♛♛♛

Nakatingin ako sa umiikot na ceiling fan, paroo't parito ang ilaw mula sa mga sasakyang labas-masok sa apartment complex kung saan ako nakatira. Kikisap-kisap nilang binabawi't ibinibigay ang dilim sa loob ng kuwarto. Bumabagal ang oras sa pangungulila, gising na ang mga kamag-anak na naiwan sa sariling bansa, abala sila sa kani-kanilang mga gawain katulad ko tuwing umaga dito sa pinaglalagian ko ngayon.

"Good morning sa inyong lahat," ang padala ko sa group chat ng pamilya. Pumipikit-pikit na ang mata ko sa antok. Itinabi ko ang cellphone, huminga ng malalim, at ipinahinga ang katawan.

♛♛♛

Nahuhuli ko palagi ang sariling naluluha sa imahen ng mga nakatayong bagahe sa walang lamang silid.

♛♛♛

Ang sabi ko sa isang kaibigan, pakiramdam ko na ako ay isang gamugamong umiikot sa apoy.

"Bakit hindi mo isipin na ikaw ang apoy na susunog sa pakpak ng mga alalahanin?" ang sagot ng kaibigan sa akin.

♛♛♛

Ilang manunulat kaya sa kasaysayan ng sangkatauhan ang hindi nabigyan ng pagkakataong makapaglathala dahil ang nilalaman ng kanilang mga akda ay hindi angkop sa pakahulugan ng kanilang milyu sa isang magandang akda?

Ilang manuskrito na kaya ang mas piniling sunugin dahil inapula ng mapanirang kritisismo ang apoy ng paglikha?

♛♛♛

Kapag nakalagak ang kapangyarihan sa kamay ng tao, sila na hindi kinikilala ng kapangyarihan ang hindi maaambunan ng biyaya.

♛♛♛

Nabatid ko na ang pananaliksik ay isang anyo rin ng pagsusulat. Ang pagbibigay-buhay sa mga tunay na pangyayari ay katulad din ng pagbubuo ng santinakpan.

♛♛♛

Kung maliit ang mundo, gumawa ng sariling espasyo.

♛♛♛

Tuwing mangangamusta ako sa video call, napapansin ko na nagkakaedad ang dalawa kong kapatid at tumatanda sila Tatay at Nanay, Lola at Lolo. Bumabangon palagi sa akin ang bangungot na dala ng edad.

♛♛♛

Hindi na ako nagulat nang malaman kong hindi tinanggap ang aplikasyon ko. Ang mahalaga sa akin ay hindi ako nagsinungaling kung ano ang gusto kong sabihin. Sa panahon kung kailan sandata ang salita, bilang isang nangangarap na manunulat, bakit ko gagamitin ang salita para manlinlang ng iba?

♛♛♛

Hindi pumapalya sa oras ng gising si Lola Nita. Bumabangon siya ng alas dos y medya ng madaling-araw, maliligo, at magkakape bago pumunta ng Marikina para mamalengke. Noong unang araw ng klase sa pangalawang taon ko sa hayskul, bumisita ako sa tindahan ni Lola para humingi ng baon. Kahit abala sa pag-asikaso sa mga suking namimili sa itinitindang gulay, inabot niya sa akin ang dalawang bente at sampung pisong buo.

Pagkatapos ng klase, diretso uwi na ako sa Sitio. Nang makita ako ng isang kapitbahay, mahina't nagpipigil niyang sambit sa akin: "Nabalitaan mo na ba? Patay na ang Lola Nita mo."

Naglakad ako nang mabilis pauwi ng bahay. Natanaw kong nagkukuwentuhan sa harap ng sirang owner-type jeep ang ilang kamag-anak. Sinalubong ako ng kapatid ko, sabay yakap sa akin nang mahigpit. Hindi ko napigilan ang luha. Dumiretso ako sa kuwarto, pagtangis ko lang ang naririnig ko.

Umiiyak sa kama si Nanay. Napako ako sa pagkakatayo.

♛♛♛

Kailangan na magkaroon tayo palagi ng espasyo para ipaglaban ang iba ngunit kailangan din nating kilalanin ang karahasang dala ng hindi pagbibigay ng espasyo para ipaglaban ng iba ang kanilang sarili.

♛♛♛

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Malaking usapan ang citation politics sa mga diskusyon namin sa klase. Ano ang pinanggagalingang politika ng manunulat? Ano ang kalagayan ng lipunang kaniyang kinabibilangan? Paano magtatagpo ang nabuo niyang kaalaman sa kalagayan ng kadikit niyang mundo?

Sa mga tanong na ito nailapat ang pundasyon sa pagmamahal ko sa mga sulat ni Frantz Fanon dahil ayon sa kaniya, magkakahalintulad ang karanasan ng mga taong napailalim at nakikipagbuno sa mga pamana ng kolonyalismo.

"Marami nang scholar ang gumagamit sa pakahulugan ni Foucault sa kapangyarihan pero iilan lang ang talagang nakakaintindi sa pakahulugan ni Fanon sa karahasan." ang paalala sa akin ng adviser ko. "Ang pinagkaiba nilang dalawa, si Foucault ay nabuhay sa France at si Fanon sa Martinique at Algeria, ang una'y pook ng mananakop at ang pangalawa naman ay mga lugar na sinakop. Sa karanasan nilang dalawa, sino ang mas may sasabihin sa pinanggalingan mo?"

♛♛♛

Kapag isinasama ako ng mga kaibigan papuntang Indianapolis o Chicago, hindi ko magawang hindi mapatulala sa mga matatayog na gusali. Iniisip ko kung ano ang ginagawa ng mga tao sa loob: alipin ba sila ng korporasyon o sila ang umaalipin sa kanilang mga manggagawa o inaalipin nila ang isa't isa dahil sa pang-aalipin gumugulong ang kapitalismo?

♛♛♛

Hindi yayaman ang Kanluran kung hindi aabusuhin ang Timog. Sa ilalim ng kapitalismo, walang yumayaman sa pagiging tapat. Ang mayaman at yumayaman ay may hayag at tagong anyo ng pang-aabuso.

Hindi ibig sabihin na nababayaran ay utusan at hindi ibig sabihin na nabibili ay aalilain.

♛♛♛

Kung ang layunin ng sistema ay gawing makina ang tao at gawing tao ang makina, kapag umuuwing pagod mula sa otso hanggang dose oras na trabaho ang manggagawa, itutulog na lang niya ang dapat na oras ng pagmumuni at gigising siyang parang makinang paiinitin sa umaga.

♛♛♛

Pagkatapos ng unang linggo ng pagtuturo, nanibago ako sa responsabilidad na humawak ng klase, gumawa ng syllabus, ang maging mediator sa pagitan ng mga estudyante at pagkatuto, at ang mag-isip ng mga paraan para hindi

nakakabagot ang klase. Kung kailangan kong magbigay ng pangunahing aral na iniwan sa akin ng karanasan: hindi dapat katakutan ang pagiging pasaway. Hindi nakaukit sa bato ang mga salik na bumubuo sa mga pananaw natin sa mundo. Aampunin ko ang mga paraan ng pagtuturo na nakatulong sa akin mula sa karanasan ko sa loob ng unibersidad. Kung ang klasrum ay karugtong ng buhay sa labas ng unibersidad, marapat na ituring ang mga mag-aaral bilang kakuwentuhan. Hindi naman pala dapat hinahanap kung sino ang makakakuha ng A, ang sandata ng pagtuturo ay makapagbahagi na hindi simple ang mundo at hindi nasusukat sa grado ang pagkatao.

Matagal ko nang tinatanong ang sarili: ano ako bilang guro? Gagayahin ko ba ang metodo ng mga naging guro? Pakiramdam ko ay walang ligayang dadalhin sa akin ang panggagaya. Bakit ko ipaparamdam ang pasismo sa loob ng klasrum kung puwede ko namang ipakita sa estudyante na maraming posibilidad para matuto, maging tao, at gumawa ng maliliit na pagbabago.

Kung gayon, sa pagmumuni-muni ko, ang pagpapalaya ay magsisimula sa pagbubukas ng mga espasyo para magkaintindihan. Sa dinami-rami ng karunungan sa mundo, paano mo ito maipapaabot sa karaniwang tao?

♛♛♛

"Baka naman ginawa lang niya iyon para hindi mapasama sa interviewer?" ang sagot sa akin ng isang kaibigan matapos kong ikuwento ang karanasan ko sa paghahanap ng trabaho. "Naging maparaan lang naman siya."

"Hindi ko talaga kaya 'yung ganoon," ang sabi ko sa kaniya. "Hindi ko mailagay ang sarili sa espasyong itatago ang sarili ko sa likod ng maskara at ipakita lang kung ano ang gustong makita ng iba."

Sa likod ng isip ko, ang hindi pagiging tapat ay isang karuwagan. Ang hindi pagiging totoo sa sarili ay isang uri ng pagtataksil. Kung nasisikmura ng iba na ibaba ang sariling dangal, mas pahahalagahan ko ang kapayapaan ng isip kaysa tumuka sa butil ng munggo na iniwan nila sa lupa.

♛♛♛

Nasanay akong sumasabay sa binabasa ng mga hinahangang indibiduwal. Ang mahalaga pala ay ang pagpapahalaga sa kalayaang pumili ng mga akdang magpapalusog sa sariling kaluluwa at hindi mampukaw sa mata ng iba.

♛♛♛

Hindi ko kailangang magpagamit sa iba para maramdaman ko ang kalayaan.

♛♛♛

Marami ang nagbebenta ng kanilang kaluluwa para maging manunulat. Pero ang ipinapalit talaga nila ay ang dignidad at ang kalayaan na magsulat para sa iba. “Buti na lang hindi ka naging sell-out,” ang sabi sa akin ni PJ. “Marami sa mga ka-batch ko ngayon, sumusunod na sa dikta ng kani-kanilang mga padrino. Para silang mga carbon copy ng kanilang mga iniidolong manunulat.”

♛♛♛

Ang kuwento ng isang propesor, aktibo daw siyang sumasama sa mga demonstrasyon noong panahon ng diktadurya. Pagkatapos ng rally sa harap ng U.S. Embassy, pupunta sila sa Malacañan para magreport sa Unang Ginang.

Habang nagtitingin-tingin ako sa newsfeed, napakaraming balita mula sa dalawang panig. Pero ang pinakamaingay ay ang paghingi ng pasensya ni Bongbong dahil trapik na dinala ng kanilang caravan sa Quezon City. Sa ganitong naratibo tumatakbo ang balita tungkol sa mga caravan para kay Bongbong: marami ang pumunta na nagdulot ng traffic.

Noong isang araw nga, nagkaroon ako ng sagutan sa isang dating guro. Karaniwang tao lang naman daw siya at mababa daw ang tingin ko sa kaniya. Hindi iyon ang dahilan kung bakit ako nag-engage sa post niya, gusto ko lang makipagpalitan ng idea tungkol sa sinusuportahan niyang kandidato. Natapos ang usapan sa ganitong linya: goodluck at masaya ako sa naging growth mo.

May kausap akong isang Filipino noon. Tinanong ko siya kung sinong iboboto niya, ang sabi niya, si Bongbong. Tinanong ko kung bakit, ang sabi niya ay hindi niya alam, basta ang gusto niya ay si Bongbong.

Kanina, pinakinggan ko ang Nobel Lecture ni Abdulrazak Gurnah: “A new, simpler history was being constructed, transforming, and even obliterating what had happened, re-structuring it to suit the verities of the moment. This new and simpler history was not only the inevitable work of the victors, who are always at liberty to construct a narrative of their choice.”

Naalala ko na naman ang sinabi ni David Foster Wallace sa *This is Water*: “Worship power, you will end up feeling weak and afraid, and you will need ever more power over others to numb you to your fear.”

♛♛♛

“Ayaw kong maglagay ng kontrobersyal sa presentasyon ko,” ang banggit ng kapwa ko aplikante, “mahirap nang malagay sa gitna ng apoy.”

Pero sa isip ko, ang katapangan na ipakita sa panel ang mga bagay na maaaring hindi nila ayunan ay pagiging tapat sa sarili. Ang pagtatago ng sariling mga paniniwala ay isang malaking karuwagan.

"Pero kapag nasa klase naman ako, iba na ang ituturo ko sa mga estudyante," ang dagdag pa ng kapwa aplikante.

♛♛♛

Iba ang ibig sabihin ng oportunista sa Pilipinas. Kadikit ito ng gahaman, manggagamit.

♛♛♛

Ang pagpapahalaga sa buhay ay lumalalim sa papalapit na pagkawala nito. Hindi ko naman puwedeng itapon ang katawan na kinakain ang kaniyang sarili. Hindi naman ako puwedeng lumipat sa ibang katawan. Mananatili akong nandito hanggang sa dulo.

♛♛♛

"Buti naman at nagkaroon ka na ng Covid," ang sabi ni Khaled sa akin sa text "ngayon hindi mo na kailangang matakot na hindi magmask."

♛♛♛

Mas mabigat ang timbang ng balita kapag nasa ibang bansa. Nakikipagtunggali ang imahinasyon at bumabawi ang isip sa layo ng mga pangyayari. Malalim ang pinag-uugatan ng galit kapag nasa ibayong dagat.

♛♛♛

Kapag may pinapaslang na journalist sa Pilipinas, iniisip ko palagi ang mga kuwento tungkol sa matataas na opisyal ng gobyerno. Kung kayang ipatumba ang mga journalist na nagtatrabaho sa politikang lokal, paano babangon ang lakas ng loob na imbestigahan ang mga taong may mataas na posisyon?

♛♛♛

Ang imahen sa labas ay iba sa imahen ng loob. Ang kontradiksiyon na hindi ipinapakita at ugnayang inihahayag ay magkaiba.

♛♛♛

Naglalakad ako sa Walmart, tulak-tulak ko ang walang laman na cart. Ang kailangan ko lang naman ay ilang karne ng baka at manok. Ang ilang rekado'y puwede ko nang kunin sa Fresh Thyme malapit sa bahay. Malaki ang mga

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

estante nila rito, matitingkad ang kulay ng mga packaging at nakakalunod ang dami ng mga produkto. Sa Pilipinas, natatandaan kong may monopolyo ang iilang malaking kumpanya sa mga pangunahing produkto. Ganoon din dito pero dahil ang dami-daming produkto ng isang kompanya, may ilusyon ng malayang pagpili. Ang dazzlement ng kapitalismo ay malakas sa America, ang sentro ng globalisasyon.

♛♛♛

Naibalita sa Exponent na may natagpuan na namang bangkay malapit sa ilog Wabash. Nang maglabas ng report ang mga pulis, isang international student daw ang biktima. Tinitingnan pa kung may nangyaring foul play o kung nagpatiwakal ang estudyante.

♛♛♛

Agosto 3, pagkatapos ng pitong araw na quaratine, nagpadala na sa akin ng hudyat ang quarantine coordinator na puwede na akong lumipat sa regular housing ko. Pumayag naman siya nang tanungin ko kung puwede akong lumabas sa umaga ng a-tres, basta kailangan kong makaalis sa First Street Towers sa umagang iyon.

Pagkagising na pagkagising, lumabas ako ng building para maglakad-lakad sa campus. Mahamog pa ang paligid at may kirot ang lamig ng hangin. Ang nakalagay sa email, kailangan kong kunin ang ID sa Earhart Hall.

Alam kong hindi na mauulit ang pakiramdam na maglakad sa campus sa unang pagkakataon. Naghahalo ang tuwa, kaba, pagkamangha, at ang pagpapaalala sa sarili na kailangang galingan dahil hindi naman lahat ay nabibigyan ng pagkakataong tumayo sa kinatatayuan ko ngayon. Bumalik ako agad sa First Street Towers para maghanda sa pag-checkout.

Malapit nang magtanghalian nang dumating si Ahmed sa First Street Towers. Siya ang isa sa dalawang housemate ko. Nagbook siya ng Uber, ang sabi ko sa kaniya'y babayaran ko siya kapag sumuweldo ako. "Don't worry about it. If you need anything else, just send me a message… I'll see you in our house later."

Pagkarating ng Uber sa 2237 Huron Rd., nakaramdam ako ng kaba. Hila-hila ang dalawang maleta, lumapit ako sa pinto ng bahay. Naaninag ko sa salamin ng pinto na may tao sa loob, pinagbuksan ako ni Khaled na abala sa pag-vacuum ng bahay. "Hello, welcome!" ang paunang bati niya sa akin. Itinuro niya sa akin kung nasaan ang kusina, ang banyo, at ang magiging kuwarto ko. Naramdaman ko lang ang kalam ng tiyan pagkatapos kong

maglagay ng punda at kobre-kama. Naisipan kong puntahan ang malapit na KFC para umorder ng pagkain.

Pagpasok ng KFC, may dalawang lalaki na kumakain. Hindi katulad sa Pilipinas, mas gusto ng mga taong magdrive through na lang kesa pumasok at kumain sa loob ng kainan. Tiningnan ko ang menu at nanibago sa laman: walang kanin.

Dalawang pirasong manok, isang biscuit, may side na gravy, at isang large na Pepsi ang inorder ko. Ibinayad ko ang dala kong dolyar na ipinalit ko pa sa bangko ilang linggo bago umalis papuntang America. Napansin kong lahat ng nagtatrabaho sa KFC ay hindi puti at naririnig ko silang nagsasalita ng Espanyol.

Pagbalik sa bahay, nadismaya ako sa unang kagat sa manok. Masyadong maalat ang timpla at masyadong mamantika. Sa isip ko, marami pang pamilyar na mga bagay ang hindi magiging pamilyar. Ganito siguro sa ibang bansa, nag-iiba ang lasa at panlasa.

♛♛♛

Mahalaga ang pagkakaroon ng sariling komunidad. Sa isang bansang hitik sa *racism*, ang pinakamapagkakatiwalaan ay ang mga taong may kaparehong karanasan.

♛♛♛

Niyaya ko si Seohyung na bumisita sa JL Records malapit sa Wabash River, maliban kasi sa pagiging records store ay tinatawag din nila ang kanilang tindahan na isang museum.

"Do you have Charlie Mingus' The Black Saint and the Sinner Lady?" ang tanong ko sa staff. "Do you have a minute? I can look it up," ang sagot niya sa akin. Ilang minuto siyang pumindot sa kaniyang mouse. "If you want, I can order it for you," ang bigla niyang sabi sa akin pagkatapos ng ilang minuto.

Umiling ako, sabay sambit ng "I'm leaving West Lafayette in a couple of days, so I might not get the record on time." Tumango siya sa akin, "Alright, have a good day."

"You too."

Paalis na pala ako ng West Lafayette. Mahaba-habang biyahe naman pabalik ng Pilipinas at bagahe kong baka hindi na muling makabalik ng America. May mahahalagang bagay pa na kailangang asikasuhin, pero dahil sa

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

sirkumstansiya ng panahon, tatapusin ko na lang sa Pilipinas ang manuskrito ng tesis ko at dedepensahan ito via Zoom.

♛♛♛

"Bakit ka umiiyak?" ang sabi sa akin ni Seohyung, "Magkikita pa rin naman tayo. Nasa Korea lang ako."

"Bibistahin ka namin sa Pilipinas," dagdag pa ni Gabriela. "Hindi pa naman dito magtatapos ang lahat. May social media naman, 'di ba?"

"My dude, tandaan mo lang na palagi kaming nandito kahit malayo tayo sa isa't isa." Napanatag ako sa mga sinabi nila kahit alam kong magiging mahirap para sa amin ang magkita muli. Nang pagtagpuin kaming magkakaibigan sa unibersidad, hindi ko akalaing maipapakita ko ang isang bahagi ng loob kong hindi ko pa naipapakita kahit kanino.

♛♛♛

Nang malaman kong may mall sa Lafayette, inilagay ko sa kalendaryo ang pagbisita kahit medyo malayo sa tinitirhan ko. Ang malalaking mall pala dito sa Estados Unidos ay makikita lang sa mga siyudad. Sa isang maliit na bayan katulad ng Lafayette, malaki na at buhay na buhay ang Tippecanoe Mall kahit parang kakaunti lang ang mga tindahan kompara sa tipikal na SM sa Pilipinas.

♛♛♛

Kinatatakutan ko ang umuwi sa Pilipinas at makita na hindi ko na kilala ang sarili. Ano ang mga bagay na nakuha ko sa America na wala nang umalis ako ng Pilipinas at ano ang dadalhin ko sa pagbalik?

♛♛♛

Ang biro ko sa isang propesor: "Ilang buwan pa lang ako sa America, pakiramdam ko ay nabubuhay ako sa bunganga ng buwaya."

Kapag nababanggit ko ang mga himutok ko tungkol sa America, sasagot naman ang isang kaibigan na: "Don't you worry, I also hate the United States."

♛♛♛

Magdadalawang buwan na ako dito sa ibang bansa. Naiaapak ko na ang mga paa ko sa labas ng kuwarto na hindi namimilipit ang dila. Pahakbang-hakbang na iniaakyat ang sarili para maging abala.

Hindi naman nawala ang koneksiyon ko sa Pilipinas, nakakapagbasa pa rin ako ng balita at nakikipagkuwentuhan sa mga kaibigan kung may oras. Hindi rin nawawala ang paminsan-minsang video call kasama ang mga mahal sa buhay.

Dati, hindi ko maintindihan kung bakit pinipili ng marami na umalis ng Pilipinas. Hindi ko naman hinihiling na umalis, dumating lang ang pagkakataon at nasasayangan akong palagpasin. Ngayon na nasa labas ako, nakapanlulumong makabasa ng sunod-sunod na mga kakilala na nagpositibo at/o namatay dahil sa Covid. Dalawang taon na ang pandemya d'yan sa atin, dito naman ay parang normal na ang lahat. Sa loob-loob ko, hindi ako karapat-dapat sa prebilehiyong iniaambon sa akin ng sitwasyon. Pero bumabalik ako palagi sa motibasyon na kailangan kong pagbutihin dito.

Nitong isang araw nga, habang pinapanood ang pumuputok na mukha ni Harry Roque na parang may tsokolate pa sa pisngi, iniisip ko ang mga tao d'yan sa atin. May paghahanap ng posisyon, ang pagsagot sa tanong na: ganito ba ang pakiramdam na maihiwalay ang pisikal na katawan pero nakadikit ang kamalayan?

Naalala ko ang isang kaibigan na nagkasakit nang mabalitaang ibinaba ang Martial Law sa Mindanao. Ayaw kong magkasakit dahil mag-isa lang ako, wala akong kapamilyang nakatira dito, at binabagabag ako ng migraine na apat na araw ko nang tinitiis.

Hihinga na lang ulit nang malalim, at ipapanalangin na maging mabuti na ang kalagayan natin d'yan sa Pilipinas.

Palagi akong nag-iingat dito, at sana ay mag-ingat rin kayo d'yan. Walang pinipiling paslangin ang Covid-19. Huwag nang mag-alinlangan sa pagbabakuna.

Ilalaban ang bawat araw kahit mahirap.

♛♛♛

Kakatapos ko lang kumain ng sinigang na bangus na galing sa mga Filipino na nameet ko dito noong isang araw. Mayroon ding adobo sa ref. Totoo nga na nasa lahat ng sulok ang mga Pinoy. Sa susunod na linggo pormal na magsisimula ang klase, pero sa ngayong linggo dadalo muna ako sa mga oryentasyon at mag-aayos ng mga papeles. Ipapahinga na muna ang binting nabigla sa matarik na trail kanina.

Dumating ang dalawang balikbayan box kanina. Nasa loob nito ang dalawang taong buhay ko sa America, ang mga librong hinawakan kong

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

mahigpit kapag nagdududa kung may saysay pa ba ang mga hinuha ko sa mga bagay-bagay.

Isa siguro sa aral na isinapuso ko habang nasa ibang bansa ay ang pagiging bukas sa mga librong babasahin. Hindi na lang pagkatuto ang pagbabasa kung hindi ang magpatuloy sa buhay.

Ipinapaalala sa akin ng mga librong dinala sa America at ng mga librong paisa-isa kong binili na maraming mundo sa ating mundo. May iba't ibang uri ng kapangyarihan pero mas makapangyarihan ang relasyon natin sa isa't isa.

Ang problema ko ngayon ay kung saan ko ilalagay itong mga libro ko. Kailan ba ako magkakaroon ng opisina para mailagay ko ang mga ito sa maayos na shelf?

♛♛♛

Kapag uuwi ako ng Bikol, hindi ko babanggitin kay Lola Minia at Lolo Seth ang pagbiyahe ko. Lilitaw na lang akong kumakaway sa kanila mula sa malayo at makikita kong nakangiti si Lola na kumakaway pabalik.

Nang magretiro si Lolo bilang pahinante ng Coca-Cola, nakapagpundar siya ng bahay sa Cavite. Ang unang alaala ko ay hawak ni Tatay ang kamay ko at papunta kami sa LRT Santolan. Naghihintay na pala doon si Lolo Seth para kunin ako. Palagi kong napapanaginipan ang pag-iyak ng bata ako sa loob ng tren at ang pag-iyak ko habang nakatingin sa bintana dahil hindi ako sanay na wala si Tatay at Nanay. Dahil hindi ako mapatahan, sinundo rin ako kaagad ni Tatay kay kina Lolo't Lola.

Maliit pa noon ang pangalawang kapatid ko, nakailang bisita rin kami sa bahay nila Lola't Lolo sa Cavite. Nakasakay pa kami noon sa pinapasadang taxi ni Tatay. Wala ako masyadong matandaan sa pagbiyahe namin dahil palagi akong nakakatulog kapag nalamigan na ang batok ko.

Nang magdesisyon sina Lolo at Lola na bumalik sa Bicol para alagaan si Lola Bandang, ang Nanay ni Lola, matagal na ulit bago kami nagkita ulit. Wala pang social media noon, wala pang video call, at hindi pa maganda ang signal sa probinsiya (at mahal din ang bawat minuto ng tawag).

Papatapos na ako ng highschool nang makita ko ulit si Lolo Seth. Lumuwas siya ng Maynila para bisitahin ang kapatid niya, si Lolo Efren. Nang makita ko si Lolo Seth, napansin ko ang kulay abo niyang buhok, iba sa Lolo Seth sa alaala ko na may napakaitim na buhok.

Bakasyon rin iyon kaya isinama ako ni Lolo pauwi ng Camarines Sur. Disyembre iyon kung hindi ako nagkakamali, nasa kalagitnaan na ng 4th year high school. Idinugtong ako ng pag-uwi na iyon sa Bicol at parang nagbago rin ang mga bagay-bagay.

Kaya habang naghihintay ng masasakyang bus pauwi kanina, naisipan kong mag-video call kay Tita Eva. Umaga naman na at maaga silang gumigising doon. Nang sagutin ni Tita Eva ang tawag, ipinakita niyang nag-aalmusal sila. Ipinakita pa sa akin ang pandesal, na ilang buwan na akong nagke-crave dito.

Kahit patawa-tawa lang ako, parang nalamutak ang puso ko nang sabihin ni Lola na masaya siyang makita ako kahit na isang minuto lang. Tuwing bakasyon kasi, palagi niyang tinatanong kung uuwi ba ako sa amin. Pero ngayon, hindi ko masabi na makakauwi ako sa Disyembre. Imposibleng makauwi dahil mahal ang pamasahe, hindi naman tumitigil ang pagbabayad ng renta dito kapag walang pasok.

May gusto akong padalhan ng aplikasyon para sa darating na summer, field school sa Bicol. Kung matatanggap, sasagutin nila ang pamasahe mula Los Angeles hanggang Bicol, at magkakaroon ng training doon nang isang buwan. Kahit hindi pa sigurado ang mga bagay, nabanggit ko na lang kay Lola na uuwi ako sa susunod na taon. Sa buwan ng anihan, ang sabi ko. Panahon din iyon ng research fieldwork ko para sa Masteral.

Malungkot ang mas lalong mapalayo. Hindi na lang dose oras na biyahe sa bus ang kailangang bunuin para makauwi. Hindi na lang P850 ang pamasahe. Pero kailangang ilaban ang mga bagay. Kailangang magpursigi at kunin ang mga oportunidad. Inspirasyon sina Lolo't Lola sa bawat araw dahil alam kong naghihintay sila sa pag-uwi ko ng Nabua.

♛♛♛

"Goodbye, Jehu," ang sabi sa akin ni Gabriela. Niyakap ako ni Shradha, sabay sabing "Don't worry, we will visit you in the Philippines."

"You're crying again," ang sabi naman ni Seohyung sa akin.

"I'll miss you guys. I'll miss the co-working, our conversations at The Spot."

"We will miss you too," ang sabi nilang tatlo. "We will stay connected, you know. This is not the end," ang dagdag ni Shradha.

Pagkapasok ko sa shuttle, naglakad na sila pabalik ng Stone Hall. Kahit may tint ang van at alam kong hindi nila ako nakikita sa loob ay kumaway pa rin sila sa akin.

"Ito na ang simula ng pagpapaalam sa lugar na ito," ang sabi ko sa sarili, "bagong kabanata na naman ng buhay."



Kalaunan, nakalimutan ko na may mga patse ako sa likod. Nawala ang mga tanda pero hindi nawala ang pagpapahalaga sa mga markang iniwan sa akin ng karanasan. Matagal kong napagtanto na ang mga patse-patse natin sa katawan ang testamento kung ano at sino tayo bilang tao.

Itaas ang Kamay at Iwagayway

Throw Your Hands in the Air Like You Just Don't Care

Vincent Christopher A. Santiago
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
vasantiago@up.edu.ph

Abstrak

Ang kuwentong ito ay nakasentro sa panipis nang panipis na mga ugnayang domestiko sa pagitan ng mag-asawang Chard at Meling, at ang dalawa nilang anak na sina Bugsy at Jonesy. Si Bugsy ay papatapos na sa kaniyang kursong Civil Engineering at desididong kumuha ng licensure examinations sa susunod na taon. Ang pagkadesidido niyang ito ay nagmumula sa pagkabigo ng kaniyang ama na nakatapos nga ng naturang kurso ngunit hindi na nakuha ang lisensiya sa pagiging inhinyero. Si Meling naman at Jonesy ay nagkakaisa sa pagpapaalala at pagtawag ng pansin sa mag-iisang taon nang sira nilang telebisyon. Sa panahon kung saan nakalunan ang kuwento, pangunahing libangan pa rin ang panonood ng iba't ibang mga palabas sa TV. Magpipresenta ng oportunidad upang mapanumbalik ang kapayapaan at katahimikan sa kanilang tahanan ang isang sorpresang raffle draw sa Christmas party sa kanilang kapitbahayan, pati na ng oportunidad kay Bugsy na balikan ang isang bahagi ng kaniyang pagkabata na matagal na niyang isinantabi.

This story is centered on the strained domestic relations between the couple Chard and Meling and their two sons Bugsy and Jonesy. Bugsy is set to finish his Civil Engineering degree and is determined to take the licensure examinations the following year. This determination of his stems from his father's failure who, despite finishing the same degree, was

unable to secure an engineering license. Meanwhile, Meling and Jonesy are united in reminding and directing everyone's attention to their television which has been busted for almost a year. In the period when the story is set, watching TV shows is still the primary source of entertainment. A surprise raffle draw in their neighborhood Christmas party will present itself as an opportunity to potentially restore peace and quiet in their household, while also presenting Bugsy with an opportunity to look back at a part of his early childhood that he had disregarded for a long time.

Mga Susing-salita

realismo, kapirasong buhay, subdibisyon, pagdadalaga/pagbibinata

realism, slice of life, subdivision, coming-of-age

Tungkol sa May-akda

Si Vincent Christopher A. Santiago ay kasapi ng kaguruan sa Departamento ng Linggwistiks, Kolehiyo ng Agham-Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nailathala na ang kaniyang mga akdang pampanitikan sa *The Literary Apprentice*, *Revolt Magazine*, at *Ilahás Literary Journal*. Naging fellow siya sa Ika-18 na Ateneo National Writers Workshop na ginanap online noong Hunyo 2021.

Sina Bugsy sa Breezyville at ang Mega-Urban Region (MUR) ng Pilipinas

Pinoproyekto ko sa akdang ito ang pagsalamin sa buhay sa loob ng gated community o "subdibisyon" sa Pilipinas; iyong partikular na klase nitong tinitirhan ng lower to middle class na mga Pilipino. Ayon sa heograpo at iskolar na si Andre Ortega, mas malawak ang pakahulugan ng salitang "subdibisyon" sa konteksto ng bansang Pilipinas. Nagpapakita ang kategoryang ito ng magkakaibang antas ng pagkaeksklusibo at uring panlipunang baryasyon sa imahen at konteksto ng suburbia sa Estados Unidos (*Neoliberalizing Spaces* 169).

Sa simula nito sa kasaysayan, may konotasyon na mayayaman ang mga taga-subdibisyon dahil ang pinakaunang mga ehemplo ng mga pamayanang ito ay itinayo sa mga siyudad katulad ng Makati, Lungsod ng Quezon, at Las Piñas. Pawang mga mayamang pamilya ang nagsibili ng mga lote sa mga lugar na ito at pinatayuan ng kani-kanilang mga tahanan.

Kaiba sa prototipong ito ng subdibisyon sa kasaysayan, sinikap ipakita sa kuwentong "Itaas ang Kamay at Iwagayway" ang buhay, hindi sa mayayamang gated community sa sentro ng Kalakhang Maynila katulad ng Makati o New Manila sa Lungsod ng Quezon, kundi ang buhay sa mga gated community na produkto ng development sa mga karatig lugar at periphery: Marikina, Pasig, Cainta, at Lower Antipolo. Ang mga elemento na nagdurugtong sa ganitong mga gated community sa mayayaman nilang katumbas sa Forbes Park o Dasmariñas Village ay ang pagkakaroon ng gate, mga pader, mutli-purpose hall na madalas tawaging "club house", basketball court, minsan swimming pool, mala-suburban na kaayusan ng mga kalye, at mga nag-iisa at nagsasariling mga tahanan (*single detached homes*) (Ortega, *Neoliberalizing Spaces* 169).

Ang urbanisasyong nagsimula at patuloy na umiiral sa Kalakhang Maynila ay hindi na lamang nalilimitahan sa mga itinakdang hanggahan ng estado ng National Capital Region, makakarakterisa na ang pagkalawak-lawak na lugar na ito bilang isang "Mega Urban Region" o MUR (Ortega, "Mapping Manila"). Ang MUR ay isang komplikado at tagni-tagning sistema ng mga magkakaugnay na siyudad na nakakalat sa isang malawak na teritoryong sumasaklaw sa daan-daang mga kilometro (Rodrigue). Sa katunayan, sinisipi pa ni Ortega sa kaniyang pananaliksik ang kategoryang *desakota* (mula sa mga salitang Bahasa Indonesia na *desa* 'pamayanan' at *kota* 'lungsod') mula sa heograpong si Terry McGee (1991) upang masimulang maunawaan ang lugar ng pagtatagpo ng mga ekonomiya, paraan ng pamumuhay, at kabuhayang

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

madalas hatiin sa mga tradisyonal na kategoryang "urban" at "rural". Ayon pa kay Ortega, ang mga Asyanong lungsod—sa Pilipinas, sa Thailand, sa Indonesia, atbp.—ang mga pangunahing sityo ng ganitong mga panibagong distribusyon ng populasyon at human settlement ("Mapping Manila" 1). Kumbaga, maraming mga nangyayari sa mga MUR sa mga bansang ito ang makapagpapaabante sa pagkakaunawa natin sa pamumuhay sa espasyong urban. Nagpipresenta ang mga ito ng pagkakataon na bigyan pa ng mas masinsin na karakterisasyon ang mga partikularidad ng mga lokalidad, lalo na sa pamamagitan ng mga metodolohiya at datos bukod sa statistical at quantitative na siyang pangunahing tuon ng pananaliksik ni Ortega ("Mapping Manila" 4). Ang maikling kuwento kaya ay puwedeng ituring na ambag sa ganitong pagdadalumat?

Sa Pilipinas, ang MUR ay sumasaklaw sa mga karatig lalawigang Pampanga at Bulacan sa hilaga, Rizal sa silangan, Cavite, Laguna, at Batangas sa timog (Ortega, "Mapping Manila" 6). Nakapagtala rin ang Rehiyon IV-A (CALABARZON) ng isa sa pinakamalaking bulto ng migrasyon ng mga tao mula sa iba't ibang dako ng Pilipinas (Ortega, "Mapping Manila" 11).

Ang subdibisyon ng Breezyville kung saan nakatira ang pamilya ni Bugsy sa kuwento ay isang halimbawa ng subdibisyong matatagpuan sa MUR, partikular ang Rizal dahil sa mga pagbanggit sa mga malapit na lungsod katulad ng Marikina at iba pang bahagi ng Lungsod ng Antipolo. Ang kalakhan ng mga tao rito'y regular na pumapasok sa Makati o Lungsod ng Quezon para sa kani-kanilang full-time job. Tuloy-tuloy man ang daloy ng pera at sahod ngunit nararamdaman pa rin ang volatility ng ekonomiya at inflation. Karamihan sa kanila ay walang maaasahang malaking generational wealth. Kumbaga, isang malalang sakit lamang o isang aksidente ang makapagpapabaon sa utang o makapagpapadausdos sa hirap.

Mga Sanggunian

Ortega, Arnisson Andre C. "Mapping Manila's Mega-Urban region: A spatio-demographic accounting using small-area census data." *Asian Population Studies*, Routledge, 2014, pp. 1-28.

---. *Neoliberalizing Spaces in the Philippines: Suburbanization, transnational migration, and dispossession*. Ateneo de Manila UP, 2018.

Rodrigue, Jean-Paul. "B.2 – Transportation and Mega-Urban Regions." *The Geographyof Transport Systems*. https://transportgeography.org/contents/applications/transportation-mega-urban-region/.

Itaas ang Kamay at Iwagayway

Inangat ko 'yung mukha kong nakasubsob na sa nakabuklat na *Structural Code* saka yellow pad sa study table ko. Nakatulog na naman ako, pambihira. Anong oras nga ba 'yung Christmas party mamaya? 7 'ata sabi ni Mama. Tumingin ako sa wall clock. 5:30. 'Ge, handa ko na siguro susuotin ko.

Inipit ko 'yung nalawayang yellow pad sa libro pagkatapos dampi-dampiin nang onti sa t-shirt ko tapos tumayo mula sa study table. Binalik ko na muna sa book shelf namin sa hallway 'yung *Structural Code*, isiniksik ko sa tabi nu'ng mga Michael Crichton ni Papa. Naalala ko lang, sabi niya, mas magaling daw si Crichton sa mga mala-sci fi na gawa niya, tingnan ko na lang daw kung gaano ka-successful 'yung *Jurassic Park* sa mga sinehan noon. Pero ako naman, sa totoo lang, mas nagustuhan ko 'yung mga realistic—'yung mga drama na halos at pa-suspense na mga kuwento niya. *Rising Sun* saka *Disclosure* pa ang nauna kong natapos, binuklat-buklat ko ulit 'yung dalawang magkatabing librong 'yun. 'Yung *Andromeda Strain* saka *Sphere*, hindi ko na tinapos. Pero baka naman may nakikita lang si Papa na hindi ko nakikita du'n sa mga ganu'n ni Crichton, balikan ko na lang pagtapos ng thesis.

Bumalik ako sa kuwarto at binuksan 'yung cabinet. Humugot ako ng blue na polo shirt galing sa pulumpon ng mga pang-itaas. Hinagis ko sa ibabaw ng kama. Kinuha ko naman 'yung maong na nakasabit sa likod ng pinto saka binato rin sa ibabaw ng kama.

At narinig ko na sila.

Nilapit ko pa sa pinto 'yung tenga ko. Boses ni Mama.

"Chard, pumili ka naman ng ibang damit, haharap ka sa tao mamaya, o!"

"E gusto ko 'to e! Saka naplantsa ko na!"

"Christmas party ta's mag-iitim ka? Ta's ano pa 'yang nakalagay na design, halimaw ba 'yan?"

"Xenomorph tawag d'yan. Sa *Alien*."

"Palitan mo! Ampangit!"

"Oki, oki, siya, siya, change outfit."

Dumaan 'yung mga lagabog ng mga paa ni Papa sa tapat ng pinto ko. Tsk, nagbibihis na sila. Dinukot ko 'yung tuwalyang nakasampay sa upuan ta's lumabas ng kuwarto. Mas luminaw na 'yung diskusyunan nila paglabas ko.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Tuloy lang sa pagsasalita si Mama habang nag-aayos ng mga sapatos sa labas ng pinto ng kuwarto nila.

Nabaling ang tingin niya sa ‘kin. “Hoy Bugsy! ‘Di ka pa pala naligo! Bilisan mo na!”

Saktong lumabas si Jonesy, nakabihis na at nagtutuyo ng buhok.

“‘Ta mo si Jonesy, o, magsasapatos na lang. Maaga dapat si Papa du’n, pa-finalize pa nila ‘yung kung anu-ano sa program. Bugsy! Bilis!”

Nagtatlong malaking hakbang na ako pa-CR para kita ni Mama na binibilisan ko nga.

Habang nagsa-shampoo, naririnig ko pa rin ang usapan nila.

“Diyos ko, Chard, mag-iisang taon na, wala pa rin tayong TV! Kelan ba pagagawa ‘yan?”

Napunta na si Mama sa TV naming sira. Siguro binuksan ulit niya at umakmang manonood habang naghihintay na matapos akong maligo. Matagal-tagal na rin ‘yung TV naming ‘yun e. Sa Abenson pa namin ‘yun nabili. JVC ang tatak. Doon sinubaybayan ni Mama ‘yung *Ally McBeal* at saka *Dharma & Greg* niya. Si Papa naman, siyempre nasulit din. *X-Files* saka *Roswell* ‘yung pinapanood niya nu’n. Naaalala ko, kami naman ni Jonesy, sabay minarathon ‘yung *Hell Teacher Nube*, *Ranma 1/2*, *Master of Mosquiton*, *Vision of Escaflowne*, maski *Monster Rancher*.

Natatandaan ko pa, nu’ng papatalsikin na si Erap, napapraning si Jonesy kasi parang tinitingnan daw siya ni Clarissa Ocampo mula sa screen.

“Kuya, ba’t siya nakatingin? Nakikita ba niya tayo? O ayan o, ayan o, ‘pag titigil siyang magsalita, titingin siya o!”

“Timang! Siyempre, hindi! One way lang ‘yung camera, ‘nu ka ba.”

Kung ipapaayos pa namin ‘yung TV ay mapapamahal pa. ‘Di na sulit, as in total wreck na talaga. Kuwento ni Papa, ‘yung kung anong cathode ray shit sa loob ‘yung sabog. ‘Di ko na rin na-gets explanation niya e. Basta, ang mabuti pa raw, bumili na lang ng brand new. E kaso, alaws areps. Walang project si Papa ngayon. Medyo secret naming dalawa ‘yun. Sinabi niya sa ‘kin nu’ng isang araw na naiwan kami dito sa bahay. Si Jonesy ang sumama kay Mama para mag-grocery.

“Wala ‘kong project ngayon, Bugs. Wala e.”

"Alam po ba ni Mama?"

"…H'wag ka munang maingay."

Hindi ako nagsalita. Nagpatuloy siya, hininaan niya boses niya saka umusog papalapit sa 'kin sa sofa.

"Kaya ikaw, Bugs, pagbutihin mo. Ipasa mo 'yung boards next year. Mahirap 'yung 'di ka lisensiyado. Nakakaraos, project dito, project du'n, pero tiis-tiis talaga. Higpit-sinturon, 'lamoyun? Saka ayaw mo nu'n, mabibili mo 'yung mga gusto mo kapag engineer ka na. 'Pag may lisensiya ka na, 'sampirma mo lang, anlaki na nu'n!"

Natapos naman ni Papa 'yung C.E. niya pero hindi na siya nakapag-take ng board exams. Fourth year siya nu'n—parang ako ngayon—nu'ng nabuntis niya si Mama. Ako bunga nu'n. Siguro naging sobrang bilis na ng mga pangyayari at natabunan na lang nang natabunan 'yung prospect ng pagiging engineer talaga niya. Matalino naman kung sa matalino si Papa.

Lumabas ako ng CR. Sinilip ko sila sa salas. Nag-aantay na silang lahat doon. Naka-maroon na polo shirt na si Papa, pero nakapaa pa siya. Ganoon 'yun, mamaya na niya isusuot 'yung sneakers niya 'pag lalabas na talaga kami. Red naman blouse ni Mama. Si Jonesy, suot 'yung dating red na t-shirt ko na medyo pa-pink na at may patak-patak ng bleach. Pinandilatan niya ako ng mata saka bumibig ng "bilis!".

"Red a!" habol sa 'kin ni Mama nu'ng papasok na 'ko ng kuwarto. "Basta anything red o kahit maroon, ganu'n."

"Yes, Ma. Red."

Pinalitan ko 'yung una kong napiling blue na polo shirt ng red. Ganu'ng style din galing Bench, pero red version. Nagbihis na 'ko, lumabas ng kuwarto, ta's umalis na kami ng bahay. Naglakad na kami papunta sa Christmas party.

Kauna-unahang Christmas party 'yun ng Homeowner's Association sa street namin, sa pagkakaalam ko. O unang beses yata na nagkasama-sama at nagkita-kita lahat ng magkakapitbahay? Ewan. Sa front yard nina Tito Joey at Tita Marilou 'yung venue. Pumasok kami sa brown nilang gate. Dami nang tao.

"'Alanghiya, ba't nandito na silang lahat?" Binilisan ni Papa ang lakad.

"Ayaaan. Anong oras ba kasi talaga sinabi, 7 o 6?" singhal ni Mama.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Humanap kami nina Mama at Jonesy ng puwesto sa isa sa mga table habang si Papa, lumapit sa mga kasamahan niyang HOA officers sa harap. Sinurvey ko 'yung buong front yard, oo nga, nandito na lahat. Parang mapa-bagong lipat dito sa street hanggang du'n sa mga unang nagbakasakali sa 'di pa nade-develop na parteng ito ng Breezyville, um-attend.

"Pambihirang Papa 'yan, o. Secretary na secretary, male-late sa mismong event nila."

Dumugtong si Jonesy, "Ganyan 'yang si Papa e, kapag—"

"Shh. Magsa-start na o." Umayos na silang dalawa ng upo.

Tumayo sa harapan si Tito Joey, sa gitna ng dalawang loud speakers na sinet-up. Si Tito Joey 'yung president namin sa HOA. Magsasampung taon na yata siyang president kasi ang sabi e ayaw naman mag-step up nu'ng iba. Manipis na ang buhok niya, malaki tiyan, may suot na makapal na tortoise shell na salamin, saka may maong na Levi's. May maliit na buwaya ng Lacoste 'yung polo shirt niya na orange tapos magka-match 'yung light brown na sinturon niya pati Sperry Topsiders na suot niya. May hardware store sa may papuntang Cogeo si Tito Joey. Naipundar daw niya 'yung pampatayo noon sa ilang taong pagda-driver niya sa Abu Dhabi.

"O, Ma, hindi naman pala kailangang red e," bulong ko.

"E sila 'yun. Tayo, red tayong lahat. Matching."

Hinanap muna ni Tito Joey 'yung puwesto kung saan hindi magfi-feedback 'yung mikropono, saka siya nagsimulang magsalita.

"Ah, yes, uh, good evening ho. I would, uh, like to, uh, welcome all op you to our Christmas party. Natutuwa ho ako na… I see familiar faces, I see new faces. But, uh, I am hoping na sana mas, uh…lumalim pa ang pagkakilala natin lahat dito sa parteng ito ng ating community. At eto ho, nandito na ho si Chard, si Mr. Crisostomo ang ating secretary, kasama si Meling at mga anak nilang si Bugsy saka Jonesy. Chard, would you like to say a few words, Chard?"

"Hi, good evening everyone."

Nag-iiba talaga voice quality ni Papa 'pag iba kaharap, 'pag maraming tao. Mas buo boses niya at may onting twang pa 'yung English. Hindi naman Amerikanong-Amerikano na parang ginagaya lang niya si Agent Mulder, pero may attempt. Kuha rin. Puwede na.

"On behalf of the officers of our Homeowner's Association, I'd like to thank you all for coming. Celebration po ito, first and foremost, kasi napasementuhan natin ulit 'yung kalye natin. Alam naman nating hindi tayo nasali sa overall road works ng Breezyville e, kaya tayo na ang nagdesisyon at nagtulong-tulong para matapos ang proyektong ito. Finally, let's clap for ourselves, everyone! We did it!"

Palakpakan naman 'yung mga tao. Umusog nang onti si Mama papalapit kay Jonesy saka humirit.

"Palakpakan din niya 'yung TV nating sira."

Napakamot ng ulo si Jonesy, "O'nga po e, nakikinood pa ako sa bahay nina Lester sa kabila para ma-submit ko 'yung balitaan activities namin sa A.P."

Bumaling ako sa kanila, "Shh, rinig kayo, o!"

Kita ko, tumingin si Papa sa 'min. Sumeryoso ang mukha niya saglit, pero pagkaharap sa ibang tao sa audience, binalik niya ulit sa ngiti.

"But of course, we'd just like to get to know each other more, right? Para 'pag nagkakasalubong tayo diyan sa street o sa bungad, sa may gate, hindi tayo puro ganu'n lang," at pinakita ni Papa 'yung nagtataas lang ng kilay bilang pagbati.

Tawanan lahat. Makarisma din 'tong si Papa. May abilidad din sa PR. Kung sapat lang sana 'yung karisma sa pag-iiskor ng proyekto sa mga kliyente.

Natapos na ring magsalita lahat nu'ng officers. Saka nagdasal si Tito Joey para sa pagkain. Pagkadasal, nagpahabol siya.

"Ay, siyempre, let's not porget, thank you to Mrs… the Manliclic family, for da delicious food. Salamat, Techie!"

Sina Mrs. Manliclic ang may-ari nu'ng Kainan, Kwentuhan sa Kanto (K^3) sa may Tuason, papuntang Marikina. Siyempre, tayo naman si Mrs. Manliclic, kaway nang parang si Sandara Park. Katabi niyang nakaupo si Mr. Manliclic ta's 'yung anak nilang nag-iisa na batang lalaki. Naka-matching outfits silang pamilya—plaid 'yung blouse ni Mrs. Manliclic ta's naka-plaid na polo si Mr. Manliclic. 'Yung anak nila, busy sa paglalaro sa kaniyang Gameboy, may nakakabit pang maliit na light para makita niya 'yung screen sa gabi. Tinapik siya ng tatay niya para tumayo at kumuha na ng pagkain. Tumayo lang 'yung bata ta's sumunod sa kanila sa pila, pero hindi niya inalis 'yung mata niya sa Gameboy.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Pamilya na namin ang tinawag. Ako ‘yung nauna sa ‘min sa pila. Nu’ng nakalapit na ako sa buffet table, nakita kong nandito pala sa party si Patricia. Du’n sila nakapuwesto malapit sa pagkain. Ba’t ‘di ko napansin nu’ng nagtatawagan ng mga pamilya kanina? Baka humabol lang siya ng dating? Pinakanatatandaan kong memory sa kababata kong ‘to, nakakatawa. Naglalaro kami nu’n ng bahay-bahayan. Yata. Ta’s, aba, tinotoo ba naman ‘yung pagiging asawa-asawahan! Sinampal ako! Ansakit nu’n! Ewan ko na ngayon kung ano ba pinag-awayan namin nu’n. Pero unang beses ko ‘yun makatikim ng malutong na sampal. E ‘di ayun, nagmumukmok ako pagkauwi galing bahay nila. Tinawanan lang ako nu’n nina Mama nu’ng nakita nilang nakatalungko lang ako du’n sa sulok sa tabi ng sofa.

“Ano naman kasi ginawa mo!”

Ako pa naging kontrabida. Badtrip.

Pero ngayon, iba na ‘tong si Patricia. Nauna siya sa ‘king grumaduate kasi five years nga ang C.E. Sa nakuha ko sa onting pag-eavesdrop sa usapan ng nanay niya saka ni Mrs. Manliclic, Business Ad pala si Patricia sa UP. Tapos, balak daw mag-law school. Straight na buhok niya ngayon, dati kasi medyo wavy tapos hine-headband-an ng yaya niya. Outfit niya ngayon, nakasuot siya ng Chuck Taylor high tops na magkaiba kulay: isang violet tapos isang itim. Ta’s naka-t-shirt siya na Jack Skellington. ‘Yung kaliwang braso niya, puno ng baller IDs saka sex bands. Halos umabot na sa siko niya.

Wala ba silang uniform ng pamilya niya para sa party? O baka ayaw lang niyang sumunod? Baka mas ‘yun pa. Paminsan-minsan ay ibinabalik ko ang tingin ko sa kanin, cordon bleu, caldereta, saka carbonara na nakasalansan sa pinggan ko para hindi halata. Pero, paminsan-minsan din, nakikita ko sa gilid ng mata ko na parang tinitingnan-tingnan niya rin ako.

Nu’ng nakakuha na ng pagkain ang lahat, e ‘di nagsiupo na. Nagpa-games ‘yung panganay nina Mr. Faminiano. Comedy talaga kinalabasan. ‘Yung matatanda lang ang mas nag-enjoy. Tinatawanan nila ‘yung kapwa nilang gina-gout na saka nirarayuma, nakikipagbundulan pa sa pag-agaw ng upuan sa Trip to Jerusalem. Hagalpak din sila sa Pinoy Henyo, ‘yung bagong pakulo sa *Eat Bulaga*. Samantala, kaming mga anak, nakaupo lang sa mga table. Tinapik ako ni Jonesy.

“Kuya, may twenty ka ba d’yan?”

“Wala para sa ‘yo.”

“Sige na, papa-load lang ako saglit du’n sa tindahan. Gusto ko nang mag-GM.”

Sumingit sa usapan namin si Papa, "Bukas na lang, hingi ka kay Mama."

"Ba't 'di kaya ikaw na ang magbigay?" sabat ni Mama.

Sinulyapan ko si Patricia. Nakapangalumbaba siya habang pinapanood 'yung nanay at tatay niya. Naubos ang oras nila sa laro. "Pechay" 'yung word na 'di nila nahulaan. Bumuntonghininga si Patricia at bumalik sa pagte-text sa pink niyang Motorola Razr. Buti pa siya. Mukhang naka-plan.

Lumapit si Tito Joey sa table namin.

"Chard, patulong du'n sa ibababa sa kotse."

Ngumiti si Papa sa 'kin habang tumatayo mula sa upuan. Sumunod siya kay Tito Joey. Nakita ko silang pumasok sa isang pinto sa likod banda, sa sulok ng front yard. Papunta 'yun, alam ko, sa garahe nina Tito Joey. Ano naman kaya 'yun?

Tinanaw ko ulit si Patricia. Hinawi niya 'yung bangs niya ta's nadapo 'yung tingin niya sa 'kin. Putsa, huli niya 'ko. Umiwas agad ako ng tingin, balik sa mga nagpi-Pinoy Henyo. Sina Mr. at Mrs. Manliclic na. 'Tragis 'yan, "General Santos City"! Dali-dali lang nu'n! Kung ano-ano pa kasi tinatanong nito ni Mr. Manliclic. "Nasa Pilipinas? So nasa Pilipinas nga?" Ang kulit ampota! Pero grabe… si Patricia, iba 'yung dating 'pag 'di kayo nagkita nang matagal. 'Yung tipong memory mo lang sa hitsura niya ay nu'ng bata pa kayo. Ngayon, ganu'n na. Napansin ko parang naka-eyeliner pa siya. Tsk. Kausapin ko kaya?

Bumalik na si Papa sa table namin.

"O, an'yun? Ba't nagpatulong pa si Joey?" tanong ni Mama.

"Wala, may binuhat lang na kung ano-ano para sa raffle mamaya," mahingal-hingal pa si Papa sa pagsagot.

"Raffle? Ano'ng mga premyo?"

"Cash prize ba 'yan, Pa? Alam mo palang may raffle, ayaw mo pa 'ko bigyan ng twenty kanina!" ingit ni Jonesy.

"O'nga, Pa, akala ko exchange gift lang meron mamaya," sabat ko.

Nagpamewang si Papa, saka inangat 'yung salamin niya sa ilong, "Aba, surprise! Abangan n'yo na lang!"

"Sus…" Tumayo si Mama. "Matikman na nga lang 'yung crema de fruta."

"Ma, sama 'ko!" at sinabayan ni Jonesy si mama papunta sa buffet table.

Sinundan ni Papa ng tingin si Ma at Jonesy. Nu'ng nakita niyang busy na silang kumuha ng pagkain du'n sa buffet table, saka siya nagsalita. Mahina.

"TV 'yun, Bugs. Samsung," sabi niya, nakatingin pa rin kay Mama na humihiwa ng kaprasong crema de fruta, inilalagay sa platito na hawak ni Jonesy.

"Grabe, TV?"

"Sssssssst. Hinaan mo boses mo. Surprise 'to sa lahat. Kami lang ni Joey ang may alam."

'Di na ako nakasagot pa. Grabe, sino kayang nag-donate nu'n? Kung kami ang mabunot sa raffle mamaya, nakow, baka himatayin si Mama. Ta's pagka-recover, si Papa na siguro ang pinakamagandang lalaki sa mundo. At magagawa na ni Jonesy 'yung mga balitaan homework niya sa A.P (na pang-cover lang talaga niya sa tunay na hangarin na subaybayan ulit ang *Getbackers* sa Channel 2). Hindi na rin masama kung makanood na ulit ako ng *Survivor* saka *The Amazing Race* sa Studio 23. Sana malinaw reception du'n sa TV. 'Yun, siyempre, ay kung mabunot.

Dumating na sa exchange gift. 'Yung alam kong mangyayari talaga dito sa party na 'to, bukod sa games at kainan. One per family ang usapan sa regalo. At hindi lalampas sa 1,000 'yung presyo. Ipinalagay ni Tito Joey 'yung iba-ibang nakakahon at nakabalot na mga regalo—maliliit at malalaki—sa table na hinila nila papunta sa harap. Bunutan system. Nagpunit-punit ng papel si Tito Joey ta's sinulatan ng mga number. Nilagay niya ito sa isang tasa. Bawat regalo naman ay sinulatan din ng corresponding number.

Umandar na 'yung palaro. Tumingin ako sa mga bata. Wala nang halos me pake sa program, puwera siguro sa amin ni Jonesy. Talagang 'yung mga gurang na lang ang nag-aabang sa mga puwedeng mapanalunan. Lumipat na rin sina Mama at Papa ng puwesto sa ibang table malapit sa harap. Kasama nila sina Mrs. Manliclic. Nagpaiwan lang kami ni Jonesy dito sa original table.

"Ano kaya makukuha natin, Kuya Bugs?"

Hindi ko inalis 'yung paningin ko sa harap, huminga ako nang malalim, iniisip pa rin 'yung TV na ipapa-raffle mamaya. Bano kasi ako magsinungaling. "Let's see na lang."

Si Mama ang bumunot ng numero nu'ng dumating na ang turn nila. 7. Hinagilap ni Tito Joey 'yung box na sinulatan ng number 7. Pagkatapos,

humugot siya ng medyo matangkad na box na nakabalot ng silver gift wrapper. Ngumiti si Mama kay Tito Joey habang tinatanggap niya 'yung regalo. Dinala ni Mama sa amin 'yung iuuwi namin galing sa exchange gift.

"Wow! 'Yung ganyan, SM 'yan e. Silver 'yung gift wrapper."Wala na akong mahirit e, hirap na akong itago 'yung tungkol sa raffle.

"Ano 'yan? Ano 'yan? Buksan ko na!" kinuha agad ni Jonesy at tinimbang-timbang, inalog-alog 'yung kahon.

"Pustahan termos 'yan." tumingin-tingin si Mama sa paligid, du'n sa ibang mga pamilya. "Tsk, 'sto ko sana nu'ng kuwan e, 'yung nakuha nina Janet. Bagay 'yung ganu'ng kurtina sa isa nating set ng bed sheets e. 'Di bale na."

Pinunit ni Jonesy 'yung balot ng regalo. Termos nga.

"O, 'ta mo…" tinapik-tapik ni Mama 'yung box.

Nagsalita ulit sa mic si Tito Joey.

"Ayan, nakakuha na po siguro ang lahat ng regalo. Actually, a, may onting surprise tayo for dis evening."

Sumenyas siya sa driver nila. Pumasok siya sa pinto, du'n sa pinanggalingan nina Papa saka Tito Joey kanina. Nagbulungan mga tao. Eto na siguro 'yon.

"Uh, kasi po ano, sa… sa kabutihang-loob po ni Mr. and Mrs. Ongkiko, 'yung ating, uh, butihing mga, me ari po ng Breezyville Subdivision, bilang pag-congratulate sa pagkakasemento sa, dito sa kalye natin, may bigay po silang ipapa-raffle natin para sa gabing ito. Gusto po nilang iparamdam na, uh, we are part of the entire Breezyville community. Ito na po."

Nilabas na ng driver nina Tito Joey 'yung box ng TV. Samsung. 20 inches, nakalagay du'n sa box. Grabe, ang nipis pala. Samantala 'yung JVC namin na sira, nakalawit na 'yung likuran doon sa pinagpapatungan naming mesa. Inaalalayan nu'ng driver du'n sa taas 'yung kahon habang pinapagulong niya 'yung cart sa walkway sa gitna ng damuhan nu'ng front yard. Sabay-sabay na "oooh" saka "aaah" ang narinig sa mga magkakapitbahay. Tiningnan ko sina Ma saka Jonesy. Pareho na silang nakatayo. Kitang-kita ko 'yung paglaki ng mata nila. Isinabuhay ni Jonesy 'yung pagiging pusa sa pelikula kung saan siya ipinangalan.

Heto na. Heto na nga.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Pati ‘yung mga batang pokus na pokus sa mga cellphone nila o mga gadget, napatingin e. Maski si Patricia, pinansin din ‘yung dinala sa harapan na jackpot prize. Siguro ibang brand lang ‘yung sa kanila, pero ganu’n na rin ang specs. Nagsalita ulit si Tito Joey.

“Bale, gan’to po gagawin natin, ano? May bukod po tayong bunutan para diyan sa…” Binasa niya saglit ‘yung script niya. “20-inch, Samsung, flat screen TV na bigay nina Mr. and Mrs. Ongkiko. Nandito po kay Mrs. Dela Paz, ang ating treasurer, ang isang box na may lamang mga nakatiklop na itim na papel. Bale bubunot po, kada pamilya, bubunot ng isang papel. Ayan ho, mauuna na ho ako.”

Nakakuha na siya ng isang papel bago niya pinasa kay Papa na katabi niya, sunod si Mrs. Dela Paz, at saka dinala ang maliit na kahon sa mga pamilyang nakaupo sa mga table.

“H’wag po munang bubuksan, a! Wala pong mandadaya. Pagkabilang ko po ng 5 secands, saka po bubuksan ‘yung papel. Kung sino me hawak ng may ekis ng silver pentel pen, siya ‘yung makakuha ng premyo.”

Naging restless na mga tao. Si Mama naman, kabaliktaran, parang tuod na nakaupo lang na nakakapit sa katabing bakanteng monobloc chair. Si Jonesy, parang may nakitang sardinas o daga tapos nagre-ready na sunggaban. Halatang silang dalawa ang pinakakabado at abang na abang du’n sa TV. Gumalaw lang si Mama para kumuha ng panyo, saka pinahid ‘yung pawis sa noo niya.

“Sige po, a, ready…”

May isang ungas na nagbukas agad. Rinig ko mula sa table nila ‘yung pagsigaw niya ng “sayang!”. ‘Yan kasi, atat masyado.

“5! 4! 3! 2! 1!”

Naglululundag si Papa! Pinakita niya ‘yung ekis na silver sa hawak niyang papel. Nagtititili si Mama! Pumala-palakpak habang patakbo sa harap para samahan si Papa. Napatayo rin bigla si Jonesy, buti nasalo ko ‘yung kahon ng termos kasi natabig niya sa mesa.

“O! Si Chard ang nakabunot! Chard, congratulations! Sa inyo ni Meling mapunta ang flat screen TV!”

Nagpalakpakan din ang mga kapitbahay namin. Umikot-ikot si Papa sa mga upuan. Kumaway siya sa mga tao. Kinuha niya ‘yung mic kay Tito Joey.

“Grabe, Meri Krismas talaga! Salamat kina Mr. saka Mrs. Ongkiko!”

Pambihira, nawala bigla 'yung Ingles-Inglesan niya kanina sa opening remarks, a. Kinawayan niya lahat ng mga kapitbahay habang hawak sa kabilang kamay 'yung papel pati 'yung mikropono. Kinamayan siya ni Tito Joey. Si Mama, napayakap kay Mrs. Manliclic na nakaupo malapit du'n sa harap. Si Jonesy, lumapit sa premyo namin at sinalat-salat, hinimas-himas 'yung kahon ng TV. Ayun na siya. Ang nagagawa nga naman ng technology. At ng mayayamang benefactor. Iniwan na lang muna ni Papa sa harapan 'yung TV.

"Amin 'yan a! Hehehe!" at tinuro-turo niya 'yung premyo habang lumalayo kasama si Mama at Jonesy pabalik sa kinauupuan ko.

Tawanan naman 'yung mga tao. Lumipas ang ilang minuto, saka nag-settle down na rin ang lahat.

"Uh, I would like to just tengk all op you for dis evening." Nagpatuloy sa closing speech si Tito Joey. Tapos na 'yung program proper. Hinanap ko si Patricia. Nagte-text na lang ulit siya sa kaniyang pink na Motorola Razr. Nakangiti. Hala, sino kaya 'yung ka-text niyang 'yun? Syota? O baka naman binabalita lang niya sa mga tropa niya na may nanalo dito sa Christmas party sa street namin ng flat screen TV. "Nakaase-asenso 'yung kapitbahay namin," ganu'n kaya sinasabi niya?

Nagsimula nang mag-videoke 'yung mga gurang. Nilabas na rin 'yung mga bote ng wine, hard, saka beer sa kalapit na mesa ng buffet. Si Papa unang kumuha ng wine glass at saka nagpalagay ng red wine sa waiter. Tumayo muna siya sa tabi ng refreshments table bago tiningnan si Tito Joey na unang sumalang sa kantahan. *Green Green Grass of Home* binanatan ni tito. Bagay na bagay sa kaniya. Alam ko, nag-iisip na si Papa kung anong kantang isasampol sa kapitbahayan. Lumapit ako sa refreshments table. Humingi naman ako ng Pale in can. Tinabihan ko si Papa.

"O, Pa, anong kakantahin n'yo?"

"Chikret!" Kinindatan niya 'ko. Tapos humalakhak. "These people aren't ready for what's comin'!"

Sumip ako ng isa du'n sa beer ko. Lapitan ko na nga 'tong si Patricia. Ano naman sasabihin ko? Naaalala pa kaya niya 'ko? Sulitin ko na siguro 'tong gabing 'to. Tutal, nanalo na rin lang kami ng flat screen TV, e 'di itodo ko na. Confidence. Composure. Relaks, kaya mo 'to, Bugs.

Nagtatlong hakbang ako papunta sa table ni Patricia.

"Uy, kumusta na?"

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Tinapik ko siya sa balikat. Sabay ngiti. Iniangat ni Patricia 'yung ulo niya para tingnan kung sino ako. Kumunot noo niya at saka umangat unti-unti 'yung kaliwang kilay niya.

"Uh… hey?"

Awkward silence.

"Uy… 'di ba, uh, magkababata tayo! Hehe… alala mo? Naglalaro tayo nu'n e. Uh, I mean, we used to play games. Hehe."

Binulsa niya 'yung Motorola Razr niya saka tiningnan ako mula ulo hanggang paa. Nakakunot 'yung noo niya. Shitttt. 'Di niya 'ko maalala. Wala siyang maalala. Anong "games"? Gusto kong mag-self-destruct. Ilang segundong katahimikan pa ang lumipas, tumingin-tingin siya sa paligid. Nagsimula siyang ngumiti nang alanganin, saka dahan-dahang umiling.

"Uhm…sorry. I, I can't really recall."

Yumuko na lang ulit siya. Kinuha niya ulit 'yung cellphone sa bulsa at nakita kong nagbukas siya ng text message. Tinutok niya 'yung mga hinlalaki niya sa keypad kahit wala pa siyang tine-text.

Hindi ko na binilang 'yung mga hakbang ko pabalik sa table namin, dala-dala 'yung beer ko. Tang-inaaa, sana 'di na lang ako nagpa-cool. Pa-cool ka pa kasing gago ka. Nilabas ko 'yung cellphone ko sa bulsa, check kung may nag-text. Siyempre, wala. Munggago lang. Wala naman talaga akong ka-text kasi, tulad ni Jonesy, 'di rin ako nakapagpa-load ngayong gabi. Mga ilang minuto ako nagbukas-bukas ng mga dating message, pindot-pindot, kunwari sobrang daming kailangang replyan kahit wala. Gusto ko nang umuwi nu'n pero nakina Mama 'yung susi sa bahay.

Hintayin ko na lang. Lumagok pa ako ng isa sa beer. Badtrip. Si Papa na sumalang sa mic.

"Magandang gabi po! Thank you all for coming to this concert!"

Nakaupo na si Mama sa harap, tinabihan niya si Papa sa may malapit sa videoke. Mag-e-eleven na nu'n. At kita kong kakapa-refill ulit ng wine glass ni papa, pero kulay-patis na. Nako, binanatan na yata niya 'yung mga hard. Sinimulan ni papa ang *Twist and Shout*. Tayuan 'yung mga gurang, nagsisayawan. Itinayo ni Tito Joey si Tita Marilou saka nagsayaw sila sa gitna. Cheer lahat! Pinanood ko performance ni Papa. Kung Beatles lang ang usapan, magkasundo talaga kami d'yan. Buti pa si Papa, panalo sa gabing 'to.

Inubos ko na 'yung beer ko.

"Jonesy, kuha mo naman ako ng beer. Ikaw, baka gusto mo rin."

Humikab siya, "Ehh… ikaw na kumuha."

Tsk, dadaan na naman sa harap ni Patricia. Huwag na lang. Dapat kasi 'di ko binigla. Dapat siguro umupo muna ako sa tabi. Ay hindi, mas creepy pa siguro 'yun. Baka dapat dinalhan ko ng salad o kaya inumin? Ano 'yun, ako na nag-waiter? Oh well. Malamang naman 'di na kami magkikita pagkata's nitong party. Sana nga 'di na kami magkita. 'Pag papasok naman ako, 'di ko naman siya nakakasabay maglakad sa street o mag-abang ng dyip sa tapat ng Breezyville. O baka kasi, malamang, hatid-sundo siya.

Nakipagdaldalan si Papa sa mga tao pagkatapos nu'ng kanta, parang nagtatanong kung wala nang ibang susunod. Pumunta nu'n 'yung iba pang mag-asawa para pindutin 'yung mga gusto nilang ipilang kanta. Parang puro mga duets ang pinili ng mga kapitbahay.

Habang umaandar 'yung kantahan, panay ang pa-refill ni Papa sa basong hawak niya. On the rocks. Whiskey ulit 'yung boteng dala ng waiter. Pa-refill nang pa-refill hanggang sa iniwan na lang nu'ng waiter 'yung bote du'n sa mesa ni Papa, saka dinalhan siya ng isang bowl ng yelo. Nagsimula nang pumungay mata niya. 'Tay tayo d'yan. Masama 'to. Inisip ko 'yung last time na nalasing si Papa, sa isang swimming namin sa Montalban nu'ng umuwi si Tito Randy galing Singapore. Biglang may pancakes ng suka niya du'n sa gilid ng pool e. Isang linggong 'di siya inimik ni Mama nu'n. Last na dapat ni Papa 'yung hawak niyang baso ngayon. Aayain na namin ni Jonesy sila umuwi, inaantok na rin kasi 'tong isang 'to. Oks na, quota na tayo sa mga nakakahiyang pangyayari.

Kinuha ulit ni Papa 'yung mic, "O, ako na ulit a?"

Whip It ng DEVO ang sunod na in-enter ni Papa sa videoke. Uy, dalawa 'yung boses ng kantang 'yun, a? Saka parang hindi kompleto kung hindi gagayahin 'yung magkaibang vocal delivery nina Mark Mothersbaugh saka Gerald Casale.

"O, eto, eto, eto, my friends, para sa anak ko 'to. Bugsy! 'Nak, labyu, 'nak!"

Puuuuuuuuuuuuuuuutang ina, nananahimik na 'ko dito e. Nag-thumbs up lang ako. Ay's 'yan, Pa. Tuloy n'yo lang. Chineck ko kung nakikinig si Patricia. Nakayuko pa rin siya, ta's may nakapasak na na puting earphones sa mga tenga niya. Ayos. Buti 'di na siya nanonood.

"Cuh-raaash and whip!"

Magaslaw na kilos ni Papa. Pero sige pa rin siya sa performance. Pinapasunod pa niya sa pagpalakpak sa beat ‘yung mga kapitbahay. Nahalata kong medyo naiilang na si Mama sa kinauupuan niya. Tantiya ko, gusto na lang niyang iuwi ‘yung TV na napanalunan. Pero sina Tito Joey, Tita Marilou, Faminiano family, Manliclic family, it iba pang mga kapitbahay, tuwang-tuwa saka tuloy-tuloy sa pagpalakpak.

“I say whipit!

“Whipit gewd!”

Dumating sa interlude ng kanta. Binaba ni Papa ‘yung mic saka ‘yung baso niya sa sahig at saka nag-robot dance. Hindi na niya tinuloy ‘yung pagkanta. Habang sumasayaw siya, inaalis niya ‘yung pangalawang butones ng polo shirt niya.

Tapos, bigla-bigla, hinubad niya ‘yung polo shirt niya at winasiwas ilang beses nang parang latigo!

Pinulot ulit niya ‘yung mic. Sumigaw siya habang nakataas ang isang kamay, “Itaas ang kamay at iwagayway!”

Du’n humiyaw at pumalakpak nang pinakamalakas ‘yung mga tao sa buong gabi ng Christmas party. Sumunod ang lahat ng mga kapitbahay sa rhythm ng braso ni Papa. Left. Right. Left. Right. Kagat-labi pa si Papa habang pinapasunod ang audience niya.

‘Di ako makagalaw sa upuan ko. Tumayo si Mama, nahagip pa ng paa niya ‘yung baso ni Papa sa sahig at nabasag pa ‘yung baso. Binaba niya ‘yung mga braso ni Papa. Bumubulong ito sa kaniya saka hinahampas-hampas ‘yung braso. Inalalayan niya si Papa pabalik sa upuan. Sumenyas siya sa ‘kin na kunin ko raw ‘yung polo shirt ni Papa sa sahig.

“Hala, Kuya Bugs, ba’t nakahubad si Papa!” naalimpungatan na si Jonesy.

“Tawagin mo na lang ‘yung kasambahay nina Tito Joey. Sabihin mo, may nabasag na baso du’n sa harap.”

Humagalpak sa tawa lahat ng kapitbahay. Pati ‘yung driver ni Tito Joey ay nakita kong tumatawa du’n sa upuan malapit sa pinto papuntang garahe. Nag-flash ang score sa screen ng videoke. 85. “Very good!” At tumambad sa paningin ko ang kinakatakot ko. Nakita kong nakahawak si Patricia sa isang earphone, nakaalis sa kaliwa niyang tenga. Gulat na gulat siya sa nangyayaring eksena sa harapan.

Pumunta ako sa harap, iniwasan ko 'yung mga bubog, tapos pinulot 'yung polo shirt ni Papa. Lumapit ako kay Papa, tapos umakmang tutulungan na siyang isuot ulit 'yung polo shirt, saka siya nagsabi, "Bugs, help, nasusuka ako."

Nalukot 'yung mukha ni Mama, "Ikaw na d'yan, Bugs, a."

Pagdating namin ni Papa sa CR sa loob ng bahay nina Tito Joey, bigla siyang lumuhod sa harap ng kubeta at bumulwak ng suka. Tinapik-tapik ko 'yung likod niya. Pinampunas ko na lang ng pawis niya sa likod 'yung polo shirt kasi nalimutan pala niyang magdala ng bimpo.

"Uggggh…," niyakap ni Papa 'yung bunganga ng kubeta.

"Pa, h'wag n'yo nang hawakan 'yung toilet, madumi 'yan!"

Sumuka pa siya nang isang beses. Hinipan niya 'yung mga natirang hibla mula sa labi niya, ta's nagsimula siyang magsalita.

"Di-dinaya ko 'yun, Bugs. Ehehe. He. Ki-Kinuntyaba ko si Joey. Hehehe. Masaya na ba si Ma saka Jonesy?"

Hindi ko na nakuhang mag-react sa pag-amin niya. Kumuha ako ng tisyu at saka pinahid 'yung mga natitirang suka sa baba niya. Tinulungan ko siyang makatayo at makapaghilamos du'n sa lababo. Ako na 'yung nagsuot ng polo shirt sa kaniya. Hindi ko na binutones.

Inalalayan ko siya pabalik sa table kanina. Nandoon si Mama at Jonesy, kausap 'yung driver nina Tito Joey.

"Manong, pasuyo naman, patulong na lang du'n sa TV, baka puwedeng ihatid na lang gamit ho 'yung kotse. Jonesy, tulungan mo si Manong, a."

"Sige, Ma."

Dumaan naman 'yung kasambahay na may dalang dustpan at walis, naroon sa dustpan 'yung mga bubog ng baso ni Papa. Nagso-small talk na lang ang ilan sa mga kapitbahay namin habang palabas ng front yard. Hindi ko na rin makita 'yung pamilya nina Patricia, nauna na sigurong umalis. Lumapit sa amin si Tita Marilou.

"O, Meling, okey lang ba si Chard?"

"Ay, okay na, h'wag ka nang mag-abala Marilou, kami na lang ni Bugsy ang aalalay sa kaniya pag-uwi. Pasensiya na, ha? Okay lang ba, nakiusap kami kay Manong na ihatid 'yung TV sa bahay?"

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

"Ay oo, oo, sige lang. Ang sabi naman talaga sa 'kin ni Joey, dadalhin daw nila ni Rodel sa inyo 'yung TV. Walang problema."

Nu'ng nakalayo na si Tita Marilou, humarap sa 'kin si mama.

"O ano, kaya mo na 'yan? Sasabay ako kina Jonesy, baka kung ano mangyari du'n sa TV e."

"Opo, Ma. Ako na 'to."

Mga eleven na nu'ng magising ako kinabukasan. Paglabas ko ng kuwarto, nasa salas sina Mama saka Jonesy, pinagtutulungang i-setup 'yung TV. Nakapatong sa ibabaw ng sofa 'yung malaking kahon saka nakabalandra sa sahig 'yung mga styrofoam saka plastik na pinaglagyan ng mga piyesa.

"Hindi, hindi, kailangan daw talagang i-connect e." nakatingin si Mama sa manual.

Nandu'n naman si Jonesy sa likod ng TV, nagkakamot ng ulo. "Ma, antayin na kasi nating magising si Pa. Siya makakapag-ayos nito."

"Bugs, check mo nga kung gising na si Papa mo."

Pumunta ako sa kuwarto nila ni Mama. Nilatagan siya ni Mama ng sleeping bag sa sahig at nakasalampak si Papa roon, nakatagilid. Buti na lang at wala akong nakitang mga bakas ng suka sa unan o sa tabi ng sleeping bag. Niyugyog ko balikat niya.

"Pa, hanap ka ni mama. Papatulong du'n sa pagse-setup sa TV."

"Mmmm…"

"Pa…"

"Mmm…"

"Pa…"

Wala 'to. Mamayang hapon na siguro 'to. Lumabas na 'ko, bumalik kina Mama.

"Ma, ayaw gumising e. Bukas n'yo na lang 'yan i-set up." Hindi nila ako pinansin. Nagpatuloy lang sila sa pangangalikot sa TV.

Nadaanan ko ulit 'yung book shelf namin sa hallway. Tumayo ako sa harap nito at tiningnan ulit 'yung *Structural Code*. Kinuha ko 'yung libro, at saka

dinala sa kuwarto. Ipinatong ko sa study table at binuklat kung saan ko inipit ‘yung yellow pad ko kagabi. Simula pa lang ‘to. Pagkatapos ng thesis, pagka-graduate ko next year, marami pang requirements na kailangang asikasuhin. Makikisabay ba ‘ko sa mga kaklase ko na nagbabalak nang mag-review center? Mahal din kasi e. Nagkasundo na kami nina Ma at Pa na iraraos ko na lang ‘yung pagre-review mag-isa.

Naisip ko na naman si Patricia. Grabe, sobrang nakakahiya ‘yung kagabi. Para na ring na-flush sa kubeta ‘yung anumang tsansa na makaporma ako du’n. Baka rin kasi nadala lang ako du’n sa tagal na hindi kami nagkita. Baka iyon lang ‘yon. Pero baka kasi may chance e. Nainis ako bigla. Nalasing pa ‘tong si Papa. Nagpasikat pa. Ito naman ding si Ma saka Jonesy, wala nang ibang inisip kundi TV, TV, TV… Pambihira naman o…

Dinampot ko ulit ‘yung *Structural Code*, lumabas ng kuwarto, at binalikan si Papa sa kuwarto nila ni Mama. Nakatihaya na siya saka nakanganga. Ibinagsak ko ‘yung makapal na libro sa mukha niya.

“Aguy… ano ‘yun…” kinapa ni Papa ‘yung libro, saka iniangat mula sa ulo niya.

“Pa, kanina ka pa inaantay nina Mama! ‘Yung TV daw!”

“Mmm…” umupo na si Papa du’n sa sleeping bag. Hinimas-himas niya ‘yung noo niya. Tiningnan niya ‘yung libro. “O ano ‘to, *Structural Code* mo ‘to, ‘di ba?”

“Oo Pa. Basahin mo na rin kaya ulit ‘yan? Sabayan mo ‘ko.”

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Buayahon

Buayahon

Hannah A. Leceña
Philippine High School for the Arts
lecenah@gmail.com

Abstrak

Ang akdang "Buayahon" ay isang paggalugad sa posibilidad ng pagkukuwento sa personal na danas tungkol sa isang penomenon, sa anyo ng isang autofiction, gamit ang unang panauhan. Ang autofiction ay isang uri ng maikling kuwentong nagsasalaysay ng naratibong halaw sa totoong buhay. Nangangahulugang ito ay nakaangkla sa realidad at totoong pangyayari hinggil sa buhay ng isang awtor na kaniyang inilalantad sa anyo ng isang kuwento na kakikitaan pa rin ng sariling balangkas, tauhan, may sariling suliranin na kailangang solusyunan, may banghay na sinusunod, at nag-iiwan ng iisang kakintalan. Ang ganitong pag-aakda ay isang uri ng pagtatangkang pagtagpuin ang realidad at posibilidad. Ito ay pagtatagpo ng pagtatago at paglalantad. Pagtatago sa totoong pangyayari sa buhay ng isang tao upang protektahan ang identidad ng mga tao sa kuwento ngunit ito rin ay paglalantad ng katotohanan hinggil sa isang penomenong kagila-gilalas at madalas hindi kapani-paniwala. Layunin nitong sagutin ang mga tanong na: Sino ang buwaya? Ano ang buayahon? Ano ang tunay na kapangyarihan ng mga buwaya sa literal, espiritwal at metapisikal na antas? Sino ang sumumpa at paano ito mababali ng isang buayahon bilang isang taong may sariling hangganan? Tinatangka rin ng akdang ipinta ang kakaibang hulagway ng isang komunidad na naniniwala pa rin sa pamahiin at iba pang maaaring paniwalaan. Ito ay pagsasatitik ng danas ng awtor bilang isang buayahon at pagiging malay sa tunay na gahum ng mga buwaya

o balanghitao sa kalibutan na ating ginagalawan, lalo na ang buwayang nakatira sa palad at kapalaran ng tauhan.

The story "Buayahon" aims to explore the possibility of narrating a personal experience based on certain phenomenon in a form of auto-fiction using first person point of view. Autofiction is a type of short story that tells a narrative based on real life. It means that it is anchored in the truth and real events regarding the life of an author but the story itself still has its own plot, characters, conflict that needs to be solved, resolution, and ending. Such writing is an attempt to blend reality and the possibility. This is somehow trying to reveal and conceal. It is trying to hide and protect the real identity of the characters in the story but at the same time this is the author's way of showing her truth about her folklore, the mystery, the unbelievable. It aims to answer the question such as: Who is the real crocodile. What is buayahon? What is the real power of a crocodile in the literal, spiritual and metaphysical level? Where is the curse coming from, and how a human being can possibly prevent or avoid the curse if she is limited? The story tries to share to the reader some important traditions, customs, and superstitious beliefs of the people in the barrio. A way of documenting the author's state buayahon, her own way of understanding the power of her crocodile or the spirit crocodile that lives within her, and her world.

Mga Susing-salita

buayahon, autofiction, kuwentong katutubo, tradisyon, balanghitao, albularyo, ritwal

buayahon, autofiction, folklore, tradition, spirit-crocodile, folk healer, ritual

Tungkol sa May-akda

Si Hannah A. Leceña ay guro at kasalukuyang tagapangasiwa ng programang Malikhaing Pagsulat sa Philippine High School for the Arts Makiling Los Baños, Laguna. Siya ay nag-aaral ng doktorado

sa Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman. Isa siyang Spoken Word performer mula sa Kiamba Sarangani, Region 12. Nakapagtanghal siya sa Performatura 2020 at 2023 ng Cultural Center of the Philippines. Siya rin ay fellow ng mga writing workshop tulad ng Davao Writers Workshop, Silliman National Writing Workshop, IYAS La Salle, Kritika La Salle Critical Writing Workshop, Iligan National Writing Workshop, 5th Amelia Lapeña Bonifacio Writing Workshop, Gemino Abad Seminar-Workshop for Teachers in Creative Writing, at Palihang Rogelio Sicat. Ang kaniyang mga sugilanon at nobela ay nakatanggap ng pagkilala tulad ng Jimmy Balacuit Literary Awards for Fiction, Satur Apoyon Prize First Place year 2020 at 2023, 2nd Place sa PNU Normal Awards para sa kaniyang Nobelang Pangkabataan na pinamagatang *Tandong* at Grand Prize Winner sa Lampara Prize-Middle Grade Category. Mababasa ang kaniyang mga akda sa mga dyornal na *Diliman Review*, *Dx Machina*, *Luntian*, *Kawíng*, *Agos*, *TLDTD*, *Dagmay*, *Takós*, *Santelmo*, *Entrada*, antolohiyang *Anti-Katha* na kabilang sa Philippine Writer Series 2023 ng University of the Philippines Press, at iba pa. Siya ang awtor ng *Jonas: Nobela sa Wikang Sebwano* na inilimbag ng Komisyon sa Wikang Filipino. Recipient din siya ng National Book Development Board-Publication Grant 2022 para sa kaniyang YA Novel na *Si Duday Taga-Baybay* na ililimbag ng Aklat-Alamid at ang *Dinhi sa Amoa*, isang koleksiyon ng maikling kuwento sa wikang Cebuano na ililimbag ng Balangay Productions.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Buayahon: Pagbuo ng Isang Autofiction mula sa Pagsilip sa isang Kultural na Penomenon

Maraming pagpapakahulugan ang buwaya sa ating lipunan. Kung ating pag-uusapan ang agham, ang buwaya ay isang uri ng hayop na naninirahan sa tubig, madalas sa mga lawa, ilog o bakawan. Ang mga buwaya ay malalaki, kulay itim, may matutulis na pangil, malalakas at laging nakabuka ang bunganga, at nananagpang ng mga hayop at tao upang mabuhay. Kung sa metaporikal na aspekto naman, ang buwaya ay nangangahulugang ganid at mapagkunwari. Kaya naman madalas nating tawaging buwaya ang mga gahamang politiko tulad ng senador o mga mambabatas, negosyante, at kilalang tao na walang ibang ginawa kundi kamkamin ang pera ng taumbayan. Ngunit bago pa man natin magamit sa *editorial cartoon* at iba pang presentasyon ang representasyong ito, iba ang turing ng mga Pilipino noong unang panahon sa mga buwaya. Itinuring nila itong hari at diyos sapagkat sumisimbolo ang mga ito sa kapangyarihan, pisikal na lakas, seksuwalidad, at katatakutan. May mga pagkakataong nag-aalay ang mga tao sa mga buwaya upang humiling ng masaganang ani.

Sagrado at mitikal ang papel na ginagampanan ng mga buwaya sa ating mga komunidad noon. Kung ngayon, ang mga hayop na ito ay nasa zoo na lamang upang maging atraksiyon sa turista at kinatatakutan sa mga bakawan, noong unang panahon ay itinuturing ang mga ito na sobrenatural, sagrado, at gamhanan. Ayon sa isang artikulo ni van der Ploeg at ng mga kasama niyang awtor, itinuring na *enchanted crocodiles* ang mga buwayang may di-pangkaraniwang katangian, malaking-malaki ang sukat, ibang-iba ang kulay at may nakasuot na kuwintas sa leeg (238). Sila ang hari ng ilog at yamang tubig. May kakaibang ugnayan sila sa ating mga bayani. May sumpa rin kung napatay sila at isang malaking karangalan ang magapi sila sa isang duwelo. Kaya naman, ang mga mandirigma mula sa banwa ay isinasabit sa kanilang leeg ang mga ngipin o buto ng mga buwayang mapapaslang. Pinaniniwalaan ding may gahum ang mga *amulet* na mula sa bahagi ng katawan ng buwaya. Ito raw ay magpoprotekta laban sa masasamang espiritu at iba pang uri ng sakit o karamdaman (236).

Sa pareho pa ring pag-aaral, sa prekolonyal na panahon, pinaniniwalaan ng mga sinaunang Pilipino na sagrado ang mga buwaya. Itinuring nila itong mahalaga sa anumang uri ng okasyon dahil may dala itong kahulugan sa kanila kung pag-uusapan ang kasal, muling pagkabuhay, pakikipagkaibigan at sanduguan (237). Kahit ang disenyo sa mga hinabing tela ng mga T'boli ay may hugis ng buwaya, at ang mga Mëranaw ay naniniwalang nagmula ang kanilang mga ninuno sa mga buwaya (232). Samantala, para naman sa

mga taga-Kalinga, ang mga buwaya ay nangangahulugang transpormasyon o pagbabagong anyo ng buhay. Katunayan gumagawa sila ng kakaning may pormang buwaya sa mga seremonya at ritwal ng panggagamot (233).

Samantala, ayon pa rin sa pananaliksik ni van der Ploeg, nagtala ng iba't ibang haka tungkol sa mga buwaya at papel na ginampanan nila lalo na sa mga Katutubo o *Indigenous Peoples* noong unang panahon. Ito ang sumusunod: 1) ang mga kaluluwa ng mga ninuno ay pinaniniwalaang nagiging buwaya, ito ay nagiging anito o personal na tagapagbantay o gabay na nagbibigay ng masaganang ani; 2) ang mga buwaya ay maaaring maging diwata ng kalikasan na maaaring maging sanhi ng lindol tulad ni Lahua; 3) sa mga mito, may mga diyos na nagiging *crocodile-gods*, na tagapagbantay sa kabilang buhay. Sila ang inaatasang maghawan ng ligtas na daanan patungo sa kabilang daigdig (237).

Sa panitikan, may iba't ibang uri ng akdang tumatalakay din sa mga buwaya bilang hayop at bilang tao. Halimbawa na rito ang nobelang *Luha ng Buwaya* ni Amado V. Hernandez na tumatalakay sa iba't ibang realidad ng mahihirap na Pilipino, tulad ni Propesor Bandong na nabubuhay nang marangal sa kabila ng pang-aapi ng mayayamang tao sa kanilang komunidad. Ito ay pagbibigay-diin sa mga buwayang sakim. Maging ang nobela ni Jose Rizal na *Noli Me Tangere* ay kakikitaan din ng isang eksena kung saan nakipagbuno si Elias at Ibarra sa isang malaking buwaya sa ilog habang namamasyal. Marahil ginamit din ito ni Rizal upang ipakitang kayang-kaya ng mga Pilipino na paslangin kahit sino pa mang pinakamabangis na buwaya o puwersang nagbabadya ng panganib. Sa panitikan din sa rehiyon, may mga sugilanong pumapaksa o nagtatampok hinggil sa mga buwaya. Ang *Naginada* ni John Son na nagtatampok ng labanan ng bayaning si Naginada laban sa isang Buwaya na si Um Urusuruk. Dito, detalyadong inilarawan ni John Son o John Dante ang pakikipagsapalaran ni Naginada ang Diyos ng Kidlat sa Diyos ng Karagatan na isang dambuhalang halimaw na may sariling utak at estratehiya sa pakikipaglaban.

Halimbawa ng teksto:

Ug dayon, nakita niya. Mihikyad sa iyang panan-aw ang dako nga ngisi sa buaya.

Salin:

Pagkatapos, nakita niya. Natambad sa kaniyang paningin ang malaking ngisi ng buwaya. (Son 107, sariling salin)

Halimbawa ng teksto:

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Gilikos ni Naginada ang iyang mga batiis sa lawas sa upat ka dupang gitason nga buaya ug wala niya buhii ang bangkaw samtang gakisikisi silang duha sa gadagayday nga suba. Kadugayan, milungtad ang kusog sa bayani ug nalinaw ang kasamok sa tubig. Nahutdan nag kinabuhi ang buaya.

Salin:

Pumulupot si Naginada sa katawan ng apat na dipang buwaya at hindi niya pinakawalan ang sibat habang nakikipagbuno silang dalawa sa ilog. Kalaunan, umarangkada ang lakas ng bayani at naging banayad ang tubig. Namatay ang buwaya. (Son 108, sariling salin)

May bahagi rin sa sugilanon na kaniyang inilarawan nang maigi ang pakikipagtuos ni Naginada sa buwaya.

Halimbawang teksto:

"Paminawa ako, awaon nga linalang!" singgit ni Naginada. "Anak ako ni Arka! Tigpadangat sa kahayag! Walay kangitngit nga makapukan sa kalayo sa akong dugo! Ug sa balaang ngalan ni Laong Makahayag, ang Natulog nga Gikanta, gitunglo ko ang ngalan mo, Um Urusuruk, sa kinaiyahan sa kawadon ug gipanaad ko ang kamatayon mo pinaagi sa kaisog, ug pinaagi sa himaya!" Gihulbot dayon ni Naginada ang baraw sa iyang bakos. "Ug gamit niining hinagiban, buntogon… ug butahan ko ikaw! Hinganlan ko kinig 'Silutmata'! Kay sa kahait niining sulab, mahiagoman mo… ang imong kataposan! *Amina rága! Amina rága! Amina rá—"*

Giduom si Naginada sa gangangang baba ni Um Urusuruk! Apan gipugngan sa bantogang bayani ang bisog nga sama sa gatosan ka brasong gaduso kaniya paingon sa kamatayon aron dili lang matak-om ang baba sa buaya.

Salin:

"Makinig ka sa akin, kaawa-awang nilalang!" sigaw ni Naginada. "Ako ang anak ni Arka! Ang Mensahero ng Liwanag! Walang kadiliman ang makakatalo sa apoy ng aking dugo! At sa banal na ngalan ni Laong Makahayag, ang Natulog nga Gikanta, isinusumpa ko ang ngalan mo, Um Urusuruk, sa kawalan at sa kamatayan sa pamamagitan ng aking lakas at kagitingan!" Dali niyang inilabas ang kaniyang balaraw mula sa pagkakabigkis nito sa kaniyang baywang. "At sa pamamagitan nito, bubulagan kita! Tatawagin kitang Silutmata dahil sa talim ng aking balaraw makikita mo ang iyong katapusan!" *Amina rága! Amina rága! Aminarága—"*

Itinusok ni Naginada sa bibig ni Um Urusuruk ang punyal! Idiniin ito ng bayani nang ubod lakas upang hindi maitikom ang bibig ng buwaya. (Son 122-123, sariling salin)

Samantala, taong 2012 naman nang nakamit ni En Villasis ang gantimpala sa Don Carlos Palanca Memorial Awards para sa kaniyang koleksiyon ng mga tula na *Crocopedia*. Halimbawa ng siping tula mula sa koleksiyon:

"Ayon sa Giya"

Bago ang lahat, tayo ang dayuhan. Kaharian nila
Ang anumang may tubig. Kahit ang pagbaha'y
Tinatawag nilang tahanan. Makinig sa babala

Ng mga kalaw; nasaksihan nila ang mga pangahas
Na umangkin sa latian, walang alinlangang sinagpang
Ng buwaya ang bangka saka iwinasiwas

Ang anumang nasa pagitan ng kanyang panga.
Noong Ikalawang Digmaan, sa kagustuhang iruta
Ang pagsakop sa buong isla, hindi nagduda

Sa pagsunod sa paglusong ang mga sundalong Hapon.
Sa pagkalabusaw ng mga botas, isang paghahamon
Iyon sa kanilang nahihimbing na gutom.

Namulaklak ng mga uwak ang magkakalapit na bakawan.
Nagdagta ng dugo't may ilang sumampay na laman
Na maglao'y naging bahagi ng mga puno. Pakinggan

Ang garalgal na alingawngaw sa dilim, sila iyon,
Hindi sa multo ng mga sundalong minsan nilang nilamon.
Ipinapaalam lang nila, magbago man ang panahon

Mananatili silang narito, binabantayan ang ating galaw.
Kaya ibaba mo 'yang kamera, matatandain sila,
Walang ipinagkaiba ang liwanag niyan sa kislap ng pulbura,

At sa isang iglap, maniniwala silang riple ang iyong dala.
Kikilalanin ka nilang banta at tiyak akong kanilang ipamamalas
Ang talas ng pagkabangis habang dinadakma ang iyong lawas (2-3).

Sa kabilang banda, batay sa mga pananaliksik, itinuturing ding puno ng kababalaghan at pagiging kagila-gilalas ang mga buwaya dahil may tinatawag na balanghitao noong mga panahong wala pa ang mananakop na Español sa ating bansa. Itinuring na may sariling kapangyarihan ang mga buwaya at

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

maaari silang mambarang o mangkulam ng tao. Dahil ito sa tatlong persona ng buwaya: ang buwaya bilang ninuno, buwaya bilang espiritu, at buwaya bilang mambabarang o mangkukulam. Sinasabing nagdadala ito ng sumpa sa tao. Hindi lamang natatapos dito ang mga katotohanan at haka hinggil sa mga buwaya. Batay rin sa pag-aaral, lumilitaw na may mga babaeng nagsisilang ng buwaya tulad ng asawa ng Pakotolini ng Tubig. Kasama nitong iniluwal ang isang pangkaraniwang bata. May iba ring nagpapakasal sa buwaya at nagiging buwaya. May iba namang tao na nabubuhay nang kasama ang isang *spiritual crocodile twin* o kambal na buwaya. Ngunit sa pagdaan ng panahon, sa pagdating ng Kristiyanismo at ng mga mananakop, nagbago ang mukha ng mga buwaya. Binago ito ng mga dayuhan partikular na ng mga prayle. Itinuring silang kampon ng kasamaan. Sa kasalukuyan, kinatatakutan din ang mga buwayang ito dahil sa kanilang pisikal na kaanyuan.

Narito ang isa pang tula ni Villasis hinggil pa rin sa buwaya –

"Ayon sa Buwaya"

Nabubuhay kami sa inyong maling paghuhusga. Diablo ng ilog.
Nilalang na kakambal ng lagim at panganib. Mababangis na pangang
Sumisila ng matatamis na panaginip. Damitan ninyo ako ng barong
At tatawagin ninyo akong politiko. Ngunit hindi ninyo nababatid,

Supling din kami ng alamat at agham. Umuusbong sa imahenasyon
Ng sinaunang sibilisasyon bilang mga Panginoon. Naglulunoy sa tabi
Ng sanggol ang mumunti naming imahen. Hindi lamang basta laruan,
Nagmamatyag ito sa mga sutil na espiritung kakalabit sa paslit.

Sa isang templo, namumuhay kaming tila Diyos. Nag-ugat sa aming dugo
Ang hanay ng mga hari. Nilulunok at niluluwa namin ang buwan.
Hinahatid namin sa kabilang pampang ng mundo ang mga nagugutom.
Sa aming bunganga, mababuhay sila sa mga nahuling isda't kumapit

Na mga talaba sa pangil. Sa dulo ng paglalakbay, iaahon namin sila
Sa suso ni Mebuyan. Eternal silang magpapakabusog sa handog na gatas.
Muli kaming babalik sa tubig nang makahanap ng mga gayat ang tiyan.
Huwag paniwalaan ang lumang libereto ng mga dasal. Kung makalimot

Na umusal ng *Ama Namin*, hindi kami sasalakay sa inyong bangka.
Walang ibang sinisisi sa kinaharap na kamalasan ang mga pari kundi
Ang mga nilalang na katulad naming may kaliskis. May krokis din sa paa
Ang mga ibon. Maliban sa balahibo't pakpak, wala kaming ipinagkaiba.

Ang totoo, iisa lang ang aming ninuno. Sa bawat sulok ng mundo,
Nahuhukay ang mga dambuhala naming buto. Maging ang lawak

Ng kaparangan aming pinagharian. Sa pisngi ng bangin nakaukit
Ang pamamahala. Ngunit habang lumiit nang lumiit ang daigdig

Para sa atin, hinayaan namin ang kalupaan at piniling matutong
Mabuhay sa tubig. Hindi sumasapat ito para sa inyo, kaya sinalakay
Maging ang pusod ng aming tahanan at kinalabusaw ng kasakiman.
Lumalaban lamang kami. Hanggang sa ikawing-kawing ninyo kami

Sa madugong tanikala ng talinghaga ang aming pagkakakilanlan.
Primera klase ang aming balat pero marunong din kaming masaktan (18-19).

Mula sa mga nabanggit sa itaas, masasabing malalim at malawak ang ugnayan ng mga sinaunang Pilipino sa buwaya bilang isang hayop at uri ng espiritung may pambihirang lakas at kapangyarihan. Ngunit ngayon, ang mga buwayang natitira na lang sa ating katubigan ay tinitingnan natin bilang mga dambuhalang halimaw na kailangang ikulong at bantayan sa mga zoo at parke, maging sa iba pang museo upang idisplay ang labi o balat o upang alagaan, paramihin, at alalahanin. Ito ang nais galugarin ng manunulat sa kaniyang malikhaing pag-aakda. Nais ng proyektong ito ang isulat ang posibilidad ng isang autofiction. Ano ang autofiction? Ito ay isang uri ng maikling kuwentong nagsasalaysay ng sariling buhay. Ano ang pagkakaiba nito sa non-fiction? Ang autofiction ay isang uri ng kuwentong halaw sa katotohanan hinggil sa buhay ng isang awtor, na may sariling balangkas, tauhan, may sariling suliranin na kailangang solusyunan, may banghay na sinusunod, at nag-iiwan ng iisang kakintalan. Nagbabahagi rin ang akda na ito ng obserbasyon, haka, sugilanon, at ilang puna at tanong hinggil sa pag-iral ng penomenang kung tawagin ay *buayahon* bilang isang personal na danas ng manunulat mula sa Timog ng Mindanao. Ito ay pagbubukas ng mga posibilidad at realidad, at ang hangganan nito.

Ang manunulat ay binansagang *buayahon*. Isang uri ng kondisyon kung saan pinaniniwalaan ng matatanda sa kanilang baryo na may nakatirang buwaya (espiritu) sa kaniyang palad at hinihigop nito ang buhay ng kaniyang mga kapatid. Ang kaniyang mga kapatid ay namatay noong siya ay musmos pa lamang. Tatlo sa mga ito ang pinagbuntis at iniluwal ng kaniyang ina sa mundo. Lahat sila ay binawian ng buhay bago pa man isilang o pagkasilang. Isa lang ang nabuhay sa loob ng isang buwan at binawian din ng buhay. Ang itinuturong salarin ng kaniyang komunidad ay ang buwayang nakanganga sa kaniyang palad, ayon sa matandang albularyo mula sa Lake Sebu na si Saigon at ng albularyong si Tatay Karding. Dahil na rin sa mga pag-aaral hinggil sa mga buwaya at sa kanilang papel na ginampanan noong unang panahon sa matatandang kuwento, nais ding magkuwento ng manunulat hinggil sa kaniyang personal na danas noong siya ay musmos pa hanggang sa nagdalaga at tumuntong na sa wastong gulang. Sa sulatin ding ito makikita ang obserbasyon

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

at mga tanong na inilalantad ng manunulat habang siya ay nagsasalaysay ng kaniyang alaala sa mambabasa. Binigyang-diin din ng manunulat kung paano naniwala ang kaniyang komunidad at paano ito nakaapekto sa kaniyang pagpapasya bilang tao at kung ano ang kaniyang naramdaman bilang bata habang ginagamot ng manambalan ang kaniyang kondisyon. Sa kabilang banda, ang autofiction ding ito ay nagnanais na magharaya ng mga pangyayari hinggil sa penomenon ng buayahon—sa pagiging buayahon mismo ng manunulat at sa pagiging buayahon ng isang buayahon.

Isa sa mga prosesong pinagdaanan ng manunulat para sa papel na ito ay ang pangangalap at pagbabasa ng mga akda, pag-aaral, at pananaliksik hinggil sa mga buwaya sa iba't ibang aspekto tulad ng mga paliwanag sa larangan ng agham, kultura, kasaysayan, at panitikan upang maunawaan ang mga kaisipan, katotohanan, at hiwagang bumabalot sa katauhan, kaanyuan, katuturan, at pinanggalingan ng mga buwaya. Nagtanong din siya sa iilang matatanda mula sa komunidad ng mga katutubong T'boli upang maunawaan ang penomenon ng buayahon at iba pang danas ng mga taong itinuring na buayahon sa iba't ibang lugar sa Rehiyon 12. Pagkatapos mabasa ang mga babasahin at pananaliksik, naglimi-limi ang manunulat at tiningnan niya kung paano maisasatitik ang sarili niyang teksto at konteksto sa pagsusulat. Lumilitaw na sa autofiction na ito mababakas ang malaking bahagi ng buhay ng manunulat na naapektuhan ng paniniwala at pamahiin sa kanilang baryo. At kung ano ang maaaring nangyari o mangyari lagpas pa sa pisikal at literal na kaanyuan at katotohanan.

Ang ganitong pag-aakda ay isang uri ng pagtatangka na pagtagpuin ang realidad at posibilidad. Ito ay pagtatagpo ng pagtatago at paglalantad. Pagtatago sa totoong pangyayari sa buhay ng isang tao upang bigyan ng seguridad at ligtas na espasyo ang kaniyang pribadong buhay at ikalawa ay paglalantad. Ito ay paglalantad ng katotohanan hinggil sa isang penomenon na kagila-gilalas. Layunin nitong sagutin ang mga tanong: Sino ang buwaya? Ano ang buayahon? Ano ang tunay na kapangyarihan ng mga buwaya? Sino ang sumumpa at paano ito mababali ng isang buayahon? Tinatangka rin ng akda na ipinta ang kakaibang hulagway ng isang komunidad na naniniwala pa rin sa pamahiin at iba pang maaaring paniwalaan. Isa itong pagsasatitik sa danas ng isang buayahon at sa tunay na gahum ng mga buwaya sa kalibutan na ating ginagalawan. Ito ay pagiging taong buwaya o buwayang tao o balanghitao.

Mga Sanggunian

van der Ploeg, Jan, et al. "A Cultural History of Crocodiles in the Philippines: Towards a New Peace Pact." *Environment and History*, tomo 17, blg. 2, 2011, pp. 229-264. *JSTOR*, https://www.jstor.org/stable/41303508.

Son, John Rolly. *Gasubang nga mga Suginduraw Kabahin sa Balmaya*. 2021.

Villasis, Enrique S. *Crocopedia*. 2012. Don Carlos Palanca Memorial Awards. https://drive.google.com/file/d/1JmXePal8nzf0W6xcGKZnYjNFC8ls3KHe/view.

Buayahon

Ipinanganak akong may buwaya sa kamay. Hindi biyaya, kundi sumpa. *Buayahon* ang tawag ng mga matatanda sa kondisyon ko. Pinaniniwalaan ng mga tao sa aming maliit na baryo, dito sa liblib na pook sa Timog, na may buwaya ako sa kamay, nakakulong daw ito sa aking palad. Kaya hindi ako nagkaroon ng kapatid kahit kailan, kaya bugtong ako. Lima sa mga kapatid ko ang namatay. Dalawang beses ding nakunan si Mamang. Dahil kay Bwaya. Ang tawag ko sa kaniya ay Bwaya ang kambal kong buwaya na nananahan sa loob ng aking palad. Umaalpas siya sa literal, metaporikal at simbolikal na kahulugan ng anumang katotohanan tungkol sa akin at tungkol sa kaniya.

Madalas ko siyang kausapin sa aking pag-iisa. Sa tuwing walang nakakakita sa akin. Sa tuwing hindi ako naiintindihan ng mga tao sa paligid ko. Kapag hindi ko nauunawaan ang mundo. Tuwing nagsusulat, pagkatapos maghugas ng plato o maglaba. Sa tuwing nagpapahinga. O naguguluhan. O kapag naglalakad ako pauwi sa aming bahay pagkatapos ng klase. Kinakausap ko si Bwaya sa aking isip at kung minsan sa aking panaginip. At nakikinig siya sa akin nang taimtim. Hindi niya ako hinusgahan o pinagtawanan. Parang isang kaibigang handang makinig. Sa kaniya ko ikinukuwento kung ano ang nangyayari sa eskuwelahan. Halimbawa, na pinagdrowing kami ng urinary system sa klase namin sa Science, na mag-isa akong kumain ng tanghalian sa likod ng klasrum, na kinutya ako ng kaklase kong si Justin dahil sa malalaki kong mata at kung paano nila nilagyan ni Mark Vincent ng uod ang bag ko noong hayskul dahil alam nilang takot ako sa mga uod habang nagbubungkal ng lupa sa aming hardin. Ilang araw ang nakalipas maririnig ko na lang sa aking mga kaklase na nagkasakit si Justin kaya hindi nakapag-summative test. Minsan naman, sinasabi ko kay Bwaya ang aking mga pangarap. Kung gaano ako kasaya noong pinalakpakan ako ng mga tao habang tinanggap ko ang aking medalya sa entablado. Best in Filipino ako noong elementarya! Pero madalas nasusumbatan ko siya at inuusisa kung bakit sa dinami-rami ng tao sa aming baryo, bakit ako pa ang napili niya? Mamamatay-tao na ba ako? Bakit hindi siya napatay ng manambalan na si Saigon? Bakit hanggang ngayon ay nakatira pa rin ang buwaya sa aking kamay? Bakit hindi niya ako iniiwan? Bakit nandito pa rin siya? Bakit sabay kaming lumalaki? Ngunit madalas ganito rin ang takbo ng aming usapan.

“Bwaya, bakit nandito ka pa?”

“Kasi makapangyarihan ako.”

“Pero kinuha ka na ni Saigon.”

"Hindi mo pa rin ba nakikita? Kapag namatay ako, mamamatay ka rin. Dahil ako ay ikaw, at ikaw ay ako," tugon naman ni Bwaya.

Minsan sa pambihirang mga pagkakataon nakikita ko ang aking buwaya na naglulunoy sa aking palad. Lumalangoy ito kahit wala sa tubig. Kahit walang tubig. Kita ko ang mahaba nitong buntot. Ang bibig nitong handang manlapa at laging nakanganga. Ang matutulis nitong pangil. Minsan mga palikpik lang o buntot ang kaniyang ipinakikita. O malalaking mga mata. Minsan natutulog si Bwaya kapag busog, nagbabantay naman kapag gutom. Minsan din, hindi ko siya nakikita. Minsan hindi ko siya kilala. Pero lagi siyang nasa akin. Nararamdaman ko ang kaniyang galaw at kilos. Pati ang tibok sa kaniyang puso. Minsan naman nagkukuwento siya tungkol sa sinaunang kaharian at kung paano sila itinuring na hari ng tubig. Mula si Bwaya sa matandang panahon. At simula pa noong umpisa, naririyan na siya. Sila.

Paano ko nalamang may buwaya ako sa kamay?

Ipinanganak ako noong 1996, Agosto bandang alas dose. Umuulan daw noon kahit napakainit ng sikat ng araw sa gitna ng katanghaliang tapat. Ikinakasal daw ang mga tikbalang kapag ganitong ulan-init. May pista raw sa langit. Pitong buwan lang ako no'ng lumabas sa sinapupunan ni Mamang. Pitong buwan at tatlong linggo kaya pito-pito ang tawag sa akin ng aking Lola Pilang. Kamuntik na rin daw akong mamatay noon dahil napaaga ang pagdating ko sa mundo. Kasinlaki lang daw ako ng bote ng *softdrinks* at 'yon nga raw ang nilagyan ni Lola ng mainit na tubig para mainitan ang napakaliit kong katawan. Katabi ko raw ito sa pagtulog. Hindi raw *afford* nina Mamang na magpaincubate ng sanggol o kahit man lang manganak sa ospital sa aming bayan. Sa isang bahay na gawa sa papag at kawayan niya ako iniri, kasama ang komadronang si Lola Leonora na pinaniwalaan nilang dalawa ang kasarian: *otinan* at *bilatan* kaya binigyan ng pambihirang kakayahang magpaanak ng mga babae sa aming lugar. Siguro biyaya talaga ang *mananabang* na si Lola Leonora kina Mamang noong mga panahong 'yon dahil sa sobrang mahal manganak sa ospital.

Ako ang unang anak ni Mamang at Papang. Siguro, kung alam lang nila na may "sumpa" ang panganay nila, baka mas gugustuhin pa nilang hindi ako mabuo o ipanganak dito sa mundo. Marahil mag-iiba ang kuwento kung ako ang huling ipinanganak. O baka ako rin ang hindi mabubuhay. Bakit ba ako ang nauna? Ito rin ang tanong ko kay Bwaya pero wala siyang sagot. Ito rin ang tanong ko minsan sa Diyos at sa uniberso pero walang sagot. Laging ipinaaalala sa akin ni Bwaya na ang lahat ay nakatakda na. Noong ipinanganak daw ako, itinakda rin siyang muling isilang sa mundo, hindi bilang diyos kundi bilang espiritung gabay na nakakulong sa aking palad. Hindi rin daw siya makalalabas sa akin at hindi ako makalalayo sa kaniya. Hindi kami

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

mapaghihiwalay habambuhay. Parang isang kasunduan. Isang sanduguan. Ang sabi pa ni Bwaya sa akin, makapangyarihan siya higit pa sa iniisip ko. At makapangyarihan daw ako higit pa sa iniisip ko. Apo raw ako ng isang babaylan at ipinagkaloob na ako ng aking ninuno sa kaniyang ninuno. Malabo pero kayrami nang namatay magmula noong ipinanganak ako. At doon ko nakilala si Bwaya. Noong tinawag ako ni Mamang na buayahon. Sa gabi ng lamay ni Princess. Si Princess ang tanging nabuhay sa mga isinilang ni Mamang sa loob lang ng isang buwan. Musmos lang ako noon. Si Mamang, beinte-kuwatro anyos. Si Papang tatlumpu't siyam na taong gulang.

Ang sabi sa akin ni Mamang, Do-Re-Mi-Fa-So-La-Ti-Do raw kami kung nabuhay ang aking mga kapatid. Sunod-sunod daw ang pinagbuntis niya kaya isang taon lang ang nakalipas pagkatapos kong maipanganak, nasundan agad ako ng isang sanggol na lalaki. Ngunit pagkatapos daw nitong iluwal at umiyak ay agad ding binawian ng buhay. Narinig kong sabi ni Mamang na napakagandang lalaki raw sana ng aking kapatid kung nabuhay lamang ito. Namana nito ang ilong ni Papang. Katunayan binigyan nila ito ng pangalan, Angelo, dahil ayon kay Mamang, anghel na raw siya ngayon at nasa langit na. Sayang. Siguro kung nabuhay lang si Angelo ipapasok 'yon ni Papang sa militar. Frustrated na sundalo kasi siya. Ang sumunod kay Angelo, ayon sa kuwento, ay isang babae pero tulad ni Angelo, namatay din ito kaya 'di na nila nagawa pang pangalanan. Pero napakalusog daw nitong sanggol. Inilibing ito sa bakuran ng likod-bahay. Hindi maintindihan ni Mamang kung bakit ito namatay. Sabi naman ng ibang kapitbahay, inaswang daw si Mamang kaya walang dugo nang iluwal ang aking ikatlong kapatid. Sunod naman, naglibing ulit ng sanggol katabi ng kapatid kong babae. Tulad ng sumunod kay Angelo, patay na rin ito no'ng nasa sinapupunan pa lang. Hindi birong mamatayan ng tatlong sanggol. May nakapagsabi naman kay Mamang na bakit daw hindi ako ipatingin sa isang albularyo para malaman ang totoo. Albularyo si Lolo Tito, ang Tatay ni Mamang, pero hindi niya kayang magpagaling ng isang buayahon. Kaya napagpasyahan nga nila ni Papang na lumapit sa albularyong si Tatay Karding. Isa siyang matandang lalaking mahinang magsalita, laging pino kung kumilos at may balat siya sa mukha. Nang tingnan daw nito ang aking palad, doon daw nakumpirma ng matanda na *buayahon* nga ako. Ang sanggol na ipanganganak kasunod ko ay hindi mabubuhay. Kahit isa. Kahit kailan. Dagdag pa ni Tatay Karding, nakatira raw sa mga kamay ko ang buwaya, nakanganga raw ito at hinihigop nito ang buhay ng aking mga kapatid sa tuwing nahahawakan ko sila o lumalapit ako sa kanila, sa tuwing nagdidikit kami. Habang lumalaki raw ako ay lumalaki rin ang buwaya sa aking kamay.

Hindi ko alam kung paano ko prinoseso ang mga sinabi niya noong mga panahong 'yon. O kung paano pinasok ni Mamang at Papang sa utak nila na gano'n nga ako. O pinaunawa ba nila sa akin na ganoon nga ako. Tinanggap

ito ng mga matatanda sa aming angkan. Kailangan daw namin ng solusyon. Maaari daw kontrahin ang sumpa sa pamamagitan ng kudlit. Kailangan kong magpakudlit sa aking palad. Isang ritwal ang kudlit na ginagawa upang mapatay ang halimaw na namamahay sa aking mga kamay. Kailangang hiwain ang palad ko upang dumugo. Kapag dumugo na ito, agad tatakpan ng itim na tela at hindi dapat mabasa ng tubig sa loob nang tatlong araw. Kailangang itapat kapag patay na ang buwan. Sino ang hindi maniniwala? Sino ang hindi susunod? Kung hindi ako buayahon, paano maipaliliwanag kung bakit lima na sa kapatid ko ang namatay? Siguro, naisip ng mga tao sapat na 'yon na dahilan upang paniwalaang nanggagaling nga sa aking mga kamay ang sumpa. Siguro, sapat na 'yong dahilan para sa aking mga magulang upang gawin ko ang ritwal ng kudlit. Doon ko unang nakausap si Bwaya sa aking panaginip. Mag-aanim na taong gulang lang ako no'n. Pagkatapos ng ritwal, nagkasakit ako. Muntik na akong isugod sa ospital. Kinumbulsiyon daw ako sabi ni Mamang. Mataas daw ang lagnat ko at hindi makatulog. At noong mga panahong iyon, nag-umpisa na rin akong managinip. Nakita ko si Bwaya sa aking balintataw. Isang buwayang lumuluha. Umiiyak. Isang buwayang nasusugatan pero kaya ring pahilumin ang sarili. Nagpupumiglas si Bwaya habang ginagawa ang ritwal. Nagwawala tulad ng isang halimaw na nasaktan. Gustong lumaban. Doon sa aking panaginip, nakita kong umaawit at nagsasayaw si Bwaya. Mayroon siyang sinasabing hindi ko maintindihan. Paggising ko, wala na ang sugat sa aking kamay. Paggising ko, nakikita ko na si Bwaya sa aking palad. Nakanganga. Ako lang ang nakakakita.

Ngunit dahil sa kagustuhan ng mga magulang ko na magkaroon ako ng kapatid, lagi rin nilang sinusubukang makabuo ng isa pang ako. Kaya noong limang taong gulang ako, ipinanganak si Princess. Sabi ng mga tao, napakaganda niyang bata, para siyang prinsesa. Mapungay ang kaniyang mga mata at matangos ang kaniyang ilong. Ang sabi ng mga malalapit naming kamag-anak, mas maganda raw si Princess kaysa sa akin. Ang kuwento ni Mamang nagseselos daw ako at nagagalit sa tuwing sinasabi 'yon ng mga tao. Pero sa tuwing naaalala ko ito, sa tingin ko, hindi panibugho ang nararamdaman ko. Siguro ayaw ko lang ang pakiramdam na kinokompara sa iba. Pero gano'n yata kapag may kapatid ka, naikokompara kayo sa isa't isa. O minsan, naikokompara mo ang sarili mo sa kaniya. Kahit hindi naman talaga kailangan dahil kahit nga kambal na magkapareho ang mukha ay magkaiba naman ang pag-uugali at mga paborito. Ngayon nga, pilit kong iniimagine kung ano kaya ang mukha ng aking mga kapatid kung nabuhay sila. Sino kaya ang mas kamukha ni Mamang o mas kamukha ni Papang? Sino kaya ang kamukha ko?

"Sa wakas, hindi ka na bugtong!" sabi ng komadronang nagpaanak kay Mamang. Nakangiti sa akin.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

“Buti na lang may kapatid ka na!” bati ng mga kapitbahay.

“Ayaw na tukba ha,” pabirong tugon ng isang kamag-anak. Ang sabi niya huwag ko na raw “lapain” ang panlima kong kapatid.

Walang pagsidlan ang saya ni Mamang at Papang. Sigurado ako sa bagay na ‘yon. Dahil sa takot na mawala si Princess napagpasyahan ni Mamang na doon muna ako tumira sa kabilang bahay ng aking Lolo at Lola. Pansamantala muna nila akong ihihiwalay kay Princess. Ibubukod nila ako dahil kailangan nilang protektahan ang aking kapatid laban sa akin. Dahil sa dala-dala kong sumpa. Hindi ko alam kung paano ko hinarap ang pinagtagpi-tagping katotohanang ito hinggil sa aking pagkatao. Isa akong mapanganib na batang kailangang ilayo o itago upang hindi maghasik ng kamatayan. Noong mga panahong iyon, sunod lang ako nang sunod sa sinasabi sa akin, sa sinasabi ni Tatay Karding at ni Mamang. Para sa ikababuti ng lahat. Kaya kinausap ko si Bwaya sa aking isip. Sabi ko, huwag niyang galawin si Princess dahil kapatid ko siya, na mahal ko siya at mahal siya ng marami.

“Mahal ni Mamang at Papang si Princess, hindi siya puwedeng mawala,” wika ko kay Bwaya.

“Anong pinagkaiba nito sa iba mong kapatid? Ito ay sakripisyo. Alam mong alam nating hindi ka maaaring magkaroon ng kapatid kahit kailan. Batas ito ng kalikasan, batas ito ng ating kasunduan,” wika niya sa akin bago sumisid sa ilalim ng linya ng aking palad.

Gusto kong ipaunawa kay Bwaya na may alaala na ako kay Princess. Na kasama namin siya at gustong makasama pa.

“Ako ang diyos ng iyong ninuno, hindi ako magagapi ng tao,” wika ni Bwaya. Tila nagbabanta.

Pagkarinig ko nito, alam kong wala na akong laban sa kaniya. Isa siyang espiritu at puwersang nananahan sa akin hangga’t ako ay humihinga. Kaya ako na mismo ang gumawa ng paraan noon. Pinigilan ko ang sariling pumunta sa bahay ni Mamang at Papang. Inilayo ko ang aking sarili. Hindi puwedeng mawala si Princess sa amin. Pero may mga pagkakataon pa ring lumapit ako kay Princess. Baka nga gusto ko rin siyang makita. Isa pa rin akong kapatid na sabik makipaglaro sa isang kapatid. Hanggang sa di ko mapigil ang sariling halikan ang kaniyang mga munting kamay at paa sa tuwing nakakatulog si Mamang. Palihim akong pumupunta sa kuwarto para tingnan siya pagkatapos kong maglaro sa parang. Ngunit ang hindi ko raw alam unti-unti ko na siyang pinapatay, hinihigop, inuubos. Pinatitindi pa raw ito ng pagseselos ko sa aking kapatid. Mas pinatatapang at mas pinababagsik daw nito ang buwaya sa aking mga kamay. Pero nabuhay si Princess sa loob ng isang buwan.

Sa loob ng mga panahong ‘yon, salitan kami kung magkasakit. Kalbaryo ang inabot ng aming pamilya. Kung hindi sinisinat si Princess, ako naman ang inaapoy ng lagnat. Ang sabi ng albularyo, nagtutunggalian daw ang aming mga puwersa sa tuwing nagtatabi kami. Naging impiyerno ang langit. Wala ring pera si Papang pampaospital dahil CAFGU lang siya sa kampo ng aming barangay. Sa panahon ni Erap, ang sabi ni Mamang, ang inuuwi lang ni Papang ay 900 pesos kada buwan. Kaya umaasa pa rin kami kina Lolo at Lola para sa gatas ko at ang pagpapaospital ay wala sa bokabularyo ng aming pamilya. Pero isang araw, nagising na lang ako na nagkukumahog si Mamang at Papang na isugod sa ospital ang aking kapatid. Pero huli na ang lahat. Hindi malaman ng doktor ang dahilan ng pagkakasakit ni Princess. Basta na lang siyang kinumbulsiyon. Inuwi ni Mamang at Papang ang bangkay ng aking kapatid.

Aaminin ko, noong mga panahong iyon, sinisi ko si Bwaya. Pero mas sinisi ko ang aking sarili. Hindi ko siya kinausap sa aking isip. Iniiwasan ko siya sa aking panaginip. Hindi ko pa rin maintindihan kung bakit namatay pa rin si Princess. Sinunod namin ang ritwal. Ginawa namin ang lahat. Pero ang sabi ni Mamang, baka hindi raw ganoon kabilog ang buwan o baka nabasa ko sa tubig nang hindi sinasadya ang aking mga kamay. O baka dahil hindi raw ako naniwala sa ritwal kaya hindi ito gumagana. Parang pagpapagamot lang daw ‘yan o faith healing, ang mga gumagaling lang ay ang mga nananampalataya. Ano ba dapat ang paniwalaan? Siguro nga mas magiging madali ang lahat kung tatanggapin kong isinumpa nga ako at walang lunas sa sumpa. Dapat siguro, tanggapin kong ako at si Bwaya ay iisa. Habambuhay.

Tila pinagsakluban ng langit at lupa ang mundo ni Mamang noong mga panahong ‘yon. Saksi ako kung paanong nagluksa ang buong angkan dahil sa pagkamatay ng aking kapatid. Buhay na buhay sa aking alaala, nakamamatay. Kahit malabo pero tumatatak: nabutas ang pinto sa bahay ni Lola dahil sinuntok ni Lolo, ang mga angkol ko na humihikbi habang gumagawa ng maliit na kabaong, mga pinsan na nagyayakapan, mga tiyahin na gumagawa ng bulaklak na gawa sa papel at ang larawan ng aking ina na humahagulgol habang isinusuot kay Princess ang paborito kong damit. Kulay rosas ang bestida na iyon na may burdang bulaklak at may lasong kulay rosas. Isinuot ko ito noong bininyagan ako. Sabi ni Mamang, “Wow” daw ang tawag ko sa damit na ‘yon. ‘Yon ang pinakamagandang damit para sa pinakamagandang kapatid sa buong mundo.

Lumapit ako kay Mamang habang binibihisan niya si Princess. Hindi ko alam kung ano ang eksaktong damdamin na naramdaman ko noong mga sandaling ‘yon. Nalungkot ba ako dahil ibinigay ni Mamang ang paborito kong bestida o nalungkot ako dahil pakiramdam ko kasalanan ko ang lahat. O naramdaman ko bang walang nagmamahal sa akin. Iniisip ko ngayon kung naiisip ko ba noon na sana ako na lang ang namatay.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

"Kasalanan mo 'to!" Ito ang sambit ni Mamang sa akin no'ng lumapit ako sa kaniya. Ito ang naaalala ko. Sana hindi ko na lang naaalala pero, naalala ko. Mapanakit ang mga alaala. Umeeko sa aking tainga. Ang eko hanggang ngayon bumabalik, paminsan-minsan. Hindi ko alam kung bakit sa lahat ng malabo, ang mga salitang ito ang pinakamalinaw sa akin. Hindi ko alam kung nauunawaan ba ito ni Bwaya. Kung marunong din ba siya makadama ng hinanakit o kung nakaramdam na rin ba siya ng pagsisisi.

Magmula noon, habang lumalaki ako, mas nasasaktan ako sa panunukso ng aking mga pinsan at kalaro.

"Buayahon!"

"Pinatay mo ang mga kapatid mo!"

"Hindi ka namin kakampi!"

No'ng nasa elementarya ako kinatakutan ako ng mga bata sa aming lugar dahil nga sa buwaya sa aking kamay. Kahit hindi nila ito nakikita. Sa tuwing nilalapitan ko naman ang maliliit na bata sa amin, pabirong sasabihin ng kanilang mga Nanay na "puwera usog" na para bang may dala akong panganib o peligro sa kanila. Hindi ko mailarawan ang pakiramdam. May mga sugat na hindi pinag-uusapan, hindi naitatatanong kung bakit masakit o saan ang masakit o kung gaano kasakit kaya hindi nagagamot, kaya hindi gumagaling, kaya hindi nagiging pilat kailanman.

Pero ang totoo, sa pagitan ng aking kalungkutan, naroroon si Bwaya. Siya lang ang mayroon ako. Ginagawa niya akong malakas, mas malakas kaysa dati. Ni minsan hindi ako nagkasakit. Pakiramdam ko, lagi akong may kakaibang lakas, kapara ng isang buwaya. Pakiramdam ko, lagi akong alisto sa aking paligid. Walang mananakit sa akin. Hindi ako natatakot.

Nasa hayskul ako noong una kong ikuwento sa aking mga kaklase na *buayahon* ako. Unang-una, natakot ako na baka kutyain nila ako o pagtawanan at sabihing nababaliw na ako. Pero doon ko rin napag-alamang hindi pala ako nag-iisa. Umamin din sa akin ang kaibigan na si Aprille na mayroon din siyang buwaya sa kamay at tatlo rin sa kaniyang mga kapatid ang namatay dahil dito. Ikinuwento niya na nakalagay ang mga fetus na ito sa maliit na bote na inilibing nila sa likod ng kanilang bahay. Tulad ko, panganay rin siya. Ang kuwento pa niya, dumating daw sa punto na pinapili ng kumadrona ang Lola niya kung sino ang ililigtas: ang anak niya ba o kaniyang apo? Habang ikinukuwento niya ito, hinahanap ko sa mga mata niya ang lungkot at takot sa kondisyon namin. Pero wala akong matagpuan. Natanggap na agad ni Aprille na buayahon siya. Natanggap niya agad na gano'n kami.

"Nakakausap mo ba ang buwaya mo?" tanong ko sa kaniya isang araw, habang nagrerecess kami.

"Ha? Hindi no! Basta sabi sa akin ni Tatay Karding, huwag daw ako lumapit kay Mommy no'ng nagbubuntis siya."

Si Tatay Karding din pala ang kaniyang doktor. Tulad ko, parehong mga babala at paalala rin pala ang sinabi sa kaniya. Pero hindi nakaranas ng ritwal si Aprille. Hindi niya nakakausap ang kaniyang buwaya. Hanggang ngayon, palaisipan pa rin ito sa akin kung totoo ba talagang may buwaya siya sa kamay.

Sa tuwing ikinukuwento naman ni Mamang sa ibang tao ang kondisyon ko, agad na sasang-ayon ang iba.

"Ay oo, 'yong anak din ng kapatid ko, ganyan. Buayahon kaya bugtong," sagot ng kakilala ni Mamang nang marinig nito ang dahilan kung bakit wala akong kapatid. Tapos susundan ito ng mga katagang "Sayang ang mga kapatid mo, buayahon ka pala."

Noong mga panahong 'yon naramdaman kong isang malaking kapansanan ang pagiging bugtong. Pakiramdam mo at pinaparamdam sa iyo na nag-iisa ka lang. Pero hindi nga ako nag-iisa, nasa akin si Bwaya.

Hindi pa rin nawalan ng pag-asa ang magulang ko na magkaanak. Binawian ng buhay si Tatay Karding noong hayskul ako, pero nakilala ko ang albularyong si Saigon. Si Saigon ay isang T'boli, mula sa bulubundukin ng Lake Sebu, sa Timog Cotabato. Hindi raw kasi napatay ni Tatay Karding ang buwaya sa aking mga kamay. Pero kayang-kaya raw ng gahum[1] ni Saigon. Pumunta siya sa bahay ni Lolo Tito. Ang sabi ni Mamang sa akin, kung gusto ko raw magkaroon ng kapatid, kailangang subukan ulit namin ang magpatingin sa mga albularyo. Hindi ko alam kung ano ang eksakto kong naramdaman noon. Pero alam kong may pangamba sa puso ko. Paano nga kung kunin nila sa akin si Bwaya? Isusuko ko ba siya sa kanila?

Pero anak ako kaya pumayag ako sa pakiusap ni Mamang. Sabi nila, magaling daw si Saigon kahit matanda na ito. Ang kuwento ni Mamang kahit daw barang[2] ay kaya niyang kontrahin o pagalingin. Lolo siya ng kapitbahay naming si Anti Mimi, asawa ni Angkol Roni na pinsang buo ni Mamang. Sabi nila kaya raw ni Siagon na paalisin ang buwaya sa aking kamay. Marami na raw itong natulungan dahil sa pambihirang kakayahan. Hindi nagdalawang-isip ang aking pamilya. Kailangan na nilang tanggalin o baliin ang sumpang bumabalot sa akin. Kaya agad namang bumaba si Saigon sa patag para

[1] kapangyarihan
[2] kulam

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

puntahan kami. Kagagaling ko lang sa eskwela noon, pagkalapag ko sa bag, agad akong pumunta sa bahay ni Lola. Ako na lang ang hinihintay nila para simulan ang ritwal.

Pinaupo ako ni Saigon sa kaniyang tabi. Marami ang nanonood sa amin. Parang nanonood sila ng palabas o pelikula, parang nasa perya. Karamihan doon, mga matatanda. Nandoon din si Mamang at Papang, si Lolo at Lola, at ang mga kasama ni Saigon. Kinabahan ako. Hinawakan ni Saigon ang aking mga kamay at tiningnan ang aking kanang palad. Magagaspang at makalyo ang kaniyang palad. Matutulis ang kaniyang mga kuko. Matutulis at marurumi. Tiningnan niya ang aking palad na para bang nababasa niya roon ang aking kapalaran. Pinasok niya ang kaniyang kuko sa aking kuko at idiniin niya ito. Napaiyak ako dahil sa sakit. Pero no'ng nagtagal na napaiyak ako dahil ayoko ng ginagawa niya sa akin. Ano ba ang ginagawa nila sa akin? Dumugo ang aking kuko. Pagkatapos noon ay umusal ng mga salitang hindi ko maintindihan si Saigon.

"Nakita mo ba ang buwaya sa palad mo, ayan o, malaki na," wika niya sa akin gamit ang kaniyang sariling wika. Isinalin sa akin ng mga kasama niya. Pero wala naman akong nakita bukod sa guhit sa aking mga palad. Hindi niya nakikita si Bwaya. Tumango-tango naman ang mga tao na naroroon. Hindi ko alam kung nakikita ba nila ang hindi ko nakikita o naniniwala sila dahil nakikita ito ni Saigon.

Ilang sandali pa, tinusok niya ulit ang daliri ko. Napaaray ako. Ilang segundo lang ay tila may hinihila siyang kung ano na hindi namin nakikita. Tapos ay ipinakita niya sa amin ang kaniyang hawak-hawak. Buwaya raw. Tinanggal niya na sa mga palad ko. Nagbiro pa siya na ililipat niya sa palad ni Anti Mimi ang buwaya. Ngunit hindi naman ito pumayag. Nagtawanan ang lahat.

Pagkatapos ng ritwal na 'yon ay wala nang sumunod pa na ritwal. Pagkatapos no'n, kinausap ko si Bwaya sa aking isip. Kinabukasan, paggising ko, tiningnan ko ang aking palad, naroroon pa rin siya, ngunit hindi nakangisi. Lumuluha si Bwaya. Hinalikan ko ang aking palad at idinantay ito sa aking mukha. Nasanay na akong naririto siya umiiral at humihinga kasama ko.

Hindi ko alam kung sinusubukan pa rin ba ni Mamang at Papang makabuo ng bata noong mga panahon 'yon. Kung ginawa ba nila ang ritwal ng mag-asawa pagkatapos ng ritwal na ginawa sa akin ng albularyo. Nasa kolehiyo na ako sa isang unibersidad sa General Santos City no'ng nagdalantao ulit si Mamang. Nakatanggap ako ng balita kay Mamang na tatlong buwan na siyang buntis. Sobrang saya ko noong mga panahong 'yon. Hindi ko mabitawan ang aking cellphone. Binasa ko nang makailang-ulit ang kaniyang text habang

nagkaklase kami sa Math 3N. Hindi pa rin ako makapaniwala. Marahil ay gumagana nga ang ritwal! Ang sabi sa akin ni Papang huwag daw akong magpasaway at huwag ko raw bigyan ng sakit sa ulo si Mamang dahil maselan ang kaniyang pagbubuntis. Ang gusto niya lang sabihin ay *huwag ka munang umuwi*. Kaya ang sabi ko sa kaniya, hindi muna ako uuwi. Hindi muna kami uuwi ni Bwaya. Ilalayo ko muna ang sarili ko sa kaniya. Tinanong ko kung pumupunta ba siya sa doktor para magpacheck-up sabi ni Papang, oo raw. Apat na buwan na ang tiyan ni Mamang nang umuwi ako sa bahay para dumalaw. Pero totoo nga sigurong malas ako, at siguro nga, tama si Bwaya. Ang lahat ay nakatakda na. Nakunan si Mamang ilang araw pag-uwi ko. Isang maliit na fetus ang nakita ko sa banyo. Hindi umiyak si Mamang. Ako ang humagulgol sa kuwarto. Alam kong wala nang mabubuhay sa mga kapatid ko. Tinanggap ko na si Bwaya sa aking buhay. Kung wala siya, hindi rin ako buo. Mamamatay ako.

Sa loob ng maraming taon ay sinikap kong pagbutihin ang aking pag-aaral. Kahit papa'no, gusto kong punan kung anoman ang kulang kina Mamang at Papang. Gusto kong iparamdam sa kanila na kahit ako lang ang nabuhay, mabubuhay ako nang may silbi, nang may kabuluhan. Makalipas ang apat na taon, natapos ko na rin ang aking kurso bilang cum laude sa unibersidad hanggang sa naging guro ako sa isang paaralan sa lungsod. Ngunit dalawang taon lang ang nakalipas, naghiwalay si Mamang at Papang. Matagal na silang hindi nagtatabi sa pagtulog. Hindi ko alam kung bakit at paano nagbago ang lahat. Marahil, masyadong abala ang mga kamay na ito sa pag-abot ng kaniyang mga pangarap. Baka dahil sa mga kamay na ito kaya may kulang, kaya may puwang pa rin at mga patlang na hindi napupunan. O baka nga nakaligtaan kong kumustahin ang aking pamilya kaya isang araw, umuwi ako galing sa trabaho na wala na si Papang sa bahay, dala ang kaniyang mga damit. O baka matagal na talaga silang may problema. Mas malaki pa at higit na mas nakakatakot kaysa sa buwaya sa aking palad.

Habang inaalala ko ang lahat ng ito, hindi ko mapigilang himasin ang aking tiyan. May sariling paraan ang uniberso para ipakita ang hiwaga ng kaniyang pag-iral. Ilang taon na ang nakalipas, wala na ako sa liblib na pook na iyon. Nagpakalayo-layo ako sa lahat ng mga alaalang nanakit sa akin—ang kamatayan ng mga kapatid, ang hiwalayan ng mga magulang, ang kawalan ng buhay sa isang pamilyar na mundo. Umalis ako sa DepEd, naghanap ng ibang oportunidad sa ibang lugar. Dininig ng uniberso ang aking hiling. Nabigyan ako ng pagkakataong magtrabaho sa tuktok ng Makiling, sa Los Baños Laguna bilang isang creative writing teacher hanggang sa lumipat ako sa isang Pamantasan sa Ermita, Maynila. Kasama ko pa rin si Bwaya sa aking palad kahit nandito na ako sa lungsod. Nabubuhay rin pala ang mga buwaya sa siyudad. Nagkakasundo kami minsan. Minsan nag-aaway na parang aso't

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

pusa. Siya ang nakakaalam ng aking kasaysayan. Kung ano ang nangyari noong Mayo 18, 2021 o kung ano ang paborito kong putahe sa karinderya sa tapat ng aking inuupahan, o kung sino sa mga estudyante ko ang pinakamahirap unawain. Masaya naman kaming nagsasama ni Bwaya, maliban na lang noong nagkaboypren ako. Laging nauuwi sa hiwalayan ang mga relasyon ko sa lalaking minahal ko dati. Tumindi ang pagseselos ni Bwaya noong nakilala ko si Darwin. Siya ang ikatlo kong nobyo. Isa siyang manunulat na nakilala ko sa isang awtor talk sa isang unibersidad sa Katipunan. Anak niya ang dinadala ko sa aking sinapupunan ngayon. Pero bago ko pa man maipagtapat sa kaniyang nagdadalantao ako, namatay si Darwin sa sakit sa puso. Inatake siya isang araw, sa loob ng kaniyang tinutuluyan. Tulad ng iba kong inibig, nawala rin siya. Namatay si John dahil sa isang aksidente sa motorsiklo sa Crossing sa Calamba Laguna nang sumalpok siya sa isang ten-wheeler truck. At si Chris naman namatay dahil sa sakit. Naiwan ulit akong mag-isa. Maliban kay Bwaya na alam kong nasa loob lang ng aking loob.

Bago pa man lumobo ang aking tiyan, napagdesisyunan ko nang umuwi sa General Santos City. Hindi ko puwedeng isilang sa Maynila ang aking anak. Hindi ito ang tamang lugar para sa kaniya. May trabahong naghihintay sa akin sa Mindanao, sapat na iyon. Iniwan ko ang lahat sa Luzon. Masyado nang masakit ang lahat. Pero hindi na maitatago ang papalaking globo sa aking tiyan. Gusto kong kausapin si Bwaya. Gusto kong ipagtapat sa kaniyang nagdadalangtao ako. Ngunit alam kong alam niya. Kami ay iisa. Tahimik lang siya nitong mga nakaraang araw. Sa loob ng mahabang panahon, hindi kami nag-usap. Sakim at makasarili si Bwaya at ang mga buwaya sa mundo. Selosa rin siya at teritoryal. Ang akin ay kaniya at ang kaniya ay kaniya pa rin. Baka higupin niya rin ang kaluluwa ng aking anak tulad ng aking mga kapatid. Hindi naaawa si Bwaya. Hindi marunong magmahal ang mga nilalang na makapangyarihan.

Noong bata pa ako, ang sabi ni Tatay Karding at ni Saigon, hindi raw ako magkakaanak. Tulad ni Mamang o tulad ni Aprille. O kung magkakaanak ako, mamamatay lang din o baka bugtong lang at hihigupin niya rin ang buhay ng lahat ng mga buhay na isisilang kasunod niya. Isa iyon sa kanilang mga haka at sapantaha, mga hinagap sa hinaharap, parang propesiya ng isang propeta o testimonya ng isang saksi. Dati, hindi ako naniniwala. Pero no'ng maramdaman ko si Bwaya sa aking palad at sa aking puso, noong makita siya ng aking dalawang mata—hindi talaga siya namatay, buhay siya, kasama ko. Wala siyang hindi kayang gawin. Siya at ako ay iisa.

Araw-araw, pabigat nang pabigat ang aking tiyan. Bumibigat din ang aking puso. Hindi ako makatulog. Paano nga kung higupin din ni Bwaya ang kaluluwa ng aking anak. Paano kung matulad din siya sa iba kong kapatid o ni Darwin? Paano kung isinumpa nga ako na mag-isa habambuhay? Pero paano

ko papatayin si Bwaya ang buwaya sa aking palad? Ilang ritwal ng kudlit na ang aking pinagdaanan. Ilang albularyo na ang aming nilapitan. Ilang pag-ibig na rin ang dumaan. Ilan na ang mga namatay para mabuhay ako. Paano ko mapapatay ang isang buwayang walang kamatayan? Paano ko mapapaslang si Bwaya nang hindi ako mamamatay?

"Kasalanan mo to!"

"Buayahon!"

"Sayang ang mga kapatid mo! Buayahon ka pala!"

Ang mga boses. Umeeko ulit sa aking tenga. Paulit-ulit. Pabalik-balik. Bumibisita ito nang walang babala. Mahinang-mahina, parang bulong, minsan palakas nang palakas. Isang buntonghininga lang ang pinakawalan ko bago tumungo sa kusina. Iniwan ko muna ang isang *autofiction* na aking sinusulat. Maya-maya narinig ko ang tahol ng aso sa labas. Pagsilip ko, nakita ko si Mamang papasok sa maliit na gate. Nagulat ako pero agad na binuksan ang pinto. May dala siyang mga prutas. Niyakag ko siyang umupo. Sa unang pagkakataon, nandito si Mamang.

"Alagaan mo ang sarili mo," wika niya sa akin sabay himas ng aking tiyan. Inilibot niya ang mga mata sa loob ng aking apartment. Sa mga nakasalansang papel, sa naka-on na kompyuter, sa nakasalang na kanin, sa mga damit na hindi natutupi.

"Ayaw mo bang manganak sa baryo?" tanong niya sa akin na nakatitig diretso sa mata ko.

Umiling ako. Saka ngumiti. Batid kong mahal manganak sa siyudad pero bawal na rin magpaanak ngayon ang mga kumadrona sa baryo.

Sa di-inaasahang pagkakataon, may nag-tao po ulit sa tarangkahan. Paglabas ko, nakita ko si Papang. May dala ring prutas. Nagmano ako sa kaniya. Sabay kaming pumasok.

"Lumuwas pa kayo," wika ko.

Ngumiti si Papang sa akin. Tiningnan ako mula ulo hanggang paa. Sabi niya, hindi siya magtatagal dahil hinihintay rin siya ng kaniyang batang-batang gerlpren sa labas. Nahihiya raw itong pumasok. Alam kong hindi na sila magkakabalikan ni Mamang, sa dami ng nangyari, kailangan naming paghilumin ang kaniya-kaniya naming mga sugat. Ang mahalaga, *magkaibigan* pa rin sila. O dalawang taong magkakilala.

"Kailan ka ba manganganak?" usisa ni Papang.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

“Sa Miyerkoles,” sagot ko.

Sa Miyerkoles na nga ako manganganak. Iyon ang inaasahang araw. Ewan ko, parang mas gusto kong manganak sa bahay o manganak nang mag-isa.

“Ako na ang sasama sa iyo sa ospital,” wika ni Mamang.

“Ano naman ang ipapangalan mo sa kaniya?” tanong ni Papang.

“Princess,” sagot ko.

Binalot kami ng katahimikan.

Pagkaraan ay naramdaman ko ang paggalaw ni Bwaya sa aking loob, pero mas malakas ang pagsipa ni Princess sa loob ng aking tiyan. Hinimas ito ni Mamang. Sa Miyerkoles, patay ang buwan, sa Miyerkoles isisilang ko si Princess.

Ademas, Ahora, Entonces: Misrekognisyon Bilang Pigurasyon

Ademas, Ahora, Entonces:
Misrecognition as Figuration

Floraime O. Pantaleta
Ateneo Zamboanga-Mindanao Institute
Ateneo de Zamboanga University
pantaletafloo@adzu.edu.ph

Abstrak

Tinatangkang maimapa ng maikling sanaysay ang pag-unlad ng praktis ng multilingguwal na pagsusulat tungo sa "geopoetika" ng misrekognisyon bilang pigurasyon. Nagagabayan ng nosyon ng kalabuan bilang ontolohikong posisyon ni Edouard Glissant, sinusubok patingkarin ang mga relasyon sa panulat at mambabasang Filipino kaugnay ng mga tanong sa paglikha ng halo-halo, plurilingguwal, at eksperimental na mga espasyo sa pampanitikang produksiyon sa Pilipinas na sumasalungat sa umiiral na pamamayani ng mga puristikong nosyon ng wikang ginagamit sa malikhaing pagsulat. Ang akdang napapamagatang "ademas, ahora, entonces" at iba pa ay inilakip upang mailarawan ang mga posibilidad sa uri ng panulat na tinitingnan ang polysemy ng magkakamag-anak na wika sa rehiyon habang tinatangkang lumikha ng panlipunang heograpia (Franco Moretti) sa kapuluan.

This brief essay attempts to trace the development of a multilingual writing practice towards a "geopoetics" of misrecognition as figuration. Taking from Edouard Glissant's notion of opacity as an ontological position, the essay tries to foreground relations in Philippine writings and readerships in

correspondence to questions on the creation of composite, plurilinguistic, experimental spaces in Philippine Literary production as opposed to existing dominant puristic notions of language use in creative writing. The work entitled "ademas, ahora, entonces" and others are provided to illustrate possibilities in a kind of writing practice that looks at polysemy in contiguous languages in the regions while attempting to produce social geographies (Franco Moretti) in the archipelago.

Mga Susing-salita

multilingguwal na tula, kalabuan, misrekognisyon, pampanitikang produksiyon sa Pilipinas, malikhaing pagsulat sa Pilipinas

multilingual poetry, opacity, misrecognition, Philippine literary production, creative writing in the Philippines

Tungkol sa May-akda

Si Floraime Oliveros Pantaleta ay miyembro ng kaguruan ng School of Liberal Arts sa Ateneo de Zamboanga University. Kasalukuyan din siyang executive director ng Ateneo de Zamboanga-Mindanao Institute kung saan niya pinangungunahan ang mga inisyatibang naglalayong isulong ang pagpapalitan ng kaalaman at materyal sa pagitan ng Zamboanga-Mindanao at Timog Silangang Asya.

Sa labas ng gawaing akademiko, pinaglalaruan niya ang mga tekstuwal na anyo sa pahina at sa mga eksibisyon para galugarin ang mga tanong tungkol sa polysemy, multilingguwalismo, pagsasalin, at pampanitikang produksiyon. Naitampok na ang kaniyang mga gawa sa Chicago, Makati, at Quezon City; at nakapaglathala na rin ng kaniyang mga tula, kritikal na sanaysay, at pananalilsik sa parehong lokal at internasyonal na publikasyon.

Maraming wika ang hindi kinatatagpo ng o pinapapanatili sa mga espasyo ng pampanitikang produksiyon sa Pilipinas. Lansakang umuugat sa latak ng kolonyal na simulain ang pag-aakda sa bansa na nagresulta hindi lang sa presensiya ng pagbubura kundi pati na rin sa kawalan ng alaala kung paanong hindi ito bagong imbensiyon na isinilang sa konteksto ng mga "propesyonalisadong" espasyo ng pagsusulat sa pamantasan. Ang Panitikan, na puspusang naiuugnay sa karunungang bumasa at sumulat, ay tahasang nadadawit sa adyendang kolonyal, na pumapalit, sa ibang historikong pagtanaw, sa mga dating masiglang tradisyon ng oral na panitikan at pagsusulat sa mga katutubong wika (Martin 246). Subalit, ang naituro sa mga paaralan simula noong dekada 1900 ay ang "pampanitikang kanon" na magtatala ng mga panuntunan ng pagkilos at pag-uugali na huhubog sa mga Pilipino bilang mababuting sakop (250).

Sa pamantasan, isa sa mga unang indibidwal na magpapakilala sa amin ng Panitikan ng Pilipinas ang siya ring magtatanong ng "Sino ang magbabasa sa akin sa sarili kong wika?" Ipinanganak at lumaki sa Sulu, ang mga pasyang nagdulot para maging kagalang-galang siya na manunulat sa Ingles mula sa tradisyon ng mga Tiempo ay ang parehong pasya na ipinagpalagay ang kawalan ng mambabasa sa kaniyang sariling wika. Lagi kong pinagtatakhan kung hindi kuwalipikadong mambabasa ang mga nagsasalita ng Bahasa Sug sa kanilang sariling wika. Madalas kong pinag-iisipan kung paanong ang parehong tanong na ito ay naitanong na rin nang paulit-ulit bilang pag-iwas sa kawalan ng pag-unlad sa pampanitikang produksiyon sa mga katutubong wika sa loob ng maraming taon.

Nasaksihan ang pagiging malaganap ng Ingles dahil sa kahalagahang ekonomiko nito maski sa mga lokal na espasyo, ang ilang pagtatangkang pagdekolonisa ay nakasentro sa pagpapalit sa Ingles ng iba pang wikang Filipino na tangan-tangan pa rin ang parehong limitasyon. Ang mga pagsusumikap na pagyamanin at palakasin ang ating mga wika ay nakagiya sa pagbuo ng mga ortograpiya, mga instrumentong magdidikta ng "istandardisadong" anyo ng paggamit nito. Ang mga diksiyonaryong ito ay mahalaga, ngunit kalaunang hinadlangan ang kalayaan sa pagsusulat gayong agarang lumikha ng "mali" (o hindi gramatikong) paraan ng pagsusulat sa isang wika. Ang mga adyendang lokal na pagyamanin ang wika ay kalaunang magiging katumbas ng paggigiit ng paghahari ng isang tiyak na pangkat laban sa iba pa. Sa huli, habang ang diksiyonaryo ay historikong ginamit bilang instrumento ng kolonya, nagsisilbi ito ngayong tagapaglikha ng herarkiya na ginagawang lehitimo ang isang kultura habang isinasantabi ang iba pa. Sa kabila ng pagiging sityo ng pagtatagpo ng mga kultura ng Lungsod ng Zamboanga, kakaunti ang naging pagdiriin sa multilingguwalismo maliban

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

na lang sa ilang piling pag-aaral sa lingguwistika sa pamamagitan ng paksaing translanguaging ni Robin De Los Reyes.

Tinatalakay ni Patrick Flores ang "geopoetics" na kinikilala kung paanong "ang lugar, sa masaklaw na pagtanaw nito, ay lumilikha ng mga kondisyon ng anyo na sa isang banda ay inuudyukan ang naturang lugar na malikhaing gumawa" (ArtAsiaPacific: Geopoetic Curating: Interview With Patrick Flores, sariling salin). Noong 2019, isinulat ko ang unang borador ng lumalagong multilingguwal na poetika na sinisiyasat ang pagbabasa sa pamamagitan ng kalabuan o kalinawan ng teksto. Ang unang teksto ay eksperimentong gumagamit ng repraksiyon na halaw sa Guerra Cantos ni Carlos Piocos III na nakasulat sa apat na wika at inilimbag sa "tractions: experiments in art writing" noong 2020.

Nang isinilang ang Chavacano sa Zamboanga, mula ito sa pagtatagpo ng iba't ibang wika. Ang mga kondisyon ng paggawa ang nagsilbing daan sa pagkakatatag ng wika at ang pagiging creole kung saan nagmula ang mapagbigkis na kamalayan ng iba't ibang tao ay nakatulong sa pag-unlad sa kung ano ngayon ang Lungsod ng Zamboanga: isang lungsod na sa ilang pagtatala ay pinawalan mula sa isang kuta samantalang sa iba, ay ang nagsilbing pook kung saan nagkatagpo ang unang Subanen at Muslim ng isla ng Sulu na pinagmulan ng Kolibugan (Rodriguez). Ang kasuluk-sulukang ito ng kapuluan ay nagpapakita ng pangangailangan ng mas malawak na kartograpiya ng imahinasyon sa demarkasyon ng kolonisasyon at pagkabansa, at lampas sa Mindanao, at kung hihiramin ang mga salita ni Ian Duncan ay "isang lugar sa sarili nito na pagmumulan ng sarili nitong termino ng kahulugan at identidad" (52, sinipi sa Moretti; sariling salin).

Ang *ademas, ahora, entonces* (more so, now, then) ay umuugat mula sa mga naunang ekperimentasyon sa mga multilingguwal na teksto. Isa itong naglalakbay na teksto na unang kinonseptuwalisa bilang siyang aangkop sa anumang anyo at hugis ng kinalalagyan. Hindi tulad ng tulang karaniwang nakalimbag sa pahina, ang tulang ito ay sadyang binuo para sa eksibisyon—*texture / tendency: Threads in Manila* (October 2021), sa ilalim ng kurasyon ni Carlos Quijon Jr. sa Drawing Room sa Makati.

Direkta itong bunga ng maraming pagtalakay at pagkatuto mula sa aking una at natatanging paglahok bilang fellow sa Pamantasang Ateneo de Manila. Ang unang tula sa manuskritong ito na isinumite ko sa Ateneo National Writers Workshop noong 2021 ay nagtatangkang kuwestiyonin ang puristang ideolohiya sa lingguwistika na namamayani sa mga espasyo ng pagsulat:

What ~~are~~ [ang] candidate expressions ~~for wrong forms~~ [para sa mga maling pagkakasabi]?
Ano ang ~~mali~~ [sayop] sa pagkakasabi ko?
Cosa ~~malo~~ [wrong] na di mio maga palabra?
Nganong naingon man nimo na ~~sayop~~ [mali]?

Ang *ademas, ahora, entonces* (more so, now, then) ay isang tangkang harayain kung paano posibleng palitawin sa mga akdang pampanitikan ang heometriko at heograpikong modelo ng isang lugar na tinatalakay ni Franco Moretti sa "Graphs, Maps, Trees: Abstract Models for Literary History." Espesipikong tinatalakay ang Basilan kung saan ako lumaki, tinatangka nitong bungkalin ang pagsasalabid ng paggawa sa ilalim ng mga banyagang korporasyon sa katutubong lupa na katatagpuan ng troso at katutubong gawi ng pagsasakang naipapasa sa pamamagitan ng oralidad at ritwal. Ang presensiya ng mga korporasyong ito ay makabuluhang humubog sa kasaysayan ng Basilan subalit hindi pa rin nasusulat bilang bahagi ng kasaysayan ng probinsiya. Inilarawan ni Moretti kung papaano nakakayanan ng ilang nobela na imapa ang materyal na relasyon at materyal na paggawa sa tinatawag niyang "social geography" (44).

Ang mga islang ito—Basilan, Sulu, Tawi-Tawi, at Zamboanga—ay nananatiling konektado sa pamamagitan ng mga rutang pandagat na naging daluyan kung paano naisagawa ang mga makasaysayang ruta. Ang tekstong ito ay pagtatangka na harayain ang sabay-sabay na pag-iral ng maraming realidad sa loob ng mga islang ito hanggang sa mga hanggahan ng probinsiya, hindi para pakinisin ang mga tagpo sa kasaysayan kundi upang subuking palawigin pa ang mga ito. Sa paggamit ng multilingguwalismo sa teksto, marahil ay maaari nitong mabura ang pagkakaiba-iba sa wika at maisesentro ang polysemy habang ginagawang masalimuot ang tunog at kahulugan.

Kalaunan, sa pagsusulong ng ganitong uri ng teksto, lumilitaw ang mga tanong tungkol sa akses at bisibilidad sa konteksto man ng pahina o sa eksibit. Tinatangka nitong anyayahan ang iba't ibang uri ng mambabasa sa tutok na pagsuko hindi lang sa pamamagitan ng rekognisyon kundi pati na rin ng misrekognisyon, isang kamalayan na hindi ganap na mauunawaan ang isang bagay. Ipinaliliwanag ni Edouard Glissant ang kalabuang ito bilang ontolohikong posisyon, na siyang nagbubunyag ng limitasyon ng balangkas ng bisibilidad, representasyon, at identidad na humahadlang sa sapat na pag-unawa ng iba't ibang pananaw ng mundo at ng mga indibidwal nito; "isang alteridad na hindi mabibilang, isang dibersidad na nilalampasan ang kategorya ng matutukoy na pagkakaiba-iba. (Blas 149)"* Ang manuskrito kung saan kabilang ang tulang ito ay isang proyekto ng misrekognisyon bilang pigurasyon. Tinatangka nitong ibunyag ang espasyo para sa marami pang ibang wika na nababansagang walang lugar sa pampanitikang produksiyon sa Pilipinas dahil "walang sinumang babasa sa mga ito."

Isinalin ni Andrea Anne I. Trinidad

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Mga Sanggunian

ArtAsiaPacific: Geopoetic Curating: Interview With Patrick Flores. artasiapacific.com/ people/geopoetic-curating-interview-with-patrick-flores.

Blas, Zach. "Opacities: An Introduction." *Camera Obscura*, tomo 31, blg. 2, 2016, pp. 149–53. https://doi.org/10.1215/02705346-3592499.

Glissant, Édouard, and Betsy Wing. *Poetics of Relation*. Ikalawang edisyon. U of Michigan P, 1997.

Martin, Isabel Pefianco. "Colonial education and the shaping of Philippine literature in English." *Philippine English: Linguistic and Literary Perspectives*, pinatnugutan nina Maria Lourdes S. Bautista at Kingsley Bolton, Hong Kong UP, 2008, pp. 245-260.

Moretti, Franco. *Graphs, Maps, Trees: Abstract Models for Literary History*. Verso Books, 2005.

Rodriguez, Felice Noelle. *Who Speaks for Zamboanga? "Nawan" Before Zamboanga, "Subanin" Before the Fort*. National Historical Commission of the Philippines, 2023.

A Provenance of Water

aprovechao de agua

yo estaba na *bohe* — venida
Salingaya Bungsu told of alreredor,
Un cuntacion de agua
Que hondo y lleviano

They who know nothing of paper;
kite de bohe, ang agi og pagbasa
Na luz y avenida
Nungca'y umu, maski kalayo
Breaking surface tension
el kaha del disuyu cancion
Pinakinggan ang sulga y bohe
Ang panagatan.

Como desnudao,
niapak siya og yuta
Kung aha nakikilala lamang
Ang tubig como lagrimas
Que cosa de lluvia, despues y mas?

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

ademas, ahora, entonces

(more so, now, then)

Por cuantos pesetas makapalit na kag isang chupa de aroz sa mercado, adunay gihalay ang parte sa karne nga maabot og pila ka semana. Ang kasunod ng pagbiyak ng niyog ay ang huni ng agos palabas ng kabilugan ng tiyan—paghunong, pagtunong. Lleva tu camina con el suman bocayo, pidi con visinos un baso de agua. Si angkol Heñio dituyu, onde estaba? Pila na lang ang nabilin na sinsilyo? Pwede pa na pamalit og sud-an didto. May isang trak ng kahoy na ibinaba galing sa mga bundok ng Tipo-Tipo. Ito ta lleva hasta gendeh ta incuntra con el camino. El casa grande plantao ariba del monte, ya oi tu? Kinsay tag-iya? "Del dueño daw del Garden Orchid." Quien ta probecha sa imong kwarta? Hinuha sa paghunahuna. Kalaunan, nagmatyag ang heredero, *"aquel maga bata jutay ya anda prigunta ganiha kung naa ba daw silay matrabaho para naa silay pamalit og bugas."* Nagdako ka sa iyang yuta. Antes, para creci gordo el maga semilla, cada noche ta siembra sila sin kalson. Gibitay ang itlog, mutubo mubuto ang buto sa binhi dinhi gikan sa pagbinayloay, sa iyot. Magdadalang-tao ang lupa para isilang ng mga aanihin, ania motanum. Nauunawan kong malalim ang sugat ng dolor y sufrimiento di mio tata cae siya ang tigkalkal sa yuta. After which, ta insinya le disuyu dedo que gendeh derecho. A pointer finger. Dati, hindi niya namalayang ya pwede ele tahya con su mano. Si ta le tu con este, gi-unsa nimo pagdahom nga naa kay makasinati? Ang sangandaan ay isang katangian ng kalupaan. Ang kawalang imik ay bigay ng kapangyarihan. El silencio un asunto de muerte, timaan nga naay gihunong. Cuanto chupa de aroz lang kita pwede mokaon karon. Bukas, aakyatin natin ang niyog. Ang pagdalo ng pinsala at pagkawala sa isang pagitan. El entre medio es el mismo espacio. Ang agwat ay lumalalim, lumalapad. Lumiligwak. Lumilisod. Lumulubong. Naay lubog. Naay gilubong. Bawat daloy ay may tinutumbok. Ya palta kita, sa atong mirada, el entero entero. Inchero. Encuentro. Hinding-hindi natin maaarok ang palitang pumapagitna sa ating mga agwat. Giunsa nato na kita makapahuway sa panahon sa pangandoy og kahidlaw. Entre medio del maga sueldo, butas ang suelo. Pila pa ang nabilin? Where does the breath stop? Puydi kaayo pa makapalit og gamay na sud-an. Come, man usang. Toma agua. El pellejo como cuero agujero.

Pagkilala sa kalipay a puera

Kilala kita ikaw ito
Kabalo ko, kahit hindi madinig
Ang hinahon ng hangin
Kani ang mudala nimo danhi

Samantala, yo sabe el sonor
tuwing sumibol ang bulaklak
Y tambien con dituyu sueño
Ito ang dagsin ng iyong agam-agam

Este aquellos aqui ahora y masquin ya
Dad-a ko sa bukid, katong imo gitudlo
Ang ating mga alaala ay tuwirang naghihingalo
Naay tingog na di mapukawan
naaalimpungatan

sin embrago, ito tayo ngayon dito
Hasain mo ang palad ng dahon
Destrunca el verdadero derecho
Tumban ang balaod sa bitoon
Wala dinhi ang kamatuoran
Walay pagluwas sa pagpadayon

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

heteroglossia*

refractions of Carlos Piocos III's Guerra Cantos

I.

Y cosa tu ta puede pensa
si ta conversa acerca del pellejo?
Estrania estruendo
na media noche, ta atraca kita na espejo
y kita mismo gendeh ya
ta conoce diaton cuerpo

tu como nuevo vestido,
no conose sino incuntrao
y na tarda no hay encuentro
cuntada maga raya y tajiada,
maga marka de tringcada
y onde estos estaba?

Por que bien cerca el palabra
piel na pelea?
Ta principia acorda
con cada unu mancha
estaba na quema,
todo mordedura del frio,
el cuerpo consagrao con todo
maga irida estaba con
maga nunca que perde sintido

maga marka na cuerpo
ya deja el dituyu mano.
Y na silencio, mira tu conmigo
No kita man peleajan
ya sale na dituyu labio.

Puede ba tu entra na mi pellejo?

Nomas tu man lingasa—
yo ta busca lang era descanzo.

* *Nailathala ang unang bersiyon ng tulang ito sa Carlos Quijon*, tractions: experiments in Art Writing, *24 Hunyo 2020: https://tractions-artwriting.medium.com/heteroglossia-5052fa87125e*

Y un ruego: habla tu ahora comigo,
onde estaba este dituyu dinigrido?

Donde parte siempre ta intumi?
Por que se ta incha?
Paquichura tu ya saca este irida?

II.

Tonight, a failure to recall is not forgetting.
I knew you then with this body
Should you ask of loss,
I could tell you how very little
of you I can recollect

We saw eye to eye.
And while I sat from across the room,
you told me this mark
by the corner of my eyelid
meant I was scrupulous.

I told you I met with strangers to do character study
You ask me why I had been shy
Was this mere respite?
Have I given you a thing to think
about while you're alone?

While I rushed back with two more hours to spare,
I thought about how we were there shortly.
Shortly, that was who we were.
From where we slipped,
I lost my footing.

You made sure to time your kisses.
You made sure I wanted some more.

III.

Ipahintulot mong gisingin ko
nang walang pag-aalinlangan
ang iyong damdamin.

Isusuko ko ang aking mga titig, sauladuhin
ang bawat hakbang pabalik sa iyo.

Sa gabing iyon, lahat ay nasa tamang sukat:
ang dami ng mga salitang binitawan,
ang puwang sa ating mga hakbang,
ang kawalang-imik sa gitna ng titigan,
ang daplis sa aking kamay bago magpaalam.

Buntong-hininga
ang pagitan ng maningas na pandama.
Buntong-hininga ang puwang
sa mga pagkukubli.
Buntong-hininga ang alaala
sa ligalig ng gabi.

IV.

Sa adlaw nga nahigugma ko ka nimo,
nawala ang gabii—nikusog ang kainit,
nihayag ang kalibutan.
Ninglapad ang paglungtad,
nidako aron mas daghan pa ang mohaum

Maihap na ang mga bitoon sa atong kwarto
Makatigom na kog mga gihay
og dahon sa mga bulak,
mga balod sa mga pangitaon na damgo,
mga tingog sa gasiga nga saba.

Mabati na nato ang walay kinutuban.
Og sa kangitngit, anaay makakita na.
Ang paghinumdumdum ko nimo
walay kahangturan. Sama sa kawanangan,
di na masukod pa.

V.

Puede ba toma di tuyu sueño?
Manda ba tu comigo cura tu irida
usando mio labio, toma estaba
na de tu almario, tu soberbio?
Puede ba yo tancha tu cara?
Gendeh ba tu tiene miedo?

Paquichura
si este ya mismo
diaton pellejo el diaton alma?

Paquichura si
amo ya este el diaton ondo,
diaton frivolo? Diaton saber
y diaton derecho?

Paquichura
si este mismo ya
el cosa tiene adentro?
Paquilaya tu agara comigo
Y pruba tancha mi cuerpo?

VI.

We pray to a dimly lit sky where the moon is not light but silhouette, a tear in the shroud created by a dagger. What are souls but apparitions of disembodied consciousness?

VII.

Walang pahinga sa pagmamahal
Habang ang paghahalughog
ay paghahanap ng pandamang mas sariwa,
mananatili ang kalungkutan.

Magmamasid pa rin ang kawalang-katiyakan
Magnanaknak ang nakakulob na dalamhati
Minsan, namamanhid lamang tayo sa sakit
O kaya'y magpapahintulot
sa bawat nagpupuyos na pandama
Bumabalikwas sa sariling paghinga

Ano nga ba ang pag-ibig kung hindi pagbibihag?
At ano nga ba ang mga hampas
ngunit isang mabangis na himas?

VIII.

Sa imong damgo, nahitabo ang tanang niaging kalipay—
naa pa ta sa kangitngit kung aha gasiga ang gabii.
Pagsulod nako sa kalayo, nibuto ang

dugay na nga gapuyo nga pagbati:
Ikaw ang gabii na mas lawom sa adlaw,
mas hayag sa bulan.

Ikaw ang muduol na kapunawpunawan.
Og sa presensya sa sagrado nga yuta,
sa kamingawan sa bukid, sa kahilom sa sapa,
mangayo kog pasaylo kanimo.
Mag-ampo ko nga huktan nimo
ang kini na mga pulong,
ipalandong sa pagsubang sa adlaw.

IX.

Beloved, lead me by the crevices
dramatized by the mirror.
Let me find our skins undressed.
Hold these fissures so I may confess.
Might I venerate you
with a litany of all the bits of my iniquities.
Let me divulge all the ways
I have lacerated a nerve.

Consent to my recitation: the seven virtues
before the seven deadly sins. Temperance
before lust. Gratitude before gluttony.
And what do I say about
the acquiescence or chastity?

We elapse into touch without sensation.
You stroke the curve of my torso
leaving punctures without having to press.
I feel your breath only through
a memory of air. I spot a mark
by your shoulders and I unfurl your arms.
You look straight at the ceiling
while I kiss you where it throbs.

X.

Ipinapaubaya ko na sa iyo ang pagsuko
Itinuturing ko nang pagmamay-ari
itong kahangalan. Hindi natutupok ang pag-ibig,
ito lamang ay nag-iiba ng kahulugan
Humiga tayo sa dalampasigan

sa muling paglubog ng tubig-alat,
inilatag natin ang ating mga lumpong
bahagi sa bandang hindi naaabot ng buwan

Sa gabing ito, tayo ay magiging anino
Linya-linyang iginuhit ng nakaraan patungo
sa magkahiwalay na patutungo

At doon tayo'y mag-iisip at matututo:

Sa gipalandongan,
sa pag-ampo
sa himutok at mga kalyo
ali sa di mahimutang na pagbana, sa kung aha ko mubiya nimo
alli na recuerdos del cobardia con este guerra

Y entonces

Ang pag-ibig,
ay pag-ibig lamang.

Ang kawanangan ay isa na lamang walang
kahulugang paglutaw ng mga elemento
No hay ya cosa pa debe pidi na universo

Hindi na gabay ang mga anino.
Hindi na tayo ang dating tayo.

Ang mundo ay muli nang arbitraryo.

Paquichura ta entra na entra'y medio?

From one clavicle, supine sensible

Ta acorda tu aquel sintido
that feeling; Tu vivo na sobrefaz de pelejo
todo nuevo que tu ta hace aqui
na nuevo ciudad, all
everything new that you do in this new city
Todo daan que nuevo, that is old that is new

Que otro, different—a lexicon de nostalgia,
Sino de maga cosas de antes, but of old things
Gendeh, tu mismo ta puede habla
No, you could have sworn
Tu ya sinti antes igualmente
you've felt this way before

O tu ta acorda, you remember it.
Na vida antes? Onde alla?
From a past life? From which lives?
Y de cosa mano, de cosa pies
on tiptoe with him. Con ele on him, tu tiptoe.

You twist that light bulb slowly in,
Ele ta pidi, he demands a clip de alla abajo
Oh you mean right now? Ahora dayun?
Sige, oh sure. Did you say sheer magnanimity.
Yo ya oi otro, did I hear decluttered propensity

Yo pensaba you wanted to lay on me,
on thought, above.
From one clavicle. Supine sensible,
slump grip y conmigo,
make me bear the weight of your standing.

We kissed and kissed and kissed so tenderly.
Tu no hay miedo tancha conmigo na maga parte
Que yo no hay memoria di tuyu,
where I don't remember knowing you.
Where my knowing of you was stranger
than disappearance.

tanga ka na lang kung naniniwala ka pa sa kapangyarihan ng kuwento

you is trippin' if you still believe narratives are powerful

Benjo Gutierrez
University of Santo Tomas
benjogutierrezzzzz@gmail.com

Abstrak

Ang pagsusulat ay palaging paghahalughog ng sarili. Hindi matigil, hindi masagad. May natayang tradisyonal na henerikong anyo ng pag-aakda na inaaral sa mga pamantasan ng malikhaing pagsulat. Hindi ba ito puwedeng basagin? Dapat bang idikit sa ganitong pormula ang pasusulat ng maikling kuwento? Paano kung hindi akma ang materyal sa mismong proyektong inaakda sa pagsunod na tradisyonal nitong anyo? Dapat bang banggitin ang wakas sa dulo? O hindi dapat banggitin hanggang dulo? Ang kuwentong ito ay pagsubok ng manunulat na basagin ang kaniyang sariling paraan ng pagkukuwento at pag-aangkop ng materyal sa napiling estilo.

Writing has always been a process of self-excavation. There's a certain standard of Creative Writing taught in universities where form, as well as aesthetic, is confined to say it's "okay" based on these standards. There's a traditional form to write short stories. As a product of an institution, I, as the writer, am conscious of it. Should we always subscribe to this traditional form of the short story? Shouldn't we divert from this traditional form, even if the writer's material is not aligned with this form? Should the denouement be seen always at the end of the short story? Should the writer wait and place the denouement at the end of the short story, so it is

earned? This short story is an attempt of the writer to stow away from his institutionalized way of storytelling learned from the university and writing workshops while trying to appropriate his material on the chosen style.

Mga Susing-salita

pandemya, mga larong mobile, Taguig, Hagonoy, maikling kuwento, katha

pandemic, mobile games, Taguig, Hagonoy, short story, fiction

Tungkol sa May-akda

Si Benjo Gutierrez ay tubong Hagonoy, sa Taguig na nagmamaasim na imapa ang kaniyang pinagmulang barangay sa panitikan ng Pilipinas. Tumanggap siya ng parangal mula sa Carlos Palanca Awards for Literature para sa kaniyang maikling kuwento sa Filipino noong 2019. Naging writing fellow siya sa UST National Writers' Workshop noong 2019 at Palihang Rogelio Sicat 14. Mababasa ang kaniyang mga akda sa Pandemic Literature Project ng Polytechnic University of the Philippines, *DX Machina* 4 ng University of the Philippines, *The Reflective Practitioner* ng UP Manila, Agwat-Hilom ng CCP, *DAPITAN*, ang literary folio ng Faculty of Arts and Letters ng University of Santo Tomas, 7 Eyes Production, *Inquirer.net*, at *Rappler*. Sa ngayon, guro siya ng Filipino sa De La Salle University at Panitikan sa Unibersidad ng Santo Tomas.

Naratibo sa Loob ng Naratibo: Ang Proseso ng Pag-aakda sa Maikling Kuwentong "tanga ka na lang kung naniniwala ka pa sa kapangyarihan ng kuwento"

Taong 2021, habang tinatapos ko ang tesis ko sa Malikhaing Pagsulat sa gradwadong paaralan ng Unibersidad ng Santo Tomas, nagkaroon ako ng maraming oras para magsulat ng mga malikhaing akda. Wala kasi akong trabaho no'n, na-lay off ako dahil sa pandemya. Walang pera, ultimo barya na pambiling yosi sa pitaka, bilang na bilang ko. Sa isip-isip ko, bakit hindi ko na lang igugol ang oras sa pagsusulat sa libreng oras? Tutal kasama rin naman 'to sa kahingian ng tesis, ang pagsulat ng minimum na sampung malikhaing akda lalo na kung katha ang piniling proyekto.

Noong binalikan ko ang mga nasulat na mga maikling kuwento sa nakalipas na dalawang taon, may napansin akong tipikal na pattern: ipakikilala ko ang mga karakter, tapos magmumundo o sa ginagalawan nilang espasyo sa kuwento, tapos ipaliliwanag ko ang elemento ng kagila-gilalas, magkakaroon ng problema sa ang bidang karakter, susubukin niyang solusyunan ito sa abot ng makakaya niya sa ginagalawang mundo. Tapos nito, magkakaroon ng solusyon o hindi solusyon sa problema at magtatapos depende sa ginawang aksiyon ng bidang karakter. Klaro ang simula, ang gitna, at wakas ng maikling kuwento. Ganito rin ang turo sa mga paaralan ng malikhaing pagsulat at sa mga workshop na napuntahan ko, na dapat, present ang mga bahaging nabanggit. Dapat din ay earned ang ending. Hindi pilit. Hindi porke gusto ng manunulat na gawing ganoon ang mangyari, mangyayari na sa kuwento. Ang ending ng kuwento ang magtatakda kung gaano kalakas ang kabuoan ng kuwento. Halos lahat ng nabasa kong mga kuwento noong binabagtas ko ang tradisyon ko sa pagsusulat ng maikling kuwento, klaro ang mga parte at napansin ko iyon bilang mambabasa. Kaya rin siguro ganoon ang anyo ng mga nasulat ko, subconsciously, naidiin na sa aking ganoon ang henerikong anyo ng pagkukuwento.

Naalala ko 'yung isang bahagi ng kuwentong "I, Transgress" ni Norman Wilwayco, kung saan ang bidang lalaki ay sumangguni sa mga Kanonista para magkuwento at mabawasan ang tumutubong bulbol niya sa noo pero hindi ang mismong kuwento kung hindi ang paraan at estilo ng bidang si Tony ang pinansin ng mga Kanonista sa dalawang oras na pagpupulong nila. Sinabihan ng mga Kanonista si Tony na mali ang paraan niya ng pagkukuwento, na dapat daw kapag nagkukuwento ay mula umpisa hanggang huli. Hindi raw puwedeng magsimula sa gitna (Wilwayco 191).

Noong sinimulan kong isulat ang akdang "tanga ka na lang kung naniniwala ka pa sa kapangyarihan ng kuwento," sinubukan kong baklasin ang henerikong anyo ng pagsusulat ng maikling kuwento sa pagsisimula sa wakas ng kuwento. Isa rin ito sa naisip kong solusyon kung paano hindi magiging magkakamukha ang binubuo kong koleksiyon. Hindi naman ito maituturing na paghamon sa henerikong anyo ng pagsusulat ng maikling kuwento ng mga nauna, kung hindi paghamon sa henerikong anyo ko pagkukuwento bilang manunulat. Gusto ko ring tingnan kung hanggang saan ko kayang dalhin ang kuwentong sinimulan sa wakas. Naghanap ako ng posibleng paraan ng pagkukuwentong malay na agad ang mambabasa o tagapakinig sa wakas nito.

Isa sa mga napanood ko ay ang Netflix Special ni Dave Chappelle na *Equanimity*. Sa kaniyang nabanggit na Special, tinalakay ni Chappelle ang isa niyang proseso sa pagsusulat ng mga jokes kung saan binanggit niya agad ang punchline ilang minuto lang matapos magsimula ng kaniyang special (2:35-8:44). Ipinaliwanag niya ang kaniyang naging proseso sa pagsusulat ng punchline sa kaniyang special (na sa panulat ay itinuturing na wakas ng kuwento) sa paglalagay ng maraming papel ng punchlines sa loob ng isang fishbowl at saka bubunutin at iisip ng paraan para humantong sa nabunot na punchline ang naratibo ng kaniyang piyesa.

Matapos banggitin ang punchline, akala ko bilang manonood na doon na tatapusin ni Chapelle ang materyal ng naratibo. Nagtuloy-tuloy siya sa pagbanggit ng kaniyang politikal na opinyon kay Donald Trump hanggang humantong sa tema ng racism. Halos apatnapu't limang minuto ring nagtanghal si Chapelle matapos iwanan ang punchline pero hindi ko inasahan bilang manonood na babalikan niya ang ginamit na punchline at nagkaroon pa rin ito ng bigat sa ibang naratibo.

Nagkukuwento si Chappelle habang nagkukuwento ng ibang bagay. Isa ito sa magandang katangian ng midyum na stand-up comedy, na puwede kang magkuwento nang magkuwento at sa dulo, maaaring magbigay pa rin ng atensiyon sa pag-aakda ng mismong naratibo at materyal.

Matapos noon, sinubukan ko ang proseso ni Chappelle. Nagsulat ako ng maraming pangwakas sa kuwento at nag-isip pabalik. Dapat humantong sa nabunot kong wakas ang isusulat ko. Nagsilbi itong writing prompt, ehersisyo ng utak. Dumating sa akin ang maraming posibilidad. Mas lumikot ang imahinasyon ko at nakatulong ito nang lubusan sa pagsusulat ko ng inaakdang maikling kuwento. Sinubukan kong iakma sa materyal na mundo ko ang nilalaman ng kuwentong inaakda noong panahong iyon, na mababakas sa naisulat na maikling kuwento.

Ilang buwan na ang nakalipas, inupload ng FlipTop Battle League ang laban ni alyas GL at alyas Sayadd, na kapwa mga battle emcees sa Pilipinas. Maikokonsiderang parte ng New School ng FlipTop si GL dahil wala pa siyang tatlong taon sa liga habang si Sayadd naman ay isa sa mga unang battle emcees. Inaabangan ang battle na ito dahil may sariling estilo ang dalawang emcees. Pero magpopokus lang ako sa materyal ni GL.

May tatlong rounds na may tigdalawang minuto ang bawat emcee para itanghal kani-kanilang mga naisulat na piyesa (kung may naihanda man sila). Sa unang round ni GL, sa kaniyang panimulang mga sandali, sinabi niya agad ang punchline na "You're screwed" (7:19-7:27) at binanggit niya itong muli bilang ender (na pangwakas kung usapang panulat) sa 10:01 hanggang 10:05 time stamp ng video. Naulit pa ito sa kaniyang ikalawang round na may ender na "Sumabay sa current." Sa kaniyang ikatlong round, pinagsama niya ang ender sa una at pangalawang round.

Sa pagitan ng opener at ender ni GL, itinanghal niya ang kaniyang ibang mga bara patungkol kay Sayadd. Kabilang na rito ang kaniyang pagiging mediocre na rapper, wordplay sa pangalan, at mga nakaraang perfromances. May isang judge pa nga na nagsabing "mala-Dave Chappelle" ang ginawang estilo ni GL sa laban nila ni Sayadd dahil sa porma at pagkatha.

Nabasa ko ilang buwan na ang nakalipas ang maikling kuwentong "Balik-Was" ni MJ Rafal sa Likhaan Journal. Sa unang dalawang talata pa lang ng kuwento, tahasang sinabi niya agad ang wakas nito:

GUSTO NA KITANG pangunahan.

> Matatapos ang kuwentong ito sa hindi kaaya-ayang paraan. Isang katapusang malagim pa sa malagim—isang karaniwang eksena ng mga pangyayari sa kasalukuyang apokaliptikong pag-iral. Dahil ano pa nga ba ang mas malagim at kahindik-hindik sa pagiging karaniwan? Ang maiwan sa kasaysayan ng mga walang iniukit (o hindi iniukit) sa kasaysayan, malalabong lupon ng mga (laging) ekstra sa pelikula, mga uldok sa dulo ng larawan, mga alikabok sa kuwarto ng paglimot. At bakit ko ito sinasabi sa iyo (ang katapusan) gayong nagsisimula pa lamang tayo, nasa harap pa lamang tayo ng tarangkahan, nitong kathang iisipin kong babasahin mo, at alam kong binabasa mo na ngayon, na papasukin mo at papaloob sa lahat ng sulok at himutok nitong nakatindig na mansiyon ng aking pagkatha—dito nagsisimula (at natatapos) ang ninanais kong katapusan (at simula) ng lahat ng naririto sa pahina. (17-18)

Tulad ng ginawa ni GL sa FlipTop at Chappelle sa kaniyang Netflix Special, sinadyang banggitin ni Rafal ang magiging wakas ng kaniyang materyal. Sa pagitan ng kani-kanilang pagsasabi ng wakas hanggang tumungo

sa mismong wakas ng mga materyal, nilibang at niligoy nila ang kani-kanilang manonood at mambabasa para mas maidiin ang inaasam na wakas. Parang tinapay sa magkabilang panig ng burger. Mas naging malinamnam ang materyal dahil sa palamang naratibo sa nais itampok.

Noong nakaraang pandemya, may masamang balita akong natanggap mula sa kinakapatid ko sa Hagonoy, Taguig na si Ping. Sabi niya, nahuli raw ng pulis ang erpats niya. Nahulihan daw ng shabu sa loob ng aparador na may kasamang baril. Sabi ni Ping, hindi raw 'yon posible. Paano raw mangyayari 'yon, e, aparador niya ang binuksan at hindi ng erpats niya? Isa pa, kinuhanan niya ng damit pamasok sa trabaho ang aparador at wala siyang nakitang baril at bato. May video na inupload ang mga pulis noong hinahanap ang item at baril. Kuha ito noong bago sila umakyat sa bahay hanggang nakita sa aparador ang mga nasamsam. Pero may problema, wala sa video ang pagbubukas ng aparador. May cut sa gitna ng pag-akyat at matapos ang ilang sandali, lumundag na sa pagvivideo ng bukas na aparador ni Ping na may baril at ipinagbabawal na gamot.

Ikinulong ang tatay ni Ping pero hinala niya, itinanim ang mga nakuha sa aparador niya. Nagpost sila nang nagpost sa Facebook, humihingi sila ng hustisya sa hindi makatotohanang pagkakakulong ng tatay niya. Pero ang mga pulis, lalo silang pinag-initan. Noong panahon ng pandemya, palagi silang iniikutan ng police mobile, binabagalan din kapag natatapat sa harap ng bahay nina Ping. Doon na sila nagsimulang matakot. Hindi nila alam kung hanggang kailan ang pandemya noong 2021 kaya hindi magandang makipag-alitan sa mga pulis na nakatambay palagi sa mga checkpoint malapit sa Hagonoy.

Ilang buwan sa piitan, binawian na rin ng buhay ang tatay ni Ping sa loob. Inatake raw sa puso, sabi ng mga pulis. Mataas ang cholesterol at high blood ang tatay ni Ping pero hindi nila sigurado kung nabibigyan ng gamot sa loob para inumin.

Pumunta ako sa huling lamay ng erpats ni Ping para magsabi ng pakikiramay. Iyak nang iyak ang nanay nila, namatay raw ang asawa niyang wala sila sa tabi. Nakausap ko si Ping na nakatambay sa labas pero wala siyang binabanggit tungkol sa naging kalagayan ng tatay niya sa loob o sa sama niya ng loob sa mga pulis. Sinasabi niya na lang na ganoon talaga ang buhay, na nauna lang ang erpats niya. Nakangiti siya noon, na parang bang pinapagaan ang loob. Na parang ang sarili ang kausap at hindi ako. Nakatitig lang ako sa kaniya habang nagsasalita, sa loob-loob ko, parang winawasak siguro ang pakiramdam ni Ping ngayon kahit pinipilit ngumiti. Natigilan siya sa pagsasalita nang may dumaan sa harapan naming pula at asul na ilaw. Sinundan niya lang ng tingin ang dumaang sasakyan habang nanlilisik ang mga mata.

Sa aking pagsusulat ng akdang "tanga ka na lang kung naniniwala ka pa sa kapangyarihan ng kuwento," sinubok kong ipasok ang estilong ginamit ni Chappelle na nakita ko rin sa materyal nina GL at Rafal: ang naratibo sa loob ng isa pang naratibo, ang kuwento sa loob ng kuwento. Sinubukan kong ipasok ang aking materyal sa estilong napili sa pamamagitan ng pagiging tapat sa gustong gawing proyekto.

Sinubukan kong ikuwento ang barangay namin sa Hagonoy noong panahon ng pandemya, kung paano sila naaaning kapag may mga pulis, at kung ano ang persepsiyon ko sa kanila bilang bahagi ng barangay.

Ang pag-aakda sa kuwentong ito ay pagbasag din sa personal kong paraan ng pagkukuwento, kasama na ang tradisyonal na henerikong anyo ng mga kuwentong nabasa ko habang nagbababad tukuyin ang aking tradisyong sinusundan.

Sa pag-aakda ng maikling kuwentong naisulat ko, napagtanto ko ang kapangyarihan ng naratibo: maaari itong tumawid sa iba't ibang midyum tulad ng battle rap, stand-up comedy, at panitikan. Mapagpalaya ang pag-aakdang ito para sa aking personal na danas sa pagsusulat dahil ipinabatid nitong may kakayahan ako bilang umaakda na basagin ang aking sarili at tingnan ang mga butil nito upang muling tipunin at bumuo ulit ng bagong materyal.

Mga Sanggunian

Equanimity. Idinirehe ni Stan Lathan, itinanghal ni Dave Chappelle, 2017, *Netflix*, https://www.netflix .com/watch/80171759.

"FlipTop - Sayadd vs GL." *YouTube*, inupload ng fliptopbattles, 2 Nobyembre 2022, https://www.youtube.com/watch?v=bGOxyj9Iwy8.

Rafal, Mark Joseph. "Balik-Was." *Likhaan Journal of Contemporary Literature*, tomo 15 , blg. 1, 2022, pp. 17–25.

Wilwayco, Norman. *Rekta*. Plataporma, 2014.

tanga ka na lang kung naniniwala ka pa sa kapangyarihan ng kuwento

Bago tayo magsimula, gusto ko lang sabihin ang wakas: may gustong maglagari ng titi sa dulo ng kuwentong ito. Titi, oo. Kung ayaw mo no'n, burat, sige. Puwede ring Tarub. Kung ayaw mo pa rin, buto. Kung ayaw mo pa rin, bahala ka na sa buhay mo. Basta ayun na 'yon.

Wala nang mahabang intro, Tol. Papangunahan na kitang mambabasa ka—ikaw na nakatanghod sa kung paano ko tinimpla ang pangungusap na ito. Ikaw na nakakuba at taimtim na pinapatay ang oras sa anumang dahilan sa pagbabasa nito. Ikaw na may mapungay na mga mata, na hanggang ngayon, binabasa pa rin 'tong hayop na akdang ito. Page one pa lang, malalaman mo na ang tatakbuhin ng kuwento. Goods, 'di ba?

Sinabi ko na agad ang ending ng akda para goods tayo pare-pareho't magawa pa ang mga shit natin sa buhay tulad ng paghuhugas ng pinggan, paglalaba, pagba-bike, pagtunganga, at kung ano pang shit mo sa buhay. Pinangunahan na kita para hindi na tayo magsayangan ng oras. Baka kasi mamaya pinapapaspas lang sa 'yong basahin 'tong hayop na akdang 'to para sa iskul requirement (na malabo, taena) at wala ka naman talagang interes basahin ito. O baka naman tamang trip ka lang na pabilisin ang kamay ng relo ala-David Blaine at saktong pagbuklat mo ng koleksiyong 'to, tiyempong dito ang buklat mo. O baka napulot mo lang 'to sa jeep habang nabiyahe ka papasok tas binabasa mo ngayong breaktime mo sa trabaho o sa iskul. Iyon na iyon. Wala nang masyadong maraming tse-tse buretse o kung ano pa. Paspasan lang tayo.

Basta, Tol, tandaan mo: kahit anong mangyari sa kuwentong 'to, kahit ilang tauhan ang lumabas, kahit saang tagpuan pa sila makarating, o kahit anong suliranin pa ang kaharapin nila sa pag-usad ng kuwento, ang siste sa dulo, may susubok na maglagari ng ari ng lalaki.

O, tutal andito ka na rin lang, ito na.

May tropa ako sa Hagonoy, Tol, si Kenneth. Kenneth Durende. Payat, may tattoo na baybayin sa kanang bisig: pangalan ng mga anak niyang si Kassandra at si Kurt. Mayroong siyang motor na Honda Beat na tinanggal ang mag-sticker. "Mata," kung tawagin siya sa hood. Malaki kasi ang mata ng hayop. Uso kasi mga palayaw sa amin, Tol. Mayroong may alyas ng Daga, Bakal, Insekto, Utak, Komang, Bawang, at kung ano-ano pang shit. Taena, hindi ko nga mawari kung bakit, pero uso pa rin sa amin ang ganoong palayaw. Isipin mo, Tol, ang pagpapangalan sa isang bagay ang nagbibigay ng pagkakakilanlan

niya. Tama naman. Pero sa amin sa Hagonoy, puwera sa pangalan, ginawan ka pa ng palayaw na hindi mo alam kung paano at saan hinugot. Putang-ina, Bakal? Sinong gago magpapalayaw noon sa tao? Paano 'yon kapag kailangan siyang operahan, at halimbawa lang, nawalan ng sinulid sasabihin na lang ba niyang "Doc, hinangin mo na lang 'yong tagiliran ko"?

Ewan ko ba sa mga taga sa amin, pucha may pangalan naman 'yong tao. Isipin mo si Kenneth, tawag Mata? Sobrang tamad ng mga tao sa aming mangabisa ng pangalan, tinanangan na lang ang mga nilalang base sa kung anong nakikita sa panlabas na kaanyuan. Mata amputa. Pero lintik din kasi ang mata ni Kenneth. Sa sobrang laki, puwera biro, e 200 degrees daw ang peripheral vision. Tuwing liga raw kasi, grabe mga ginagawang pasa. Parang Magic Johnson na mas maliit ng limang pulgada ang tite. Lintik na nga mamasa ng bola, may shooting pa sa labas at kahit payat, nangangatawan din sa loob. Kaya nga kahit malaki ang mata, marami pa ring nagiging chix si Kenneth lalo na kapag panahon na ng liga. Minsan mas marami pang tumitili para kay Kenneth kesa sa dami ng puntos ng kalaban nila sa buong laro. Hindi man nakahabol sa haba ng burat kay Magic Johnson, makakahabol naman sa dami ng nadali.

Isang araw pagkatapos ng championship game ng liga, nagpakain 'yong manager nila. Siyempre, panlimang championship na nila 'to sa magkakasunod na liga. Binuhusan ng mga pagkain ang mahabang lamesang inilatag: litson, Jollibee, pizza, at litro-litrong Coke. Sabi no'ng manager, kahit sino raw puwedeng kumain. Parang naging pista tuloy ni San Miguel ang nangyari. Siyempre, libre, nakikain ako. Wala naman akong pambiling pizza no'n, at di araw-araw may libreng Coke.

"Boss Eds, dami naman nito! Parang pista ni San Miguel, a!" sabi ko sa manager nila.

"Kain lang nang kain," sabi niya "parang pista talaga kasi na naipanalo namin 'yong championship," sagot niya.

Ako naman, kain lang. Wala naman talaga akong paki kung nadefend nila 'yon. Gusto ko lang kumain ng masarap. Sa kahabaan lang din ng Hagonoy kami tsumibog, katabi ng ginagawang bahay ni Aling Mameng, matandang dalagang tirador ng mga mas bata sa kanya sa Hagonoy. Mapera kaya may kumakagat din talaga. Hindi pasok bilang sugar mommy; sugar granny, puwede pa. Putang-ina, laptrip nga e, nakikain na rin 'yong mga construction worker kahit di naman nila kami kakilala. Basta niyaya lang namin, tapos kapag tinanong sila, sabihin nila taga-Mercado sila. 'Yong isang trabahador tarantado, minamartilyo 'yong pizza. Thin crust daw ang gusto niya. Nagkalat lang din kasi ang mga gamit nila ro'n tapos tinamaan sila ng tamang trip. 'Yong

isa minamaso ‘yong buto ng fried chicken para raw mapulbo, papagulungin niya raw mamaya.

Maya-maya dinapuan na kami ng katahimikan. ‘Yong iba nakatulala, food coma yata. Habang ‘yong iba, tahimik na nagyoyosi habang nakatingin sa malayo at nakapatong ang laylayan ng itinaas na T-shirt sa tiyang mala-bola na dinribol ni Mata kanina. Kaya biruan namin ng katabi ko nung napansin naming tahimik ang lahat matapos tsumibog, huwag nang gamitin ‘yong may dumaan na anghel. Gamitin na lang ‘yong nanlibre si Boss Eds. “O, natahimik yata kayo. Parang nanlibre si Boss Eds, a.”

Pero parang bahay na niraid ng silup, nabasag din ang trip ng mga taga-sa-amin nung sinabi ni Boss Eds na nagpaorder na siya ng alak. Hiyawan ang mga walanghiya. Mas malakas pa ang sigaw kesa noong nagchampion sina Mata kanina. Buti raw nag-imbak sila para masagad nila ang alak. Bali-balitang mas marami pa sa mga San Miguel beer na dinala ni Erap sa Mindanao nung sumubok siyang magpeace talks ang inorder ni Boss Eds. Shur pa sa shur, Hagonoy Resort ang dating ng barangay namin kapag nagpaambon na si San Miguel. Tang-ina, ‘ka ko, mapapalaban yata ‘ko. Sinipat ko si Kenneth, ang Finals MVP ng liga na kinakausap ang anak ni Boss Eds sa malayo. Maputi ang dalaga, seksi, ekalam osus, tsinita rin. Di na nakakapagtaka, maputi rin kasi si Boss Eds. Dati rin kasing PBA player na nakaipon kaya kutis-mayaman ang mga anak. Nakabraces pa nga ‘tong anak niyang bitbit na mukhang type din si Mata sa kung paano siya tingnan.

Nag-ala-korte ang Hagonoy sa dami ng case na dumating. Malasing o hindi, pucha hindi ka na olats. Wala ka namang nilabas na kahit ano pero nakalibre kang alak at puds. Kumbaga, lagari: nakakain ka na, nalasing ka pa. Pero hindi lang kami ang lagari, pati na rin ‘tong si Mata. Champion na, MVP pa, at mukhang dadalihin pa ng putang-ina ang anak ng Boss Eds.

Pumasok sila sa ginagawang bahay ni Aling Mameng. Suot pa ni Mata ‘yong medal niya. Kinasabwat ng tarantado ang mga construction worker. Sige lang daw, sabi nila, tulog naman daw ang matanda. Dumiretso na lang daw sila sa CR pero maalikabok daw don dahil may pinuputol silang plywood para sa kisame. Sabi ni Mata walang problema, off-court shooting naman daw ang gagawin niya saka hinapo raw siya kanina kaya ‘di siya maggagagalaw. Pumasok na sila sa CR, halikang umaatikabo agad ang dalawa.

“Ito talaga ang panalo ko,” sabi ni Mata.

“Talaga?” sagot ng anak ni manager sa pagitan ng mga laplap. Nasagi nila ang plywood na pinagpapatungan ng mga pako, lagari, at pangmetro.

"Itakip mo sa mata 'yang medal mo," sabi ng anak ni Boss Eds. Ginawa naman ni gago. Piniring ang puntas ng medalya niya sa sarili sabay labas ng burat.

"Shit," halinghing ng dalaga habang nilalaro ang ari ni Mata. May pampadulas pang sawdust. 'Di na ininda ni mata ang sakit, giyang na giyang na siya e.

"Teka," sabi ng babae "Sisilipin ko lang ginagawa ni Daddy. Baka hanapin ako. Dito ka lang, ha? Ilabas mo lang 'yan para pagdating ko, kakainin na lang," bilin niya. Tamang jakol muna 'tong si Mata, nilalaro sa isip kung paano niya lalaruin ang dalawang bola ng anak ni Boss Eds.

Wala pang isang minuto, may naramdaman siyang pumasok sa banyo. Sinunggaban agad ang burat niya. Sarap na sarap si Mata. Hindi niya alam na ganoon kagaling sa laro ang anak ni Boss Eds kahit atabs pa. Tuloy-tuloy ang pagchupa kay Mata, at nung malapit nang labasan si gago, inalis niya ang piring para tignan kung anong ginto ang nasungkit niya. Pagkaalis, habang tinitikman ang langit, napasigaw siya "Tang-ina ka, Aling Mameng!" Pumasok ang mga taga-Hagonoy sa bahay para tingnan kung anong nangyari. Putang-ina, kitang-kita nila na chinuchupa ni Aling Mameng si Mata. Sa galit, dinampot ni Mata ang lagari. At tinutok kay Aling Mameng. Napaatras ang matanda sa pagkakaluhod at napapikit. May sumirit na likido sa mukha niya: dugo mula sa nilagaring burat ni Mata.

Bang! Gano'n na 'yon. Tapos sa anim na pahina. Tipid sa oras, lalo na kung wala ka naman talagang oras para magbasa at clouded ang utak mo ngayong pandemic. Madalas kasi, takas ang ganitong mga kuwento. Na normal. Na walang nakafacemask at face shield na karakter, e 'no? Pero 'yon nga e, takas na lang. Ang tanong, hanggang kelan naman? Ilang beses ko 'yang tanong sa sarili ngayong higit isang taon na tayong nasa pandemya.

Alam mo 'yon, Tol, parang may free will ka namang gawin ang mga shit mo, pero given a certain restriction. Pero sa kalayaang 'yon, kasama ang pagbubusisi sa sarili. Kung sino ka ba talaga, kung ano ba talaga ang shit mo, at plano mo para bukas. Hirap alamin, lalo na't kinabukasan, alam mong gano'n pa rin naman ang sistema. At araw-araw, parahas nang parahas ang paligid. May mag-inang binaril ng pulis dahil sa alitan, may babaeng namatay sa isang estasyon ng bus kakahintay na makauwi sa probinsiya, may isang dating militar na may PTSD na binaril ng kapwa militar, at isang tanod na bumaril ng isang 59-anyos na may kondisyon sa pag-iisip.

Naisip ko, Tol, ano bang saysay ng kuwento sa mga panahong ganito? Tang-ina, wala. Walang saysay sa harap ng bala at kamatayan sa panahon ng

pandemya. Kahit anong ganda ng kuwentong mabasa mo at bitbitin mo, balewala naman 'yon kung tinutukan ka at napagdesisyunang barilin bigla sa ulo ng kung sino man. Bang! Gano'n na 'yon.

Kaya simula no'n, Tol, di na 'ko naniniwala sa pagsusulat ng kuwento at kapangyarihan nito. Praktikalan lang, Tol, aanhin mo ang kuwento pag pinagtripan ka nang saksakin ng holdaper o barilin ng militar? Sasabihin mo bang "Teka muna, Tol, nabasa mo na si Rolando Tolentino? Si Ser Jun ba? Si Iwa? Pag-usapan muna natin, Tol, pahiramin kitang libro, mayroon ako rito." Putang-ina, baka hindi mo pa nababanggit si Ser Jun, sinaksak ka na sa buwisit dahil sa kung sino-sinong binubulalas mong hayop ka. Aanhin nila ang kuwento mo? Gutom din sila, kailangan ng pera. At anong gagawin ng mga kuwento't nabasa mo sa gitna ng kriminal at nakaunipormeng may baril?

Naalala ko tuloy 'yong pinsan kong si Ping. Nakatambay sila nila Glenn sa looban, pero imbes na alak ang pinapaikot e mga hinlalaki na lang kalalaro ng ML dahil may liquor ban noong season 1 ng ECQ last year. Apat sila no'n, batak na batak sa Mobile Legends. E siyempre, walang magawa e. Walang mga trabaho gawa nang sa Tokyo Tokyo sila nagtatrabahong apat ng mga tropa niya bilang crew. Wala na rin silang pera non, Tol, taena, sa araw-araw ba namang maglalabas ka ng pera walang pumapasok e. 'Yong iba nasunog din sa laklak dahil hindi naman nila inakalang tatagal nang ganito ang lockdown. Pero sabi nga nila, ayos lang magsunog ng atay, h'wag lang ng bato dahil walang magawa. Tinanggal din ang ring ng mga half court. Kumabaga ikaw na lang talaga hahanap ng paraan para may magawa bilang isang lehitimong tambay. Buti na lang may ML, may mapaglilibangan sina Ping at kahit papaano may mapagbubuntunan ng mga kamalasan nilang sinapit ngayong pandemya.

May mga gabing buwenas naman sila sa laro, mga treseng beses na panalo sa kinseng laro. Hindi na masama. Ang plano kasi nila, mapaabot sa Mythical Glory ang mga rank ng accounts sabay ibebenta sa mga tangang maglaro pero may pera na kakagat sa tigsasampung libong pisong account na kompleto na ang emblem sets pati mga skin. Kumbaga para kina Ping, Tol, ito na muna ang nakikita nilang pagkakakitaan. Ayos naman ang set-up e, wala rin namang ginagawa sa bahay kaya sabi ni Ping, bakit hindi na lang silang mag-ML nang otso oras. Araw-gabi, tumodo talaga sila. Madalas lima sila, kaso may raket 'yong isa nilang tropa kaya naghanap sila ng malapit at sakto, nakahanap naman.

Mahalaga kina Ping 'tong parating na laro. Inaalat sila e, nakasampung matches na pero tatlo pa lang naipanalo. Dis-oras na rin kasi ng gabi, tulog na 'yong mga marurunong maglaro na naka-WFH dahil siyempre, kahit nasa bahay, may pasok pa rin kinabukasan. Tamang invite lang sila sa kung sino pang gising, mayroon kasing 'Nearby' option sa laro na puwedeng humugot

ng kasama basta malapit lang. Last game na rin, pinapatay na rin kasi ng kapitbahay 'yong Wi-Fi kapag alas dos na. 1:45 na sa relo ni Glenn, kaya pa naman ng isang game na paspas. "Pucha, kailangan nating manalo rito, p're, may bibili na ng account ko bukas. Walong libo aabutin kung manalo tayo," sabi ni Ping. At sakto naman, may naaya sila: si Cardo666. "Putang-inang pangalan ito, pare, Cardo, baka magaling itong mamaril," biro ni Ping na nagpatawa sa mga kalaro.

"O, game, game! Mic on tayo para magkarinigan, taena, h'wag kang bobo Cardo666," panimulang trash talk ni Ping. "Bawal bobo rito sa Hagonoy!"

Nakabukas ang mic ni Cardo666 pero dehins niya sinagot ni Ping. Isa sigurong taong pinupuyat ang sarili para mabiso sa paulit-ulit na siklo ng pandemya. Mahirap tukuyin kung sino, pero shur pa sa shur, taga-hood din ito. "A, wala itong Cardo666, hindi sumasagot. Takot yata sa sa 'yo Ping," kantiyaw ni Glenn. Wala pa ring sagot si Cardo666. Nagpatuloy ang laro na hindi maayos ang galaw ni Cardo666. Kahit anong gawin nila Ping no'n, Tol, di nila mabuhat 'tong isang tangang 'to. "Putang-ina mo, Cardo, ayusin mo naman!"Yamot na yamot na sina Ping. Naisip niya kasi na mababalewala ang pagpupuyat, pagpapataas ng rank para mabenta ang account niya, at pakikiusap niyang maki-connect sa Wi-Fi nina Ka Tureng nang tatlong linggo kapag olats sila rito. Walang pinagbago ang galaw ni Cardo666 at hindi na gumagalaw sa base, parang nang-aasar pa.

Nag-type si Cardo666, *tga-san kyo*

Tga Hagonoy kame, putang ena mo, 'wag kang pupunta ritong hayup ka, baka sapakin ko ulo mo gigil na type ni Ping.

San s hagony? tanong ulit ni Cardo666.

Gigil na gigil pa rin si Ping, hindi na rin gumagalaw. Ginawang chatbox ang Mobile Legends. Pinaliguan niya na lang ng trashtalk ang kakamping bano:

Baket, pupunta ka ba? Lika rito taena mo nang makaltukan kita nang live

Sulasok kang hayup k, napakabobbo m. May suman k cguro sa bulsa, bobo

hayup ka pag binugbog kita rito samen parang pagod na sumayaw na pancit canton mukha mo

taena mo

ano tra smin taena m

PAKYU

Alas-dos na: papatayin na ang Wi-Fi ng kapitbahay, masama ang loob dahil talo sa rank game, at yamot pa si Ping dahil kailangan niya ulit pataasin ang rank ng account niya bago mabenta nang walong libo. Tang-ina, Tol, walong libo sana 'yon. Walong libong hinulma ng puyat at pambuburaot ng Wi-Fi, lunukan na ng hiya sa kapitbahay at pati sa bahay dahil imbes na rumaket, kumapit siya sa ML. "Malas, 'langya," binulong na lang niya.

Nagkayayaan nang pumasok pero nagpaiwan si Ping saglit sa labas. Chinachat niya ang bibili dapat ng account niya nang biglang may pumaradang police mobile sa labas ng bahay nila. Nagsipasukan ang mga tropa ni Ping dahil curfew na nga at wala pa silang suot mga facemask. Si Ping, marahang tumayo habang umiiling-iling na nagcha-chat sa buyer niya.

"Ba't nasa labas pa kayo?" tanong ng pulis kay Ping habang nakatingin sa cellphone niya.

"Papasok na rin po ser, nagpahangin lang po. Mahina po Wi-Fi sa loob," magalang na sagot niya.

"Curfew na a, wala pa kayong facemask," sabi ng pulis.

Tinaas ni Ping ang damit hanggang itaas ng ilong "Naubos na po, Ser e. Pero tagarito lang naman po kaming lahat ng mga kalaro ko," katuwiran niya.

"A, tagarito kayo?" tanong ng pulis kay Ping sabay kinawayan ang mga tropa niya, pinapalapit. "Halika nga kayo rito. Anong nilalaro ninyo?"

Nakatungong lumapit ang tatlong tropa ng pinsan ko, Tol, mga nakatakip din ng damit ang ilong. "ML po, Ser. Nagkatuwaan lang po, wala po kasi kaming magawa," katuwiran pa niya.

"Sino si Ping?" tanong ng pulis. Gulat na gulat 'yong pinsan ko pati mga katropa niya. Putang-ina paano ba naman kasi nalaman ng pulis pangalan ni Ping, e ambait-bait no'n.

"Ako po, Ser. Bakit po?"

"Kapkapan mo nga bulsa ko," utos ng pulis.

"Baket, Ser?"

"Basta kapkapan mo!" sigaw ng nakauniporme. Silipan ang mga kapitbahay, nagising sa narinig na ingay. Kinapkapan ni Ping 'yong pulis.

"May laman ba bulsa ko?"

"Opo, Ser," kabadong sagot ni Ping.

"Anong laman?"

"Baril po, Ser."

"Hindi ba suman?"

Sinikmuraan ng pulis 'yong pinsan ko. Tinatawagan na 'ko ng mga tropa, pinapupunta ako para sabihing tulungan ko raw si Ping kaso wala ako sa amin. Nasa Maynila ako noon, may tinatapos na maikling kuwentong ipapasa para sa isang subject ko sa graduate school. Tinatawagan nila ako nang paulit-ulit kaso naka-silent ang cellphone ko. Alam kasi nilang may kakayahan akong umareglo e, lalo na't nakapag-aral ng kolehiyo at nasa graduate school pa ngayon.

Pagkagising ko, nabasa ko na binaril daw sa panga si Ping at inihian pa raw ng pulis pagkaplakda. Wala raw pumalag, nagpulasan daw lahat ng tambay. Dumating ang mga ambulansiya, kinausap ang pulis at sinabing rumesponde raw sila mula sa checkpoint kung saan sila nakapuwesto nung may narinig silang putok. Baka raw droga, sabi ng pulis. Marami raw kasing adik sa Hagonoy. Walang nagawa mga kamag-anak ng pinsan ko kundi umiyak na lang. Hindi raw sila makapalag, dahil baka balikan sila't hindi nila alam kung gaano pa kahaba ang pandemya. Nandoon pa naman daw lagi 'yong mga pulis sa checkpoint. Nagluksa na lang daw sila nang walang karapatang humingi ng hustisya.

Kinabukasan pagkapasa ng papel, rumekta agad akong Hagonoy. Pumunta 'kong barangay hall para icheck ang CCTV pero kinuha na raw ng mga pulis ang kopya at pinadelete. Buti na lang nakakuha ng kopya 'yong kakilala kong bantay. Pinakita sa akin. Nakita ko ang ginawa kay Ping: sinikmuraan, pinutukan sa panga, at saka inilawit ang ari ng putang inang pulis para ihian ang katawan niya. At kung sakaling nandoon ako, Tol, lalapit ako sa akto ng pag-ihi ng pulis na 'yon at lalagariin ko ang burat niya.

Mga Pook ng Galimgim

Sites of Nostalgia

Jeffrey B. Javier
Unibersidad ng Pilipinas Mindanao
jbjavier2@up.edu.ph

Abstrak

Lulan ng mga larawan ang mga alaala. Balon ng mga larawan at ng mga salita ang mga alamat. Lagom at balak ng balangkas na mga larawan at ng pinaglapat na mga salita ang magsisilbing libingan ng mga teksto at bantayog ng salin at sipi sa kung anong pag-agpang ng buhay o sa kung anong maaaring pag-agpang ng buhay na hindi nakapagtotoo dahil sa mga panlabas, at kalimitang panloob, na pagkalansag at pagkagambala. Ang lupon na ito ay isang pagsulong sa pakikipagsapalaran at pag-aalsa sa mga kulungan ng mga sariling larawan at ng mga sariling salita—sa mga pagbati ng pighati at sa mga lupon ng pananabik at pag-aasam, sa paglulan ng mga larawan sa mga alaala, sa pagbalon ng mga salita sa mga alamat, ng mga kataga sa mga sugat, ng ihip ng hangin sa mga panaginip.

Pictures and photographs carry memories. Stories, in turn, are a wellspring of images and words. The précis and purpose of the portrayed images and of the placement of words will serve as a grave for the texts and a monument for translation and passages in whatever adaptation of life, or the possible adaptations of life, that would have not come to manifest owing to external, and often internal, wreckage and disruptions. This poetic cycle is kind of venture towards adventurism and a form of revolt against the prison blocks of self-images and self-words—in the welcoming of sorrow and in the sheltering of longing and hope, in the bearing of memories through photographs and images, in the welling of words from

the records, of the wording of the wounds, of the whistling of winds in one's own reveries and dreams.

Mga Susing-salita

larawan, salita, lapat, pook, teksto, alaala

photographs, words, placement, places, texts, memories

Tungkol sa May-akda

Si Jeffrey B. Javier ay nagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanao. Siya ay nagsusulat mula sa Lungsod ng Davao.

Mga Pook ng Galimgim

> Sa huli, ang tunay na pook ng galimgim
> ay wala sa lugar na naiwala
> o sa lugar na hindi kailan man naiwala;
> ito ay nasa sa teksto na nararapat magtanda
> yaong pagkawala.
>
> André Aciman,
> "Pensione Eolo, Sites of Nostalgia"

Lulan ng mga larawan ang mga alaala. Taglay ng bawat tabas at ayos ng bawat kapilas ng alaala ang tanda ng mga pook, ng mga bagay, at ang pinakamahalaga, ng mga paksa, na kalimitan maaaninag bilang mga tauhan sa larawan, o sila ring mga tagakuha: nakikita man sila, nararamdaman mula sa tanaw ng mga tagamasid at ng mga manonood— o hindi, na waring sila ay kapwa alaala rin, nagmumulto sa likuran ng paningin, sa parang ng pag-aasam. Nakakintal ang siyang mga pilas sa sinag ng kuwadradong papel, sa kinang ng pinilakang tabing, o sa kurap ng digital na tanghalan, bilang bakas, lamat, at gunita.

Sa ganitong paghalaw mula sa guhit ng liwanag patungong liko-liko ng mga anino at ng mga lilim, nagiging isang metapora ang pisika ng liwanag, isang sudlong, isang talinghaga, isang pagsasagawa ng mga alaala—bilang isang butil ng tanglaw o bilang hanay ng mga daluyong. Sa alinmang uri at pagkakataon, ang mga alaala ay pumapatak na parang buhangin ng panahon tungo sa kabuoan ng katatagan at kapupunan, o ang mga ito ay bumabayo pabalik-balik gaya ng kumpas ng mga alon sa dalampasigan tungo sa sayaw ng katubigan at kaginhawaan. Sa kalaunan, ang mga alaala ay nararapat maubos upang maihubog at mabuong muli mula sa pagkaubos, o nalalapit na pakaubos at pagkawala, ng mga kahulugan. Sa pag-ikot ng mga alaala nagkakaroon din ng pagluwal, kamatayan, at muling pagkabuhay ang mga kahulugan.

Sa pagsilang nga mga teksto, bilang larawan man o bilang salita, ay siya ring kamatayan nito. Bagamat mistulang taluhaba ang daloy ng kanilang buhay at pagsigla, pabilog din naman ang pag-ikot ng kanilang muling pagluwal at muling pagkabuhay. Sapagkat ang mga alaalang nakapaloob sa mga teksto, sa tangkang panukalang sila ay nagiging libingan na salat sa payak na materyalidad at hindi maisasapook sa makalupa o makakatawang pagkaunawa, nangangailangan ang mga alaala ng biglaan at kusang pagdadambana ("spontaneous shrines") na kagyat na maglalaman ng kanilang kaukulang kalabuan at kawalan ng katiyakan. Magsisilbing materyal na katunayan at badha ang kanilang libingan.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Madalas sa kawalan ng maayos na pagsasapook nailulunas ang mga biglaan at kusang pagdadambana ng mga sama-samang danas gaya ng mga sakuna o mga kasawian. Nagiging kaisa at mapanimdim na pagsusuri sa sarili ang pagbabanal sa mga dambana. Sa mga katarikang pagtatayo ng sambahan, naipapasok dito ang panitikan bilang isang pagdadambana upang mabigyan ng katiyakan ang pagpapaksa ng mga alaala. Mailalangkap din dito ang iba't ibang anyo ng panitikan—sa ganitong pagkakataon, mga larawan at mga salita—bilang magsisilbing mga salansan na maglululan sa maulap na pagkaunawa.

Ang paggaganap ("performative"), na galing kay J. L. Austen, ang pinag-ugatan ng panukalang biglaan at kusang pagdadambana ("spontaneous enshrinement"). Sa biglaan at kusang pagdadambana, maipaghiwalay ang mga maaaring maipahayag sa madla at sa kung ano ang naipahahayag nang palihim. Ang madla ("public") sa pagdadambana ay may kinalaman sa pagpapanood, pagsasaksi, pakikilahok, at pagbabagong panlipunan (Santino 127–130). Ngunit hindi nga ba maiiwasan, at hayag na kinakailangan, ng biglaan at kusang pagdadambana ang pangmadlang pagkilos o paggawa, kung saan ang madla ang nag-aatas ng ayos ng pagganap? Ang madla ang nagsasakdal sa paggaganap upang ang isang pagganap ay maging isang sariling ganap. O maaari bang gumanap ng pagkilos at paggawa na walang nakapapanood o nakasasaksi? Batay sa panghuling ugnay ng "madla" bilang tagapanood at tagasaksi, maihahalintulad ang paggaganap ng sumusunod na malikhaing lupon ng mga larawan at mga salita sa pangmadlang pagkilos at paggawa—upang maging buo ang pagganap kung saan may tagagawa ng pagganap at tagatanggap ng pagganap, mambabasa man o manonood, na magpapalitan ng kahulugan. Sa bahaging "pakikilahok" at "pagbabagong panlipunan" ay umaasa ang manunulat na ang madla ang makilahok sa pagkilos at paggawa ng mga nayaring larawan at salita, at ang lipunan ang siya ring magpasya sa inaasahang pagbabago na maaaring dala ng haing lalang—na kung mamarapatin ay kapwa mapagpalaya at mapag-alpas, na sila ring pakay at layon ng lahat ng mga anyo ng paglalang at ng paglikha, sa paglalarawan man o sa pagsasalita.

Sa pag-asang pagbabago, maihahalintulad din ang panitikan—maliban sa bilang biglaang at kusang pagdadambana—sa isang bantayog, kung saan ang panitikan bilang mga bantayog na tekstuwal ("textual monuments") at mga bantayog na nadadala ("portable monuments"). Ang panitikan, na sa pagkakataong ito ay lupon ng mga mga larawang-teksto at mga salitang-teksto, ay maaaring maihatid sa mga bagong pagkakalagay (Rigney 383). Hindi gaya ng ibang anyo ng bantayog, katulad ng bantayog na bato, na hindi maaaring mailipat kung saan-saan, ang panitikan bilang mga bantayog na tekstuwal at bantayog na nadadala ay maaaring magalaw, mabuhat, malipat, maalsa, maiabot, matanggap, at higit sa lahat, mabago. Sa ganitong pagbabantayog, nagkakaroon ang panitikan—bilang mga larawang-teksto at mga salitang-

teksto—ng kultural na pangkahabaan o "cultural longevity" (391) na maaaring sanayin o hasain, o "rehearsing" (375) upang iayon, iangkop, at ilatag ang kasalukuyang anyo ng panitikan sa bagong takdang pakahulugan.

Sa kultural na pangkahabaan, o ang "cultural longevity," ng buhay ng isang teksto, maaaring magbago at yumabong ang mga pakahulugan. Sa pagsasanay at paghahasa nahuhubog ang paiba-iba at paulit-ulit na pagganap ng mga larawan at mga salita. Sa sanayan at sa hasaan din napabubuti, napipino, at nadadalisay ang anyo, bago pa man ito maihatid, maibigay, at matanggap muli sa bagong ayos, anyo, at pagkakalagay. Sa susunod na mga bagong paghahatid, pagbibigay, at pagtanggap maaaring maisalin din sa iba't ibang uri ng pagpapahayag—larawan man, salita, o sa ibang pangkat at tabas ng panitikan at teksto. Upang sa kalaunan, ang mga kasalukuyan at ang mga inaasahang paparating na paghahatid, pagbibigay, at pagtatanggap ay maisama at maisaklaw sa pangkalahatang ikot at kabuoan ng pagkalalang at pagkalikha.

Sa ganitong balangkas at lapit, umaagos papalayo ang mga alaala sa pinagmulang kaugnayan sa pangunahing laman at diwa. Sa kabilang banda, ang mga naitago ng mga larawaran bilang mga payak na mungkahi ay lumalabo, nawawala, nabubura. Madalas, sa yaong pangangatwiran, balon ng mga hugis ng liwanag at mga bakas ng anino ang paglimot—paglimot na waring sukdulang biro ng panahon at kasaysayan. Ano nga ba ang naiwala? Saan huling nailagak? Kanina ay hawak-hawak lamang. Papaano kung ang sa paghawak pa lamang ng alaala—sa pagtapat ng kamay sa hugis ng alaala, sa pagtataya at sa paglapag ng isang basal na dalumat mula sa himpapawid ng mga talinghaga patungo sa lupain at katawan ng mga kabagayan—ay naiwala na ang katuturan?

Ang mga salita, gaya ng mga ayos, anyo, at pagkakalagay, ay naglalakbay kapwa sa himpapawid ng mga talinghaga at sa lupain ng mga kabagayan. Marahil sa pagitan lamang ng nasabing dalawang kaharian nayayari, naglalaro, at gumuguho ang mga kahulugan at katuturan. Ang tagakuha ng larawan (ang litratista, o ang letratista), sa ganitong pamamaraan, nagiging sugo ng utos at ng balita. Ang mga tektsto, bilang mga larawan at bilang mga salita, na kapwa sariling gawa at pasan ng manunulat, ay nagiging sisidlan ng mga babasaging bagay, isang pagpapataw ng sakdal. Papaano nga ba madurugtungan ang buhay at madaragdagan ang hininga ng mga alaala—na sa sandaling sila ay nailuwal mula sa pusod ng dagat, kaagad silang naaanod, naaagos, napaparoon sa dalampasigan, at pagpanaw—kundi sa pagkuha ng mga larawan at paglapat ng mga salita?

Sa pinagsamang teksto ng mga larawan at mga salita—kahit na maglakbay pa ang diwa sa ibayong panahon, sa lawak ng mga kultura, sa pagkakaiba ng mga wika, at sa pagkakasalungat ng mga paniniwala—nananatiling busilak ang

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

taal ng mga kahulugan ng liwanag at anino, talinghaga, kabagayan, kabuoan, katubigan, at kaginhawaan. Ang mga larawan at mga salita, sa pagkakataong ito, ay sila na ring kahulugan, ng kanilang sarili, labas sa mga utos at mga balita ng ibang dalumat.

Balon ng mga larawan at ng mga salita ang mga alamat, ng mga kataga ang mga sugat, ng mga alaala ang ihip ng hangin at mga panaginip. Minsan sa mga larawan at sa mga salita rin nalilisang at napupulupot ang mga alaala. Maaaninag mula sa mga salita ang mga batak at hatak ng mga larawan, gaya ng sa mga akda nina Walter Benjamin, Roland Barthes, John Berger, Susan Sontag, John Keats, W. H. Auden, Anne Sexton, Sharon Olds, Marjorie Evasco, Vincenz Serrano, at iba pa. Sa kanilang pagsusuri sa mga larawan at sa mga salita, ang mga alaala ay mga tekstong pinaghalo sa alkimiya, isinalang, isinalin, at ibinuhos upang maging isang gintong pulot-pukyutan ng mga tiwala.

Kalimitang tuwiran ang pagsalin ng mga teksto (i.e., "ekphrasis") mula sa isang hugis, anyo, o hubog patungo sa ibang hugis, anyo, o hubog. Kalimitan ang mga ito ay galing sa mga teksto bilang mga larawan, lilok, pinta, palabas, o pelikula upang maging mga teksto bilang mga salita. Ang mga halimbawa ng ganitong pagsasalin ay ang "Ode on a Grecian Urn" ni John Keats, "My Last Duchess" ni Robert Browning, "Musée des Beaux Arts" ni W. H. Auden, "The Starry Night" ni Anne Sexton, "This is a Photograph of Me" ni Margaret Atwood, at "Sex Without Love" ni Sharon Olds, at marami pang iba. Bagamat iba ang mga hugis, anyo, at hubog ng mga pinanggalingang teksto, ang mga bagong teksto ay katulad at kawangis pa rin ng mga naunang teksto. Malimit na tuwiran at payak ang pagsasahugis, pagsasaanyo, at pagsasahubog sa mga naunang teksto. Ngunit kadalasan ay nagbabago rin ang hugis, anyo, at hubog nga mga bagong teksto. Sa pagkakatulad at pagkakawangis, hindi maiiwasan na may maidaragdag, maipalalawig, at bagong mailuluwal. Nagpalit man ang hugis, anyo, at hubog, at hindi na maaaninag at maihahambing ang mga sukliang naganap sa pagsasalin, ang mga pangunahing paksa at diwa ng mga nabagong teksto ay nananatiling dalisay, busilak, at tapat sa mga naunang teksto. Hayag man o nakaligtaan, nababakas pa rin sa sa tuwiran at payak na pagsalin, palitan, at suklian ang mga sinaunang paksa at diwa.

Kung hindi man tiyak ang pag-aninag at ang paghambing sa tuwiran at payak na pagsasalin, madalas magkasama ang mga naunang teksto sa mga bagong teksto. Magkalakip ang mga larawan at mga salita sa iisang panukala at balangkas, gaya ng aklat na *When a Map is Folded Cities Come Closer, When Clothes are Unpacked Cities Fall Apart* ni Vincenz Serrano, na may lupon ng mga larawan sa palibot ng Kalakhang Maynila at kaakibat ang dalawang hanay ng mga prosa sa itaas at sa ibaba ng mga larawan. Habang binabagtas ng mambabasa ang bawat pahina, nilalakad din ng mga larawan ang mga

pasikot-sikot na lansangan at mga makipot na landas. Kasabay ng pagbabagtas at paglalakad ay ipinapasyal at nililibot din ng mga hanay ng salita ang isip at diwa ng litratista at letratista, na kapwa iisa lamang sa katauhan ng makata. Isa pang halimbawa ng magkasama, o sa himok na ito, magkahalong teksto ay ang aklat na *Fishes of Light (Peces de Luz)* nina Marjorie Evasco at Alex Fleites, na naglalaman din ng mga dibuho ni Chua Keng Keng at mga kaligrapya ni Kristian Jeff Agustin. Dalawang wika ang nagtatanghal sa aklat: ang Ingles na mga salitang-tula ni Evasco at ang Español na mga salitang-tula ni Fleites. Hindi tumpak na basahing tuwiran at payak ang pagsasaling naganap sa larong *Fishes of Light*—hindi lang halaw ng iisang wika ang katambal ng iisa pang wika. May pagpapanayam din ang kapwa mga wika sa mga dibuho at mga kaligrapya na buhat din sa ibang wika at ibang kultura. Sa magkakaibang pinanggalingan ng mga teksto—bilang wika, dibuho, at kaligrapiya, may pagsasalikop at pagsasalabid sa mga bagong nabuong kaugnayang kahulugan. Sa paglalakip ng mga larawan at mga salita sa iisang panukala at balangkas, walang masasabing may nauna o may nabagong teksto, sapagkat kapwa sabay ang paglalang at paglikha ng mga nasabing teksto. Sa mga ganitong laro ng pagsasalin, pag-aaninag, paghahambing, pagsusukli, at paglalakip ng mga larawan at mga salita, napayayabong at napalalasap ang karanasan sa pagganap at ang pagtanghal ng mga teksto.

Minsan sa paglapat ng mapanuring pag-aaral at malikhaing pananaliksik, napayayabong at nalalasap pang muli ang mga teksto, at naiwawangis ang mga larawan sa mga salita o ang mga salita sa mga larawan. Bantog ang mga mapanuring pag-aaral at malikhaing pananaliksik nina Roland Barthes sa *Camera Lucida: Reflections on Photography*, Walter Benjamin sa kaniyang tipon ng mga sanaysay sa *On Photography*, John Berger sa *Ways of Seeing*, at Susan Sontag sa *On Photography*. Sari-sari ang pakay ng kanilang pagpapaham hinggil sa paglalarawan at pagsasalita—maaaring tungkol sa sining, sa kultura, sa pahayagan, sa pangmadlang komunikasyon, sa laro, sa entablado, sa talinghaga, sa kaisipan, sa kasaysayan, sa etnograpiya, o sa mga alituntuning teknikal at teknolohikal, gaya ng pagdadalubhasa sa kahusayan, ang pakinabang ng mga kagamitan, at talakayan at pagpapalawak ng mga kaniig sa libangan at hanapbuhay. Sa mapanuring pag-aaral at sa malikhaing pananaliksik nagkakaroon ng panlupain at pangkatawang hugis, anyo, at hubog ang mga teksto. Hindi lamang yabong ng kaisipan at lasap ng kaalaman ang pagwawangis ng mga larawan at ng mga salita. Napayayaman din ang pagkakaroon ng materyadidad na tampok ang diwa ng paglikha at paggawa.

Bagamat tungkol sa kabagayan ang mga panghuling mga teksto, hindi maiiwasan ang kaugnayang pangkahulugan sa sarili, sa ibang tao, at lalo na sa pangkalahatan. Ang pagbabagay ay bumabalik din sa mga nauna nitong pagsalungat at pagtanggi sa mga naghaharing paksa gaya ng tao, sarili,

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

indibidwal, at lipunan, na hindi kailangang magkahiwalay ang bawat palagay. Samakatwid, ang lahat ay nagkakakabit, nagkakasalabid, at magkalapat. Sapagkat papaano nga ba nailalahok sa pang-unawa ang pagtalakay kung walang tagapagtalakay?

Maaaring umusbong ang mga kabagayan na walang panlabas na salik. Subalit, sa pagkakabit at pagkakaugnay, ang teksto bilang larawan at salita, bilang kapwa mga bagay, ang magsisilbing mga sisidlan ng mga pagsasawika at sa pagsasapook ng alaala. Sa pagbabagay, nagiging makalupa at makakatawan, o nagiging materyal, ang mga pagkilala sa mga larawan at mga salita. Ngunit ang dagdag na panukalang pagbabagay na ito ay taliwas sa lumang materyalismo ("old materialisms") kung saan ang mga kabagayan ay may kakanyahang katahimikan, kawalang pagganap na humirang, at nabubukod sa sariling panloob (Gamble et al. 113). Sa pagbabagay ng teksto bilang larawan at teksto bilang salita, bilang mga makabagong pagbabagay at materyalismo ("new materialisms"), matatanggap na hindi nakaangkla sa katunayang umiikot ang paglalang at paglikha sa mga tao lamang, batay sa paglipat ng pagsusuri, malikhain man o hayag at payak na pananaliksik, mula sa kaalaman ("epistemology") patungong pag-iral ng mga lalang at mga likha ("ontology"), at kasabay ng pagkilala sa likas na at angking pagkilos, paggawa, at pagganap ng mga kabagayan, labas sa akit at hikayat ng mga tao (118). Sa mga makabagong pagbabagay, nabibigyan din ng nararapat na pagkilala at paggalang ang mga kaalaman, paglalang, at paglikha na nagmula sa mga katutubong taal at sa mga hindi Kanluraning pinagbuhatan (Rosiek et al.).

Hindi na bago sa panitikan ang pagbabagay (Benitez "Vernacular Virtual" 96–99), lalo na ang pagbabagay sa panitikan ng Pilipinas (100–107). Nailunsad noong 1965 ang tinaguriang "Bagay poets," na kinabibilangan ng mga kalaunang naging Pambansang Alagad ng Sining na sina Rolando S. Tinio at Bienvenido L. Lumbera, upang maghayag ng pagsalungat sa umiiral na pagtula kung saan napawawalang-bahala ang mga kabagayan bilang mga payak na talinghaga, na kadalasan ay tanda ng labis na makataong pagdamdam at nagbibigay-halaga sa tao lamang bilang lunsaran ng kaalaman, kasanayan, paglikha, at paglalang (Benitez "*Bagay*" 4–5). Samantalang bukal ang pansariling karanasan sa mga larawan at mga salita, hindi maikakailang taliwas sa pagkatao at sa katauhan ng manunulat ang mga teksto bilang larawan at teksto bilang salita, na sa kalaunan ay sila ring nagkakaroon ng angking kamalayan, taliwas sa pagkatao at katauhan ng manunulat, at nagiging lunsaran ng mga panibagong karanasan, kaalaman, kasanayan, paglikha, at paglalang.

Sa pinagsamang pagbabagay ng wika at ng pook sa mga alaala at mga pangungulila, sa muling paglulunsad ng mga alaala at ng mga pangungulila—o "balik-alaala" ("rememory"), kung alin ang "paglikom at pag-alala ay ang pagsasaayos ng mga bahagi ng katawan, ng mga kamag-anak, ng mga

mamamayan ng nakaraan" (Morrison)—nahahamak ang manunulat. Nagagamit sa pagsulong ng mga balik-alaala ang pakipagkalakaran sa pagsasalik sa sarili at sa pagsasaayos, pag-aayon, at pagpapahusay sa mga katibayan ng buhay, sa dambana at sa bantayog ng mga alaala, gamit ang mga malikhaing pamamaraan at dulog, gaya ng sining, panitikan, pananaliksik, pagsasanay, karanasan, at iba pang paglikhang kaalaman (epistemological knowing) at kahusayang paglalang (ontological creation and invention). Sa pagtatangkang maihalintulad ang mga sariling utos at balita sa yari ng mga akdang unang nabanggit, susubuking lapatan ng lupon ng mga prosa ang lupon ng mga sariling kuhang larawan. Kuha mula sa taong 2015 hanggang sa taong 2017, ang mga haing larawan, sa kanilang pagkuha at pagkabuo, ay kaagad nang nasadlak sa paglimot at pagkawala sa alaala. Kuha sa lumang cellphone camera, isang Samsung Galaxy J7 Prime, ang mga larawan ay sumailalim sa image manipulation gamit ang sariling apps ng nasabing cellphone, upang maging black-and-white ang mga kuha, lumitaw nang puspos ang kaputian at kaitiman, at matalas ng kaibhan ng dalawa—pawang pagsusugal sa kakayanang maipaghalo ang liwanag, dilim, at anino sa isang alkemiko at likidong paglalarawan. Karamihan, kung hindi man ang lahat, sa mga larawan ay unang nailathala bilang mga Instagram at Twitter post, na walang sadya o kusang pagkakaayos, maliban lamang sa madaliang paglathala at pagpamagat kalakip ang tanda ng oras, ng araw, at ng pook. Naipupuno ng lupon ng mapanlikhang balik-tanaw sa mga alaala at ng malikhaing muling paggawa sa mga pangungulilang hindi nakuha at hindi kailan man nabihag ng mga larawan at biglaang pagsasalarawan sa mga sandali.

Ang mga pagsasawika at pagsasapook ng gambala ang pangunahing himok ng panukalang lupon ng mga larawan at ng mga salita. Sa pagsusuri sa sarili, bilang isang tubong Davao at Mindanao, ang pagsasalita at paggamit pang-araw-araw ng Tagalog bilang ikatlong wika (Davao Cebuano o Davao Bisaya bilang ang unang wika at ang Ingles bilang pangalawa) at ang panandaliang pagtira sa Diliman, Quezon City (madalang ang lipad pauwi pabalik sa Davao) ang silang pangunahing nagsilbing kalansag at gambala na nakasanayang pamumuhay.

Sa bali-balikong pagsasalarawan at pagsasalaysay ng mga lupon, pilit na hinahanap ng manunulat sa wikang Tagalog, at sa ibang wika, ang mga alaala at mga pangungulilang hindi na maaaring muling maibabalik. O sa kalunusan, pilit hinuhulma ng manunulat ang mga alaala sa mga sandali at pilit unuukit ang mga pangungulila sa mga saglit na hindi man kailan nagyari at naganap sa tunay na buhay.

Ang kaluluwa ng isang manunulat mula sa Pilipinas ay palaging naliligid sa "panlabas na biglaang pagkasindak" at "paglinsad" (Mojares 300) dahil sa mga paulit-ulit na panlulupig mula sa mga dahuyan. Sa pangunahing pagpaksa

sa paglilipat-lipat na pamumuhay ni N.V.M. Gonzalez, nahinuha ni Mojares na ang mga manunulat mula sa Pilipinas ay nababagabag sa "pagkabalaha ukol sa kung anong pagtataksil ng paglimot ang maaaring matamo habang [ang manunulat] ay lumilipat…mula sa Bundok patungong Nayon hanggang sa Lungsod, ang mga 'tatlong bansa' na bumubuo sa kaniya at sa kabuoang buhay ng isang bayan" (297). Sa ganitong pasanin ng pagkabigla at ng paglinsad, na tigib sa mapuspos na karanasan, sa maaaring pagtaksil ng paglimot, ang kaluluwa (bilang isang basal na hinagap) ay gumagala palabas ng katawan (bilang makalupa at makakatawang pagkaunawa), patungo sa sansinukob upang maghanap ng pansamantalang kapatawaran. Kung sa wika at sa pook unang nahihihuna ang mga makabagong danas, sa mga wika at mga pook din napapalagay ang kabuoan ng kasanayan at alaala. Sa ganitong malikhaing saliksik, at sa pagtutula, ang mga salik sa pagkabigla at sa paglinsad ay ang wikang Tagalog at ang pook ng Diliman. Ngunit sa pangungulila at sa pagwiwika muli lamang mabubuo ang sarili at mailalatag nang maaayos ang karanasan, kasaysayan, at alaala, upang maialok at maihandog sa madla bilang mga naiayos, naiayon, at napahusay na mga bagong lalang at likha. At hindi ba tila kabalintunaan na ako, sa ngayon, ay nagsasawika at nangungulila sa mga alaalang malayo sa kasalukuyang pook na kinalalagyan at sa wikang binibigkas ko rito sa lungsod ng Davao?

Sa pagsasawika ng aking mga alaala at ng aking mga pangunguli sa sari-saring ibang wika, sa wikang Tagalog man o sa wikang Ingles, sinadlak ko ang aking sarili, ang aking manunulat na sarili, sa katahimikan ng ibang wika, aking mga manunulat na sarili na sila ring mismong naging paksa at bihag ng mga magkakaibang wika.

Kung ang pagsasawika ng kalansag at ang pagsasapook ng gambala ang pangunahing himok ng panukalang lupon, mas mainam na sabihing ang pagsasawika ng mga alaala at pagsasapook ng mga pangungulila ang tunay na simbuyo ng kasalukuyang paglikha at paglalang. Kahit pa man bigkasin minsan pa ang wika, o balikan ang mga pook, o muling sipatin ang mga danas at mga damdamin, sa mga pagkakamali at pagkukulang ng mga larawan, walang bakas ng kabuoan ng nakalipas ang maaaninag sa mga mismong larawan. Sila ay pawang ilaw at anino lamang, pawang teksto na maaaring lapatan at tapatan ng kahit anong sanaysay at kuwento. Kung anong mga alaala man na nahulma, nangyari man sa totoong buhay o sa panibagong pag-alala at pangungulila, gamit ang mga larawan at mga salita, ang mailalapat ay pawang mga kathang-isip lamang. Ano nga ba ang alaala at pangungulila kung hindi lubos na haraya, tanging sa mga gunita, at sa mga balita lamang napapalagay.

Sa mga sariling likhang-isip at mga sariling gawang-alaala, susubuking taluntunin ang bakas ng diwa ng mga akdang *A Lover's Discourse: Fragments* ni Roland Barthes at *Bluets* ni Maggie Nelson. Bukal mula sa batis at sa

daloy ng pagsasanaysay ng dalawang akda ang umaagos sa pagsasalita ng mga teksto bilang mga larawan at mga teksto bilang mga salita. Sa hulmang sanaysay, kapwa haraya ng gunita at balita ang mga nasabing panulat—ang *A Lover's Discourse* bilang patungkol sa pag-ibig at ang *Bluets* bilang patungkol sa kulay bughaw.

Sa buod ng *A Lover's Discourse* ni Roland Barthes, ang mangingibig ("lover") ay walang humpay sa kaniyang pangungulila at sa paghahabol sa iniibig ("beloved"). Ngunit sa simula pa lamang, sa pagsalita ng mangingibig, sa pagtalikod sa mismong iniibig, sa pagpili sa liwanan, anino, at alaala ng iniibig, ay pinatay na agad ng mangingibig ang iniibig gamit ang mga salita. Papaano makasasagot ang iniibig kung ang mangingibig ay sadyang natatanging paksa ng teksto? Sa hindi maabot na pangungulila at paghahabol, ang iniibig ay mistulang teksto lamang na nayari sa gunita ng mangingibig. Ang iniibig, sa kadahilanang hindi maabot, ay kapwa bakas ng mga liwanag at mga anino sa lente at punto-de-bista ng mangingibig. Kahit mistulang pangunahing paksa ang iniibig sa talumpati ng pangungulila at paghahabol, hindi maaaninag ang kaluluwa ng iniibig, sa kabila ng pagiging sagana at laganap ng iniibig sa kabuoang teksto.

Bagamat sakaling bigyan ng bibig at salita ang iniibig, upang sagutin ang mga pangungulila, mga paghahabol, at mga paratang ng mangingibig—upang tapusin at siyasatin ang sariling katahimikan, at upang punahin ang manunulat, kabilang na ang mga tagamasid at mambabasa sa kanilang pakikipagsabwatan sa manunulat—sadyang magiging isang kahalintulad na rin ng mangingibig ang iniibig. Sa ganitong pagliko, ang iniibig ay magiging siya ring mangingibig. Walang kawala sa kamatayan ang iniibig, sa teksto man o sa pag-alsa ng kaniyang nasadlakang katahimikan. Ngunit katulad ng iniibig, sadlak rin ang mangingibig sa nayaring katahimikan. Kapwa ang mangingibig at ang iniibig, mga paksa at mga layon ng teksto, ang naisawata ng katahimikan—ang kanilang libingan. Ngunit sa teksto rin silang mababuhay ulit, sa hinagap ng alaala at sa pangungulila.

Sa pagtatanong, ano nga ba ang paksa at layon ng paglapat ng salita sa sariling kuhang larawan? Sino ang pinagsasalita? Sino ang karapat-dapat sumagot? Ano ang pinag-aalsa? Sino ang namamatay sa pagkakataong magsalita ang manunulat, ang paksa, o ang letratista? Natatanaw ba ang sariling kamatayan sa ganitong pagkilos? Ano ang naaaninag sa ganitong paghula? Kung mamarapatin, ang mangingibig, ang manunulat, o ang letratista, ay kailangang mamatay upang kumawala at umalpas din sa kulungang napapaloob sa, at pinapaloob ng, teksto bilang kapwa alaala at pangungulila.

Sa kabilang banda, naghahalong pauna, patalastas, at minsan pakikipagtagisan ng pananaliksik, panukala, at mga sariling dama sa alaala at

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

damdamin sa natatanging kulay ang balak buoin ng akdang *Bluets* ni Maggie Nelson. Umiinog sa iisang paksa, sa kulay bughaw, ang mga panganganinag ng akdang *Bluets*. Sa pagkahumaling ng tagapagsalita, o ng manunulat, o letratista, sa kulay bughaw, binalot niya sa katawan ng mga salik sa muling pagbubuo ng alaala—mula sa magkakaibang balon at batis, mula sa panitikan, mula sa sining, mula sa pilosopiya, mula sa sariling nakaraan, at mula sa mismong danas ng kalungkutan. Kahit magkaiba pa man ang tinta at lalim ng kulay, mula man sila sa mga galimgim ni Marcel Proust, sa mga hilaw na bato at dinurog na pulbura ng lapis lazuli, sa lawak ng ibayong karagatan at ng ibayong kalangitan, o sa mismong kalungkutan, iisang bughaw pa rin ang inaasam sa salik ng manunulat, o letratista—yaong bughaw na walang liwanag at walang anino, yaong bughaw na sa teksto lamang maaaninag at masusulyapan.

Minsan, bilang isang tagamasid at manonood ay maitatanong kung mayroon nga bang lupon ng mga alaala sa kulay bughaw ang manunulat. O pawang likhang-isip at gawang-alaala lamang sila? Papaano kung sa pagbabasa, wala sa mismong teksto ang lupon ng mga alaala ng manunulat, kung hindi naroroon sa pagkakaintindi lamang ng mambabasa nabuo ang alaala at pagkaunawa ng kulay bughaw? Walang salik o danas ng mga kalungkutan mula sa teksto at ng may-akda, kung hindi nasa paglalapat lamang ng mambabasa sa sariling pag-unawa, pag-alala, at pag-angkin sa kalungkutang nawari at nagayak sa pagkakilala at pagkaunawa sa kulay bughaw ayon sa teksto?

Gaya ng makasariling pag-ibig ni Barthes sa *A Lover's Discourse*, ang tekstong bughaw ni Nelson ay siya ring kulungan kung saan siya ay napapaloob. Upang maaninag ng manunulat o letratista ang tunay na sigla ng bughaw ay kinailangan munang malunod at mamatay ang manunulat o letratista sa teksto ng bughaw at kabughawan. Sa pagsulong ng nasabing dalumat ng kamatayan, sa pagdadambana, sa pagbabantayog, sa paglalarawan, sa pagsasalita, sa pagwiwika, at sa pagpopook, patungo sa tagamasid at mambabasa, kailangang mamatay muna ang sa tagamasid at mambabasa upang mahalaw ang makasariling pag-ibig ni Barthes at malawak na teksto ng bughaw ni Nelson.

Sa paglapat ng sariling mga salita at balita sa mga kinunang larawan, ang manunulat o letratista (sa ganitong pagkakataon ay ako) ay kinailangan munang mamatay sa sariling kuhang mga larawan at sa mga sariling salitang ilalapat. Sa pagtapat ng mga sariling salita sa mga sariling larawan ay siya ring pagmumulto sa sariling kuha, sa sariling teksto, sa sariling salik, at sa sariling gunita. Gayundin ang kawangis na layon at tangka para sa mga mambabasa—na sila ay malunod at mamatay sa kuhang larawang at nalapat na salita—upang sa huli, at sa kalaunan, ang manunulat, o letratista, at ang mga manonood, tagamasid, mambabasa, ay muling mabuhay sa gunita ng kani-kaniyang makasariling pagsasanay ng pagsusulat, sa mungkahi ng

iisang kulay ng alaala, sa haraya ng pag-ibig na ni minsan ay hindi nabuo, nahalaw, at pumanaw sa totoong buhay, kung hindi nasa mga teksto lamang. Sa muling pagsasabuhay ng mga manonood, tagamasid, mambabasa, sila rin ay nagkakalupa at nabibigyan ng kakatawan sa, at hindi lang nagmumulto sa likod ng, gunita ng manululat.

Ano nga ba ang alaala at pangungulila kung hindi kapwa kamatayan at muling pagkabuhay sa teksto—ang teksto bilang larawan man o ang teksto bilang mga salita? Sa teksto lamang nagiging kaisa ang mga salita at ang mga anyo, isang pagkakalagay sa mga manlalakbay mula sa himpapawid ng mga talinghaga at sa lupain ng mga kabagayan. Ang teksto ang nagiging pagitan ng nasabing dalawang kaharian. Sa teksto nayayari, naglalaro, at gumuguho ang mga kahulugan at katuturan, alaala, gunita, haraya, buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay. Teksto ang natatanging sugo at balon sa paglalakbay sa mga ibayong panahon, sa kalawakan ng kultura, sa pagkakaiba at pagkakahalintulad ng mga wika, at sa pagkakasalungat at pagkakaisa ng mga paniniwala. Ang mga teksto lamang, kung mamarapatin, ang nananatiling busilak ang taal ng mga kahulugan ng liwanag at anino, talinghaga at kabagayan, kabuoan, katubigan, at kaginhawaan. Ang mga teksto, bilang mga larawan at bilang mga salita, sa pagkakataong ito, ay sila na ring kahulugan, ng kanilang mga sarili, labas man sa mga utos at sa mga balita ng ibang dalumat, alaala, gunita, at haraya. Ang mga teksto, bilang dambana at bantayog ng sariling kamatayan at muling pagkabuhay, ang nagpapasalupa at nagpapasakatawan ng mga pakahulugan at pag-unawa mula sa kanilang matatarik at matatayog na pinagmulan.

Sa pangkalahatan, ang lagom at balak ng balangkas na mga larawan at mga salitang ito ay magsisilbing libingan ng mga teksto at dambana ng salin at sipi sa kung anong pag-agpang ng buhay o sa kung anong maaaring pag-agpang ng buhay na hindi napatotoo dahil sa mga panlabas, at kalimitang panloob, na pagkalansag at pagkagambala. Ang lupon na ito, bantayog na tekstuwal at bantayog na nadadala, ay isang pagsulong sa pakikipagsapalaran at pag-aalsa sa mga kulungan ng mga sariling larawan at ng mga sariling salita—sa nalalapit na lasap ng mga kahanga-hangang karanasan at sa mga sana ay hindi maganap na danas ng karahasan—sa mga pagbati ng pighati at sa mga lupon ng pananabik at pag-aasam, sa paglulan ng mga larawan sa mga alaala, sa pagbalon ng mga salita sa mga alamat, ng mga kataga sa mga sugat, ng ihip ng hangin sa mga panaginip.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Mga Sanggunian

Aciman, André. "Pensione Eolo, Sites of Nostalgia." *The Yale Review*, tomo 87, blg. 3, 1999, pp. 25–37. *Wiley Online Library*, doi: 10.1111/j.1467-9736.1999.tb00027.x.

Atwood, Margaret. "This is a Photograph of Me." *The Circle Game*, House of Anansi, 1966, p. 11.

Auden, W.H. "Musée des Beaux Arts." *Selected Poems: New Edition*, pinatnugutan ni Edward Mandelson, Vintage Books, 1979, pp. 79–80.

Austin, John L. *How to Do Things with Words*. Clarendon P, 1965.

Barthes, Roland. *A Lover's Discourse: Fragments*. Salin ni Richard Howard, Hill and Wang, 1978. Salin mula sa *Fragments d'un discours amoureaux*, Éditions du Seuil, 1977.

---. *Camera Lucida: Reflections on Photography*. Salin ni Richard Howard, Hill and Wang, 1981. Salin mula sa *La chambre claire. Note sur la photographie*, Editions du Seuil, 1980.

Benjamin, Walter. *On Photography*, pinatnugutan at isinalin ni Esther Leslie, Reaktion Books, 2015.

Benitez, Christian Jil R. "*Bagay*: Articulating a New Materialism from the Philippine Tropics." *Rupkatha Journal on Interdisciplinary Studies in Humanities*, tomo 14, blg. 1, 2022, pp. 1–11, doi: 10.21659/rupkatha.v14n1.07.

---. "Vernacular Virtual: Toward a Philippine New Materialist Poetics." *eTropic: electronic journal of studies in the Tropics*, tomo 21, blg. 2, pp. 95–119, doi: 10.25120/etropic.21.2.2022.3903.

Berger, John. *Ways of Seeing*. British Broadcasting Corporation at Penguin Books, 1972.

Browning, Robert. "My Last Duchess." *The Complete Poetical Works of Robert Browning*, Cambridge Edition, pinatnugutan ni Horace E. Scudder, The Riverside P, 1895, p. 252.

Evasco, Marjorie, at Alex Fleites. *Fishes of Light: Tanrenga in two tongues (Peces de Luz: Tanrenga en dos idiomas)*, dibuho ni Chua Keng Keng at kaligrapya ni Kristian Jeff Agustin, SIPAT Publications, 2013.

Gamble, Christopher N., atbp. "What is new materialism?" *Angelaki: journal of the theoretical humanities*, tomo 24, blg. 6, 2019, pp. 111–134, doi: 10.1080/0969725X.2019.1684704.

Keats, John. "Ode on a Grecian Urn." *The Poetical Works of John Keats*, pinatnugutan ni William T. Arnold, Kegan Paul, Trench, and Co., 1884, pp. 235–236.

Mojares, Resil B. "The Haunting of the Filipino Writer." *Waiting for Mariang Makiling: Essays in Philippine Cultural History*, Ateneo de Manila UP, 2002, pp. 297–313.

Morrison, Toni. "'I wanted to carve out a world both culture specific and race-free': an essay by Toni Morrison." *The Guardian*, 8 Ago. 2019, theguardian.com/books/2019/aug/08/toni-morrison-rememory-essay.

Nelson, Maggie. *Bluets*, Wave Books, 2009.

Olds, Sharon. "Sex Without Love." *The Dead and The Living: Poems*. Alfred A. Knopf, 1984, p. 57.

Rigney, Ann. "Portable Monuments: Literature, Cultural Memory, and the Case of Jeanie Deans." *Poetics Today*, tomo 25, blg. 2, 2004, pp. 361–396. *Project MUSE*, muse.jhu.edu/article/169627.

Rosiek, Jerry Lee, et al. "The New Materialisms and Indigenous Theories of Non-Human Agency: Making the Case for Respectful Anti-Colonial Engagement." *Qualitative Inquiry*, tomo 26, blg. 3–4, 2020, pp. 331–346, doi: 10.1177/1077800419830135.

Santino, Jack. "Performative Commemoratives, the Personal, and the Public: Spontaneous Shrines, Emergent Ritual." *The Performance Studies Reader*, ikalawang edisyon, Routledge, 2007, pp. 125–133.

Serrano, Vincenz. *When a Map is Folded Cities Come Closer, When Clothes are Unpacked Cities Fall Apart*. High Chair, 2016.

Sexton, Anne. "The Starry Night." *All My Pretty Ones*, Houghton Mifflin Company, 1962, p. 9.

Sontag, Susan. *On Photography*. Farrar, Straus and Giroux, 1977.

Mga Pook ng Galimgim



Ano ang inda ng hindi maisulat, na sa kalaunan hindi magunita, ipukol ni hindi sa bahagyang pagtukoy, walang pagtatapos, walang ulat ng pagsintang kailan lamang ay napawalang-bisa?



Kanino itong mga alaala? Kaninong mga kamay? Sa alin dito? Sa anong taon? Sa aling isla? Sa aling bundok? Papasaang dako mula sa dagat o sa ihip man ng hangin?

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University



Ang mundo, sa tag-ulan, ay maglalagablab. Namamasa sa init ng ulan, ang mga nabasa ay maghahanap ng alwan mula sa delubyo upang mabasa lalo sa umog. Hamog, ambon, usok, singaw ng aking pawis, hininga ng iyong balat.



Ano pa ba ang mas malubha sa aking pagsinta? Pagkatapos ng mga aliw at giliw, ako ay lulubay at tutuloy bilang isang ilaw at awit.


https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University



Sa aking huling huni, hindi na akmang kakitaan o hanapan pa ng pangamba bilang isang kanta. Sa pagsudlong ng sukdulang tala lamang naririnig ang tunay na pagpanaw.



Sakaling maaari kong maipakita ang mga pook at mga batis kung saan ako umusbong, yumabong, at kalaunan ay mamamatay, sasama ka ba sa gabay ko?



Marahil anino lamang ako ng mga nagsala-salang mong mga alaala. Maglalaho rin ako sa pagitan ng mga parisukat, sa mga tagpong salansan ng mga daluyong mong pagligta.



Mananabik akong lubusan sa ating mga mahabang paglalakad at sa mga bakas kong maiiwan. Akay ang bawat yapak sa tuwiran, at kadalasang liko-likong daan.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University



Anong giliw at gayak ang tanglaw sa mga sandaling tayo ay namulaklak, na kaagad ding nalanta. Alitaptap tayong sabay kumislap at pumasaabo.



Napapaginipan din kita nang kaytagal, paulit-ulit, bawat layag, pabalik-balik sa magkabilang panig ng buhay kong ilang beses isinabuhay at ng kamatayan kong ilang ulit ipinanaw.


https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University



Ang naiisip ko lang sa ngayon ay papaano maging tubig. Saan aagos? Saan liliko? Saan bubuhos? Saan tutuloy?



“(Kuha ang larawan / sa araw pagkaraan ng aking pagkakalunod, [wari bilang alingawngaw ng pang-unawa, na] //…kung maigi mong sisipatin, / sa kalaunan / maaari ako rin ay iyong matitingin.)”



Ang wika bilang salitang higit na magalang ay higit ding marahas. Ang batas—wika man ng tao, ng kalikasan, o ng iyong pagsinta—bilang pinakamagalang, yaong ding pinakamarahas.



Anong hulmang bati kong iiwan dito sa iyong mga gunita ay siya rin nawang magsilbing bantayog ng aking mga alaala.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University



Dinggin ako sa aking mga huni at awit, masdan ako sa aking mga kurap at kislap, mula sa lupain kong ibaba, patungong sa lupalop mong ibabaw.



Naisadiwa na kitang tinatahak ang mga daang ito, nilalakad ang sinulid na iyong tangan, kinakalas papalayo mula sa ipinilipit nating bidbiran.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University



Wala nang hatak sa kanino o sa kung ano man sa mga daan patungong kuwento, ituro man ng mga salaysay, na kahalintulad ng isang gabay, mula sa hangin, patungong alapaap.



Nababasag ako sa tuwing umaambon. Naisasaayos at nabubuhay din kalaunan sa muling pagsibol ng araw at paghuni ng mga ibon.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University



Magsasalubong ang mga haraya sa pagitan at tagpuan ng lupain ng mga kabagayan at ng himpapawid ng mga talinghaga.



Sa ilalim ng mga pailaw, namukadkad tayo, at dagli ring naglayag palayo.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University



Bagaman magkulang man ang wika, magsalat ang mga salita, maaari mo rin ba akong isagunita sa mga teksto bilang iyong paksa?



Sapagkat, hindi man ganap na kaisa sa diwang “nasa sa teksto na nararapat [ding] magtanda yaong [aking lubusang] pagkawala,” naisasadiwa rin.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Kung sa Bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat

If Every Calling is a Crossing

Alec Joshua Paradeza
Unibersidad ng Pilipinas
paradeza.joshua@gmail.com

Abstrak

Tatlong araw nang binabagtas ni Ruel ang kabundukan sa ilalim ng malakas na ulan. Tumatakas siya mula sa militar, kasama ng iba pang gerilya. Dala ng pagod at gutom, hiniling ni Ruel na bumalik sa mga mundong binisita noon—mga mundong labas sa sarili niyang mundo, kasama ang dating karelasyon na si Ino. Sa pagkalunod sa alaala ay hindi niya namalayan ang nakausling ugat sa dinaraanan at napatid, lumubog ang mukha sa putik.

Sa gitna ng bagyo ay babalikan niya ang unang beses na hinatak siya ni Ino mula sa bundok tungo sa isang hotel. Ipinaliwanag sa kaniya ng karelasyon na sa tuwing gusto niyang umalis ay bumubulong lang si Ruel sa hangin. Nakikita ni Ino ang tawag bilang lubid sa hangin, at hihilahin ito ni Ino, palapit sa kaniya. Ngunit gaya ng pagtalon-talon ni Ruel sa mga lugar na iyon ay tatalon-talon din ang ulirat ni Ruel sa alaala ng mga mundo at sa kasalukuyang kalagayan.

Haharapin ni Ruel ang napipintong paglapit ng mga kaaway habang hinahawi ang sariling daan sa mga lubid na humihila sa kaniya patungo sa ibang mundo, sa ibang posibilidad na hindi naririto, at ang kalauna'y pagtuklas ng sariling lubid na siya mismo ang magpapasyang hihila.

For three days now, Ruel, with his comrades, has been crossing the forest under heavy rain to escape the military. Exhausted and hungry, he longs to return to the worlds he once visited—worlds beyond his own, with his former lover Ino. Lost in memories, he doesn't notice the protruding root along the path and stumbles, his face sinking into the mud.

He recalls the first time Ino pulled him from the mountain into a hotel. His lover explained that whenever he wanted to leave, Ruel need only whisper to the wind. Ino will see the call as a red string, call back, and pull it, drawing Ruel closer. As Ruel leaps from those places, so does his consciousness—from fragment to fragment, memories of the worlds and the forest.

Ruel faces the enemies. He scrambles for ropes that pull him towards other worlds, towards other possibilities. He discovers a new rope, which he decides to pull.

Mga Susing-salita

multiverse, queer futures, kuwentong espekulatibo, digmaan

multiverse, queer futures, speculative fiction, war

Tungkol sa May-akda

Si Josh Paradeza ay isang manunulat na tubong Zambales. Napabilang sa iba't ibang palihan, pinagpala rin siyang magwagi sa ilang mga patimpalak sa panitikan maging sa experimental short films. Sa kasalukuyan, sinusubukan niyang isapapel ang mga tinatanaw na posibilidad ng queer narratives—o anumang attributes nito—at kung paanong ang kuwento ay sabay na pagbubuo ng mundo sa sarili at pagbubuo ng sarili sa mundo. Mahilig siya sa tokwa.

Ang Posiblidad ng mga Bakla sa Mundo, Ang Posibilidad ng mga Baklang Mundo

Version ni Regine Velasquez ng "I Don't Want to Miss a Thing" ang unang kantang nilipsync ko. Uso pa ang pagpapaburn ng CD noon sa mga computer shop dahil mailap ang mga portable MP3 player, at kung gayon ay mahal. Higit na mahal sa limampung piso na ibinibigay sa bantay ng computer shop kasama ng listahan ng labing-walong kanta at ang eksaktong pagkakasunod-sunod nito ayon sa sariling disenyo.

Iisa lang ang headphones namin noon, at wala pa sa batang isip ko ang ibang paraan para sabay naming marinig ng nanay ko ang kanta. Dinaan ko sa timing ang lahat. Bago bumuga ng chorus si Songbird ay hinubad ko ang headphones, dali-daling ipinasuot kay Mama, umaasang makikita niya ang nakita kong magic sa salamin. Sinubok kong papaniwalain ang bata ko pang nanay na may bagong tuklas na imbensiyon ang bata pa niyang anak—sa akin galing ang matinis na boses, kaya kong bumirit ng birit na babasag sa eardrums at baso at napakarami pang limitasyon.

Hindi sinasadyang ang puntong iyon ang origin story ng malaki at buong buhay na proyekto: ang pagpapaniwala sa iba ng sariling mga kuwento, sa posibilidad ng mga kuwentong iyon. Naputol man ang pangarap ko at pangarap ni Mama para sa akin na maging singer, pero hindi nawala ang storytelling. Ang matining ko kasing boses ay nagbago noong pagtapak sa high school, pero palagi pa ring bumibirit. Hindi man ako sumalang sa stage ng singing contest ng barangay, bayan, at probinsiya ay naging kontesera pa rin, sa ibang mga larangan nga lang. Kumakanta pa rin para sa maliliit na salusalo, nagsimula nang magrecord ng cover sa mga kanta ng paboritong banda, pero itinuloy na rin ang pagsusulat ng mga kuwentong ipababasa sa mga kaklase at kaibigan.

Sa pagkukuwento ko naiintindihan ang mundo.

Sa unang mga kuwentong isinulat ay puro kaibigan ang mga tauhan. Ang una ay tungkol sa klase namin, pero sentro ang grupong kinabibilangan ko. Simple lang ang plot: lilibutin namin ang mundo sa loob ng walumpung araw kundi ay babagsak kami sa isang klase at hindi na gagraduate. Halaw ito sa kapapanood na *Around the World in 80 Days,* alingawngaw ng sariling anxieties sa paggraduate na nasa science section pa rin, kahit na bulakbol ako sa pag-aaral.

Ang madaling format noon ay ang direktang paglalagay ng colon pagkatapos ng bawat pangalan para sa anumang sasabihin. Mas madali rin

kapag ako mismo ang magbabasa para sa mga kaklase habang tanghalian dahil pakiramdam ko ay kailangan nilang marinig ang mga karakter na base sa kanila, base sa kung paano ko sila marinig bilang mga kaibigan. Hindi ko na maalala ang kinahantungan ng kuwento, pero naaalala kong mabubunyag sa kalagitnaan na ang isa palang kaklase ay anak ni Obama at tutulungan kaming mas mabilis na lumibot sa mundo—kasagsagan ito ng pagkapanalo niya bilang presidente ng America, pruwebang marker ko rin sa panahon ang pagsusulat ng kuwento.

Isang dekada makalipas, matatawa ako sa sarili, sa tangkang idugtong ang tauhan sa tao, ang pangungumbinsi sa tao na sila ang tauhan, at vice versa. Ilang taon ulit bago ko maintindihan na ang lumilitaw na tauhan ay pagbabasa ko sa tao, sa relasyon ng tao, sa galaw ng tao, at relasyon ng paggalaw ng mga iyon.

Mabalik sa high school. Dahil kay Bob Ong, naintindihan kong puwede ring maging weird ang "boring" na format ng kuwento. Puwede palang nakakatawa. Puwede palang ang pamagat ng libro ay tungkol sa isang historical figure pero euphemism pala ng taeng hindi lumulubog kahit ilang beses mo nang binuhusan ng tubig. Puwede rin palang seryoso kahit nakakatawa. Sumunod sa kamay ko ang mga nausong young adult fiction na isinasalang na sa produksiyong pampelikula. Puwede pa ring exciting, kahit hindi naman talaga maganda sa dulo. Tapos ay natutunan ko na rin ang mga pormal na elemento ng kuwento. Mas tumanda pa nang mapagtanto na may iba't ibang gamit ang iba't ibang kuwento, at ang mga rule ay gabay lamang, kompara sa lakas ng ating free will.

Sa pagsusulat ko idinaan ang likot at aligaga ng isip. Sa pagsusulat ko rin idinaan ang paghilom nito.

Kasangga ko rin ang pagsusulat mahaba at magulong pag-aaral sa kolehiyo. Isa ako sa pinakabatang editor ng literary publication ng La Salle, at ilang beses akong napublish dito kompara sa ibang mga kasabayan kaya lumaki ang ulo. Isinapuso at isinabuhay ang "starving artist" at nalulong sa idealismo ng padurusa bilang proseso ng pag-aakda. Magugulat na lang ang mga kakilala ko na nasa Recto, Quiapo, Ermita ako nang madaling-araw, naglalakad, naghahanap ng puwedeng isulat.

Nang ilang beses makatanggap ng rejections sa labas ng *Malate Literary Folio* ay talong-talo ang kaluluwa, saka tumigil nang matagal sa pagsusulat. Nag-iisip pa rin ng pupuwede, pero hindi aktibong isinasapapel. May mga "poetic" na pagninilay pero puro fragments at walang nais puntahan. Dighay lang sa hangin. Baka hindi talaga sustinable ang pagsusulat kaya dapat ay itabi

muna at ilaan na lang ang oras sa ibang bagay. Baka hindi pagkatha ng kuwento ang kailangan dahil marami pang mas kinakailangang gawin.

Flash forward nang ilang taon. Kasagsagan ng ikalawang major bipolar at psychotic episode noong 2018 ay naging sandigan kong muli ang mga kuwento at pagbubuo nito, sa ibang probinsiya, sa ibang trabaho. Naging mas madali ang pagkawalay sa pamilya at kaibigan dahil may nalikhang paraan para buhayin sila sa mga isinusulat. Natawag ko sa tabi ang mga pamilyar at bago sa pamamagitan ng kuwento. Nagkaroon ng panibagong lakas sa pagtatrabaho at pagtupad ng mga pangako sa sarili dahil may mga tauhang nabuo na nasa parehong kalagayan din pero nakalalaban naman, nakababangon pa rin. Nanatili maging ang pag-ibig sa dating karelasyon dahil pinaypayan ng mga tula ko ang aminadong abstracted na alaala niya.

Malinaw sa akin na kung wala ang kuwento, o wala ang impulse at instinct na bumuo ng mga fictional na mundo, ng mga fantastic na mundo na hiwalay sa kasalukuyang krisis na dinaraanan, baka nilamon ako ng sariling kalungkutan at pagkabalaho. Ang kontra-realidad na dulot ng psychosis at iba pang mental health disorder ay nilabanan ko ng fiction, ng sariling pangontra sa kontra-realidad. Sa pamamagitan ng mga mundong kaya kong aralin at intindihin ay naaaral ko rin at naiintindihan ang mga nangyayari sa akin, sa sariling bilis, nang hindi nakapipinsala ng iba at ng sarili. At dahil pamamaraan ang pagkukuwento, walang takdang mabuti o masama—palaging nakakabit sa konteksto, palaging nakadepende ang hitsura nito sa tunay na kalagayan ng paligid at ng utak ko.

Sinusubukan kong makipagnegosasyon sa mundo gamit ang kuwento.

Kinalaunan ay matutuklasan kong hindi pa pala iisa ang paraan ng pagbabasa ng mundo. Marami pa at nakagugulantang, lalo na ang mga paraan na direktang taliwas sa kung paano ko ito unang nakita. Unti-unti, nagkaroon ng saysay at direksiyon ang pagsusulat ko ng mundo. Sa bawat kuwento ay may tinatanaw na pangarap. Pag-ibig, pagtutulungan, katarungan, kalayaan. Minsan isa lang ang tinatanaw sa takdang panahon; minsan ay lahat, sabay-sabay.

Mula kay Fredric Jameson at sa utopia, inintindi ko ang future o anumang tinatanaw na bukas hindi bilang destinasyon lamang kundi isang tulay. Siyempre't ang daan patungo sa mundong malaya ay kailangang hawiin ng totoong mga kamay, at pangungunahan ng mga kamay na may tukoy na layunin—mula Utopian Impulse ay may Utopian Program at may Utopian Realization (8). Ngunit nakatutulong ang lakas ng pagkukuwento sa pagbuo ng iba't ibang paraan ng paghawi ng mga kamay, sa pagbubuo ng iba't ibang armas ng mga kamay, sa pagbabago ng mga kamay na maaaring mukhang paa,

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

sa pagtatawag sa atensiyon sa ibang mga kamay na may maliliit ding gawaing napag-iiwanan at dapat balikan kung nais nating umusad.

Iniisip ko ang lahat ng ito habang nanonood ng segment na "Miss Q and A" sa *It's Showtime* at kung paanong ang pinakainaabangang host ay isang baklang ekstra lang dati sa mga pelikula at teleserye. Nakakikilabot, at nakapagpapagaan ng loob, oras na matuklasan kung paanong halo at sabay na nagbibigay ng pag-asa ang noontime show sa mga manonood at nagsisilbing sagabal din sa pagtuklas ng mamamayan sa ugat ng sistemang nang-aalipusta sa kanila. Pagkatapos gumaan ng loob ay ang bigat muli ng obligasyon na magsulat at kumilos para hindi lang kuwento ang kuwento.

Higit sa pag-aangkin ng nag-iisa o pinakanatatanging boses ng baklang panulat o queer writing, niyayakap ko at ng kasalukuyang mga isinusulat ang galaw ng mga nagtutunggalian at nagbabagong mga bagay. Mula sa necessary rigidity ng kategorya (kinakailangan, ngayon, tingin ko, dahil tali pa ang mundo sa order na dulot ng kategorya) ay binibigyan ng diin ang fluidity ng queerness, at mutability ng ilan pang mga kategorya labas sa Kanluraning formulation. Paano nga ba ang mga baklang hindi naman trans, at mga trans na hindi bakla, at iba pang mga ekspresyon at identidad na labas sa lahat ng ito. Paano ang ayaw gumalaw at pabago-bago, at paano ang mga hindi mapipirmi lamang sa iisang lugar?

Lagpas sa fluidity ay nais kong tingnan ang posibilidad ng queer na future—ang pagpapalaya ng kasarian sa pagpapalaya ng uri—sa pamamagitan ng speculative fiction, at ang likas na queerness—ang paglabas at pagtuligsa sa heteronormative, piyudal, at maging burgis—ng speculative fiction, hindi lang sa iisang mundo kundi sa marami pang posibilidad na binuksan ng konsepto ng multiverse.

Sa pagkukuwento ko natatanaw kung paano baguhin ang mundo.

Hindi magiging madali sa akin ang pag-intindi sa patong-patong na krisis ng mundo at ng bansa kundi dahil sa mga kuwentong mababasa sa mga libro, at maririnig sa mga taong nakakasalamuha sa araw-araw. Kung hindi ko napanood ang *Bahay Bata* ni Eduardo Roy Jr. ay hindi rin magiging malalim ang pag-intindi ko sa kinahaharap na pagpapasara ng Dr. Jose Fabella Memorial Hospital sa Sta. Cruz, Maynila noong 2016. Iyong kuwentong nakita ko mula sa mata ng nurse na ginampanan ni Diana Zubiri sa pelikula ay naidugtong sa kuwentong nangyayari sa kasalukuyan. At ang kuwento ng kakulangan ng pasilidad pangkalusugan ay karugtong din ng kuwento sa kawalan ng maayos na health care sa Pilipinas. Karugtong nito ang sala-salabid na mga kuwento ng kawalang trabaho, ng krimen, ng mito ng overpopulation, ng siksikan sa pusod ng Maynila, at maingay na tren malapit sa ospital, ang

baha rito tuwing umuulan, ang mga daga, ang leptospirosis, ang Quiapo na palaging pinupuntahan ng nananalangin at artista. Malawak pa ang Maynila para sa sanlaksang kuwento, maalala man natin o makalimutan. Matatawa ulit, dahil sa totoo ay napakaliit ng Maynila kompara sa mga karatig na probinsiya't lalawigan.

Sabi ni Jack Halberstam, nabubuo ang queer identities sa pagitan ng pag-alala at paglimot (321). Pag-alala dahil kailangang alalahanin ang pinagdaanan ng lipunan at kasalukuyang kaayusan nito. Ito ang base o starting point ng articulation ng mundo at ng sarili. Paglimot o pagtalikod dahil kailangang magkaroon ng puwang para sa pagbubuo ng bago.

Gusto kong isipin na higit pa sa identidad ang nabubuo ng espasyong iyon, kundi posibilidad, hindi lamang ng iisang tao o relasyon kundi ng marami pa. Sa pagitan ng pag-alala at paglimot ay may espasyo para sa iba pang posibilidad ng sarili, ng mga malayang bukas.

Nasa posisyon ako na gusto kong ituring ang kuwento bilang bagay, o pamamaraan, na makapagbabago ng mundo, pero hindi lamang dito nakasalalay ang pagbabagong iyon. Tinatanaw ko ang kuwento bilang sabay na paglimot at pag-alala, na pagtamasa at pagwasak sa luma, pagtanggap at paghulma ng bago. Kaya nga siguro ang hitsura ng personal na pagsusulat ay nakababaliw, at ang prosesong nakasalalay sa pag-unlad ko bilang tao, dahil may pagtatangkang angkinin ang lahat, pero mulat na pagtanggi sa lahat, dahil hindi naman talaga nito kakayanin at hindi naman dapat. Naroon ako at ang mga kuwento, sa pag-intindi ng dialectics ng kuwento, at pagsasapraktika nito. At dahil ang pagkukuwento ay nagiging proseso.

Naniniwala akong may mahalagang masasabi ang queer middle class, ang baklang fan ni Regine, ang baklang schizoaffective na maraming inubos na panahon kapapanood ng telebisyon, lalo na kung kinikilala niya ang pangako at limitasyon ng kaniyang posisyon. Higit sa lahat, lalo pang mapupuspos ang sasabihin niya kung kikilalanin ang obligasyon niyang lumabas din sa sariling kuwento. Iluluwal niya ang sarili sa mundo sa pamamagitan ng kuwento, iluluwal niya ang kuwento sa mundo, at iluluwal niya ang mundo sa kuwento, sa sarili. Basta't maraming pagluluwal, hindi matapos-tapos na pagluluwal. And I, thank you.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Mga Sanggunian

Around the World in 80 Days. Isinulat nina Jules Verne, David Titcher, at David Benullo, at idinirehe ni Frank Coraci. Buena Vista Pictures Distribution at Summit Entertainment, 2004.

Bahay Bata. Isinulat nina Eduardo Roy, Jr. at Jerome Zamora, at idinirehe ni Eduardo Roy, Jr. Cinemalaya Foundation, 2011.

Halberstam, Jack. "Forgetting Family: Queer Alternatives to Oedipal Relations." *A Companion to Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, and Queer Studies*, pinatnugutan nina George E. Haggerty at Molly McGarry, Blackwell Publishing, 2007, pp. 315-324.

"It's Showtime Miss Q and A: Vice Ganda and Buknoy's Story." *YouTube*, in-upload ng ABS-CBN Entertainment, 19 Set. 2018, https://www.youtube.com/watch?v =4kfQvWX4Iko&t=160s.

Jameson, Fredric. "Varieties of the Utopian." *Archaeologies of the Future: The Desire Called Utopia and Other Science Fiction*, Verso, 2005, pp. 1–9.

Kung sa Bawat Pagtawag ay Pagtawid sa Gubat

Lumulubog ang bota ni Ruel sa bawat pag-apak sa putik. Mahirap maglakad sa mga araw gaya nito, umuulan at walang makain, parehong nanlalambot ang mga tuhod at lupa. Sa ibang pagkakataon, lalo na kapag pinapatigas ng tirik na araw ang lupa, mas madaling matantya ang lakas na kailangan para humakbang. Oo't nagbabadya ang dehydration, nakikita sa tagaktak ng pawis at panunuyo ng laway sa bibig, pero nananatiling kaibigan ang lupa. Mapagkakatiwalaan ang lupa. Kasama mo ang lupa mula pag-akyat hanggang pagbaba.

Ngayon, traydor ang bundok. Pagkatapos malunod sa walang humpay na ulan ay nakalimutan din nito ang sarili. Nabaliw. Bagtit, sabi ng mga lokal. At dahil baliw ay hindi makapagpasya kung mananatiling lupa ang lupa o magiging tubig na lang, kaya matitigil sa pagitan ng dalawa, sa pamumutik. Imbes na pumirmi sa kinalalagyan ay kumakalat, dumidikit at kumakapit sa bota at tela at balat kaya mas bumibigat ang mga pasanin.

Mainam sana kung makaalis siya ngayon. Kahit panandalian ay mapunta sa ibang lugar. Madali lang namang hingin kay Ino—isang hila sa lubid ay mahihigit si Ruel patungo sa ibang mundo.

Saan nga ba maganda, isip ni Ruel, saan ang malayo rito?

Sa mundo ng mga lumulutang na isla. Nakalimutan ni Ruel ang pangalan nito pero hindi ang paglangoy ng isda sa liwanag, hindi tubig. Inabangan nila ang gabi para makita kung babagsak ba sa kawalan ang mga isda ngunit, parang mga bato sa kalawakan, nanatiling nakalutang ang mga ito sa dilim. Ang mga lamandagat, kung lamandagat pa ang maitatawag sa kanila, ay sumunod lang sa mahinang hila ng pinakamalapit na bato.

Sa mundo ng walang hanggang palayan. Makati sa balat at lalamunan ang ipa sa hangin, dehado ang mga may hika gaya ni Ino pero masasanay rin, makakalimutan din, kapag natagal. Kung pwede lang ay hindi na aalis si Ruel doon, lalo na't may simpleng pagkakapantay-pantay ang mga tao. Walang hacienda at mga haciendero, walang usurero, walang kartel—walang nanggigipit at ang nagtatanim ang siyang nag-aani. Magugustuhan din ni Ka Ching ang mundong ito dahil parehong hardinero ang mga magulang. Kung pwede lang dalhin ang kasama rito.

Sa Cova L., mundo ng mga pusa. Dahil walang tao o mas mabagsik pang hayop na maaaring tumugis sa kanila ay umunlad ang sibilisasyon kung saan pusa ang apex predator. Pusa ang pinuno ng mga nabuong estado, ng lumawak

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

na imperyo. Pusa bilang ordinaryong mamamayan, mga manggagawang sahuran. Maganda rin doon, isip ni Ruel. Payapa, mapanghi. Kung doon tutungo, kailangang magbaon ng maraming band-aid at alcohol. Kung doon, kailangang kumbinsihing maigi si Ino dahil mahihirapan na naman ang sakiting baga nito.

Hindi napansin ni Ruel ang nakausling ugat ng puno sa daan. Naapakan niya ito at kahit gaano pa kasanay ang mga paa—natuto siyang itiklop ang talampakan nang kaunti, parang sa unggoy, kahit makapal ang goma ng bota—ay nadisbalanse pa rin. Mula sa ibang mundo ay bumalik siya rito, sa naghihingalong bundok. Unang sumubsob ang mukha, saka sumunod na naihampas ang kamay at baril sa putik. Ngayon, habang bara ang butas ng ilong at bibig, tuluyan na siyang ipinagkanulo ng bundok.

Maulan din noong unang beses nalaglag si Ruel sa bangin, pero walang mga militar na tumutugis sa kanila. Baguhan pa siya, puno ng agam-agam ang bawat hakbang. Di yata pares ang bota o di pares ang paa. Sa kanan, namamaltos ang balat na kumikiskis sa goma; sa kaliwa, hindi makahinga ang mga nagsisiksikang daliri. Natapos na nila ang pagbagtas ng dalawang bundok ngunit hindi pa rin tapos ang pagsubok ng araw na iyon: kailangan nilang tulayin ang mahabang troso na magtatawid sa kanila sa ilog.

Bakit hindi pwedeng sa tubig dumaan, tanong ng isa niya pang kasama, bagong dating din. Tinuro ng second man, si Ka Tana, ang ragasa ng tubig—aanurin ka diyan, sabi nito. Naniniwala sila kay Ka Tana dahil tagarito ang kasama, malalim ang pagkakakilala sa gubat at tao. Nang nagsimula nang maglakad si Ruel sa troso, lalong lumaki at tumalas ang mga bato sa ilalim. Nanlambot ang tuhod niya, nakumpirma ang panginginig ng tuhod na napapanood lang dati sa pelikula. Sa isang iglap, nakita ni Ruel ang kapalaran: maaaring malunod at sa dulo ng ilog matagpuan ang katawan. Kundi naman ay saluhin siya ng mga bato at madurog ang buto at laman.

Humiyaw ang mga kasama—Ruel, kads, kadua, uy!—umaasang maliligtas siya ng bawat pagtawag.

Hindi tubig kundi kama. Malaking kutson, queen siguro, mas makapal pa sa biyas niya. Wala na ang mabahong damit. Napalitan ng comforter, amoy bulaklak, ang nakabalot sa katawan niya. Mula sa banyo ay lumabas si Ino, pinupunasan ang basang buhok. Nang makita siya nitong gising ay isinampay niya sa upuan ang tuwalya at tumungo sa kama, sa tabi ni Ruel na naninibago pa rin ang balat sa lambot ng mga bagay sa paligid.

Gumapang ang kamay ni Ino sa tagiliran ni Ruel hanggang maging mahigpit na yakap. Humalik siya sa balikat ng bagong dating, sa braso. Nahulog ka, bulong ni Ino. Hindi umimik si Ruel. Nanindigang ugaling Aries, siyang pakilala ni Ruel kay Ino nang unang beses silang magtagpo.

Buong araw sila sa loob ng hotel room. Walang katapusan ang pagdating ng mga pagkain na dinadala sa kanila ng staff. Kung may gusto si Ruel, itawag lang daw sa room service at iaakyat sa kwarto nila. Huwag isipin ang gastos dahil anak si Ino ng pulitiko sa mundong 'to, hindi basta-basta lalagpas o masasaid ang mga credit at debit card nito. Ano pang gusto mo? Kaya kitang bilhin. Natawa si Ruel saka humalik, mariin, hanggang malunod sila sa kumot at unan at kutson.

Kinabukasan, pagkatapos malubos ang oras na magkasama, tinanong ni Ruel kung paano siya babalik. Sabi ni Ino, sabihan lang siya ni Ruel kung gusto na niya at mawawala siya rito. Parang panaginip na gigising doon.

Kung saan ako nahulog?

Hindi—kung nasaan ang mga kasama mo.

Pinunasan ni Ruel ang gatas na kumapit sa makapal niyang bigote. Gusto ko nang bumalik. Nag-aalala na ang mga 'yon, tingin ko.

Tumango si Ino. Alam niya, malamang, kung ano ang nangyayari doon ngayon.

Kinuha ni Ino ang isang bag, naglalaman ng maraming pagkain at ilan pang gamit na makakatulong sa kanila. Isa pang halik, sige na, isa pa, at isa pa, at isa pa, tama na, saka pumikit si Ruel. Nang magmulat ay nagising siya doon—dito—hawak ang bag na pabaon sa kanya ng karelasyon. Nakaupo siya sa damuhan sa tabi ng isang kasama. Karugtong ng mga sigaw nila nang mahulog siya sa tulay—Ruel, kads, kadua, uy!—lumapit sila sa kanya, humampas, kumurot, kanya-kanyang pangungumbinsing nakabalik na ang kasama mula saanman. Mga kamay, mainit at magaspang na mga kamay, ang tumanggap sa kanya dito.

Ang parehong kamay ang humigit sa kanya mula sa pagkakadapa. Napaupo siya at ang mga kamay na iyon ang nagtanggal ng putik sa kanyang bibig, ilong, mukha. Tinapik siya nito, at mula sa ibang bibig, Ruel, gising.

Pagmulat, si Ka Ching, nakatingin sa kanya. Lubog na ang mga pisngi nito—magtatatlong araw na rin silang walang maayos na pagkain at tulog. Ubos na ang tigsasampung takal ng bigas sa mga bag at nasaid na ang mga

baong de-lata. Naalala niya nang unang makita ang kasama, kakapasok niya sa kampo. Malinaw sa apoy ng dalikan ang bilog na pisngi ni Ka Ching, bago siya inabutan ng kape. Noong nagpakilala, binanggit nito ang pisngi dahil iyon ang unang napapansin ng mga tao. Hindi raw matanggal-tanggal na taba kahit namundok, kahit ilang taon nang nagsasaulo ng mga bakir, rangkis, at turod.

Hinawakan nito ang balikat ni Ruel. Bangon na, malapit na tayo.

Ilang beses na itong sinabi ngayong araw, higit pa sa pag-uulit kahapon at nung nakaraan. Palaging malapit na pero hindi dumarating. Hindi naman nagsisinungaling si Ching—'yon ang kalakasan at kahinaan niya—pero hindi pa rin magawang paniwalaan ni Ruel ang sinabi ng kasama. Ano ang malapit na? Saan tayo lumalapit? Nananatiling mabigat ang katawan ni Ruel.

Ruel, ulit ni Ching.

Inisip ni Ruel si Ino. Wala nang lakas ang bibig ni Ruel para bumuka at banggitin ang pangalan nito, kaya inisip niya ang mga letra ng pangalan ng karelasyon—ng dating karelasyon. Inisip niya ang taling nagdudugtong sa kanila at kung paano hinuhuli ni Ino ang tali sa hangin na parang gamugamo, saka hinahatak nang buong lakas. Hinanap ni Ruel ang tali sa paligid, baka nakapulupot sa binti at nabaon nang matalisod, pero hindi niya makalkal sa putik.

Pareho naman silang bakla, parehong umiibig, parehong nangungulila, pero nanatiling mahirap para kay Ruel ang magtawag. Ilang beses na niyang sinubukan noon, pero wala siyang mahagilap na tali, kahit sinulid ay wala. Kinalas niya ang tent, ang strap ng bag, maging ang lubid ng warning device ay sinundan niya mula sa nakataling bell hanggang sa itinagong bomba pero wala pa rin si Ino.

Ramdam din ni Ruel tuwing babanggitin ni Ino ang pangalan ni niya, sigaw man sa lawak ng kawalan o bulong sa lalim ng panaginip, at agad siyang mahihigit ng salita. Mararamdaman niya ang kuwit sa tagiliran kung saan siya madalas hawakan ni Ino. Dito, nagbabadya na ang labi ni Ino, bahagyang bubuka, hihigop ng kaunting hangin, hangin na buhay ng tinig na iinog mula sa lalamunan, o kung lalamunan nga ba, hindi na maalala ni Ruel kung saan nanggagaling ang boses, saan dadaloy, anong mga laman ang titigas at magkikiskisan. Kapag dumikit na ang mga dila sa ngalangala, bibilog para sa "R", mararamdaman ni Ruel ang yakap mula sa likod, malalaki at matitigas na brasong sasakop sa kabuoan ng dibdib. Sa paghaba ng nguso para sa "U", mabilis na susunod ang paghila, palaging mula sa tinatalikurang direksyon—umuwi ka na, umuwi ka sa akin. "E"—lalawak ang bibig ni Ino, bibig na minsang karugtong ng sariling bibig ni Ruel, bibig na pampang ng

karagatan ng mga pangarap at pangako at pagkabigo ni Ruel sa buhay bago ang bundok. Kapag handa na ang tahanang tatanggap sa kanya, nakasalansan na sa gilid ng kama ang mga bagong labang damit, babalik ang dila ni Ino sa ngalangala—"L"—ngunit di kagaya ng unang letra ay mas malapit sa ugat ng ngipin, mas malapit sa bukana ng bibig, tinatantya ang mundo bago tuluyang lumabas para salubungin ang nagbabalik.

Darating si Ruel, saanman: sa gitna ng palayan habang payapang nakalublob sa putikan ang nagpapalamig na kalabaw; sa rooftop ng isang lumang building, naliligo sa liwanag ng nangangalawang na langit; o, sa loob ng isang maliit na kwarto kung saan natutulog ang ilan pang kabataan, naghahanda para sa rally bukas, sapin ang mga lumang tarpaulin para hindi makagat ng surot na namamahay sa lumang sahig.

Madalas ay makikita niya agad si Ino, tanaw mula sa pinagsulputan. Kung maswerte ay nahahawakan o nayayakap. Sa loob ng isang madilim na sinehan, hawak ni Ruel ang namamawis na kamay ni Ino, rinig ang bukas-sara ng mga bibig sa dilim, ang mga hingal sa pagitan ng palitan ng laway, at alikabok na lumulutang mula sa upuan gawa ng pangangabayo; sa banyo ng isang motel sa Cubao, sinasabon ni Ino ang likod ni Ruel, nagkukunwaring hinihilod ang naipong libag at dumi ng siyudad, sinasalat ang bawat peklat na nakuha sa iba't ibang mundo; sa loob ng isang tent sa kabundukan ng Sierra Madre, unang beses na magtatabi at magsasalo bilang bagong kasal; sa isa sa mga classroom ng sikat na state university, pupuslit ng ilang sandali bago dumating ang susunod na gagamit ng kwarto, nanakaw ng halik, ng himas, ng kurot at kagat.

Lilipas ang ilang sandali hanggang ilang oras, at babalik si Ruel sa dating mundo, sa dating kinalalagyan, magpapatuloy sa anumang iniwan—pagluluto, pagsisibak ng kahoy, pagbibitbit ng supply patungong kampo, pagsalubong sa mga bagong dating na bisita o rekrut. Pinagalitan na siya noon ng mga kasama, huwag na raw uulitin 'yon. Nang sabihin niyang hindi siya ang may kasalanan, si Ino, siya ang tumatawag sa akin, ay ipaabot daw na h'wag nang tawagin ang dating karelasyon o h'wag magpatawag. Hindi dapat basta-bastang magpatangay palayo sa kanila, h'wag biglang lilipad sa ibang mundo habang nasa gitna ng digmaan.

Kasama, ulit ng kasama.

Tumigil si Ruel sa pagsasalat ng putik. Tinignan niyang maigi si Ka Ching bago nilingon ang mga kasamang tumigil sa paglalakad dahil tumigil din siya. Huminga siya nang malalim saka tumayo, inaalalayan ng kamay ng team leader. Ang kasunod niyang si Ka Bea ay ngumiti, itinaas nang bahagya ang kamao habang nabubukot ng dalang bag. Minsang naglalakad, napag-usapan ang mga pangarap sa baba, na bitbit pa rin niya hanggang umakyat. Pag lumaya

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

na tayo, sabi niya, pwede ko na ring hanapan ng Chow Chow ang kapatid ko. Halos kinse mil daw ang pambili, hindi pa kumpleto ang bakuna at bitamina. Ilang taon ka na ulit, tanong ni Ruel sa kanya. Bente uno, mayabang na sagot ni Ka Bea—ikaw?

Bago bumalik si Ka Ching sa dati niyang pwesto ay ipinabuhat niya kay Ka Bea ang nabitawang baril. Nagpatuloy sila sa paglalakad. Sa bawat hakbang ay bumubukas-sara ang palad ni Ruel, kinakapa ang tali sa hangin.

Sabi nila, sa ikaanim na buwan sa bundok makakaramdam ng matinding lungkot. Sa unang dalawang buwan, ang mga pagkabalaho ay madaling napapalitan ng pagnanais na mapaunlad ang sarili: mahanap ang balanse sa paglalakad, matulog at magising nang maaga kahit walang alarm, masanay sa paghuhukay ng kubeta at pag-ilo gamit ang dahon ng anam-am. Sa ikatlo at ikaapat, magiging komportable na kahit papaano sa bagong buhay na pinili. Sa ikalima, lalabas na ang mga nakasanayang ugali bago sumampa. Sa ikaanim, ang mga iniwang hibo ng pinagtaksilang uri ay makakahabol sa bundok, sisiksik sa tabi ng gerilya habang namamaluktot sa duyan.

Sa ikaanim na buwan ay nagsawa na si Ruel sa pagpapalit-palit ng beans at tuyo at de-lata. Kahit na may gulay ay iisa lang ang timpla ng lahat sa bibig ni Ruel. At iyong gulay na lasang sabon, hindi maalis-alis sa bibig niya kahit ilang beses nakapagmumog, kahit ilang araw nang lumipas. Umaasa siyang makapunta ulit sa mga barrio nang makakausap ng masa, makatulong sa gawaing bahay o bukid saka makatikim ng ibang luto, pero hindi ito pinapahintulutan ng pagkakataon.

Bumibigay na rin ang tuhod niya sa akyat-panaog, lalo ngayong nakakampo at tuloy-tuloy ang hatid-sundo ng mga supply. Binibilang niya ang dose-dosenang sako ng patatas at iba pang gulay na kailangang dalhin sa pagsasabatan nila ng ibang unit. Habang nagpapahinga, iniisip niya kung malalaman ba nila sakaling magpuslit siya ng isa, tatlong pirasong patatas. Kahit ‘yung maliliit lang. Pwede niyang ihawin malapit sa kubo niya bago matulog. Hindi naman malaking apoy ang kailangan—tiyagain niya lang ang pagsindi ng nausukan nang kahoy.

Nakita siya ni Ka Bennet, na agad nagpasabi sa mga kasama. Ang sagot ni Ka Ching, bukas, may oras para makapagkamustahan. Pwedeng doon irehistro ang puna. Tiningnan lang ng team leader si Ruel pero wala itong sinabi.

Dumiretso si Ruel sa kubo pagbalik ng kampo. Isinara niya ang pintuang cellophane, hinigpitan ang buhol ng pagkakatali sa posteng kahoy. Humiga siya sa pinatag na lupa at binalot ang sarili ng kumot at nakakalas na duyan.

Naramdaman niya ang paghigit sa kanya mula sa malayo, ang tali na nagdudugtong sa kanilang dalawa. Ilang beses pinaliwanag ni Ino kung paano lumilitaw ang tali sa hangin pero hindi pa rin maintindihan ni Ruel dahil hindi pa naman niya nakikita ang tali kahit kailan. Lumabas siya sa pagkakabalot at nakita si Ino sa tabi niya, mahimbing na natutulog.

Nasa isang bahay sila, maaliwalas, malawak. Mula sa balkonahe ay tanaw na ni Ruel ang dagat, ang malayang paroo't parito ng mga alon, at kahit nakasara ang sliding door ay dinig niya ang pagbagsak nito sa pampang. Sa ikalawang palapag ang master's bedroom at isa pang kwarto, para siguro sa bisita, o sa bata kung mag-asawa ang titira rito. Tatlong banyo, kung isasama ang nasa baba. Malawak na sala, bukas ang lahat ng bintana kaya madaling nakakapasok ang hangin. Sapat din ang liwanag na tumatagos sa kusina at puno ng pagkain ang bawat cabinet at palapag ng ref.

Mula sa likod-bahay ay pumasok ang isang batang babae, kasama ng matabang German Shepherd. Lumapit ito sa kanya at yumakap, gising na ba si Papa? Naghalungkat ng pagkain sa ref.

Nang hindi sumagot si Ruel ay tinanong siyang muli ng batang babae, Daddy, okay ka lang? Si Papa, 'ka ko, gising na ba? Magpapatulong kasi ako sa project ko.

Bago sumagot si Ruel ay bumaba na sa hagdan si Ino, humihikab, mapungay pa ang mga mata. Drea, anong gusto mong kainin, sabi nito bago lumapit kay Ruel at humingi ng halik. Si Bruce ba kumain na?

Pinaliwanag din ni Ino kinagabihan kung nasaan sila. Nasa Pilipinas pa rin pero posible na ang gay marriage. Anak nila si Drea, dala ng mga taga-munisipyo eksaktong dalawang linggo pagkatapos nilang magrekwes sa LGU ng batang aampunin. Mabilis ang proseso dahil respetado silang miyembro ng bayan: si Ino, ang pinakamagaling na doktor sa kanila, at si Ruel, ang natatanging lokal na historyador at tanyag na propesor sa state university sa kabilang bayan. Inabot ni Ino ang libro ni Ruel sa kanya, basahin mo nang maalala mo, at naalala nga ni Ruel ang buhay nila ni Ino dito, kung paano sila nagkakilala nang mag-medical mission si Ino at mga kasamahan niya, nagkayayang mag-inuman sa huling gabi, nagpalitan ng number, nagkitang muli. Lumipat si Ino dito at nagpasya silang magpakasal. Unang dumagdag sa binubuo nilang pamilya si Bruce, ang German Shepherd na bigay ng Mayor nang nanganak ang alaga, at si Drea, limang taong gulang nang umapak sa bahay at ngayon ay kaya nang alagaan ang sarili.

At lumigaya si Ruel. Hindi nagutom ang pamilya niya sa bahay na iyon, hindi naghabol ng mga bayarin dahil higit sa sapat ang kita nilang mag-asawa

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

mula sa trabaho. Tuwing umaga ay masarap na agahan ang sasalubong sa kanya, luto ni Ino. Sabay silang papasok: una ay ihahatid nila si Ino sa health center sa munisipyo, at dalawa sila ng anak na si Drea ang pupunta sa kabilang bayan. Ibababa niya ang anak sa sikat na private school bago didiretso sa sariling klase sa unibersidad. Bago umuwi, kung may oras pa, ay bibili siya ng pasalubong kay Ino. Si Drea ang mag-aabot sa bahay at gaganti si Ino ng halik, maghahain ng nilutong ulam. Kakalat sa bahay ang tawanan at bango ng pagkain.

Lilipas ang taon at tatanda ang lahat. Maging si Bruce na hindi na nakahanap ng asawa ay babagal din at hihina at mamamatay. Magluluksa silang mag-anak at ililibing ang aso sa likod-bahay, sa tabi ng paborito nitong puno, kasama ng paborito nitong bola. Kinalaunan ay tatanda pa si Drea, gagraduate ng high school, mag-aaral sa Maynila, gagraduate muli sa kolehiyo with honors, makakakuha ng permanenteng trabaho doon, makakahanap ng mga mamahalin at kapag napirmi sa isa ay babalik para ipakilala sa mga magulang. Sa kasal ni Drea ay maaangkin muli ni Ino at Ruel ang bahay, at kahit na parang may malaking uka sa buhay nila ay pwede silang magsimulang muli, punan muli ang mga espasyo ng mga kwarto. Kumuha sila ng bagong aso, Chow Chow, mula sa anak ni Mayor. Mapupunong muli ng tawa at ingay at buhay ang bahay.

Magkakaanak si Drea at magpapasyang binyagan ang bata sa sarili nilang parokya. Liban doon ay bibisita sila nang apat, tatlong beses kada taon. Hindi sisisihin ni Ruel ang anak dahil mahirap ang mag-anak ngayon. Tumanda pa silang muli, hanggang nasa kolehiyo na rin ang anak ni Drea at patay nang muli ang aso dahil maigsi lang ang buhay ng hayop kumpara ng sa tao.

Si Ruel, isang gabi, ay nakaramdam ng paninikip ng dibdib. Sinabi niya agad kay Ino, at alam ni Ino, dahil kahit na matagal nang walang pagbabago sa mundo at iba't ibang bersiyon nito ay nahahawakan pa rin ni Ino ang mga tali sa hangin. Malapit na, sabi ni Ruel, hindi tanong, bagkus deklarasyon. Tumango si Ino, na siyang ginantihan ni Ruel ng malawak na ngiti, at ng pasasalamat, para sa napakahabang panahon na puno ng ligaya at pag-ibig. Pakisabi sa anak natin na mahal ko siya. Handa na siyang tanggapin ang kapalaran. Pumikit siya at inabangan ang kasunod ng buhay na ito.

Tinanggal ni Ruel ang talukbong. Nahirapan siya sa pagkakakalas ng mahigpit na tali sa kubo kaya sinira niya ang cellophane, binunot ang kahoy na poste mula sa mababaw na pagkakabaon. Hapon pa rin sa bundok, halos hindi nagbago ang taas ng lumulubog na araw. Hinanap niya si Drea, isinigaw ang pangalan ng anak. Lumabas ang mga kasama at tinungo si Ruel, hindi tumitigil sa pagsigaw. Kinailangan siyang yakapin nang mahigpit, painumin ng pampakalma para matigil ang paghahanap ng tubig-dagat sa ilalim ng lupa.

Nanlambot ang mga tuhod niya, napagod. Tumigil ang panginginig ng laman pero hindi nasaid ang luha.

Malapit na.

Totoo na marahil, isip ni Ruel. Kanina pa tahimik si Ka Ching, pinipigilan ang nagbabadyang pagkawala ng malay. Ubos na ang lakas sa mga binti nila. Malapit na, ulit ng kasama sa likod ni Ruel, buhat pa rin ang armas na dapat ay siya ang may kargo.

Lumingon si Ka Ching, may liwanag sa mata. Tinuro niya ang isang malagong kumpol ng mga puno. Diyan, diyan tayo ngayon. At nakilala ni Ruel ang nilalakaran. Nabura na ng ulan ang dating gabay pero kilala pa rin niya ang mga puno, naaalala kung saan dating nangahoy. Sa gawing kaliwa, kapag sinundan ang mga tinapyas na mga espada ay matatanaw ang maliit na bukal ng tubig. At sa dako roon, sa burol lagpas ng kumpol ng puno, ang daan patungo sa barrio, bukal ng lakas.

Mga putok. Ang liwanag sa mata ni Ka Ching ay napalitan ng takot. Dumapa ang lahat, dali-daling bumagsak at niyakap ang lupa. Si Ruel, iniisip pa rin ang kumpulan ng puno at ang nasa likod nito at ang pwedeng pwestuhan na may sapat na camouflage at di na kailangan pang patagin. Sa pag-iisip ay nahagip ng bala sa braso at bumulagta sa lupa. Kung hagod sa balat ang paghila ni Ino sa kanya ay pagpunit naman ng karne ang baril ng kaaway, walang respeto sa katawan, sa laman, sa buto. Mainit ang sugat ngunit mainit din ang kumakalat na pula sa braso.

Daplis lang, sabi ni Ka Ching, katabi na niya, binebendahan ng pinunit na tela ang sugat.

Nakita ni Ruel ang tali. Hindi sa hangin kundi umusbong mula sa pinagtuluan ng dugo sa lupa. Hinawakan niya agad ito at inisip si Ino. Kung siya ang tumawag sa lalaki ngayon ay magiging pabigat lang ito: matagal nang nasira ang tuhod nito sa sariling paglalakbay, noong si Ino pa ang tinatawag at hindi ang tumatawag. Mabigat na rin siya para sa walang katapusang akyat-baba. At delikado ang utak ni Ino, kung ano pa ang maaaring dalhin pagdating dito. Baka ang pagdating ni Ino ang hudyat ng pagkasira ng lahat, maging nina Ka Ching, Ka Bennet, Ka Tana, at ni Ka Bea na buong maghapong nagbitbit ng baril niya.

Ruel, makinig ka, sabi ni Ka Ching habang inaayos ang pagkakatali ng tela.

Narinig ni Ruel ang hiyaw ng isang kasama mula sa malayo. Si Ka Noah, pinakaasintado sa kanila. Nagmamakaawa. May pamilya siya sa labas. Sinundan

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

ito ng ilang putok ng baril. Hinigpitan ni Ruel ang kapit sa tali. Ino, dito, sa akin, ngayon. Paulit-ulit niyang bulong.

Kasama.

Ino, halika dito. Ino.

Ka Ruel.

Si Ka Ching, hindi na naghintay pa ng sagot mula kay Ruel. Iniwan niya kay Ruel ang isang pistol saka tumakbo patungo sa pinakamalapit na puno at pinagsiksikan ang sarili. Bumaril ito. Isa, dalawa, hindi nagsasayang ng bala. Katunog ng mga putok ng baril ang ulan, kapag tumatama sa binanat na trapal. Tiningnan ni Ruel ang kamay at ang tali na nakapulupot dito. Sinubukan niyang hatakin ngunit hindi narinig ang boses ni Ino.

Narinig ni Ruel si Ka Tana, dahan-dahang itinututok ang baril sa kaaway habang bumubulong ng dasal. Si Ka Bea, gumagapang, hinahanap ang iba pang mga kasama sa dilim. Si Ka Bennet, bumabagal ang paghinga, sinasalat ang lumalawang init sa tagiliran. Si Ka Ching, panandaliang babalikan ng tingin si Ruel, muling kakalabit sa gatilyo. Naririnig ni Ruel ang pagtigil ng lalaki sa tinatagang laman ng baboy, hinahanap kung saan nanggagaling ang ingay. Isang ina ang dali-daling nagpasok ng kanyang anak sa loob ng bahay, isinisilong sa ulan.

Hinawakang maigi ni Ruel ang pulang tali, gaya ng turo sa kanya kung paano ang tamang paghawak ng baril. Dumungaw siya mula sa kinauupuan at tinanaw niyang muli ang mga puno, ang mga pagitan nito. May pulang tali doon, karugtong ng sa kanya.

Orasyon, Bisa, at Mesiyas sa Nightclub: Isang Traslasyon ng Relihiyosong Imahen

Orasyon, Bisa, and Messiah in the Nightclub: A Traslación of Religious Image

Noji A. Bajet
Unibersidad ng Santo Tomas
noji.bajet.gs@ust.edu.ph

Abstrak

Tuon ng sanaysay na ito ang relihiyosong imahen na lunsaran ng artista ng kaniyang komprontasyon sa pananampalataya. Sa pagpili ng *Orasyon: Dasal ng Pamilyang Pilipino* ng Museo ng UST, *Bisa* ni Marco Ruben Malto II, at ang pagtatanghal ni Pura Luka Vega, inusisa ang mga artistikong estratehiya sa biswalidad at subteksto bilang patunay ng pleksibilidad at mobilidad ng imahen. Gamit ang idea ng "traslasyon" bilang turing sa pagsusubaybay ng mga katangiang ito, magiging ruta ang mga eksibisyon at pagtatanghal upang ipakita kung paanong lumilipat ang relihiyosong imahen mula sa sagradong lugar na pinanggagalingan nito patungo sa iba pang mahahalagang lunan ng diyalogo ng relihiyosong turing sa makasining na gawain. Sa huli, makararating ang sanaysay sa hantungan kung saan iginigiit ang impluwensiya ng pananampalataya sa sining at ng kritikalidad para sa larangan.

This essay spotlights the religious image as a launching pad for the artist's confrontation with faith. In selecting Orasyon: Dasal ng Pamilyang Pilipino *of UST Museum*, Bisa *of Marco Ruben Malto II, and*

the performance of Pura Luka Vega, artistic strategies on their visuality and subtext were evaluated as proof of the flexibility and mobility of the image. Using the idea of "traslación" to approach the monitoring of these characteristics, the exhibitions and performance are perceived as routes to capture how the religious image moves from its sacred origin to other significant settings of the dialogue on the religious approach to the practice of art. To conclude, the essay will arrive at its destination to assert the influence of faith in art and the criticality for the field.

Mga Susing-salita

relihiyosong imahen, pananampalataya, sagrado, biswalidad, subteksto, Marco Ruben Malto II, Pura Luka Vega

religious image, faith, sacred, visuality, subtext, Marco Ruben Malto II, Pura Luka Vega

Tungkol sa May-akda

Si Noji A. Bajet ay isang manunulat mula sa bayan ng Santa, Ilocos Sur. Nagtapos siyang Magna Cum Laude sa Kursong BA Komunikasyon sa Unibersidad ng Hilagang Pilipinas sa lungsod ng Vigan. Kasalukuyan siyang kumukuha ng Masterado sa Komunikasyon sa Paaralang Gradwado ng Unibersidad ng Santo Tomas sa España, Maynila. Bukod sa pagbabahagi ng mga kritikang pangmidya at pangkultura sa *Rappler*, siya rin ay nagsusulat ng mga akdang pampanitikan na nalathala na sa *Liwayway*, *Philippine Star, Bannawag, Philippine Panorama,* at iba pa. Nagkamit siya ng mga parangal sa Gawad Saniata, Gawad Ustetika, at Gawad Bienvenido Lumbera.

I like the feeling of being able to confront
an experience and resolve it as art.

Eudora Welty,
The Paris Review (Taglagas 1972)

Ibig po naming makita si Hesus.

—tema ng Nazareno 2024,
mula sa Juan 12:21

My name is Luka
I live on the second floor
I live upstairs from you
Yes, I think you've seen me before.

—mula sa awiting "Luka" ni
Suzanne Vega (1987)

Hindi man málay ang tao sa konsepto ng sining sa prehistorikong panahon, ang mga ukit o pinta sa dingding ng mga yungib ay maituturing nang nasa henesis ng makasining niyang gawain. Sa bulubunduking Latmos sa Hilagang Anatolya, naging palaisipan sa isang sinaunang pamayanan ang sagrado. Sa mataas nilang kinalalagyan malapit sa kalangitang pinagmumulan ng liwanag, kulog, kidlat, at ulan na nakapangyayari sa araw-araw nilang pag-iral sa daigdig, sinamba nila ang diyos ng panahon (Yaldiz 36). Sa yungib ng Karadere ang dausan ng pagsamba sa pigura na may palamuti sa ulo na sagisag ng pagkabanal nito, kahalintulad ng pamputong na korona o bilugang liwanag ng mga santo. Sa pagmamapa ng mobilidad ng sining, ang pinakaunang mga obra ay nag-uugat sa mga nasabing ritwal (Benjamin 223). Sa katunayan, bago natagpuan sa isla ng Milos at napirmi sa Louvre ang ikonikong *Venus*, umalagwa muna ang diyosa mula sa mga templo at dumaan sa maraming pag-uulit sa kamay ng mga manlililok hanggang sa mabatid ang 'di kanais-nais niyang awra sa Gitnang Panahon, sang-ayon sa doktrinang dumaong din sa kapuluang tinawag na Las Islas Filipinas.

Sa kasalukuyan, nakatindig ang dambuhalang estatwa ng Nuestra Señora de Salvacion na niyuyungyungan ng Bulkang Mayon sa Albay bilang patunay ng tagumpay ng ebanghelisasyon sa bansa. Nasa mga talâ ng proseso nito ang pag-akyat sa bunganga ng bulkan ng misyonerong Pransiskano na si Esteban Solis noong 1591 upang kumbinsihin ang mga katutubo na walang 'masamang espiritu' na namumugad dito (Vitaliano 24). Sa pinakahuling

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

pag-aalburoto ng bulkan, kabilang ang pinakamalaking imahen ng Birheng Maria sa Bikol sa mga pinag-alayan ng dasal. Gayunpaman, sa pagkakapinta ng maalamat na Daragang Magayon sa digital na sining na ipinalaganap online habang dumadausdos ang kumukulong putik, lutáng ang sagrado bilang sapin sa sining.

Sa eksibisyong nagtampok ng mga obra maestra ng kolonyal na tradisyon ng debosyon mula sa Bangko Sentral at Pambansang Museo ng Pilipinas noong 2016, pinagnilayan ni Fr. Rene Javellana, S.J. ang mga aspekto ng lunan at layunin kaugnay ng mga terminong "sagrado" at "relihiyoso." Maituturing na sagrado ang mga obrang depiksiyon ng La Santisima Trinidad, Birheng Maria, San José, Sagrada Familia, mga tagpong biblikal, at mga santo buhat sa mga simbahan o tahanan na pook ng debosyon. Sa pagtatampok ng mga ito sa museo, madaragdagan ang mga imahen ng mga layuning pang-estetika, pangkultura, o pangkasaysayan para sa tagamasid. Kung gayon, maaaring matawag na "relihiyoso" ang mga makasining na obra upang igiit ang tema ng relihiyon na kumikilala sa pinag-uugatan nitong kabanalan ngunit hindi nangangailangang nasa mga nasabing lunan ng debosyon. Panaklob din ang termino sa pananampalatayang kumikilala sa santo, bodhisattva, o ng mistikal na persona—mula man sa yungib sa Anatolya o bulkan sa Albay.

Hindi nalilimitahan ang sagrado sa pagiging paksa lamang. May teolohiya ang lahat ng mga bagay na nagsisilbing palaisipan sa tao, maski ang mismong gawain. Itinuturing ang kaniyang pagkamalikhain bilang biyaya ng diyos at ang talento ay inaasahang maibabalik sa kaitaasan upang paigtingin ang luwalhati. Labis na nakaimpluwensiya ang konseptong "kabutihan, katotohanan, at kagandahan" sa paghuhugis sa holistikong pagtingin sa sining (Marshall 461). Sa bawat suri at sermong nagpapaliwanag ng papel ng diyos sa sining at ng papel ng sining sa diyos, hindi natitibag ang impluwensiya nito sa buhay ng mga Pilipino. Imahen pa rin nina Hesus at Birheng Maria ang nangungunang display ng mga tindahan sa mga nagagawi sa kahabaan ng Recto upang magpasadya ng kuwadro para sa mga espesyal nilang larawan. Sa drayber ng dyipni na hari ng lansangan, naroon ang estetika at retorika ng pananampalatayang nakapalamuti sa sasakyan para sa kaligtasan ng minamahalagang mga pasahero. Sa mismong mundo ng sining, ang pinakatumatak sa kamalayan ng taumbayan ay ang pagbibihis ng isang drag artist bilang patron ng Simbahan ng Quiapo sa taóng sinusundan ng pagbabalik ng Traslasyon na ilang beses hinadlangan ng global na pandemya.

Tulad ng andas na hila-hila ng mga deboto sa lansangan, kapansin-pansin din ang iba't ibang "paglilipat" ng relihiyosong imahen bilang malaganap na tema sa sining. Ayon kay Prospero Covar, ang paksa ng pananampalataya ay tila makulay na sinulid na buhol-buhol. Dagdag pa niya, "kailangang hulihin ang puno't dulo ng hibla, himaymaying isa-isa, at panibagong iayos" (Pambid 261).

Kung may mababatid man na kaayusan o direksiyon ng imahen pagdating sa nasabing larangan, nararapat lang na muling pasukin ang lunang taal nitong pinanggagalingan upang ganap na mamanmanan kung paano ito gumagalaw at kung ano ang sinasabi ng paggalaw na ito.

Peregrino sa Altar ng Sagradong Sining

Halos may patriyotikong dimensiyon ang pagtiyempo sa Kapistahan ni San Valentino, patron ng pag-ibig, upang opisyal na palitan ng Kagawaran ng Edukasyon ang salitang *"nagdarasal"* ng *"nananalangin"* sa Panatang Makabayan. Kinikilala ng pasya ang *"dalangin"* bilang kasisinagan ng mga Pilipinong identidad at dahil nag-uugat ito sa wikang Tagalog. Inklusibo rin ito dahil hindi tumutukoy sa partikular na relihiyon at tumutumbok maging ang mga katutubong sistema ng paniniwala, pati na ang sa pamayanang Moro. Parehong tumutukoy sa taimtim na uri ng pahayag ang dalawang salita, lamang ay bunga ng korupsiyon ng *"rezar"* sa wikang Español ang "dasal" (Almario). Sinasaling ng dekolonisadong hakbang na ito ang eksibisyong *Orasyon: Dasal ng Pamilyang Pilipino* ng Museo ng Unibersidad ng Santo Tomas sa abenida ng España, Maynila. Sa pagpapanatili ng *"dasal"* sa ngalan ng eksibisyon, nabibigyang-tuon ang pagkilala sa "hybridity" ng wika na bunga ng paghahalo ng mga kultura ng mga mamamayan sa isang dating kolonya. Wika ng pananampalataya ang pinaksa ng eksibisyon—ang Angelus. Ito ay isang debosyonal na dasal na pinagninilayan ang pagpapahayag ng pagparito ng mesiyas sa pamamagitan ng pagdadalantao ni Birheng Maria. Mula ang "Angelus" sa *Angelus Domini* na dasal sa Latin na nagsisimula sa *"Angelus Domini Nuntiavit Mariae,"* alinsunod sa tradisyon ng Simbahan na kunin ang unang dalawang salita bilang pamagat ng mga dasal o dokumento. Sang-ayon din sa dinamikong konsepto ng wika na tinuran ni Almario, ang salitang *"orasyon"* ay galing sa salitang Español na *"oracion"* na ang ibig sabihin ay panalangin kayâ ito ang nakagawiang itawag ng mga Pilipino sa pagdarasal ng Angelus.

Sa pagkakalunsad ng eksibisyon sa Buwan ng Santo Rosario, pinaiibayo ng lunan ng museo ang biswalidad ng imaheng magpapaalala na ang pinaksa ng sining at ang mismong sining ay may pinag-uugatang kasaysayan ng kabanalan. Mababalikan ang kasaysayan ng pamantasan sa Intramuros kung saan ito ay tinawag munang Colegio de Nuestra Señora del Santisimo Rosario. Naging bahagi ang ordeng Dominiko sa pagpapayabong ng debosyon sa Birheng Maria, partikular na sa pagkakakilanlan nitong *Santissimo Rosario* o *Nuestra Señora del Rosario*. Kaalinsabay nito, nalikha rin ang nasabing imahen bilang bahagi ng ikonograpiya ng sagradong sining. Sa katunayan, may papel ang Simbahan sa mismong kasaysayan ng sining. Sa loob ng dalawang dantaon, sinasabihan

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

muna ang artista kung ano ang ipipinta (Duldulao 12). Ang mga likhang grabado ang nagsilbing paraan upang matuto ang mga artista na magpinta ng mga santong imahen at mga tagpo sa banal na tipan. Kung gayon, gumalaw ang relihiyosong imahen sa pamamagitan ng pagtutulad, isang tradisyon ng sining na nag-uugat noon pang pamamayagpag ng Imperyong Bisantino, kung kailan walang negatibong nosyon ang proseso (Javellana 5). Ang likhang grabado, bukod sa mga pigura o estatwa na galing sa mga misyonerong lulan ng galyon, ay naging prototipo ng mga dibuho. May pasya ang Simbahan sa proseso dahil ang relihiyosong imahen ay sadya lamang para sa mga kasudlong ng institusyon:

> The friars held the artists under tight control and allowed no one to paint unless given a permit to do so. They formed them into medieval guilds, subject to strict supervision. Such precautions were deemed necessary by the friars who saw themselves as soldiers of Christ who were out to conquer the minds, hearts, and souls of the pagans; if they left the artists on their own, there was no telling what lurking primitive passions they might unleash. The priests saw to it that all traces of paganism contrary to the Catholic religion were uprooted. (Duldulao 12)

Nang mabuwag ang mga kapisanan, umalagwa ang artista mula sa simbahan upang magpinta sa labas. Sa pagdating ng mga relihiyosong imahen sa kabahayan, nagkaroon ng tensiyon dahil sa interpretasyon ng artista. Hindi ito nalalayo sa turing ni Jocano sa espasyo pagdating naman sa pag-unawa sa mismong doktrina ng Simbahan. Nang katatayo pa lamang ang mga *cabecera* at *visita*, ang kalayuan ng mga mamamayan sa sentro ay nakaapekto sa (re)interpretasyon sa mga konsepto, simbolo, at ritwal (Jocano 44). Pagdating sa larangan ng sining, ang depiksiyon ng ilang mga pintor ng *La Santisima Trinidad* na magkakapareho ang wangis ay naging isang malaking kontrobersiya. Hindi ito ginamit sa simbahan ngunit nanatili ang imahen sa tahanan. Kung magagawi sa paligid ng Simbahan ng Quiapo, makikita pa rin ang bersiyong ito ng *Trinidad* sa inilalakong mga anting-anting. Sa paghahalong ito, napalilitaw kung paanong gumagalaw ang imahen mula sa sentro papunta sa masa. Kung paanong napunta ang imahen sa medalyon ay siya ring proseso ng paglitaw ng imahen sa iba't ibang rebolusyong pansining-biswal.



Larawan 1-3. Sa kaliwa, mga nakalambiting pigura ng kerubin. Sa gitna, ang likhang "Angelus" (2013) ni Robert Shook. Sa kanan, estatwa ng anghel malapit sa oratoryo. Larawang kuha ng may-akda.

Sa pagtatampok sa eksibisyon ng apatnapu't walong obra mula sa mga luminaryo hanggang sa mga alagad ng kontemporaneidad, kapansin-pansin ang lapit ng ilang interpretasyon sa sagradong sining. Pambungad ang obra ni Robert Shook na "Angelus" na larawan ng santong si San Gabriel Arkanghel kasama ang Birheng Maria. Ipinababatid sa tagamasid ang ebanghelyo ni San Lukas na tuon ng dasal. Ang bulawang sinag ng awra ng anghel ay tila hudyat sa tagamasid ng tangka ng mga artista sa liwanag at dilim, sa pamamagitan ng iba't ibang depiksiyon ng mag-anak na nagdarasal tuwing bukang-liwayway, tanghali, o takipsilim. May kakaibang hagod sa damdamin ang liwanag sa bukirin ng "Angelus" ni Carlos "Botong" Francisco. Bahagyang nakapamintana ang araw sa mga ulap ngunit matingkad pa rin ang liwanag na sumasanib sa komposisyon—maligamgam na liwanag na madaling maisip kung ano ang pakiramdam sa balat. Ang liwanag ay naroon din sa mga obrang "Sagrada Familia" ni Ivan Roxas at "Orationis" ni Irvin Roxas upang ipadama ang init sa rubdob ng pagninilay. Ang depiksiyon ng mag-anak ay nahahati sa dalawang tagpuan, bukirin at loob ng bahay, na malayo-layo man ay malaya pa ring naaabot ng pag-ariba ng kalembang ng mga kampana ng simbahan bilang hudyat ng orasyon. Kahit wala sa bukirin, makikitang masagana pa ring tinatanglawan ng parehong liwanag ang mag-anak sa loob ng bahay sa "Pater Noster" ni Jose De Los Reyes.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University




Larawan 4-5. Sa kaliwa, ang likhang "Angelus" (walang tiyak na taon) ni Carlos "Botong" Francisco. Sa kanan, ang likhang "Angelus" (2023) ni Demetrio "Demet" Dela Cruz. Larawang kuha ng may-akda.

Dahil tuon ng eksibisyon ang mag-anak, hindi mawawala ang Sagrada Familia na karaniwang depiksiyon ng maliit na si Hesus sa gitna nina Santa Maria at San José. Nag-aalay rin ang mag-anak ng mga dasal sa tatlong sagradong persona para sa maayos na buhay na pinupunan ng mga biyaya (Javellana 43). Pinag-iisa ng posisyon ang marami sa mga obrang depiksiyon ng mag-anak kayâ naman mapupuna ang heometrikong sapin sa komposisyon. Batay sa heometriya, pinaiigting ng tatsulok ang tema ng katatagan at armonisasyon ng paksa. Sa likhang "Angelus" ni Demetrio "Demet" Dela Cruz, magkatalikod ang mga magulang ng sanggol na mesiyas, isang banayad na kaibhan sa kumbensiyon sa ayos ng mag-asawa. Gayunpaman, napaiibayo pa rin ang kabuoang balanse sa dalawang baligtarang tatsulok sa komposisyon ng mag-anak sa tabi ng mga kandila at ng mga anghel sa likuran.




Larawan 6-7. Sa kaliwa, ang likhang "The Angelus" (2023) sa representasyon ng Troso ni Inang Kalikasan ni Raul Isidro. Sa kanan, ang likhang "Angelus" (2013) ni Roel Obemio. Larawang kuha ng may-akda.

Sa ibang banda, sa halip na mga pigura ng tao, gumamit si Raul Isidro ng troso ng Inang Kalikasan sa kaniyang "The Angelus" upang tahasang malantad ang mismong ayos bilang tuon sa ayos. (Ang impresyon ng kaayusan o pagkabalanse ay mababatid din sa salansan ng mga santo sa retablo ng mga simbahan, kapwa may estetiko at sikolohikal na halaga sa pagninilay ng deboto.) Sa eksibisyon, ipinakita ng sining ang orden ng panlipunang yunit na mabisang tagapagpanatili ng mga aral ng Simbahang gabay sa maayos na pamumuhay. Hipnotiko naman ang katangian ng pigura ni Roel Obemio sa kaniyang obrang "Angelus." May kaayusan din sa pag-uulit ng pigura ng mga táong magkasalikop ang mga kamay sa pagdarasal. Mapupuna ang tambok ng mga Boterismong pigurang likha ng artista, halos isang katangiang kawaii na natitiyak ang sariling lugar sa eksibisyon dahil mababatid din ang mapipintog na pisngi ng nakalambiting mga kerubin na may anyong panggigigilan ng binabating bisita. Pinaiigting ng mga puting bilog o orb, na simbolo ng mga anghel at diwang makabanal, ang detalye ng bolyum ng debotong masa.

Upang igiit ang tradisyon, ritwalistiko ang paglulunsad ng eksibisyon sa pamamagitan ng pagdarasal ng Angelus. Maging ang disenyo ay simulasyon ng loob ng sinaunang bahay upang bigyang-diin ang dausan ng pagsamba. Ayon kay Jocano, pamilya ang sentro ng relihiyon sa Pilipinas dahil sa pangunguna nito sa mga pista o prusisyon. Sa loob ng tahanan, ang oratoryo ang sentro ng kanilang pananampalataya (Jocano 15).



Larawan 8. Ang Oratoryo kung saan maaaring makapagdasal ang mga bisita sa eksibisyon. Larawang kuha ng may-akda.

Sa prusisyon ng tagamasid mula sa bawat kambas, nakaabang ang dalawang estatwa ng anghel na nakabantay sa oratoryo. Nakapaskil sa dingding ang dasal sa wikang Español, Ingles, Tagalog, at Latin bilang sanggunian ng mga bisita. Halos inuulit ang kapangyarihan ng salita na winika ni San Juan. Nagkatawang-tao ang Salita, namuhay na kasama ang mga tao, at pinakikiramdaman ng deboto. Sa depiksiyon ng dasal sa sining, isang proseso ng pagpapadalisay ang nangyayari. Pinagninilayan ang bawat obra gaya kung paanong pagnilayan ang kalooban ng Diyos upang pasidhiin ang espiritwalidad. Matalinghagang estruktura ang oratoryo na kumikilala sa teolohiya ng meditasyon. Bilang pagbabalik-tanaw sa tradisyon, nagluluksa ang mga anotasyon sa dingding dahil sa makabagong daigdig kung saan marami nang hadlang sa malayang pagpapailanlang ng tunog ng kampana upang ihudyat ang orasyon. Nariyan na ang ingay ng lansangan dahil sa awto, maging ang matatayog na mga gusali. May pangalawang sapin ang tuong ito sa tunog at estruktura bilang katunggali ng tradisyon. Bahagi ng kontemporaneidad ang teknolohiya bilang behikulo ng mga sekularisadong anyo ng kultura na pilit pa ring sinasabayan ng magandang tunog ng Salita na iginigiit ang halaga nitong mapakinggan sa maingay nang kontemporaneidad.



Larawan 9. Likhang "Orasyon" (2023) ni Abril Valdemoro. Larawang kuha ng may-akda.

Sa paglabas sa oratoryo ng bisitang nagpakasasa sa dasal at pagninilay, muli siyang aalagwa sa lipunan at ang masalimuot nitong realidad. Sa "Orasyon" ni Abril Valdemoro, inuusisa ng artista ang labas ng tahanan. Tahimik na pinalilitaw ang malupit na danas ng pagtitiis. Taimtim na nagdarasal ang mag-anak ngunit mapapansin ang puwersa at tensiyon sa malalaking braso't kamay ng mga magulang na baták sa trabaho. Sa heometrikong sapin na tatsulok na tumutumbas sa katatagan ng mag-anak, sinusubok ito ng mga diyos-diyosan sa sektor ng mga manggagawa na siyang tema ng obra. Ang mga damit ay ipinantalukbong sa ulo—isang pagkakakilanlan ng representasyon ng artista ng sektor. Ang puting telang imahen ng kabanalan at kalinisan ay lumilipat sa suliraning pangmanggagawa bilang pagtukoy sa dignidad ng mga anakpawis na nadurungisan sa pamamagitan ng mga kondisyong hindi makatao. Nakalilikha ang imahen ng impresyon kung saan sabay na nananalig at nagtatanong ang mga pinaksa: Nasaan ang Diyos sa lahat ng ito?

Ang Talab ng Re-imahinasyon ng Imahen

Nakasiksik sa eksibisyong *Bisa* ni Marco Ruben Malto II ang mga suliranin ng parehong lipunan na nilalabasan ng tagamasid buhat sa simulasyon ng tahanang kahon ng mga pananaw sa kalooban ng Diyos. Mula sa altar na España sa Maynila, nagpapatuloy ang paggalaw ng relihiyosong imahen papunta sa Cubao. Ilang hakbang mula Kalye Lantana kung saan nakatindig ang Katedral ng Immaculada Concepcion, ipinagpapatuloy sa Boston Art Gallery ang komprontasyon ng sining sa pananampalataya. Bolatil ang espasyong ito ng lipunan at ang bunga nitong disoryentasyon ay sinasalamin ng sala-salabid na mga imahen mula sa relihiyon. Bukod sa tuon sa ikonograpiya ng Katolisismo, ginaygay din ng artista ang mayamang detalye ng etno-animistikong paniniwala, maging ang mga banyagang diyos, at ang alegorya ng mga diyos-diyosan ng modernidad. Sinasaling ng kaniyang sining ang hibla ng prekolonyal, kolonyal, maging ang postkolonyal na panahon (partikular na ang kulturang popular) upang usisain ang iba't ibang anyo ng lunas at kapangyarihan.

Ang turing sa relihiyosong imahen ay pag-igpaw mula sa sining na napirmi sa marikit na altar upang buoin ang "ibang antas" nito, isang paraan ng paglaya ng sining mula sa parasitikong pagsalig sa ritwal, sang-ayon din sa tinuran ni Benjamin:

> With the advent of the first truly means of reproduction… simultaneously with the rise of socialism, art sensed the approaching crisis which has become evident a century later. At the time, art reacted with the doctrine of *l'art piur l'art,* that is, with a theology of art. This gave rise to what might be called a negative theology

> in the form of the idea of "pure" art, which not only denied any social function of art but also any categorizing by the subject matter. (Benjamin 224)

Gaya nang nauna nang nasabi tungkol sa sinkretikong paggamit ng anting-anting bilang sagisag ng mahika/ milagro ng mga Pilipino, ito halos ang isang biswal na katumbas ng sinabi ni Covar:


> Anitismo ang pinagbibinhian ng iba't ibang paniniwala at pananampalataya sa Pilipinas, kasama na rito ang Pilipino-Kristiyanong tradisyon. Ang Kristiyanong paniniwala ay iniuugpong at pinasusupang sa sanga ng anitismong kahoy. Nagsanga-sanga ang matatawag na Pilipino-Kristiyanong relihiyon na may angkin at mayamang espiritwalidad na maituturing na kawangis ngunit hindi katulad ng Hudeo-Kristiyanong tradisyon. (Pambid 261)

Hindi taal sa mga prayle ang anting-anting na panaklong sa mga agimat, amuleto o mutya. Sa isang saliksik, ipinapalagay ng mga albularyo na nanggaling ang mga anting-anting sa mga lamang-lupa, tanda ng pinag-uugatan nitong etno-animistikong sistema ng paniniwala (Pambid 9). May anting-anting ang ilang mga rebolusyonaryong tinangkang hilumin ang sugat ng kawalang-kalayaan. Ipinapalagay na si Andres Bonifacio ay may anting-anting na depiksiyon ng santong si Santiago de Galicia na lulan ng kabayo. (Sa pagsasabantayog ng Supremo, makikita ang parehong imahen). Nagmumula ang anting-anting sa tinatawag na "Ikatlong Espasyo" ni Bhabha (36-38). Bunga ito ng proseso ng madalas na pagbagtas sa ugnayan ng benerasyon ng mga santo at ng idolatriya, at ang paniniwala sa mga himala na muli namang nagpapabalik sa pagkiling sa mahika at pamahiin (Phelan 78).

Sa diptych na "Bisa" na siyang panaklong sa eksibisyon, sinisimulan ang paglulunsad sa anting-anting bilang tagapagdaloy ng subteksto ng kapangyarihan ng pananampalataya. Mababudburan ng mga letra ang mga kambas bilang wika ng anting-anting. Ang talab ng pasalitang dasal ay nasa mga inskripsiyong nakaukit sa mga tatsulok at bilugang medalyon na nakatatak sa unang larawan. Sa kakambal nito, nakalapat ang dalawang kamay sa mukha bilang muwestra ng panggagamot. Sa paglalaro ng mga anino, mapapansin ang kulay ng liwanag mula sa mga agimat na namumula sa init.

May instalasyon na humihiram ng imahen ng maalamat na belo ni Santa Veronica. Ayon sa kuwento, lumitaw ang imahen ng mukha sa tela matapos itong ipamunas ng babae sa pawisang mukha ng Mesiyas dahil sa habag sa pagdurusa Nito habang pasan ang krus patungo sa Golgota. Ang tagpo ang paksa ng ikaanim na estasyon ng Via Crucis o Daan ng Krus. May anim na piraso ng puting telang may maladugong tatak ng mga bahagi ng katawan ng tao. (Sa unang sipat sa instalasyon, maaaring mapuna ng tagamasid ang imahen ng Lambong ng Turin.) Ganito rin ang paraan kung paano gutay-gutayin

ang mga sagradong relikya. Sa likha ng artista, may detalyeng anting-anting din na nakatahi sa bawat piraso ng telang nagbibigay-talab sa mga ito. May puláng telang supot ng pangontra sa nakalambiting basyong plastik ng rubbing alcohol, isang found object na makabagong sisidlan ng lunas—malikot at matalinghagang pagpapalitaw ng diyagnostikong tangka ng artista sa mga suliranin sa kaniyang panahon sa pamamagitan ng iba't ibang materyal, bukod sa paleta at kambas.



Larawan 10-11. Sa kaliwa, ang likhang diptych na "Bisa" ni Marco Ruben Malto II. Sa kanan, ang instalasyong "Belo ni Veronica." Larawan mula sa Boston Art Gallery.

May malaking tuon ang artista sa kasaysayan sa paggamit ng lunas mula sa katutubong Katolisismo sa pamamagitan ng anting-anting dahil sa politika nitong "liko" mula sa opisyal. Kung tutuosin, ang kuwento ng anting-anting ay

kuwento rin ng pagbabayan-bayanan. Ito ang detalye na naglalangkap sa isang hanay ng mga larawan upang pausarin ang naratibo ng pagkakayari ng bayan sa pamamagitan ng pananampalatayang pinasisidhi ng patriyotikong pusong tumutol sa puwersang kolonyal. Sa pelikulang historikal na *Gomburza (2023)* ni Pepe Diokno, nagkaroon ng tuon sa anting-anting bilang mahalagang imahen sa kasaysayan. Nabanggit si Hermano Puli na napanaginipan umano si San José ngunit nabigo nang tinangkang mapabilang sa Simbahan. Itinatag ni Puli ang isang samahang gumamit ng anting-anting bilang instrumento sa pananampalataya. Nabanggit din ang paggamit ng mga Katipunero ng mga piraso umano ng sutana ng tatlong pari bilang panangga.



Larawan 12-16. (Clockwise mula kaliwa) Mga likhang larawan na "Deus," "Filibustero," "Confradia," "Trese," at "Presidencia" ni Malto. Larawan mula sa Boston Art Gallery.

Sa "Deus," muling napalitaw ang tatsulok na hugis ng anting-anting upang kilalanin ang kalooban ng maawaing diyos sa mga mangyayari sa kasaysayan o kapalaran. Sinusundan ito ng "Filibustero" na tumutukoy sa tatlong paring martir. Nasa harapan ang medalyon na may salitang *"Hesus"* at *"Rizal"* upang bigyang-tuon ang impluwensiya ng tatlong pari kay Rizal. Pinaiigting ito ng nakasulat na paraan ng pagkonsagra o proseso ng pagpapabúhay o pagbibigay ng bisa sa anting-anting. May talab ang kamatayan ng mga pari sa bayani—sila ang pinag-alayan ng nobela nitong *El Filibusterismo*. Sinusundan ito ng "Confradia" bilang tuon sa itinatag na alternatibong pananampalataya ni Puli. Sa "Trese" naman, nakaguhit ang silweta ng labintatlong kilalang mamamayan ng Cavite na hinatulan ng kamatayan sa sálang komplisidad sa pag-aalsa. Mapapansin ang mata, iskwala, at paraluman sa larawan na bahagi ng ikonograpiyang Masoneriya na liko rin sa Simbahan. Sinasaling nito ang diskusyon ng pag-iral ng impluwensiya ng kapatiran sa ilang mga pangkat at persona ng rebolusyon. Sa "Presidencia," pinapaksa si Emilio Aguinaldo bilang ipinangalandakang unang pangulo ng Republika ng Pilipinas. Si Aguinaldo man din ay gumamit ng anting-anting (Pambid xv). Mga linyang kulay-asul, pulá, at dilaw ang bubuo sa tatsulok na makikita na sa unang larawan, pagpapahiwatig ng tangkang muling pagkakayari sa bayan sa pamamagitan ng nabubuong bandilang kakikitaan din ng tatsulok.

Sa isang banda, pinaksa rin ng eksibisyon ang brutalidad sa malapit na kasaysayan. Sa bayolenteng imahen na Matamaros ni Santagio de Galicia, patron ng España, ipinadaloy ng artista ang kritika sa karahasan na danas pa rin ng lipunan. Magigitla ang tagamasid sa agresibong epekto ng pagdanak ng puláng dugo bilang pagtukoy sa brutalidad sa Pilipinas. Magbabalik ang trawma sa mga pagpatay. Ang Matamoros ay isang depiksiyon sa sariling ikonograpiya ng santo na may kaugnayan sa pamamaslang nito sa mga Moro habang nakasakay sa kabayo (Webster). Sa obra ng artista, may katingkaran ang makulay na kabayong nakaangkla sa tsubibo na sinasakyan ng mga nagagawi sa mga panlibangang parke o peryahan, isang pagpapalitaw sa kasiyahan o lugod na nadarama ng tao habang isinasagawa ang karahasan. Pinaiigting ng mekanismong pag-ikot ng sasakyang pangkatuwaan ang pagiging "random" ng pamamaslang ng mga berdugo na halang ang bituka, mula man sa sinaunang karahasan ng pananakop ng mga imperyo, o diktadura, hanggang sa tokhang na bangungot sa mga naiwang mag-anak ng mga biktima at sa pangambang dulot ng pananaw na kapahi-pahintulot ang walang habas na mga pagkitil.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University



Larawan 17. Ang likhang "Santiago" ni Malto. Larawan mula sa Boston Art Gallery.



Larawan 18-19. Sa kaliwa, ang likhang "Ayungin Shoal" ni Malto. Sa kanan, ang apat na likhang bumubuo sa "Switik." Larawan mula sa Boston Art Gallery.

Sa mas malapit pang kasaysayan, muling pinaksa ng artista ang kapitbahay ng bayan at mga panibagong tendensiya ng imperyong nagsasadiyos-diyosan. Sa obrang "Ayungin Shoal," inilatag ang suliranin sa West Philippine Sea (WPS). Dahil umiinog sa mapa ang tensiyon sa heopolitika, mapa rin ang lunsaran ng kritika ng artista. Maaalala ang kartograpiya ng Heswitang pari na si Pedro Murillo Velarde na lumikha ng mapa ng Pilipinas noon pang 1734 na naging bahagi ng depensa ng bayan sa pagkakapanalo ng kasong arbitrasyon sa Hague. Nakasadsad ang kalawanging BRP Sierra Madre na patuloy na hinaharangan ng Tsina sa mga misyong suplay ng Hukbong Dagat sa kulumpol. Minamapa rin ng artista ang pagmamapa ng kabila sa pamamagitan ng isometrikong dibuho ng mga alon. Ang matingkad na puláng linyang paikot-ikot ang galaw ay pahiwatig ng tensiyon. Sa imahen ng personang nakahawak sa kaniyang mahabang balbas at may berdeng kasuotan, makikilala ang heneral na si Guan Yu na sinasambang diyos ng digmaan at kayamanan (Haiyun). Malupit ang banyagang diyos at napaiibayo ito sa pagkakaluklok sa tronong inidoro habang may hawak na toilet paper, isang detalye ng insulto sa pagsusulong ng karapatan ng bayan kaugnay ng balita noong 2021 na nagtatambak umano ang Tsina ng dumi ng tao sa baybayin (Atienza). Bilang obrang ready-made, nakalambitin sa kambas ang mga pigura ng isdang gawa sa kahoy upang ipakita ang yaman ng ekosistema na nakapananaig sa tunggalian ng mga ugnayang pangkapangyarihan. Sa mapa ni Malto, napaiibayo rin ang kulturang popular sa hating imahen ng rubyang manyika na si Barbie na tinuligsa sa mali umanong depiksiyon ng teritoryo sa pelikulang tumabo sa takilya. Pinaiibayo ang mapa ng quadriptych na pintang gouache na

bumubuo sa "Switik" na depiksiyon ng mga mangingisda na nakabingwit ng isdang naipinta sa niresiklong supot ng tsaa. Ang inumin ay imbensiyon ng emperador na si Shen Nung na tumbok ang diskurso tungkol sa WPS at kung sino ang unang nakatuklas sa paraiso ng Diyos.

Isang Transpigurasyon sa Nightclub

Mula Cubao, naglalakbay ang relihiyosong imahen patungo sa pook-aliwan. Nasaan ang diyos? Siya ay nasa nightclub. Ang anghelikong liwanag ay ang spotlight ng pook-aliwan kung saan pinalilitaw at binibigyan ng panibagong lalim ang relihiyosong imahen sa bisa ng makasining na pagtatanghal sa drag ni Pura Luka Vega.

Kung ipagigitna ang pandemya sa pinakahuling talâ ng kritisismo tungkol sa sining na kalimitan ay napipirmi lamang sa mga patron, kolektor, at subastahan, maaalala ang batikos ng madla sa kasimplehan umano ng depiksiyon ng ari ng lalaki (phallus) sa likhang "OOOOHH" (2019) ni Richard Gomez. Nang magkapandemya, kinonsumo ng balisang publiko ang sining, lalo na sa anyo nitong pagtatanghal, sa telebisyon man o pelikula, upang hindi mawalan ng bait sa sarili habang nasa kuwarantena. Sa unti-unting pagbabalik sa bagong normal, muling nagbukas ang mga museo at galeriya. Matagumpay na hinagod ng "Hymen, oh Hyménée!" (1886-1887) ni Juan Luna ang nasyonalistikong sensibilidad ng taumbayan. Lumitaw ang nawawalang obra upang palitawin din ang nawawalang tuon sa naantalang pagbubuo ng bayan. Gayunpaman, mula kay Luna hanggang kay Luka, mababatid ang tensiyon ng isang digmaang kultural (Earnest). Dahil sa mga batikos, ang turing ng sining ni Luka sa relihiyong pundasyon sa pagbabayan-bayanan ay naging banta sa gawain ding iyon.

Ikalawang pagparito ng "Poleteismo" ang pagtatanghal ni Luka dahil muling lumilitaw ang suliranin sa kritikalidad sa paggamit ng relihiyosong imahen. Ang instalasyon ni Mideo Cruz sa eksibisyong *Kulo* sa Sentrong Pangkultura ng Pilipinas ay naisapubliko na noon pang 2002 ngunit pumutok dahil sa politika ng panahon noong 2011 kung kailan inuusisa ng madla ang isang panukalang batas pangkalusugan na lihis sa kanilang pananampalataya. Napalabnaw ang mahina nang tugon ng mga kritikong pansining sa diskurso dahil sa midya (Placino 88). Nang sumunod na mga buwan matapos maipasara ang eksibisyon, hindi nakapagtatakang natunugan ng Pilipinas ang protesta laban kay Lady Gaga sa Timog Korea at Indonesia kayâ binatikos din ang mang-aawit sa konsiyerto nito sa Pasay. Ang pagsasa-Magdalena ng mang-aawit upang bigkasin ang *"Judas kiss me if offenced or wear an ear condom next time"* at ang pagbalandra ng parehong contraceptive at replika ng phallus sa imahen

nina Hesus at Birheng Maria sa obra ni Cruz ay tinuligsa ng taumbayan upang igiit na hindi basta-bastang pinanghihimasukan ang relihiyon. Para kay Cruz, ang ereksiyon ng ari ng lalaki ay kapangyarihan tulad ng lakas ng mga diyos-diyosan sa modernong idolatriya (Lee). Para kay Gaga, ang musika ay bahagi lamang ng makasining na pagtatanghal at pahayag ng liberasyon (Dumaual). Nadaig ng ingay ng batikos ang kritikalidad na ito, gayundin ang nangyari kay Luka na taglay ang kapangyarihan ng biswalidad nina Cruz at Gaga sa pamamagitan ng sining ng drag.



Larawan 20. Screengrab mula sa YouTube channel ng CNN Philippines.

Sa balitang pagkakaaresto ni Luka, mapapansin ng tagamasid na burado ang kolorete sa kaniyang mukha ngunit ang dibuhong anting-anting sa kaniyang damit, ang Trespico Roma, ay magpapabalik sa tagamasid sa Simbahan ng Quiapo kung saan ang patron nitong Poong Hesus Nazareno ang kaniyang naging persona sa pagtatanghal. Ipinakikita ng Mata ang detalye sa kaniyang sining—sa entablado man o sa labas nito—na nilalalang nang buong rubdob at may katiyakan. Bininyagan niya ang sarili bilang Pura Luka Vega na pagtatagpi-tagpi ng tawag ng mga kaibigan sa kaniya na "Pura," ang beauty queen na si Pura Villanueva Kalaw, ang awiting *"Luka"* ni Suzanne Vega, at ang alegorya ng "nakababaliw na mundo" (Samonte). Sa kasaysayan ng drag sa Pilipinas, mababalikan ang paraan ng pagbibihis ng mga babaylanes hanggang sa mga pagtatanghal sa mga patimpalak ng mga barangay, maging ang glokalisasyon ng palabas ni RuPaul sa telebisyon. Ang espasyong ito ang santuwaryo ng pamayanang kinabibilangan ni Luka na nakararanas ng panghuhusga ng lipunang nagdidikta ng negosasyon sa kasarian at pagbubuo ng identidad. Kung gayon, eksperimentasyon ang nagiging mapagpalayang sistema sa drag.



Larawan 21. Likhang karatula ni Ginoe para sa *NKKLK: A Fundraising Show for Pura Luka Vega*

Estratehiko ang paggamit ni Luka ng musikang punk bilang hugpong ng mga relihiyosong materyal na liturhikong himno at moda ng mesiyas. Taal sa punk ang mensahe ng pagsalungat sa dominanteng puwersa na lunsaran ng kritika ni Luka sa diskriminasyon. Sa dokumentaryong *Wake Up Punk* (2022) ni Nigel Askew na tungkol sa kasaysayan ng subkulturang umusbong sa Londres, tinalakay ang naging ambag nina Malcolm McLaren na nangasiwa ng bandang *Sex Pistols* at ang modista at aktibistang si Vivienne Westwood sa paglikha ng imahen ng punk na nakaimpluwensiya sa iba pang panig ng daigdig. Gumamit ng relihiyosong imahen si Westwood sa kaniyang mga unang dibuho ng t-shirt

at maituturing ding inspirasyon sa drag ang pinakahuling mga eksentrikong moda niya. May luningning man sa espasyo, itinuturing pa ring "underground" ng drag artist na si Manila Luzon ang kanilang mundo (San Diego). Ang katangiang ito ay hindi nalalayo sa punk. Ayon sa punk artist na si Jordan Mooney, hindi na lamang nalilimitahan sa estetika ang ambag ng punk sa kasalukuyan. Aniya, ang punk ay "usapin ng isipan" bilang pagkilala sa proseso ng indibidwal na pagnilayan at komprontahin ang mga suliranin sa kaniyang kapaligiran (Askew). Aktibong ginagamit ni Luka ang konseptong ito sa kaniyang pagtatanghal, bilang danas ang eksklusyon sa pagbubuo ng identidad sa gitna ng hegemoniya ng heteronormatibong kultura. Kinilala ni Guillermo ang indibidwalidad ng pananaw kahit sa larang ng sining-biswal na sumasalok ng tema sa batis ng relihiyon. Halimbawa, batid niya ang "radikalisadong Kristolohiya," maging ang "personal" na katangian ng mga obra dahil sa kapansin-pansing pagkakaiba ng modelong kanonikal at indibidwal na mga katangian o idyosinkrasya (Guillermo 221, 214).

Problematiko ang estereotipong haka na pang-aliw ang mga pagtatanghal sa entablado at kung paiiralin ito, hindi ganap na maaarok ang lalim ng sugat na hinihilom ng artista bilang subteksto ng kaniyang sining. Kung paanong may napagtagpi-tagping mga kuwento sa likod ng personang drag ni Luka, ito rin ang gabay sa pagdestrungka sa anatomiya ng kaniyang pagtatanghal. Bahagi ng kuwento sa kaniyang pagsasa-Reyna Maria Antonieta ang inspirasyong hatid ng pagtatanghal ni Madonna ng *"Vogue"* sa Gawad MTV noong 1990. Dagdag pa, ang pagtatanghal niya habang nakasuot ng trahe de boda ay komprontasyon sa proseso ng pahihilom sa pagtatapos ng isang yugto sa pag-ibig (ANC). Katarsis ang pagtatanghal ni Luka gamit ang musika at modang pinasisidhi ang enerhiya ng mga tagapanood na nararamdaman din ang sugat sa eksklusyon. Halos may panibagong sapin ang lip-sync ng drag artist na tutukoy sa dinadaig na boses ng kaniyang pamayanan. Sa imahen ni Hesus na kaniyang sinasamba bilang Katoliko, kinikilala ni Luka ang katangian ng mesiyas na nararamdaman ang hapdi ng sugat sa loob. Ang loob na ito na inihahayag ng artistang nagtatanghal ay hindi nalalayo sa loob na lunsaran ng mga pintor sa pagpapahayag ng kanilang pananampalataya. Para sa maylikha ng pamosong "Brown Madonna" (1938) na si Galo Ocampo, ang artista o sinumang tao ay mabisang maipahahayag ang kaibuturan ng sarili, ang espiritwal, sa pamamagitan ng relihiyosong sining (Duldulao 104). May tuon ding paloob ang pintor na si Joey Velasco na lumikha ng "Hapag ng Pag-asa" (2007) na may impluwensiya ng "Huling Hapunan" ni Leonardo da Vinci na labis na nagpaantig sa puso ng tagamasid. Kinikilala ng artista ang pagiging "heartist" sa makasining na gawain (Duldulao 333).

Espiritwal ang talinghaga ng paghihilom ng loob ni Luka sa pamamagitan ng drag. Maaaring madama ng tagamasid ang katarsis na ito. Naniniwala

ang artistang ang kakayahang makadama ay nagtuturo sa mga tao na maging tao (Samonte). Sa nightclub na punong-puno ng enerhiyang sumasabay sa katartikong proseso ng remixing, reinterpretasyon, pagwawasak, pagtatagpi, pagsusugat, pagnanaknak, paghihilom, at pananampalataya, napaiibayo ang paglalang sa imahen ng "inklusibo" na mesiyas na imortal man ay nagkatawang-tao at tunay na nakaramdam ng pinaksang sakit.

Hantungan

May omnipresenteng katangian ang Diyos at bilang nakapananaig na puwersa, matatagpuan Siya sa mga kambas, instalasyon, maski sa mga pook-aliwan. Sa traslasyon ng relihiyosong imahen, kinikilala ang kasaysayan ng pananampalataya at sining upang mabatid ang halaga ng mga sagradong lunan, ang lipunan, at ang nagbabagong panahon sa ebolusyon ng makasining na gawain. Dahil may kultura ng pagkahumaling sa iba't ibang uri ng imahen ang publiko, hindi ito mawawala sa kabuoang diskurso tungkol sa mga paksang ipinapalagay na "sensitibo" at kung matapang na sasalingin ay maging "kalabisan." Wala bang sinasanto ang sining? May implikasyon na halos pagtataya ang ginagawa ng artistang nagbabalak gumamit ng imahen mula sa relihiyon, isang suliranin na patuloy na hinaharap ng kontemporaneidad ng larangan. Kung tutuosin, nakikipagbunuan ang artista sa mga aspekto ng proseso o metodo, ang pagkamapagdamdam sa iba, at ang kaniyang poesiya. Maaaring magitla ang debotong tagamasid sa re-imahinasyon ng isang sagradong belo. Dagdag pa, marami nang nasabi ang taumbayan sa makasining na pagtatanghal ng himnong dalangin. Gayunpaman, ang traslasyon ng relihiyosong imahen ay usapin din ng translasyon bilang proseso ng paggamit ng imahen at paglikha ng panibagong antas ng biswalidad at subteksto nito. Sa tagamasid, ito ay nararapat na mabása, maunawaan, at higit sa lahat, maramdaman. Sa tatlong tagpong ruta ng paglilipat, napaibayo ang imahen ng Diyos na nakikiramdam—ito man ay patungkol sa naglalahong tradisyon ng pananalangin ng mag-anak, o sa mga suliraning panlipunan ng bayan, o ng sugat sa loob mismo ng indibidwal. Ang kritikalidad na ito ang maaaring igiit na isang teolohiya ng sining na mabuting balitang nararapat ding mapakinggan ninuman.

Mga Sanggunian

Almario, Virgilio. "Magdarasal o Manalangin?" *Facebook*, 27 Pebrero 2023, https://web.facebook.com/photo/?fbid=645050284293273&set=a.503294381802198.

Atienza, Kyle Aristophere. "More Chinese ships may be dumping waste at sea." *BusinessWorld*, 15 Hulyo 2021, https://www.bworldonline.com/the-nation/2021/07/15/382881/more-chinese-ships-may-be-dumping-waste-at-sea/.

Benjamin, Walter. *Illuminations: Essays and reflections.* Harcourt Brace Jovanovich, 1968.

Bhabha, Homi. "The Commitment to Theory." *The Location of Culture*. Routledge, 1994. pp. 19-38.

Duldulao, Manuel. *A Century of Realism in Philippine Art*, ikalawang nirebisang edisyon, Legacy Publishers, 1992.

---. *Philippine Art Now*. Unang Letra Publishing, 2008.

Dumaual, Miguel. "Review: Lady Gaga's Born This Way Ball." *ABS-CBN News*, 23 Mayo 2012, https://news.abs-cbn.com/lifestyle/05/23/12/review-lady-gagas-born-way-ball.

"Drag queen 'sorry' but stands by controversial 'Ama Namin' performance." *YouTube*, uploaded by CNN Philippines, 14 Hulyo 2023, https://www.youtube.com/watch?v=J8h2opeHui0.

Earnest, Jarrett. "The Radical Art of Drag." *Sotheby's*, 22 Hunyo 2023, https://www.sothebys.com/en/articles/the-radical-art-of-drag.

Enriquez, Em. "Pura Luka Vega is living proof that gender is a construct that needs to be broken down." *Preview*, 11 Enero 2023, https://www.preview.ph/culture/pura-luka-vega-drag-den-ph-preview-pride-interview-a00378-20230111lfrm?_ga=2.36059936.1674873917.1703923362-2516441.1703435154.

Gaga, Lady. "Judas." Interscope Records, 2011. *Spotify* app.

Gomburza. Idinerehe ni Pepe Diokno, Jesuit Communications, 2023.

Guillermo, Alice. *Image to Meaning: Essays on Philippine Art*. Ateneo de Manila UP, 2001.

Haiyun, Wu. "How Guan Yu Became China's God of War, Wealth, and Everything Else." *Sixth Tone*, 13 Agosto 2020, https://www.sixthtone.com/news/1006043.

Javellana, René. *The Philippine Colonial Tradition of Sacred Art: Treasures of Philippine Art from the Collections of the Bangko Sentral ng Pilipinas and National Museum of the Philippines.* National Museum of the Philippines, 2020.

Jocano, F. Landa. "Catholicism: A Case Study in Religious Change." *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia*, tomo 55, blg. 1, 1967, pp. 42-64.

---. *Filipino Cultural Heritage Lecture Series No. 2 Filipino Social Structure andValue Orientation.* Philippine Women's U, 1966.

Kautusang Pangkagawaran Blg. 004, s. 2023 Amendment to the Panatang Makabayan. Kagawaran ng Edukasyon ng Republika ng Pilipinas, 14 Pebrero 2023, https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/DO_s2023_004.pdf.

Lee, Ashley. "Closure of "Kulo" ignites censorship debate in the Philippines." *ArtAsiaPacific*, 24 Oktubre 2011, https://artasiapacific.com/news/closure-of-kulo-ignites-censorship-debate-in-the-philippines.

Marshall, Henry. "The True, The Good and the Beautiful." *The Philosophical Review*, tomo 31, blg. 5, 1922, pp. 449-470. JSTOR, https://www.jstor.org/stable/2179506.

Pambid, Nenita. *Anting-Anting: O Kung Bakit Nagtatago sa Loob ng Bato si Bathala*. U of the Philippines P, 2000.

Phelan, John Leddy. *The Hispanization of the Philippines: Spanish Aim and Filipino Responses, 1565–1700*. U of Wisconsin P, 1959.

Placino, Portia. "Spilling into the Public: Poleteismo and Contemporary Art Discourse." *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media and Society*, tomo 9, blg. 1, 2012, pp. 85-90.

Plimpton, George A., patnugot. *Women Writers at Work: The Paris Review Interviews*. Penguin Books, 1989.

Samonte, Jujiin. "Behold Pura Luka Vega, the blessed lady of Drag Den." *MEGA Drag*, 8 Disyembre 2022, https://mega-onemega.com/behold-pura-luka-vega-the-blessed-lady-of-drag-den/.

San Diego, G3. "From drag kings to trans queens, Manila Luzon welcomes all to Drag Den Philippines." *MEGA Entertainment*, 1 Disyembre 2021, https://mega-onemega.com/manila-luzon-welcomes-all-queens-to-drag-den-philippines/.

"The true history of Pura Luka Vega, in their own words." *ANCX*, 5 Oktubre 2023, https://news.abs-cbn.com/ancx/culture/spotlight/10/05/23/pura-luka-vega-in-their-own-words.

Vega, Suzanne. "Luka." A&M Records, Inc., 1987. *Spotify* app.

Vitaliano, Dorothy. *Legends of the Earth: Their Geologic Origins*. Indiana UP, 1973.

Wake Up Punk. Idinerehe ni Nigel Askew, Know Future Ltd., 2022.

Webster, James. "St. James and the Two Faces of Spain." *History Today*, 17 Oktubre 2019. https://www.historytoday.com/miscellanies/st-james-and-two-faces-spain.

Yaldiz, Şahin. *Latmos: A Cultural Landscape in Anatolia*. 2021. Central European U, Tesis Masterado. https://www.etd.ceu.edu/2021/yaldiz_sahin.pdf.

Sa Antipolo Nangungumpisal ang mga Makata: Ang Poetika ni Abner Dormiendo sa *Sa Antipolo pa rin ang Antipolo*

Poets Go to Antipolo to Confess: The Poetics of Abner Dormiendo in Sa Antipolo pa rin ang Antipolo

Richell Isaiah S. Flores
Pamantasang Ateneo de Manila
riflores@ateneo.edu

Tungkol sa May-akda

Nagtapos si Richell Isaiah Flores ng BS Applied Mathematics, menor sa Panitikang Filipino sa Pamantasang Ateneo de Manila, at kasalukuyang kumukuha ng Master in Data Science habang nagtuturo ng mga kurso sa matematika sa parehong pamantasan. Naging fellow siya ng 25th Ateneo Heights Writers' Workshop (AHWW) para sa Tula, 28th AHWW para sa Nonfiction, at Palihang LIRA 2021 (Batch DINIG). Noong 2023, natanggap niya ang Loyola Schools Awards for the Arts (LSAA) para sa Panulaan. Kasalukuyan siyang kasapi ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA). Kasalukuyan niyang interes ang ugnayan ng wika, alaala, at lungsod. Taga-Paombong siya.

Dormiendo, Abner E. *Sa Antipolo pa rin ang Antipolo*. Librong LIRA, 2023.

Ganito / ako magkasala: naghahalo ng talinghaga.

Abner Dormiendo,
"Sa Antipolo Tayo Natutulog
Nang Magkatabi"

Ang *Sa Antipolo pa rin ang Antipolo* ni Abner Dormiendo ay isang mapaglarong pagsasatula sa mga bagay at kaabalahang Antipolo, kung saan napagsasanib ang heograpiya, relihiyon, pag-ibig at obsesyón, at ang tawag ng tula at ng laman. Mula sa koleksiyong may parehong pamagat na pinarangalan ng ikalawang gantimpala sa Gawad Palanca noong 2015, ang aklat ay binubuo ng apatnapung tula, na ang ilan ay nauna nang nailabas sa *Heights Ateneo*, ang opisyal na lathalaing pampanitikan ng Pamantasang Ateneo de Manila. Walong taon din ang naging pagitan ng unang limbag at ng kasalukuyang anyo ng koleksiyon, kung kayâ bagaman hindi matitiyak ang proseso ng pagkakasulat ng mga tulang ito, sapat nang panahon ang lumipas upang masabing talâan ang aklat ng mga pagbabago, o maaari pa, ng isang kasaysayang pangmakatang naisaaklat. Na sa loob ng walong taóng ito, naari ni Dormiendo na angkining muli at pagyabungin ang isang tinig na halos isang dekada na niyang binigkas sa mga taludtod. Na ang konsistensi ng persona ay tila baga isang larawan ng kapuri-puring konsistensi rin ng may-akda.

Naisulat ni Dormiendo ang mga tula bago pa siya maging ganap na kasapi ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA) noong 2017. Marahil sa unang tingin, bagamat malinaw ang pagsasalansan ng imahen at retorika sa mga akda, masasabing hindi umaayon ang mga tula ni Dormiendo sa pangunahing pagpapahalaga ng LIRA sa tradisyon ng súkat at tugma. Gayunpaman, bilang kahalili sa musikalidad na ibinibigay ng mga nasabing katangian ng tradisyonal na pagtula, ang itinugon ni Dormiendo sa kaniyang koleksiyon ay ang matalinong paglalapat ng wika sa pahina. Sa panulat ni Dormiendo, pinupuwersa ng pagputol sa mga taludtod ang isang paghinga. At gayundin, sa bisa ng musikang binubuo, napasasayaw ang mata sa pahina. Napalalakad ang tingin sang-ayon sa mga desisyong ginawa ng may-akda. Naaari ang epektibong pagpipihit ng wika at paglilinlang sa kahulugan. Halimbawa, sa unang tula sa koleksiyon:

Sumasakay dahil gusto mo. Bumabalik kahit ayaw mo
dahil kailangan mo. Sa kaso mo, Antipolo.
Sa kaso ko,
ang ritmo ng iyong pulso. (1)

O sa kaniyang pagbuo ng sentral na talinghaga ng lungsod at alaala:

> Nuestra Señora de la Paz y Buen Viaje, ipanalangin mo akong
> naglalakbay sa lalawigan
> ng alaala niya… (1)

O sa salimbayang paggamit niya ng nosyon ng pagtakbo:

> Ayoko ng gulo, kayâ ako lumayo. Ayaw mo ng gulo,
> kayâ mo ako nilayuan…
> Kayâ sa susunod na eleksiyon, tatakbo ako
> bilang alkalde ng Antipolo…
> Ikalawang ordinansa:
> Tatakbo táyo palayo. (23)

Kayâ kung bigla mang magbago ang anyo, pinalalapit ang mambabasang maigi sa pahina at maging isa sa naratibo ng persona:

> Ang pinakamalayo kong napuntahan sa buong búong buhay ko: isang isla sa Aklan. Ang pinakamalayo kong napuntahan sa buong buhay ko nang mag-isa: ang distansya sa pagitan ng ating mga bibig. (12)

> Sa imahinasyon ko, sa Antipolo tumaas si Hesukristo patungong langit kayâ ganito. Ginawan nila ng McDonald's ngayon kung saan noo'y may mga punó ng olibo… (36)

At kung bumalik sa pagmamapa-mapa ay hudyat na makiisang muli sa mga planadong paghinga. Sa gayon, nagiging isang literal na paglalakbay ang pagbasa sa mga akda, kapwang may paglandas at pagpapahinga.

Bilang tubong-Antipolo—isang detalyeng madalas na banggitin ni Dormiendo sa kaniyang mga bionote sa *Heights*—hindi niya sinayang ang heograpiya at topograpiya sa kaniyang paghaharaya sa nasabing lungsod. Manong doon nagpatilangit si Hesukristo, o manong may higanteng natutulog. Ang mga daan, sasakyan, at mga pagkakabanggaan ay hindi heneriko, bagkus may tiyak na lunang pinanggagalingan at tinatahak.

> Sa talinghaga ng tulang ito, ako ang Marilaque Highway,
> at ikaw ang Sumulong. Sa talinghaga ng tulang ito,
> ang kama mo ang palengke ng Masinag. (19)

Sa pagkakalatag ni Dormiendo, tila hindi maaaring mailugar ang aklat kundi sa Antipolo't Antipolo lamang. Na kung subukin man niyang hindi ito banggitin (liban sa mga pamagat), mananatili ang gunita ng Antipolo sa bawat mapang binubuo ng kaniyang mga tula.

Subalit sa pagbigkas ng Antipolo ay ang sabay na pagbigkas din ng mga tagpong relihiyoso at masidhing obsesyón:

> Nanaginip ako kagabi tungkol sa iyo…
> Nakita ko ang nagliliyab na imahen
>
> ni Birheng Maria sa tuktok ng tipulo.
> At sa nakakuyom na palad ni Maria,
> ang tarheta kung saan nakasulat ang numero ng telepono mo. (15)
>
> … Kasalanan ng Antipolo
> dahil labing-anim ang puso nitó, at di ba ginagaya mo lang naman
> siya, isang siyudad na nagsisikap lang naman maging tama? (55)

At gayundin, sa isang tila pagsasatalinghaga ng Nuestra Señora de la Paz y Buen Viaje, binibigkas din ang kaabalahan ng paglalakbay:

> … Kapag inakyat mo ang iyong braso
> sa ibabaw ng aking ulo, ako ang Katedral
> ng Inmaculada Concepcion sa Antipolo.
> Hinihiling ko ngayon sa Nuestra Señora
> na gawin niya akong katuwang na santo:
> patron ng mga nawawala
> at gustong kumawala sa kanilang mga tahanan. (38)

Ang paglulugar ni Dormiendo sa mga akda sa Antipolo, liban sa isang personal na kalakasan ay isang paglulugar din ng talinghaga. Naaari ang kaisahan, o mainam pa, ang "[p]aghahalo ng talinghaga" sapagkat taga-Antipolo ang may-akda. Yakáp na yakáp ng mga akda ang isang paunawang may mga hindi mauunawaan sa mga taludtod na ito sapagkat hindi ka tumuntong sa Antipolo, subalit alinsabay na paunawa tungo sa kalakasan ng mga akdang ito.

Kayâ't sa aklat, ang dalawang susóng pagkukubli sa Antipolo ay nagbubunga ng isang bagong pagkilala rito. Ang mga pagkukubli bilang una, sa pagkilala ni Dormiendo sa Antipolo at ikalawa, sa paghubog niya sa personang tumitingin sa Antipolong kinilala niya. At kayâ naman, mababasa sa aklat ang isang Antipolong naghuhumiyaw (o bumubulong) na tingnan, lakaran, at kung hindi man panahanan ay maranasan. Nakikipagtalaban pa rin ang binubuong Antipolo ni Dormiendo sa mambabasa nito. Sa ibang salita, nabubuhay ang Antipolo sa panulat ni Dormiendo.

Mula sa paglulunang ito, isang madaling pagbasa ang iturìng si Dormiendo bilang siyang persona rin ng koleksiyon. At sa bisa na rin marahil ng kasaysayan ng pag-iral ng mga tula bilang isang koleksiyon, gayundin sa mabisang paggamit ni Dormiendo ng unang pansariling panauhan, hindi

na rin nakagugulat kung maililinya ang aklat sa panulaang kumpesyonaryo o *confessional poetry*. Gayunpaman, huwag magkakamaling itanong kay Dormiendo kung sino si Samantha. "What a boring question to be asked," 'ika nga ng makata sa isa naming pag-uusap. Waring pahiwatig itong ang tula ay tula, kasangkot man o hindi ang may-akda nito. Bagamat sangkot na sangkot ang kasaysayan ni Dormiendo (marahil) sa mga akda, hindi ito ang puno't dulo ng pag-unawa sa mga ito. Sa ganitong paraan, nagiging isa itong pagkukumpisal sa ibang paraan.

Sapagkat mahigpit ang bigkis ng kaisahan ng koleksiyon at ng kontekstong Filipinong iniinugan ng mga akda, masasabing lagi't lagi naman ding nailalangkap ang danas ng may-akda sa kaniyang bawat tula. Dagdag pa rito, ang kumpisal ni Dormiendo ay isa ring nakamaskarang pangungumpisal, marahil kahawig ng performatibong kilos ng pangungumpisal sa isang pari, na siyang taliwas sa nosyon ng *confessional* para sa tradisyong pampanulaan ng mga Americano. Nakikilala natin sa aklat ni Dormiendo hindi lamang ang mahiwagang Samantha na pintakasi ng pangungulila kundi maging, at higit na mainam, ang personang deboto niya. Isang personang ang lagom ng katauhan ay makita ang Antipolo bilang lunan ng kaniyang pag-ibig at pagnanasa. Sa ganitong pagkilala, sa palagay ko, hindi na mahalaga kung si Dormiendo pa rin ang personang ito.

Kung gayon, kumpesyonaryo (sa isang maláy na pagsasalin) ang aklat dahil sa ugnayan ng makasalanan at banal na binubuo sa pagbigkas sa Antipolo (na sa isang banda ay pagbigkas din kay Samantha). Ibinabalik ng mga akda ang kumpisal bilang isang pag-áming kaugnay ng isang Iba (o kapwa). Sa madaling salita, isang larawan ng pangungumpisal sang-ayon Simbahang Katolikang inangkop (sa isang masidhing nibel) sa isang Filipinong konteksto. Sapagkat sa mga tula, sa bisa ng isang pag-amin, naghahalo ang pagkakasala (pag-amin ng kasalanan) at pag-ibig (pag-amin ng damdamin):

> Nakikita ko na ang tingin mo kung aaminin ko ito,
> pero Samantha, maniwala ka,
> hindi ko ito ginusto....
> Halimbawa: Isang beses,
> binanggit ko ang pangalan mo
> sa mukha ng katalik ko. (21)

Kung gayon, mahihinuhang, ang kumpesyonaryo ay anumang akdang may pangungumpisal (personal na nibel) subalit binubuo ng ugnayang makasalanan-banal (relihiyosong nibel), sa pagitan ng mortal at niyang "[m]as dama [...] kapag hindi [...] nakikita" (5). Sa pagkilala sa aklat bilang panulaang kumpesyonaryo, dahil na rin sa posibilidad nitong angkinin ang tila ba Kanluraning praktika ng pagtulang ito, lumalabas na sa Antipolo, ang

kumpisal bilang personal at bilang relihiyoso ay nagiging isa. Ang pag-amin sa sarili ay isang pagharap sa banal, na manapat nang kausapin kahit hindi tumutugon. (Kayâ nga't *boring* na tanungin kung sino si Samatha dahil ang tula ay mismong nasa pagbigkas na ng pag-amin makilala man siya o hindi.)

Subalit higit dito, sa mga tulang ito, ang kumpisal, ang katawan, at ang banal ay nagiging isa. Halimbawa, sa pagnanais ng persona sa isang pagbabasbas, at sapagkat hindi posibleng kahanay ang katawan ng mga kotseng makikipagbanggan sa Antipolo:

> … sa kumpesyonaryo ko na lang ito inihilera.
> Maaari na akong magbago dito.
> Ako at ang iba pang nakapila. (18)

Samakatwid, ang koleksiyon bilang isang panulaang kumpesyonaryo ay lumilitaw sa pinakaliteral na pagpapakahulugan sang-ayon sa karanasang Katoliko sa Pilipinas. Sumasapat (at makapangyarihan) ang literal sapagkat ang simboliko ay nasa katauhan na ng mismong personang malabnaw ang hangganan ng banal at ng laman.

> Kung ang mundo ay Antipolo,
> gumawa ng bagong Antipolo.
> Kung ang katedral
> ay isang puso, dalawin ito nang paulit-ulit.
> Kung ang puso mo ay isang katedral,
> sino ang pupurihin ko? (25–6)

At bilang sumasanib sa talinghaga ng mismong Antipolo:

> Hindi ko na alam ang gagawin sa iyo,
> Antipolo,…
> isa kang binatang walang mapagsidlan
> ng damdamin, bumabaha, rumaragasa… (41)

Halimbawa pa ang sumusunod na sipi sa pag-aalinsabay ng tula, pangungumpisal, at pamimintakasi na masasabing isang malaking bahagi sa kabuoang estetika ng aklat:

> Nakalahad ang aking palad kaninang umaga sa komunyon
> dahil ayoko nang madagdag pa ang katawan ni Kristo
> sa listahan ng mga bagay na puwersahang isinisilid
> sa aking bibig. Kasama sa listahan:
> itong tula, isa pang tula tungkol sa 'yo, paghingi ng tawad,
> pangalan mo. May isa ritong násа lalamunan ko pa rin
> hanggang ngayon, kahit matapos ang sanlibong pag-awit
> ng sanlibong salmo. (17)

Sa mga tulang ito naglalaban ang timpi at libog ng kataga, kayâ't naisatatalinghaga ang makamandag na halina ng pagkakasala. O sa wika ng persona: "Ganito / ako magkasala: naghahalo ng talinghaga" (8). Maaaring sabihin, kung gayon, na ang koleksiyon ay ang siyang pagsasabagay ng pagkakasalang ito, isang paglalahad ng kasalanan. Sa ibang salita, ang mga tula ay isang pag-amin, isang pagkukumpisal. At sa paggamit ni Dormiendo sa isang makata upang kaniyang maging persona, inilalatag sa atin ng koleksiyon na isang sakramento ang pagtula sa harap ng signos ng panahon.

Dito nagiging interesante mabasa ang sumusunod na tagni-tagning mga taludtod mula sa aklat:

> … Sabihin mong aalis ka at maalala ko
> ang gamit ng aking mga tuhod… (11)
>
> … Basbasan mo ako, Samantha,
> at nagkasála ako. Naliligaw ang mga kamay ko sa hangin,
> hinahanap ang katawan mo, disgrasyang binabalik-balikan ko. (18)
>
> Kapag nagsimula nang magbasbas ang mga makasalanang tulad ko,
> malapit na magunaw ang mundo. (10)
>
> Kung ang mundo ay Antipolo,
> gumawa ng bagong Antipolo. (25)

Sa pangingibang-lungsod ni Samantha mula Antipolo patungong Makati, nagmimistulang gunáw na ang Antipolong minsang pugad ng pag-iibigan ng persona kaya't maaari itong muling buoin sa pamamagitan ng kaniyang mga taludtod. Sa Antipolo, ang pag-ibig ay kasinghalaga, kasing-apurahan ng gúnaw, na sa paglisan ng iniibig ay ang siya ring pagsisimula ang paggúnaw. Subalit sa kabila nito, mananatili pa rin namang nasa Antipolo ang Antipolo gayundin ang lahat ng maaaring maikabit dito.

Sa natitirang bahagi ng aklat, tatantiyahin ng persona ang dalawang alternatibo: ang manatili sa Antipolo o sundan si Samantha sa Makati kapwa sa haraya at gawain:

> Sa isa pang uniberso, ako ang nagpunta sa Makati at ikaw ang
> lasing ngayon. (32)
>
> Iniisip ko hinahanap mo rin ako
> sa libo-libong taxi na umuuwi sa isang kuwartong hindi sa iyo. (33)
>
> Samantha, gusto kitang bisitahin ngayon
> pero magulo pa rin ang mundo. O bakâ ako lang ang magulo… (37)

Ang ganitong tambisan ng tensiyon ay naisasakatuparan sa pamamagitan ng pagkilala sa dalawang kongkretong lungsod, na ang paglalagom, sa huli, maging ang Makati ay abot-tanaw ng Antipolo, o maaari pang Antipolo pa rin palang talaga sa bisa ng pagiging mundo ng binubuong Antipolo ng persona.

Matutuklasan, sa pagbasa ng aklat na sampu ng pagpapalit-saklaw ng katawan at ng Antipolo, maaari ding maipagpalit si Samantha sa Antipolo. Na ang pagsasangkot sa Antipolo ay ang maláy na pagtatangkang maibalik si Samantha sa piling ng persona. Gayunpaman, panandalian lamang ang paghaharaya ng mga bundok bilang kilay at kable bilang buhok. Lilitaw at lilitaw sa huli na ang Antipolo ay Antipolo, na kahit wala si Samantha sa Antipolo, sa Antipolo pa rin ang Antipolo. Na kahit magunaw ang mundo, maaaring may mabalikan ang makata. Sapagkat ang gúnaw ay ang siyang hudyat ng isang pagbabalik sa Antipolo sa isang panibago, at ideal nitong anyong maaaring nasa katauhan ng ibang tao, sa kaso ng persona, sa ibang lalaki. Ito ang Edenikong pagbabalik ng persona, matapos ang siklo ng pagkakasala at katubusan:

> … may panibagong punòng
> tumayog sa siyudad ng iyong puso, at kung aakyatin mo ito, tanaw mo
> ang isang mundong ngayon mo lang nakita. Alam mo ang pangalan
> nito, pero huwag mo munang sabihin. (56)

Isang katubusang napasakaniya sa pamamagitan lamang ng pagharap sa kaniyang obsesyon at sa pagpapahaya sa sariling maglakbay sa kaniyang haraya patungo sa isang pagkilala sa sariling mga hangganan.

> Tingnan mo ako, laláking binago
> ng paglayo, ng debosyon
> sa maling santo…
> *Minahal kita noon, binago táyo ng panahon.*
> *Minahal kita ngayon—*
> Walang katapusan ito,
> walang katapusan.
> Ang masamang balita:
> sa Antipolo pa rin ang Antipolo.
> Ang mabuting balita: habang-búhay na táyo nandito. (61)

Ang katubusan ay nasa mabuting balita ng pananatili, nasa isang muling pagtitipon ng kaniyang ikinalat na sarili. Sa madaling salita, sa isang pangungumpisal. Sa Antipolo, nangungumpisal ang mga makata, humihingi ng tawad sa kaniyang mapagguhong pagbasbas.

Mga Kuwento ng Dahas: Isang Rebyu sa *Armor: Stories* ni John Bengan

Stories of Violence: A Review of Armor: Stories *by John Bengan*

Rey Mart A. Lapiña
University of the Philippines Mindanao
ralapina@up.edu.ph

Tungkol sa May-akda

Si Rey Mart Lapiña o Malaya ay isang babaeng trans* mula sa Mindanaw na may interes sa pananaliksik at pagsusulat sa danas at katotohanan ng mga kapwa niya trans.* Siya ay nagtapos ng BS Anthropology sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanaw, kung saan din siya kasalukuyang natuturo sa ilalim ng Departamento ng Agham Panlipunan.

Bengan, John. *Armor: Stories*. Ateneo de Manila UP, 2022.

Noong Mayo 2020, kasagsagan ng pagtatangka ng Administrasyong Duterte na ipasara ang ABS-CBN, naging balita ang paghuli sa gurong si Ronnel Mas dahil sa post nito sa Twitter (ngayon ay X) na nagsasabing handa siyang magbigay ng 50 milyong piso sa sinumang makapapatay sa noo'y pangulong Rodrigo Duterte. Ikinulong si Mas at sinampahan ng kaso dahil sa paglabag sa Republic Act No. 6713 at "inciting to sedition related to cybercrime." Walang warrant of arrest ang pagkakahuli kay Mas. Nitong Oktubre 2023, nagsampa naman ng kaso ang kinatawan ng ACT Partylist sa Kongreso na si Rep. France Castro dahil sa pagbabanta ni Rodrigo Duterte sa kaniya. Sa isang bidyo mula sa programa ng SMNI kung saan kinapanayam ni Pastor Apollo Quiboloy hinggil sa pagbusisi ng Makabayan Bloc sa confidential funds ng kaniyang anak na ngayon ay bise-presidente na si Sara Duterte, sinabi ng dating pangulo na si Castro ang magiging unang target ng confidential funds na naglalayon umanong patayin ang mga komunista sa bansa. Ibinasura ng korte ang kasong isinampa ni Castro. Sa dalawang pangyayaring ito, iisa ang reaksiyon ng mga tao: galit sila sa mga kumakalaban kay Duterte; si Duterte ang tama at dapat protektahan.

Hindi bago para sa akin ang ganitong tugtugin. Lumaki at nagkamalay ako sa Lungsod ng Davao kung saan naghari—at patuloy na naghahari—si Duterte at ang kaniyang angkan. Pangkaraniwang makarinig ng mga kuwento tungkol sa kaniyang pagiging mabuti, ang kaniyang pagtulong sa mga mamamayan, at ang pagiging "ligtas" ng lungsod sa mga krimen sa ilalim ng kaniyang panunungkulan. Mga kuwento tungkol sa pangkat na "naglilinis" sa siyudad. Tungkol sa pag-iikot ng alkalde sa lungsod tuwing madaling-araw gamit ang taxi upang alamin kung ano ang sitwasyon ng kaniyang mga pinamumunuan. Tungkol sa kung kailan nagiging tama ang pumatay at sino ang mga dapat patayin. Tungkol sa kaniyang pagiging isang "mabuting ama." At ang sinumang magtatangkang kuwestiyunin ang mga naratibong ito ay kalaban ng lungsod: ang kumalaban sa mga Duterte ay kalaban na rin ng buong Davao. Kaya masasabing mapangahas ang librong *Armor: Stories* ni John Bengan. Matapang si Bengan sa pagsusulat ng librong ito; walang takot na isiniwalat niya ang mga kuwento mula sa sulok ng lungsod. Tulad ni Ronnel Mas, isang guro si Bengan at may pagbabanta rin ang kaniyang libro—pagbabantang mananatili sa ating alaala ang dilim at karahasang dala at iniwan ni Duterte.

Umiikot ang labintatlong kuwento ng *Armor* sa naratibo ng "karahasan, pithaya, at paglaban" (terror, longing, and defiance) at kung paano "sinusubukan ng mga indibidwal na tuwinang mabuhay nang may kasiyahan" (trying to live happily every so often) sa gitna ng kaguluhan at kawalang katiyakan (Bengan). Iba-iba man ng katotohanang sinasalamin ang mga kuwento ni Bengan, pawang umiinog ang mga ito sa usapin ng karahasan.

Lusaw (fluid) ang porma ng dahas sa librong *Armor*, at ang pagiging lusaw nito ang dahilan kung bakit epektibo ang pagkukuwento ni Bengan. Binibigyan niya ng pagkakataon ang mga mambabasa na mag-isip kung ano nga ba ang pakahulugan natin sa dahas, kung sino ang dapat na may kontrol dito, at kung kailan ito nararapat. Sinabi ni Elizabeth Stanko na sa pagiging lusaw ng kahulugan lamang ng karahasan maaaring madalumat kung paano ito mapipigilan at haharapin. Ayon sa kaniya, kung lusaw ang konsepto ng karahasan, maaari itong ilayo sa imahen nitong nakakabit sa kriminalidad (Stanko 3). Ang pagpapakahulugan sa karahasang nakaangkla sa kriminalidad ang nagbibigay-kahulugan dito bilang isang penomenong dapat pigilin sa pamamagitan ng iba pang porma ng dahas—ang kapangyarihan ng mga institusyon ng estado tulad ng batas at mga alagad ng batas. Sa ganang ito, nagkakaroon ng paghihiwalay sa pagitan ng isang "kriminal" (gumawa ng karahasan) at "biktima" (ginawan ng karahasan) na ayon kay Stanko ay hindi dapat, sapagkat kaya naman ng isang "biktima" na gumawa ng "krimen" at gayundin ang "kriminal" na maging isang "biktima" (3). Lalo't ang mga institusyon ng estado na nagtatakda sa kung ano ang "krimen" o hindi ay maaaring malay na balewalain ang mga manipestasyon nito at lumikha ng kanilang sariling pagpapakahulugan. Sa madaling sabi, nakasandig ang kahulugang ito ng karahasan sa kung sino ang may kapangyarihang magtakda ng kahulugan nito. Dahil ang estado ang may kakayahang magtakda sa kung ano ang tatawaging karahasan o hindi, pinapalagay ni Stanko na ang pagdiin na dapat lusaw ang kahulugan ng karahasan bilang konsepto ay paghamon o kundi ma'y paglansag sa kapangyarihan ng hegemonikong estado na magtakda ng mga bagay at kahulugan nito. Sumasang-ayon din ang pakahulugang ito sa katotohanang ang estado ang pinagmumulan ng karahasan at ito ay produkto ng kapangyarihan at kapabayaan ng estado sampu ng mga institusyon nito sa hindi pagdinig sa mga batayang hinaing ng mga nasasakupan nito (Beneduce et al. 32). Dagdag ni Stanko, sa ganitong lusaw at "malikhaing" pagpapakahulugan lamang sa karahasan uusbong ang ating "malikhaing" pag-iisip kung paano ito haharapin (3). Maaaring ang porma ng karahasang sinasabi ni Stanko ay kahalintulad sa "imagined violence/queer violence" na konsepto ni Jack Halberstam, isang alternatibong karahasang mula sa kinalimutang/kinalilimutang sektor ng lipunan (199). Isang karahasang nararapat.

Umuusbong ang mga karahasan sa panahong ipinipilit ng estado ang kontrol nito sa kaniyang nasasakupan. Halimbawa nito ang pagsupil sa mga indibidwal na kritikal at mapanuri sa pagpapatakbo ng estado. O ang pagnanais na kitilin ang buhay ng mga indibidwal na tinitingnan bilang kalaban ng estado (Mbembe 41). Ganito rin inilarawan ni Hannah Arendt ang kapangyarihan ng estado. Aniya, gumagamit ng dahas ang estado upang maging lehitimo ang pag-iral at pananatili nito. Ginagawa ito ng estado sa pamamagitan ng pagpapatupad at paglikha ng mga batas upang maging lehitimo ang dahas

(Arendt 567). Kung ilalapat ang pakahulugang ito ng kaharasan sa mga katha ni Bengan, mahihinuha ang mga katotohanang bunga ng kapabayaan ng estado ang karahasang naranasan at ginagawa ng mga karakter. Patunay rito ang mga kuwento tungkol sa New People's Army, summary executions, vigilante, war on drugs, seksuwal na karahasan, at iba pang karahasan ng buhay.

Ang mga kuwentong "Higher Orders," "At the River," "Slaughter Story," "After the Warning," "Bad Heart," at "Going Away" ay nakasentro sa karahasang dala ng armadong grupo o vigilante na pinaniniwalaang umiikot sa Davao upang "linisin" ang lungsod mula sa mga masasamang elementong sumisira sa imahen nito. Tinawag ang armadong grupong ito bilang Davao Death Squad o DDS—ang orihinal na kahulugan nito bago pa man ito ginamit na panawag para sa mga sumusuporta kay Duterte sa halalan noong 2016. At kadikit ng pangalang Rodrigo Duterte ang imahen at takot na dala ng DDS, na nagpatibay sa kaniyang imahen bilang "Kamay na Bakal" at ginamit niya upang ilunsad ang kaniyang karera sa politika (McCoy 518). Noong kalagitnaan ng dekada 1990, naging matunog ang DDS sa kanilang pagpatay sa mga itinuturing na mga "kriminal" sa Davao. Makikita ang mga bangkay ng mga biktima sa mga tabing kalsada at mga liblib na bahagi ng siyudad, nakagapos at may mga karatulang nagsasabi na sila'y mga burak ng lipunan. Sinasabing ang DDS ang dahilan ng humigit kumulang 800 kaso ng extrajudicial na pagpatay sa Davao. Ayon sa mga sabi-sabi, ang mga kasapi ng nasabing pangkat ay mga pulis, sundalo, dating miyembro ng NPA, at iba pang may mga karanasan na sa pagpatay. Gayunpaman, hindi lamang mga "kriminal" ang naging biktima ng DDS; ginamit din ito ni Duterte upang patahimikin ang kaniyang mga kritiko at kalaban sa politika (McCoy 518). Taong 1993 naitala ang unang biktima ng DDS sa Davao, at bagamat sa mga unang taong ito ay naging pangunahing target ng grupo ang mga "kriminal" at "adik" na nais ipalinis ni Duterte, nagbago ito noong 1996, kung kailan nagsimula ang pagdami ng mga street children at mga palaboy na naging biktima ng DDS sa paniniwalang ang mga ito ang dahilan kung bakit talamak ang droga sa lungsod (Oude Breuil at Rozema 406). Ang pagiging biktima ng mga batang palaboy sa ilalim ng DDS ni Duterte ay makikita sa kuwentong "To the Night Market" ni Bengan.

Sa programang pantelebisyong *Gikan sa Masa, Para sa Masa* ni Duterte noong siya'y alkalde pa ng Davao, ibinandera niya ang kakayahan niyang pumatay lalo na kung ito ay para sa "seguridad at ikabubuti" ng kaniyang mga nasasakupan. Ganito rin ang kaniyang sinabi noong siya'y tumakbo bilang pangulo ng bansa. Ipinagmalaki niya ang daan-daan umano niyang pinatay sa Davao at hindi siya magdadalawang-isip na pumatay ng libo-libo pa kung ito'y para sa "ikalilinis" din ng Pilipinas. Isa ang kampanya niyang ito sa naging dahilan upang maluklok siya sa puwesto (McCoy 518). Naging pangunahing plataporma niya ang paglinis sa kalakalan ng droga sa bansa, na tinawag na

Oplan Tokhang, galing sa mga Binisayang salitang *toktok* (katok) at *hangyo* (pakiusap). Hindi bago ang platapormang ito; pagpapatuloy lamang ito ng kaniyang nasimulan sa Lungsod ng Davao. Sa unang anim na buwan niya bilang pangulo, humigit kumulang sa 7,000 ang bilang ng naging biktima ng sinasabing "digmaan laban sa droga" at karamihan sa mga ito ay mula sa mahihirap na sektor ng mamamayang Pilipino—na hindi nalalayo sa mga biktima ng DDS sa Davao. Marami sa mga napatay sa programang ito ng administrasyong Duterte ay mga inosenteng tao o hindi kaya ay biktima ng "mistaken identity," kabilang na sina Kian delos Santos, Carl Arnaiz, at Reynaldo de Guzman (McCoy 518).

Pinasilip ni Bengan sa mga kuwentong "Skin Flick" at "Armor" kung ano ang nais ng estado na maging pagtingin sa mga nalulong sa droga. Ngunit hindi tulad ng estado na simplistiko at kriminal ang pagtingin sa mga ito, malalim ang naging paghimay ni Bengan sa kanilang mga katotohanan. May kuwento kung bakit nila piniling subukan ang bagay na ito. Halimbawa, sa kuwentong "Armor," hindi lamang basta "adik" si Ronnie na siyang pangunahing karakter sa kuwento. Mayroon siyang karahasang pinagdaraanan at iniiwasan na nagtulak sa kaniyang sumubok ng droga upang tulungan siyang harapin ito. Dito pumapasok ang kritisismo ni Bengan sa naging mukha ng war on drugs sa bansa: iminumungkahi ng kuwento na mayroong mga dahilan kung bakit nalulong sa droga ang isang indibidwal at hindi dahas ang kasagutan upang matigil o maiwasan ito. Sa halip, dapat tingnan ang isyu ng droga bilang isyung may kinalaman sa kalusugan at kapabayaan ng estadong ibigay ang mga batayang pangangailangan ng mga nasasakupan nito. Maging ang karakter na si Biboy ay naitulak lamang ng karahasan ng buhay kaya't naging pusher o tulak ng ipinagbabawal na gamot. Ito ang kapangyarihan ng mga kuwento ni Bengan. Binibigyang-lalim nito ang mga buhay na magiging bahagi lamang ng estadistika at numero sa sinasabing digmaan laban sa droga. Sa kuwento namang "We Are Safe Here," pinagtutuonan kung paanong inagaw ng mga maykapangyarihan ang lupa mula sa mga Lumad, isang kuwentong hindi na rin bago sa Davao. Isa marahil sa mga pangyayaring maaalala sa kuwentong ito ang naging pang-aagaw ni Pastor Apollo Quiboloy sa lupa ng mga Bagobo Klata sa Sitio Kahusayan na bahagi ng Lungsod ng Davao. Inangkin ni Quiboloy ang lupa ng mga Lumad gamit ang dahas. Sa artikulo ni Julienne Baldonado, sinasariwa ang sugat na ito ng mga Bagobo Klata, kung paano sila tinakot ng mga armadong indibidwal para lamang makuha ang kanilang lupa (95). Matatandaan na si Quiboloy ay matalik na kaibigan ni Duterte at isa sa sumuporta sa kaniyang pagtakbo nito bilang pangulo.

Iba-iba man ng manipestasyon ng karahasan sa labintatlong kuwento sa *Armor*, iisa ang ipinapakita ng mga ito: na ito ay mga tunay na pangyayari sa ating bansa. Kaya, isang mahalagang teksto ang libro ni John Bengan upang

mabigyang-pagsusuri ang lipunang Pilipino lalo na sa paglilimi sa multong iniwan ni Duterte sa ating bansa, na malay tayong magpaparamdam hangga't mga katulad nila ang namumuno sa ating bayan. Nasa loob ng mga kuwento ang realidad ng ating bansa, binigyan lamang ito ni Bengan ng masining na representasyon gamit ang kaniyang mga tauhan. Sa madaling sabi, sa mga kuwento nananatili ang pagiging totoo ng mga pangyayari at posibilidad na danas ng mga karakter. Hindi maaaring sabihin na gawa-gawa ang mga kuwentong ito, lalo't ito ang mga namamayaning naratibo at pangyayari kung saan lumaki at nagkamalay si Bengan. At maging sa pagkakaluklok ni Duterte sa puwesto noong 2016, ang mga naratibong ito ang namayani sa mga pahayagan at maging sa social media. Sa madaling sabi, ang mga kuwento sa *Armor*, bagamat sinasabing katha (*fiction*) ay mga realidad—mga katotohanang nagbihis bilang mga katha. Sa pagbasang ito kay Bengan, babalikan ko ang konsepto ng "queer/imagined violence" ni Jack Halberstam, lalo't ayon sa kaniya, "kinakailangan nating harayain ang karahasan at kinakailangan maharaya ang ating karahasan, dahil ang kapangyarihan ng katha ay hindi upang maging kinatawan kung hindi lansagin ang katotohanan" ("We have to be able to imagine violence and our violence needs to be imaginable because the power of fantasy is not to represent but to destabilize the real.") (Halberstam 199, akin ang salin). Mahalagang banggitin na ang pagharaya sa karahasan ay hindi imahinasyon lamang; ito ay nagpapakita rin ng posibilidad na mula sa realidad—isang bukas kung saan maaaring lumaban ang mga indibidwal na biktima (mga marhinalisadong sektor) ng dahas. Sa ganang ito, maaari nating sabihin na ang mga kuwento sa *Armor* ay mga porma rin ng "queer/imagined violence," lalo't hindi nanatiling pasibo ang mga karakter sa mga kuwento, kung hindi lumaban din sa mga paraang alam nila. Nag-iiwan ngayon ang mga kuwento ng isang posibilidad na sa gitna ng karahasang mula sa estado ay maaaring tumindig ang mga pinagsasamantalahan; na maaari ding sagutin ng dahas ang dahas.

Sa ganitong pagtingin, nagiging kathang mula sa realidad ang *Armor*, kung kaya nagiging malabo rin sa akda ang hangganan ng realidad at katha. Binibihisan ng kasiningan ng katha ang mga bagay na maaaring hindi maatim ng karamihan sa atin—tulad na lamang ng dahas— at binibigyan din tayo nito ng pasilip sa kung ano ang maaari nating gawin. Kung gayon, isang mahalagang akda ang *Armor* sa kasaysayan ng pagsusulat tungkol sa dahas. Sumasang-ayon sa pagbasang ito ang isinulat ni Bro. Karl Gaspar sa kaniyang rebyu para sa parehong libro: na ang koleksiyong ito ng mga kuwento ay mananatili bilang historikal na naratibo, patunay na kayang magsiwalat ng panitikan ng mga katotohanang magbubunyag sa burak ng ating lipunan (Gaspar).

Ang mga akdang tulad ng librong *Armor* ni John Bengan ay nagbibigay sa atin ng pambihirang pagkakataon na tingnan at suriin ang realidad ng ating lipunan na sinasalamin ng mga karakter sa loob nito. Nag-iiwan ang libro ni Bengan ng hamon sa ating lahat: ano ang ating gagawin sa mga karahasang ating nararanasan? At hanggang kailan natin titiisin ang dahas na ito? Handa ba tayong maging si Ronnie sa kuwentong "Armor" na handang talikuran ang lahat upang ipagtanggol ang mga alam nating walang kalaban-laban? Maaaring wala pa tayong sagot sa mga hamong ito, ngunit iisa ang tiyak—tulad ng dahas sa anumang anyo nito, mananatili ang *Armor* bilang testamento na mayroong mga manunulat na tulad ni Bengan na handang magsulat upang isiwalat ang mga katotohanang pilit na kinalilimutan.

Mga Sanggunian

Arendt, Hannah. "On violence." *Democracy: A Reader*, pinatnugutan nina Ricardo Blaug at John Schwarzmantel, Columbia UP, 2016, pp. 566-574.

Baldonado, Julliene S. "'Yuta ang Kinabuhi', 'Land is Life': The State and the Bagobo-Klata of Sitio Kahusayan, Davao City." *AghamTao*, tomo 22, blg. 1, 2013, pp. 83-108.

Beneduce, Roberto, et al. "Violence with a purpose: exploring the functions and meaning of violence in the Democratic Republic of Congo." *Intervention*, tomo 4, blg.1, 2006, pp. 32-46.

Bengan, John. *Armor: Stories*. Ateneo de Manila UP, 2022.

Gaspar, Karl M. "A Sorjourner's View: Through a Glass; Darkly." *MindaNews*, 31 Marso 2023, https://mindanews.com/mindaviews/2023/03/.

Halberstam, Judith. "Imagined Violence/Queer Violence: Representation, Rage, and Resistance." *Social Text*, blg. 37, 1993, pp. 187-201, https://doi.org/10.2307/466268.

Mbembe, Achille. "Necropolitics." *Raisons politiques*, tomo 21, blg. 1, 2006, pp. 29-60.

McCoy, Alfred William. "Philippine Populism: Local Violence and Global Context in the Rise of a Filipino Strongman." *Surveillance & Society*, tomo 15, blg. 3-4, 2017, pp. 514-522, https://doi.org/10.24908/ss.v15i3/4.6638.

Oude Breuil, Brenda Carina at Ralph Rozema. "Fatal imaginations: death squads in Davao City and Medellín compared." *Crime, law and social change*, tomo 52, blg. 4, 2009, pp. 405-424.

Stanko, Elizabeth A. "Introduction: Conceptualising the meanings of violence." *The meanings of violence*. Routledge, 2005.